# Tripped

**This is a work of fiction. Names characters**

Tripped

This is a work of fiction. Names, characters, businesses, places, events and incidents are either the products of the author’s imagination or used in a fictitious manner. Any resemblance to actual persons, living or dead, or actual events is purely coincidental.

Do not distribute, publish, transmit, modify, display or create derivative works from or exploit the contents of this story in any way. Please obtain permission.

_____

*OceanofPDF.com*

Simula

*OceanofPDF.com*

# Simula

“Lilienne, bilisan mo!” sabi ni Suki habang yumuyuko at tumatakbo palabas ng classroom.

“Trust me, ‘di tayo mabubuking…” sabi ko nang ‘di man lang natatakot sa biglaang paglabas.

May discussion ang teacher namin sa harap. Computer ang subject pero puno ng discussion? Hindi ba pwedeng diretso na lang kami sa Laboratory para makapag computer?

Paglingon ng teacher sa blackboard ay agad akong yumuko at lumabas na.

Tumuwid kami ni Suki sa pagtayo pagkalabas. Nagtawanan kaming dalawa!

Tinakpan ko ang bibig ko para mapigil ang sarili sa pagsabog pa ng mas matinding tawa.

“Ano kaya magiging itsura ni Mrs. Divina kapag nakita niyang wala na tayong dalawa sa ating mga upuan!” sabay tawa ko.

“Oo nga, e! Mukha pa naman siyang pandesal kapag galit!”

Nagtawanan kaming dalawa ni Suki habang tinatahak ang daanan paalis sa mga classroom.

Umiilag kami sa bawat classroom na dinadaanan naming dalawa. Ayaw kong makita kami ng mga guro rito. Baka mamaya ay magsumbong pa kay Ginang Divina at mapapagalitan na naman kami.

“Oh? Nasaan daw sina Leon?” tanong ko sa kanya nang nakitang nagbabasa na siya sa kanyang cellphone.

“As usual nasa likod…” sabi ni Suki.

This is Alegria National High School. Dito ako nag-aaral simula pa noong freshmen ako. Sa Elementary School nito ako nag-aral noong Elementary naman.

Suki is my bestfriend. We're experts when it comes to cutting classes.

Sininghap ko ang sariwang hangin sa labas nang napalapit na kami sa pintuan ng building. It's so unlike the smell inside our classrooms.

"Freedom…" sabay tawa ko at singhap muli.

"There they are!" sabay turo ni Suki sa matalahib na likod ng paaralan.

Doon madalas tumambay ang mga kaibigan namin ni Suki. Nakikinita ko na si Leon katabi ang isang babae. Nag-iinuman sila.

"Ang tagal n'yo. Tss…" ani Leon sabay taas ng kilay sa akin.

Nagkibit ako ng balikat. "Akala ko kasi laboratory agad. Iyon pala…" nagkibit ako ng balikat.

"Discussion?" tanong ni Russel sabay lahad ng kamay para mayakap ako.

"Yup. Discussion. Boring…" sabay halakhak ko.

I hugged Russel tight. He's my recent boyfriend. Ipinangako ko sa sarili ko na hindi magkakaroon ng karelasyon sa loob lamang ng friend's circle ngunit nabali ko iyon. Russel's just too… well, a bit persuasive.

"Excited na ako sa fine dining!" sabi ni Suki sa aming lahat.

"Ako rin!" sabi naman ng isang babae (hindi ko alam kaninong babae siya).

Humilig ako kay Russel at nakipagtawanan kay Suki. Pinaglaruan ni Russel ang aking buhok.

"Anong susuutin mo sa fine dining, Suki?" tanong ko.

"Hmm. Pwedeng itim, 'di ba?"

Suki is obsessed with all things goth. Matindi ang eyeliner niya sa ilalim ng kanyang mga mata at madalas siyang nag lilipstick ng kulay dark violet. She likes all things black, too.

“Magmumukha kang witch!” Ngumisi ako.

“Ikaw? Anong susuotin mo, hmmm?” tanong ni Russel sa akin.

Nagtaas ako ng kilay. “Hindi ko pa napapag-isipan iyan…”

Nilingon ko ang katabing babae ni Leon. She’s silent. Nakikingiti lamang ngunit ‘di nakikisali sa usapan.

“Anong pangalan mo?” tanong ko.

“Shania…” sagot niya sabay tipid na ngiti.

This is probably one of Leon’s admirer. Hindi niya pinapansin. Paano ba naman kasi, matindi siyang mangarap. Kahit gising nangangarap.

“Huy, Leon… Ikaw? ‘di ka excited sa fine dining?” tanong ko.

“Tsss.” Nilingon niya ako. “Grade 9 pa si Freya…”

Pagkatapos ng sinabi niya ay umiling kaming lahat. If I was harsh, I’d tell him to try consulting a psychiatrist. Malala na iyang Freya syndrome niya.

Inabutan ako ni Julio ng gin. Tinanggap ko iyon at nilagok ng isang lagukan bago binalik ang baso.

Ang init galing sa alak ay yumakap sa aking lalamunan hanggang sa aking tiyan.

Hinawakan ni Russel ang aking tiyan at hinalikan niyang bahagya ang aking lalamunan.

“Russ…” saway ko sabay lingon sa kanya.

Mapupungay ang kanyang mga mata habag tinitingnan ako. He smiled.

“So you really like Freya, huh?” tanong ng katabi ni Leon.

“Ay naku! Maliwanag pa sa sikat ng araw ang damdamin ni Leon para kay Freya, Shania. Akala ko alam ng lahat ang katotohanang ito?” Tumawa ako ng bahagya.

“Patigilin mo nga iyang girlfriend mo, Russ…” ani Leon sabay tayo.

Tumawa si Russel at nakisali sa pang-aasar. “I bet… Tumayo ka kasi library period…”

“Ni Freya…” ani Julio sabay hagalpak ulit ng tawa.

Nagsiilingan na lang kaming lahat at hinayaan siyang makaalis. Nagsindi ng sigarilyo si Russel at nilagay niya iyon sa kanyang labi.

Tinitigan ko siya habang lumalabas ang usok sa munting stick ng sigarilyo.

“Patry nga?” sabi ko sabay kuha sa stick.

“Huwag na! Tss!” sabay buga niya.

Tumuwid ako sa pagkakatayo nang sa ganoon ay maharap ko siya. May halong pagtataka ang tinging ipinukol niya sa akin.

“Bakit?”

“Babae ka… Ang pangit tingnan sa babae ang naninigarilyo…” aniya.

“Oh! That’s not a good statement, Russ. Men and women should be equal. Patikim!” sabi ko sabay kuha ng kanyang sigarilyo.

Nilagay ko iyon sa aking labi. I draw in the smoke in my lungs. Umubo ako nang hindi ko magawang mabuti.

“Akin na nga!” pasigaw at pagalit na sinabi ni Russel.

Inuubo parin ako sa nagawa. Pero hindi ko makaligtaan ang pakiramdam noon.

“Ang sarap pala niyan. Hindi masyadong strong. Ang sarap sa lalamun-”

“Ang sabi ko, Lili, hindi ito pwede sa’yo!” ani Russel sabay iwas ng tingin.

Napawi ang ngiti na idinulot sa akin ng sigarilyo. Humalukipkip ako at tinapunan siya ng matatalim na tingin.

“Bakit ka nakikialam sa pwede at hindi pwede sa akin?”

“Kasi hindi nga maganda na babae ang naninigarilyo!”

“So? Maganda na lalaki ang naninigarilyo?”

“Ang kulit mo, Lil!” ani Russel.

“Tama na ‘yan, Russ!” saway ni Julio sabay abot ng isang baso kay Russel.

This is my world. How I got here isn’t a question of how my parent’s raised me. It’s my choice. I want this life. I want this world. And my parents? They support whatever I do… or maybe… ignore whatever I do.

Hindi ko iyon ginagawang dahilan para magbulakbol. Instead, I’m thankful because they’re like that to me. I use that to my advantage. I am free. I embrace my freedom. And my free will. And it is my will to choose this kind of path. Wrong but liberating…

Kinuha ko sa bibig ni Russel ang sigarilyo at nilagay ko iyon sa bibig ko.

“Lili!” pagalit niyang angil.

Hindi ko na kinuha iyon dahil gusto kong manigarilyo. Kinuha ko iyon dahil gusto kong ipakita sa kanya ang punto ko.

“Shit! Is that?”

Natigilan kami sa sunod-sunod na mga mura ni Julio sabay kuha sa bote ng gin at sa baso. Nilingon ko ang mga paparating na mga Grade 12. Puro lalaki at puro rin kasali sa Central Student Government ng school.

“Tara na! Tara na!” sigaw ni Julio sabay takbo.

Tumakbo na rin ang mga babae pati si Suki.

“Lili! Bilis!” ani Suki sabay deretso sa shortcut.

Hinila ako ni Russel para makatakbo kami. But I’m not yet done with my point. Hinablot ko ang kamay ko at tinulak ko siya palayo.

“What the fuck, Lil!?” sigaw ni Russel sa akin. “Tara na!”

May sasabihin pa sana ako ngunit tumakbo na si Russel. Siguro ay sobrang lapit na ng CSG boys.

Hindi na ako lumingon. Dumiretso na ako sa pagtakbo ko ngunit imbes na makausad ay may humila sa aking uniporme!

“Fuck!” sigaw ko nang pumutok ang mga butones sa harap dahil sa paghila.

“Tian! Tingnan mo sa shortcut! Doon pumunta iyong isa!”

Pinitik ko ang sigarilyo sa talahiban. A strong hand was holding my stomach. Hindi ako makawala sa sobrang lakas ng kung sino man ang nasa likod ko!

“Iyong iba dito dumaan sa likod, e!” sabi noong isang lalaki.

Nerds!

“Bitiwan mo ako!” sigaw ko sa lalaki sabay tanggal sa kamay niya.

Nilingon ko siya ngunit sa sobrang higpit ng pagkakahawak ay hindi ko lubusang makita kung sino ito.

Bwisit!

“Mateo! Sinong nakilala mo kanina?” tanong niya sa isang ka batch ko na kasama sa CSG.

“Si Sideco iyong huli, e.” Tumingin si Mateo sa akin. “Sinong iba pang kasama n’yo Lili?”

Nagtaas lamang ako ng kilay. “You think I’ll tell you?”

Umiling lamang si Mateo sabay kuha sa bato kung saan nilapag ni Julio kanina iyong gin.

“Nag-iinuman…” sabi niya.

“This one smells like cigarette…” baritonong boses ng nakahawak sa akin ang nagsalita.

Wait a minute… Tumigil ako sa pagpupumiglas.

This height, this skin… Tiningnan ko ang brasong nakahawak sa aking tiyan.

This is Riguel Alleje!

“Dalhin na natin ito sa Discipline Office! Nakahuli rin tayo ng isa!” ani Riguel sabay bitiw sa akin.

Nilingon ko kaagad siya. That cold expression. That perfect angled jaw and red lips.

Nag-iwas siya ng tingin sa akin.

“Ayusin mo ang damit mo…” aniya.

Nilingon ko ang mga kasama niyang lalaki. Nagtawanan sila. Tiningnan ko ang damit ko. My flesh bra is showing.

“The next time you hold me, hold me a little softer. Ayan tuloy…” humalakhak ako sabay ayos sa aking damit.

Binalik niya ang tingin niya sa akin. His eyes were as scold as ice. Iyong tipong punong puno ng prinsipyo na hindi basta-bastang natitibag.

“Riguel, huwag kang makinig riyan. Matinik ‘yan!” banta ni Mateo. “Maraming nahuhumaling riyan. Magaling maglaro…”

“O, Mateo? Paano mo nasasabi iyan? Bakit? Minsan ka na bang natusok sa tinik ko?” Bumaling ako kay Mateo.

Natahimik si Mateo. Inayos niya ang kanyang makapal na eyeglass. What’s the word? NERD!

“Sinu-sino ang kasama mo rito?” maagap na tanong ni Riguel sa akin.

Nagtaas ako ng kilay at ngumiti.

“You really think I’ll tell you that? Hmmm?” malambing kong sinabi.

“You won’t tell me that. You’ll tell the discipline officer!” ani Riguel sa mariing tono.

Napawi ang ngiti ko ng bahagya. Lalo na nang tinalikuran niya ako.

“Mateo, Sebastian, dalhin niyo siya sa DSA!” ani Riguel.

Umamba si Mate na lapitan ako. I smiled at him seductively. Boys and their unfortunate weakness.

“Basty, magagawa mo ba sa akin ‘to?” sabi ko sa isa pang Senior na palunok-lunok ng laway habang nilalapitan ako.

Hinayaan kong makita nila iyong bra ko. I need to get away. I’ll be an embarassment to the group kung nahuli ako!

“Alam n’yo namang ‘di rin makikialam sina Mommy at Daddy sa mga mangyayari, ‘di ba? They’re too busy… Basty… Mat…” malambing kong sinabi.

“Bilisan n’yo!” sigaw ni Riguel.

Napawi ang ngiti-ngiti ko dahil sa biglaang sigaw ng lalaki sa unahan.

“Bakit hindi ikaw ang lumapit sa akin para dalhin ako sa DSA, huh? Affected? Feel anything for me, Riguel?” Humalakhak ako.

Nilingon niya ako. Affected, huh?

Kitang kita ko ang seryoso niyang mga mata. I smiled ngunit kalaunan ay naging bahaw ang ngiti ko dahil sa lamig ng kanyang ekspresyon.

Bumaba ang tingin niya sa aking dibdib. Hinagod niya ng tingin simula ulo hanggang paa. Bigla kong naramdaman ang panginginig sa aking tuhod habang tinitingnan niyang mabuti ang bawat parte ng aking katawan.

Napawi ang ngiti ko. Volts of electricity traveled from my spine down to the ends of my body.

“Shut up… It takes more than that to seduce me.” Pagkatapos ay tinalikuran muli ako.

What? He’s impossible!

Kabanata 1

Kabanata 1

*OceanofPDF.com*

To Live

I envy people living with no regrets. Those who are living with nothing but simple “what if?” problems.

Nakatunganga ako sa sofa ng Office of the Discipline Affairs. Si Mommy at Daddy ay nasa harapan ko habang kinakausap ng mabuti ang head ng disiplina sa school.

“Mr. and Mrs. Altamirano, this isn’t the first time your daughter is caught cutting classes. And she smells like cigarette, according to my students!” sabi ng nanggagalaiting officer namin.

“Pagpasensyahan n’yo na itong anak namin, Mrs. Sollano. Hayaan n’yo at pagsasabihan ko siya pagdating sa bahay…”

“Naku, Mrs. Altamirano, kay babaeng tao nitong anak n’yo at ganito na siya. Si Yeshua nga’ng lalaki ay hindi naman ganito!”

Ngumuso ako at natulala sa nabanggit ni Mrs. Sollano. My twin brother is my opposite. He’s the prim and proper type of boy. The good boy, ika nga. The best child.

“I have here Riguel and Sebastian. Sila iyong nakahuli kay Lilienne kasama ang mga barkada nito kanina sa likod ng building. Doon sila lagi nakikita ngunit ngayon lang talaga nahuli.”

Nag-angat ako ng tingin sa dalawang lalaki sa harap ko. Riguel is curiously looking at me. Inilipat niya ang kanyang mata kay Mrs. Sollano at tumuwid sa kanyang pagkakatayo. His adams apple protruded with his stance.

“Anong ginawa ng mga batang ito, Riguel? Nag-inuman? Smoking?”

“Both…” sagot ni Riguel.

Napatingin ako kay Mommy at Daddy. Nagtaas ng kilay si Mommy sa akin pero bumaling ulit kay Mrs. Sollano.

“So what punishment do you have for those who are caught? I’m sure my daughter is willing to make up for what she did…”

Maglinis ng CR? Magwalis sa campus? Magmop? Magdilig ng mga halaman?

“Tomorrow, I will talk to the principal so we can give her the proper punishments…”

Tumunog ang pintuan at nilingon ko ang kapatid kong kararating lang. May dala si Yeshua na t-shirt. Siguro’y nalaman niyang nasira ang damit ko.

He smiled at me and then he gave me the his shirt. Tinanggap ko iyon ngunit hindi na muna nag-abalang tumayo para magbihis.

Nasa likod siya ngayon ng sofa at humihilig sa backrest.

“What did you do this time?” his amused tone made me smile.

“Nahuli lang…” sabi ko at nilipat ulit ang tingin sa kaharap kong mga nakahuli sa akin.

Riguel’s eyes bore into me. His intense dark eyes made me watch him a little bit longer.

“Iyan ang pagkakamali mo ngayon? Ang pagkahuli?” bulong ng kapatid ko.

Tumango ako at tumingin sa kay Mrs. Sollano na panay ang explain sa mga magulang ko.

“Wear the shirt. You’re in front of guys, Lili…” ani Yeshua.

“Oh they won’t look. You’re looking at them, aren’t you?” Lumapad ang ngisi ko.

I’m close with my twin brother. He’s uptight and mostly serious but when it comes to me, he’s playful and sweet.

Dito kami pinalaki sa Alegria. Magaan at hindi mahigpit ang pagpapalaki sa amin.

Sa labas ng bahay kaming nagtatakbuhan noon. The fields of our flower plantation is our playground.

I was the adventurous one, Yeshua's the safe one. And he'd always get in trouble because of me. He'd always defend me. And in the end, he'd always sacrifice.

"Maraming salamat po sa pagpapatnubay n'yo sa aking mga anak. Rest assured that my daughter's going to pay for what she did. I'm sure she's learned her lesson today," sabi ni Mommy para tapusin ang usapan.

Bumaling ako kay Riguel sa aking harap. Tumayo na ako at ganoon din ang mga magulang ko. Nagtaas siya ng kilay sa akin at lumipat iyon sa kambal ko sa likod.

"Yeshua…" ani Riguel.

Nilingon ko ang kapatid ko. Tumango siya kay Riguel. Tinapik ng aking kambal ang aking likod.

"Let's go to the girl's bathroom. You should really change."

"Okay…" sabi ko at sumama na sa kapatid ko.

Lumabas na kami ng kapatid ko para magawa ang gusto niya.

In the end, I got scolded by my parents. But not as much as how other parents scold their children. Hindi mahigpit si Mommy at Daddy sa aming dalawa ni Yeshua. Lalong lalo na sa akin.

"Crush mo 'yon, 'di ba? Is that why you didn't bother to change?" sambit ng aking kapatid pagkauwi namin.

Tapos na kaming kumain sa dining area. Nanatili si Mommy at Daddy roon para pag-usapan ang tungkol sa farm. Paakyat na ako sa kwarto nang sundan ako ni Yeshua para tanungin iyon.

“That’s not it. I don’t have a shirt yet…” sabi ko at binalewala siya.

“Oh? Really? Pagkadating ko, dapat ay dumiretso ka na sa CR at magbihis…” aniya.

“God, Yeshua! Hindi ibig sabihin na dahil crush ko si Riguel, ipapakita ko na ang kaluluwa ko sa kanya. Anong akala mo sa akin, easy girl?” Humalakhak ako.

Nanliit ang mga mata niya sa akin. Kinawayan ko na lang siya.

“Bye! Ibabalita ko pa kina Suki na ayos lang ako. Paniguradong pagtatawanan ako ng mga iyon kapag nalaman nilang magma-mop ako ng isang linggo dahil sa nangyari! Dios ko, ikakahiya ako ni Leon!”

Pumasok na ako sa aking kwarto at sinarado ang pintuan.

Bumulusok agad ako sa aking kama at ilang sandaling nanatiling ganoon. Pagkatapos ay kinuha ko ang aking cellphone sa aking bulsa para tingnan ang mga text ng mga kaibigan ko sa akin.

Russel:

Talagang nahuli ka?

Nagtipa ako ng sagot.

Ako:

Iniwan mo ako!

Suki:

Kumusta? Ilang oras kayo sa DSA? Ano ang parusa?

Julio:

Iniwan ka ni Russel?

Tumuwid ako sa pagkakaupo at binuhay ang ilaw sa aking tukador. Tiningnan ko ang aking mukha.

Ang buhok ko'y tuwid sa una at umaalon na pababa, maputi at mapula ang pisngi, at kasing pula ng mansanas ang labi. Yeshua, my twin, has also almost the same features as me. Only that he's tall while I'm petite.

Kinuha ko ang cellphone ko at tinawagan si Suki para ibalita ang nangyari.

"Lilienne! Ano? Kumusta? Nagpahuli ka yata, e!"

Umirap ako sa spekulasyon niya. Alam niyang crush ko si Riguel. Hindi… alam yata ng lahat na crush ko si Riguel pero hindi ko sasadyain ang pagkakahuli para lang sa kanya!

"Hindi 'no! Talagang mabilis lang siya kaya ako nahuli!" sabi ko.

"Ang sabi ni Leon ay baka raw nagpahuli ka. Nagalit nga si Russel, e!" ani Suki.

Umirap ako. "Naniwala ka naman kay Leon. Hindi lahat ng tao desperado para sa crush nila. Siya lang iyong ganoon, 'no!"

Tumawa si Suki. "Pero nagalit parin si Russel sa sinabi ni Leon. Sinabi ko nga kay Russel na hindi ka naman ganoon!"

"Ay naku! Isa pa 'yan… Iniwan ako kanina! Pero kung hindi niya naman ako iniwan, dalawa kaming mahuhuli kaya ayos na 'yon…"

"Galit ka kay Russel, kung ganoon?"

"Hindi naman talaga galit. Nagtatampo lang. Anyway, bukas ay suspended ako. Mag rerender daw ako ng services sa school. Maglilinis yata ako…"

"Ay! Ganoon! Magka-cutting sana kami para makaligo sa Tinago. Paano ka?" tanong ni Suki.

Nanghinayang ako sa sinabi niya. Pero kailangan ko talagang daluhan iyong suspension ko. Kung hindi ay dalawang strike na ako sa eskwelahan. Kahit

na nagbubulakbol ako’y ayaw ko naman ma kick-out.

“Kayo na lang! Sinong kasama?”

“Hindi ko alam. Naiinis kami kay Leon kasi baka raw ‘di siya makakasama… Sinusuyo ko nga para lang makasama siya. Lagi na lang siyang ‘di kasama!” malungkot na sambit ni Suki.

Ngumuso ako at may nahimigan sa tono ng kaibigan. Hinayaan ko siyang magsalita.

“Noong isang araw ay ‘di rin siya sumama. Aniya’y driving lessons daw. Weh? Nakakatampo na itong si Leon.”

“Iba na ‘yan, ha. Baka mamaya nadedevelop ka na sa isang iyon. ‘Di ba nga bawal mag boyfriend sa barkada?”

“Bakit ikaw? Boyfriend mo si Russel ah!”

Gotcha! Humagalpak ako sa tawa sabay iling.

“Ano? Ano?” iritadong tanong ni Suki.

“Naku, Suki! Ibig sabihin nga may plano kang maging kayo ni Leon? Ganoon? Are you falling for him?”

“Hindi ‘no! I’m not! But who’s not attracted with him? He’s…” hindi niya matapos tapos.

Umirap na lamang ako. Mabenta talaga si Leon sa mga babae. I mean, he’s a badboy. His built could equal our seniors. At sino ba naman ang gusto ng payatot, ‘di ba? You would want someone like him. He can defend you from anything.

“Yes, I understand your attraction for his hotness. His built can equal the seniors but dammit, Suki, he’s attitude is like that of a spoiled child. Kita mo naman kung gaano siya ka obsessed sa ‘mahal’ niyang si Freya. Kulang na lang ay halikan niya ang lupang dinadaanan ng pinakamamahal niya.”

“Sus! Puppy love lang iyan. Ang sabihin mo, may iba kang gusto. Gusto mo iyong mas mature. Iyong matalino at good boy, ‘di ba?”

“Paano napunta sa akin ang usapan? I’m just concerned at you, Suki.”

“Bakit naman?” tanong niyang may pag-aalinlangan.

“Alam mo, Suki, paparausan ka lang niyang si Leon. Gagapangin ka tapos pipikit lang ‘yan kapag ginagawa n’yo at iisiping si Freya ka.”

“Ay ewan ko sa’yo, Lilienne! Wala naman akong sinabing gusto ko si Leon!”

Umirap na lang ako. I know that one too much. I’ve seen indenial girls fall for my twin.

Pagkatapos ng pag-uusap ay si Russel naman ang tinawagan ko. Inaway ko siya ng mga trenta minutos dahil sa pagalis niya kahit na hindi naman ako gaanong galit doon. Pagkatapos ay naging maayos na kami.

Kinabukasan ay hinanda na ang mop at walis para sa akin. May ilang oras akong ‘di papapasukin sa classroom dahil ako iyong maglilinis sa buong linggong ito.

“Uy, si Lilienne…” humalakhak ang ibang estudyanteng nakakita sa akin.

Pinagtaasan ko na lang sila ng kilay. Papakitaan ko sana ng dirty finger pero mamaya maging second offense ko pa ‘yon. ‘Tsaka na pag nakalimutan na ang atraso ko.

Nilagay ko sa tainga ang earphones at nagsimula na akong magwalis. Eenjoyin ko na lang ang parusang ito. Wala pa naman sina Suki dahil pumuntang Tinago.

Speaking of… sumama ba ang boyfriend ko roon?

Tinext ko si Russel para magtanong kung sumama nga ba siya pero hindi siya agad nagreply. Ipinagkibit ko iyon ng balikat at nagsimula na ulit sa pagwawalis.

“Lilienne, ano ‘yan? Community service?” Humagalpak sa tawa ang mga dumaang kaklase ko.

“Mas mabuti na ‘to kesa makinig sa lecture!” sabi ko.

Tumawa lamang sila.

Umabot ako sa library sa pagwawalis at pagma-mop. Pawisan na ako kaya tumigil muna ako saglit.

Hindi pala biro itong ginagawa ng mga janitor. Malagkit na ang pakiramdam ko. Ang mga buhok ko’y dumidikit na sa aking batok.

Kukuha na lang ako ng t-shirt ni Yeshua sa locker niya mamaya.

Ilang sandali ang nakalipas ay tumunog ang bell. Biglang dumami ang estudyanteng bumaba at dumaan para makapasok sa library. These are the seniors! Kitang kita ko ang pag-apak nila sa kaka-mop lang na sahig.

“Ba ‘yan! Hinay hinay naman, oh! Bagong janitress ako rito!” sabi ko sabay turo sa mga paa nila.

Ang iba ay tumabi. Ang mga ibang hinayupak naman ay ginagalit pa yata ako. Ipinapakita pa sa akin ang pag-apak nila sa basang tiles.

“Lilienne!” biglang tawag ng isang pamilyar na boses sa akin.

Si Russel iyon. Bumagsak ang balikat ko.

“‘Di ka nagrereply. Wala kang load? Akala ko sumama ka sa Tinago?”

“Hindi ako sumama…” aniya sabay kuha sa mop sa kamay ko.

Para siyang walang gana. Nagmop siya sa sahig bilang tulong sa akin pero hindi niya na muli ako kinausap. Inayos ko ang buhok ko habang pinagmamasdan si Russel na nagma-mop.

“Ayos ka lang?” tanong ko.

Umiling siya at nagpatuloy sa pagma-mop.

Tinali ko ang buhok ko dahil naiinitan na talaga ako. Sa malayo ay nakita ko ang matatangkad pang mga seniors na papunta sa library. The silhoutte of Riguel caught my eyes.

Nilagpasan niya si Russel na nagma-mop at dumiretso sa pintuan ng library sa gilid ko. His eyes lingered to me.

“Sa pagkakaalam ko, hindi ang boyfriend mo ang nahuli,” malamig niyang sinabi.

“Oh? It’s a sin to help now, huh?” I smiled playfully.

“Lilienne!” tawag ni Russel sa akin.

Napatingin ako sa kanya. Umigting ang panga ni Riguel at nilagpasan niya na ako. Dumiretso siya sa library kasama ang mga kaibigan.

Nanatili ang mga mata ko sa kanya. Hinigit ni Russel ang aking braso dahilan kung bakit napatingin ako sa kanya.

“Tama nga sila! Ano? Nagpahuli ka dahil sa gagong iyon?” matamang akusasyon ni Russel.

Ikinagulat ko iyon. Umatras ako dahil kitang kita ko ang galit sa kanya. Para bang kahit na mag explain ako ay ‘di niya tatanggapin. Halatang nagatungan ng mabuti ni Leon.

“I don’t want to get caught, Russ. Don’t make this a big deal. I was caught-”

“Tangina! Tinutulungan kita rito pero ‘yang mga mata mo nakatingin sa iba! Ha! Akala mo ba nakalimutan ko na may gusto ka sa lalaking iyon!”

Umirap ako. This is just ridiculous. I hate stupid fights. I can’t deal with them. I could walk away right now para lang matakasan ito pero ayaw kong maging bastos kay Russel.

“Oh bakit? Binoyfriend ko ba-”

“Hindi mo binoyfriend kasi ‘di ka naman pinapansin kaya-”

“Oh kaya ko siyang palingunin sa akin, Russ, pero ‘di ko ginawa kasi ‘di ako desperada! Pwede ba?” tumaas na ang boses ko.

“Nasa gilid lamang kayo ng library. Kung gusto n’yong mag-away umalis kayo rito…” malamig na sambit ni Riguel na ngayon ay nasa pintuan na pala ulit.

Nagtiim bagang ako. Padabog na binaba ni Russel ang mop at sinipa niya pa ang baldeng may maruming tubig.

“Fuck!” sigaw ko.

“I’m done with you!” ani Russel sabay walk out.

Nanlaki ang mga mata ko habang tinitingnan ang tapon na tubig sa sahig. Kitang kita ko ang paglabas nila sa balde at pagkalat ng maruming tubig. Naestatwa ako. Kung ‘di lang pinatayo ni Riguel ang balde ay ‘di paniguradong naubos na ang tubig sa loob.

Tumayo siya. He’s tall. His massive chest covered my view of the library’s main door. Paniguradong may mga tsismosang nanonood sa sigawan namin ni Russel kanina.

“Ayusin mo ang trabaho mo. Mamaya na ang landi…” ani Riguel at tinalikuran ako.

Kumalabog ang puso ko habang tinitingnan siyang palayo sa akin. Pinulot ko ang mop at pagkatayo ay binalikan muli siya ng tingin.

May iilang estudyante nang sumunod sa kanya. The nerd group of the seniors. But then I saw some basketball varsities too. Of course he belongs to the school’s team.

Hawak ang mop ay nanatili ang tingin ko sa kanya.

One thing life taught me is that it’s short. What ifs shouldn’t be asked. You should act on it. If you make it happen, you also make your life longer. Kung hindi naman, mas hahaba ang oras mo dito sa mundo na wala kang ginagawa. So I’d rather live a life doing so many things than live a life waiting for things to happen right before my eyes.

“Lilienne… ayos ka lang?”

Napatalon ako sabay tingin sa tumapik sa akin. Hilaw na ngiti ang iginawad ko kay Piper. Her bronze skin shined as she tilted her head.

“Suspension?”

Tumango ako. “Yup…”

Tumango siya pabalik. “I’ll ask the principal if-”

“Huwag na. It’s okay, Pipe…” sabi ko sabay ngiti sa kanya. “Recess n’yo ba?”

“Yes. Katatapos lang ng calculus namin…” Pagod siyang ngumiti. “Nakapag-aral ba ang kapatid mo?”

“Hindi ako sigurado. Bakit? Bagsak ba?”

“Hmmm. Hindi ako sigurado…”

Ilang sandali pa siyang nanatili sa harap ko. Kung ‘di siya tinawag ng kanyang mga kaibigan ay ‘di pa siya umalis.

Tiningnan ko ang mga lilinisin ko sa sahig. Nagsquat ako dahil sa sakit ng binti at sa pagod na idinudulot nitong paglilinis.

To live a life worth living means to take risks and chances, that’s what my twin said almost a year ago. I always wondered what he meant by it. Pero ngayon ko napagtanto kung ano nga iyon.

Kabanata 2

*OceanofPDF.com*

Two Worlds

“Why did you even mention it…” walang gana kong sinabi kay Leon habang nakatingin ako sa blackboard.

Wala si Russel. Siya iyong nakaupo sa gitna naming dalawa. Absent na ng dalawang araw simula nang nasuspend ako.

“You know this life is short. We shouldn’t waste our time waiting for things to happen,” his tone is bored.

Tumikhim ako at nagligpit ng gamit. Kailangan ko na namang umalis para makapaglinis. Sinadya ko lang na pumarito sa classroom para makausap si Leon pero napagtanto ko ngayon na wala pala talaga akong mapupulot sa kanya.

“So you mean I should make it happen…”

“I mean… if you don’t like my friend, stop making him feel that you do.”

Nagkatinginan kaming dalawa. Alright. I get it. I give up.

Iniisip kong mabuti na ring nagkahiwalay kami ni Russel. Nahihirapan ako kung ako lang dahil magkaibigan kaming dalawa at ayaw kong magkasiraan kami. Ngayong si Russel na mismo ang sumuko sa akin ay parang mas pinadali lamang iyon.

Nagsimula ulit ako sa paglilinis.

Tahimik lamang ako habang nagwawalis at nagma-mop sa corridors dahil sa malalim na iniisip. Mas nakakapag-isip pa yata ako ng marami kapag ganito kesa sa iyong nakikinig sa teacher.

Nagpapapahinga naman ako kahit paano. Kumain ako sa canteen noong lunch at natulog saglit sa isang bench malapit sa soccerfield. Of course with Suki. Hindi nga lang natulog si Suki dahil panay ang pag-uusap nilang dalawa ng Keena, isang kaklase namin.

Nang nagising ay nagsimula ulit ako sa paglilinis. Nagdilig ako ng mga halaman sa likod ng gym. Panay pa ang panonood ko ng mga senior na pumupislit sa klase para maghalikan lang sa likod ng gym.

Nang nakita ako ng dalawang seniors na nagdidilig ng halaman ay umayos agad sila sa pagkakaupo.

“Anong ginagawa mo rito?”

Nag-angat lamang ako ng tingin sa babaeng may pagalit na tono. Siya pa ang may lakas na loob magalit gayong sila itong may ginagawang kababalaghan.

“Nagdidilig ng halaman…” bored kong sinabi. “Ipag patuloy niyo lang ‘yan. Hindi ako maiinggit…” sabi ko sabay hagikhik.

Nang nilipat ko ang mga mata ko sa lalaking kahalikan niya ay kumindat pa ito sa akin. Nagtaas ako ng kilay sa lalaki dahilan kung bakit siya binalingan ng girlfriend niya. Hinampas ng babae ng bag ang lalaki at biglaang nagwalk out.

“Babe!” sigaw noong lalaki at sinundan niya naman agad iyong babae.

Pinagkibit ko na lang iyon ng balikat. Pagkatapos kong magdilig ay nagpunas naman ako ng bintana sa mga offices.

Pagod na pagod na ako nang lapitan ako ng Principal.

“Last day mo ba ngayon, Lilienne?” tanong niya.

“Opo…” sagot ko naman.

“Sige sa corridor malapit sa library ka na maglinis. Iyon na ang panghuli mo. Pagkatapos ay umuwi ka na…”

Masunurin naman akong bata kahit paano kaya sinunod ko ang sinabi ni Ma’am. Dumiretso ako roon sa library para magsimulang magwalis.

Pansin ko ang pagdadagsa ng mga estudyante sa library. Kahit mag-aalas singko na ay dumadagsa parin sila. Ganyan ba ka studious ang mga estudyante rito sa Alegria.

Pinagpatuloy ko ang ginagawa ko. Nang nagsimula naman akong mag mop ay nagsialisan na ang isang batalyong estudyante.

Tumigil na muna ako para hindi paulit ulit ang pagma-mop. Nang tingin ko'y konti na lang ang tao sa library at mukhang nakauwi na halos lahat ng estudyante ay nagsimula na akong mag mop.

Tumutunog na ang cellphone ko at panigurado'y test iyon ni Suki. Makikipagsabay na naman siguro sa akin si Suki pauwi.

Magtatricycle lamang ako. Malayo ang amin pero umaabot naman doon ang tricycle. Madalas kinukuha kami ni Daddy pero mas madalas na nagtatricycle kami. Busy kasi si Dad sa trabaho.

Ang dungis dungis ko na.

Tinalikuran ko ang timba para maayos ang pagkaka mop ng sahig. Ilang saglit ang nakalipas ay narinig kong natumba ito.

Nilingon ko iyon at ang nakita ko na lang ay ang iilang mga estudyanteng nagtatakbuhan. Hindi ko alam kung natakot at hindi sinadya, o sinadya kaya natakot.

"What the hell?"

Humugot ako ng malalim na hininga at pinatayo ko ang timba. Ang kulay chocolate brown na tubig ay kumalat sa corridor ng library dahilan kung bakit kakailanganin ko ulit na magmop sa mga lugar ay dapat tapos ko na.

Pagod na pagod na ako. Buong araw yata akong naglinis!

Hindi ko alam na ganito pala kahirap. Kung nalaman ko lang ay 'di na ako nagpahuli!

Pinaypayan ko muna saglit ang sarili ko. Pawis na pawis na ako. Sa noo, sa batok, at sa buong katawan.

Buti na lang at last day na ngayon…

“Give me the mop…” isang pamilyar na boses ang narinig ko.

Medyo madilim na kaya hindi ko inakalang may tao pa rito bukod sa librarian. Nilingon ko si Riguel na nakatayo sa aking likod.

Ngumisi agad ako. Kahit na pagod ay ‘di makakatakas sa akin ang kakisigan niya. Nagtaas lamang siya ng kilay at naglahad ng kamay.

Binigay ko sa kanya ang mop.

Dahil hindi siya pagod ay isang hagip lang ng mop sa nakahilerang tiles ay nawala agad ang putik. Mabilis niyang nilinis ang tiles. Tumabi ako para mas malinis niya ng maayos.

“Riguel Alleje is helping me out. Bakit kaya?” humagikhik ako.

Bumaling siya sa akin at tumigil sa pagma-mop. Oopps, I don’t want to push his buttons but I really can’t help it.

“I hate seeing a girl that tired. At isa pa, napakabagal mo naman yatang maglinis?”

“Well, nilinisan ko ang buong school sa araw na ito. Syempre natural na babagal ako ng ganitong oras…” sabi ko at ngumiti ulit.

“Tss…” binigay niya agad sa akin ang mop na parang nandidiri pa siya sa pagtulong.

“Alam mo ikaw, Riguel. Gwapo ka sana kaya lang suplado. Nakakaturn off…” sambit ko.

Humagalpak siya sa sinabi ko. Damn his laugh sounds like he’s got a bad idea. Pinasadahan niya ng kanyang mga daliri ang kanyag buhok. Hindi ko mapigilan ang paghagod ng tingin ko sa kanya mula ulo hanggang paa.

Walang panama ang mga boys sa batch ko sa katawan at kagwapuhan ni Riguel. Kung ikukumpara ko ang kabatch ko sa kanya ay sadyang magmumukha lamang silang totoy.

“Put the pail back now. Wala na dapat estudyante rito pag lagpas ng alas sais.”

Ngumuso ako at pinulot ang timba. Hindi naman iyon gaanong mabigat dahil naubusan na ng tubig nang natapon ito pero nagkunwari akong nabibigatan.

Mahusay talaga akong artista dahil lumapit agad si Riguel para kunin ang timba sa aking mga kamay.

“Hold the mop properly…” malamig niyang sinabi at nauna na siyang pumunta sa CR.

Sumunod ako sa kanya. Habang papunta ng CR ay inaayos ko ang mga buhok na dumidikit sa aking batok.

Dyahe… ngayon pa talaga kami magkakausap ni Riguel samantalang amoy pawis ako.

Habang naglalakad ay tiningnan ko ang cellphone ko. Baka sakaling tinext ako ni Suki na maghihintay siya ngunit iba ang nabasa ko.

Suki:

Lienne, umalis na ako ha kasi may pupuntahan daw kami nina Mommy mamaya. Nauna na ako. Hihintayin ka naman siguro ni Russel.

Pumasok na ako sa CR habang nagtitipa ng sagot.

Ako:

Ako lang, ‘no. Paano maghihintay, e, absent. Nakalimutan mo? ‘Tsaka ayaw ko na ring hintayin niya na ako. Tama lang na wala na kami.

“And here you are just texting your admirers while I’m helping you out…” malamig na sinabi nI Riguel.

Agad kong binaba ang cellphone ko at tinago. Humalukipkip siya at madilim ang tingin sa akin.

“It’s just Suki. Wala akong kasabay pauwi…”

Binaba ko ang mop sa gilid ng cubicle.

Agad na lumabas si Riguel sa CR. Nagkibit ako ng balikat at sumunod na lang sa kanya palabas doon.

Iniwan ko ang aking bag sa locker. Kinuha niya rin ang sa kanya roon.

Kahit na tapos na akong magligpit ng gamit at siya ay hindi pa, binagalan ko ang pagliligpit para lang maabutan niya ako. Nang sinarado niya ang pintuan ng kanyang locker ay sinarado ko na rin ang akin.

May isang kaibigan siyang nakasabay. Pero nagpaalam siya na mauuna na sa paglabas kaya sumunod na ako sa kanya.

Hindi ako gaanong lumapit dahil nahihiya ako sa amoy ko. Nauna siya. Ang kanyang bag ay nakasabit sa kanang balikat lamang. Ang dalawang kamay ay nasa bulsa.

Gabi na nang lumabas kami ng school. Konti na lang ang tricycle pero at least mayroon pa.

“La Santa, manong…” sambit ni Riguel sa tricycle driver na nauna.

Malayo ang amin kumpara sa kanila ngunit nadadaanan ang kanila papuntang amin. Hindi bale na kung mag-iisa ako kapag nakababa na siya.

“La Santa, dulo, manong…” sabi ko sa tricycle driver.

Nag-angat ng tingin si Riguel sa akin. Lumabas siya ng tricycle na ikinagulat ko. Well, siguro dahil alam niyang siya naman ang mauuna sa pagalis kaya dapat siya ang malapit sa pintuan.

“Thanks…” sabi ko.

Pumasok ako sa loob ng tricycle. Umusog ako para hindi kami masyadong magkadikit. Wala akong confidence na dumikit ngayon dahil sa amoy ko.

But he’s massive. There’s just no chance we wouldn’t touch. Nang umupo siya sa tabi ko ay naramdaman ko agad ang kanyang hita sa akin.

“La Santa! La Santa!” sigaw ni manong driver.

Sumulyap ako kay Riguel na nakatingin lamang sa kalsada. Wala siyang reaksyon kung mabaho ba ako o ano.

May sumakay sa likod ng driver kaya ayos na iyon. Pinaandar ng driver ang tricycle.

Habang umaandar ay nararamdaman ko ang unti-unting pagbilis ng tibok ng aking puso. Iyong tipong kahit nakaupo ako rito ay hindi ako kumportable. Iyong tipong hindi ako mapirmi dahil sa katabi ko.

Umalis ang pasahero sa likod ng driver. Sa bayan lang siya kaya malapit lang. Kaming dalawa na lang ni Riguel ang naroon ngayon.

Kumuha ako ng pamasahe sa aking wallet. Riguel extended his hand to the driver for his fare.

“Tatlo ‘yan, manong. Isa para sa kanya. Dalawa para sa akin. Ihahatid ko muna sa dulo ng La Santa tapos babalik sa amin…” aniya.

Natigilan ako sa sinabi ni Riguel. Sumulyap siya sa akin at umiling lamang dahil sa naging reaksyon ko.

What did he just say? Did he said he’s going to pay for me? At bakit dalawa ang para sa kanya gayong?

Mas lalong lumakas ang pintig ng aking puso. Nanikip ang dibdib ko sa sobrang lakas. Kulang yata ang hangin na sumasalubong sa aming dalawa!

“Don’t be so shocked. I’m sure your boys had better ideas than what I’m doing right now…” malamig niyang sinabi.

Kinuha ko ang pera sa aking wallet at binigay sa kanya ang bente.

“Riguel, I can pay for myself…” sabi ko kahit na kinakabahan. “You don’t have to do this…”

Kitang-kita ko ang pagkakairita sa kanya.

“Hindi ka pa ba sanay? Keep your money. I already paid for you…” aniya.

Napalunok ako. I’m not usually silent. Dapat ay nagwawala na ako ngayon at tinutukso ko na siya pero hindi ko alam kung bakit nanlalamig ako. Hindi ko alam kung bakit hindi ko kayang magbiro. And my heart is racing so fast…

“Bakit mo naman binayaran? ‘Tsaka… bakit mo pa ako ihahatid sa dulo? Ayos lang naman kung ako lang mag-isa-”

“Huwag mong lagyan ng malisya. Ayaw ko lang ng may nakakasabay na babae tapos pinapauna ako ng uwi. This is just a normal thing to me. Don’t make a big deal out of it…” malamig niyang sinabi.

Oh! Right…

“Oh! So this isn’t the first time you paid for a girl… o kahit ang paghatid?”

Hindi siya sumagot. Nilagpasan lang ng driver ang bahay nina Riguel.

Sinundan ko ng tingin ang malaki ngunit antigo nilang bahay.

“Bye-bye Riguel’s house… Mag-isa ka lang ba riyan?” tanong ko sabay turo sa kanilang bahay.

Umiling siya. “I’m living with my grand parents…”

“Where’s your mom and dad?” tanong ko.

“They already died years ago…”

“Oh! I’m sorry…”

Nag-iwas siya ng tingin sa akin. Napangiti ako.

Simula pa lang noong lumipat siya sa Alegria, gustong gusto ko na siya. Marami ring agad na nagpahayag na gusto nila si Riguel. Of course he’s hot and good looking. Aside from that, matalino pa. But I never had the chance to converse with him simply because our worlds just don’t meet.

But this night is different…

“Where’s your boyfriend? And why is he letting you go home alone?” malamig niyang tanong.

Ngiting-ngiti na ako habang sinasagot siya.

“Break na kami ni Russel…”

Napatingin siya sa akin at nagtaas ng kilay.

“You’re a damn playgirl…”

Tumigil ang sasakyan sa labas ng aming kulay green na gate. Sa malayo ay tanaw ang aming mansyon. Naunang lumabas si Riguel sa tricyle para makadaan ako. Pagkalabas ko ay tumayo agad ako sa harapan niya.

Kinagat ko ang labi ko nang nagkatinginan kami.

“I won’t be if I get the heart of the only man I truly like, Riguel…” mataman kong sinabi.

Parang tambol ang puso ko sa lakas ng kalabog nito.

His lips curved. Alam niya na gusto ko siya. It reached him, too, last year. That was for sure.

“You’re just a little girl, Lilienne…” aniya sabay muwestra sa aming gate.

“Oh really? I am?” hamon ko.

“Pumasok ka na sa inyo. Maghihintay ako hanggang sa nakapasok ka na…” winala niya ang usapan.

And in that moment I was sure… that I’m not playing with Riguel. This is not a challenge for me. This is something different.

I want us to be closer. I want our worlds to meet. I want to feel this feeling more. And you know what they say about two meeting worlds? There’s a possibility of collision.

Sinarado ko ang gate na pumagitna sa aming dalawa. Sinundan ko ng tingin ang tricycle na naghatid kay Riguel.

“Little girl, huh?”

Kabanata 3

Kabanata 3

*OceanofPDF.com*

Naaawa

“Huy, Lilienne!” sabay kalabit ni Suki sa akin.

Naglalakad kami ngayon patungo sa computer laboratory nang nadaanan namin ang classroom ng mga seniors.

Simula noong hinatid ako ni Riguel sa bahay ay hindi na ako matigil sa kakaisip sa kanya.

Tumigil ako sa hamba ng pintuan para makita kung anong ginagawa nila sa loob. Wala yatang teacher ngunit tahimik at nagsusulat halos ang lahat.

“Sino bang tinitingnan mo riyan?”

Sumilip rin si Suki sa pintuan. Pinigilan ko siya para hindi niya matabunan ang paningin ko.

“Si Riguel…” bulong ko.

Nakita kong nakikipagtawanan si Riguel sa mga kaklase niya. Para bang tinutukso siya pero nagpapatuloy siya sa pagsusulat.

Ang mga nasa unahang babae naman ay naghahagikhikan at mukhang may pinagkakaguluhang isang papel.

Sa section nila naroon ang mga pinakamatatalino sa seniors. Halong magaganda, gwapo, at mga nerd ang naroon.

Tulad na lang ni Sebastian… kilala siyang nerd noong Elementary pa lang kami. Samantalang si Mateo ay matalino ngunit sporty kahit paano. Miyembro ng basketball team. Ganoon din sa mga babae. Half of the class looks like a typical nerd stereotype while the other half looks normal, even pretty. Tulad na lang ng pinagkakaguluhan ng mga girls.

Tumayo ang isang magandang senior. I think she’s a transferee. May dala siyang papel at naglakad siya patungo sa arm chair ni Riguel.

Humupa ang tawanan nang nakalapit ang babae. Nilapag niya sa arm rest ng upuan ni Riguel ang isang piraso ng papel at nagtawanan ulit ang mga lalaki sa likod. Tinutukso nila si Riguel.

Nanliit ang mga mata ko habang tinitingnan ng mabuti ang babae. Well, I admit it. She's really pretty. But she's got make up, I'm sure. Mapupula ang kanyang pisngi, ang labi ay may bahid ng gloss, at ang kilay ay halatang inayos.

"You are literally going crazy for Riguel, aren't you?" ani Suki sabay halukipkip.

"Who's that girl, Suki? Kilala mo?"

Humagikhik si Suki. "Nope. Well, siguro admirer ni Riguel. Alam mo namang talagang marami siyang admirers sa seniors at kahit sa mga juniors. At kasama pa sa lower batch tulad natin. At bakit ngayon mo pa na isipang i-stalk si Riguel gayong matagal mo na siyang gusto?"

Hindi ako kumubo. Nanatili ang mga mata ko sa kay Riguel Habang tumatagal yata ay lalo siyang gumugwapo. Nakataas ang kilay niya habang binabasa ang sulat noong babae. Tinutukso siya ng mga lalaki sa kanyang likod ngunit parang wala lang iyon sa kanya.

Inilipat kong muli ang tingin ko roon sa babae.

"Oh right! You're available, right now? Wala na si Russel. At ang alam ko may naghihintay parin sa'yo, 'di ba?"

Umirap na lang ako. Itong si Suki ay masyadong maingay. "Walang panama ang mga manliligaw ko kay Riguel…"

Humalukipkip ako at nagsimula nang maglakad. Iniisip ko parin iyong kaklase ni Riguel na nagpapapansin sa kanya. May gusto kaya si Riguel doon?

Well, compared to me… She's definitely taller and her body is more mature. Pinasadahan ko ng tingin ang aking katawan. But I'm fine, too…

Uminit ang pisngi ko habang iniisip na ganoon ang hilig ni Riguel. A tall, high cheekboned, bronze girl like the models from a famous lingerie line. I'm not. I'm petite and fair.

Pabagsak akong umupo sa harap ng computer na naka assign sa akin.

Pupuslit ako sa pagbisita sa Facebook at Youtube habang nagdi-discuss si Ma'am sa harap para naman 'di ako ma bored.

Pagkaopen ko sa Facebook ay agad kong nakita ang mga messages ng dalawang juniors sa akin. Kagabi ay inentertain ko ang message nila. Ngayon ay naumay na ako.

Nicholas:

You free later? Sunduin kita pagkatapos ng klase. Gusto mo mag Tinago tayong dalawa?

Sumulyap ako kay Leon na nasa linya ko. Nakapangalumbaba at nakatingin sa aming teacher.

Umiling ako at nagtipa ng isasagot kay Nicholas.

Ako:

Nico, I'm busy. Find another girl. Not me.

Nicholas:

Oh. Nahulog ka kay Russel? Break na kayo, 'di ba? Dapat ay maghanap ka na ng bago ngayon. Don't worry, ang pinakamalayong aabutin natin ay halikan.

Ako:

Find another girl.

Umirap ako at inopen naman ang mensahe noong isa.

Nagyayaya rin iyong lumabas. Hindi ko na lang nireplyan dahil hindi naman ako interesado.

I am interested about someone else.

“Cafeteria muna tayo? Nagugutom ako, e…” yaya ni Suki sa akin nang nagkaroon kami ng library period sa hapon.

Nakatayo na sina Leon, Julio, Russel, at ang kanyang bagong girlfriend para magtungo sa cafeteria.

Umiling ako at ngumisi kay Suki. Laking gulat niya sa naging desisyon ko.

“Mauna na kayo… May ibibigay lang muna ako kay Yeshua. Nasa library siguro iyon…” sabi ko.

She accepted my reason. Sumulyap si Suki kay Russel at binalik niya sa akin. Umiling lamang ako. Kahit hindi niya sabihin ay alam ko ang naiisip niya. I’m not jealous!

“Sige! Mauna na nga kami… Julio, Leon… tara na…” ani Suki.

Tumango ako at nagkunwaring nagliligpit ng ibibigay kay Yeshua pero ang totoo may ibang sadya ako sa library.

Pagkaalis nila ay dumiretso na ako sa library. Sa malayo ay kita ko ang kapatid ko kasama ang mga kaklase niya. Hindi siya ang sadya ko rito…

Pinasadahan ko ng tingin ang buong library. Nang nakita ko si Riguel sa madalas niyang inuupuan ay nagtungo na ako roon.

He’s not alone. Actually, he’s with Sebastian and Mateo. Pareho silang nagbabasa ng libro at tahimik.

Nang namataan ako ni Sebastian ay inayos niya ang kanyang salamin at siniko si Riguel. Nag-angat agad ng tingin si Riguel sa akin.

Umupo ako sa katabing upuan niya. Binalik niya ang mga mata sa kanyang aklat. Isang buntong-hininga ang pinakawalan.

“Hi!” I greeted.

“Hi!” sabi ni Sebastian sa tapat.

Nang tiningnan ko siya ay bahagya siyang nahiya sa kanyang pagbati. Nerd, hindi ikaw!

Tiningnan ko ang aklat na binabasa ni Riguel. Wala na bang mas boring sa aklat na makapal at may pamagat na Philippine Constitution?

“So you’re interested in the laws… the government, huh?” sabi ko at nangalumbaba.

Binaba ni Riguel ang aklat at hinarap ako.

“May I know why you’re sitting beside me?” tanong niya.

Umiling ako. “Pupuntahan ko sana si Yeshua kaya lang nakita kita rito.”

Sumulyap si Riguel kay Mateo at Sebastian na parehong nakatingin sa akin. Ngumiti ako sa kanila at nagulat akong sabay silang tumayo.

“May titingnan lang kami sa newspaper stand, Riguel…” sabay tapik ni Mateo sa balikat ni Riguel.

Tumango si Riguel at hinintay na tuluyang makaalis ang dalawa bago bumaling muli sa akin. I smiled sweetly at him.

“Napadaan ako kanina sa classroom n’yo… You were flirting with that transferee. Is she your girlfriend?”

Of course, hindi. Kung may girlfriend siya ay malalaman ng buong campus. I made it all up so we can talk about it. I want to know about his types of girls.

“No…” binuksan niya ulit ang kanyang aklat.

Clearly he didn’t want me here but I’ll hang out for a little bit longer.

“Well, do you like her? Your crush or something?”

Binitiwan niya ulit ang aklat.

“And if she’s my crush, what’s it to you?”

“So, you like tall, morena girls, huh?”

Tumitig lamang siya sa akin. I smiled sweetly again. Magsasalita na sana ako nang may nauna.

“Hi, Lili! Ano? Ayos ba tayo mamaya? Payag ka na na sabay tayong umuwi?”

Pumagitna sa likod si Nicholas. Humagikhik pa siya dahilan kung bakit nawala ang titigan namin ni Riguel.

Bumaling muli si Riguel sa binabasang aklat. Sinipat ko naman si Nicholas na nakangisi lamang.

“Payag ka na na mag Tinago tayo?”

“Nicholas, I already told you I’m busy…” mariin kong sinabi.

Ngayon pa talaga aandar ang kakulitan ng hinayupak na ito? Sinenyasan ko na siya na umalis pero hindi niya yata nakuha.

“Talaga? Eh, wala na kayo ni Russel? May manliligaw ka bang plano mo nang sagutin bilang pamalit?”

Mas lalo lang tumalim ang tingin ko sa kanya. Hindi yata ito titigil. If I keep on rejecting Nicholas, he’d only pursue me so…

“We’ll talk later, please. Not now… I’m busy…”

Nagkibit siya ng balikat at unti-unting umalis.

Sinundan ko pa siya ng tingin para masiguradong nakaalis na nga siya. Nang nakaalis ay bumaling ako kay Riguel.

Now he looked pissed and annoyed.

“So what’s your type?” balik ko sa usapan.

“Why would I tell you?” tanong niya, nakatitig parin sa aklat.

“I just want to know,” humagikhik ako.

“You know what, why don’t you entertain your boys instead?” mariin niyang sinabi.

“Entertain my boys? I don’t have boys, Riguel. Wala akong boyfriend-”

“Are you so bored that you’re trying me right now, Lilienne?”

Binaba niya ulit ang aklat at hinarap ako. Kung kanina’y mukha lamang siyang tinatamad na kausap ako, ngayon galit at iritado na siya.

“I have plenty of hobbies I can do when I’m bored, Riguel. Don’t worry, this isn’t one of it…”

“Bakit hindi ka na lang sumama kay Nicholas Revamonte sa Tinago? Tutal ay may usapan kayo? Nang sa ganoon ay matigil ka na sa pagtatanong sa akin?”

“You heard me… I rejected him.”

“No you didn’t… You told him you’ll talk to him later. Why don’t you talk to him right now? Tss…”

Napangiti ako. Hindi ko alam kung bakit mas lalo lamang akong nahuhumaling sa kanya ngayon.

Noon pa man, I already imagined him as the man who’s always serious, mysterious, and a bit cold. Hindi nga talaga ako nagkamali. Ngunit imbes na maturn off ako ay kabaliktaran pa yata.

“I won’t talk to Nicholas. I’m busy… Why don’t you answer my question, then? What’s your type of girl?”

Umiling si Riguel. His jaw were tightly clenched. I licked my lower lip.

“Baka kasi may traits na nasakin, Riguel. You know, I like you…” matapang kong sinabi.

Pagkatapos kong pinakawalan ang mga katagang iyon ay ‘tsaka ko palang naramdaman ang labis na kaba. Damn it! Mabuti na lang at hinayaan ko ang bibig kong magsalita! Mabuti at hindi na muna ako nag-isip. Dahil paniguradong kung nag-isip pa ako, nanginig na ang labi ko nang sabihin ko iyon.

Tumitig siya sa akin. Umangat ang gilid ng kanyang labi at padabog na sinarado ang pinto.

“Now, I wouldn’t tell you, Lilienne…”

Tumayo siya. Sinundan ko siya ng tingin. He shook his left hand so his watch would turn into place. Kinuha niya ang aklat na binabasa at umambang aalis.

Nangalumbaba ako at ngumisi. Hindi ko talaga alam kung bakit tuwang-tuwa ako. Nababaliw na yata ako.

“Riguel! You’re unfair! I just want to know…”

Umalis siya at binalik sa bookshelves ang kanyang aklat. Hindi ko siya sinundan. Hinayaan ko siyang ilagay ang aklat doon at umalis.

Nang tuluyan na siyang umalis ay nagkibit na lang ako ng balikat. No significant development. I still don’t know what is his type of girl.

“Lili! Tara na!” ani Yeshua nang naabutan ako sa isang bench malapit sa gate ng school.

Hinawakan niya ang aking braso at tinuro ang aming sasakyan sa labas. Hinawi ko agad ang kanyang kamay.

“Mauna ka na… May gagawin pa ako…”

Tinagilid ni Yeshua ang kanyang ulo at nanliit ang mga mata niya.

“Gagabihin ka na naman? Tapos na ang eskwela! Kailangan na nating umuwi…” sabi ni Yeshua.

Umiling muli ako at inilag ang braso ko sa kanyang kamay. Tumingin siya sa paligid.

“Wala na si Suki. Umuwi na ba? Bakit ka pa mananatili rito, ha?”

“Basta, Yeshua! Huwag ka nang makulit! Mauna ka na nga! Sige na! Susunod din ako…”

Umigting ang panga ni Yeshua. Okay, I’ll take note. Next time, hindi ako rito mag-aabang kay Riguel. Sa isang tagong lugar ako mag-aabang para ‘di ako maabutan ni Yeshua.

“Patay ka sakin kapag alas sais ay ‘di ka pa nakakauwi. Subukan mo, Lilienne…” banta niya.

“Oo na! Uuwi ako bago lumubog ang araw!” Umirap ako.

“Huwag mong patayin ang cellphone mo. Ipapagrounded kita kay Mommy at Daddy kapag ‘di ka umuwi sa oras na gusto ko!”

Nanlaki ang mga mata ko nang namataan ko si Riguel kasama ang mga kaibigan niya. I need Yeshua to go now!

“Sige na! Sige na! Oo na! Uuwi rin ako! Umalis ka na!”

Tinulak ko si Yeshua palabas ng gate. Kumalabog ang dibdib ko lalo na nang ‘di parin siya maalis.

Iniwan ko siya sa gate at lumapit na lang sa mga kaibigan ni Riguel para maisipan na ni Yeshua na umalis.

Nang lingunin ko ulit ang gate ay nakita kong umandar na ang aming sasakyan at umalis. Thank God!

Now, my business…

Nilingon ko ulit si Riguel na nakikipagtawanan kay Mateo at Sebastian. Namataan niya agad ako at napawi ang kanyang tawa. Napalitan ito ng isang tiim-bagang na ngiti.

“Hello! Sasabay ako!” kaway ko nang nakalapit na sila sa akin.

Nalaglag ang panga ni Sebastian at napatingin siya kay Riguel. Tumawa si Mateo at tinapik ang balikat ni Riguel.

Nagpatuloy sila sa paglalakad at sumunod agad ako.

Nang nakalabas kami sa gate, buong akala ko ay sasakay na agad sila ng tricycle ngunit kumain pa sila ng siomai at uminom ng buko juice.

Nanatili akong nakatayo sa may waiting shed. Hindi naman ako gutom kaya ‘di ako kakain. Hinintay ko lang na matapos sila.

Ilang tricycle ang dadaan sana sa amin ang pinalagpas ko dahil sa paghihintay sa kanilang tatlo. Sumulyap si Riguel sa akin at hinayaan niya lamang akong maghintay.

Nang sa wakas ay natapos ang tatlo ay lumapit na ako para makasabay.

Isang tricycle ang lumapit at agad silang pumwesto sa loob. Tatlo lamang ang kasya. Si Riguel at Mateo sa loob, si Sebastian ang nasa likod ng driver.

Papasok sana ako sa loob ngunit napagtanto kong ‘di na ako kasya. Umatras ako at isang hilaw na ngiti na lamang ang pinakawalan.

“Wala na! Alis na kami…” anang driver.

Napalunok ako nang umalis na nga ang tricycle para iwan ako.

May ilang babae akong narinig na nagtawanan sa gilid. Sumulyap ako sa kanila at natigil ang tawanan nila. Yumuko ako at nagkunwari na lang na naghahanap ng isa pang tricycle.

Fuck.

What a stupid useless idea. Bakit nga ba hindi ko naisip iyon?

Hindi ko alam kung bakit ako nanlamig habang tinitingnan ang papalapit na mga tricycle. Parang may init na humawak sa aking puso habang pinapara ang isa. Para akong unti-unting nanlumo sa nangyari.

“L-La… Santa, po…” nanginig pa ang boses ko nang sinabi ko iyon.

“Sakay ka…” sabi ng driver.

Tumango ako at lumunok kahit hirap dahil sa nagbabara sa lalamunan.

Sumakay ako at nagulat nang may sumakay rin kasunod sa akin. Nilingon ko kung sino iyon at natigilan ako nang nakita ko si Riguel.

Inayos niya ang buhok niya habang nakatingin sa salamin sa harap namin. Hindi ako makapaniwalang nandito siya sa tabi ko.

“Riguel? Hindi nasa naunang tricycle ka?” tanong ko.

“Bumaba ako. Nakakaawa kang tingnan na mag-isa…” aniya.

Unti-unting namuo ang ngiti sa aking labi. But then the feelings within my heart didn’t change. It feels warm and cold at the same time. I don’t know why…

“Hindi mo na sana ginawa. Ayos lang naman ako na mag-isa…” sabi ko.

Hindi siya kumibo. Kumuha ulit siya ng pera at binigay na sa driver.

“Tatlo. La Santa, dulo… Tapos balik ulit sa amin. Dalawa sa akin, Manong…”

Kinagat ko ang labi ko. This man… is who I really want, alright!

“Huwag mo na akong hintayin sa susunod. Ginawa ko lang ito ngayon dahil naaawa ako sa’yo…” aniya.

Kabanata 4

*OceanofPDF.com*

Jealous

“Nabili mo na, Mommy?” tanong ko nang dumating si Mommy at Daddy sa bahay umagang-umaga.

Galing silang Maynila dahil may mga inasikaso para sa farm namin. Ang tanging naiwan lamang sa bahay ang tagapangalaga ng Kuwadra, si Nana Sela, si May, at kaming dalawa ni Yeshua. Ilang araw din sila roon kaya sinamantala ko iyon para magpabili kay Mommy nga mga bagong damit at siyempre, ang pinaka importante.

“Here…”

Nilapag ni mommy ang isang itim na paperbag. Agad ko itong kinuha. There’s a fluttering feeling in my stomach as I opened the bag.

“What’s that?” Yeshua asked.

Hindi ako sumagot. Inabala ko na ang sarili ko sa mga nakikita. Hindi ko alam alin ang uunahin ko. Kinuha ko ang gloss at lipstick.

“Make up?” ani Yeshua. “For what?”

Umirap na lamang ako. Itong kapatid ko, saan naman ilalagay ang make up? Obviously, sa mukha.

“Maglalagay ka niyan? Hindi ba ay bawal ‘yan sa school?” tanong ni Yeshua.

Nilapag ni Mommy sa isang upuan ng aming lamesa ang sangkaterbang paper bag na maaring may lamang damit at kung anu-ano. Si Daddy ay nagdidiskarga pa ng mga gamit kasama ang mga tauhan.

“Hindi ito bawal, Yeshua. Maraming naglalagay nito. Kahit siguro si Piper… Makikita mo…” sabi ko at tumayo na para umakyat sa kwarto. “Thanks, My!”

Nilapag ko sa tukador ang mga make up na dala ni Mommy. Hindi pa ako gaanong marunong pero maglalagay ako ng gloss at kaonting blush-on ngayon. Siguro naman ay babagay sa akin ang kulay pink.

“Lili, nasa sasakyan na si Yeshua. Aalis na raw kayo sabi ni Manong Luis,” si Mama.

Inayos ko ang lipgloss sa aking labi at sinuklay saglit ang buhok.

“Andyan na po!” sigaw ko.

Pagkatapos ng ginawa ko ay dumiretso na ako sa aming sasakyan. Naroon na si Yeshua sa likod. Nang nakita niya ako ay naningkit agad ang mga mata niya.

“Who gave you that idea now?” tanong niya.

“Yeshua, open your mind. Ang mga seniors ay naglalagay ng ganito…” sabi ko.

“Seniors sila. Ikaw, Grade 10 pa lang tayo, Lili,” iritado niyang sinabi.

“Ano naman ngayon? It’s just lip gloss and a little blush-on. What’s wrong with that, Yesh?” iritado ko ring tanong sa kanya.

“This is because you like someone from the higher grades. And you think you’d grow faster with that thing on!”

“Well, aside from that. It’s also for myself. I feel good wearing it. So it’s fine…”

“How can you say that? Ngayon ka pa lang naglagay niyan? Boys are crazy, Lili. Maganda ka na nga, mas lalo ka pang nagpapaganda! Mas marami ang magkakagusto sa’yo niyan, is that what you want?”

Lumapad ang ngisi ko at kiniliti si Yeshua.

“Uy! Maganda raw ako sabi mo!” Humagalpak ako sa tawa.

Iritado parin siya. Nakabusangot ang mukha at hinahawi ang kamay ko sa kanyang tagiliran.

“I’m serious, Lili! Stop making this a funny game!”

Ngumisi lamang ako at pinalampas ang lahat ng sinasabi niya.

Kaya naman ang resulta ay pagbaba namin sa sasakyan, busangot na rin siya sa campus. Galit ang mukha at ayaw lapitan ng mga kaklase dahil mukhang pangit ang gising ng kapatid ko.

I don’t get why boys think they can actually make us follow them. Men and women are equal. There are things only women can do. There are things that only men can do. Nobody’s perfect. Parehong sa mga babae at mga lalaki.

Dalawang beses akong nilingon ni Russel pagkarating ko sa classroom.

Maaga kami ni Yeshua ngayon kaya pagdating ay wala pang teacher. Umupo agad ako sa designated seat.

“May bago sa’yo, ah?” ani Suki sabay tingin ng mabuti sa aking mukha.

Tipid akong ngumiti at nagpacute sa kanya.

“Nagpabili ako ng make up kay Mommy. Sinuot ko ngayon…”

“Oh? Talaga?” Umupo si Suki sa tabing upuan kung saan dapat si Russel.

Nasa pintuan pa kasi siya at kausap pa ang kanyang bagong girlfriend.

Yayayain ko sana si Suki na maglagay ng pink lipstick kaso nang ipinakita ko sa kanya ang akin ay ngumiwi siya. She likes dark violet better.

Magaling siyang maglagay ng make up kaya kinausap niya ako kung paano ang tamang paglalagay. Nakinig na lamang ako roon.

Ilang sandali ang nakalipas ay mas lalo lamang umingay ang classroom. I checked my watch, it’s already past 7:45am and our teacher’s not yet here!

“Cutting na lang tayo!” anyaya ni Julio kay Leon.

Tumango si Leon. Tumayo siya at kinuha ang gamit. “Ano, Suki? Lilienne?”

Tatango na sana ako at magliligpit na rin ng gamit nang biglang nagsiupuan ang mga nasa harapan. Kasabay ng pagpasok ng iba ay ang pagpasok ni Riguel Alleje dala-dala ang isang papel.

Nahanap agad niya ako ngunit agad din siyang nag-iwas ng tingin.

“Si Riguel…” bulong-bulong ng ibang mga kaklase ko.

Hagikhikan at buntong-hininga ang mga narinig ko galing sa kanila. Other than that, wala na galing sa mga babae.

“Anong meron?” sigaw ni Russel na nasa likurang pintuan parin.

Well, in our section, you can’t expect boys to be tamed. Umupo si Leon at nanatili ang mga mata sa harap. Si Julio naman ay nakaharap kay Leon at hindi matigil-tigil sa pagyayaya.

“Tara, Leon!” ani Julio. “Lilienne…”

Umalis na nga kayo! Dito na ako! Kung si Riguel ang papasok ay ‘di ako aalis.

“Absent si Mrs. Divina dahil na ospital ang kanyang anak. May binilin siyang sasagutan n’yo bilang seatwork. This will be passed before 8:30 this morning and I am the in charge for this subject today.”

Buntong hininga at halinghingan ang narinig ko galing sa mga babae. Si Leon ay kumuha ng papel at mukhang susunod yata kay Riguel. Umiling si Julio at tumingin sa akin.

“Tara na!” anyaya niya.

Umiling ako at kumuha na rin ng papel.

Tumalikod si Riguel at nagsulat ng mga guide questions at kung saang pahina namin iyon makikita.

“Ano, Lilienne, susunod ka?” tanong ni Russel galing sa likod. “Tara na, cutting tayo…”

“Ang sino mang magcucutting ay ipapatawag ng DSA…” ani Riguel kahit nakatalikod.

Nilingon ko si Russel at inilingan ko siya. Kung si Riguel ba naman ang magiging proctore, aba’y gagawin ko ang lahat.

“Russel, ‘tsaka na. Maganda ang line up ng subject ngayon. Com Lab mamaya…” bulong ni Suki.

Nagsulat na ako ng pangalan sa aking papel. Ngumuso ako at tumingin sa blackboard at nakitang tapos na si Riguel.

Umupo siya sa inuupuan ng aming guro. Only that his legs are spread wide open and his stance is very manly.

Ngumiwi ako habang dinidiin ang ballpen sa papel. Naririnig ko ang mga side comments ni Russel sa tabi ko.

“Ayos na sana kanina. Dumating pa ‘tong panira na ‘to…” ani Russel sabay padabog na kuha ng papel.

Nilingon ko na lang siya.

“Shut up, Russel. Sumunod ka na lang…” bulong ko.

Kitang-kita ko ang galit sa kanyang mukha dahil sa sinabi ko.

“Aba’t susunod ka talaga, ‘no? Kasi-”

“Nag-aaway ba kayo riyan sa likod?” malamig na tanong ni Riguel sa harap.

Humalukipkip siya. His head tilted as he waited for our answer.

Umiling agad ako.

“Hindi, Riguel. May pinag-uusapan lang…”

Ngumiti ako. Tumitig siya sa akin. Malamig ang ekspresyon. Uminit ang pisngi ko at binaba ulit ang mukha sa aking papel.

“Tss…” ani Russel sabay bulong-bulong ulit ng kung ano.

“Russ, ang ingay mo…” sabi ng isang kaklase ko.

Nagtaas ng kamay si Leon. Napatingin kaming lahat sa kanya. Tumango si Riguel sa kanya.

“Kapag ba natapos nito, Riguel, pwede nang makaalis?” tanong ni Leon.

Tiningnan ni Riguel ang kanyang relo.

“Oo. Dumiretso na kayo sa sunod n’yong subject. Computer Lab, ‘di ba? Mas hahaba ang panahon n’yo sa computer kapag maaga kayong natapos dito. Walang gumagamit ng computer sa first period…”

“Yes!” sabay sabay na sinabi ng mga kaklase ko.

Kaya iyon ang dahilan kung bakit ganado ang lahat magsulat ng answers. Leon’s probably driven by something else. Siguro ay lihim na bubuntot na naman ito sa kanyang pinakamamahal.

Inayos ko ang mga sagot ko sa mga guide questions. Tingin ko kasi ay titingnan iyon ni Riguel kaya pinagbutihan ko. Grammar, spelling, laman, lahat ay inayos ko.

Nagmamadali ang ibang kaklase ko para sa Computer Lab. Ang iba naman ay nag eenjoy dahil si Riguel ang nasa harap. Wala kaya siyang pasok?

Madalas na hinihiram ng mga guro ang seniors para sa mga gawaing ganito. Naiisip ko tuloy kung may pasok ba siya o wala.

“Hindi ka pa ba tapos?” tanong ni Suki.

Kanina pa siya nagpass ng papel. Hindi pa ako tapos kaya bumalik pa siya.

Kanina pa natapos si Leon, Julio, at Russel kaya lumabas na agad sila. Halos lahat ng boys ay tapos na. Ang tanging natitira ay iilang girls na lang.

“Hindi pa…”

Nanliit ang mga mata ni Suki pagkatapos ay siniko niya ako.

“Binabagalan mo, ‘no?” tanong niya.

Sinipat ko agad siya. She gave me an idea!

“Mauna ka na sa lab. Susunod ako. Sayang ang oras mo rito sa paghihintay…”

Nagngising-aso si Suki at tumayo. Tinuro niya ako kaya inirapan ko na lang siya.

“Sige, friend. Susuportahan kita sa kung anong plano mo. Bye!”

Kinawayan ko siya at pinaalis na. Nanatili ako sa classroom. Tatlo na lang yata kami.

Sumulyap ako kay Riguel na ngayon ay pinaglalaruan ang kanyang ballpen. Binaba ko ang tingin ko sa aking papel at tinapos ang ginagawa.

Tumayo ako. Nakita ko ang pagtuwid niya sa pagkakaupo at tinungo ko na ang lamesa sa harap.

“I’m done…” sabi ko sabay bigay ng papel ko sa kanya.

Tiningnan niya iyon at nilagay sa mga papel ng mga kaklase ko. Hindi ako agad umalis. Nanatili ako sa kanyang harap.

Nag-angat siya ng tingin sa akin. Ngumiti agad ako.

“You don’t have class?” tanong ko.

“It’s our P.E.,” sagot niya.

“Oh? So ibig sabihin ay ‘di ka sumali sa P.E. class n’yo?”

“Nakiusap lang si Mrs. Divina sa P.E. teacher namin. Why are you asking?”

Umiling ako at pinigilan ang ngiti. Kumunot ang noo niya at napatingin sa aking labi.

“Anong oras ka uuwi mamaya?” tanong ko.

Huminga siya ng malalim at umiling.

“I told you to stop doing that…”

Ilang araw na kaming nagsasabay na umuwi simula noong hinintay ko siya. Madalas ay sinasadya ko na lang na lumabas ng gate sa oras ng labasan niya. O ‘di kaya’y umuwi kapag nakitang uuwi na siya.

“Why? I’ll pay this time. I’m sure nauubos na ang baon mo sa kakabayad sa pamasahe ko. I’ll just return the favor…”

“Tss… Lilienne, may kasabay ako mamaya sa pag-uwi.”

“Sino? Si Basty at Mateo? Lagi mo naman silang kasabay, ah?” sabi ko.

“No… I’m with my group. May gagawin kaming project mamaya…”

“Saan naman kayo pupunta?” Hindi makatakas ang kabiguan sa tono ng aking boses.

Okay. Hindi ko ito ipipilit dahil paniguradong wala akong laban diyan. It’s his studies. So I must go home alone later… or with Suki, at least.

“Sa bahay ng isa kong kaklase. Stop doing that… Go home with Suki or your brother.”

“Fine, Riguel. May gagawin ka ngayon. Next time, then…” sabay hawi ko sa aking buhok.

Nagpasa ng papel ang mga natira at tumayo na si Riguel. Pagkalabas niya ay lumabas na rin ako para makapunta ng Computer Laboratory.

Kahit na ganoon ang sinabi niya sa akin, hindi parin matanggal sa isip ko ang paghihintay sa kanya.

“Nasanay ka na!” ani Suki nang niyaya ko siyang mag-antay muna ng saglit.

Nasa labas kami ng classroom ng mga seniors. Tapos na ang klase nila pero batid kong may mga tao pa sa loob. Siguro ay nagkaroon pa ng meeting.

“Saglit lang ‘to, Suki. Titingnan ko lang. Tapos, uuwi na tayo…” sabi ko.

“Oo na! Sana kasi sumabay na lang tayo kay Yeshua! Nakatipid pa tayo. Isa pa, pinagsabihan ka na naman ni Riguel na busy siya ngayon, ‘di ba?”

Lumabas sina Riguel sa classroom. Kasama niya ang kanyang mga kaibigan. Siguro ay kagrupo niya ang mga ito.

Hinila ko agad si Suki para makapagtago kami sa isang puno. Tiningnan kong mabuti ang mga kaibigan niya.

Si Sebastian, Mateo, dalawa pang lalaki, dalawang babae, at iyong babaeng nagbigay sa kanya ng sulat noon.

“Iyan ang grupo niya?” tanong ko.

“Wow! Lilienne Altamirano, stalking someone! Bago ito, ha?”

“Shh!” sambit ko kay Suki at pinanood silang naglakad patungo sa labasan.

Nauna si Riguel. Ang babaeng nagbigay ng sulat ay nasa kanyang tabi. Sumunod lamang ang mga kagrupo niya. Nagtatawanan sila.

Hinigit ko agad si Suki upang sumunod kami sa kanila.

“Anong gagawin natin? Undercover?” Tumawa si Suki.

“Huwag ka ngang makulit, Suki! Act like it’s just nothing! That we don’t care!” sabi ko at sumunod agad kami sa kanila.

Tumingin-tingin lamang ako sa paligid. Agad akong nag open ng isang topic kay Suki para mas magmukhang natural.

“Ilang beses na kayang nabasted ni Freya si Leon, ‘no?” Tumawa ako.

Lumabas kaming gate. Naroon na sina Riguel at mukhang naghihintay ng tricycle. Lumaki ang mata ni Suki at nakisali sa sinasabi ko.

“Ewan ko ba. Siguro araw-araw siyang binabasted!”

Nagtawanan kami. Actually, mas OA pa sa dapat tawa namin para sa topic. Napatingin ang mga kaklase ni Riguel sa amin. At hindi ko na napigilan ang sarili ko’t tumingin na rin ako sa kanila. Nakita ako ni Riguel at umigting ang panga niya.

Pumara sila ng mga tricycle. Nag-iwas agad ako ng tingin. I did not stalk you, Riguel! Nagkataon lang ito kaya huwag kang feeling!

“Gusto mo ng siomai?” tanong ko kay Suki.

“Libre mo siyempre kasi dinamay mo ako rito…” bulong ni Suki.

“Oo na!”

Hinarap namin ang cart ng siomai. Sumulyap ako kay Riguel na papasok sa tricycle habang hinahawakan ang likod ng babaeng nagbigay sa kanya ng sulat.

Napalunok ako at napatingin sa siomai na binigay ng vendor sa akin. Sumulyap ulit ako sa tricycle na umalis.

Sinundan ko iyon ng tingin. Baka naman bumaba siya at balikan ako. Pero nakalayo na ito at hindi niya nagawa.

Halong lungkot at pait ang naramdaman ko sa aking sistema. Nilagyan ko ng toyo ang siomai na binili at isang subo lang ay nawalan agad ako ng

gana.

“Wala na sila?” tanong ni Suki. “Pagkatapos nating uminom ng buko juice, uwi na tayo! Useless pala ‘to!”

Tumango ako at pilit na lang na kumain.

Kumunot ang noo ni Suki. “Oh, tahimik ka?”

“Kilala mo ba iyong babaeng nagbigay sa kanya ng sulat? Hinawakan niya ang likod pagkasakay, e.”

Natigilan si Suki. Akala ko kung ano ngunit nang nagsimula siyang tumawa ay nairita lamang ako.

“Suki! I am serious!”

Tinuro ako ni Suki habang tumatawa siya.

“You are falling for him, aren’t you! Lilienne Ylena Altamirano is jealous! I cannot believe this!”

Umiling ako. Hindi makangiti sa pinagsasabi ni Suki.

Kung iisiping mabuti, wala pa nga pala talaga akong pinagselosang babae. Kung gusto ng boyfriend ko ang isang babae, hahayaan ko na siya at maghahanap ako ng iba. Boys are there to entertain me when I’m bored. Hindi ganito… Well, this is Riguel you are talking about.

Noon pa man ay crush ko na siya. Isang crush na alam kong ‘di ko maaabot dahil iba ang mundong ginagalawan namin. Parang inilalagay ko siya sa pedestal. Isang taong gustong-gusto ko na alam kong ‘di ko maaabot. Pero ngayong medyo nagkalapit ng bahagya ang mundo namin, parang ‘di na ako makuntento. Gusto ko pang mas magkalapit kami… and now I’m starting to develop all new feelings… feelings like this.

“I am not jealous! I just want to know why he’s so fond of that girl! Is it her make up! I’m wearing make up!”

Namilog ang mga mata ni Suki at napawi ang ngiti niya.

“I just want to know, Suki. Kilala mo ba ‘yon? Ang sabi niya ay wala siyang girlfriend. Kung ganoon, nililigawan niya ba ang babaeng iyon?”

Kinagat ni Suki ang kanyang labi. Tinapon ko ang natitirang siomai at nilingon muli ang nagdidilim nang kalsada kung saan nawala ang tricycle nina Riguel.

“We’ll research. I’m sure we’ll find out…” Suki assured me.

Kabanata 5

Kabanata 5

*OceanofPDF.com*

Care

“Isabella Thomas is a transferee. Half American. One of the top sa seniors. Lumaki sa Maynila ngunit ipinanganak sa California… She’s pursuing Riguel for a year now. Maraming nabibihag ngunit walang pinapatulan dahil si Riguel nga lang daw ang gusto niya…”

Naglalakad kami ni Suki patungo sa classrooms ng mga seniors. Pagkatapos ng ilang araw ay nakalap niya ang mga impormasyong ito.

Ilang araw din naming hinintay si Riguel pagkatapos ng kanyang klase ngunit naaabutan namin siyang kasama ang grupo. Kaya hindi ako nagkakaroon ng pagkakataon.

“Huh, you’re here again, Lilienne?” isang senior ang humarang sa amin ni Suki.

Taga ibang section siya. Umirap lamang ako sa ginawang pagharang ni Ruben. Isa siya sa mga kaibigan ni Leon sa mga seniors. He’s a soccer player and is also known for being hot tempered. Talaga naman. The birds with the same feathers, Leon and Ruben.

“Lagi ka na lang dito, ah? Usap-usapan na sa mga Grade 12 na may binibisita ka raw?”

Humalukipkip ako. Tumawa lamang si Suki sa sinabi ni Ruben.

“Ano naman iyon sa’yo, Ruben? Makikisali ka ba sa samahang pumipigil?”

Ngumiwi lamang si Ruben kay Suki at bumaling ulit sa akin. “Sus si Lilienne. Balita ko maraming manliligaw sa’yo. Si Nicholas, ‘di ba? At sinu-sino pa? Iyong nasa Grade 11 na rookie? Bakit ka naghahabol ng lalaki?”

Nagulat ako roon. Ganoon na ba talaga ka kalat ang nangyayari? Kung sabagay ay halos araw-araw kong inaantay si Riguel. Simula yata nang nasuspende ako ay mas lalo lamang akong nahumaling sa kanya.

“Alam mo, Ruben, sawa na ako sa mga lalaking easy,” mapaglaro kong sinabi sabay ngisi.

Humagalpak sa tawa si Ruben pagkatapos ay umiling sa akin.

“At sa kay Alleje pa. Maraming iba riyan, Lili. Iyong papantay naman sa antas ng pamilya n’yo. Riguel isn’t going to pay your bills in the future.”

Ako naman ang tumawa ngayon sa sinabi ni Ruben. Ganoon ba kababaw ang tingin ng mga tao rito?

Totoong hindi sa marangyang pamilya nanggaling si Riguel. Kumpara sa mga naging dati kong boyfriend na halos lahat haciendero at galing sa may ibubugang pamilya, si Riguel naman ang pinaka maayos na lalaki sa lahat.

“Bahala ka nga riyan, Ruben…”

Hinila ko na si Suki palayo roon. Hinayaan naman nila kaming makadaan sa kanila. Saktong paglingon ko sa pintuan ng classroom nina Riguel ay nakatayo na siya roon.

Nakatingin siya sa amin. Galit ang mukha habang pinapanood kami. Sa likod niya ay si Isabelle na unti-unting napapawi ang ngiti.

“Oopps…” pasimpleng sabi ni Suki.

Ayaw ko kasing nakikita kaming nagmamasid. Kaya imbes na sumilip ako sa classroom nila ay lalagpasan ko na lang iyon.

Ngumiti ako kay Riguel at dire diretso ang lakad ko. Ang mga kamay ko ay nasa likod habang tuwid na naglalakad. Hindi ko nilingon si Isabella Thomas. I don’t care if her height intimidates me. Hell, I don’t care that she’s there.

“Lilienne, anong ginagawa n’yo rito?” tawag ni Riguel nang lumagpas kami ng isang hakbang.

“Huh?”

Ilang saglit ko pang inisip kung hihinto ba ako sa paglalakad o ano. Huminto ako para harapin siya. My eyes went directly at Isabella. She's got some freckles on her cheeks but because of the make up, it lightened them.

Sinulyapan ni Riguel si Isabella. Tumango si Isabella sa kanya na para bang may lihim silang lengwahe at agad nitong naintindihan ang nais ni Riguel.

Bahagyang umatras si Isabella. Just enought to give us more privacy. Sumulyap si Riguel kay Suki. Titingin na sana ako sa kaibigan ko ngunit humakbang palapit si Riguel sa akin.

Hinagod niya ako ng tingin mula ulo hanggang paa. Humugot siya ng malalim na hininga bago binalik ang tingin sa aking mga mata.

"Stop roaming near the seniors. You're uniform is too short. And you're wearing make up." Tinagilid niya ang kanyang ulo. "You'll end up seducing them unintentionally…"

Ngumisi ako. "How did you know? Were you seduced, then?"

Umigting ang kanyang panga sa tanong ko. "Go back to your classroom. Your like a kid wearing make up…"

Para akong nauntog sa isang invisible na pader sa sinabi niya. Nilingon niya si Isabella at tinanguan. Pagkatapos ay sabay na silang lumabas ng classroom leaving me and Suki alone.

Ilang sandali pa bago ako nakabawi. Kung hindi ako kinalabit ni Suki ay siguro'y nanatili akong tulala.

Bumaling ako kina Riguel at Isabella na palabas na ngayon sa corridors.

"He's mean…" ani Suki.

Hindi ako sumagot. Nanatili ang mga mata ko kina Riguel hanggang sa nawala silang dalawa.

"Tara na nga, Lili… If he thinks you look like a kid, why would he even bother to mention the word seduce? Duh?" ani Suki sabay hila sa akin

palayo roon.

I admit it. His comment bothered me. Wala pa akong natatanggap na ganoong kumento galing sa kahit kanino man. Though it's understandable, alright. He's older than me… And based on Isabella, he likes mature women. Matatangkad at siguro'y matalino. Iyong tipong seryoso sa academics.

Buong hapon ang iginugol ko sa pag-iisip tungkol doon. Wala ang mga boys, nagcutting dahil maganda raw ang panahon. Hindi mainit kaya ayos tumambay sa likod ng gym. Hindi naman ako sumama dahilan kung bakit 'di rin sumama si Suki. Wala ako sa mood magcutting.

"Psst…" tawag ni Suki habang pinaglalaruan ko ang aking ballpen.

This is how Riguel plays with his ballpen. Ginagaya ko lang sa sobrang bored ko.

"Kukunin ako ni Daddy mamaya after school. Sabay ka na sa amin!" yaya ni Suki.

"Hindi na. Mauna ka na…"

Ngumiwi siya. Tingin ko'y alam niya na ang gagawin ko. Umirap ako para ipakitang ayos nga lang.

"Hindi ako mag-aantay kay Riguel. May gagawin pa ako. 'Tsaka baka 'di pa umuwi si Yeshua. Baka nasa library iyon. Pupuntahan ko…"

"Hmm… Sigurado ka ba? Baka palusot mo lang 'yan? Kita mo nga ang sinabi sa'yo kanina, 'di ba? Ta's ngayon baka hintayin mo parin?"

"Hindi nga. Hindi ako tanga, 'no!"

Para akong mabibilaukan sa huling sinabi ko.

I have never really been this interested with anyone before. I mean, I had crushes but those were short-lived. Madalas akong nadidiscourage kapag nagugustuhan ako ng lalaking gusto ko. Nadidiscourage din ako kapag may

nakitang kamalian. That's the reason why the relationships I had were also short-lived. And I think it's normal… it's fun, actually.

Kaya hindi ko maintindihan kung bakit ganito na lamang ang nararamdaman ko ngayon.

I had to trace it back to the days when I was suspended. I am crushing on Riguel, alright. And just like my other crushes before, hindi ako ganoon ka desperado. I was only waiting for him to do something wrong so my infatuation expires. But damn it didn't came. Dalawang buwan na yata ang lumipas.

Maybe because he didn't like me. Maybe if he likes me, I'd change my mind. Umiling ako.

Iyon ang isa pa. Ang kaibahan dito ay ang pag-alma ko sa pag-iisip na aayawan ko siya kapag magustuhan niya ako. That means he'd get hurt and I don't want him hurt. Crazy right?

Natawa ako sa pag-iisip. Kinalabit ako ni Suki sa pagtataka. Umiling lamang ako habang nakangisi.

Oh, Lilienne. He'll like you, really? Dream on!

"Naku, Lili! Sigurado ka ba riyan? Puntahan mo na ang kapatid mo sa library kung ganoon!" ani Suki.

"Oo na! Pupunta na ako. Sige na, umuwi ka na. Ingat!"

Kinawayan ko na lang si Suki para lubayan niya na ako. Tinahak ko ang patungong library, hindi para tingnan kung naroon si Yeshua kundi para tingnan kung naroon ba si Riguel.

I saw him with his group. Siniko siya ni Basty nang nakita ako. Kinawayan ko si Basty kaya nag-iwas siya ng tingin.

Bumaling si Riguel sa akin at pagkatapos ay inisnaban na lang ako. Nilingon niya si Isabella at ipinakita ang librong hawak.

Nagkibit ako ng balikat at wala sa sariling umupo sa isang lamesa na puno ng mga estudyante.

“Lilienne…” tawag ng isang pamilyar na boses.

Piper’s chinky eyes welcomed me. Napunta pala ako sa lamesa na puno ng girls galing sa first section.

“Uy!” sabi ko sabay ngiti.

Nilingon niya ang kanyang likod. Kung nasaan nakaupo sina Riguel sa malayo. Nang bumaling sa akin ay umiling siya.

“Nasaan si Yeshua?”

“Umuwi ng maaga…” sagot ni Piper sabay tingin ulit sa ginagawang papel.

“Oh? Sasabay sana ako sa kanyang umuwi ngayon kaso nakauwi na pala siya.”

“Asan si Suki? Sasabay ka ba talaga kay Yeshua o may iba kang kasabay?”

Nag-angat siya ng tingin sa akin. Ngumisi na lang ako. Ang mga tao talaga ngayon, alam na pala nila ang sagot, nagtatanong pa.

“Lilienne, usap-usapan na sa buong campus iyang ginagawa mo. Inaasar na nga si Yeshua dahil sa’yo. Tigilan mo na ‘yan at mukha namang may nililigawan nang iba si Riguel?”

Tinikom ko ang bibig ko. I didn’t see that coming. At galing pa sa kay Piper, ang pinakamamahal ng kapatid ko?

“Mukha lang naman, ‘di ba? Hindi pa ‘yan nililigawan. At bakit magpapaligaw pa kung gusto naman ni Isabella si Riguel? Ano? Laro?”

“Hindi lahat ng babae ay bibigay agad dahil lang sa gusto nila ang lalaki. Minsan ay mas mabuting magpakipot din, Lili,” ngumiti siya.

Nanliit naman ang mga mata ko. “Kaya ba ay ‘di mo pa sinasagot si Yeshua dahil nagpapakipot ka pa?”

“Bawal pa akong mag boyfriend. Kung sana lang ay tulad n’yo sina Mommy at Daddy ay baka…” Ngumiti siya.

I understand. We have different families. We have different beliefs. My mother and father gave us space because they believe that for us to grow better, we need to experience failures and successes on our own. Some parents are protective. Iyong tipong kung kayang agapan ang pagkakamali, aagapan.

And besides, I understand that they also don’t really look after me. There are more important things than my actions.

Ilang sandali akong umupo roon. Kumuha ng isang magazine at tiningnan lamang ang kanilang mga pictures. Pasulyap-sulyap ng konti.

“Tapos na kami. Gusto mo sabay na tayong umuwi, Lili?” yaya ni Piper sa akin.

“Hindi na, hindi na…” sabi ko habang nakatingin sa magazine.

Sa gilid ng aking mga mata ay kitang kita ko ang pananatili ng tingin ni Piper sa akin bago siya umalis kasama ang mga kaibigan.

Mag-isa na ako sa lamesa. Umuwi na rin ang ibang estudyante alas singko y media na at madilim na sa labas dahil sa hindi magandang panahon.

Nang tumayo na ang grupo ni Riguel ay nagdesisyon na akong ibalik na ang mga magazine na kinuha.

Nang lumabas sila ay sumunod naman ako palabas. Tingin ko’y uuwi na sila. Hindi pa ba tapos ang group work at bakit hanggang ngayon kasa-kasama parin nila si Isabella? O talagang totoo ang nasabi ni Piper sa akin?

Palapit sa gate ay nagpaalam si Basty at ang dalawa pang kaibigan. Sumakay sila sa tricycle.

Lumabas akong gate at tumingala. Madilim at mukhang uulan pa yata.

Umalis na ang nagtitinda ng siomai at ilan pang pagkain. Siguro ay dahil sa nagbabadyang ulan.

Dumating ang isang tricycle. Pinara ko ngunit mas pinansin ang grupo nina Riguel pagkat tatlo sila at nag-iisa ako.

Hinayaan ko iyon. Siguro naman ay may mapapadaang tricycle maya-maya.

Bumaling si Riguel sa akin. His dark eyes made me think that he's possibly annoyed with my presence. But how can he conclude that I'm stalking him? Paano kung nagkataon lang, 'di ba?

Oh God, Lilienne. What happened to your logic?

"Saan kayo?" tanong ng driver dahil ayaw magsalita ni Riguel.

Umupo sa likod ng driver si Mateo. Sinigawan pa niya ang dalawa.

"Dali na, Isabella! Uulan na!"

Tumingala ako at nakita nga ang malalaking patak ng ulan. Shit. Nga naman, oo. Pati ang langit ay ayaw nitong ginagawa ko!

Umatras ako para makasilong sa waiting shed.

"Riguel, let's go! It's raining!" sigaw ni Isabella.

Napatingin ako sa kanila. Sumakay si Isabella sa tricycle. Si Riguel din ay dahan-dahang sumakay doon.

Kinuha ko ang cellphone ko para magtext kay Daddy na magpapasundo na lang ako. Wala na kasing tricycle roon.

Itong mga driver, nahimigan lang ang ulan ay 'di na bumyahe! Dapat ay mas babyahe sila dahil maraming stranded, tulad ko!

Hindi nagtagal ay bumuhos ang ulan. Kinagat ko ang labi ko habang nagtatype ng mensahe para kay Daddy.

Ako:

Dad, stranded ako ngayon sa eskwelahan. Pasundo naman, oh. Wala kasing tricycle.

Tumingala ulit ako habang naririnig ang kulog. Dumidilim na dahil sa oras at sa maitim na mga ulap. May dumaang isang tricycle ngunit puno iyon. Over crowded pa nga. Nagtatawanan ang mga college students ng ACC dahil sa ginagawa nila.

Napangiti ako habang pinagmamasdan ang isang babaeng basang basa na.

Iniisip kong maglakad ngunit tingin ko'y useless iyon. Malayo ang amin. Malaki pa ang posibilidad na mahuli ako ng kidlat!

Tumunog ang cellphone ko. Mabilis kong sinagot iyon.

"Hello, Yesh?"

"Where the hell are you, Lilienne!" sigaw ang inabot ko galing sa kapatid.

"I'm just here… Stranded… Sa may waiting shed. I've been waiting for you to call but-"

"You didn't even text me! Damn it! Manong Luis!" sigaw ni Yeshua. "Kung hindi nalingunan ni Daddy ang kanyang cellphone ay 'di namin malalaman na stranded ka!"

"Oh, Yeshua. This is not the time for your sermon. Just come here and get me."

"And why are you stranded, by the way? Did you wait for Riguel again? Ito ang inani mo sa pagsisikap mo, Lilienne."

"Just come here and pick me up, brother!"

Tumawa ako at pinatay na ang cellphone. By that time, everything’s dark. Poste lamang galing sa gate ng paaralan ang ilaw ko. Malamig na rin kaya niyakap ko na lang ang sarili ko.

Siguro ay nakauwi na si Riguel ngayon. Taga saan kaya si Isabella? Taga La Santa rin kaya iyon?

Umilaw ang aming sasakyan. Para akong nabunutan ng tinik nang nakita iyon. Hindi pa nakakapagpark ng maayos ay lumabas na si Yeshua. May payong siyang dala.

“Ano na naman ba ang ginawa mo?” sigaw niya sa akin.

Kumapit agad ako sa kanyang braso.

“Let’s just go! Nevermind that!”

Hinila ko siya patungo sa aming sasakyan. Pinagbuksan niya ako pero iilang mura ang pinakawalan niya.

“Paano kung ‘di ako dumating? Lilienne, this is all for your stupid attraction towards Riguel!? And did he see you waiting for him, huh?”

Kumuha ako ng tissue at pinunasan ang kaonting tubig ulan sa aking braso. Ganoon din ang ginawa ko para sa kapatid ko. Kaya lang ay galit na galit siya.

“He saw you, right? And he didn’t even bother? He didn’t even think about you while you were waiting! Na uulan at masstranded ka dahil walang tricycle na lulusob sa ulan para lang sa baryang pamasahe?!”

Bumaling ako sa likod ni Manong Luis. Nagdadrive na siya pauwi sa amin. Parang ayaw kong marinig si Yeshua.

“He saw you but he didn’t ask you to go with him. Simply because he doesn’t care! Why is it so hard for you to take the hint! It’s right in your face, Lili! Don’t be stupid!”

Fuck.

Kabanata 6

*OceanofPDF.com*

Important

Nagising ako sa isang malakas na tunog ng mga kubyertos at mga platong nabasag. Kinusot ko ang mga mata ko at bumangon.

“Mom?” sigaw ko ng wala sa sarili.

Nilingon ko ang orasan at nakitang madaling araw pa lang. Umalis ako sa kama para matingnan kung anong nangyayari sa labas.

Sa pintuan ng kwarto ni Yeshua ay naroon sina Mommy at Daddy kasama ang dalawang kasambahay. Kumunot ang noo ko.

“Anong nangyayari, Mom?” tanong ko.

“Si Yeshua nilalagnat. Ayaw kumain. Natabig niya iyong tray kaya nabasag ang mga plato…” kalmadong sambit ni Mommy.

Tumango ako at pumasok sa kwarto ng aking kapatid. Tulog pa si Yeshua at gulong-gulo ang buhok. But you can see it in his face that he’s angry.

Pinupulot ng aming mga kasambahay ang mga bubog sa sahig. Umalis si Mommy para kumuha ng isa pang set ng pagkain at sumunod naman si Daddy sa kanya.

Umupo ako sa gilid ng kama ni Yeshua. I tried to put my hand on his forehead to see if he really has a fever.

Sobrang init ng kanyang noo. Halos mapaso ako! Nanlaki ang mga mata ko.

Hinawi ni Yeshua ang aking kamay at dumilat.

“Get out of here…” masungit niyang sambit.

Tumawa ako. “Ang bilis mo naman yatang lagnatin. Naulanan ka ba kagabi?”

“Tss…” Pumikit ulit siya.

“Manang, akin na po ang tubig,” sambit ko sa aming kasambahay.

Binigay nila sa akin ang isang baso ng tubig. Hinaplos ko ang pisngi ni Yeshua at dinala ang tubig malapit sa kanya para sana painumin siya kahit paano.

“Yesh…”

“I said get out of here, Lilienne! And stop chasing for that guy again! Look at what happened now!?” sigaw ni Yeshua sabay tabig sa tubig na dala ko.

Kamuntikan ko nang nabitiwan ang baso ngunit natapon ng konti ang tubig. Nilapag ko agad iyon sa side table at napatayo ako dahil nabasa ako ng tubig.

Tinalikuran kami ni Yeshua at nanatiling natulog. Humugot ako ng malalim na hininga at pinagmasdan siya.

“I’m sorry. I know it’s my fault.”

Kumalabog ang aking dibdib. Isang ideya ang pumasok sa utak ko ngunit agad ko iyong tinulak palayo.

“Para maging maayos ka na, uminom ka ng tubig at kumain. Hindi muna tayo mag-aaral ngayon.”

Dalawang araw tumagal ang lagnat ni Yeshua kaya dalawang araw din akong ‘di pumasok. Tinext ko na lang si Suki tungkol doon at pati si Piper na nag-aalala sa kapatid ko.

Suki:

Pumunta rito si Riguel kanina. Wala na naman kasi si Mrs. Divina kaya siya ang naghandle ng klase. Nagcheck ng attendance.

Ako:

Ganoon ba? Sayang at wala ako…

Tinapon ko ang cellphone ko at nagpatuloy sa panonood ng cartoons sa TV. Si Yeshua ay mabuti-buti na ang pakiramdam ngunit nanatili sa kwarto dahil sa mga assignments.

Walang pasok bukas dahil weekend kaya four straight days ang naging bakasyon ko dahil sa lagnat ni Yeshua. Magpapatingin sana sila sa doktor ngayon but my twin refused. He's okay now.

Suki:

Ayos na ba si Yeshua? Hindi ko naman sinabi kay Riguel kung bakit ka absent, 'di rin naman kasi siya nagtanong kung anong nangyari sa'yo. Sungit niya.

Ako:

Ayos na si Yesh. I'm kind of guilty… naulanan kasi siya noong sinundo niya ako sa waiting shed last Wednesday kaya siya nilagnat. Kaya rin nag-absent na lang din ako.

Mabuti naman at noong nag-Sabado ay maayos na talaga ang kapatid ko. Nagbisikleta kami sa buong flower plantation namin at parang walang nangyaring sakit kung makaasta si Yeshua.

"Did you ask Suki if you have homeworks?" tanong ni Yeshua.

Umiling ako. "Magtatanong ako mamaya."

"Tanungin mo. Ilang araw ka ring absent kaya paniguradong behind ka na tulad ko."

Ngumiti ako at umupo sa mga upuan namin sa garden. Tanaw rito ang buong plantation namin. Sa malayong kanan ay tanaw ang Tereles Peak at sa tapat naman ay ang mga talampas ng susunod na barangay.

Nakaangat ng bahagya ang lupain ng bahay namin. Mistulang maliit na burol na nilandscape ng maayos at ginawang flat ang tuktok para matayuan

ng bahay namin.

Home is just so relaxing. Wala na akong hihingin pa rito. Hindi ko kayang isipin na darating ang araw na iiwan ko ito para magaral ko ‘di kaya’y magtrabaho. It’s terrifying. I want to be always here.

Nang nagLunes ay pumasok na kami ni Yeshua. Sinalubong agad ako ng tropa.

“Where have you been?” tanong ni Julio sa akin.

“Hindi ba nasabi ni Suki? Nagkasakit si Yeshua kaya ‘di ako pumasok.”

“Ang saya-saya namin sa Tinago! Nagcutting kami hapon noong Biyernes!” ani Julio.

Nakinig ako sa usapan nila. Inggit na inggit ako dahil sa saya ng pagpunta nila sa Tinago. Talagang niyaya ko silang pumunta ulit kami roon ngunit ‘di ko naman malaman kung kailan gayong medyo ayaw kong mag cutting muna.

Mabilis na nagsettle down ang mga kaklase namin nang may pumasok na pamilyar na mukha. Riguel went directly to the teacher’s table. May hawak siyang isang pirasong papel at sumulyap siya sa aking mga kaklase.

Bumalik sa kani-kanilang upuan sina Julio, Suki, Russel, at Leon. Ako’y nasa upuan ko na kaya napatingin lamang ako kay Riguel.

“Wala parin si Mrs. Divina?” tanong kong dapat para kay Suki lang ngunit dinig ng lahat.

Suminghap si Riguel at bumaling sa akin.

“I’m here to check your attendance. Mrs. Divina will be late for thirty minutes. I’ll check your attendance and give you a seatwork.”

Tinawag isa-isa ni Riguel ang mga kaklase kong lalaki. Sa babae ay ako ang nauuna.

“Altamirano…” sambit niya.

May narinig akong iilang sipol at tawanan. Sinapat ko ang mga kaklase ko. Gusto kong magalit sa panunukso nila ngunit hindi ko magawang magalit ng lubusan. A smile would always escape.

“Present!” sabi ko.

Nagkatinginan kaming dalawa. Hindi niya agad tinawag ang susunod na estudyante kaya natahimik ang lahat.

Isang beses na kumunot ang noo ko bago ko binalik ang tingin sa aking papel. I can’t help but smile.

Nang nagpatuloy siya sa pagtawag ng pangalan ay nanatili na ang mga mata ko sa aking papel.

He gave us a seatwork. Ngunit hindi siya nagtagal. Pagkatapos magsulat sa blackboard ay umalis na rin siya. At si Mrs. Divina na ang pumalit.

“Ano na naman?” tanong ni Suki nang imbes na dumiretso kami sa canteen ay hinila ko siya sa bandang seniors.

“Dadaan lang naman tayo!” sabi ko sabay hagikhik.

Umirap siya at nagmartsa na patungo sa corridors ng mga seniors. Tunay ngang dumaan lang kami. I kind of miss him. Ilang araw ko rin siyang ‘di nakita at kanina’y ilang sandali ko lang siya nasilayan.

Nang naghapon ay naging abala kami sa group work. Iyon ang dahilan kung bakit nahiwalay ako kay Suki. Hindi kasi kami magkapareho ng group. Nasama pa ako sa mga matatalino sa aming classroom kaya mas matagal kaming natapos. Gusto kasi nila maayos ang lahat.

Binuksan ko ang cellphone ko para maitext si Suki.

Ako:

Nasaan ka? Tapos na kami.

Sumulyap ako sa corridors ng seniors at iniisip na dahil sa nangyari kay Yeshua, bahagyang nagbago ang isip ko sa pag-aantay kay Riguel. Yes, I still like him. But I didn't want that one to happen again.

Suki:

Kanina pa kami tapos 'no! Nakauwi na ako. Akala ko matagal pa kayo. Sumabay ka kay Yeshua…

Nasa gate na ako noon. Luminga-linga ako para hanapin ang sasakyan namin. Kinalabit ko ang iilang kaklase ko na nasa may saguhan.

"Nakita n'yo ba ang sasakyan namin?" I asked.

"Si Yeshua at Piper sumakay doon kanina. Umalis na…" sagot naman ng kaklase ko.

Bumagsak ang balikat ko sa balita. Sa bagay… he probably missed her so they went on a date. At ako ngayon ang walang sundo.

But then again… I can always ride the tricycle.

Pumara ako ng isa.

"La Santa…" sabi ko.

Tumango ang driver kaya pumasok na ako. Nilapag ko ang shoulder bag ko sa aking lap at napatingin sa pumasok. Isang pamilyar na bango ang naamoy ko.

Parang natigil ang mundo ko nang nakita si Riguel sa tabi ko. Inayos niya ang kanyang buhok habang nakatingin sa salamin.

May sumakay na isang estudyante sa likod ng driver kaya tumulak na iyon. I was so stunned that I couldn't speak.

Why is he here? Sinadya ba niya ito?

Oh my God, Lilienne. Uuwi lang iyong tao, kung anu-ano na ang iniisip mo?

Bumaling siya sa akin. Nakataas ang kilay.

“You… you don’t have a group work?” tanong ko.

“Our group work is done.”

“Oh!” Tumango ako ng marahan.

That means I can actually wait for him now, right? But I won’t do that anymore. Ayaw kong makaabala ng tao.

“You were absent for two days because…?”

“Uh… Nagkasakit si Yeshua. Tumulong ako sa pag-aalaga.”

Tumango siya at bumaling sa kalsada. Nagbigay siya ng pamasahe sa driver. That usual amount when he’s with me.

“Uy, huwag na! Sagot ko na ‘to…” sabi ko.

Hindi siya sumagot. Hindi niya naman tinanggap ang pera ko. Binaba ko na lang ang kamay ko at binalik ang pera sa wallet.

Sumulyap ako sa kanya. His eyes were serious as we passed by the fields of Alegria.

“Si Yeshua lang ang nagkasakit? Hindi ka nilagnat?” tanong niyang bigla.

Umiling ako at ngumisi. “You are so concerned…”

He clenched his jaw but I can see him suppressing a smile.

“Don’t wait for me next time anymore…” aniya.

Napawi ang ngiti ko sa sinabi niya. Marami akong naisip at hindi ko alam kung bakit iniisip ko pa lang ay naninikip na ang dibdib ko. This has to be

ridiculous. How could I literally feel the pain in my heart. I didn't know that heartbreak is quite literal. I thought it's all just a word.

"Oh?" Sinubukan kong matawa para maibsan ang tensyon. "Why? Are you going to meet someone else after school?"

Hindi siya sumagot. Tumikhim ako. I can't believe I feel so awkward right now. Hindi pa ito kailanman nangyari sa akin.

"It's okay. Pagkatapos noong nagsakit si Yeshua, hindi na ulit ako magpapagabi. I felt so guilty, you know. I didn't think about the people who cared for me. He was so worried…"

Bumaling siya sa akin. Hindi ko mabasa ang kanyang ekspresyon. Nakitaan ko siya ng galit ngunit agad iyong nawala at napalitan ng indifference.

"It just doesn't seem right. Just don't wait for me," aniya.

Ayaw ko na sanang magsalita pero hindi ko mapigilan. Pakiramdam ko ay may mga bagay na kailangan sunggaban na. Mga opportunidad na minsan lang dumadaan kaya kailangan sakyan.

"You have a girlfriend now? Isabella Thomas?" tanong ko.

Even if he already has a girlfriend, my feelings won't change. Iniisip kong gugustuhin ko parin siya kahit na may iba siya. Only that, I wouldn't pursue him. I would stop pursuing him because that's how it should be. There's a far greater feeling than love, it's respect…

"Nope…"

Para akong nabunutan ng tinik sa sinabi niya. Ayaw kong bumuga ng hininga ngunit iyon talaga ang nagawa ko. Nilingon niya ako at nag-angat ang gilid ng kanyang labi. Yumuko ako at ngumisi. Pagkatapos ay umiling. Dammit! I was ready for a heartbreak. In fact, my heart is slowly breaking already. And now that he said it… I realized it broke for nothing!

"Pero nililigawan mo?" tanong ko.

“Hindi…” sagot niya.

Shit. Shit. Hindi matanggal ang ngiti ko.

But then is he gay? He’s so damn good looking. Bakit wala siyang nililigawan? O may ibang babaeng palihim niyang nililigawan?

“Hindi o hindi pa?” tanong ko.

“Hindi,” sagot niya.

“Ah! What a waste. Someone as handsome as you should have a girlfriend.”

“We have different principles in life. That’s yours. Mine isn’t like that…”

“O baka naman… ‘di mo ginigirlfriend? Friends with benefits?” I playfully asked.

“What kind of benefit are you talking about?” his smile is devilish.

Halos tumindig ang balahibo sa aking batok. Naisip ko iyong move niya kay Isabella Thomas.

“Like… You’re her friend but tsumatsansing ka?”

Humagalpak siya sa tawa. Hindi siya nakapagsalita.

“Or maybe… you kiss and make out sometimes… with no label. Just friends…”

“Do you assume that most people are like you, Lilienne?”

Ngumuso ako sa sinabi niya.

Napaisip ako roon. Does he think that my kisses are cheap? That I give it to people who didn’t even touch my heart… Mababa ba ang tingin niya sa akin dahil kung sinu-sino na lang ang naging boyfriend ko noon. And I let them touch me without thinking if it is right?

“Yes. Most people. But maybe the other five percent isn’t. So you tell me that you’re part of that five percent? Eh nakita nga kitang tsinansingan si Isabella Thomas, e.”

“Is chivalry so rare these days that you think nanghihipo ako sa kanya?”

Nagtiim bagang ako sa sinabi niya. Chivalry, huh?

Hindi na rin siya nagsalita. Nanatili ang mga mata namin sa daanan. Bahay na namin. At gusto kong magmura. Gusto kong ipanalangin na sana’y isang oras ang byahe sa bahay namin.

Tumigil ang tricycle sa harap ng bahay namin. Lumabas siya at sumunod naman ako. Tumingala ako sa kanya. Hanggang balikat niya lang ako.

“If you’re my boyfriend, that chivalry you’re talking about should only be mine. You can’t be a chevalier of every girl in town, Riguel. Ang sakin ay sakin lamang…”

Kitang kita ko ang gulat sa kanyang mga mata. Ngumiti ako.

“But you’re not my boyfriend. So… you’re free…”

Bahagya siyang tumawa sa sinabi ko.

“If you were my girlfriend, your kisses should only be mine, too. But you’re not my girlfriend.”

Ngumisi ako. Kumalabog ang puso kong kani-kanina lang ay sawi.

“E ‘di manligaw ka…” hamon ko.

Ni hindi ko alam kung gusto niya ba ako. Umangat ang gilid ng kanyang labi.

“There are far more important things in life than these, Lilienne.”

I think I fell a little more for him. Pumikit ako ng marahan.

He subtly rejected me but then my heart is still falling for him more. I can’t believe it. It’s just so rare to find a guy with principles as solid as his.

“I know…” I smiled.

Simula noon ay tumigil muna ako sa hobby kong mag antay sa kanya. But then my usual route didn’t change. I would always try to see him in his classroom. Minsan, nalalaman niya at nagkikita kami. Madalas, hindi.

Pati sa pag-uwi, minsan nagsasabay kami. Minsan naman, hindi. At kapag wala siya, hindi ko siya hinahanap. Somehow, our last conversation made me think that he just won’t fall for someone easily. His priority isn’t this one.

“Busy’ng busy ang mga seniors, ‘no? Syempre, graduation. Pagkatapos, may prom pa sila!” sabi ni Suki sa akin habang pinagmamasdan namin ang seniors at juniors na kumakanta para sa community singing nila.

“Hoy, Leon… Ano na naman ‘yan?” tanong ko nang nakita si Leon na text nang text. Wala na naman sa sarili.

Kumunot ang noo niya at umiling sa akin.

“Anong naiisip mo sa prom? Mang gate crash kaya tayo?” Humilig ako sa likod ni Leon at humalukipkip.

“Ano namang gagawin ko sa prom?” tanong ni Leon.

“E ‘di sayawin natin si Nicole!” sabay tawa ni Julio.

May crush sila nina Julio at Russel sa grade 10.

“Baka makascore ako!” ani Julio.

“Oh? Leon?” Tumuwid ako sa pagkakatayo at bumaling sa kanya.

“Ayoko nga. Baka isipin ng mga tao gusto ko si Nicole.”

Really? Don’t give me that shit.

“Baka isipin niya. Ay naku! ‘Di maasahan ‘tong si Leon ngayon! Tulungan na lang nga tayo, Julio!” sabi ko.

“Alam ko na! Mag se-serve kaya ako?” ani Suki. “Susubukan ko kung papayag ang teachers na sumali ako sa mga tutulong sa decoration para sa prom. At kapag nasali ako, sasabihin kong babantayan ko ang backdrop. Pag nangyari iyon, ako na ang tutubos sa inyo kapag nasa entrance na kayo.”

“Hindi ba iyon masyadong halata? Kilala kayong mga bulakbol,” si Leon.

“Wow! Ha! Hindi ka kasali? Kami lang? Tayo. Pero dahil ‘di ka sasama sa amin…” nagkibit balikat ako.

“Sige… Magplano tayo…”

Ngumisi ako at tumango. It’s their last prom. It’s Riguel’s last prom. Pagkatapos ay kolehiyo na siya. Hindi ko alam kung saan siya mag-aaral ngunit nakalagay sa bulletin board niya ang pangalan.

He got the highest percent on the entrance exam. At nakita kong pinili niya ang cursong Accountancy doon. That means there’s a big chance that he’ll be studying at ACC.

We’ll see each other but not as often as now. I’m gonna miss him. So I might as well do something remarkable!

Kabanata 7

Kabanata 7

OceanofPDF.com

Death Wish

“Thanks, Mommy!”

Gustong gusto kong pigain si Mommy sa yakap dahil sa pagbili niya sa akin ng dress galing sa Maynila. May susuotin na ako para sa prom nina Riguel! Kahit ‘di naman ako kasali.

“Ano na naman ‘yan?” masungit na tanong ni Yeshua nang nakita ang paperbag.

Umirap na lamang ako. “Damit…”

Better not inform him about it. He’ll surely disagree.

Hindi papasok si Suki. Magiging look out lamang siya sa labas para matulungan kami. Papasok si Russel at si Julio tapos ako. Si Suki ang magmi-make up sa akin. Pumayag naman si Mommy sa gagawin ko kaya hindi na naging problema.

“Light make up lang, ha? Huwag mong itulad sa’yo na makapal ang eye liner,” sambit ko habang inaayos ni Suki ang aking kilay.

“Alam mo, Lilienne. Malambot ang features ng mukha mo. Konting highlight lang titingkad lalo ang kagandahan mo. Pagsobrahan natin naku, ‘di ka na makikilala sa sobrang ganda!”

“Sus! Binobola mo pa ako. Sige na!”

My dress is color red. Makinang ang puti kong balat kapag sinusuot ito. Lalo na kapag may pares na itim na heels.

Simple lang ang lahat ng iyon. Kaya kabado ako dahil madalas na pumupunta sa prom ay iyong mga gown ang suot. Itong akin ay hindi. Hanggang tuhod lang iyon kaya baka mamaya ay madali akong maispatan.

“Anong gagawin mo roon. Tapos na ba kayo sa decoration?” tanong ko habang nakapikit dahil sa eye shadow.

“Oo. Tapos na. Pupunta lang ako ngayon doon at sasabihin ko naiwan ko iyong gamit ko sa may bandang speakers. Tapos papasok tayo…”

Sinabi niya sa akin ang plano. Sasakyan ni Russel ang gagamitin namin. Isasama niya ang kanyang recent girlfriend. Pupunta sila roon para makisayaw lang. Si Julio ang sasayaw kay Nicole at ang sadya ko naman ay si Riguel.

Inunat ni Suki ang aking buhok. Sa baba ay kinulot niya iyon kaya mas lalong nadepina ang istilo ng buhok ko.

Hindi ko halos makilala ang aking sarili sa salamin. With the nude lipstick and brown eye shadow, I look amazing. Paulit-ulit kong tiningnan ang sarili ko. I can’t get enough of it. Gusto kong yakapin ng sobrang higpit si Suki sa ginawa niya sa akin.

Ilang saglit ang nakalipas ay dumating na sina Russel, ang kanyang girlfriend, at si Julio. Sumama na kami sa kanila.

Paulit-ulit nilang sinaulo ang plano.

“Ganito. Magmimiss call ako kapag nahuli tayo. Text text lang tayo kung may importanteng sasabihin kaya huwag n’yong kaligtaan ang phone,” ani Suki.

“Alam n’yo ba ang mangyayari kapag nahuli tayo?” natatawang tanong ni Mari, ang girlfriend ni Russel na nasa front seat.

“Hindi. Pero paniguradong tatawagin ang atensyon natin…”

Kumalabog ang dibdib ko sa excitement at kaba. I can’t believe we are doing this. Makasayaw ko lang si Riguel ay pwede na akong umalis. Iyon lang talaga!

Ang alam namin ay magkakaroon pa ng programme. Pagkatapos ng programme ay ang kainan. Iyon ang dahilan kung bakit alas syete na nang

umalis kami kina Suki para sa byahe ay siguro’y kumakain na.

Pumasok kami sa gate. Hindi ko na tiningnan ang guard para hindi niya kami pagdudahan.

Nang nakapasok na kami sa school ay narinig na agad namin ang ingay galing sa covered court.

The whole court is covered with black curtains. At kita namin ang disco lights na nakasabit sa mga bakal sa taas ng court.

Kumakain pa ang mga estudyante. Kaya pinili naming magtago muna sa dilim upang mag-antay.

Kulang tatlumpong minuto kaming nag-antay at nilamok sa labas. May mga seniors na labas pasok. Siguro ay nag C-CR. Napatayo kami nang narinig ang Master of Ceremonies.

“Are you ready for som dancing!?”

“There!” sabi ko.

“Let’s wait till the lights dim…” ani Julio.

Sumang-ayon ako sa sinabi niya. Ilang saglit na katahimikan habang pinagmamasdan namin ang covered court. At nang nagsimula na ang maiingay na music at nag dim na ang lights ay ‘tsaka kami kumilos.

Inulit ni Suki ang plano. Panay ang tango ko. Tahimik ang lahat.

Naghanap kami ng mga seniors o juniors na papasok galing sa CR. Sumunod kami sa kanila at nag-uusap usap ng normal para ‘di mahalata.

Nauna si Suki sa loob upang kausapin ang guard na may kukunin siya sa loob. Pinapasok naman siya agad.

Mabilis akong naglakad leaving the other three. Nakihalo ako sa mga juniors na nakita at agad pinapasok kasama nila.

Nang nakapasok ako ay bumuntong hininga ako. Sinenyasan ako ni Suki na dumiretso na sa loob. Samantalang kinausap niya ang guard na isasama niya ang tatlo dahil may kukunin silang mabigat.

Kung saan-saan ako napadpad. Umilag ako sa mga teachers. May iilang seniors na nakikilala ako kaya umilag din ako sa kanila.

Hinanap ko si Riguel. Dahil sa dilim ay hindi ko agad nahanap.

Nagsasayawan ang mga tao. Sa gitna ng sayawan nila ay sumuot ako para mahanap ang kahit kaklase man lang ni Riguel.

Nahanap ko si Isabella. She's dancing with other girls. Paniguradong nandito lang si Riguel sa paligid!

Inikot ko ulit ang dancefloor. May ibang sumasayaw pa sa akin ngunit 'di ko pinapansin.

"Huy! 'Di ba si Lilienne Altamirano 'yon?" may narinig akong lalaking nagsabi noon.

Ngunit natabunan ang tinig niya sa ingay ng beat drop. Nagtatalunan ang mga tao. Ako lang yata ang hindi dahil sa paghahanap ng kung sino.

Sumakit na ang paa ko sa kakahanap kay Riguel sa dancefloor. Pumunta ako sa mga lamesa para tingnan at baka 'di siya sumayaw. Ngunit kapag nakalapit naman ako roon ay mas makikita ako ng mga teachers.

Kaya nanatili ako sa dancefloor habang inisa-isa ang mga lamesa. May iilang mga seniors na sumasayaw sa likod ko. The party is so wild. Everyone's dancing and the music is cool.

Ang kaninang masikip na mga tao sa likod ko ay medyo lumuwang. I wonder if they all were too busy dancing now.

Nilingon ko ang likod ko at isang itim na coat and tie ang sumalubong sa akin. I traced the man's chest and I found Riguel's eyes.

Nakadungaw siya sa akin. Nakakunot ang noo at nakanguso ang mapupulang labi.

Isang kantang maingay ang nagsisimula. Kasabay ng mga nota ang pagkalabog ng puso ko.

“I got a death wish

*OceanofPDF.com*

Her looks can kill

She’s got a red dress

Lipstick and heels…”

Lumapad ang ngisi ko. Nalunod kami sa mga taong nagsasayaw din.

“Hi!” I said.

“Why are you here?” he asked in a serious tone.

Nagkibit ako ng balikat at nanatili ang ngiti.

“Got a death wish baby, baby

Don’t want you to save me, save me…”

Hinagod niya ako ng tingin mula ulo hanggang paa. Nagtatanong ang mga mata niya noong una ngunit kalaunan ay pumungay din ito.

“Are you going to tell the teachers? I was just checking what prom is like…” sabi ko.

“Can’t you wait for your own prom?” tanong niya at humakbang palapit sa akin.

Napaawang ang bibig ko para sa isang salitang ‘di ko nasabi. Gusto kong umatras. I’ve been crushing him, alright. But I really never thought that this would feel this intense when it comes to it!

“It’s still next year…” sabi ko. “Gagraduate ka na…”

Tiningala ko siya. I tried so hard not to be intimidated but I’m miserably failing.

His dark expression, deep set eyes, strong jaw, narrow nose and red lips are so illegal. Pakiramdam ko ay pinapamulahan ako habang tinititigan niya.

His stare is just so intense.

“You really are so stubborn, Baby Lilienne…”

Kumunot ang noo ko at mas lalong nag-init ang pisngi ko. “Ang ayaw ko sa lahat ay iyong tinuturing mo akong bata. I’m not a kid anymore, Riguel…”

“And is it because you can now wear make up, a revealing dress, and heels?”

Naglaro ang ngiti sa kanyang mga labi. I just didn’t find it funny. It’s not funny! I want him to take me seriously!

Naalala ko tuloy ang sinabi niya. I’m like a kid wearing make up!

Ayaw kong marinig ang mga susunod niyang sasabihin. Pumunta ako rito para masilayan siya hindi para marinig ang mga pang iinsulto.

“Well, so this is what’s prom is like… Lalabas na ako. Ito lang pala ‘yon…” sabi ko at tatalikod na sana ngunit hinawakan niya ang aking braso.

“Come here… I’m not done with you…”

Pilit niya akong nilapit sa kanyang katawan. My chest touched his. I can smell his manly scent. Ngayong nakaheels ako ay umabot ako sa kanyang baba. Ang kanyang kamay ay nasa aking likod para mas mahila pa ako palapit sa kanya.

Ang hirap-hirap pakawalan ng hininga. Hindi dahil masyadong masikip kaming dalawa. Kundi dahil kabadong kabado ako.

Bumaba ang kanyang kamay galing sa aking likod. Halos dumikit ako lalo sa kanyang dibdib.

Hinawakan niya ang kamay ko at inangat niya ito. He started dancing with me slowly.

Nanlaki ang mga mata ko. Is this really happening.

“Oh… Where’s your guts now?” Humalakhak siya.

Sinipat ko siya. Kinunot ko ang noo ko para hindi niya mapansin ang kaba ko. Agad kong sinabit ang aking kamay sa kanyang mga balikat.

He smiled devilishly. Nag-iwas ako ng tingin. I realized that it is so hard to look at him this close. He looks like those dark dashing villains. Masyadong salungat sa kanyang karakter na seryoso.

“Is that all?” bulong niya.

Hinahamon niya ako. Nanginginig ang aking kamay nang isinabit ko iyon sa kanyang batok.

I told myself I’ll make something remarkable tonight. But then I just couldn’t think right.

Iniisip ko na baka binibilog niya lang ako rito. Na alam niyang gusto ko siya kaya ba niya ako pinaglalaruan ng ganito?

Sakit ang naramdaman ko. Napabaling ako sa kanya. Hindi bali na, ‘di ba, Lilienne? Kaya mo ngang manakit ng iba. Welcome pain too when it comes to you. And most especially when it comes to the man you really like.

“Where have you been? Kanina pa ako rito…”

“Nasa lamesa. I was about to dance when someone told me that some Grade 10s got in.”

Nagulat ako roon. Nalaman? And my phone’s under my skirt!

“Then…”

Tumango siya. “Shhh…”

Hinapit pa niya lalo ako para matabunan ang aking mukha. May mga lumilingon sa aming ibang seniors at juniors. Halos ibaon ko ang mukha ko sa kanyang dibdib para lang hindi makita ng iba.

“Riguel, tayo naman!” sabi ng isang malambing na boses galing sa likod.

“Sumayaw ka na pala, ‘di ko namalayan…” That cold tone was from Isabella Thomas.

Hinilig ko na ang ulo ko sa kanyang dibdib. Tumawa lamang si Riguel at nagpatuloy sa pagsasayaw sa akin.

“Are you enjoying this?” bulong niya.

Napangiti ako. Oh if I could only stay like this. Dito na lang ako sa dibdib niya. Hihilig at aamuyin siya.

“Riguel nakita ko sina Sideco at iyong girlfriend niya sa may lamesa ng mga juniors. Ilan daw ba lahat?” si Mateo iyon.

“Ewan ko. Tanungin mo ang DSA…” ani Riguel.

“Wala ka pang nahanap?”

Hindi ko alam ang sagot ni Riguel dahil ‘di naman siya nagsalita. Nanatili ako sa kanyang dibdib.

“Sooner or later they’ll realize who you’re dancing with. Aren’t you scared?” bulong ko habang sumisinghap.

“Why would I be?”

Hindi na ako nagsalita sa tanong niyang iyon. Hinayaan kong lumipas ang oras. Ang dami daming nagyayaya sa kanyang sumayaw. Ilan din ang naririnig kong nagtataka kung sino ang misteryosong babaeng kasayaw niya.

“I’m gonna miss you. You’re graduating. You’re not going to Manila, right?”

Tumawa siya. “I can’t afford to go there, Lilienne. Sa Alegria Community College ako mag-aaral…”

“We won’t see each other that much… I won’t see you that much anymore…”

Kinagat ko ang labi ko. Baka masanay ako nito. I sound like I own him when the truth is… it’s all just hope. And Riguel’s probably just applying his “chivalry”.

“We will see each other.”

Binitiwan niya ang kamay ko dahilan kung bakit napatingala ako sa kanya. Hinawakan niya ang aking baba.

Para akong nalalasing sa titigan namin. The lights illuminated his features. His eyes reflected the light on me. Umawang ang bibig ko at bumaba iyon sa kanyang labi.

I wonder if he’s kissed a girl.

Tumingkayad ako para maabot ang kanyang labi. Hinila ko ang batok niya bilang suporta.

Tumindig ang balahibo ko nang naramdaman ang paghapit ng dalawang kamay niya sa aking baywang para lang maiangat ako ng konti.

And then our lips met. His lips are tender and sweet. Dinig na dinig ko ang tambol sa aking puso. Para akong magkakaroon ng heart attack.

Ang hirap niyang halikan. Ang tangkad kasi. Kaya mabilis natapos ang halik. Binitiwan ko ang kanyang batok. Sobrang init ng pisngi ko. He looked so weary and pleased at the same time.

“From now on, you’re not going to kiss another man. It’s only going to be me…” malamig niyang sinabi.

Hindi ko alam na may mas isasaya pa pala ako. Pakiramdam ko ay sobra sobra ang natamo ko ngayon! Pakiramdam ko ay ito na ang sukdulan ng kasiyahan ko!

Tumango ako sa sinabi niya. Ngumisi siya.

“Humanda ka pag narinig kong may boyfriend ulit si Lilienne Altamirano. Babalikan kita rito sa paaralan mo…”

Tumawa ako ngunit nanginig ang labi ko. Is this really happening? Or is this just a dream?

“Riguel! Nahanap si Julio at Suki. Ibig sabihin nandito si Lilienne?” galing sa likod na sinabi ni Basty iyon.

Suminghap ako at yumuko. Titingnan ko sana si Sebastian ngunit tinabunan ako ni Riguel.

“Nahanap ko na siya. Sabihin mo sa mga teacher. Ako na ang bahala…” malamig niyang sambit.

Ngumuso ako at tiningnan siya.

“Are you going to throw me out?” bulong ko.

He smiled.

“Nag-aantay sa labas si Yeshua. Nandito raw ang kapatid niya…”

Nanlaki ang mga mata ko. Damn Yeshua! What the hell is he doing?

Nagkatinginan kami ni Riguel.

“That’s your brother.”

Tumango ako. “I must go…”

Tumango rin siya. “I’ll escort you out.”

Tinalikuran ako ni Riguel. Nakita ko ang gulat sa mga mata ni Mateo at Sebastian. They all look dashing. Talagang nag handa para sa event na ito. Kinawayan ko sila. Tuwang tuwa ako sa kanilang mga ekspresyon.

“You’re with…”

“Hi Basty… Hi Mat! You both look cool…” I complimented.

Bumaling si Riguel sa akin. He looks kind of pissed. Binaba ko agad ang aking mga kamay.

“Let’s go…” aniya sa akin.

Tumango ako at sumunod sa kanya.

“Stop doing that to them…” bulong niya.

Pinapanood na kami ngayon ng mga teachers at iilang mga estudyante sa dancefloor. Hindi na ako mapakali. Ni ‘di ko na namalayan ang sinabi ni Riguel dahil sa kaba.

Binuksan ni Riguel ang barricade para makalabas ako. At doon si Yeshua naghihintay kasama ang mga kaibigan ko. Nakabusangot ang kanyang mukha. Umiling na lamang ako.

Kumaway ako kay Riguel. Nilapitan siya agad ng teachers dahilan kung bakit naabala siya.

Hinigit ni Yeshua ang braso ko. Sa sobrang lakas ng pagkakahigit ay nasaktan ako.

“What the hell, Yeshua?” sigaw ko sa gulat at sakit.

“You went here for what, Lili?”

Naglakad na kami palabas ng paaralan. Imbes na ikwento kay Suki ang nangyari ay mas nauna pa ang sermon ni Yeshua.

“For Riguel!” sigaw ko ng deretsahan. “Why are you so KJ, Yesh? Ni si Mommy at Daddy nga ‘di ako pinigilan ta’s ikaw, ganito?”

“Yeshua, pagbigyan mo na si Lili…” ani Suki.

“Hindi, e. Hindi ka pa rin nadadala.”

“Oh Jesus! That was last year. Hindi na ulit ako napahamak dahil kay Riguel! Hindi na dahil sinunod kita! Can’t I live my own life right now? Why are you so nosy?” sigaw ko.

“Nosy? I’m just concerned, Lilienne!”

Hinarap ako ni Yeshua. Nanggagalaiti siya sa galit kaya ‘di ko siya maintindihan.

Then I remember Piper… I remember how she told me that he’s always hot tempered now.

“What’s the matter with you? Bakit laging maiinitin ang ulo mo, huh?” sigaw ko. “You are changing Yeshua! I don’t know what’s wrong with you but what you are doing is seriously not funny!”

Nanlaki ang mga mata ni Yeshua. Umiling siya at hinilot ang kanyang sentido.

“Look…” mas mahinahon ang boses niya ngayon. “Ayaw ko lang na mapahamak ka, Lilienne…”

Nanatiling nakakunot ang noo ko habang tinitingnan siya.

Kabanata 8

Kabanata 8

*OceanofPDF.com*

Time

I did it, alright. I think I somehow got Riguel's attention. And that magical kiss. Damn. I've kissed boys but I've never felt this way before.

It's been almost a year since I got suspended. Hindi ko inasahang sa pangungulit ko kay Riguel ay mangyayari pa ito. I thought this is next to impossible.

The remaining days of February and March, I stayed inside our classroom. Hindi ako nagcutting kahit ng isang beses. Suki was so bored that she'd cut class with Julio and Russel.

"Ay naku… Slowly you're becoming as slave of that man, Lilienne…" ani Suki at humalukipkip. "For years I have known you to be always untamed but now… look at you?"

Ngumisi lamang ako kay Suki.

Hindi ko rin alam. I want to be mature. I want to travel paths that are good for me. Noon ay hindi ko inakalang aabot ako sa araw ng ganito, ngayon… ilang buwan nga lang lumipas, nandito na ako.

Like before, madalas kaming nagsasabay ni Riguel sa tricycle. Kapag naman busy siya tulad ng graduation practice ay nauuna na ako. I won't wait for him. I just feel like I shouldn't.

Naunang nag exam ang mga seniors. Nang exam week namin ay nagpapractice sila ng graduation. Riguel is Valedictorian. The reason why he's busier now.

Grabeng pagsusunog ng kilay ang ginawa ko sa finals. Hindi ko na maalala ang last time na nagstudy ako. Pero ganadong ganado ako sa finals kaya may nasagot ako sa mga exams.

Nang natapos ang huling exam ay ‘tsaka pa ako nakahinga ng malalim. Nagliligpit ako ng gamit nang kinalabit ako ni Julio sa likod.

“Hmmm?” tanong ko.

Itinuro ni Julio si Piper sa labas ng pintuan. Nakahawak siya sa hamba, tila takot sa mga lalaking kaklase ko. Syempre at pinopormahan na agad ang magandang si Piper ng mga bulakbol kong classmates.

“Umalis nga kayo riyan!” sabi ko. “Piper…”

Nilapitan ko agad siya. Siguro’y tapos na rin siya sa exams.

“I think Yeshua won’t make it to the honor roll…” salubong niya sa akin.

I can’t believe that they’re so concerned about being at the honor roll while I’m concerned of just passing. Well, they’re on the right track.

“Bakit?”

I know he had been failing tests. Sabi ni Piper ay makakalimutin daw siya sa mga projects at mga pinag-aaralan. I really have a hunch but I refuse to acknowledge it. The start of this year, I feel something strange. And right now mas lalo iyong nadedepina.

“Almost all of his answers are wrong, Lili. Kahit sa Math. Akala ko nagbibiro siya but then he got so disappointed…”

“Is he studying hard enough?” naging malamig na ang boses ko.

Hindi ko alam kung nag-aaral ba ang kapatid ko. Siguro sa loob ng kwarto niya. I’m not sure. I’m not always checking on him. Sa mga bagay na ganyan, mas alam ni Piper iyan.

“I think so. We’re always studying sa library. And he seems serious about it. I don’t know, Lili…” Kitang kita ko ang concern sa kanyang mga mata.

Nanikip ang dibdib ko. Ngunit baka naman si Piper ang nagkamali? Paano niya nalamang mali si Yeshua ng mga sagot, hindi ba?

Hindi ko iyon masyadong pinagtuonan ng pansin. My twin is probably having a hard time with his subjects. I think it’s normal.

Sa gilid ng court ay pinapanood namin madalas ang pagpapractice ng mga seniors. Tumitindig ang balahibo ko kapag tinatawag si Riguel bilang valedictorian. Somehow, I feel so proud of him.

“Riguel Jameson C. Alleje, Class Valedictorian…”

Napapangiti ako tuwing umaakyat siya sa stage. Binabatukan na nga ako ni Suki dahil nagmumukha na raw akong tanga.

“Suki naman!” sabi ko sabay hawak sa aking batok.

“Kung makangisi ka riyan parang ikaw iyong nagpapaaral sa kanya!”

Ganunpaman ay ‘di parin natanggal ang ngiti ko.

Naisipan kong bilhan siya ng graduation gift. Kahit na paniguradong wala naman kami sa araw ng graduation nila, pupunta ako para lamang maibigay ang regalo.

“Anong pinabili mo sa Mommy mo?” tanong ni Suki sa akin.

Ngumisi ako. “Isang Rolex!”

Nalaglag ang panga ni Suki sa sinabi ko. Lumapad lamang ang ngiti ko. He deserves the best.

“Alam ba ng mommy mo kung sinong pagbibigyan?”

Tumango ako. “Alam niyang si Riguel. Sinabi ko na gagraduate siyang Valedictorian kaya bibigyan ko.”

“O, e ‘di hindi ba siya nagtanong kung ano mo si Riguel at bakit mamahaling relo ang bibilhin?”

“Hindi. I think she thinks he’s my boyfriend.”

“Hay Grabe ka, Lili! Pag malaman ‘yan ni Yeshua, paniguradong magagalit iyon!”

“Hayaan mo siya. He’s just so over protective… and moody…”

Indeed, my mom got me a Rolex for Riguel.

“Mom, secret lang po natin ito. Baka kasi magalit si Yeshua…”

Kumunot ang noo ni Mommy. “Lagi kayong nag-aaway nitong mga nakaraang buwan at lagi siyang magagalitin. Anong nangyayari sa kapatid mo? And his grades are low…”

Nilapag ko ang paperbag sa aming lamesa at humalukipkip na lang. Hindi ko alam kung tama ba ang hinala ko… tingin ko ay malabo naman iyon. It’s almost a year now. Kung may mangyari man dapat noong June pa lang.

“Baka naman binasted siya ni Piper kaya ganoon. Hayaan mo si Yeshua, my. He’ll get over whatever it is…”

“O sige…” Tumango si Mommy.

Masaya kong tinanggap ang binili ni Mommy. Soon, when I’m earning, pera ko na ang ipambibili ko sa mga bagay na gusto ko. I can’t wait to grow up!

Gumawa ako ng letter para kay Riguel. Simple lang naman iyon. Isang paragraph lang iyon.

Dear Riguel,

Congratulations!

I am so pleased to see you on that stage. I believe you can reach for your dreams soon. I can’t wait to see you reach it… I’m hoping you will let me see it with you.

Take my simple gift. I want you to wear it always so you’ll remember me. You’ll remember me everytime.

Love,

Lilienne A.

Si Suki ang sinama ko para manood ng graduation. Syempre, wala ang boys dahil hindi na sila interesado sa bagay na ito.

“Ililibre nga kita pagkatapos nito!” sabi ko sa nagrereklamong si Suki.

“Ay naku! Wala bang kainan sa bahay nila? Valedictorian siya, a?”

“Nakakahiya naman kung pupunta tayo roon kahit ‘di tayo naimbitahan.”

“Ngayon ka pa nahiya? inimbitahan ka ba rito?” Tumawa si Suki kaya kinurot ko ang tagiliran niya.

Nagsuot ako ng isang simbleng pencil skirt at floral sleeveless top para sa graduation ni Riguel. Si Suki naman ay naka all black dress.

Hindi kami pinapasok dahil parents lang ang papapasukin. Paniguradong naroon ang Lolo at Lola ni Riguel. Iniisip ko kung may kainan nga kaya sa kanila at kung sinu-sino ang mga bisita.

Higit isa at kalahating oras din kaming tumayo sa labas ng mga barricade. Mabuti na lang at sa huli, nang tapos na ang programme ay pinapasok na kami ni Suki.

Agad kong hinanap si Riguel sa dagat ng mga graduates. Agad ko siyang nahanap kasama ang kanyang mga kaibigan. Nagpipicture sila.

Tumayo kami ni Suki sa likod ng Lolo at Lola ni Riguel. Nahihiya tuloy ako kahit na hindi naman nila ako kilala. Kilala ko sila sa mukha dahil taga rito sila sa Alegria.

Nakangiti ako habang nakangiti rin ang mga kaibigan ni Riguel. Siniko pa nga ako ni Suki para mag side comment.

“‘Di ka kasali sa picture. Mukha kang tanga kakangiti riyan…”

Siniko ko na lang siya pabalik. Nakita kami ni Riguel habang nagpipicture sila. Dumako sa akin ang kanyang mata.

Kumaway ako. Nagkamot siya sa batok pagkatapos mag picture at hinarap ang mga kaklase niya.

“Bahay tayo, ha?” anyaya niya.

“Sige. Susunod kami…” sabi ni Sebastian.

Bumaling siya sa banda namin. Sinalubong siya ng kanyang grandparents.

“Riguel, tumulak na tayo at nag aantay na ang pamilya…” sambit ng kanyang Lolo.

Hinawakan ni Riguel ang braso ng kanyang Lolo at humakbang siya ng isang beses para mapalapit sa akin.

Kumalabog ag dibdib ko sa nangyari. Paulit ulit ang “Oh my God,” ni Suki sa likod ko.

Paano ba kasi, simula noong prom nila, ikinwento ko kay Suki ang nangyari ngunit tingin niya’y nananaginip lang ako. Kaya gulat siya ngayong pinagtuonan nga ako ng pansin ni Riguel.

“Lolo Selmo, Lola Aura, si Lilienne Altamirano po…” ani Riguel sabay lahad sa akin.

His grandparents aren’t that old. In fact, bata pa silang tingnan. I heard Riguel’s grandpa is a retired army and his grandma was a teacher.

“Magandang umaga po sa inyo. Congratulations po sa inyo bilang tumatayong mga magulang ni Riguel. Ang talino po ng apo n’yo Lolo… Lola…”

Humalakhak si Riguel. Ngumiti naman si Lola Aura sa akin at hinawakan niya pa ang braso ko. Naku! Sana pala nagdala ako ng gift din para sa kanyang Lolo at Lola!

“Salamat, hija. May kainan sa bahay. Sumama ka na sa amin…”

Sumulyap si Riguel sa likod ko sabay tingin kay Lola Aura.

“Sabay na lang po sila sa atin patungo sa bahay…” ani Riguel.

“Mabuti pa nga…” sabay ngiti ni Lola.

Ilan pang mga tao ang bumati kay Riguel. Pati sa kanyang Lolo at Lola ay may mga bumati rin.

Pinagmamasdan ko sila habang paalis kami roon.

Riguel got most of his features from the Allejes. Katawan, tangos ng ilong, madilim na ekspresyon, puro kay Lolo Selmo nagmana lahat. Ang kanyang kutis at labi naman ay kay Lola Aura.

I wonder what his parents look like.

“Salamat naman at makakakain tayo sa bahay nila. Iyong libre mo sa susunod na araw iyon, ha!”

Pinagbuksan kami ni Riguel ng pintuan sa kanilang lumang pick-up.

Unang pumasok si Suki. Pagkatapos ako. Si Lola naman ang katabi ko. Si Riguel ang sa front seat at si Lolo Selmo ang nagdrive.

“Kanina pa iyon nag-aantay ang mga bisita…” ani Lola.

“Pasado alas dose na kaya paniguradong gutom na sila. Luto na kaya ang lechon?” tanong ni Lolo.

“Ay tapos na iyong inikot nina Berting…” ani Lola.

Kinagat ko ang labi ko. I was about to ask kung saan sila nagpalechon pero nagulat ako nang mukhang sila na mismo ang umikot sa lechon.

The wind is blowing my hair. Hindi kasi sarado ang salamin ng pick up. Sinikop ko ang buhok ko at ngumiti kay Lola.

“Ikaw ba ang anak Vivienne?” tanong ni Lola sa akin.

Nilingon kami ni Riguel. Hindi ako agad nakasagot dahil sa gulat.

“Siya, Lola…” ani Riguel.

“Gustong gusto ko ang mga bulaklak sa farm n’yo. Magaling talagang mag-alaga sina Martin at Vivienne. Sa kanilang pamamahala lumago ang farm n’yo sa bulaklak, hindi ba?”

Tumango ako. “Opo. Anong bulaklak ba ang gusto n’yo, Lola? Kapag madalaw ako sa inyo ay dadalhan kita. Hindi ako nakapagdala ngayon pagka’t iniisip ko na ‘di magandang ibigay kay Riguel iyon dahil pambabae ang mga bulaklak.”

Tumawa si Lola. “Sige, hija. Aasahan ko iyan. Taga La Santa lang kami, malapit sa inyo.”

Ngumiti ako. “Ngayong summer po, dadalhan kita…”

“Mabuti pa nga. Gustong gusto ko ang mga rosas.”

“Anong kulay po ang gusto n’yo Lola?”

Tumawa si Lola. Mas lalong nadepina ang kulubot sa gilid ng kanyang mata. “Hindi ka ba papagalitan ni Vivienne?”

“Magpapaalam naman po ako kaya ayos lang iyon…” sabi ko.

“Gusto ko sana ng kulay pula. Ang kulay ng pag-ibig…”

“Sige po. Dadalhan kita.”

Ngumuso si Riguel at bumaling sa kalsada. Siniko ulit ako ni Suki. I was too busy to see what’s bothering her so I didn’t look at her.

Nang nakalabas na kami ng sasakyan ay ‘tsaka niya ako niyugyog.

“Kung nakakatunaw ang titig ay kanina ka pa naging tubig, Lilienne!” ani Suki habang niyuyugyog ako. “Naku! Si Riguel! Kung makatitig akala mo kanya ka.”

Kinagat ko ang labi ko at siniko na siya dahil ayaw kong marinig kami.

Naglakad kami ni Suki sabay kay Riguel. Nauna ang kanyang Lolo at Lola.

Sa tapat namin ay ang bahay nila. Luma ang disenyo, parang ginawa ito noong kapanahunan ng kastila. Kulay dark brown na ang dingding ng bahay. Umaapaw ito ng tao.

Patungo kami sa isang maliit na pintuan papasok ay napansin ko ang agos ng batis sa kung saan.

Nilingon ako ni Riguel. Nanatili ang mga mata ko sa likod ng bahay nila. Nang napansin ang pananatili ng kanyang mata ay bumaling ako sa kanya.

“Tabi ng batis?” tanong ko.

Tumango siya.

Namangha ako. Tabi rin ng batis ang aming plantation. Ibig sabihin kung susundan mo ang batis ay patungo na iyon sa kanila.

“Riguel! Congrats! Ha!” sabi ng isang lalaki sabay tapik sa dibdib ni Riguel.

Sumunod kami papasok sa kanilang bahay. Sobrang daming tao. May ibang kilala ko pero halos lahat ay hindi.

“Umupo muna kayo rito…” sabi ni Riguel sabay turo sa isang classic na upuan.

Tumango ako at umupo roon. Ganoon din si Suki. Tahimik kaming umupo roon dahil maingay na ang mga tao.

Maingay sila sa pagbabati kay Riguel. Hindi nagtagal ay dumating din ang kanyang mga kaibigan. Kasama roon sina Isabella Thomas, Sebastian,

Mateo, at iba pang kagrupo nila.

Dahil punuan na sa loob, sa labas ng bahay sila pinaupo.

Binigyan kami ng plato ng isang babae at itinuro niya na ang lamesa. Pumunta na agad kami ni Suki para makakain na.

I was just observing Riguel's relatives, their home, the simplicity of their lives. I can't help but compare it to me. Kapag nariyan ang relatives ko, pamamahala ng negosyo ang pinag-uusapan. Also, most of them are already in Manila.

Pinasadahan ko ng tingin ang kanilang bahay. It's not big. It's not small, either. It's just enough for them. May hagdanan patungo sa pangalawang palapag. Their windows are very traditional spanish colonial style. May mga nakasabit pang lumang larawan ng kanyang Lolo at Lola sa dingding.

Pinasadahan ko ng tingin ang mga bisita. Most of who are here were his Lola's relatives. His Lolo's relatives were mostly outside, drinking and singing videoke.

Maraming bata. Tumatakbo. Naghahabulan. Nangingiti ako habang tinitingnan sila roon.

Nagulat na lamang ako nang kinalabit ako ni Suki. Nang nilingon ko si Suki ay si Riguel ang una kong nakita. Naka puting t-shirt na siya at pantalon.

"Want to go out?" tanong niya.

Nilingon ko ang labas. Naroon parin ang iilang kaibigan ni Riguel, kumakain.

"Suki?" tanong ko.

Tumawa si Riguel. "Suki, ayos lang sa'yo na hiramin ko saglit ang kaibigan mo?"

"Oh!"

“Sure, Riguel!” ani Suki sabay tulak sa akin.

Tumayo ako at kinuha ang aking paper bag na dala.

Tumalikod agad si Riguel para makalabas na kami. Nang nakalabas kami ay napalingon agad ang mga kaibigan ni Riguel. Tahimik sila habang pinagmamasdan kami. Ngumiti ako kay Sebastian at Mateo. Basty’s face looked so scared or shocked. I’m not sure. Si Mateo naman ay parang ‘di na nagulat.

Nga naman… Nakikita nila kaming nagsasabay sa pag-uwi ng ilang buwan na. Ngunit ang mga babae ay tahimik at gulat pa.

“I’ll leave you for a while…” ani Riguel at diretso nang pumunta sa likod ng kanilang bahay.

Ngumiti ako at sumunod sa kanya.

May mga puno roon. Natatabunan ang ingay ng galing sa kanilang bahay habang lumalayo kami.

“Nandito ang batis. Papunta ang tubig nito sa inyo, ‘di ba? And it’s from Tinago…” ani Riguel.

Tumigil siya nang nasa gilid na kami ng batis. Wala na kaming ibang naririnig kundi ang ingay ng tubig galing roon. The water is clear. Tingin ko’y hanggang paa lang ang lalim ng tubig rito sa batis at punong puno iyon ng bato.

“Do you take a bath here?” tanong ko.

Ngumisi siya. “Not really but… hmmm… I can try. Dito naglalaba si Lola. Gusto niya kasi ng presko sa pakiramdam.”

Tumango ako. Pretty traditional. It’s so unlike our home.

“Thanks for inviting me today. I didn’t expect it. Pumunta lang naman ako roon para ibigay sana ito sa’yo at para bumati…”

Ipinakita ko sa kanya ang paper bag. Tinitigan niya lamang iyon.

“Hindi ko matatanggap iyan. That’s expensive,” mariin niyang sinabi.

Laking gulat ko sa sinabi niya. Sa lahat ng bagay na inisip kong mangyayari sa araw na ito, iyan ang pinaka ‘di ko inaasahan.

“But… But-”

“I don’t want anything from you, Lilienne. I don’t need it,” pagalit niyang sinabi.

Binaba ko ang paperbag na dala ko.

“I just want to give you a gift. It’s a graduation gift. And say… your birthday gift too. I don’t know when’s your birthday so… this is going to cover two events-”

“Keep that,” mariin niyang sinabi.

“Bakit? Hindi ko maintindihan, Riguel.”

“We’re not as rich as you, Lilienne, but I’m definitely not after material things!” sabi niya.

“No… No… Riguel, this isn’t about that. I know you’re not after material things. Hindi ito dahil mayaman kami at kaya ko itong bilhin kaya ko ibibigay sa’yo. I care mostly about it’s quality and it’s meaning. It means time…” nanginig ang labi ko. “And that’s what I’m asking you. Time… To wait for me till I grow up. And that’s what I’ll give you too. Time. Because I know that you need it…”

Napaawang ang bibig niya. Hindi ko alam kung bakit nanginig ang luha sa aking mga mata.

“I want something that won’t easily break. Iyong pinakamatibay as much as possible because this is going to be a symbol!” dagdag ko.

Tumigil ako dahil nanginginig na ang boses ko.

“You want something that won’t easily break?” malamig niyang sinabi.

Hinila niya ako. Wala akong lakas dahil sa mga ibinugang salita kaya agaran ang pagsalpok ko sa kanyang dibdib.

“This won’t break…” aniya sabay angat sa aking baba.

Yumuko siya para maabot ako. Tumingkayad ako to meet him halfway.

A tear roll down my cheek as our lips met. He tilted his head. Napadilat ako sa ginawa niya.

Umawang ang labi ko. He used that to enter and claim my mouth. Hindi ko inasahan ang mapupusok na halik galing kay Riguel!

Pumikit muli ako at dinama ang kanyang halik. Sinuklian ko iyon ng parehong init sa kanya. Tumindig ang balahibo sa aking batok.

“Damn!” tumigil siya para magmura.

Tumuwid siya sa pagkakatayo at bahagyang lumayo sa akin. I licked my lower lip. Isang hakbang ang ginawa ko para makalapit sa kanya. Halos mamanhid ako sa sobrang bilis ng takbo ng puso ko.

“Riguel…” sabi ko.

Hinilot niya ang kanyang sentido at hinarap ulit ako. Hinawakan niya ang aking pisngi. Tiningnan ko naman ang kanyang labi. Umigting ang kanyang panga.

I want another kiss.

He put his index finger on my lips. As if telling me to keep quiet.

“It’s not yet time. Don’t give me too much ideas.”

Binaba niya ang kanyang daliri at hinawakan ang aking kamay na may dalang paperbag.

“Keep that. Give it to me when I’m successful…”



Kabanata 9

*OceanofPDF.com*

Choose

Nang nag summer ay nagyaya si Mommy at Daddy na magtravel kami. Isang linggo lang naman iyon kaya pumayag ako.

We went to the beach where my Mom and Dad wants to go. Kasi kung ako ang tatanungin, mananatili ako sa bahay. Kung si Yeshua naman, paniguradong ganoon din. He'd rather join basketball leagues just like before.

Hinihilot ng kapatid ko ang kanyang sentido habang nakahiga sa sun lounger. Nakaupo ako at nagpapahid ng sunscreen.

"Maligo na tayo, Yesh!" yaya ko.

Umiling siya. Hindi ko mabasa ang kanyang ekspresyon dahil may wayfarers siyang suot.

Ngumisi ako. Nagsusungit na naman. Si Mommy at Daddy nga ay nasa mga nipa hut na para mapalapit sa dagat, tapos kami ni Yeshua naman ang nasa malayo. Kabaliktaran pa yata.

Tumayo ako para hilahin siya.

"Tara na, Yesh!" I pulled him hard.

Matigas naman ang pagbabawi niya sa kanyang kamay. Ginamit ko ang katawan ko para mahila pa siya lalo ngunit umupo siya para lang mabawi ang kamay.

Nabitiwan ko ang kamay niya dahil masyadong marahas ang pagkakahila niya dahilan kung bakit ako bumagsak sa buhangin.

"Aray!"

My butt hurts a lot. Pumikit ako sa sakit. Agad siyang dumalo sa akin.

"Ayos ka lang?"

Dumilat ako. Galit at iritasyon ang naramdaman ko sa ginawa niya.

“Ang sakit ha!” sabi ko.

“Huwag ka kasing makulit! Ang sakit ng ulo ko… Ayaw kong sumama sa’yo!” pagalit niyang sinabi.

Nanlaki ang mga mata ko sabay tingin sa kanya. Tumayo siya at umigting ang kanyang panga.

“Iinom lang ako ng tubig sa restuarant. Ikaw na lang ang sumama kina Mommy.”

“Masakit ang ulo mo?” tanong ko ngunit iniwan niya na ako bago pa siya makasagot.

Ilang sandali pa bago ako nakabawi. Masakit talaga ang puwitan ko dahil sa nangyari kaya ilang sandali muna akong umupo. Pinahupa ko muna ang sakit.

“Where’s your brother?” tanong ni Mommy nang sumali na ako sa pagligo nila sa dagat.

“He’s… Well, he wen’t to the resto to drink water.”

“Hindi siya maliligo?” tanong ni Mommy.

“Hindi ko alam…”

Hinaplos ko ang makinang na dagat. Hindi na masyadong mainit dahil hapon na. Kahapon nang nag island hoping kami, ang lalaki ng alon kaya ‘di kami nakaligo ng dagat.

“Siguro ay galit parin siya sa sinabi mo, My…” ani Daddy.

Pinagmasdan ko silang dalawa. My Tita invited us to visit the U.S. Iyong kapatid ni Mommy iyon. We will only visit so I’m not scared. Yeshua didn’t like the idea. Or maybe he thinks we would migrate. Dapat ay this year iyon pero dahil ayaw ni Yeshua, hindi ko alam kung matutuloy pa.

“Pupwede namang huwag n’yo na kaming isama, My,” sabi ko.

“You two are the main reason why we got invited. Your Tita wants to see you. It’s been years. Plus, gusto ni Yeshua’ng maging doktor. Your Tito is a doctor. He can help Yeshua in the future.”

Sa mga araw na naroon kami ay ganoon ang eksena. Yeshua’s less adventurous. I bet he wants to go home to see Piper.

Pagkabalik namin sa bahay ay excited agad ako na bumisita kina Riguel. Ang alam ko ay tumutulong siya sa kanyang Lolo kapag summer. May mga alagang hayop sila sa likod-bahay.

Pinalipas ko muna ang dalawang araw para naman kahit paano’y maging maganda ang kutis ko. Ang dami ko kasing sunburn dahil sa island hopping.

Isa pa, ayaw ko namang isipin ng Lola ni Riguel na ako pa mismo ‘yong bumibisita kaya siguro’y ngayon lang ito. Bukas ay ‘di muna ako uulit.

“Ayos na ba iyan?” tanong ni Mommy nang ibinigay niya sa akin ang isang palumpong ng mga pulang rosas.

Tumango ako. Ang dami niya ngang ibinigay sa akin.

“Lagi ko nga iyang nakakasabay sa simbahan si Aura at ang alam ko ay gustong gusto niya ng mga pulang rosas…” si Nana Sela iyon habang umiinom ng kape.

Ngumiti ako. “Nasabi nga po niya sa akin na gusto niya nito kaya idadaan ko sa kanila.”

“Mag pahatid ka na kay Manong Luis, kung ganoon…”

Iyon nga ang ginawa ko. I went to Riguel’s house with the flowers.

Naabutan ko sila ng kanyang lolo sa labas ng kanilang bahay, nag-aalaga ng manok. Tumayo siya nang nakita ako.

Kumaway ako sa kanya at ipinakita ang bulaklak.

“Kakarating lang namin galing bakasyon. Nasa loob ba si Lola Aura?”

Ngumuso siya at tumango.

“Samahan na kita…” ani Riguel.

“Magandang umaga, Lolo Selmo!” bati ko.

“Magandang umaga, Lilienne! Pasok ka sa loob at magmeryenda!”

“Sige po… salamat!”

Sumunod ako kay Riguel. His kind of sweaty. Ang kanyang kulay gray na t-shirt ay may bahid ng pawis sa likod. But then he still smells so great.

“How was your trip?” tanong niya nang nakapasok na kami sa bahay.

“It was fine.” Naalala ko ang kapatid ko. “Yeshua’s boring…”

Tumango siya at dumiretso sa kusina kung nasaan si Lola Aura.

“Magandang umaga, Lola. May dala po akong mga rosas gaya ng gusto n’yo!” sabi ko.

Tumawa si Lola at sinalubong ako. Nagpahid siya ng basang kamay sa kanyang damit bago tinanggap ang mga rosas.

“Naku! Maraming salamat! Nakarating na pala kayo? Ang sinabi ni Riguel ay nagbakasyon daw kayo…”

“Opo! Ang ganda nga roon kaso ‘di kami pwedeng magtagal dahil harvest ngayon.”

Tumango si Lola Aura at nilagay ang mga bulaklak sa isang vase.

Bumaling ako kay Riguel. Nakahalukipkip na siya ngayon sa hamba ng kanilang pintuan.

“Gusto mong sumama sa labas?” anyaya niya sa akin.

Tumango ako at masayang sumama sa kanya. Iniwan muna namin si Lola sa kusina.

Pinanood ko ang pag-aalaga nila sa mga manok. Pinahawak pa niya ako sa isa.

Tumawa si Riguel habang tinitingnan akong nakahawak ng manok.

“Riguel, baka matuka ‘yang si Lilienne…” ani Lolo.

Tumawa ako. “Hindi naman po siguro…”

Hindi ko alam pero tingin ko’y ito ang unang pagkakataong nakahawak ako ng manok. Para akong naestatwa habang kinakarga iyon. Riguel smirked at me.

“Lumangoy ka ba roon sa pinagbakasyunan n’yo?” kaswal niyang tanong habang kinukuha sa akin ang manok.

Bumagsak ang balikat ko nang nasa kanya na. Thank, God!

“Yup. The place was so nice. I am so amazed.”

“Marami bang tao roon?” he asked casually again.

Nilagay niya sa loob ng kulungan ang manok.

“Hmmm. Medyo. Maraming turista…” sabi ko.

Bumaling siya sa akin. Kumunot ang noo ko dahil medyo masama ang tingin niya. Hinagod niya ako ng tingin mula ulo hanggang paa. Sinunod ko ang ginawa niya.

“I hope you wore fine clothes.”

Tumawa ako sa sinabi niya.

“If you want to ask kung nagtwo piece ba ako, Riguel, syempre naman, oo. It’s normal at the beach…”

“Tss. And Yeshua didn’t even scold you for that?”

“I told you it’s normal, Riguel. You are so traditional. It’s the 21st century-”

“Riguel, papasukin mo rito si Lilienne. Huwag mo siyang ipatulong riyan sa inyo. Lilienne, halika’t tulungan mo akong maghanda ng meryenda!”

Nagkatinginan kami ni Riguel. Ngumisi ako at sinunod ang sabi ni Lola Aura.

Hindi ko alam kung bakit ang payapa ng pakiramdam ko habang tumutulong kay Lola Aura. Nagprito siya ng saging. Sa bintana ay tanaw si Riguel at ang kanyang lolo na nagpapakain ng manok.

I feel normal. I even want this everyday.

“Pagkatapos niyan ay ilagay mo rito sa plato, hija,” ani Lola.

“Sige po…”

Kahit wala ako masyadong alam sa kusina ay napasubo ako. Sa bawat talsik ng mantika ay isang maliit na kurot ang nararamdaman ko sa aking kamay. Minsan sa mukha. Hindi namalayan ni Lola Aura ang pagiging walang karanasan ko sa kusina dahil nagsikap talaga ako.

“La, ayos na po ba ito? Pasensya na po’t ngayon lang ako nakapagprito ng saging.”

Tumango si Lola at tiningnan ang aking luto. “Masyado ‘yang sunog. Kapag pumula na, hija, kunin mo na.”

“Sige po…” I said politely.

“Sa… eskwelahan kayo naging magkaibigan ni Riguel?”

Napabaling ako kay Lola.

“Opo.”

“Hindi ko alam na may kaibigan siyang mas bata sa kanya. Sanay ako sa mga kaklase niya…” Ngumisi siya. Her eyes twinkled. “Nanliligaw ba ang apo ko sa’yo?”

Halos natawa ako sa tanong ni Lola. Actually, it’s the other way around. But I won’t say that. I know old people are traditional. They have not conformed with the 21st century norms yet.

“Hindi po. Magkaibigan lang po kami…” sabi ko.

“Ganoon ba? Ay iyang batang ‘yan, masyadong abala sa pag-aaral. Sinasabi ko ngang maghinay-hinay muna pero kagustuhan niya talaga iyan. Kung may pera lang kami ay ipag-aaral namin siya ni Selmo sa Manila.”

Nilagay ko ang mapupulang saging sa plato na ibinigay ni Lola. I’m learning!

“Kung kumuha kaya ng scholarship, Lola?” tanong ko.

“Oo. Natanggap siya sa mga mamahaling unibersidad pero siya ang pumili na rito na lang magaral. Tingin ko’y iniisip niya na ayos man ang tuition fee, ang allowance at titirhan naman ang problema.”

Tumango ako at tumutok sa pagluluto.

“Ano po bang trabaho ng Mommy at Daddy ni Riguel noon bago sila namatay?” tanong ko.

“Ang kanyang ina ay nurse at ang kanyang ama naman ay sundalo rin. Parehong namatay sa isang ambush si Jameson at Riza. May misyon kasi noon si Jameson, si Riza ay sumama bilang isang medic…”

“Oh! Ilang taon po si Riguel noon?”

Ngumisi si Lola sa akin. “Sampung taong gulang pa lang siya noon, hija. Itinaguyod namin ang pag-aaral niya roon sa Maynila ngunit nang tumungtong sa high school ay nahirapan na kami. Renta ng bahay, gastusin… pension lang ni Jameson at ni Selmo ang kinukuhanan namin ng

pera. Maaga pa akong nag retiro. Kung alam ko lang na kukunin ang anak ko ng maaga ay sana nagtrabaho na lang ako para sa apo ko.”

Tumango ako at pinatay ang stove.

Kahit kailan, hindi sumagi sa isip ko ang mga problema ng ibang tao. Back home, I only got small problems. Boredom, clothes, and all the simple things. While here in Riguel’s family, they got a bunch of big problems.

“Iyan din siguro ang dahilan kung bakit nagsusumikap si Riguel. Matanda na kami ni Selmo at kung sakaling kunin na kaming dalawa, mahihirapan lalo si Riguel. Gusto niya nga sanang magtrabaho habang nag-aaral, hindi nga lang pumapayag si Selmo dahil kahit paano’y kaya naman naming tustusan ang kailangan.”

For some people, education is everything. For Riguel, that’s his only strength. Ako na kumpleto ay walang pakealam sa aking pag-aaral. Ako na may pera ay hindi man lang nagsusumikap.

Liking Riguel gave me a broader perspective about life. Liking him made me realize that freedom is not about doing things that pleases me. Freedom is knowing I can do anything I desire but choosing only the path that would benefit me and the people who loves me. That’s the essence of it.

Paniguradong binigyan tayo ng kakayahang pumili para piliin ang mga daan na tingin natin ay nakakabuti para sa atin. Hindi para piliin ang daan na nakakasama. It’s like a test… and your choice is your salvation. If you choose the right path, you are saved. If you choose the wrong path, you learn from your mistakes.

“Riguel!” sigaw ko. “Lolo… Meryenda po!”

Nilapag ni Lola Aura ang pagkain at juice sa lamesa. Umupo ako sa kanilang lumang round table.

Nang pumasok si Riguel at Lolo Selmo ay agad na pinunasan ni Lola Aura ang noo ni Lolo Selmo.

Pinanood ko sila habang ginagawa iyon.

“Pawis na pawis ka. Tapos na ba kayo sa labas?” tanong ni Lola.

Pati ang batok ni Lolo Selmo ay pinunasan ni Lola Aura. Kinagat ni Riguel ang isang kalahating saging. Napabaling ako sa kanya.

Napansin ko na pawis rin ang kanyang noo. May patak ng pawis sa kanyang mukha. Nakakita ako ng bimpo sa gilid ng lamesa. Kinuha iyon ni Riguel at pinunasan niya ang kanyang batok. Nagkatinginan kaming dalawa.

Umupo siya sa aking tabi at nilapag ang bimpo sa aking gilid. Nagsalin siya ng juice sa apat na baso. Ibinigay niya sa akin ang isa.

Kinuha ko ang bimpo habang abala siya sa ginagawa. Pinunasan ko ang pawis sa kanyang noo. Nilingon niya ako. Kinagat ko ang labi ko.

Hinayaan niya akong gawin iyon.

“Pati likod mo pawis na pawis, Riguel…” sabi ko.

Tumalikod siya ng bahagya sa akin para magkaroon ako ng access sa kanyang likod. Ngumisi ako at pinunasan ang kanyang likod.

I want to take care of him. It makes me happy.

“Done?” tanong ni Riguel.

Tumango ako.

“Did you cook these?” tanong niya.

“Oo, Riguel…” humalahkah si Lola Aura. “Tumulong siya. Marunong palang magluto itong si Lilienne…”

Uminit ang pisngi ko sa sinabi ni Lola. Bumaling si Riguel sa akin. His smirk is plastered on his face again. Damn, I’m feeling uncomfortable with

that smirk. Hinagod niya ako ng tingin pababa bago bumaling ulit sa pagkain.

“Kaya pala may sunog…” Tumawa siya.

Tinampal ko ang kanyang braso.

“Hindi talaga maiiwasan ‘no! At iilan lang naman ang sunog diyan ah!” sabi ko naiirita na natatawa.

“Ah… You still need to learn so many things…” aniya.

“I know, Riguel. And I still have time!”

Years, actually. Say four to five years to prepare! Or even six years… Till I graduate!

Tumawa lamang si Riguel at bumaling sa akin gamit ang mapupungay na mga mata. Nanatili ang galit kong mata sa kanya.

Nilapit niya ang kanyang upuan sa akin. Laking gulat ko sa ginawa niya. Napatingin ako kay Lola at Lolo na pareho namang abala sa pag-uusap tungkol sa kung ano.

Napakurapkurap ako nang naabutang nakatitig parin si Riguel sa akin. I remember our kisses. And especially the last kiss.

“If you won’t like my cooking, we can hire a cook…” sabi ko.

Hindi ko alam kung bakit ko nasabi iyon. Pakiramdam ko ay pinamulahan ako ng husto.

Ngumisi siya. “I don’t want a cook. I want you to cook for me…”

“Ang choosy mo naman!” sabi ko sabay tingin sa pagkain.

“You changed your mind, then?” mahinahon niyang tanong.

Umiling agad ako at seryoso siyang tiningnan. Seryoso rin siyang nakatitig sa akin.

“I’ll never change my mind.”

“I hope so…” he said coldly.

“Why would I? This is how I feel, Riguel…”

Hindi ko alam kung tama pa ba itong pinagsasabi ko. All I want right now is for him to know that I’m serious. Yes, I probably have lost my mind. Sa gitna ng pagsasabay namin sa tricycle, mga pasulyap-sulyap ko sa kanya, ang noo’y mababaw ang lumalim na ngayon.

“Feelings change…” he said.

Umiling ako. “It won’t…”

“Don’t just feel. Choose it,” aniya na hindi ko naintindihan.

Little did I know…

Kabanata 10

Kabanata 10

*OceanofPDF.com*

College

Mabilis ang naging panahon noong summer. Halos dalawang araw sa isang linggo ako pumupunta kina Riguel. Ayaw kong gawing masyadong madalas dahil ayaw kong isipin ng kanyang Lola at Lolo na ako pa talaga ang nag-iinitiate. ‘Tsaka lang ako pumupunta kapag naimbitahan. Riguel would always ask me if I’d come again tomorrow. It’s tempting but I’d rather not make it everyday.

June ng taong iyon ay balik eskwela na naman. This time it’s getting a little boring because Riguel isn’t at school anymore.

Nasa canteen kami ngayon ng tropa. Recess kaya dito kami tumambay. Si Leon at Suki sa aking gilid at sa harap ay si Julio, Russel, at ang kanyang bagong girlfriend.

“May bagong lipat sa kabilang section ah. Ano pormahan natin, Leon?” ani Julio.

“Hindi naman maganda…” ani Leon.

Nilingon nila ang babaeng transferee na nasa kabilang lamesa lang namin. Sumimsim naman ako sa juice na binili ko sabay tingin sa dumaang seniors namin.

“Hi Lilienne…” bati ng dalawang magkasunod na seniors.

Isang grupo sila at nagtatawanan na para bang nagtutuksuhan pa.

“Yiii!” sigaw ng kanilang mga kaibigan.

Sinundan ko na lang sila ng tingin. Umiling ako at nagsimulang kumain ng junk food. Nagkatinginan kami ni Russel.

“Everyone thinks you’re single and looking for someone,” ani Suki sabay kuha sa kanyang burger.

Kinagatan niya ito.

“I’ve been single for almost a year now…”

“Hmm.” Ngumisi ang girlfriend ni Russel.

Sa dami ng girlfriend at pa iba-iba ay nakakalimutan ko madalas ang pangalan.

“Who’s your last ex? Riguel?” tanong niya.

“Hindi kami ni Riguel.” Pagtatama ko. Ayaw kong dugtungan. Si Russel ang last ex ko at baka mag-away pa sila dahil sa isasagot ko.

“Ako,” ani Russel.

“Oh, really?” nangiti ang babae sabay tingin kay Russel.

Nagkatinginan silang dalawa. Mukhang may tensyong namuo. Siniko ako ni Leon. Nilingon ko siya at inirapan na lang.

Hindi na kailangan magtanong ng mga kaibigan ko kung bakit hindi na ulit nasundan. At bakit wala na akong interes sa pakikipagrelasyon ngayon kahit laro lamang. But then some people like Russel’s girlfriend didn’t know what’s really happening to me.

“Lilienne, wala kang kasabay sa pag-uwi mamaya, ‘di ba?” si Nicholas na ngayon ay senior na namin.

Tumawa si Leon at umiling. Umiling din ako.

“Hindi ba ay may girlfriend ka noong March. Don’t tell me…” hindi ko dinugtungan.

Pilit siyang umupo sa gitna namin ni Leon. Ang walang hiyang si Leon naman ay umusog pa para mapaupo ang kanyang kapatid.

Umusog din ako bahagya kay Suki.

“Ang arte mo naman. Wala na si Riguel. Kung kayo, e, huwag mo na lang sabihin sa kanya…” ani Nicholas sabay ngisi.

Nicholas Revamonte is good looking. Kung tulad pa noon ang pananaw ko sa buhay ay dapat ay pinatulan ko na siya. An addition to my line-up. However, I’m not the same anymore.

Umiling ako.

“Whoa!” tumawa si Nicholas. “Kung ganoon, ikaw Suki?”

“H-Ha?” ani Suki sabay lingon kay Nicholas. “Ayoko nga…”

Umirap si Suki sa sinabi ni Nicholas. Ngumisi na lang ako. Mabuti pang kayong dalawa na nga lang.

“Mamaya…”

“Ayaw ko, Nicholas. Anong akala mo sa akin, panakip butas? Pwe!”

Umirap muli ang aking kaibigan.

“Are you so desperate, Kuya?” tanong ni Leon.

“Oh bakit? Ikaw? Hindi?”

Nagtawanan na lang kami. Ilang sandali pa kaming nagkwentuhan doon.

Everything went smoothly for the first day of school. Sa last period lamang ako tuluyang bumigay.

Pinaglaruan ko ang aking ballpen tulad ng mannerism noon ni Riguel.

Alas kwatro o ‘di kaya’y alas kwatro y media, wala na kaming pasok. Sina Riguel kaya? Ang alam ko, kapag college ay minsan aabutin ng gabi. I didn’t ask him about his schedule.

“Suki…” sabi ko sabay hila sa kanyang braso.

“Yes?” ani Suki habang tinitingnan ang kanyang cellphone.

“Pasama naman mamaya sa Alegria Community College, o…”

Binaba ni Suki ang kanyang cellphone at matalim akong tiningnan. Nagpakawala siya ng isang eksaheradong buntong-hininga.

“Susundan natin si Riguel, ganoon?”

“I just want to see how his first day went. And I want to see his schedule. Hindi ako pupunta ng bahay nila dahil baka anong isipin ni Lola Aura. Please, Suki… Ililibre kita…”

“Fine, fine… Ay naku, Lilienne ha! Grabe na iyang mga ginagawa mo…”

Kahit na panay ang sermon niya ay pinagbibigyan niya naman ako. Pagkatapos ng klase ay nagmamadali agad kaming lumabas.

Ililibre ko sana siya ng siomai kaso ayaw niya roon. Sa ACC na mga streetfoods ang gusto niya kaya iyon ang sinunod ko.

Nilibre ko siya ng pamasahe sa tricycle patungong ACC. At nang narating namin ay dumiretso siya sa mga streetfoods.

Turo siya nang turo. Pinagbigyan ko na lang habang nakatingin sa loob ng eskwelahan. I wonder if we’re allowed to go inside.

“Uy mga nene. Napadpad kayo rito, ah?” isang babaeng may makapal na make up ang sumaway sa amin.

Syempre, kitang kita sa uniporme namin na highschool pa lang kami.

“Kakain lang kami…” sabay naming sinabi ni Suki.

“Oh? Defensive. May papasukin siguro kayo ‘no? Crush n’yo?” pang-aasar niya.

“Kung papasok kami dapat kanina pa! Duh!” ani Suki sabay irap sa babae.

Kitang kita ko ang pagtahimik ng babae at ang pagsama ng tingin niya kay Suki. Tumawa lamang kaming dalawa. Anong magagawa ng iritado mong mukha sa amin? Umirap din ako at sinamahan na si Suki sa pagkain.

Nilubayan naman kami ng babae. Sunod naman ay mga lalaki ang nakapuna.

“Lili, nandito kayo?” isang family friend ang nakakita sa akin.

“Ah! Oo. Ito kasing si Suki gustong kumain dito…”

Tumango ang lalaki. “Si Yeshua?”

“Nasa paaralan pa…”

Ilang saglit pang pag-uusap ay wala akong nakitang lumabas na Riguel. Papalubog na ang araw at busog na busog na kami ni Suki.

Hinawakan ko ang gate ng Alegria Community College. Galing sa labas ay tanaw ko ang malawak na soccerfield nila. Naroon din ang gym sa may unahan at ang dalawang outdoor court. May mga puno ng mahogany sa pathway galing gate patungo sa mga bulding. At sa bawat limang metro ay may magkabilang benches. I can’t wait to go to college here.

“Wala pa ba? Umuwi na lang tayo…” ani Suki.

Just when I thought that I won’t see Riguel, I saw his friends! Si Sebastian, Mateo, may dalawa pang lalaking ‘di ko namumukhaan, at sa likod ay si Riguel.

Nagtatawanan silang tatlo habang naglalakad palabas sa gate.

“Oh my God, he’s here!” sabi ko sabay turo kay Suki.

Hinila ko pa talaga siya para lang makita niya ang nakikita ko. Tumingin naman si Suki. Ilang sandali kaming tahimik.

“Wow! Ang gugwapo ng mga kasama niya! Sino ‘yang kasing tangkad niya?” tanong ni Suki.

Hindi ko na siya sinagot dahil hindi ko rin naman ito kilala. Bumundol na ang kaba sa aking dibdib.

Sinundan ko ng tingin si Riguel na palabas doon. Nagulat ako nang nadako ang paningin niya sa amin. Kumaway agad ako. Napatingin si Mateo sa banda namin dahilan kung bakit tinuro niya ako kay Riguel.

Nagtaas ng kilay si Riguel at nauna na sa paglalakad sa kanila. Parang nagwawala ang puso ko habang nakikita siyang palabas at patungo sa amin.

His wearing a black t-shirt and a dark maong. Mas lalong nadepina ang tangkad niya sa kanyang suot. Plus his body is very toned now… Resulta siguro ng mga trabahong ginawa niya noong Summer. Hindi lang pag-aalaga ng manok ang pinagkakaabalahan niya. Pati pagsisibak ng kahoy ay pinasok niya rin para maibenta sa kanilang mga kapitbahay!

“Hi, Riguel!” bati ni Suki sa isang maligayang tono. “Ipakilala mo naman ako sa mga kaklase mo. Except kay Basty at Mateo, ha?”

Tumango lamang si Riguel sa biro ni Suki pagkatapos ay bumaling sa akin.

Sumulyap siya sa kanyang relo.

“You don’t have to come here. Hanggang alas sais ang klase ko madalas,” ani Riguel.

“Ganoon ba? Hindi ko alam.”

Tumango siya. “I’ll give you my schedule. I already know yours. Huwag kang bibisita rito nang ‘di ko nalalaman. Maaga lamang kami ngayon dahil unang araw sa klase.”

Nilingon niya ang kanyang mga kaibigan at kinawayan ang mga ito. Bumulong-bulong ng panghihinayang si Suki sa likod.

“Akala ko ba ipapakilala mo ako?” ani Suki.

“‘Tsaka na, Suki. Marami pa namang pagkakataon. ‘Tsaka, hindi ba mas maganda kung high school lang din ang kaibiganin mo?” ani Riguel.

“Oh? Eh bakit kayong dalawa… Gusto ko rin ng college boy!” sabay tawa ni Suki.

Binatukan ko na lang ang kaibigan ko. Nakalimutan ko na niyaya nga pala siya ni Nicholas kanina. Nacancel siguro dahil sa pakiusap ko sa kanya ngayon.

Pumara si Riguel ng tricycle at bumaling kay Suki.

“Saan ang inyo?” tanong niya.

“Sa may bayan lang kaya ayos kung sasama ako sa inyo. Hindi ko sana kayo iistorbohin kung pinakilala mo lang ako roon sa kaklase mo,” ani Suki.

Tumawa lamang si Riguel at iminuwestra sa akin ang pintuan ng tricycle. Syempre at si Suki ang umupo sa tabi ko. Si Riguel ang nasa likod ng driver.

Binayaran niya kaming dalawa ni Suki at ang kanya ng dalawang beses tulad ng dating gawi. Now I realize why I shouldn’t come here… and most especially with my friend! Mauubos ang allowance niya sa kakabayad sa amin. And his ego won’t let me pay for us.

“Thanks! Uy, Lilienne… bukas, cutting tayo?” ani Suki.

Lumipat si Riguel sa tabi ko nang bumaba na si Suki para sa kanilang bahay. Kumunot ang noo ni Riguel sa akin. Umiling agad ako kay Suki.

“Hindi siya magcucutting,” ani Riguel.

“Ha? Bakit?” tanong ni Suki sabay halukipkip.

“She’s not allowed to, Suki…”

Suki pouted then waved at us. Ayaw papigil ng driver at bumyahe na agad ang tricycle. Talagang ang tanga lang ni Suki at sa harap pa ni Riguel niya ako niyayang mag cutting. Though even without Riguel, I won’t cut class anymore!

“Mag cucutting ka bukas?” malamig niyang baling sa akin.

“Hindi! Inilingan ko nga si Suki, ‘di ba?”

Nanliit ang mga mata niya. Umiling muli ako para maniwala siya.

“I swear, Riguel. Hindi talaga ako magcucutting.”

Nagtaas siya ng kilay at may kinuhang papel sa kanyang bag. Official schedule niya iyon para sa semester na ito. Kumuha siya ng ballpen. He scribbled a phone number below the piece of paper.

“What’s that?” I played innocent.

Ayaw kong manghingi ng numero niya. Isa pa, tamad akong magtext kaya ‘di ako interesado. I just want him. His presence. Him in front of me. But I guess right now it can’t be helped. I won’t see him so I’d have to settle for texts.

“I’ll text you my free time so we can…” ngumuso siya.

“Go out?” ngumisi ako.

Tumitig lamang siya sa akin. Sa titig na iyon talaga ako nabihag. It’s dark and deep. I want to know more about him. I want to know his deepest secrets, his desires… everything. Hanggang ngayon ay pakiramdam ko pinagdadamot niya parin sa akin ang parteng iyon sa kanya. Pero hindi ako nagrereklamo. I’ll settle for what he can give me.

“Paano ka?” sabi ko sabay wagayway sa kanyang schedule.

“I’ve already memorized that. Kung makalimutan ko, I’ll text you. You need to reply…” sabi niya.

“I will really reply!”

Umangat ang gilid ng kanyang labi at nag-iwas siya ng tingin.

“Can I text you tonight too?” tanong ko.

“I thought you don’t like textmates?” aniya.

He looked like an innocent shy puppy. Tumawa ako nang may naisip. That’s what everyone thinks of me! Lahat ng lalaki ay alam na hindi ako mahilig mag text! Ipinakalat iyan ni Leon at ni Yeshua noon! Na natuturn off ako sa text nang text na mga lalaki!

“You know about that rumor?” natatawa kong sinabi.

“Who doesn’t know about that?” Pagalit niyang sinabi.

“Riguel, I will text. If you text me, I will reply. Okay?”

“I won’t text much. I don’t like texting either…” nag-iwas siya ng tingin sa akin.

Kinagat ko ang labi ko. Well, I can believe that. He doesn’t look like a texter to me. Hindi ko pa siya napanood na nagtitext, e.

“Okay then… we’ll only text when we need something?” sabi ko.

“Okay…” malamig niyang tugon.

“Or when we feel like it…” nakangiti ko paring sinabi iyon.

“Yeah…”

Nilagay ko sa loob ng bag ang kanyang schedule. Noon ay ayaw kong nadidikit ang balat sa kanya, ngayon ay parang gustong-gusto ko na. Gusto kong magkalapit pa lalo kaming dalawa.

Pinasok ko ang aking siko sa gitna ng tagiliran at braso niya. Nilingon niya ako ng bahagya at inipit niya ang aking siko. Just enough for me to feel his warmth. Dammit!

“How was your first day?” malambing niyang tanong.

Can I just wait for him outside their school everyday? Nanginig ang labi ko nang sinubukan kong magsalita.

“Ayos lang.” I missed you. “Ikaw? Mahirap ba ang mga subject?”

Tumingin siya sa kalsada at tumango.

“Medyo pero kaya naman siguro.”

“Do you want to be an accountant?” tanong ko.

“Hmmm. You can say that…”

So his dream is to be an accountant, huh?

“Si Basty at Mateo ba ay accountancy din?” tanong ko.

“Why are you asking about them?”

Nagkatinginan kami. Nakakunot ang noo niya. I know that to well. I’ve been with boys. I may break their hearts but I’m not insensitive. Cruel, right? To sense that their heart is breaking but… breaking it still?

“Don’t be jealous.”

“I’m not jealous. You seem so interested,” aniya.

“Syempre kaibigan mo sila. I just want to know who you’re with everytime you go to school.”

“Sila tapos dalawa pang lalaki. Ngayon lang namin nakilala iyong dalawa…”

Iyong dalawa. Walang pangalan.

“… they like playing basketball, too. I might register for the Accountancy team.”

“Wow! That’s great! Can I see you play?”

“Sa foundation day siguro. Pero sa practice game, baka ‘di kayo papapasukin!”

“Sasabihin ko sa guard na magbabayad ako ng tuition ng kapatid ko! Oh! Malay ba niya, ‘di ba?”

Humagalpak siya sa tawa sabay iling.

“Tingin mo ‘di niya mahahalata kung paulit-ulit mo ‘yang alibi? Baka kapag may game na ‘di ka niya na talaga papapasukin!”

Ngumuso ako. I hate to admit but he’s right.

“Okay then… Let’s just text until we have a freetime.”

Tumango siya.

I wonder what our relationship is all about? I’m afraid to ask. I’m content like this. I’m fine without the label. I’m fine like this. Ayaw kong dahil sa pagpupumilit ko ay mabasag ang bula ng kaligayahang ito. I want to take it slow. Anyway, like I said… we have years to go.

Kabanata 11

Kabanata 11

*OceanofPDF.com*

Fight

Nakahiga ako sa kama habang nagtitipa ng text ni Riguel. I have never been this interested to text someone.

Ako:

I’m home. Are you? -Lilienne

Ilang sandali pa bago siya nakasagot.

Riguel:

Kakauwi ko lang. I’m going to do my assignments after eating. Kumain ka na rin.

Napangiti ako sa sobrang pormal niya sa pagtitipa. Kumpleto ang mga spelling. Tamang punctuation marks. Capital letter ang unang letra.

Iyon ang gawain namin tuwing gabi. Madalas naman, kapag nakakasalubong ko si Lola Aura sa palengke o sa bayan at iniimbitahan niya ako sa kanila, pupunta ako ng Sabado. May mga pagkakataon ding binibisita ko si Riguel sa kanilang school. But of course I would tell him. Ayaw kong sungitan niya ako.

Nagmamadali siya lagi palabas ng school kapag tinitext ko siya na pupunta ako. Tinatiming ko na magaan ang last period nila para hindi siya masyadong stressed.

“Hi!” bati ko.

Sa likod niya ay ang kanyang mga kaibigan na madalas kasama. Nilingon ni Basty ang aking likod. Luminga-linga rin siya.

“Want to eat first bago umuwi?” tanong ni Riguel.

Tumango ako. Lumapit na kami sa mga stall ng street foods. Nilibre niya ako.

Naiisip ko tuloy kung magkano kaya ang kanyang allowance. Is it okay to ask. Nililibre niya ako kahit drinks. Pati pa pamasahe at dalawang beses pa ang pamasahe niya sa tricycle.

“Busog na busog ako!” sabi ko pagkatapos uminom ng softdrinks.

Ngumiti si Riguel sa akin. Kinuha niya ang wallet niya at binayaran ang kinain namin. Basty is still eating siomai beside us.

“How much is your allowance?” tanong ko.

Nagtaas ng kilay si Riguel sa akin. “Bakit?”

“You paid a lot. Sa’yo… Sakin… Tapos pamasahe pa ngayon. I should pay for the tricycle now…”

Hindi pa ako natatapos ay umiiling na siya.

“Please, Riguel. I just want to help-”

“I will pay for us,” mariing sinabi ni Riguel.

“The world should be equal. If men can pay for women’s needs, we can also pay for yours. Please, Riguel.”

“Nag-ipon ako ng pera kahapon at noong isang araw. I know you’d come here today. I’ll take care of everything. Don’t worry.”

Ngumuso ako. Ayaw paawat.

And… nag ipon siya ng allowance para sa isang kainan namin dito?

Parang kinukurot ang puso ko. Inubos ko ang softdrinks habang nag-iisip. Ibang-iba talaga ang mundong kinatatayuan naming dalawa. Ibang-iba. While I’m here not even bothered with the money I’m spending, he’s here trying to make his money fit for us.

“Tara na, Basty…” anyaya ni Riguel pagkatapos naming kumain.

“H-Huh?” ani Basty sabay tingin sa akin.

His thick rimmed glasses were falling. Ipinatong niya iyon ng maayos sa kanyang ilong bago umupo sa likod ng driver. Hindi makatingin si Basty sa akin. Panay cellphone ang tinitingnan niya.

Pumasok na ako sa loob. Sumunod si Riguel. I’d always make him my shield from the cold wind. Ang isang braso ko ay sinusuot ko sa gitna ng kanyang braso at tagiliran. And he’d always be pleased by it.

Palapit na ang foundation day ng Alegria Community College. Busy si Riguel dahil sa booth ng Accountancy at iba pang mga kailangan nilang gawin. Ang alam ko nakapasok din siya sa basketball team pero mas nagcoconcentrate siya sa academics.

“Pupunta ka ba?” tanong ni Suki sa akin habang naglalakad sa corridors.

“Syempre naman. Ikaw?” tanong ko.

“I’ve never been to their foundation day. Is it really that amazing?”

“Hindi ko alam. I’ve never been to their foundation day, either. Ngayon lang ako nagkainteres dahil naroon si Riguel.”

Tumango si Suki at parang kumbinsido na sumama sa akin kung sakali.

“Isama natin sina Russel at Julio. What do you think? We can also ask Leon to join us!”

“Pwede…” sabi ko habang nag-iisip.

Ilang batalyong babae ang nakasalubong namin. Wala ako sa sariling nag-iisip sa foundation day nang may bigla akong narinig.

“Have you heard? Si Riguel Alleje at Isabella Thomas na raw talaga for real!”

Halos mabali ang leeg ko sa kakatingin sa babaeng nagsalita. I don’t know if she said it innocently or sinadya niya iyon nang nagkasalubong kami.

“Ano na naman ‘yan?” sabi ko at humalukipkip.

Bumaling din ang isang mapapel na Grade 10. Ni hindi ko siya kilala pero kung makatingin siya sa akin ay parang saulo niya ang mga kamalian ko.

“Oh! The rumored girlfriend… Wait… ex ka na pala,” sabi niya.

Ang kapal ng lipstick niya. Iyon lamang ang nakikita ko sa kanyang mukha. Hinead to foot niya pa ako! Uminit agad ang ulo ko.

“I’m not his ex. Or his girlfriend…”

Tumawa siya. Pati pa ang dalawang alipores sa kanyang likod.

“Then you’re nothing. I’m just saying na si Riguel at Isabella na. Wala ka naman pala, e. You’re not his girlfriend or even ex so why are reacting?” aniya.

“Kasi naman. Bakit ka pa nagpapakalat ng maling balita? Magbabalita ka na nga lang, iyon sanang tama!” ani Suki.

Humakbang ako ng isang beses. I can’t believe this girl is confident about what she just said!

“Araw-araw kaming nagtitext ni Riguel. Madalas kaming nagkikita. And you think people will believe your nonsense?” sabi ko.

“You think people will believe your non sense, too? Isabella Thomas deserves Riguel Alleje. You don’t deserve him. Kaya malamang ay iyon ang papaniwalaan ko at ng mga tao. Dahil iyon ang mas nararapat.”

Halos magpalpitate ang kilay ko sa galit. Pinirmi ko ang malalalim na paghinga para mapigilan ang pakikipag pisikalan sa babae.

“Bahala ka! Iyon ang paniwalaan mo kung iyon ang gusto mo!” tatalikuran ko na sana asiya ngunit natigilan ako sa kanyang dinugtong.

“You’re just the highschool bitch who keeps on pursuing him. Sawa na siguro siya sa pagbuntot mo kaya ka pinatulan! Kumpara kay Isabella Thomas, mas may class siya. Indeed, money can’t buy class!”

Mabilis akong nagmartsa patungo sa kanya. Ang galit na naramdaman ko ay hindi ko na magawang itranslate sa mga salita. My mind is spinning fast that I couldn’t utter the right words. So I chose to go to her and slap her hard!

“Walang hiya ka, Altamirano!” sigaw noong babae at sinampal din ako.

Sobrang hapdi na sampal ang natanggap ko galing sa kanya. Hindi ko kayang tanggapin na ginawa niya pa iyon kahit na siya itong may atraso!

“Bitch!” sigaw ko at nilapitan siya para hilahin ang buhok.

Hiyawan at sigawan ang narinig ko habang hinihila ko ang buhok ng babae. May sumali pa sa hilahan ngunit naharangan na ni Suki at tinulak na sa sahig!

I pulled her uniform. Sa rahas ng pagkakahila ko ay halos nahubaran siya ng pang itaas. Isang kalmot ang inabot ko sa aking braso dahil sa galit niya.

“What’s happening here?” malamig na boses ng isang teacher ang narinig ko. “Students!”

Ang kaninang naghihiyawan ay hinawakan na kami sa braso at nilayo sa isa’t-isa. Hiningal ako ng husto! Tiningnan ko ang braso kong may tatlong tuwid na linya galing sa mga kuko ng babae.

“Siya po ang may kasalan, Ma’am! Kahit tanungin n’yo pa po ang mga estudyante rito!”

Tumango naman ang iba. Nagtiim bagang ako. Hindi ko maipagkakaila iyan. Yes, I did the first move but she was a pain in the ass, that’s why!

“Miss Altamirano, is it true?”

Tinitigan ko lang ang teacher. Pagkatapos ay nilingon ang mga babaeng may hawak sa aking braso. Hinila ko ang kamay ko para mabitiwan nila ako.

“See? Hindi siya makasagot dahil totoo, ma’am! Siya ang nagsimula ng gulo!” anang babae habang inaayos ang kanyang damit.

“Sumbungera!” ani Suki sa aking gilid.

“Come with me, Miss Altamirano…” malamig na sambit ni Ma’am at naglakad na patungong DSA.

Nilingon ko si Suki. Umalis na ang ibang usisero at usisera. Ang grupo ng babae ay tumabi.

Naglakad ako sunod kay teacher. Tumabi agad ang babaeng nakaaway ko. Mukhang takot na masaktan ko.

Matalim ko siyang tinitigan bago tuluyang umalis doon.

“Lecheng babaeng iyon! Magtatanong ako sa mga kaklase kung sino iyon. Papormahan natin kay Julio, Lili!” ani Suki.

Dinig na dinig ko ang panggigigil sa kanyang boses. Tiningnan ko ang magkabilang braso ko na may mga kalmot ng babaeng iyon.

Sa Discipline Office ako pinapunta. Pumasok din si Suki sa opisina. Ngunit ang request ng officer ay ako lang ang pumasok sa mismong opisina niya kaya kailangan siyang iwan sa sofa.

“What happened?” natatawang sabi ng isang pamilyar na boses.

Kaswal na pumasok si Nicholas sa opisina at umupo sa tabi ni Suki. Tumingin siya sa akin.

“Just a catfight…” sabi ko.

Humilig si Nicholas sa sofa. He spread his arms on it’s back rest. Nilingon niya si Suki. Umusog naman ng bahagya si Suki.

“Do you know that girl, Nicho?” tanong ni Suki.

“Pumasok ka na, Miss Altamirano…” sabi ng teacher na nagpatawag sa akin.

Tumango ako at iniwan na sila roon. The familiar face of our Discipline Officer almost made my eye roll. Ganoon din siguro siya sa akin.

Inayos niya ang kanyang salamin at binalingan ang mga papeles sa kanyang lamesa.

“Ano na naman ang gulong dinala mo, Miss Altamirano?”

Tumikhim ako at lumapit sa upuan.

“That girl is spreading wrong rumors. I got pissed so…” tinagilid ko ang ulo ko. Alam niya naman siguro ang dugtong.

“If it’s a false rumor, why are you so mad?”

Tinanggal ng officer ang kanyang salamin at nilapag sa mga papel. Humilig siya sa kanyang swivel chair.

“Sinabi ko sa kanya na hindi iyon totoo. All she did was insult me so I got pissed more.”

Humugot siya ng malalim na hininga at pinagsalikop ang kanyang mga daliri.

“You’re bleeding?” aniya at bumaba ang mata sa aking braso.

Tinago ko iyon.

“This is nothing. It’s from her fingernails.”

Nagkibit ako ng balikat. Kinusot niya ang kanyang mga mata. Para bang pagod na siyang maghandle ng kaso ko sa eskwelahang ito. I would always get away. My mom and dad will always vouch for me.

“Go to the clinic and ask for the nurse’s help.”

Tumango ako at tinalikuran siya agad.

“Thank you, po…” sabi ko bago sinarado ang pintuan.

Naabutan ko si Suki na mag-isa sa sofa. Nakatingin siya sa kanyang cellphone.

“Ano raw?” tanong niya at binaba ang kanyang phone.

“Pupunta muna ako sa clinic. Pumasok ka na sa klase. Magpapagamot lang ako nitong kalmot…”

“O sige… Magtext ka kung anong meron, ha? ‘Tsaka… Ang mabuti pa, magpahinga ka muna sa clinic. Ako na ang bahalang mag sabi sa teacher natin.”

Tumango ako. Tama siya. Para ngang masama ang pakiramdam ko kaya mas gusto kong magpahinga muna.

Dumiretso ako sa clinic. Si Suki ay tumuloy naman sa classroom.

Naroon ang nurse. Ipinakita ko kaagad ang aking braso sa kanya.

“Medyo hindi rin maganda ang pakiramdam ko, Miss…” sabi ko.

Tumango siya. “Ganoon ba? Gagamutin ko muna iyan pagkatapos ay magpahinga ka na lang muna sa loob.”

Ganoon nga ang kanyang ginawa. Pinahiran niya ng betadine ang mga kalmot. Tinitigan ko na lang ito habang siya ay nagtatanong kung paano ko nakuha ang mga sugat na iyon.

“Ikaw ang ang nasaktan, kung ganoon? Your enemy didn’t have bruises?” nagtataka niyang sinabi.

Umiling ako. Walang ganang makipag-usap tungkol doon.

Hindi ko alam kung bakit ako pagod. Basta’t pagkahinga ko sa kama ng clinic ay nakatulog agad ako.

Nagising lamang ako nang may narinig akong pamilyar na boses kausap ang nurse.

“Is she okay?” tanong ni Yeshua sa nurse.

Kinusot ko ang mga mata ko at bumangon. Tiningnan ko ang kurtina na nag seseparate sa lamesa ng nurse at sa kama ng clinic.

“She’s fine, Yeshua. Nasa loob lang at nagpapahinga. Masama raw ang pakiramdam niya kanina. You can give her this if you want,” sabi ng nurse.

“Okay. Thanks…”

Hinawi ni Yeshua ang kurtina. He looked so concerned. May isang baso ng tubig siyang dala.

Ngumiti ako sa kanya. He didn’t even smile at me.

Umupo ako sa kama. Sa aking gilid naman siya umupo. Nilapag niya ang baso sa gitna naming dalawa at kinuha niya ang capsule ng gamot sa lalagyanan.

“Inumin mo raw ito, sabi ng nurse…” aniya sabay bigay sa akin ng capsule.

Tinanggap ko iyon at nilagay sa bibig. Pinaanod ko iyon sa tubig na dala niya.

“You didn’t tell me…” aniya.

“I don’t want to cause trouble, Yesh. Besides, I can deal with it…” sabi ko nang ‘di siya tinitingnan.

Dinig ko ang iritasyon sa paghagilap niya ng hangin.

“What happened? Bakit may nakaaway ka?”

Tiningnan ko siya. I'm not sure if it's good to tell him what it's all about. I don't think he likes the idea of Riguel being the main reason for this.

"Ang arte kasi noong babaeng iyon. Parang kung sino…"

Kinuha niya ang mga kamay ko at tiningnan niyang mabuti ang aking sugat. Binawi ko iyon sa kanya.

"It's just nothing, Yesh. I'm feeling fine now. Wala ka na bang pasok? Alas tres pa lang, a?" sabi ko.

"Narinig ko kay Piper ang nangyari. I came straight here…"

Tumayo ako at nagsuklay ng buhok. Kung magtatagal ako rito paniguradong ganoon din ang gagawin ni Yeshua kaya kailangan ko nang bumangon at pumasok.

"I'm fine now. Let's go back…" anyaya ko.

Nagkatinginan kaming dalawa. Malalim ang kanyang mga mata. It's almost like mine. Only that… his eyes is more mysterious. Mine is tell all and transparent.

"Okay then…"

Tumayo siya at sabay na kaming lumabas doon. Nagpasalamat ako sa nurse bago umalis. Ganoon din si Yeshua.

"Stay away from trouble, Lili…" ani Yeshua habang naglalakad kami pabalik ng aming mga classroom.

"Yes, I will…"

"And when you're in trouble, you have to tell me…"

Hindi ako sumagot. Never again, Yeshua…

Kumaway ako sa kanya. Mas una kasi ang classroom namin kaya ako iyong unang pumasok. Tumango lamang siya sa akin at nagpatuloy na sa

paglalakad para sa kanilang classroom.

Habang nagkaklase ay iniisip ko kung pupuntahan ko ba si Riguel ngayon. Dapat ay hindi dahil ayon sa kanyang schedule, matagal siyang uuwi ngayon. Isa pa… may mga meetings sila para sa booth ng kanilang foundation day. Kapag naman sasabihin ko sa kanya na pupunta ako ay magmamadali iyon. Paniguradong ‘di niya matatapos ang ginagawa.

So… yes… I went to Alegria Community College. Hindi yata ako mapapanatag kung hindi ako pupunta o ‘di ko siya makakausap. Hindi ko rin siya tinext na pupunta ako dahil ayaw kong magmadali siya.

Mag-isa akong nakatayo sa labas ng kanilang gate. Marami na ang pauwing estudyante pero tanaw ko sa loob ang mga cheering squad na nagpapractice pa. Marami paring tao. Kahit na palubog na ang araw.

And I can’t play on my phone to forget boredom. Baka kasi makaligtaan ko ang pag-aabang ko, maiwan pa ako ni Riguel.

Nanatili akong nakatingin sa gate. Hawak ng kanang kamay ko ang strap ng aking shoulder bag. Tumatabi ako tuwing may grupo ng estudyanteng lumalabas.

Bakit kaya may usap-usapan na si Riguel daw at Isabella Thomas? Siguro ay may galit lamang iyong babaeng iyon sa akin kaya niya pinarinig sa akin. She knows I’ll get pissed. And she got what she wanted! Dapat ay mas naging maingat ako! Bakit pa kasi ako nagpadala sa damdamin ko. I trust Riguel and I don’t think he’ll lie to me kung sila na nga ni Isabella.

Tiningnan ko ang sapatos ko habang naghihintay. God, I’m so bored!

Umilaw na ang mga poste sa gate ng ACC. Madilim na at marami na ang umuwi ngunit wala parin si Riguel. Tumunog ang cellphone ko para sa isang mensahe. I quickly opened it when I saw Riguel’s name.

Riguel:

Are you home? You didn’t text me.

Agad akong nagtipa.

Ako:

Why? Are you done? I’m outside your school. Huwag kang mag madali. I can wait.

Binaba ko ang cellphone ko at tiningnan ang mga estudyanteng lumalabas. Maingay sila at nagtatawanan. May dala ang iilang babaeng uniform yata ng cheering squad nila.

“Bye, girls!” sigaw ni Isabella Thomas sa mga babae.

Naestatwa ako habang tinitingnan siya. May dalawang babae siyang kasabay. Pumasok sila sa tricycle, naghahagikhikan.

Bumaling ulit ako sa gate. Ang una kong nakita ay si Riguel na nagmamadaling lumabas. Luminga linga siya sa bawat gilid. Humakbang ako ng isang beses para makita niya at nang nakita niya ako ay mabilis agad ang lakad niya patungo sa akin.

Dinikit ko ang kabilang kamay sa aking katawan para hindi niya makita ang sugat. Ang isa naman ay pinanatili kong nakahawak sa hawakan ng shoulder bag.

“Why didn’t you tell me?” mariin niyang sinabi.

“Kasi alam kong magmamadali ka. I know you’re busy… Dapat ay ‘di na ako pumunta…”

Tumango siya. “Yes, I’m busy and I don’t like you waiting here. Anong oras ka dumating dito?”

“Uh… Around four thirty…”

Tiningnan niya ang kanyang orasan. Isang mura ang pinakawalan niya bago humarap muli sa akin.

“Two hours. Did you eat?”

Tumango ako at ngumisi. Hindi niya magagawa sa akin iyon, ‘di ba?

“Let’s go home…” aniya sabay para ng isang tricycle.

Pumasok ako sa tricycle. Sumunod naman siya. May isang estudyante ang umupo sa likod ng driver.

“Where’s Mateo and Basty?” tanong ko. “Your other friends?”

“Nasa loob pa. Nauna ako…”

Ngumiti ako at tumango. His elbow touched my arm. Bahagya akong umusog palayo para hindi ako mabuking. Nilingon niya ako at kumunot ang kanyang noo.

“Bakit ka pumunta nang ‘di mo sinasabi?”

Ngumisi ako. “I just want to…”

Nanatili ang mga mata niya sa akin. It’s like he’s reading my thoughts.. Like he’s solving a puzzle through my eyes. Nag-iwas ako ng tingin. Come on, Lilienne… Think about a topic. But wait… hindi ako matatahimik kung ‘di ko siya matatanong kaya kailangan ko siyang tanungin!

But then asking that question will make him think that I’m accusing him or I believed the rumors! Ano ba dapat? Dammit! We’re not even in a relationship so if it was true, then that shouldn’t concern me!

“May problema ka ba?” tanong niya.

Nanatili akong tahimik. Hindi ko parin alam kung ano ba dapat ang gagawin ko. This is the first time I felt like this. That need for security when in the first place, I shouldn’t feel secured. He’s not mine. We’re not in a relationship. I’m not the girlfriend. I should be content with these…

“Lilienne… what is it?” malamig niyang tanong.

“Uh…” Hilaw ang ngiti ko. “Kanina kasi may Grade 10 na nagsabing kayo na raw ni Isabella Thomas.” Tumawa ako. But dammit… I can hear the

shaking of my voice! “It’s impossible! I mean… but… I don’t know… I shouldn’t…”

Nanginig ang labi ko. Hindi ko alam kung ano dapat ang sabihin ko. Nanatili siyang nakatingin sa akin. Nakakunot ang kanyang noo.

“Hindi kami. And I’m not courting her,” simple niyang sinabi.

“Oh! Yes! I knew it! Gusto lang yata ng babaeng iyon na magalit ako…”

Ngumisi ako. Parang nawala ang nakadagan sa aking dibdib sa sinabi niya. Nanatili ang kanyang ekspresyon. Nakatitig sa akin at parang bawat kilos ko’y hinihimay niyang mabuti.

“Nagalit ka ba?” tanong niya.

“Hindi no!”

Tinampal ko ang braso niya.

“Ba’t naman ako magagalit?”

Hinuli niya ang kamay ko. Nanlaki ang mga mata ko. Hinila niya iyon. The wounds I have are now exposed. Nakakunot ang noo niya habang tinitingnan ang mga iyon.

“What’s this?” malamig niyang tanong.

Babawiin ko na sana ang kaliwang kamay ko ngunit mahigpit ang pagkakahawak niya. Kinuha niya rin ang isang kamay ko at hinila. Kitang kita niya na ngayon ang mga sugat ko. Kinagat ko ang labi ko nang tiningnan niya ako.

“You got… into a fight?” mariin niyang tanong.

## Kabanata 12

OceanofPDF.com

Believe

“Riguel, hindi na kailangan…” sabi ko nang hinila niya ako patungo sa kanilang bahay.

Nahihiya akong pumunta dahil paniguradong naroon ang kanyang Lola at Lolo. Isa pa, hindi naman ito malalim na sugat kaya hindi na niya dapat gamutin pa.

“Nagamot na ito ng nurse, Riguel…”

Dumiretso kami sa bahay nila.

Dahan-dahan akong pumasok. Amoy na amoy ko ang nilulutong ginisa galing sa kusina. Si Lolo Selmo ay nasa sala at nanonood ng TV.

Nagmano si Riguel kay Lolo. Nilapag niya ang kanyang bag sa sofa at dumiretso sa kusina para na rin mag mano kay Lola Aura.

“Kasama ko po si Lilienne…” narinig kong sambit niya.

“Oh, papasukin mo siya!” ani Lola.

Nilingon ako ni Lolo Selmo at tumayo agad siya. Nagulat na nakatayo pala ako sa pintuan.

“Opo. May gagawin lang kami sa labas…” si Riguel.

“Upo ka, hija!” ani Lolo Selmo.

“Magandang gabi po! Hindi na po… Hindi po ako magtatagal…”

May kinuha yata si Riguel sa kusina. Pagkatapos ng usapang iyon ay bumalik siya sa akin. Isa-isa niyang tinanggal ang butones sa kanyang polo at tinulak ang pintuan ng kanilang bahay.

“Huh?” tanong ko dahil ‘di ko siya maintindihan.

“Sa labas na tayo. Mainit dito…” aniya.

Tumango naman ako at sumunod sa kanya. Naglakad kami palayo sa kanilang bahay. Nilagpasan namin ang lumang pick-up nila. Dumiretso kami sa mga kakahuyan kung saan niya ako dinala nang may kainan dito.

“Who did that to you?” tanong ni Riguel habang may kinukuhang bulak sa lalagyanan.

“I don’t know her name…” sabi ko.

“Iyon bang Grade 10 na tinutukoy mo?” tanong niya sabay lingon.

Rinig ko na ang tunog ng batis. Tanging ang ilaw lamang galing sa buwan ang nagpapaliwanag sa amin. May ilaw ilang metro ang layo. Sa isang puno yata kung saan malapit ang kulungan ng kanilang mga manok.

Nilapag niya ang lalagyanan ng bulak at iyong betadine. Hinubad niya ang kanyang polo at tanging ang puting t shirt na lang ang suot ngayon.

Nilapag niya ang puting polo sa lupa at umupo siya roon. Tinapik niya ang gilid niya.

“Umupo ka rito…”

Dahan-dahan akong lumapit. May pag-aalinlangan pa sa akin ang pag-upo pero ginawa ko parin. We were so close. I am so tiny when we’re close like this.

Hinigit niya ang aking braso at nilapit niya sa batis.

“Malinis ang tubig dito…” aniya at hinugasan ang aking mga sugat.

Pinagmasdan ko siyang mabuti habang ginagawa iyon. He looks so serious and dark.

“Iyong nakaaway mo ay iyong nagsabing girlfriend ko si Isabella, tama?”

Nanatiling nasa sugat ko ang kanyang mga mata. I want to lie about it but I guess he already found out.

“Yes. I got so pissed so…”

“Nalaman ba ng teachers? You went to the Discipline Office again?”

“Well, yes…”

Kumuha siya ng bulak at nilagyan ng betadine iyon.

“And?” nag-angat siya ng tingin.

Umiling ako. “Wala naman. Pinapunta lang ako sa clinic para magpagamot.”

Ginamot niya ang aking sugat. Tahimik na siya ngayon kaya naging tahimik an rin ako. Pinagmasdan ko na lang ang pulang balat ko.

“Don’t believe those rumors. Kung kami ni Isabella, dapat matagal na, Lilienne.”

“Well, I didn’t believe it. I was just pissed because she insisted. Para bang iyon talaga ang katotohanan para sa kanya.”

“Hindi iyon totoo,” ulit niya.

“Yes. I know…” Napangiti ako.

“She also told me that I don’t deserve you, though… Kaya mas lalo akong nainis. Na hindi tayo bagay dahil matalino at mas may kalidad ka samantalang ako ay mayaman lamang.”

Tumigil siya sa pag gamot at nag-angat ng tingin sa akin. Hindi na ako makatingin sa kanya ngayon.

Because although I have the confidence to insist that it isn’t true… I kind of believe it. Kahit hindi mayaman si Riguel, mas may kalidad ang kanyang pagkatao sa akin. Nagsusumikap siya at seryoso sa kanyang pag-aaral

samantalang ako ay bulakbol. Yes, I'm trying to change that but it still doesn't mean that I was never like that.

"Don't believe that…" Inangat niya ang baba ko para mahanap niya ang aking tingin.

Napalunok ako at dahan-dahang tumango.

"Walang mas may kalidad kahit kanino. You matter to the people who loves you. Clearly, that girl hates you. You made her opinion matter by paying attention to it, Lilienne. Her opinion of you shouldn't matter. Don't pay attention. Their opinion doesn't matter to me."

Bumagsak ang mga mata ko sa aking sugat. Hindi ko alam kung bakit naninikip ang dibdib ko.

"I'm never going to cut class again. I'm going to study hard because that's how it should be…"

Inangat niyang muli ang aking baba.

"Yes, that's how it should be. That's good. Pero para sa akin, gawin mo ang kahit anong gusto mong gawin. My opinion of you won't change… 'kay?"

Tumango ako at ngumiti.

"Kahit na magbulakbol ako?" biro ko.

"Kahit na. But I'm gonna be real pissed if you do that, you know…"

Umiling ako. "Hindi na ulit, Riguel."

Tumango siya at sinarado ang lalagyanan ng betadine.

"Okay… Balik na tayo sa bahay at doon ka na kumain. Text your mother. Ihahatid na kita pauwi sa inyo."

"Okay…"

Kinuha ko agad ang cellphone ko para makapagtext.

So I didn’t mind the rumors. Ang importante sa akin ay ang sinabi ni Riguel. Everything feels fine again after that.

Nakikita ko parin ang babae sa school, nga lang, umiiwas na siya sa akin. Hinayaan ko na lang siya. Hindi ko na ginantihan dahil ayaw ko na ng karagdagang gulo.

Kahit na tatlong linggo ang sembreak ng mga college students, parang ‘di iyon naramdaman ni Riguel dahil busy siya sa kanilang booth para sa Foundation Day. Kami namang mga high school ay may isang linggong sembreak na lulubus lubusin ko.

Nagbibihis na ako ngayon dahil pupunta ako ng Alegria Community College. Susunduin ako ni Riguel sa gate ng eskwelahan para makapasok ako. Ang gagawin niyang excuse sa guard ay tutulong ako para sa kanilang booth.

Nagsuot ako ng faded ripped jeans, white v neck t shirt and white sneakers. Bumaba ako ng kwarto para makakain ng almusal.

“Oh, akala ko ba wala kang pasok? Bakit maaga ka parin?” tanong ni Nana Sela nang umupo ako sa hapag.

“May gagawin lang po.”

“Tumawag si Suki kanina noong ‘di ka pa bumabangon. Sa telepono. Sabi niya pupunta raw siya rito dahil wala siyang magawa sa kanila.”

“Huh? Bakit ‘di siya nagtext?” tanong ko sabay kuha ng cellphone.

Now I realized how awful I was! Nagtext si Suki ng limang beses ngunit ‘di ko binasa tulad ng mga mensahe ng ilang lalaking pumuporma! Kay Riguel lamang ang binasa ko!

Tumunog ang doorbell. Tinuro ni Nana Sela ang pintuan.

“Baka siya na iyan…”

Nasapo ko ang aking ulo dahil sa kapalpakan. I guess I have no choice but to bring her to the booths? I have to text Riguel first.

Ako:

Riguel, nandito si Suki sa bahay namin. Ayos lang ba kung isama ko siya sa ACC?

“Ang timing ko talaga, eh! Tamang tama at ‘di pa ako nakapag almusal!” ani Suki sabay upo agad sa aking tabi.

Siya pa ang unang kumuha ng platong may lamang hotdog.

“Saan ba si Yeshua? Tulog pa?” tanong niya at kinagatan ang hotdog na tinusok.

Tumango ako.

She’s wearing an all black spaghetti strap dress. Her lipstick is dark violet and her eyebrows are properly made.

Sinungaw niya ang aking suot at kumunot ang noo niya.

“May lakad ka?”

“Niyaya ako ni Riguel na pumuntang ACC. Titingnan ko ang booth nila.”

She rolled her eyes.

“And I thought we’re watching The Forest today!”

Iyon ang ang sabi niya sa text niya na ngayon ngayon ko lang nabasa. Umiling ako.

“Don’t worry, ililibre kita sa kahit anong gusto mo kaya huwag kang mag-alala, okay?”

“O siya… Tutal ay tingin ko mas magandang ideya iyan! Andoon ba iyong mga kaklase niyang gwapo? Oh my God!”

Naghihisterya na si Suki tungkol sa mga college boys na gwapo. Nagpatuloy naman ako sa pagkain at tiningnan ang text nI Riguel.

Riguel:

Sure. Eat your breakfast first before coming here.

Ako:

I’m eating with Suki right now. :) Ikaw din.

Nagpahatid kami kay Manong Luis. Tinext ko na rin si Riguel na papunta na kami roon kaya nag-abang na siya sa gate ng eskwelahan.

Pagkababa namin ay sumenyas na si Riguel na pumasok na kami. Siguro ay nakausap niya na ang guard sa gusto niyang mangyari kaya hindi na kami kinwestyon!

Nasa soccerfield ang kanilang booth. May mga tent roon kung nasaan ang mga booth ng pagkain, drinks, at kung anu-ano pang bilihin. Ang kanila ay pagkain tulad ng siomai, fries, tempura, at kung anu-ano pa. They’re not yet done with the decorations so I think we’ll help.

Nilakad namin ang soccerfield. Mabuti na lang at sa gilid may mga puno ng mahogany kaya hindi kami nainitan.

Pinasadahan ko ng tingin ang mga estudyanteng abala. Maingay rin sa gym dahil siguro sa mga practice game.

“You can stay on our tent or you can also roam around if you like,” ani Riguel.

“We’ll help-”

“Hindi kita pinapunta rito para tumulong…” aniya.

Nagkatinginan kami ni Suki. There goes Riguel again!

“Hindi naman din pwedeng buong araw kaming gagala lang ‘di ba? ‘Tsaka kung mananatili kami sa booth n’yo, ang pangit tingnan na wala kaming ginagawa.”

Bumuntong hininga sa Riguel. Nakalapit na kami sa kanilang booth. Binigyan niya ako ng dalawang monoblock chair para sa aming dalawa ni Suki. Umupo si Suki ngunit nanatili akong nakatayo.

“Fine,” ani Riguel.

Kumuha siya ng iilang cartolina sa kanilang lamesa at binigay niya iyon sa akin.

“Cut these all out. Ibibigay ni Sebastian ang gunting…” ani Riguel. “Basty…”

“Oo, saglit lang.”

Ngumisi ako.

“Thanks!”

Tumango siya at bumaling sa kanilang lamesa. May ipinakitang papel ang kanyang kakaklase sa kanya na agad niyang pinagtuonan ng pansin.

Lumapit naman si Basty sa amin dala ang dalawang gunting. Tinanggap iyon ni Suki at binigay niya sa akin ang isa.

“Thanks…” ani Suki.

“W-Walang anuman…” ani Basty sabay kamot sa kanyang batok.

Umupo ako sa tabi ni Suki at binigyan na siya ng isang cartolina para makapag simula na kami sa pag gunting.

Mabagal gumawa si Suki ng kanya dahil panay ang pasada niya ng tingin sa mga taong naroon. Maybe she’s looking for the cute boys.

“Suki! Bilisan mo!” sabi ko nang natapos ko ang pangatlong letra na ginugunting ko at iyong kanya ay ni isa wala pa.

Lumapit muli si Basty sa amin. Si Riguel ay tumutulong na sa pagtatayo ng lamesa nila. Abalang-abala pala talaga siya rito sa school.

“Ano ‘yan?” tanong ni Suki sabay turo sa isang kulay violet na pagkain.

“Uh… Kakanin. Sabi ni Riguel ay baka nagugutom kayo.”

“Hindi ako kumakain niyan!” ani Suki, tunog disappointed sa pagkaing binibigay ni Basty.

Siniko ko agad ang aking kaibigan. I know she’s blunt but it’s mean to say that. Dapat ay masaya na kami at pinapakain kami.

“Salamat, Basty. Sinong nagluto niyan? Kayo?” tanong ko.

“Uh… Itong kakanin, ako. Pero kung ayaw nito, papalitan ko na lang.”

“Hindi na, Basty…” sabi ko sabay ngiti.

“Mabuti pa nga. Wala bang iba? Iyong tempura o siomai na lang.”

Siniko ko ulit ang kaibigan ko. Kumunot ang noo ni Basty habang tinitingnan si Suki. Nagpatuloy sa pag gunting si Suki na parang wala siyang sinabing ganoon.

“Hindi na, Basty…” sabi ko.

“Papalitan ko na, Lilienne,” ani Basty sa isang malamig na tono at umalis na ito para sa kanilang lamesa.

Sinalubong siya ng kunot noo ni Riguel dahil sa binalik niyang tray. Umiling lamang si Basty at kumuha ng ibang pagkain. Bumaling si Riguel sa akin. Nagkibit balikat na lamang ako.

“You are so frigging mean, Suki…” sabi ko.

“What? It’s true… I don’t eat that. Ayaw ko sa mga kakanin. Kung kakainin mo ‘yon, e ‘di ikaw na ang kumain. Ako, hindi…” aniya.

Pagsasabihan ko pa sana siya kaso paparating na si Riguel at Basty sa amin kaya tumahimik na lang ako. Nilapag ni Basty ang siomai at juice sa gilid na lamesa. Nakapamaywang si Riguel sa harap ko at kita ko ang pawis sa kanyang noo.

“May kukunin lang kami sa faculty room. Dito ka muna?”

Tumango ako.

Tinapik ni Riguel ang balikat ni Basty at sumunod na si Basty sa kanya. Ganoon din si Mateo at iyong isang babae na kasama nila. Nanatili ang tatlong babae at iyong isang lalaki sa kanilang booth.

Sinundan ko ng tingin si Riguel. It makes me so proud to see that he’s this active when it comes to school.

Palayo siya ay nakita ko naman ang pagdating ng grupo nina Isabella. Nagtatawanan ang grupo ng mga babae at suot suot nila ang seksing damit para yata sa cheering competition.

May sinabi siya kay Riguel. Tumango lamang si Riguel at nagpatuloy sa paglalakad.

Ngumiti si Isabella at tumingin sa isang booth katabi lamang nitong booth ng Accountancy. Nahagip ako ng paningin ni Isabella dahilan kung bakit napawi ang kanyang ngiti.

“Some people just can’t wait for the boy to move. So they do the first move. Tsk tsk…” Umiling iling si Isabella sabay tawa ng kanyang mga kaibigan.

Parang nanlamig ako. Lalo na nang napatingin ang mga babae sa akin at tumawa ulit sila kasabay ni Isabella.

Nilingon ni Suki ang kaibilang booth.

“Kina Isabella ang booth na iyan?” she said. She probably didn’t hear what Isabella said.

“Oo nga! Nakakahiya kaya si Selle kanina! Ang ingay niya habang naglalaro ang boys! Palibhasa ‘di pinapansin kaya siya na mismo ang nagpapapansin…” sabi ng isang babae.

Napatingin si Suki sa akin. Kumunot ang kanyang noo.

Calm down, Lilienne. They’re talking about someone else!

“Worst! They probably heard rumors na hindi interesado iyong lalaki sa kanya, nagmamanhid manhiran parin!” Tumawa si Isabella.

“If the boy likes her, dapat ang lalaki ang nauuna, ‘di ba? You don’t need to effort for the boy if they like you. Example, if the boys like you, they’d choose the booth so near you para hindi na siya mahirapang makita ka pa…”

Tumingin ako sa gunting na hinahawakan ko. I’m trying so hard not to look at them. Hindi yata nakaya ni Suki kaya nilingon niya na ang mga babae.

Humalakhak si Isabella.

“Uyyy!” biro ng kanyang mga kaklase.

“Kayo talaga! Stop overthinking! He’s already like that to me since high school…” ani Isabella.

I shouldn’t overthink! Hindi naman siguro si Riguel ang tinutukoy nila, ‘di ba? May katabi naman sa kabila ang booth nila!

I need to believe Riguel. I need to believe him. I won’t question him!

“He actually wants to meet my mom too. Titingnan ko pa, e. Nahihiya pa ako pero pursigido siya…”

“What the hell is she talking about? I feel like they’re purposely making their voice loud for us to hear everything!” bulong ni Suki habang

nanggigigil sa pagugunting!

“Hindi si Riguel ‘yan. Baka may ibang lalaki…” sabi ko.

“Oh? Bakit ka nahihiya. Something as smart as him shouldn’t be kept. Dapat ay pinapangalandakan, Isabella!” anang isang kaibigan niya.

“I don’t know… It’s weird. It feels like he really wants a serious relationship,” malambing na ang boses niya ngayon.

“Sa attitude niya, talagang seryoso ang hanap niyan. Oh! Hayan na pala!”

Nilingon ko agad ang field kung saan dumaan si Riguel kanina. Nakita kong palapit na sila kasama ang iba pang mga kaklase niya. May binuhat na mga monoblock chair ang iba. Siya naman ay may dalang mga papel.

No… It’s not Riguel. It’s probably one of his classmates! No… I believe him.



Kabanata 13

*OceanofPDF.com*

Okay

“Riguel, are you done with your booth?” si Isabella.

Nilingon siya ni Riguel at nginitian.

“Almost…” balik ni Riguel.

“You want some help?”

Nagtaas ng kilay si Isabella at lumapit sa booth. Tanging mga lamesa at lubid lang ang nakapagitna sa dalawang booth.

“No, thank you. I’m sure marami rin kayong gagawin sa booth n’yo…”

Nilingon ako ni Riguel. Nagpatuloy ako sa pag gugunting. Buhat yata ng parinig ni Isabella, mas lalong bumagal ang kilos ni Suki.

I admit it. I am kind of bothered. Ngunit mas nananaig ang aking tiwala kay Riguel. Alam kong ‘di niya magagawa iyon. He wouldn’t entertain me when he likes someone else.

“Are you going to practice for the game later?” tanong ni Isabella nang binitiwan na ni Riguel ang usapan.

Tumango si Riguel at bumaling ulit sa akin. Napangiti ako. I like how he always end up looking at me.

“Manonood kami, ha?” ani Isabella.

“Sure,” ani Riguel at nilapitan ako.

Pinulot niya ang mga ginupit namin ni Suki. Tiningnan niya ang mga gilid pagkatapos ang nilipat ang paningin sa amin.

“Hindi iyan akin. Gupit iyan ni Suki…” I said defensively when I realized that he’s eyeing on the sides of the letters.

“You want to eat?” Nilapag niya ang mga ginupit namin.

Lumapit naman si Basty at Mateo para kunin iyon sa aming mesa. Nilingon ko ang mga pagkain sa lamesa nila. Niluluto ng mga kagrupo nila ang pagkaing siguro’y parte ng kanilang menu.

“Lunch?” tanong ni Riguel.

Ngumiti ako. “Sige ba!”

Halos napapalakpak ako. Kung sakaling papakainin niya kami galing sa kanilang menu, ibig lamang sabihin noon ay kami ang unang customer nila.

“Magkano ba ang benta n’yo?” tanong ko.

Kumunot ang noo ni Riguel at kumuha ng monoblock chair sa likod. Nilagay niya iyon sa tabi ko at umupo siya roon. Itinuro ni Riguel ang pagkain na niluluto ng mga kaklase niya.

“Mura lang ang benta namin. But… now you don’t have to pay. It’s all on me. You’re gonna be our first customer.”

May sinenyas siya kay Mateo. Tumango si Mateo at nagpatuloy sa pagluluto roon.

Tingin ko ay rice toppings iyon. May tatlong klase ng rice toppings at may side dishes silang inooffer ayon sa kanilangf menu. May siomai, chopseuy, spring rolls at dumplings. May mga kakanin din silang binibenta.

Nilingon ko naman ngayon sina Isabella. Nakita kong nag-uusap-usap sila ng mga kaibigan niya. Ipinagkibit ko na lang iyon ng balikat. I don’t care now.

“Paano ‘yan, malulugi kayo?” tanong ko.

Tumawa siya. “Those are samples. Kasama na iyan sa aming kapital. Just tell us if they taste good or not so we can control the quality of our products.”

He told me how they did it. I realized he’s good in both financing and marketing.

Nang sinabi niya sa amin ni Suki kung paano nila binudget ang kapital na ginamit ay namangha ako. I know it’s his idea. Then when he told me about their products and how they are helping local laborers through it.

Halos makumbinsi ako na magiging magaling siyang businessman balang araw. Saktong pagkatapos ng pagluluto ay siyang pag alas onse y media.

Tumulong sina Mateo at Basty sa pag aarrange ng kinuhang mga monoblock chairs. They arranged the plastic tables, too. Tumulong naman kami ni Suki sa paglalagay ng mantel sa mga lamesa.

Iyong ibang classmates niya ay naglinis. Ang iba ay naglagay ng bandiritas sa gilid bilang nagbabahagi sa mga booth.

Nang natapos sa pagluluto ang mga kaklase ni Riguel ay nilapag nila sa lamesa ang mga pagkain. For them and for us!

Hindi matanggal ang ngiti ko. Kahit tahimik lang kami ni Suki dahil nag-uusap usap sila ay pakiramdam ko kasali na rin kami. We would laugh with their jokes. Listen to their plans and plan with them too.

Pagkatapos kumain ay nagpatuloy muli kami sa ginagawa. Tumulong kami ni Suki sa paglalagay ng decorations.

“Paabot ng bandiritas sa kabila,” ani Basty sa kanyang gilid.

Tutulungan ko sana kaso pinahawak pa ako ni Riguel ng ilang decorations kaya ‘di ko malapitan. Suki is near him folding some origami.

Napatingin si Suki sa akin. Sinenyas ko sa kanya na tulungan si Basty sa ginagawa. Nilingon siya ni Basty at nang nakita kung sino ang naroon,

iniwan na lang ni Basty ang kanyang ginagawa para maabot ang bandiritas na sinasabi.

Saktong pag abot niya noon ay tumayo rin si Suki para abutin iyon at maibigay kay Basty.

Napangiti ako. They look so awkward. Tinanggap ni Basty ang ibinigay ni Suki at si Suki naman ay mabilis na bumalik sa kanyang lamesa.

I feel like I'm bridging the gap between the crazy students and the honors.

"Riguel, tawag ka ni coach. Ipapasali raw kayo sa practice game ngayon. Kahit ngayon lang," sabi ng isang lalaking naka jersey.

Tumango si Riguel at tumingin sa akin.

"Magbibihis muna ako, pumunta ka na roon sa gym."

Tumango ako at ngumiti. Hinayaan ko siyang sumama sa locker para siguro sa pagbibihis. Nilingon ko si Suki na tumigil sa kanyang ginagawa. Pumalakpak siya at mukhang sobrang excited!

"Manonood tayo!" ani Suki. "Sa wakas! I feel so bored here!"

Nilingon ko ang mga kaklase ni Riguel pagkatapos ay nisiko ko si Suki. Nakakahiya naman talaga. Alam kong kasalanan ko na nasali pa siya rito. Ngunit ayaw ko namang isipin ng mga kaklase ni Riguel na napipilitan lang si Suki.

Mabuti na lang at mukhang si Basty lang naman ang nakarinig. I think he'd understand. Besides, he knows that Suki's been that way ever since.

Dumiretso na kami ni Suki sa gym. Panay pa ang bulong niya sa akin sa balitang pumunta rin daw sina Isabella Thomas at iyong mga kaibigan niya sa gym.

Hindi ko na inisip iyon. I'd like to think that it's all just negative thoughts. I can always put it aside.

Pumwesto na kami sa bleachers. Hindi naman masyadong maraming taong nanonood. Sa bagay, practice game pa lang naman iyon.

Patapos na iyong sa Education at sa Agriculture kaya ang Business at Accountancy na ang susunod.

“Gooo!” sigaw ni Suki nang nakita ang mga players ng Business Ads.

Tuwang tuwa si Suki sa matatangkad at gwapong mga estudyante roon. Hinayaan ko na lang siya. Ang tanging inaabangan ko ay ang Accountancy. Well, especially Riguel.

Nang lumabas na ang mga accountancy students ay doon naman nagsisigaw si Suki para sa kanila. Tumayo ako at nakisali sa pagsisigaw.

Huling pumasok ang mga freshmen tulad ni Riguel. Parang tambol ang puso ko nang nakitang nakasuot siya ng kulay black at red na jersey.

This isn’t the first time I saw him play. I saw him before. Ngunit iba pala ang pakiramdam na nanonood ka sa kanya dahil inimbita ka niya.

“Go, Riguel!” sigaw ko.

Nagtatalon kaming dalawa sa sobrang excitement. Hindi namanb nakakahiya dahil iilan lang ang audience. Natawa lamang si Riguel sa aming ginagawa.

Hindi kalaunan ay nagsimula na ang laro. Hindi pa pinapasok si Riguel dahil inuna ang seniors nila. Kahit na ganoon ay nagpatuloy sa pagchi-cheer si Suki.

Tumawa lamang ako. And when someone called him in, I can’t believe that my heart is beating crazy fast for him.

I am in awe as I look at him in the court. Siya ang pinasahan at naglalakad siya habang nagdidribble! Halos lumundag ako sa saya at sa mangha sa nakikita ko! Niyugyog ko si Suki lalo na nang sumubok siya sa pag sho-shoot.

Nang na shoot ito ay nagtilian kami ni Suki, nagtatalon. Natigil lamang siya nang tumunog ang kanyang cellphone.

“Go, Riguel!” sigaw ko.

Kitang kita ko ang ngisi niya pag-angat niya ng tingin sa amin.

“Hey, kids. Nakakabingi kayo. Pag iinitan si Riguel sa court niyan dahil sa mga pathetic fans,” si Isabella iyon galing sa taas na bleachers.

She is calmly sitting down with her friends. Nagtaas siya ng kilay sa akin.

“Kayo lang ang ganyan. Sa bagay, mga bata pa kayo. Ganyan talaga…”

Nagtawanan sila. Ginala ko ang mga mata ko sa buong gym. Nakaramdam ako ng hiya nang nakitang kami lang nga ang pinagtitinginan dahil sa ingay.

Suki is busy with the call so I didn’t have someone to share my opinion of it.

“Mamaya na! May ginagawa pa ako…” ani Suki.

Nanatili ang mga mata ko sa court. Binalewala ko na lang ang sinabi ni Isabella. I shouldn’t get pissed. Like I said, look at the bright side of things.

I toned down my voice. Simpleng palakpak ang ginawa ko tuwing humahataw si Riguel. Pagkatapos ng tawag ni Suki ay nagsimula na siyang magmura tungkol sa kay Isabella.

“Amerkanang hilaw. Kung inggit siya, e ‘di magsisigaw din siya. O ‘di kaya’y sumali rito!” Umirap si Suki.

“Hayaan na lang. Ayaw ko nang pumatol…” sabi ko.

Nanliit ang mga mata ni Suki. Siniko ko na lang siya.

“Miss Peacemaker ka na pala ngayon, huh?”

Umirap na lang ako. Ayaw ko lang talagang maging sakit ng ulo ni Riguel.

Pagkatapos ng laro ay lumabas na kami ni Suki sa gym. Sumama si Riguel sa mga teammates niya. Nauna nang lumabas sina Isabella at ang kanyang mga kaibigan.

“Lili,” Suki turned to me. “I need to go. Pwede ba kitang iwan na? Doon ka na lang sa booth nina Riguel mag antay!”

“Sure, Suki. Maraming salamat sa pagsama sa akin dito. Even if you don’t have to, still you came here.”

“Walang anuman. O siya, sige na at nag aantay na.”

Kumunot ang noo ko. “May susundo sa’yo? Sino? Daddy mo?”

Para siyang tatango na hindi. Para bang kahit siya ay lito sa isasagot. Kumaway na lang siya sa akin at tumakbo palayo.

Pumunta na ako sa booth. Naroon parin ang mga kaklase ni Riguel. Namangha ako dahil malapit nang matapos ang kanilang booth. And we helped!

“Ikaw lang?” tanong ni Basty habang hawak-hawak ang glue gun.

“Uh… Yes. Si Riguel nagbibihis pa. Si Suki sinundo na kaya…” nagkibit ako ng balikat.

Tumango si Basty at nagpatuloy sa ginagawa. Nilingon ko ang booth nina Isabella Thomas. Wala nang naroon at mukhang tapos na silang mag decorate.

“I’m done…” ani Riguel bilang salubong sa akin.

Tumayo ako nang dumating siya. He smells good. The trace of sweat from the game isn’t there.

“Uuwi na tayo? Umuwi na si Suki. Sinundo.”

Tumango si Riguel. “Then let’s go?”

Si Basty naman ang tiningnan ko ngayon. Magkasama kasi sila ni Riguel madalas kapag uuwi kaya naisip ko kung sasama ba ulit siya ngayon.

Hinawakan ni Riguel ang baba ko at hinarap niya sa akin ang aking mukha.

“Are you hungry? Kumain tayo pero sa bayan na…”

“Sa bayan? Bakit?”

“For a change. We’ve been eating too much streetfood outside. Pagod ka na ba?”

Umiling agad ako.

“Maglakad lang tayo hanggang bayan. Tutal ay alas tres pa lang naman. Ayos lang?”

Napalunok ako. The thought of walking with him even in that short distance excites me. Siguro ay mga isang kilometro ang layo noon!

“Sure!”

Tumango siya at nagsimula nang maglakad palayo. Sumunod ako sa kanya.

Kaba at excitement ang nararamdaman ko habang naglalakad kami. Marami siyang kakilalang nakakasalubong. High five at tawanan ang ginagawa niya. Tahimik naman ako sa kanyang gilid. Napapatingin ang mga kakilala niya sa akin ngunit hanggang doon lang iyon.

Pagkalabas namin sa eskwelahan ay nagsimula na kaming maglakad. Hindi naman mainit at marami pang puno kaya ayos lang maglakad ng ganito. Lumipat siya sa kaliwang side ko habang naglalakad. Kumunot ang noo ko sa ginawa niya pero hinayaan na lang siya.

“Sorry nga pala kanina, ha? Sobrang ingay ba namin ni Suki?” this thought is bothering me so I asked him.

Tumawa lamang siya at tumingin sa akin. Hindi ko alam kung bakit. Sumimangot ako. Pakiramdam ko kasi ay kantyaw iyon.

“You were so cute shouting my name out there.”

“Sobrang ingay namin ni Suki! Kami lang maingay doon… Nakakahiya tuloy.”

“Don’t worry about it,” ani Riguel.

“Isabella said you’ll get distracted if we shout. Is it true?”

Hindi ko mapigilan ang tanong na iyon. Nilingon ako ni Riguel at nag-isip siya.

“Well, I guess so. I’ll get distracted.”

Then she’s right! Dammit!

Ngumuso ako at napatingin na lamang sa daanan. I feel stupid. Thinking about it now, the jumping and the shouting, I feel so stupid!

“O sige. Next time, I won’t do that. I’m sorry…” sabi ko.

Tumawa ulit si Riguel. His hand slipped in between my fingers. Marahan niya akong hinila para maharap ko siya.

“People will look at you. I don’t like that,” aniya.

“Okay. I won’t do it again,” mariin kong sinabi.

Pinipigilan ko ang sarili kong mahimatay dahil hindi niya parin binibitawan ang aking kamay. Lutang ang kamay ko habang hinahawakan niya iyon. Pakiramdam ko nga ay unti-unti itong pinagpapawisan. His big hand feels rough on my palm.

Naramdaman ko ang biglang paghigpit niya ng hawak sa aking kamay.

Uminit ang pisngi ko.

“But I like you cheering for me, though…”

Kinagat ko ang labi ko at binalingan ko siya.

“Then what? Should I cheer for you or not?” tanong ko.

Hindi ko na alam kung ano talaga ang gusto niyang mangyari,.

Natanaw na namin ang bayan. Pakiramdam ko sobrang iksi naman pala ng isang kilometro. Sana mas mahaba pa ito!

“Just do whatever you please, Lilienne. Just don’t attract too much attention. Boys and all…”

Hinampas ko ang kanyang braso.

“I don’t attract other boys’ attention! Aayaw ang mga lalaki sa akin dahil pangalan mo ang sinisigaw ko, Riguel!”

“For some. Others will take your loyalty as a challenge.”

Napaisip ako sa sinabi niya.

Is loyalty that attractive to people? Is it why some people like a girl/boy who’s in a relationship? Because their loyalty is attractive? Hmm…

“So? Kahit na anong gawin nila, ikaw ang gusto ko, Riguel. Ikaw ang gusto ko…” sabi ko.

Huli ko na napagtanto kung ano ang sinabi ko. Although he knows about that. It’s still different like this. Na ako talaga mismo ang nagsabi. Harap harapan pa.

His expression is serious and dark. Hinila niya ako para matigil ako sa paglalakad. I almost bounced back to him but I stopped myself.

“I hope your feelings won’t change…” aniya.

Napaawang ang bibig ko. Naiintimidate ako sa sobrang seryoso ng kanyang ekspresyon.

Umiling ako. Magsasalita pa sana ako ngunit tumunog ang cellphone ko. Binitiwan niya ang kamay ko para mahagilap ang aking cellphone. Kinuha ko agad iyon at nang nakitang si Yeshua ang tumatawag ay gusto ko agad siyang murahin. Why is my twin so good at timing?

Nagpatuloy sa paglalakad si Riguel. Malapit na kami sa kakainan namin sa bayan. Mukhang doon sa grill niya gustong kumain. I suddenly wonder if he has enough money? Should I offer to part the bill? But then he'd refuse…

"Hello, Yesh?" sabi ko.

Hindi agad sumagot ang kapatid ko.

"Yeshua! Are you there?"

"Where… are you?" his voice is husky.

"Nasa bayan, bakit? Ikaw?"

"N-Nasa bahay lang… Nasa kwarto… Can you come home, please? Right now?"

"Naku, Yeshua! May gagawin pa ako. Bakit ba? Mamaya na lang pagkauwi ko."

"Please, Lili…"

Natigilan ako sa pagsusumamo sa boses niya. Nilingon ko si Riguel. Dire diretso ang lakad namin sa grill.

"I'm sorry, Yesh. Pagkauwi ko na lang, okay?"

"Okay…" nahimigan ko ang lungkot sa kanyang pagsang-ayon.

Binaba ko agad ang cellphone ko at ibinaling ang buong atensyon kay Riguel. I'd think about Yeshua later.

"Hati tayo sa babayaran?"

Hindi ko na siya aalukin ng libre dahil alam kong ayaw niya.

Umiling si Riguel at kinalimutan agad ang sinabi ko.

“Mamili ka na ng gusto mo so I can order for us…”

His principles just won’t shake.

1

Kabanata 14

Kabanata 14

*OceanofPDF.com*

Promise

Kumaway ako kay Riguel pagkatapos niya akong hinatid. Umalis na ang tricycle kaya tumulak na rin ako papasok sa aming gate.

Hindi magkamayaw ang sayang nararamdaman ko. Paulit-ulit kong iniisip ang mga nangyari simula nang umaga hanggang sa aming hapunan.

Hindi niya ako pinagbayad. I think that was our first date. Simple pero sweet. Nilibre niya ako ng barbecue, kanin, at soft drinks. Hinding hindi ko iyon ipagpapalit sa kahit anong mamahaling pagkain o kahit saang mamahaling restaurant.

Hindi na muna ako pupunta bukas. Ang sabi ni Riguel ay mag enjoy na lang daw muna ako sa bakasyon. Sumang-ayon naman ako sa sinabi niya. Besides, magiging busy daw siya bukas dahil puro practice game na lang.

Habang naglalakad ako patungo sa amin ay tinext ko si Riguel.

Ako:

Thank you for today. Good luck bukas! Sa bahay lang siguro ako bukas. Ingat ka pauwi.

Tinulak ko ang aming double doors nang tumambad sa akin ang nagkakagulong si May at si Nana Sela.

Tiningala ko ang pangalawang palapag ng aming bahay. Bukas ang pintuan ng kwarto nina Mommy at Daddy. Ang aming mga driver ay tumatakbo patungo sa kitchen. Tinanggap ni Manong Luis ang dalang bimpo at palanggana.

“Ano pong nangyayari?” tanong ko sa kanila.

Binagsak ko ang aking gamit sa aming sofa. Naramdaman ko ang unti-unting pag pintig ng malakas ng aking puso.

“Si Yeshua, Lili! Halika rito!” ani Nana Sela habang nagmamadaling umakyat sa pangalawang palapag.

“Po?”

Nanginig agad ang boses ko nang sabihin ni Nana Sela iyon. Halos dalawang baitang ang bawat hakbang ko sa pag akyat. Tinakbo ko rin ang kwarto ni Yeshua para lang makita ang kapatid ko!

Sa loob ay si Mommy na nakahawak sa kanyang kamay at si Daddy na nakaluhod habang tinitingnan siya.

Nilagyan ni Nana Sela ng bimpo ang noo ni Yeshua at si May naman ay nanatiling nakatayo sa hamba ng pintuan.

“Luis, ihanda mo ang sasakyan,” malamig na sinabi ni Daddy.

“Pa, ano pong nangyayari?” nanginig ulit ang boses ko.

Unti-unti akong lumapit sa kama ni Yeshua. Nanginginig ang katawan niya. He’s unconscious and very pale. Unti-unting nanlaki ang mga mata ko.

“Mom! What the hell is wrong?” sigaw ko.

Nangilid na ang luha sa aking mga mata. Nobody’s answering me!

Naalala ko tuloy ang tawag ni Yeshua kanina! Ayos pa siya kanina, ah?

“Mom! Dad!” sigaw ko habang tionitingnan si Yeshua na nanginginig.

May lagnat? Inuubo at sipon?

“Hindi namin alam, Lili! Your brother is convulsing and…” Umiling si Mommy, nangingilid ang luha.

“Dalhin na natin siya sa ospital kung ganoon!” sigaw ko.

“Sir, ready na po ang sasakyan. Aakyat na po si Luis at Bong,” sabi ni May.

Bumagal at lumalim ang hininga ni Yeshua. Mga butil ng pawis ang nasa noo at pisngi niya ngayon at ang kanyang buhok ay basang basa.

Agad akong lumuhod sa tabi ng kanyang kama. Hinaplos ko ang mukha ng aking kambal.

“Yeshua, wake up!” sabi ko.

Isang malalim na hugot ang kanyang ginawa at unti-unting bumuka ang kanyang mga mata. Halong kaba at ginhawa ang naramdaman ko sa unti-unting pag gising niya.

“Yesh, are you alright? What’s wrong?” malambing kong mga tanong.

I’ve never seen him this weak my entire life. I’ve never seen him this sick, actually. Kaya laking gulat ko ngayong nakikita ko siyang nanginginig!

Tumigil ang panginginig niya. Tinabunan siya ni Mommy ng isa pang makapal na kumot.

“Yeshua, let’s go to the hospital. Nanginginig ka at mataas ang lagnat mo,” mas kalmadong sinabi ni Mommy.

Umiling si Yeshua at pumikit muli.

Tumigil ang kanyang panginginig. Mas lalo siyang pinagpawisan. Kumuha ako ng tuyong bimpo at pinahid ko iyon sa kanyang pawis.

“Yesh, anong masakit sa’yo?”

“May flu lang ako…” ani Yeshua sabay talikod sa amin.

Hinawakan ko ang braso niya at pinilit ko siyang humarap sa amin.

“Why are you shaking?” tanong ko.

“I’m cold!” iritadong sinabi ni Yeshua. “I’ll drink meds for flu and you can all go!”

“Yeshua, anak, natakot mo kami. Tinatawag ka para sa hapunan at ito ang dadatnan ni May?” ani Mommy.

Hindi na kumibo si Yeshua.

“Yeshua, anong nangyayari sa’yo?” si Daddy naman ngayon.

Tumayo ako, tinitingnan parin ang kapatid ko. What could this mean?

“I said it’s just a flu! Leave me alone so I can rest!” sigaw ni Yeshua.

Halos napapikit ako sa sigaw niya. He doesn’t normally shout. He’s not normally grumpy. Last year, something in him change. He slowly became grumpy and almost always mad.

Hindi ko alam kung may kinalaman ba ito sa paghina niya sa klase. Is he grumpy because he failed to remain on top? Is he mad because he can’t keep up with school? At bakit hindi siya maka keep up sa school? He has good study habits. Wala silang problema ni Piper. Hindi siya nagbubulakbol. The teachers are actually even concerned about his grades. So what really is wrong with him?

“Magluluto ako ng lugaw, Yeshua. Nana Sela…” tawag ni Mommy.

Tumango si Nana Sela at sumama na kay Mommy palabas. Ganoon din si May. Si Daddy at ako na lang ang nasa loob.

“Yeshua, I’ll call a local doctor to check on you…” ani Daddy.

Tumango ako kay Daddy bilang pagsang ayon.

“Ang sabi ko, huwag na!” sigaw ni Yeshua.

“Yesh!” sigaw ko pabalilk. “Huwag mong sigawan si Daddy ng ganyan!”

Hinawakan ni Daddy ang aking braso upang pigilan ako sa pagsasalita. Nilingon ko si Daddy at umiling siya sa akin. Para bang gusto niyang hayaan ko ang bastos na pakikitungo ng kapatid ko sa kanya.

Siguro nga’y ako ang black sheep ng pamilyang ito pero kahit kailan hindi ko pa nasigawan ang mga magulang ko. They were good to us… well, to me. They were kind of hard on Yeshua. That’s why he’d always follow the rules. Probably why he’s always prim and proper.

“We were just worried! We don’t know what to do!” dugtong ko.

“I said I’m okay, Lili!”

Tinapik ni Daddy ang aking balikat. Nakatingin parin ako sa likod ni Yeshua ngayon.

“sige, Yeshua. Titingnan ko lang ang mga gamot sa baba. May gusto ka bang kainin para masabi ko sa mommy mo?” mahinahong tanong ni Daddy.

“Wala…” sagot ng aking kapatid.

Lumabas si Daddy sa kwarto ni Yeshua. Ako na lang ang nanatiling nakatayo ngayon doon sa loob.

Ilang sandali pa bago ako gumalaw sa kinatatayuan ko. Marami akong naisip.

Inisip ko kung ayos lang ba talaga ang kapatid ko. Why is he so sick? Is this just the usual normal flu? Like what he’s saying?

“Hindi ka naman inuubo ah?” sabi ko sabay lapit sa kanya.

Umupo ako sa tabi ng kama niya. Likod niya lang ang nakikita ko. Hinaplos ko ang kanyang braso. It was hot and kind of sweaty.

Hindi siya kumibo sa sinabi ko. Hinawakan ko ang noo niya at agad niyang hinawi ang kamay ko.

“Masakit ba ang ulo mo?” tanong ko.

Hindi siya sumagot. Nanlamig ang aking mukha habang naalala iyong nangyari. Is it possible? But… if it’s because of what happened, bakit ngayon niya lang naramdaman ang epekto?

“Yeshua, masakit ba ang ulo mo?” I asked him again.

He never answered. Kaya mas lumakas ang hinala ko na totoo ngang masakit ang ulo niya. At kung bakit ‘di niya sinasabi ay ‘di ko na alam.

“Yeshua, saang parte ng ulo mo ang masakit?” nanginig ang boses ko.

Hindi parin siya sumagot. Sumikip ang dibdib ko sa naiisip. I will never ever forgive myself if my hunch is right!

“Dammit, Yesh! Please answer me!” humagulhol na ako.

My sobs were his cue. Nilingon niya ako at bumangon siya. Kitang kita ko ang pagngiwi niya dahil sa iniindang sakit sa ulo.

“Hush now, Lilienne. Walang masakit sa ulo ko…” aniya.

Umiling ako. “Don’t lie to me! Don’t lie to me!” sigaw ko.

“Walang masakit sa ulo ko, okay? Tahan na. This is just a flu. Sinisipon ako ngayon dahil sa init.”

Mataman ko siyang tiningnan. Pagod ang kanyang mukha. There were dark circles below his eyes. He smiled to make me feel better. I know because I can feel that his body is aching. Weird dahil kahit na anong gawin niya, hinding hindi siya makakapagsinungaling sa akin. There’s that special bond between us that I can’t name.

Ang sabi nila, kapag twins daw, may isa sa dalawa ang mahina. I always think that it’s me. Mahina ako dahil baluktot minsan ang mga desisyon ko. I decide mostly based on my wants, not my needs. I decide based on what’s fun and not what should be done. Diyan ko naisip na si Yeshua nga ang mas malakas. And it’s all okay for me. I would give anything just to prove that Yeshua is definitely strong. Pero ngayong nakikita ko siyang nagkakasakit pakiramdam ko…

“Yesh, please tell me the truth,” marahan kong sinabi.

Ang kanyang malawak na ngiti ay unti-unting naging tipid. Tinikom niya ang bibig niya at angat lamang ang gilid ng labi.

“I’m just sick because of the flu, Lilienne…” aniya.

Matalim ko siyang tiningnan. Tumulo ang luha sa aking mga mata.

“I want you to tell me all of your secrets. I’m not like other girls, Yesh. I’m your twin.”

Iniwas niya ang tingin niya sa akin. Kinagat niya ang pang-ibabang labi at tiningnan ang kanyang kamay.

“You don’t tell me yours. I’m your twin, too…” aniya.

Parang kinukurot ang dibdib ko sa sinabi niya. For the past few months, he realized that I’m actually slowly drifting away from him. I know that. But I also know that in time, it’s going to be inevitable. Although we are twins, we won’t live together forever. We would part. At akala ko na ang iritasyon niya sa akin ang isa sa mga hudyat na tumatanda na nga kaming dalawa. That we’re not the Yeshua and Lilienne of this mansion anymore. That we would part very soon. That our lives would only be anchored through this home but we would never live together again.

“I’m growing. Yesh, if I tell you all of my secrets, you’d get pissed. You were mad at me for liking Riguel.”

“Well, you like him a lot. You don’t even know him,” aniya.

Umiling ako. Naramdaman kong lumilihis ang usapan namin.

“You know him? Do you think he’d play with my feelings?”

“Kilala ko lamang si Riguel bilang player at matalino sa kanilang klase. He’s older than us. Hindi ka ba natatakot? He knows more things than you.”

“Yeshua, believe me. For years I’ve been with playboys. They want the easy way. If Riguel wanted to play with me, he would’ve done it a long time ago. He wouldn’t let me chase him.”

“Tss…” nag-iwas siya ng tingin.

“Now, tell me yours…”

Binalik niyang muli ang mga mata niya sa akin. Kitang kita ko sa tingin niya ang lalim ng kanyang iniisip. Hindi ko maalis ang tingin ko sa kanyang mga mata.

Finally, he sighed after minutes of just staring at me.

“Promise me you won’t tell Mom and Dad… or anyone. Riguel… even Piper… or Suki,”

Tumango ako. I’m lost for words because of the anticipation.

He sighed once more then he reached for my hand.

“Lienne, my head has been hurting for almost a year now.”

Parang tumigil sa pagpintig ang puso ko.

“Why… What… Why didn’t-”

“let me talk first, okay?” ani Yeshua.

Tinikom ko ang bibig ko. Nangilid ang luha sa aking mga mata. Pinigilan ko ang paghikbi. Hindi ko ata kakayanin ito!

“I don’t want Mommy and Daddy to get worried. I don’t want you to worry either so I didn’t tell you.”

“And? Paano? Dapat kang magpacheck up.”

Tumango siya. “Alam ko. But I’d like to think that this would subside soon. According to the books I’ve read, med books… This isn’t possible. Kung sasakit man ito, dapat minutes or days after the injury naramdaman ko na.”

Lumuha ako sa sinabi niya. Parang waterfalls ang luha ko sa dami. Gusto kong punasan ngunit ayaw kong bitiwan ang kamay niya.

“I want to study abroad. I want to study medicine. In time, I’d probably solve this case my own withouty bothering our parents or Piper…”

“What? Yeshua, kailan ‘yon? Ang tagal pa noon!”

Humalakhak siya. “Hindi mo mamamalayan iyon kapag ‘di mo iisipin…”

But… but… his grades are terribly failing! His performance at school is terribly affected! Wait! Is this why he’s failing?

Oh my God!

Gusto ko siyang tanungin pero mismong ako ay natatakot!

“Siguro ay migraine lang ito. Nawawala naman kapag umiinom ako ng pain reliever. Kailangan nga lang papalitan pagkatapos ng isang linggo para hindi masanay ang sistema ko.”

“Ha? Ilang… ilang araw sa isang linggo ba iyan sumasakit?”

“Apat… lima…” Nagkibit siya ng balikat.

Pinunasan niya ang luha sa aking mga mata. Nagpatuloy ako sa pag-iyak.

“Please promise me you won’t tell anyone. Especially Piper…”

“I promise…” basag na boses ang aking sinagot.

That night, I couldn’t sleep. I tried so hard to keep up with Riguel’s text without him knowing that I have a problem.

Kinabukasan ay agad kong binisita si Yeshua sa kanyang kwarto. Nang nakita kong wala siya roon ay mabilis akong tumakbo pababa para hanapin sina Mommy at Daddy.

I felt relieved when I saw them on our long table. Kumakain sila na parang walang nangyari kagabi. Yeshua smiled at me, I couldn’t smile back.

“Medyo mabuti na raw ang pakiramdam ni Yeshua, Lilienne…” ani Mommy.

Tumango ako at dahan-dahang umupo sa tabi ng aking kapatid.

Hindi ako makapagsalita. Sariwa pa sa akin ang sinabi ni Yeshua kagabi. When I think about it, I feel like dying. Lalo na tuwing naiisip ko na ako ang dahilan ng lahat ng ito.

Summer of last year, I got involved in a scandal. A basketball player tried to hit on me 2 years ago. Alam kong may girlfriend siya noon kaya hindi ko siya kailanman inentertain bilang manliligaw. But I am friendly so I never ignored him either.

Iniwan ni Oliver ang girlfriend niya. It was said that it’s because of me but truth is, he left her because he’d study in Manila. At isa pa, handa akong sagutin si Russel noon.

His girlfriend wanted to talk to me kaya pinaunlakan ko siya. I wanted to clear my name so I went.

Little did I know that she’s not alone in our meeting. She’s with her brother and two other seniors. Hindi ko alam kung ano ang plano nila pero sa galit niya sa akin, I imagined the worst!

Aatras na sana ako pero hinawakan ako ng dalawang lalaking kasama niya.

“Kayo na ang bahala sa kanya…” Mayette said in a cold hard voice.

Yeshua was there. Sinundan niya ako. Sinuntok niya ang dalawang nakahawak sa akin.

They were seniors. We were grade 9 that time. But Yeshua is kind of taller than all the other males in our batch so he’d have a chance!

Nagsisigaw na ako. Mabilis niyang natumba ang dalawang lalaki, isa-isa. Ngunit pumulot ng isang tubo ang isang lalaki at hinampas niya sa ulo si Yeshua!

“Yeshua!” sigaw ko nang bumagsak si Yeshua.

My cheer turned into sobs. The boys ran. Mayette ran with them! And I never saw them again in Alegria. I was told that they moved to a near province pero ‘di ko na sila hinanap. Ang tanging nasa isip ko ay dapat ayos lang si Yeshua.

Sa gubat malapit sa Tinago kami nagkita noon. Dapat ay sa gazebo kami mag usap ni Mayette kaso hinarangan nila ako roon.

Hindi ko alam kung ano ang gagawin ko kay Yeshua. He was unconscious but still breathing. Thank God! Inubos ko ang ilang minuto sa kakaiyak at kakagising sa kanya.

He was not bleeding so I can say that I wasn’t that scared compared to what I’m feeling now.

Pumikit ako ng mariin nang maalala ang pagkakamali ko! Bukod sa dapat ay ‘di ako nakipagkita kay Mayette, dapat ko ring pinigilan si Yeshua noon. Dapat ko rin siyang dinala agad sa ospital!

Ilang minuto bago ako nakatawag ng tricycle. I was about to put him inside with the help of the driver but he woke up.

“Where are they? Are you hurt?” that was what he asked me first.

Naaalala ko pa ang pag inda niya sa kanyang ulo noon.

“No… Punta tayo ng ospital, Yeshua!” sabi ko.

Umiling siya. “Ayos na ako. Umuwi na lang tayo…”

“Pero…”

Nag-aalala ako at natatakot din. Iniisip ko kung ayos lang ba talaga ang kapatid ko. Iniisip ko kung ano ang gagawin nina Mommy at Daddy pag nalaman nila ang nangyaring ito. And it’s my fault! And Yeshua got involved!

“I’m fine! Just a little head ache. Iinom lang ako ng pain reliever mawawala na ito.”

“But there could be something wrong inside your head for all we know!”

Pinasadahan ko ng tingin ang buong katawan ni Yeshua. There’s a small cut beside his lips but aside from that there’s nothing else. Kahit pasa, wala. He got hit but he didn’t bleed unlike the enemies. I felt kind of proud but now I realized, I should’ve fought him better.

“There’s nothing, okay? Ipapacheck ko ito sa Lunes sa eskwelahan. Okay? Kapag pupunta pa tayo ng ospital, malalaman ito ng lahat. They’d think you’re involved with Oliver. And Mom and Dad will probably ground you…”

Nanlaki ang mga mata ko. Not just ground, definitely. Kaya akong patawarin ni Mommy at Daddy sa kasalanan ko, kahit ano pa man ito. Pero hindi kapag kasali na ang kapatid ko. Hindi nila ako mapapatawad kapag si Yeshua, ang paboritong anak, ang pinakamamahal ko, ang pinahamak ko.

Dahan-dahan akong tumango. Dahan dahan din akong umiyak. Yeshua hugged me tightly.

“It’s okay. No one can hurt you while I’m here…” he said softly.

Kabanata 15

Kabanata 15

OceanofPDF.com

Scared

I was so confused that day. Confused with my promise to Yeshua and my concern for him.

I am worried. Gusto kong sabihin kay Mommy at Daddy ngunit nangako ako sa kapatid ko. But then I can’t risk it?

Ayaw kong magpadalos dalos sa aking mga desisyon. Knowing that this would affect Yeshua, I need to consider his feelings.

The days passed, all I think about is Yeshua’s condition. Tinitext ko naman si Riguel but half of the days, I’d think about Yeshua.

Nang balik eskwela na, napapanood ko si Yeshua at Piper na magkasama. Hindi ko alam kung bakit nalulungkot ako. Inaasar ni Yeshua si Piper dahilan kung bakit natatawa na naiirita si Piper sa kanya.

“Huy! Uuwi ka lang din ngayon?” tanong ni Suki sa akin habang naglalakad kami paalis ng paaralan.

Simula nang nagsimula muli ang klase, hindi pa ako nakakabisita kay Riguel. He’s busy with the booth. Foundation day na sa kanila. He said he wants me to go on Friday. Dapat ay noong unang araw kaso lang may pasok kami kaya sa Biyernes na.

“Bakit?” tanong ko.

“You won’t go to their foundation day?” she asked.

“Bukas pa. Sasama ka, ‘di ba?”

“Oo.”

Habang naglalakad kami ay naiisip kong bumisita na lang nga ngayon. I wonder what will Riguel do if he’s on my shoes? I wonder if he’d tell his

parents about his brother or sister? Or he’d keep the promise.

Alin ba ang mas matimbang?

“You know… actually… puntahan ko na lang si Riguel!” sabi ko bigla kay Suki.

“Ngayon?”

“Oo!”

Gusto ko sana siyang isama kaso ayaw kong magkaroon siya ng ideya sa nangyayari. I feel like Suki would realize that there’s a problem at home.

“Ikaw lang?” tanong ni Suki.

Tumango ako. Bakit niya tatanungin iyon? Gusto niya bang sumama?

“Oh! Okay!” ani Suki.

“Uuwi ka na ba?” tanong ko nang napagtantong baka nga gusto niyang magsabay.

Ilang sagliot siyang nag-isip bago umiling.

“Oo, e. Magpapasundo na lang ako.”

Tumango ako at nagpaalam na lang sa kanya., Mahihirapan akong tanggihan si Suki kung sakaling magpumilit siyang sumama.

Pagkalabas ko ng eskwelahan ay sumakay na agad ako ng tricycle para makapunta sa Alegria Community College.

Habang sakay ako ay iniisip ko pa kung saan ako magsisimula sa pagtatanong kay Riguel. I shouldn’t feel nervous about it. Or else, he’d realize that I have a problem.

Pagkababa ko sa Alegria Community College ay napansin ko agad ang dami ng tao. Ang alam ko pwede namang pumasok ang lahat ngayon dahil

foundation day.

Una kong dinaanan ang booth nina Riguel. Busy. Maraming kumakain. Walang nakapansin sa akin dahil sa pagiging abala ng lahat. Wala roon si Riguel.

Nilagpasan ko na lang iyon sa pag-iisip na baka naman nasa gym siya.

Nakita kong may game sa gym. Half time na noong game kaya umupo ako sa bleachers. Ibang department pero naisip ko ring maaring pagkatapos ng larong ito, baka sina Riguel ang susunod.

Tinapos ko ang laro. Sumulyap ako sa scoreboard at napagtantong huling laro na pala iyon sa araw na iyon.

“Dammit, I wasted my time there!”

Sana pala ay nagtanong na lang ako sa mga kaklase ni Riguel. Pagkalabas ko ng gym ay papalubog na ang araw. Pumunta ulit ako sa may mga booth kaya lang ang naabutan ko na lang doon ay ang mga lamesang tinabunan na.

Isang booth na lang ang may tao pa. Naglilinis na lang ang mga iyon. Taga ibang course pa.

Pinasadahan ko ng tingin ang buong eskwelahan. Konti na lang ang estudyante. Syempre, alas sais na kaya malamang umuwi na ang iba.

I took my phone out. I got no choice but to text Riguel. Siguro naman ay tapos na siya sa ginagawa niya roon.

Wala sa sarili akong nag-angat ng tingin habang nag-iisip sa sasabihin kay Riguel nang nakita ko siya.

“Riguel!” natigil agad ako nang napagtantong hindi siya nag-iisa.

He’s with Isabella Thomas. Silang dalawa lamang ang palabas ng eskwelahan.

Natigilan ako sa gitna ng field. Pinanood ko ang pag-uusap at pagtatawanan nilang dalawa.

Bumagsak ang balikat ko sa nakikita. Hindi ko alam kung bakit pakiramdam ko agad ay pinagkakaisahan ako.

I am not really very sensitive. Kaya hindi ko naintindihan kung bakit lubusan ang pagkakadisappoint ko sa nakita ko. Am I over reacting or what?

Dahan-dahan akong naglakad para lumabas na rin ng Alegria Community College. Saktong paglabas ko sa gate ay ang pagpasok ni Riguel sa tricycle kung saan paniguradong nauna na si Isabella.

Walang ekspresyon kong pinanood ang pagalis ng tricycle. Ang sakit sakit ng nararamdaman ko sa aking dibdib pero wala parin akong naging reaksyon. Natulala lamang ako habang lumalayo ang tricycle.

Nilagay ko na lang ulit ang cellphone ko sa aking bulsa.

Pumara na lang ako ng tricycle pagkatapos ng ilang sandal para makauwi.

My heart is heavy. Pakiramdam ko, pasan ko ang lahat. Yeshua's sickness. And now… what's with Riguel and Isabella?

Riguel:

Are you home? You didn't text me.

Binuksan ko ang pintuan ng bahay namin habang binabasa ko amng text na iyon. I want to ask him about Isabella but I didn't like the idea that he'll realize I went to their school so…

Ako:

Yup. I'm home. Alam mo sabi ng kaklase ko… kayo na raw ni Isabella. L

Humiga ako sa kama habang sinesend ang mensaheng iyon. I'm already feeling heavy because of Yeshua. I can't make this heavier because of

Riguel.

Riguel:

Huwag kang maniwala sa mga iyon. Are you coming tomorrow?

Tinitigan ko ang mensahe niya. Malay mo, totoong wala lang, ‘di ba?

Gusto kong magreply pero napagod akong pumindot. Pakiramdam ko may nakadagan na sa akin. Pakiramdam ko may kung anong hindi ko na mababago. Hindi ko alam kung ano iyon. Hindi ko rin alam kung bakit ko iyon nararamdaman. It’s like Christmas is coming but I’m not going to celebrate it anyway. That emptiness in you seeing your loved ones happy without you. That same emptiness is creeping within me.

Ako:

Yes. I’ll be there.

Tinupad ko ang usapan ko. I lifted my spirits up through checking if Yeshua’s alright. Ang sabi niya, maayos naman daw siya. Migraine nga lang daw iyong nararamdaman niya. At may date sila ni Piper mamaya kaya medyo napanatag ako.

I am with Suki. Inimbita ko na siya ngayon dahil nawala na iyong kagustuhan kong magtanong kay Riguel kahapon.

“Don’t tell him I went here yesterday…” banta ko kay Suki.

“Ha? Bakit?”

“Hindi naman kasi ako tumuloy. May ginawa pa ako,” I said without blinking.

I can lie to the face of my friends. Oo. Kayang kaya ko. Hindi ako magiging si Lilienne Altamirano kung hindi ako mahusay na artista. I needed the expertise in lying and acting for my doings years ago. At kahit ngayong naglalie low na ako sa mga gawaing iyon, alam na alam ng sistema ko kung paano ang lahat.

Nang nakita kami ni Riguel na paparating ay naghanda agad siya ng lamesa para sa amin ni Suki. Umupo ako roon at nginitian si Riguel.

“What do you want?” he asked me smirking.

“Anything. Iyong ‘di ko pa natitikman…” sabi ko.

He turned to his classmates for the food. Tinulak niya si Basty at kitang kita ko ang iritasyon ni Basty sa kanya. Lumapit si Basty sa amin na may dalang ballpen at piraso ng papel. Siguro ay para kuhanin ang aming magiging order.

“Mayroon nang napili si Riguel sa’yo, Lilienne. Sa’yo Suki?” tanong ni Basty sa kaibigan ko.

“I want beef tausi as rice toppings…” sabi ni Suki.

“Ah. Wala na kami niyan. Naubusan kami…”

Kinagat ko ang labi ko at tiningnan si Suki. She looks pissed while looking at the tarpaulin kung nasaan ang menu.

“Chopsuey is available… and-”

“I don’t like vegetables. Sige, siomai na lang. Wala nang iba, e. Then soft drinks…” ani Suki.

Nilista ni Basty ang sinabi ni Suki at tinalikuran na kami.

“Stupid nerd…” Umirap si Suki at sumimsim ng tubig sa kanyang baso.

“Suki!” bahagya akong na offend sa sinabi niya.

I know. That’s what I think about Sebastian, too. Well, at least noon. Kahit si Mateo… but most especially Basty. I even call them nerds, right? I won’t deny that. Pero nang naging malapit kami ni Riguel ay bahagyang nagbago ang opinion ko sa mga taong nakapaligid sa kanya. That even Suki’s remarks isn’t nice to me.

“Naiirita ako sa ka lampahan noon. Mas mabilis pa yata akong kumilos sa kanya. He’s like a loser…”

Hinampas ko ang kamay niya. Bahagya siyang nairita sa akin.

“He’s cute, I think. I mean… if not because of his thick glasses, he’d look great! Tingnan mo ang mga mata ni Sebastian, they’re like that of a hawk.”

Kitang kita ko ang paninitig ni Suki kay Basty. Para bang pinoproseso niya ang mga papuri ko sa tao.

“Ew. Are you kidding me? Without his thick glasses, he’s blind so no matter what… he won’t be hot for me. Ew…”

“Suki naman!”

“Nasasabi mo lang iyan dahil si Riguel matalino, gentleman, mabait, hindi babaero, at gwapo. Gusto mo rin yatang makasungkit ako ng nerd. Only that… this one is a stereotype. Riguel is smart but he’s definitely not a nerd!”

Napatalon ako nang nilapag ni Basty an gaming mga inumin. He caught Suki saying themagic word! Nerd! Umirap pa si Suki at nag-iwas ng tingin.

“Isusunod na lang ang pagkain…” Basty said awkwardly.

Pagkaalis ni Basty ay ‘tsaka ako nagpatuloy.

“Suki, stop it! You’re insulting him!”

Umirap lamang ang kaibigan ko. Her dark violet lips pouted. Pagsasabihan ko pa sana siya kung hindi ko lang narinig ang tawag ni Isabella.

“Riguel!” tawag niya sabay sulyap sa akin.

Si Riguel na naghahanda ng pagkain namin ni Suki ay lumingon doon. Nilingon din sila ni Suki nang napanood ang titig ko.

“Ano? Are you free later?” sumulyap ulit si Isabella, tila ba gusting gusto ang nangyayari.

“No. Pwedeng sa Monday na?” ani Riguel.

“What is it?” tanong ni Suki sa akin.

Nagkibit ako ng balikat. It’s probably one of their projects.

“Ganoon? Naku! Akala ko pa naman pupunta ka sa amin ngayon. Nagpahanda ako, e.”

“Ganoon ba?” bahagyang natigilan si Riguel.

“Sige na. Sa Monday ha…”

“Okay… Sa Monday…” ani Riguel.

Nang bumaling siya ulit sa ginagawa ay nahagip niya ang tingin ko. Kumunot ang noo niya at bumagsak ang mata sa pagkain. Nilagay niya iyon sa tray at dinala na sa aming lamesa.

“Here’s your food…” ani Riguel.

Hindi ko na siya tiningnan. Sa pagkain na lang ang mga mata ko. Naramdaman kong nangangati si Suki sa pagtatanong kaso pinigilan niya lang ang sarili niya para sa akin.

Kumuha si Riguel ng monoblock chair at nilagay sa tabi ko.

“Kain na kayo…” he smirked.

Ngumiti ako at kinuha na ang mga kubyertos. I acted like nothing happened. Sumubo ako ng isang beses. Tinusok naman ni Suki ang kanyang siomai.

Hindi ko na napigilan kaya nilingon ko si Riguel.

“May project kayong gagawin kina… uh… Isabella?”

Kitang kita ko ang paglalim ng kanyang tingin. Tila ba inasahan niya ang tanong na ito at handa niyang sagutin.

“Nope. Iyong mommy niya lang inimbitahan ako. They own a… well… accounting firm in Manila. And you know I’m interested in Accounting…” ani Riguel.

Tumango ako at naisip si Mommy at Daddy. Nga naman… farming ang pangunahing trabaho nina Mommy at Daddy. They both graduated Agri Biz. Kaya hindi magiging interesado si Riguel sa kanila. Why would he be interested when he doesn’t have a piece of land to plant on?

“Ah! So you want to meet her mother.”

Tumango si Riguel at tumingin sa pagkain ko. “Kumain ka na. Baka lumamig ‘yan.”

“Naku, Riguel! Mamaya magkadevelopan kayo ni Isabella…” pabulong na sinabi ni Suki.

Tumawa lamang si Riguel. “I don’t like her that way, Suki. Stop giving Lilienne ideas,” ani Riguel.

I can’t help but smile. Somehow, guminhawa ang loob ko roon. Ngunit panandalian lamang iyon.

Habang kumakain ako ay naisip ko ang lubusang interes ni Riguel sa accounting. I am not even sure if it’s all that. He probably wants to meet Isabella’s mom for guidance. Sa bagay, iba ang isipan ng may experience na tulad ng mommy ni Isabella.

Hindi siya sumama kay Isabella pagka uwi. Hinatid niya ako sa araw na iyon hindi tulad sa nangyari kahapon. I wonder if he’s with Isabella yesterday for the same reason?

Itinago ko kay Riguel ang kondisyon ni Yeshua. Itinago ko ang problemang iyon kahit kay Suki. Kahit sobrang nag-aalala na ako kay Yeshua…

But I knew that it’s not going to last… walang sekretong hindi nabubunyag. Lalo na sa mga magulang namin.

It was Christmas time when Yeshua told me that his head is aching badly. Gusto ko siyang isugod sa ospital kaya lang ay ayaw niya. Ayaw niya kasing malaman ni Mommy at Daddy ang nangyayari sa kanya.

That was the only Christmas Day na hindi ko kayang maging masaya. Seeing Yeshua’s face trying to smile while his head is aching makes me sick.

“Ibigay mo kay Yeshua iyong ham. Paborito niya ‘yan!” ani Mommy.

Pinagmasdan ko si Yeshua habang binibigay ko sa kanya ang lalagyanan ng ulam. He smiled as he received the plate. Nanginig ang kamay niya habang kinukuha ang plato. Napatayo ako sa sobrang kaba.

“Yesh!” sabi ko nang ‘di ko na napigilan.

Nabitiwan niya ang plato at nagsimula na siyang manginig. Natapon ang ham sa sahig at natumba siya sa kanyang silya.

“Yeshua!” sigaw ko at agad ko siyang dinaluhan.

“Yeshua!” sigaw naman ni Mommy sabay dalu rin sa aking kapatid.

“Luis! Ihanda ang sasakyan!”

“Yesh, anong nangyayari? Anak?” ani Mommy.

Si May ay hinahawakan na ang balikat ni Yeshua. Umiiyak ako sa tabi nila. Hindi alam ang gagawin.

“Mom! Mom! Mom, please let’s rush him to the hospital!”

Liquid went out of his mouth. Tirik ang mga mata niya habang nanginginig ang kanyang katawan.

Hinihila ko na si Yeshua para lang mailabas siya roon at maipaospital!

“Mom, please!”

“Tabi, Lili!” sigaw ni Daddy at kinarga niya agad ang kapatid ko.

Tumayo si Daddy at mabilis na dinala si Yeshua sa labas ng bahay. Naroon ang aming sasakyan na naghihintay.

“Sir? Ano pong nangyari!?” tanong ni Luis.

“Hindi ko alam!” ani Daddy.

Hating gabi noon. Noche buena. Iyon ang nangyari sa aming pasko.

Yeshua was rushed into the emergency room. I was even worried that the provincial hospital didn’t have enough facilities for my brother.

Hindi ako natigil sa pag-iyak pagkarating namin sa ospital. Mommy and Daddy were trying to be calm. I couldn’t. Nilingon ako ni Mommy nang napagtantong sobra sobra ang pag-iyak ko.

“What is happening to your brother, Lilienne?” tanong ni Mommy.

Umiling ako. Hindi ko alam kung ano ang nangyayari kay Yeshua. Hindi ko siya masagot. Umiiyak ako dahil natatakot ako sa mangyayari. Dahil alam ko na malaki ang posibilidad na ang nangyaring ito ay dahil sa nangyari taon ang nakalipas.

Doon kami nagpalipas ng gabi. The doctor is checking on Yeshua’s health. Pero nasabi sa amin na matatagalan pa ang isang test dahil iiinterpret pa ng doktor.

Tahimik kami sa ospital. Tulog si Yeshua habang tinitingnan namin siya. I can’t believe that this is what happened to our Christmas. That this is what happened to Yeshua.

Nagising siya tanghali ng pasko. We were inside the room when he woke up.

Bumangon agad siya pagkagising.

“Anong ginagawa natin dito?” tanong ni Yeshua. “Umuwi na tayo.”

Nanatiling seryoso si Mommy at Daddy kahit na ngumisi na si Yeshua.

“Yesh, you need to rest…” nanginig ang boses ko.

Matalim niya akong tinitigan. Pakiramdam ko ay iniisip niyang sinabi ko kay Mommy at Daddy ang nangyayari sa kanya.

“We still need to wait for some test, Yesh. What’s wrong with you? Kumakain lang tayo tapos bigla kang nanginig…” ani Mommy.

Umupo siya sa kama ni Yeshua. Umiling si Yeshua, tila ba wala siyang maalala o ‘di kaya’y ayaw niya lang sabihin.

“Pagod lang siguro ako…” sabi ni Yeshua.

“Hindi, anak. Hindi… Hindi ka pagod. The doctor said you had a seizure. I don’t have any idea why you’re suffering that. Hindi ka naman nilalagnat-”

“Wala nga lang ito, Mommy…” malamig na sinabi ni Yeshua.

Pilit siyang tumayo.

“Tara na! Umuwi na tayo!” anyaya niya sa akin.

Umiling ako.

“Ano ba, Lilienne?” sigaw niya.

“Yeshua,” mahinahong sabi ni Daddy.

“I said… let’s go home!” pagalit niyang sinabi.

Nanlaki ang mga mata ko sa nakita kong galit kay Yeshua. Sinigawan niya si Daddy at hindi ako sanay na ginagawa niya iyon! He’s always soft spoken. He’d never shout at Dad or Mom… or even me…

“Yeshua!” ani Mommy sabay yakap sa kapatid ko.

Nanigas si Yeshua sa kinatatayuan niya. Lumapit ako sa kanilang dalawa. Nangilid ang luha sa aking mga mata.

Tumingin si Yeshua sa akin. Una ay galit na galit pa ang mga mata ngunit nang hinaplos ko ang kanyang pisngi ay pumungay ang mga ito at bumagsak ang kanyang balikat.

“Yeshua, anong nangyayari sa’yo, anak?” humagulhol si Mommy.

I think my twin is sick. I think there’s something wrong with his head. I think that injuury caused him something… and I am so damn scared… so damn scared.

Kabanata 16

Kabanata 16

*OceanofPDF.com*

Fine

“Hindi po ito common na diagnosis. Kung gusto n’yo, pwede nating ulitin ang CT Scan. I will send the results to Manila so they can interpret it. Iyon ay kung gusto n’yo…” anang doktor.

Traumatic Brain Injury. And for some reason, the doctor can’t believe it.

“It’s been almost a year since then, doc…” I confessed.

Tinanong niya kasi kami kung nagkaroon ba ng recent injury si Yeshua sa ulo. Parehong walang maisagot si Mommy at Daddy. Ako lamang ang may maisasagot doon. Parehong seryosong nakatingin si Mommy at Daddy sa akin.

“Nasabi rin ni Yeshua iyon sa akin. Usually, if there is subdural hematoma, it should be days or weeks after the injury. Now, kung hindi siya nagkaroon ng recent injury, that means this one is long overdue. This is rare…”

Hindi ako makapagsalita. Gusto kong magtanong kung ano nga ba ang mangyayari kay Yeshua ngayon kaya lang ay walang lumalabas sa bibig ko.

“Kailangang obserbahan si Yeshua. I suggest he should stay here. This condition is critical. But his is rare. I’m sorry to say this but if you have this, usually araw na lang ang binibilang. However, since ang sabin n’yo ay matagal na ang injury na ito, pag-aaralan natin para maagapan.”

Umiyak si Mommy at Daddy pagkalabas namin doon. Tulala naman ako habang tinitingnan sila.

“Bakit hindi mo sinabi sa akin? Bakit mo nilihim ito?” sabay yugyog ni Mommy sa aking balikat.

Nangilid ang luha sa aking mga mata.

“I… I was scared. Yeshua didn’t want me to tell you, My… I’m sorry…”

“Kailan kayo na aksidente at ano ang nangyari? Ha? Lilienne?” sigaw ni Mommy sa akin.

Nanginig ang labi ko. Walang lumalabas na salita sa aking bibig.

Galing sa pagkakayakap ni Mommy kay Daddy ay hinarap niya ako. Hinawakan niya ang magkabila kong balikat at niyugyog niya ako na para bang mahuhulog sa akin ang sagot.

Pumikit ako ng mariin at umiyak. Hindi ako makapagsalita dahil sa ginawa ni Mommy.

“My, tama na…” ani Daddy sabay higit kay Mommy palayo sa akin.

Umiyak si Mommy at tinuro ako.

“Bakit ‘di ka makasagot!? We need the information!” ani Mommy.

“Mamaya na. Nasasaktan si Lili…” ani Daddy.

“Mom!” isang pamilyar na boses ang narinig ko sa likod nina Mommy.

My eyes widened when I saw Yeshua standing behind them. Bakit siya bumangon? Maayos na ba siya?

“Hayaan n’yo na si Lilienne. Umuwi na tayo. Maayos na ako…” sumulyap siya sa akin.

Umiling na ako. I know what he’s doing! He didn’t want my Mom and Dad to know that it’s my fault!

“Hindi, Yeshua. Ang sabi ng doktor ay oobserbahan ka pa!” ani Mommy.

“Yesh… Yesh, ‘di pwedeng umuwi. Dapat dito ka lang!”

Tumawa si Yeshua. “Ayos nga lang ako…”

“Anak, huwag mong pilitin. Hindi ako makakapayag na umuwi ka…” ani Daddy.

Kinagat ko ang labi ko. Pinagmasdan ko lamang sila na kinukumbinsi si Yeshua na manatili roon. Si Yeshua naman ay parang ‘di natitinag sa gusto niyang mangyari.

He looks okay. But I know he’s always like that. He’d always seem okay but truth is… he’s not.

“Ako po ang may kasalanan!” sabi ko habang nag-uusap sila.

“Lilienne, anong sinasabi mo…” ani Yeshua.

Tapos na ang pagtatakip, Yesh. It’s my turn to say this.

“The doctor already knows what happened…” kumunot ang noo ni Yeshua sa akin.

Ayaw niya talagangb malaman nina Mommy at Daddy ang nangyari.

“Nakipagkita po ako sa isang schoolmate na may galit sa akin. She thought I want her boyfriend! Kaya nagdala siya ng mga basagulerong kakilala. Kung wala po si Yeshua roon, sana ako iyong nagkaganyan! Sana ako iyong nasa posisyon ni Yeshua! But he was there, mom, dad… May kumuha ng tubo…”

Kitang kita ko ang pangingilid ng mga luha sa mata ni Daddy. Parang nilulukot ang puso ko habang tinitingnan siya. My dad doesn’t cry… Ito ang unang pagkakataon na nakita ko siyang umiyak.

“Lilienne, kung wala ako roon, maaaring mas grabe pa rito ang nangyari sa’yo…” ani Yeshua.

“Hinampas po siya noon ng tubo. Nawalan siya ng malay at tumakbo na ang gumawa sa kanya noon-”

“Who are they?” tanong ni Daddy.

“Dad! Hindi na mahalaga iyon…” ani Yeshua.

“Hindi ko kilala ang mga lalaki. Pero iyong ex girlfriend ni Oliver, oo.”

“And you didn’t tell us, Lilienne? Ano hinayaan mo lang ang kapatid mo na ipagtanggol ka? At simpleng pagsasabi sa amin sa nangyari, hindi mo ginawa?”

Hindi na ako nakapagsalita sa sinabi ni Mommy. Pumagitna si Yeshua sa amin. May dumadaang mga nurse paminsan-minsan sa corridor na tinatayuan namin.

“I told her not to tell you, Mom!” ani Yeshua.

Hindi siya pinansin ni Mommy. Ang lahat ng atensyon ni Mommy ay nasa akin.

“Kahit na! Ngayon, Lilienne, ito hindi mo ba ‘to naisip? Na maaaring magkaganito? At ito ay dahil sa’yo! Dahil pinahamak mo ang kapatid mo! Sarili mo lang ang iniisip mo! Kahit na hiningi ni Yeshua sa’yo na huwag sabihin ang nangyari, kung may malasakit ka sa kanya, mas uunahin mo ang kapakanan niya!”

Pumikit ako para mapigilan ang luha sa aking mga mata. Isang mainit na yakap ang naramdaman ko. Dumilat akon at nakitang si Yeshua iyon.

“Hindi niya po kasalanan. Tama na, Mommy…”

Masama ang tingin ni Mommy sa akin. Akyat baba ang kanyang dibdib sa bigat ng mga paghinga. Pakiramdam ko’y kung ‘di pumagitna si Yeshua ay hindi siya titigil sa kasisisi sa akin. I can’t blame her though. Mismong ako, sinisisi ko ang sarili ko.

I’ve been very selfish. Dapat ay inisip ko na lang muna ang kapakanan ni Yeshua. But I didn’t know that it would turn out this way.

Gusto ng doktor na manatili si Yeshua sa ospital dahil aniya’y malubha ang kondisyon na iyon. Kaya lang ay si Yeshua mismo ang may ayaw. Walang magawa si Mommy at Daddy dahil seryoso si Yeshua na gusto niyang umuwi. And I also think they believe in him too much that they didn’t really encourage him to stay.

“Mrs. Altamirano, I really suggest that your son should stay here. Hindi maganda ang kondisyong ito at habang nag-aantay pa tayo ng results, dapat ay nandito lang siya,” sabi ng doktor.

Lumabas sila ni Mommy at Daddy para mag-usap. Nakaupo ako sa hospital bed ni Yeshua habang siya ay nanonood ng TV sa sofa.

“Are you sure you don’t want anyone to know about this?” pang ilang ulit ko na iyong tanong.

Gabi na ng pasko at narito parin kami sa ospital. I texted Riguel and greeted him a Merry Christmas. He greeted me to and asked how was it. Of course I told him it’s fine. Ganoon din si Suki.

“How about Piper, Yesh?”

Umiling si Yeshua. “Huwag na siya. Lalo na siya…” seryoso niyang baling sa akin.

Litong lito ako. Awang awa para swa kapatid ko.

I know him. He wants everyone to see that he’s strong. Kahit sa mga oras na ang totoo’y mahina siya. Tulad ngayon.

“Promise me you’d never tell her…” ani Yeshua. “Even Suki or Riguel.”

Tumango ako. “Yesh… paano kung… paano kung totoo ang diagnosis ng doktor.”

Tumitig siya sa akin. May pakiramdam ako na naisip niya na ito. May pakiramdam ako na alam niya na ang isasagot niya sa tanong ko. Para bang pinaghandaan niya na ito noon.

“Magpapagaling ako…” aniya. “We don’t need to tell everyone that I’m sick. I’ll get better in time.”

“How? Ang sabi ng doktor, rare iyan. Kailangan sa Manila magpagamot. Kailangan na nating lumuwas sa lalong madaling panahon.”

Marahan siyang pumikit at nilapitan niya ako. Umupo siya sa aking tabi. Tiningala ko siya. I can’t believe that he can still manage to smile playfully. Para bang tuwang tuwa siya sa pag-aalala ko.

“Are you willing to leave Alegria?”

“Oo! Sasama ako sa’yo!” sabi ko.

His smile widened.

“Gusto kong magaral sa ibang bansa. Kung maaari ay doon na rin sana ako magpapagamot. That way, our friends won’t have to know. Piper won’t have to know. I’ll come back better…”

“Kailan? Next week we can… we can…” nalilito na ako sa sasabihin ko. “… ask tita. We’re going abroad! We’ll leave so you can get better!”

Tumawa si Yeshua. Hinampas ko ang kanyang dibdib. Nakakainis! Hindi ko na yata kakayanin ito pero parang wala lang sa kanya ang lahat.

“Silly, Lilienne…” sabay kurot niya sa aking pisngi.

Nalaman na ang dahilan ng pag-iiba minsan ng ugali ni Yeshua ay ito. Na mas sasama pa ang ugali niya kapag nagtagal ito. Pati ang pag bagsak ng grades niya, ito rin ang dahilan.

The doctor said it’s a rare condition. They referred us to a hospital in Manila.

Kaya the remaining days of Christmas Vacation, iyon ang ginawa namin. Pumunta kaming Manila para sa mga tests.

The doctor wants Yeshua to stay there. Sabi nila, hindi siya pwedeng umalis sa dahilang malubha ang kalagayan niya. Unfortunately, my brother is stubborn. He just didn’t want to stay there.

“Anak ano ba? Gusto mo bang gumaling o hindi! Ha?”

Palaging umiiyak si Mommy dahil sa nangyayari. Daddy is more silent now too. Alam kong hindi magandang pangitain iyon. We are all stressed and Yeshua is so stubborn. Naisip ko tuloy kung pati ang tigas ng ulo niya ay dulot ng sakit.

“Your Tita called! She wants us to go abroad so you’ll get checked by her friends! Mas matututukan ka roon, Yesh. Kung ayaw mong magpagamot dito, doon tayo pupunta!”

Parang lumiwanag ang mukha ni Yeshua sa sinabi ni Mommy. That was his plan. And I didn’t mind. I just want him to be okay.

“Kailan tayo aalis, Mommy?” tanong ko kaagad.

“I can book our flight next week.”

“What about the plantation?” tanong ni Yeshua sabay tingin kay Daddy.

“Ipapaubaya ko muna kay Nana Sela ang lahat,” ani Daddy.

“Hindi. Ayaw ko muna…” ani Yeshua.

Hindi ko alam kung dahil ba sa kondisyon ni Yeshua ang tigas ng ulo niya o ano.

Naging mabilis ang panahon pagkatapos noon. I am constantly worried of Yeshua. Pakiramdam ko nag-iba ang pananaw ko sa lahat ng bagay dahil doon.

“Do you want to come with me?” Riguel asked.

Ngayon pa lang sila magkikita ng Mommy ni Isabella Thomas. That was March. Hindi na ulit sinugod sa ospital si Yeshua. Hindi rin siya nagreklamo ulit sa kanyang ulo pero alam ko sumasakit parin ito.

“Hindi na, Riguel. Ikaw na lang ang pumunta,” I smiled genuinely.

Naiintindihan ko kung bakit gusto niyang makilala ang Mommy ni Isabella. Ang alam ko, may accounting firm sila at interesado roon si Riguel. Now he

wants me to go with him so I'd calm down. Oo at nagseselos ako minsan pero hindi sobra-sobra.

"Are you sure?"

Tumango ako.

"Ititext kita kapag nakauwi na ako. Okay?" ngumiti siya at hinanap ang mga mata ko.

"Okay…"

The whole summer of that year, we were in Manila for Yeshua's medications. Si Daddy ay pabalik balik sa Alegria dahil natutuyo ang mga pananim. Dahil sa El Nino, medyo tumagilid ang kita ng aming plantations. Natutuyo ang mga bulaklak bago pa lang sila namumukadkad. Hindi kakayanin ng irrigation kaya kailangang tutukan ni Daddy.

"Hello, Kristina… Nandito kami sa Makati… nahulog mo na ba ang pera?" naaabutan ko si Mommy na nanghihiram ng pera sa kanyang mga kapatid sa ibang bansa.

Then I realized that we're really in crisis. Mahal ang ospital at tagilid ang negosyo. Hindi ko na sinasabi kay Yeshua dahil pakiramdam ko'y mas lalong titigas ang ulo niya kapag nalaman niya.

"Kayo ba ni Riguel?" biglaang tanong ni Russel sa akin nang nagbalik eskwela na kami.

Yeshua seems better now. Hindi na raw masyado masakit ang ulo niya. Hindi pa siya naooperahan dahil ayaw niya rin ng ganoon. And he insists that he's getting better because of the medications. Gusto ng mga doktor na tutukan ang case niya sa ospital pero dahil sa sinasabi ni Yesh ay halos 'di na rin naniniwala si Mommy sa kanila.

"Yeshua's fine! He looks fine! He feels fine! For six months, hindi na siya nag seizure ulit! I believe my son!" iyon ang sabi niya.

Tumuwid ako sa pagkakaupo at tiningala si Russel.

“Hindi?”

“Kung ganoon, anong tawag mo sa madalas mong pagpunta sa kanila?”

“We’re just friends…” sabi ko.

“That explains why he’s always with Isabella Thomas, then?”

Hindi ako nakapagsalita. Tiningala ko lang si Russel nang sinabi niya iyon.

“Ano? Ayusin mo ‘yan. Kung kayo talaga, ayusin mo ‘yan…” at nilagpasan niya ako.

Hindi na ako masyadong nagagawi sa Alegria Community College. I’ve been busy with school since it’s our last year in High School. Naintindihan naman iyon ni Riguel. At ngayong nasa second year na siya, mas lalo rin yata siyang naging busy.

“Anong problema ni Russel?” tanong ni Suki habang kumakain kami. “Kanina pa siya talak nang talak tungkol sa kay Riguel.”

Uminom ako ng juice bago ko siya sinagot.

“Usap-usapan kasi na si Riguel at Isabella na raw…” sabi ko.

“And?” nagtaas ng kilay si Suki.

“Don’t believe them. Naninira lang ang mga iyan. Wala pa sa utak ni Riguel iyang relasyon…” sabi ko.

Ngumuso si Suki. Parang may gusto siyang sabihin pero ‘di niya tinuloy.

“Ano?” tanong ko, nanliliit ang mga mata.

“Isn’t it weird? Marami nang nagsasabi sa’yo na si Riguel at Isabella na. Ang sabi mo sa akin ay pumupunta si Riguel kina Isabella, ‘di ba? Para sa mommy ni Isabella. Totoo kaya iyon?”

Marami akong problema. Hindi ko na kayang mamroblema pa ng ganito. Pero napapaisip ako sa sinabi ni Suki.

“Why don’t we secretly go to ACC?”

Kasama si Suki ay dumiretso kami sa ACC. Isang taon na rin simula nang nag foundation day sila noon. Doon ko nalaman na gustong magpakilala ni Riguel sa Mommy ni Isabella. Napag-alaman ko rin galing kay Riguel na gusto niyang magtayo ng isang firm in the near future. Hinayaan ko siya. Isa pa, naging abala rin ako kay Yeshua…

Pagkababa pa lang namin ng tricycle ay nakita na namin si Riguel na kasama si Isabella. They’re with four other friends.

Sumakay sila sa dalawang tricycle. Hindi nila kami nakita.

“Dali!” ani Suki sabay para sa isa pang tricycle.

Ayaw ko man ay pinangunahan ni Suki ang pagsunod sa tricycle nina Riguel. Dahil huli kami at may sakay pang isa sa likod ng driver, naiwala namin ang tricycle.

Mabuti na lang at nagawan ng paraan. Nakapagtanong tanong si Suki sa address nina Isabella kaya sa huli ay napadpad parin kami sa bahay nila.

Their house is big. Not as big as our house but it looks good. It can be seen from the outside, hindi tulad sa amin na medyo malayo pa.

Marcia l. Thomas, CPA - Iyon ang nakalagay sa taas ng gate nila.

“Sino po sila?” may isang kasambahay na lumabas.

Hinatak ko agad si Suki para makalayo roon. I think this is enough. We didn’t have to follow them all the way here but she’s determined.

“Hi! Nandito po ba si Isabella?” tanong ni Suki.

“Opo. Kaibigan ka po niya? Tatawagin ko lang si Ma’am…”

“Ay huwag na po!” agap ni Suki. “Gusto ko lang pong magtanong kung kasama niya ba si Kuya…”

“Kuya?”

Ano bang iniisip nitong si Suki?

“Wala ba siyang kasamang lalaki? Si Isabella?”

“Ah? Kuya mo ang boyfriend ni Ma’am?”

Natigil si Suki. Sumulyap siya sa akin.

“Po? Si Riguel po?” tanong ko.

Bumaling ang kasambahay sa akin. Parang unti-unti kong nararamdaman ang pagbigat ng aking damdamin.

“Si Riguel, oo. Kuya mo ang boyfriend ni Ma’am? Sige tatawagin ko…”

Umamba muli ang kasambahay na pumasok pero pinigilan na ni Suki.

“Ay! Hindi po pala. Mali. Hindi po iyon ang kuya ko… Sorry… Alis na po kami…”

Hinatak ako ni Suki palayo roon. Tulala ako at hindi alam ang gagawin. What the hell is happening?

Paulit ulit sa aking utak ang nangyari. I couldn’t cry. Pakiramdam ko ay namamanhid na ako sa dami ng iniisip.

Tumunog ang cellphone ko. Nakahiga ako sa kama nang tiningnan iyon. It’s Riguel calling. Ganito siya kapag gabi. Minsan ay nakakalimutan ko na siyang itext dahil sa pagbibisita kay Yeshua. That’s why he’d opt to call me.

“Hello…” gusto kong magtunog masigla kaso ang tamlay ng pagkakasagot ko.

Hindi siya agad sumagot. Para bang pinakiramdaman niya muna ang mood ko. He's been like this for months.

"You didn't text me. Are you home?"

"Yup…" Niyakap ko ang unan ko. "Ikaw?"

"Yup. Kagagaling ko lang sa kina Isabella."

"Oh? And… what did you do there?" tanong ko.

"We talked…" his voice is husky.

Hindi ko alam kung bakit bumilis at lumakas ang pintig ng puso ko. I imagined him on his bed while calling me. Napangiti ako pero ramdam ko ang pait.

"Her mom offered me a scholarship. Sa isang prestigious school sa Manila."

"Oh? Do you want to… study there?"

"Of course, I rejected it. Ayaw kong magkaroon ng utang na loob sa ibang tao. I'm just curious how a firm works. After graduation, I want to work there. Tingnan ko kung kaya ko…"

Ngumiti ako.

"Ikaw? How was your day?"

"Fine…" sagot ko agad.

Natahimik na naman kaming dalawa. Pakiramdam ko ay tinitimbang niya na naman ang reaksyon ko.

"Hmm. You don't share much. Are you busy at school? I think you are…"

"Yup. Maraming exams. I hope I can graduate…"

“You can… Gusto mo tulungan kitang mag review?”

Kinagat ko ang labi ko. Hindi ko alam kung bakit ako nahuhulog sa kanya gayong unti-unting lumalayo ang loob ko. Pwede ba iyon ng sabay?

Simula nang naging busy ako kay Yeshua, hindi ko na masyadong napagtutuonan ng pansin si Riguel. I know he felt it. He just didn’t ask me because he thought I’m busy with school.

“Hindi na… Ayos na… Kaya ko naman…” sabi ko.

“Did you go to school recently? Sa ACC?” tanong niya.

Biglang hampas sa pintuan ko ang narinig. Napatayo agad ako roon.

“Hello?” ani Riguel.

“Si Yeshua!” sigaw ni Mommy.

Nanlaki ang mga mata ko.

“Nope. Uhm… Riguel, I need to go. I’m busy. Mag rereview muna ako. Sorry. Text you later…”

Binaba ko agad ang tawag at dumiretso na ako sa pintuan. Fuck!

Kabanata 17

Kabanata 17

*OceanofPDF.com*

Idea

After almost a year, Yeshua got rushed again to the hospital. This time, the doctors said that he should be treated right away. Iyon ang naging pinakamalalang seizure niya.

Umiiyak si Mommy habang kausap sina Tita at Tito sa cellphone. Nakapikit naman si Daddy at nakahilig sa malamig na dingding ng ospital.

Pagkababa ni Mommy ng cellphone ay nilingon niya agad si Daddy. May sinabi siya rito at alam kong ‘di dapat ako kasali sa usapan nila. Ganunpaman, nakinig ako.

“Gusto nilang mangibang bansa tayo para matulungan ng maayos,” ani Mommy.

“E ‘di kumuha na tayo ng ticket. We should’ve done this a long time ago…”

“Akala ko maayos na siya. It’s been almost a year, dy…” ani Mommy. “Paano ang plantation?”

“Iiwan ko kay Nana Sela. Kapag hindi niya kaya, hayaan na lang natin. Ang importante rito ay ang kalusugan ni Yeshua. Kung kaya nila tayong tulungan, umalis na tayo rito… Yeshua needs help. He needs it fast. Hindi na tayo pwedeng magkunwari na wala lang ito tulad ng sinasabi ni Yeshua!”

Naging mabilis ang lahat ng pangyayari. Inasikaso ni Mommy at Daddy ang pagmamigrate sa ibang bansa kung nasaan ang iilang mga kamag-anak natin. Besides my Tito is a surgeon, he can help Yeshua. Mas matututukan siya roon.

Hindi na kami nanghingi ng opinyon kay Yeshua. Alam na naming papayag siya dahil hindi naman siya nagkaroon ng problema nang sinabi ito namin noon.

“Are you excited for your last prom?”

Tumabi si Yeshua sa akin habang nakaupo ako sa duyan. Tanaw ko ang plantation namin at ang madilim na langit.

Lately, I have developed a new hobby. And that is to watch the night… Narerelax ako tuwing nakikita ko ang buwan at ang mga bituin. Nawawala ang mga iniisip ko.

Umiling ako at umusog ng konti para makaupo siya ng maayos.

Niyakap ko ang aking isang tuhod at hinilig ko ang aking ulo sa kanyang balikat.

“I’m sorry. I know it’s hard for you to explain it to Riguel…” aniya sabay akbay sa akin.

“Hindi na… I really don’t think we’re something anyway…”

Sa gilid ng aking mga mata ay tiningnan ako ni Yeshua.

“Sinaktan ka ba niya?”

Sumulyap ako kay Yeshua. Alam kong kapag sinabi kong “oo” ay magagalit lamang siya. Truth is, Riguel did not hurt me. I just got hurt because of my love for him. I like him so much. Ngunit masyadong mahirap magmahal ngayong marami akong iniisip. Isinasantabi ko ito ngunit hindi parin maalis sa sistema ko.

The rumors about him and Isabella is painful. I can’t even ask him if those are true. Kasi iniisip ko lagi na wala naman akong karapatan. And if it’s true… so what… he didn’t tell me he likes me. We’re not together… and besides, we’re going out of the country.

“Hindi…”

“How are you going to tell him that we’re leaving right after prom?”

Nilingon ko si Yeshua. Noong huling na ospital si Yeshua, inisip ko na na hindi ko sasabihin iyon kay Riguel. I didn’t even tell Suki about it so why would I tell him.

“I’m not going to tell him. I’ll just leave… Hindi ko rin sinabi ni Suki. You know it’s better that way. You don’t want anyone to know… right?”

Tumango si Yeshua at tumingala sa mga bituin. Pinagmasdan ko siya. Ang tangos ng kanyang ilong ay sinasalamin ang akin. The curve of his lips, his deep-set eyes… he looks just like me. Only that, he’s a boy.

“Lilienne, mangako ka nga sa akin…”

“Na ano?” kumunot ang noo ko.

“When the time comes, I want you to help mom and dad…”

Hindi ako nakapagsalita. May namuong galit sa akin.

“Our memories are everything to me. This house… the plantation… you… Mommy and Daddy… kayo ang lahat para sa akin kaya pakaiingatan mo ‘yan. Mangako ka.”

“Yeshua, what are you saying?” mariin kong tanong.

“Si Piper, Lienne, mahal na mahal ko…” ani Yeshua.

Dinig ko ang panginginig ng kanyang boses. Pakiramdam ko ay mundo niya ang pinag-uusapan dito. Hinawakan ko ang kamay niya. Naninikip ang dibdib ko.

“Iiwasan ko siya… That’s the only way I can think of… para ‘di niya malaman ‘to…”

“Huh? Yesh… Pwede mo namang sabihin sa kanya ‘to!” sabi ko.

“No… I know this will take time for sure. Ayaw kong matali siya sa akin. Gusto kong pakawalan siya. Isa pa… ayaw kong makita niya ako habang nagpapagaling…”

Nilingon ako ni Yeshua. Kitang kita ko ang pangingilid ng luha sa mga mata niya.

“She’ll understand, Yesh. Huwag ganyan. Ang sakit para sa kanya…” sabi ko.

Kinagat niya ang kanyang labi. Pumikit siya ng mariin at nakita ko ang pagpatak ng isang luha sa kanya.

“Yesh…” malambing kong sinabi.

Bigla niya akong niyakap ng sobrang higpit. Halos ‘di ako makahinga sa sobrang higpit ng yakap niya. Nanginig ang kanyang balikat. His tears reached my neck.

“Masasaktan siya pero panandalian lang. Kung magpapatuloy kami, nasa ibang bansa ako, patuloy siyang masasaktan. Pinipili ko ang daang mas madali para sa kanya…” ani Yeshua.

“E… Ikaw naman ang mahihirapan, Yesh!” sabi ko.

“Bahala na. Huwag lang siya…”

Fuck. Pumikit ako at niyakap din ng mahigpit ang kapatid ko.

“Promise me… if the medications and surgery are not successful, you’d tell Piper everything. Promise me you’ll make her happy for me. Guide her, Lili…”

“Yesh, please, huwag kang magsalita ng ganyan! You are going to make her happy when you’re healthy! You’re going to be okay!”

“Just promise me… please… please, Lienne…”

“I promise…” sabi ko kahit na nanginginig na ang boses ko.

Ayaw ko sa tono ni Yeshua pero wala akong magawa kundi ang sang-ayunan siya. I want him to feel secured.

Totoo ang kanyang sinabi. Nagtago ako sa hamba ng pintuan habang tinitingnan siyang iniiwasan si Piper.

Bumagsak ang balikat ni Piper nang nilagpasan siya ni Yeshua. May dala siyang mga aklat. Siguro’y ipapakita niya kay Yeshua ngunit nilagpasan lamang siya ng kapatid ko.

“Huy! Lilienne!” sigaw ni Suki na nagpa kaba ng husto sa akin.

Binalingan ko agad siya at lumayo na roon. Ayaw kong mahanap niya ako na ganoon.

“Tara na!” ani Suki.

Tumango na lang ako.

“Ano bang tinitingnan mo roon?”

“Wala!” sabi ko.

Nagyaya si Russel at Julio na mag-inuman muna kami. Practice lang naman ng prom at hindi raw sila interesado kaya piniling mag inuman sa likod ng gym.

Pumayag lamang ako dahil marami akong iniisip. Gusto kong pansamantala man lang na makalimutan ang lahat.

“Nasaan si Leon?” tanong ko sabay kuha sa inabot na baso ni Julio.

“Nasa practice, syempre. Si Freya ba naman ang partner niya,” ani Russel sabay tawa.

Inubos ko kaagad ng isang lagukan ang binigay na inumin. Nilapag ko agad sa bato para malagyan ni Julio para kay Suki.

“Grabe si Leon. Bakit, sila na ba? Kung maka sakripisyo siya parang mahal din siya ni Freya, a?” ani Suki.

Tumawa ako. “Ewan ko ba roon. Baliw.”

“Sus! Kung makapag salita ka naman parang hindi ka rin baliw…” ani Suki.

Ngumisi si Julio. Siguro ay nakuha agad ang pahiwatig ni Suki.

“Oo nga, Lilienne. Eh si Riguel, kayo ba? Ang daming nagsasabi na sila na ni Isabella, ah? Tapos dinadala na raw sa bahay nina Isabella? Pinakilala na raw. Nagustuhan daw ng Mommy niya si Riguel. Ano ‘yon?”

Kinuha ko ang isang shot at nilagok iyon. Ayaw ko mang magpaapekto, hindi ko mapigilan. I’m trying my best to ignore those. I have bigger problems. But then at times like this, it always find a way to get to me.

“Hindi totoo ‘yon!” sabi ko.

“Baka naman kinukumbinsi mo lang ang sarili mo niyan?” ani Russel.

Nagkibit na lamang ako ng balikat. Either way, there’s just nothing I could do. Aalis din naman kami. So if Riguel chooses Isabella, then that’s good for him. He won’t have to deal with my absence.

Sa pangatlong lagok ko ay ramdam na ramdam ko na ang sakit. Lilienne, please, isantabi mo muna ito. Hindi si Riguel ang importante sa buhay mo. Si Yeshua at ang pamilya ang importante rito. I should stop worrying. I should stop thinking about him. I should stop being hurt!

Habang nag-uusap kami ay natutukso akong sabihin ang nalalapit na pagalis ko. I feel bad for my friends. I feel bad for leaving them. I feel bad for keeping it a secret.

“May damit ka na para sa prom?” tanong ni Suki.

She seems so excited about it. Last year, wala lang naman iyon sa kanya.

“Mayroon na. Ikaw?”

Morning after our prom, we’ll be leaving for Manila. And after that, diretso na kami ng New York.

“Mayroon na rin.”

Tinanggap ko ulit ang shot at nilagok ng diretso. Pumalakpak si Julio sa ginawa ko.

Mukhang patapos na ang practice sa mga oras na iyon.

Sinilip ko ang gym para makita kung tapos na ba kaya lang isang malapad na dibdib ang una kong nakita.

He’s wearing the uniform of Alegria Community College. Seryoso ang tingin niya sa akin dahilan kung bakit kinabahan ako ng husto!

“Wh-What are you doing here, Riguel?” I said.

Umigting ang panga niya. Sinulyapan niya kung sino ang nasa likod ko.

“Uy!” ani Suki pero hindi na dinugtungan. Ramdam niya yata ang tensyon.

“What are you doing?” Riguel asked.

Kinagat ko ang labi ko at nilingon ang mga kaibigan ko. Julio is smiling. Russel stared at us blankly.

“Nagpapractice ng prom. I.. I… was bored… We were…” Nalilito ako kung ano ang unang sasabihin ko. Ang tanging laman ng utak ko ay ang galit sa mukha ni Riguel.

“Let’s go home…” aniya.

Tumango ako at binalikan na lang ang bag sa kung nasaan sina Suki. Hindi ko na kailangang mag paalam. Alam na ni Suki. Ngumisi siya ng hilaw.

“Ingat…” ani Suki sabay halakhak.

Ngumuso ako at binalikan na si Riguel. Dammit! Bakit ba siya nandito? Ngayon pa talaga niya napiling pumunta na may ginagawa ako?

“Why are you here?” tanong ko habang naglalakad kami.

Nilingon ko siya. Kitang kita ko ang galit sa kanyang mga mata. Hindi siya makatingin sa akin.

I raised my hand to get his attention. I waved at him. Pairita siyang sumulyap sa akin at hinula niya ang kamay ko. Binaba niya ang kamay ko, mahigpit ang pagkakahawak.

“Uminom ka?” mariin niyang tanong.

Ayaw kong malaman niya kaso heto na, e. Wala na akong magagawa. It’s been years since I last did it. Simula noong nalapit ako kay Riguel, ‘di na ako ulit nagka-cutting at umiinom kasama ang mga kaibigan. Ngayon, I feel so down that I have to take a break. I know I shouldn’t make my problems and excuse, though.

“The practice was boring so-”

“Kaya ka uminom?”

Nilingon niya ako. Nasa campus parin kami. Malapit na sa gate pero ‘di pa nakakalabas.

“You’re inside the campus, Lilienne,” ani Riguel.

“I know… I’m sorry.”

“Ganito ka ba kapag wala ako?”

Kumunot ang noo ko. Speaking of… why is he here anyway?

“Bakit ka nandito?”

“When was the last time we saw each other?”

Natigilan ako sa sinabi ni Riguel. Pilit kong inisip kung kailan nga ba pero ‘di ko na maalala.

“It’s been almost two weeks, Lilienne! Hindi ka pumunta sa bahay namin noong Sabado kahit na sinabi ko. And you’re almost always busy every

night! Tapos pupuntahan kita rito at ganito ang makikita ko?”

Nanlaki ang mga mata ko. Para akong baliw sa naramdaman kong literal na kiliti sa tiyan. Is this reallyn happening?

“Bakit ka nga ba pumunta rito, Riguel?” tanong ko.

Medyo pula ang mga mata niya nang tinutok niya iyon sa akin. He seems so pissed by something… by me? by my reaction?

“I checked on you! Busy’ng busy ka na, ah! Sana at tama ‘yang pinagkaka abalahan mo! Tapos ngayon, ito ang madadatnan ko?” may diin sa tono niya.

Yumuko ako. Ramdam ko parin ang paghuhuramentado ng aking puso. Kinakalma ko ang sarili ko sa pamamagitan ng paghinga ng dahan-dahan at pirmi.

“I’m sorry, Riguel. I swear after years this is my first alcoholic drink. I’m really sorry…” sabi ko.

Pinagtitinginan na kami ng mga schoolmates ko. Siguro ay nagulat sila na pinuntahan ako ni Riguel dito. Of course, the whole of Alegria knows that I usually go to ACC. Hindi ang ganito.

“Let’s go!” aniya sabay hawak ulit sa kamay ko.

Hinila niya ako palabas ng campus. Halos ma talisod pa ako. Hindi ko alam kung dahil ba medyo nahihilo ako o ano.

Nilingon niya ako dahil sa nangyari. Pumara siya ng tricycle at iminuwestra niya ang loob. Pumasok naman ako. Pagkatapos ay siya.

Nagbigay siya ng pamasahe naming dalawa at La Santa sa kanila lang ang sinabi niya. Maybe he’s bringing me to their house.

“Bakit ka nga ulit umiinom, Lilienne?” tanong niyang mas mariin.

“It’s just nothing. Nakisabay lang ako kay Suki…”

“Bakit ‘di ka na lang sumali sa practice n’yo, ha? tsss…”

“Well, I don’t like my partner. If it was you, ‘di ako aabsent?”

Tumaas ang isang kilay niya at nilingon niya ako. Pilit siyang sumisimangot kahit na umaangat ang gilid ng labi niya.

“Ang galing mo talagang mambola,” bulong niya. “I want you to be honest with me. Lagi mo ba itong ginagawa?”

Umiling ako. “I don’t cut class. I’m busy with my requirements… Ngayon lang ulit ako uminom. Riguel, hindi ako nagsisinungaling sa’yo…”

“Siguraduhin mo ‘yan. Babalik ulit ako. Pag naulit ito. Kapag nahuli ulit kita, Lilienne. Hindi ko na alam kung anong gagawin ko sa’yo…”

Tumango ako at ngumiti.

But the fluttering inside my stomach is short-lived. Unti unti ko ring naaalala ang mangyayari. Iiwan ko rin naman si Riguel. Gusto kong magtanong tungkol sa kanila ni Isabella pero para saan pa, hindi ba? Kung sila man ngayon, o pagdating ng panahon, then it won’t matter. I won’t matter. My feelings won’t matter. All of these won’t matter.

“Riguel, anong gagawin natin dito?” tanong ko habang hinihila niya sa likod ng bahay nila.

Pumunta kami sa batis. Hinubad niya ang kanyang polo at nilapag sa lupa. Iminuwestra niya ang kanyang polo para upuan ko. Sumunod naman ako sa gusto niyang mangyari.

Palubog na ang araw. Kulay orange na ang batis. At naka-on na rin ang ilaw malapit sa mga kulungan ng manok.

“Nandyan ba sina Lola at Lolo, Riguel?”

Tumango si Riguel. “Nasa loob ng bahay. Kukuha ako ng tubig. Amoy alak ka. Ayaw kong maamoy ka nina Lola.”

“Huh?” Inamoy ko ang sarili ko. “Hindi naman, a!”

Tumayo na siya at dumiretso sa kanilang bahay. Nilingon ko na lang ang batis at pinakinggan ang tunog ng tubig na umaagos.

This won’t matter. Nothng here would matter, anyway. Might as well enjoy the ride, right?

“Here…” ani Riguel pagkatapos ng ilang sandali.

Dinalhan niya ako ng isang mangkok ng sabaw. May dala rin siyang isang malamig na pitsel ng tubig at isang baso.

“Drink water first. Tapos humigop ka ng sabaw.”

Tumawa na ako. Nangilid ang luha sa aking mga mata dahil sa tawa… ngunit nahaluan na rin ng kalungkutan.

“I’m not drunk, Riguel! Don’t treat me as if I am!” sabi ko.

Umupo siya sa tabi ko at matalim akong tinitingnan.

“Drink, Lilienne…” aniya sabay bigay sa akin ng tubig.

Huminga ako ng malalim at tinanggap ang isang baso ng tubig. Ininom ko iyon. Though, I’m not really drunk, I felt better after I drank it.

Tinaas niya ang mangkok at hinalo ang konting sahog. It looks like an asparagus soup to me. Hinipan niya ang mainit na sabaw bago umambang isususbo sa akin ang isang kutsara.

“Mainit pa…” sabi ko.

Hinipan niyang muli.

“Hindi na… try it… It will make you feel better.”

Tumango ako at dahan-dahang tinanggap ang kanyang pagsubo. Nagkatinginan kaming dalawa. Seryoso at malalim ang kanyang tingin

ngayon.

“I missed you…” aniya.

Tipid akong ngumiti at nag-iwas ng tingin. Do you really, though? What about Isabella?

“I missed you too…”

“Sino ang partner mo sa prom?”

Hinipan niyang muli ang isang kutsara ng sabaw. Sinubo niya sa akin iyon.

“Hindi ko kilala ang junior na iyon, Riguel… Bakit?”

“I have an idea…” he smirked.

“What?”

Kabanata 18

Kabanata 18

*OceanofPDF.com*

Gone

Kabado ako palabas ng bahay. Sabay kami ni Yeshua patungo sa eskwelahan.

Inayos ni Yeshua ang manggas ng kanyang coat and tie habang nasa loob kami ng sasakyan. Nakasuot ako ng isang kulay navy blue na long gown. Off shoulder iyon at hanggang palapulsuhan ang haba. Ang kambal ko naman ay nakasuot ng coat and tie. Ang kanyang kurbata ay kulay navy blue rin.

Tapos na kaming mag-impake noong isang linggo pa lang. Marami ang nangyari simula noong pinuntahan ako ni Riguel. Naging madalas ang punta niya sa school. Kadalasan pa iyong mga ‘di inaasahang oras.

Hindi na ulit ako uminom kaya ‘di niya na ako napagalitan. Iyon nga lang, lagi akong tinutukso ni Suki na ang bilis daw’ng magbago ng ihip ng hangin. Si Riguel naman ngayon ang pumupunta sa school.

“Mag aantay si Suki sa gate. Una kasi siyang nakarating…” sabi ko kay Yeshua.

Tumango si Yeshua at tumingin sa akin.

“Kung kokomprontahin ka ni Piper ngayon, huwag mo siyang kausapin…”

Bumagsak ang damdamin ko sa sinabi ng aking kapatid. Seryoso siya sa binanggit. Iyon parin talaga ang plano niya. Piper’s been so down lately because of him. Masakit din ito para kay Yeshua pero ito ang paraan niya para iwan si Piper ng ‘di sobra sobra ang paghihirap.

Tumango na lamang ako. I understand him. Kahit ako kay Riguel ay ‘di ko alam ano ang gagawin. Kaya nga hirap na hirap akong sumang-ayon sa gusto niyang mangyari ngayon.

He said he’ll gatecrash. He’ll dance with me. He asked me to reserve my dance to him. Ayaw ko na sana dahil bukas na ang alis namin ngunit nagpumilit siya.

“Take note of that, Lili…” ani Yeshua at lumabas na sa aming sasakyan.

“Okay…”

Lumabas na rin ako. Si Suki ay nasa gate namin. Ang suot niya ay kulay champagne na long dress. She looked perfect without her dark make up. So different from her usual aura.

“Suki!” sabi ko sabay yakap sa kanya.

“You look divine!” ani Suki sabay pasada ng tingin sa akin.

“No! You look divine!” sabi ko.

Napatingin si Suki kay Yeshua. Yeshua smiled at her. Tipid ring ngumiti ang aking bestfriend.

Sabay na kaming tatlong pumasok sa paaralan. Hindi pa nagsisimula. Hindi pa dumidilim. Marami pang estudyante sa labas, sa field, nagpapapicture.

“Did you delete your Facebook account?” Suki asked when she realized she couldn’t search me.

Kagabi ay pinatay ko na lahat ng social media accounts ko. Pinagmasdan ko si Suki. That urge to tell her the truth is here again.

“Deactivate lang. Ibabalik ko rin…” sabi ko at nag-iwas ng tingin sa kanya.

“Oh! Anyway, let’s take some pics!”

Hinatak namin sina Russel at Julio. Wala pa si Leon. Nagpapahuli yata. Kaya kaming apat at iilan pang kaibigan lang ang present sa mga picture. Yeshua’s with his friends from section A.

Nang malapit nang dumilim ay tinawag na kami ng mga teachers. Kailangan na naming pumasok sa covered court, kung saan gaganapin ang prom.

“Iyon nga sana, e. I want to get a hold of his records so I can send it to my friends from a prestigious university in Manila…” sabi ng isang medyo matandang babae.

Napalingon ako sa kanya. Kausap niya iyong tumawag na teacher sa amin. The woman has glasses, pearl necklace, an expensive looking bag, at terno pa ang suot na damit.

Hindi ko na sana papansinin lalo na’t nakikita ko si Piper sa malayo, nakatingin sa akin ngunit siniko ako ni Suki.

“That’s Isabella’s mom…” aniya.

Nilingon ko ulit sila habang nag-uusap. Tumigil ako sa paglalakad para makinig.

“We need to inform Riguel if you want to get his records. Baka naman may kopya siya niyan…”

“He said he gave it to ACC. So I need a new copy. He knows that I want to see it. Sa relasyon ba naman nila ng anak ko, syempre nasabi ko na sa kanya ito.”

Pagkasabi niya noon ay mabilis na akong naglakad. Halos tumakbo pa si Suki para lang maabutan ako.

“Relasyon? Ano ba talaga? Gulong-gulo ako. May relasyon si Riguel at Isabella?”

Hindi ako kumibo. I have been hearing rumors about that and I’m getting used to it. Ngunit iba parin pala talaga kapag galing sa isang taong may kredibilidad.

“Lilienne!” tawag ni Suki nang ‘di ko na siya kinausap.

Hinarap ko siya pagkapasok namin sa covered court.

“Suki, hayaan mo na ‘yon.”

“Anong hayaan? Damn, girl. He’s hitting on you big time. At umaasa ka! Hindi pwedeng hayaan iyon! Ano ba talaga ang totoo? Is he in a relationship and are you an option?” punong puno ng pag-aalala ang kanyang boses.

Tumingala ako para hindi tumulo ang luhang kanina ko pa pinipigilan. Aalis kami. Magustuhan man ako ni Riguel o hindi, hindi magbabago ang desisyon ko. Kaya kung naglalaro man siya sa akin ngayon, e ‘di bahala na, ‘di ba?

“I don’t know. I don’t care…”

Kinagat ko ang labi ko at matamang tiningnan si Suki.

“Mommy na mismo ni Isabella ang nagsabi! Ano? Sinasabi ba ni Riguel sa’yo na hindi sila? Baka naman pinaglalaruan ka na niyan?”

Hindi na ako makapagsalita. Nakakunot ang noo ni Suki. Punong puno ito ng pagsusumamo at awa. Nag-iwas ako ng tingin sa kanya.

“Bahala na…” nanginig ang boses ko.

“What? Anong bahala na, Lili?” maliit na ang boses niya ngayon.

Umiling ako. “Bahala na…”

Pumasok ang maraming estudyante. Kailangan na namin pumunta sa aming lamesa para makaupo na. Tahimik ako habang umuupo. Si Suki ay tahimik din at nakatingin sa akin.

“May hindi ka ba sinasabi sa akin, Lilienne?” biglang tanong ni Suki sa akin sa kalagitnaan ng programme.

Hindi na ako nakikinig sa Master of Ceremonies. Tuwing pinapatayo kami ay tumatayo lang ako para sumunod. Sa sayawan naman ay parang robot lang din.

Ngumiti ako at umiling. I really want to tell her now but I couldn’t. I promised Yeshua.

Iniisip kong mabuti kung ano kaya talaga ang tunay na estado ni Isabella at Riguel. Is he using her to learn? Or are they together? Isabella's Mom seems to be very fond of him. Para bang botong boto siya kay Riguel. Syempre, sino ba ang hindi boboto sa isang lalaking achiever?

Even my Mom likes him. Hindi ko pa nga lang nadadala dahil nahihiya naman akong magyaya. Pakiramdam ko ay tatanggi siya. Pero mabuti na lang din at 'di ako nagyayaya. Dahil ngayon, aalis din naman kami. It's useless. The familiarity, the feelings invested, the memories… they are all going to be useless.

"May I have this dance?" sabay lahad ng kamay sa akin ng aking prom date.

Nagdim na ang lights pagkatapos naming kumain. I promised Riguel to reserve my dance for him. Ni hindi ko alam kung matutupad ba ang paggigate crash niya ngunit aasa ako.

"I'm sorry. Maybe later…" sabay ngiti ko sa junior na iyon.

Nagkamot siya sa ulo. Kantyaw ang inabot niya galing sa mga kaibigan. Hinarap niya ang mga ito para makipagtawanan. Si Suki at nasa dancefloor na agad kasayaw ang kanyang junior na partner.

Leon's beside me now. Ewan ko ba kung bakit hindi siya sumasayaw at lumapit pa rito. Nakatingin lamang siya sa dancefloor at mukhang malalim ang iniisip. Si Russel ay nasa harap ko at nakatingin sa amin ni Leon.

"Hindi kayo sasayaw?" he asked.

Umiling agad si Leon. Sunod naman akong umiling at pinasadahan ng tingin ang paligid.

Si Isabella man at Riguel o hindi, ayos lang. Last na rin naman 'to e. Last na 'to… Hindi na mauulit pa ang lahat ng ito.

Kung pinaglalaruan man ako ni Riguel ngayon, e 'di paglaruan niya na ang puso ko. Kanya naman 'yon, 'di ba?

Kinagat ko ang labi ko. Ang hapdi ng puso ko ngayon. Hindi pa lubusang nagsisink in sa akin ang lahat. Na aalis ako. Na kaya kong mahalin si Riguel, niloloko niya man ako o hindi.

I never thought this would happen. Ang tanga lang. Noon akala ko gamay na gamay ko ito. Mabilis kong nalalaman kung pinaglalaruan ako ng lalaki o hindi at sinasakyan ko lang iyon. With no feelings involved! Ngayon, hindi ko parin alam kung pinaglalaruan ba talaga ako ni Riguel. Siguro ay dahil gustong gusto ko siya… Siguro ay ayaw maniwala ng instincts ko… Siguro ay masyadong mabait ang pananaw ko sa kanya unconsciously kaya kahit na harap harapan na, hindi parin ako naniniwala.

“Lilienne…” may isa pang kaklase akong naglahad ng kamay sa akin.

“I’m sorry… I’m not feeling well…” nanginginig ang boses ko nang tanggihan ko iyon.

Nilingon ako ni Leon at kumunot ang noo niya sa akin. Nagkibit na lamang ako ng balikat. Bumagsak muli ang mga mata ko sa aking mga kamay.

My nails are colored with a darker shade of nude just for tonight.

I wonder how long this puppy love will last? Nilingon ko ulit si Leon na nakatingin na ulit sa dancefloor ngayon.

I wonder if Leon can love again after Freya? How can you really love again after a great love?

Siguro nakakapagmahal ka naman pagkatapos. Ang daming tao riyan na sobrang nasaktan na, nakamove on, at nakapag mahal muli. Surely, I’m not an exception. Surely, God didn’t curse me, right? He wants me to find happiness eventually. And yes, sometimes happiness is not found on your significant other so I know… eventually… I can be happy again.

Kapag magaling na si Yeshua. Kapag maayos na ang lahat.

Am I going to fall in love again, though? And will it be greater than my love for Riguel? Kung mas malala pa rito ay parang ayaw ko na.

Pakiramdam ko kasi sagad na ang katangahan ko ngayon. Hindi ko alam kung may mas itatanga pa ako.

“Lienne…” ani Leon sabay tayo.

Nilingon ko siya. May nginuso siya sa akin. Tiningnan ko kung sino o ano iyon at nanlaki ang mga mata ko nang nakita ko si Riguel sa dancefloor.

He’s looking at me. Tumayo si Leon at dumiretso na sa dancefloor. Siguro ay kung nasaan si Freya.

Tumuwid ako sa pagkakaupo. Riguel’s wearing a white long sleeve polo. Nakatupi iyon hanggang siko. His dark jeans and all black sneakers still looks formal.

Isinantabi ko ang galit. Here is the man I like the most. Here is the man I am probably in love with. I wonder if I ever get over him? I wonder if I ever love again?

Iniisip ko pa lang, sobrang labo na.

Lumapit siya sa akin. Gusto kong umatras sa kinauupuan ko dahil sa bilis ng pintig ng puso ko.

Nilahad niya ang kamay niya. Tinanggap ko ito. He’s my first love. Unless I find someone better than him, ‘tsaka ko lang mabubuksan ang puso ko.

Seryoso ang kanyang tingin sa akin nang tumayo ako. His eyes are dark and mysterious. His hair in between made up and disheveled. And his scent is manly and clean.

“Did you dance with anyone?”

Nilagay niya ang aking mga kamay sa kanyang batok. Bumaba ang kanyang kamay sa aking likod pababa. Halos tumindig ang balahibo ko nang nagslide ang kanyang palad doon.

“Nope. I waited for you…” my voice is shaking.

Pinagmasdan ko siyang mabuti. Ninamnam ang bawat linya sa kanyang mukha. I memorized every corner of his face. The way his eyebrow connects everytime he's confused. The way his eyes would withdraw if he looks at you sweetly. The way his lips curve everytime he stops a smile. The way his jaw clench everytime he's annoyed.

"What is it?" tanong niya.

Napangiti ako at hinigpitan pa lalo ang pagkakahawak sa kanyang batok. Bumaba ang tingin niya sa magkadikit naming dibdib.

Tonight, I realized something. Riguel is one for the books. Regardless if he's fooling me or not, he's the man I fell in love with. He's the only man I fell in love with.

Alam kong bata pa ako at marami pa akong makakasalamuha pero natatakot ako na ang nararamdaman kong ito ay para kay Riguel lamang.

"Nothing…" bulong ko.

Umawang ang bibig niya at bumaling ulit sa aking mga mata. Hinapit niya pa lalo ang aking baywang.

"Kahit sa partner mo?"

"Sa cotillion lang, Riguel. We need to dance like that…"

Nagtaas siya ng kilay. "Last prom everyone was talking about how well you danced."

Ngumisi ako. "Is that why you think you should come tonight, then? Ayaw mo nang maulit iyon?"

Ngumisi rin siya. "Oo. Binabantayan ko lang. Mahirap na…"

Ngumuso ako. Mas lalong lumapad ang ngiti niya.

"Natututo ka sa akin, ha? Hindi ka naman ganito noon."

“I hate the way you stun me with your words sometimes.”

Humalakhak ako pero ramdam ko ang sakit sa aking puso. I am leaving him tomorrow. If he’s with Isabella right now, I won’t bring it up. Wala na rin naman. Tapos na rin naman. Ayaw kong aksayahin ang oras na ito para sa pagtatalo at pagdududa. Ayaw kong masira ang huling gabi.

“Do you really hate it? Nangingiti ka minsan, e…” sabi ko.

Kinagat niya ang pang-ibabang labi niya. Napatingin ako roon. I am gonna miss his damn lips. I am gonna miss his scent. I am gonna miss his presence.

“Lilienne…” may biglang kumalabit sa akin sa dancefloor.

It was Piper. She’s wearing a hot pink gown. Kahit naka make up ay kitang kita ko ang kalungkutan sa mukha niya. Nilingon niya si Riguel at bumaling ulit sa akin.

“I was told that some seniors are here. Nandito pala si Riguel…” ani Piper. “I didn’t expect that.”

“Nalaman na nila?” tanong ni Riguel.

“Some seniors? Sino pa ang kasama mo, Riguel?” tanong ko at tumigil ako sa pagsayaw.

“Sina Mateo at Basty…” ani Riguel.

“Please don’t tell them, Piper…” sabi ko.

Tumango si Piper at seryoso akong tiningnan. “Hindi ako nandito para sabihin sa’yo iyon. I’m here to ask kung ano ba talaga ang problema ni Yeshua…”

Napatingin ako kay Riguel. No… No… Piper, please don’t ask that.

“Uy! Is that Riguel Alleje?” may narinig ako sa likod ko.

Nagtaas ng kilay si Riguel at tumingin din sa likod ko.

“Shit…” sabi ko sabay hawak sa kamay ni Riguel.

I don’t want to do this but Piper’s question is encouraging me to do it. Ayaw kong manatili roon dahil sa tanong ni Piper na ‘di ko masasagot. Isa pa, nalalaman na ng mga tao sa dancefloor na nandito si Riguel.

“Sorry, Piper. Ask Yeshua… We need to go or they’ll throw Riguel out…” sabi ko.

Hinila ko si Riguel sa puso ng dancefloor.

“Excuse me…” sabi ko sa mga nagsasayawan.

Mas dumami ang nakakita kay Riguel kaya mas binilisan ko ang pagalis. Sumunod lang si Riguel sa akin.

“Lalabas po kami saglit…” sabi ko sa nagbabantay doon.

Pumayag naman siya. Pagkalabas namin ay pinagtitinginan na si Riguel ng mga estudyanteng nagpahangin din yata sa labas.

“Si Riguel Alleje?” sabay tingin sa akin.

Nilingon ako ni Riguel.

“You’re not a good crasher…” sabi ko at nagpatuloy na sa paglalakad palabas ng campus.

“What do you expect? I’m tall. Kung ikaw ang pupuslit, ‘di ka mahahalata. I can easily cover you…” aniya.

Matalim ko siyang tinitigan. Nang nakita ko ang ngiti niya ay parang may humaplos sa aking puso. Nag-iwas ulit ako ng tingin. Hindi niya alam. Kung alam niya kayang aalis ako, titigil kaya siya sa panloloko? Hihingi kaya siya ng tawad?

Pinutol ko ang linya ng pag-iisip na iyon at diniretso ang tingin sa gate. I should stop thinking about that. I shouldn't be bitter about it. There's nothing I can do anyway? Ang tanging magagawa ko lang ngayon ay ang isipin na masaya ang lahat ng ito. Na kahit anong mangyari, wala akong pagsisisihan. Loving Riguel is part of my childhood memories. Loving Riguel is a happy memory… Everything about us is a happy memory. Na ang tanging malungkot dito ay ang hindi mapipigilang pagalis ko.

"Let's go somewhere…" sabi ko.

"What about your prom?" tanong niya sabay tingin sa likod kung nasaan ang paaralan.

Umiling ako. "Ikaw lang naman ang hinihintay kong mangyari roon, e."

Tinitigan niya ako. Tila ba nagtatalo ang kanyang isipan kung papayag ba siya sa gusto ko o hindi. Bago pa siya makapag desisyon ay binigyan ko na siya ng mga choices.

"We can go… to the grill. I'm not hungry but we can drink softdrinks or juice. O 'di kaya sa field sa bayan? But it's awkward. I'm wearing a gown. Or… Hmm… We can go to your house. Sa batis, Riguel…"

Nanatili siyang nakatitig sa akin na para bang pinag-iisipan lahat ng sinabi ko.

"Hahanapin ka ni Yeshua… Ni Suki…" aniya.

"I'll text Yeshua that I'm just outside. Or… Nakauwi na. Uuwi rin ako after an hour. Riguel, please…" ayaw kong mag makaawa pero iyon ang kinalabasan.

"Okay… isang oras, huh?"

Pumara siya ng isang tricycle. Hinawakan ko ang aking dress pagka't natatalisod ako tuwing naapakan ko iyon. Tumulong siya sa paghawak ng palda para mapasakay ako sa tricycle. Sumakay din siya kasama ko.

"Iisipin ni Lola na kinuha kita sa prom…"

“Sa batis lang naman tayo, Riguel. ‘Di na ako papasok sa inyo. Nahihiya ako kay Lola at Lolo mo.”

Tumingin siya sa kanyang wrist watch. Tumingin din ako roon. It’s nine thirty.

“Tulog na rin naman sila…” aniya.

Tumango ako. Bumaling siya sa akin. He rested his elbow on my thighs. I smiled at him.

“Ilan ang nagyayang sumayaw sa’yo?”

Nagkibit ako ng balikat. “Ewan. ‘Di ko binilang.”

“Did your partner ask you to dance?”

“Yes…” Nilingon ko ulit siya.

Kanina pa siya nakatingin sa akin. Bumagsak ang tingin ko sa kanyang labi.

“Malapit ka nang mag college…” aniya.

Ngumiti ako at tumango. Nakatingin parin ako sa kanyang labi.

I want to kiss him. I want to hug him. I want to feel him. Even just for a while. I want to make memories. Unforgettable memories. I want to bare my soul to him. Makakahanap din siya ng iba. Ako rin siguro. Pero gusto ko na siya ang una. Gusto kong ibigay sa kanya ang lahat lahat ngayon. It will break me for sure but in time, I will look back to it thinking that I gave myself to the man I love right now.

Hinilig ko ang pisngi ko sa kanyang balikat. Pinalupot ko ang aking braso sa kanyang braso at niyakap ito ng mahigpit.

I’m gonna miss him. I’m gonna long for him, I’m sure.

Binaba kami ng driver sa kanilang bahay. Ang kanilang sala ay may ilaw pa ngunit ang mga kwarto sa taas ay wala na. Siguro ay tunay na tulog na ang

kanyang lolo at Lola.

Hinigit ko si Riguel patungo sa likod ng kanilang bahay. Our usual spot near the stream is lighted by the moon and its reflection on the waters.

Nakatayo ako sa harap ng batis. Nilingon ko si Riguel sa aking likod. Dahan-dahan niyang kinalas ang mga butones ng kanyang puting polo at nilapag sa lupang puno ng tuyong dahon.

Dahan-dahan akong umupo roon. Hinawakan ni Riguel ang aking braso para makaupo. Ang hirap dahil nakaheels ako.

“Ouch!” nang bigla kong naituko ang kamay ko sa mga tuyong dahon.

Riguel squatted in front of me. Hinawakan niya ang mga paa ko at hinagilap ang lock ng aking stilletos.

“This is a pain in the ass for you…” aniya.

“I need that to look tall, you know…”

He smirked. Nahanap niya ang lock. Medyo matagal niyang nakalas dahil mukhang ‘di siya marunong.

The touch of his hand on my foot sent shivers down my spine. Kinagat ko ang labi ko. Naabutan niya iyon nang nag-angat siya ng tingin. He raised his brows and then looked at my other foot.

“Why do you need to look tall?” he asked.

“Ang tangkad mo, Riguel. I want to grow up fast. I want to mature fast, you know. Para naman ay kahit paano, makaabot sa’yo.”

Tinabi niya ang sapatos ko at tiningnan niya akong mabuti. Umupo siya sa aking tabi at muli ay seryoso akong tinitigan.

“I don’t want you to grow up fast…” aniya.

“Why?” tinagilid ko ang ulo ko.

He only smiled. Gusto kong malaman kung bakit ayaw niya. Ang tanging gusto ko lang naman ay maging kagaya niya. Mag mature na kagaya niya. I'm trying hard to be a woman.

"You should enjoy this, Lilienne…" mataman niyang sinabi.

Nagkatitigan kaming dalawa. Habang tumatagal ay humahapdi ang puso ko. It hurts like hell seeing him getting serious while I know that it's all going to end tonight.

"I am enjoying it, Riguel."

I licked my lips. It bothered him. Alam ko dahil bumaba ang tingin niya sa aking labi at para bang may iniisip siyang malalim.

Dahan-dahan akong lumapit kay Riguel. Tinuko ko ang aking kamay sa kanyang polo para makalapit sa kanyang mukha. Tinagilid ko ang ulo ko para mailapat ang aking labi sa kanya. He opened his lips welcoming my kiss.

I gently kissed his lips thrice then I stopped. Hinawakan niya ang aking balikat.

"Everytime you kiss me, I can't help but think about all the guys you've kissed before. It makes me mad, Lilienne…"

Lumayo ako ng bahagya at tumingin ako sa kanya.

"I didn't kiss another man, Riguel. Simula nang nahalikan kita…"

Matalim niya akong tinitigan. Sinuklian ko siya ng malambing na ekspresyon. I want him to feel my sincerity. Kahit na hindi niya maibigay ang sinseridad niya sa akin. I want him to remember me as the girl who loved him truly. Without conditions. I am not asking him to love me back. I'm just asking him to let me love him. Even just for a while…

Marahas niyang hinawakan ang aking batok at siniil muli ako ng halik. This time, his kisses were hot and deep. My skin is tingling with all the foreign sensations.

My chest hurt so bad as we kissed. Iyon ay dahil alam ko na rito magtatapos ang lahat ng ito.

Mas lalo akong lumapit sa kanya. Dinikit ko ang aking dibdib sa kanyang dibdib. He kissed me hungrily this time. Everytime he enters my mouth, he claims it like it's his. It is, actually. So I'm letting him claim it freely.

Hinaplos niya ang aking braso. Ang isang kamay niya ay nasa aking tiyan.

Hinawakan ko ang kamay niya at dahan-dahang dinala sa aking dibdib. He then stopped kissing me. Kumunot ang noo niya at tiningnan ang aking dibdib.

"Lilienne…"

Kinagat ko ang aking labi. Alam kong pipigilan niya ako.

"Riguel, I like you very, very much…" sabi ko.

Ang isang kamay ko ay nasa aking likod na. Ang hirap ibaba ang zipper ng mag-isa. Hinawakan niya ang kamay ko para pigilan sa pagbaba ng zipper.

"No…" aniya.

Ngumuso ako at niyakap siya.

"Please, I want you so bad. I want you, Riguel… Are you going to reject me? Like you always do?" nanginig ang boses ko sa iniisip.

"Lilienne!" mariin niyang tawag. "This is not good…"

Bumagsak ang balikat ko at binaba ko ang kamay ko galing sa kanyang batok. So… he's rejecting me, huh?

Nahagip ko ang umbok sa gitna ng kanyang hita. Naibaba ko na ang aking zipper sa kalahati at tinigil dahil ayaw niya ngunit napaangat ang tingin ko sa kanya nang naramdaman iyon. He's turned on!

Mapupungay ang kanyang mga mata. Bakit hindi ko napansin iyon kanina?

“Just for tonight, Riguel? Please?” nangilid ang luha ko. Hindi dahil sa pagmamakaawa kundi dahil sa naiisip kong pagalis bukas.

I tried to kiss him again. He kissed me back. His kisses is an evidence to his burning desire. Bumibigat ang bawat hininga namin. Tinulak niya ako bahagya para mahalikan ang aking leeg. I gave him access to my neck. His soft kisses made me moan.

“This is not good, Lilienne…” bulong niya sa kalagitnaan ng kanyang mga halik.

An aching pulse throbbed in between my thighs. Mas lalo kong diniin ang sarili ko sa kanya. His other hand feasted on my breast. Inabot kong muli ang aking zipper at tuluyan na itong kinalas. I moved my shoulders so I can remove my spaghetti strap gown.

“Baby, you are going to regret this tomorrow, I’m sure…” malambing niyang sinabi.

Umiling ako at inatake muli siya ng halik.

He moaned when I gave him a deep kiss. Dumilat ako at nakita ko siyang nakapikit at nakakunot ang noo. Tila ba hirap na hirap siyang magpigil.

I slowly unbuckled his belt. Bumagsak ang isang parte ng gown ko dahilan kung bakit diretso sa bra na ang hawak niya sa aking dibdib.

Tumigil siya sa paghalik at tiningnan niya muli ako.

“I don’t want you to regret this. It’s too early for this…”

Umiling ako. “I will never regret it, Riguel…”

Umiling din siya. “Lilienne, did you drink tonight?”

“No… I’m not drunk. I didn’t even drink… I promise…”

Pilit kong binaba ang kanyang maong. Ang hirap dahil ang bigat niya!

Hinalikan niya ulit ako. I gripped on his t-shirt as he entered my mouth. Everything about his lips make me so damn turned on. The way his tongue flicked inside my mouth made me so dizzy.

Tinanggal ko ang kanyang t-shirt. Inabot ko rin ang likod ng aking bra at tinanggal iyon revealing the whole of my chest.

Natigilan siya roon. Tiningnan niya ako ng buong buo. Kinagat ko ang labi ko. Nakita ko sa mga mata niya ang init at uhaw niya para sa akin.

“I like you very much, too, Lilienne. I don’t want you to regret this in the future. I don’t want you to-”

“Hush, Riguel. I want you to kiss me right now. To hold me… Please…” sabi ko.

Hinubad ko ang kanyang maong. Bahagya siyang umangat para mahubad niya ito ng tuluyan. He’s on his boxers now. Binaba ko rin ang aking gown at nagsimula ulit akong halikan siya.

He claimed my breasts. His calloused palm slowly kneaded the top. Para akong nababaliw sa nararamdaman ko galing roon. Kiliti at sarap na pinaghalo. I can’t help but moan. I need to be quiet. We’re outside and I don’t want anyone to hear us!

“Riguel…” I cried. He didn’t stop kneading it.

Natigil na ako sa paghalik dahil sa nararamdaman ko para roon ngunit ayaw niyang maputol ang halikan. He kissed me hungrily. I didn’t know which one to think about. His hand on my breast or his kisses.

Inangat ko ang sarili ko at ikinulong ko siya sa aking mga hita. The throbbing in between my thighs fitted on his massive manhood.

“Fuck. Fuck, Lilienne!” malutong niyang sinabi at tumigil na rin siya sa paghalik.

The remaining clothes we have seems so offending to me. I gently grind myself on top of him. Hinawakan niya ang magkabilang baywang ko para

patigilin ako sa ginagawa. Tiningala niya ako. We’re both sitting in his polo. With only the streams as the background music.

“I swear you won’t like this…” aniya.

I only smiled. I started grinding again. I can feel him growing harder and bigger. Kinagat ko ang labi ko habang tinitingnan siya. Tumitig siya sa akin. Tila ba galit sa ginagawa ko.

“Lilienne…” banta niya.

I pushed myself in a primitive rhythm. I may be a virgin but I’m not a saint. I’ve seen porn. Juilo, Russel, and Leon are frequent viewers. Kahit na ayaw nila kaming ipatingin ay nakakakita kami ni Suki. I’m not all innocent. Riguel knows that, I’m sure. I’m not a playgirl for nothing.

Binaba ko ang aking underwear. Isang malutong na mura ang pinakawalan niya. Hinigkit ko ang boxers niya. It revealed his hard massive manhood. Shocks of waves were sent to my skin giving me shivers.

“Fuck! Fuck! Fuck, Lilienne!” mariin niyang sinabi nang tinutok ko ang akin sa kanya.

Tinulak ko siya upang mapahiga siya. Napahiga siya. Tila nawalan ng lakas. Nang lumapat ang akin sa kanya ay nagmura ulit siya.

Kinagat ko ang labi ko at marahan bumaba. Hindi pa nababaon ay sobrang sakit na.

Hindi ko inasahan iyon! Ngumiwi ako sa sobrang sakit. Tinakpan ko ang aking mukha ng aking palad at gusto kong sumuko agad. It hurts like fucking hell! I did not expect it to hurt this bad!

“You are going to blame me tomorrow. You are going to regret this tomorrow, Lilienne!” ani Riguel.

I pulled back thinking that the pain would subside pero mas lalo lang itong humapdi. I tried again but Riguel held my waist.

Binagsak niya ako sa polo at siya na ngayon ang nakadungaw sa akin.

“Fuck!” he cursed and tried to put it in.

Beads of sweat formed on my neck. Hinaplos niya ang gitna ng aking hita habang dahan dahang pinapasok.

Dumilat ako at tiningnan siya. Nakatitig siya sa akin, tila lasing sa nangyayari.

Ramdam ko ang basa sa kanyang daliri habang hinahaplos iyon. Pumikit ako at parang nawawala sa aking sarili.

Bumaba siya at hinalikan ako habang dahan-dahan ang pagpasok.

“This is gonna hurt real bad…” bulong niya.

Tumango ako. Halos mapunit ang aking mukha sa kakangiwi dahil sa sakit. I moaned. Bullets of sweat formed on my forehead.

Wala akong maramdaman kundi sakit.

“Ah!” he moaned when all of him filled me to the brim.

Halos maibaon ko ang aking daliri sa kanyang likod sa sobrang sakit! I tried to move and see if hurts too and it did.

Gumilid na ang luha sa aking mga mata dahil sa sakit.

“Stop moving, alright…” he whispered.

“I want you…” nanginig ang boses ko.

“I want you too. So bad… I’m sorry we did this early…” bulong niya sabay pahinga sa aking leeg.

Hindi ko na siya dinugtungan. I’m not sorry for this. I will never be. I want to give myself to him. I want to leave good memories.

I moved. I pulled. It hurts so bad. I pushed. It hurt more!

Hinawakan ni Riguel ang aking baywang at pinirmi niya ito. He pulled. Kinagat ko ang labi ko para lang mapigilan ang paghalinghing sa sakit. He pushed everything of him to me. Pumikit ako sa hapdi.

And then he started the primitive rhythm. Sa bawat galaw ay sakit ang naramdaman ko. He kissed me softly making me dizzy but the pain would never escape me.

His other hand squeezed my breast. His lips claimed my mouth. And he claimed all of me as he moved to a primitive rhythm. A rhythm that's probably memorized by our body since the beginning of time.

His wet mouth closed at the tip of my breast. Hindi ko na mapigilan ang halinghing ko. Hinawakan ko ang kanyang ulo. Ginulo ko ang kanyang buhok habang ginagawa iyon.

Tumigil siya at binilisan ang bawat paglabas-pasok. I kept moaning each time he pushed. And then suddenly he pulled away leaving me all alone. Tumingala siya. The sound of the streams, our heavy breathing, and the fast beat of my heart enveloped my ears.

I quickly put my thighs together. Ilang sandali pa siyang nanatiling nakaluhod sa aking paanan.

"Lienne…" he said softly.

He then reached for me. He hugged me tightly. His warmth covered me, shielding me from the harsh cold wind of the night.

"Mahal kita…" he whispered to me.

Pumikit ako. I'm too tired to even react. I want to rest for a minute. He hugged me tighter this time but I was gone… too gone to even respond.

OceanofPDF.com

# I Cried

“Lilienne Ylena Altamirano tripped.”

Isang tawa ang pinakawalan ni Nicholas Revamonte habang umuupo sa sun lounger. Tirik na tirik ang araw dito sa Las Vegas.

Kinuha ko ang isang banyagang inumin na inorder ko kanina. Nalusaw na yata ang shake at naging juice na dahil sa sobrang tirik ng araw. I’ve been telling him about what really happened almost eight years ago. I just couldn’t get to tell him the last part of it.

“You were so good at this game before, Lili. Ngayon ay tila napapaso ka tuwing may bumabanggit sa’yo ng mga bagay na iyan. People won’t be able to move on if they are not willing to.”

Ngumisi siya sa akin. Pinandilatan ko na lamang siya.

His half-american friend has been hitting on me for almost a year now. I tried to give him a chance but I just couldn’t…

Kakaalis ko lang sa hotel room na kinuha niya para sa aming dalawa. I don’t know what Nicholas thinks of me but he thinks it’s going to be easy for me. Halos lahat ng schoolmates ko noon ay maaaring nag conclude na agad na hindi na ako puro dahil sa dami ng naging boyfriend ko. Ang totoo, si Riguel pa lang talaga… Hanggang ngayon.

Nilapag ko ang inumin sa maliit na lamesa.

“I tried, Nico. Ayaw ko pa muna…”

Tumawa ulit si Nicholas.

“It’s been damn years. Nakaalis na lang si Leon, heto ka pa rin.”

Hindi niya na ako pinagsalita. Bumagsak na siya sa pool. Sporting a perfect dive and a perfect swim. Pinasadahan niya ang basang buhok niya at nilingon ang mga babaeng nasa pool sa ‘di kalayuan.

From afar, I saw Eric, and Nicholas’ friends. Today, he probably thought he’d get laid. Pumikit na lamang ako. I’ll just pretend to be asleep so he won’t bother me.

Habang ganoon ang ginagawa ko ay inaalala ko ang lahat ng nangyari noon.

Ang paghatid ni Riguel sa akin pauwi ng bahay. Sinuot kong muli ang aking gown at pagkauwi ko ay parang walang nangyari. Riguel wants to go inside our house but I refused. Sinabi ko sa kanya na tulog na sina Mommy at Daddy kaya ‘di na rin siya nagpumilit.

Ilang minuto lang ang agwat sa pag-uwi namin ni Yeshua. Huli siyang umuwi. He seems very exhausted and weary. I didn’t ask him about it because I already know what’s happening. Nahirapan siya kay Piper, panigurado.

I cut all the cords I had with my friends to fulfill my promise to Yeshua. Mahirap kasi na ilihim ang nangyayari. Lalo na nang pagdating namin sa U.S. ay agad na nilapatan si Yeshua ng mga lunas.

The first year in the U.S. was tough. Agad nilapatan si Yeshua ng mga lunas, theraphy, at kung anu-ano pa. Also, Dad had to sacrifice the plantation. Mahirap nang patakbuhin dahil malayo. Mas lalo pang nagpapahirap ang pag-igting ng El Nino sa Pilipinas.

“Dad, you should go home and help Nana Sela…” iyon ang bukambibig ni Yeshua kay Daddy.

He loved our home. He loved Alegria very much. He loved our plantation. Mga alaala ang naroon kaya mahirap sa kanyang bitiwan iyon. I love our home too… but I love Yeshua more so I didn’t mind that. Masakripisyo na ang lahat, huwag lang si Yeshua.

Three months after the operation, they said it was successful. Pero kailangan pa ring obserbahan.

Pinagmamasdan ko si Yeshua sa kanyang hospital bed. Nakatingin siya sa malayo habang nakaupo.

Ang hirap lang kasi pagkagising niya, ‘di niya na ako maalala. Minsan nagagalit siya ng hindi mo alam kung bakit. Minsan, nag iiba ang kanyang ugali. Ngayon, tahimik lamang siya habang nakaupo.

“Yeshua, I brought you books. You might want to read them…”

Nilapag ko ang mga libro sa lamesa sa gilid lamang ni Yeshua. Hindi siya kumibo. I wonder if he remembers Piper. Hindi ko na tinanong sa takot kong maapektuhan pa siya.

Biglang may kumatok sa kwarto ni Yeshua. Nilingon ko agad ang Tito Samuel na pumasok. He looked calm and composed. May stethoscope sa kanyang balikat.

“Can we talk for a sec?” ani Tito.

May pumasok na nurse sa kwarto. Siguro ay para sa medications ni Yeshua. Tumango ako at sumunod kay Tito Samuel.

Lumabas kami ng kwarto ni Yeshua para makapag-usap. Bumaling siya sa akin at agad kong napansin ang pagbabago ng kalmado niyang mukha.

“Your father was rushed into the E.R. an hour ago. Kadarating niya lang dito noong napansin ng nurses na maputla siya. He fell down, unconsious.”

Nalaglag ang panga ko sa sinabi ni Tito. Hindi ko alam kung anong gagawin ko ngayon.

“Where’s Mom?”

“I called her a few minutes ago. She’s coming here now…”

Sumunod agad ako kay Tito para mapunta sa kwarto ni Daddy.

That year was very painful. Daddy was helpless. Nagkaroon siya ng mild stroke. Hindi siya makapaglakad ng maayos at ang kanyang kaliwang kamay ay hindi niya magalaw ng maayos.

“Kung sana ay naagapan itong kay Yeshua, Lilienne, sana ay hindi na lumala ng ganito!” iyak ni Mommy sa akin.

She was very frustrated. Hindi niya na alam kung alin ang uunahin. Walang araw na hindi siya umiiyak dahil sa nangyayari. She put all the blame on me and there’s just nothing I can do because it’s true.

“My, I’m sorry. Hindi ko talaga alam. Nagsisisi na po ako. Alam ko po na ako ang dahilan ng lahat ng ito…”

My Mommy did not talk to me for months because of this. Pilit kong inintindi iyon. I refused to acknowledge that she’s playing favorites because truth is, she’s not… She’s just very devastated because of what’s happening.

Pinag-aral ako ni Tito Samuel sa isang malapit na kolehiyo. I took up business related course, even if I don’t like it, in the hopes to restore our family business.

Nang naging residente na ako ng America ay naghanap na ako ng part time job para hindi na maging sakit sa ulo ang aking allowance.

Yeshua was never the same again. His headaches became worse. Nagiging maayos lamang siya sa gamot. At kapag natuto na ang kanyang katawan ay ‘di na ulit tumatalab ang gamot. Papalit palit ng gamot dahilan ng mas lalong pag-iiba niya ng ugali.

I never got to talk to him normally again. He’s always spacing out. He forgets things or he’s always angry.

Inoperahan ulit siya dahil nalamang hindi naging successful ang unang operasyon pagkatapos ng isang taon.

Nang naging residente na ako ng America ay naghanap na ako ng part time job para hindi na maging sakit sa ulo ang aking allowance.

We were broke. Ang mga relatives na lang namin ang bumubuhay sa amin. Ayaw bitiwan ni Daddy ang lupa namin dahil naaalala niya si Yeshua. That was our only hope, though. So we can pay for Yeshua's bills, we need to at least lease the land or something.

A year after Yeshua's operation, he got comatosed because of the brain injury. Hindi naging successful ang mga operation noon. Naging panandalian itong lunas ngunit hindi tuluyang nawala ang kondisyon.

Iyak ako nang iyak. Kahit nasa trabaho o sa eskwelahan. It was so depressing. I feel so guilty.

"Kasalanan mo 'to!" my Mom kept on blaming me for what's happening. "Kung umayos ka sana noon, sana hindi ganito! Lilienne! Ang kapatid mo, Lili…" Nanghina si Mommy at umiyak na lang. I hugged her tight.

Hinampas niya ang dibdib ko sa galit. Mas lalo lamang akong umiyak.

May magagawa ba ako para lang makabawi sa'yo, Yesh? Anong gagawin ko? Kung pwede lang magpalit tayo. Sana ako na lang diyan. Sana ako na lang iyong comatose. Hindi ka sana nahihirapan ng ganito.

I cried out in front of Nicholas and Leon because of what's happening with my life. They were there for me to listen. Dahil wala na akong masasandalan.

I thought it's easier if I just end my life here. But then who would fight for Yeshua, right? Who would carry out his desires? Dadagdag lamang ako sa problema kung ginawa ko iyon.

Tulala ako habang nasa harap ng magkapatid. I came here straight from work because I couldn't handle Mommy blaming me every night.

Tinulak ni Leon ang isang shot ng whiskey. Kanina pa kami umiinom. I want to be wasted every fucking night, wake up for school in the morning, and go to work right after… Then get wasted again for the night. Sana ay lagi na lang sila rito sa New York.

Nilagok ko ang isang shot ng whiskey. Tahimik ang dalawa nang nag-angat ako ng tingin sa kanila.

Nilapag ni Nicholas ang kanyang cellphone sa aking harap at nakita ko kung sino ang naroon sa Facetime.

Suki Iwamoto.

Nanlaki ang mga mata ko.

“Lilienne!” malamig na sambit ni Suki sa kabilang linya.

Nag-angat muli ako ng tingin kay Nicholas. Nangilid ang luha ko. Pinaghalong takot at ginhawa ang naramdaman ko. Takot sa reaksyon ni Suki. Ginhawa dahil nakita ko ulit ang aking kaibigan!

“Suki…” nanginig ang boses ko.

“After almost four years, care to explain?”

Tumayo ako at kinuha ang cellphone ni Nicholas. I know he’s a jerk but I think he knows what I really need. Hindi mo talaga matatantya ang mga tao. Madalas iyong ‘di mo inaasahan ang mas nakakaintindi pa sa’yo.

“I’m sorry. I didn’t want to tell anyone, Suki. Ayaw ni Yeshua ng ganoon…”

I thought she already knows. Syempre, kung hindi man sinabi ni Nicholas o ni Leon ay maaaring nasabi na ni Nana Sela, ni May, o ‘di kaya ni Manong Luis.

“Na ano? Bakit ka umalis ng ‘di ko nalalaman? You know I was about to tell you after prom that I’m going out of the country too. To study college. Gusto ni Daddy na sa Japan ako magaral para na rin mas maging fluent pero… ikaw? Bakit mo ‘yon ginawa?”

She didn’t know. Nicholas didn’t tell her! Nagulat ako dahil tunay pala talagang mapagkakatiwalaan ang isang iyon.

“So, are you in Japan right now?” tanong ko.

“Yes, I am. Malapit na rin akong bumalik ng Manila. Three years ago, my Dad started a business, you know. Medyo lumago ito. Nakapangalan sa akin kaya gusto kong ihandle. You know… videogames. Wait… Bakit ka umalis? This should not be about me…”

Hindi pa nga ako nagsasalita ay napaiyak na ako. It took me minutes before I could start to talk.

Sinabi ko sa kanya ang kalagayan ni Yeshua. Alam niya na ang nangyari noon sa amin ni Oliver.

“Oh my God!” wala siyang masabi kundi iyon.

“He’s in coma right now. I don’t know what to do anymore…”

Suki cried too. Hindi niya inasahan ang sasabihin ko.

“After the prom, nangungulit si Piper sa akin. Wala akong masabi sa kanya dahil ‘di ko rin alam kung ano ang nangyayari. And Riguel-”

“Suki, please… Nakalimutan ko na ‘yan.” Umiling ako. “It’s been years. My problems are bigger now and I don’t have room for it.”

Pulang pula ang ilong ni Suki dahil sa pag-iyak. Pakiramdam ko ay buong gabi kaming nag-usap tungkol kay Yeshua. She was emotional about it. Nagalit din siya sa paglilihim ko ngunit nawawala rin kapag nag-usap kami tungkol sa kalagayan ng kapatid ko.

Three days after reconnecting with Suki, Yeshua died.

I couldn’t stand. I couldn’t eat.

Parang sirang plaka sa aking utak ang lahat ng pinagdaanan namin ni Yeshua noon.

The way he covers my head everytime it’s raining and we don’t have an umbrella. The way he’d cover up for me everytime I get into trouble. The

way he gets angry with me because of the relationships I had.

Kung pu-pwede lang ay tumigil muna. Kung pu-pwede lang ay sumuko na muna. Dahil gustong gusto ko na lang magkulong at umiyak. Hindi ko matanggap. Lalo na tuwing naiisip ko na kung sana naagapan ito, sana hindi ganito.

Ngunit wala akong magagawa. Mom couldn't stand. She's depressed. Pinainom siya ng mga gamot para maibsan ang depression.

Ako ang nag asikaso sa kay Yeshua. Mommy wanted him cremated. Ayaw ko sana ngunit dahil ayaw kong mas lalong magalit si Mommy ay sinunod ko ang gusto niya.

Pinuntahan ako ni Suki sa New York. Lumipad din si Nicholas galing California dahil sa nangyari.

They comforted me. I couldn't entertain them properly because I was too preoccupied with everything.

Binenta na ni Daddy ang aming plantation dahil sa pagkakacomatose ni Yeshua. Ang natitira sa amin ay ang bahay na lang sa Alegria.

I feel like I failed my twin. He wanted me to take care of the plantation, to take care of the house… ngunit hindi ko iyon nagawa.

I was busy with work and school. Graduating na ako ng college at naisip ko pang huminto dahil sa pagkawala ni Yeshua. Our relatives pushed me, though. Kaya lang daw. Not until that day…

Nasa listahan na ako ng gagraduate na estudyante! Tuwang tuwa ako pauwi! Binuksan ko ang pintuan ng bahay para hanapin si Mommy. Alam kong maliit lang 'tong nagawa ko. Siguro ay 'di maiibsan ang pangungulila nila kay Yeshua. I'm lonely too. I longed for him. But then I figured I can only carry out my promises when I work hard so I worked hard.

Naririnig ko ang TV sa sala. Walang nanonood. Dumiretso ako sa kwarto nina Mommy at Daddy sa pag-aakalang naroon sila. Si Daddy lamang ang

naroon, natutulog. I kissed his forehead. He woke up.

“Dad, Gagraduate na ako…” I said.

After six years, finally I’m going to have my own degree. Maaaring nahirapan ako at ilang beses nadapa dahil sa mga problema, at least ngayon tapos na sa wakas.

“Mabuti naman…” ani Daddy at pinasadahan ng tingin ang buong kwarto.

“Where’s Mommy?” I asked.

“I don’t know. Nandito lang siya sa kwarto kanina…” ani Daddy.

Tumango ako at masayang hinanap si Mommy sa kwarto ko. Wala siya roon. Bumalik ulit ako sa sala para maghanap.

“Mom? Mom?” sigaw ko.

Pinatay ko ang TV para mas marinig ako ni Mommy. Nang tumahimik ay may narinig akong kaluskos. Kumunot ang noo ko at sinundan ang tunog.

It was from our kitchen!

“My?” maligaya kong tawag at dumiretso sa kusina.

There… Mommy was lying on the kitchen floor. Bubbles and liquid went out of her mouth. Tumitirik ang kanyang mga mata. Sa gilid niya ay isang natapong bote ng isang bathroom cleaner.

“Oh my God! Mom!” sigaw ko.

Lumuhod ako para daluhan si Mommy sa sahig. May nakita pa akong pesticide sa gilid ng bote.

“Help!” sigaw ko.

Nanginginig ang kamay ko habang hinahagilap ang cellphone.

“Lili, ano ‘yan?” sigaw ni Daddy galing sa kwarto.

“Mommy…” I cried habang tinatawagan ang 911.

Niyugyog ko ang kanyang balikat. I want her to wake up! Please, Mommy!

Umapaw ang luha sa aking mga mata. Nanginginig ako pagkasagot sa tawag. Sinubukan kong kargahin si Mommy habang ang isang kamay ay nasa cellphone.

“Lilienne! What’s wrong?” sigaw ni Daddy nang umabot na siya sa sala.

“Dad! Help! Dad, si Mommy! Dad!” hindi ko na alam kung paano ko sasabihin sa kanya.

Bumagsak si Daddy sa sahig dahil sa pagmamadali niyang lumapit sa amin. Sinagot ako ng 911. Wala akong maisukli kundi ang aking pag-iyak.

Kabanata 20

Kabanata 20

*OceanofPDF.com*

Umasa

My mom did not survive. She was declared dead on arrival that same day.

I honestly don’t know what to do. Hindi ko rin alam paano ko sasabihin kay Daddy. Kay Daddy na inospital dahil sa nangyari. Ayaw kong pumasok sa kanyang kwarto para ibalita iyon. Nanatili ako sa labas, nakaupo sa malamig na sahig ng ospital.

I want to end my life too. I want to die and leave this painful world. Dapat noong una pa lang, e. Dapat noong nawala si Yeshua, sumama na ako sa kanya. Dahil dapat, ako ‘yong nandoon.

I wonder if things won’t be like this if I died? I wonder if they’d be happy kung ako iyong nagkasakit at namatay?

It’s pointless to think about that now. I just want to end my life.

Bumukas ang pintuan sa gilid ko. Napatingala ako at laking gulat ko nang nakita ko si Daddy.

Pinunasan ko ang luha ko at tumayo para alalayan si Daddy.

“Where’s your Mom? How is she?” sa tanong niya pa lang na iyon ay napaiyak na ako.

Gusto kong ibalik muna siya sa kwarto. Sa sobrang pag-aalala niya siguro kay Mommy ay hindi niya na kayang mag-antay. Gusto niya nang malaman kung ano na ang nangyari.

Hindi ako nagsalita. Hinatid ko siya sa kama at pinaupo muna. Pag-angat ko ng tingin kay Dad ay napaiyak na ako.

“How’s your Mom?” tanong niya nang nagsimula nang tumulo ang luha ko.

“Dad…” Hindi ko madugtungan dahil nabibilaukan ako sa sarili kong hikbi.

Niyakap ko na lang siya.

“Lilienne, kamusta ang Mommy mo? Ayos lang ba siya?” paulit-ulit niyang tanong.

Parang pinipiga ang puso ko sa sobrang sakit. Pakiramdam ko ay binugbog ang puso ko sa sobrang sakit nito.

Hindi parin ako nagsalita. Nanatiling mahigpit lang ang yakap ko kay Daddy. Unti-unti niya akong niyakap pabalik. I guess he already found the answer to his questions.

Mahigpit ang yakap ni Daddy sa akin. Natigil ako sa pag-iyak dahil pansamantala akong natakot sa kanyang reaksyon. I want to call the nurse for him but his hug was too tight. I was afraid to let go. He might break more.

“I’m sorry, Daddy. I’m sorry. Alam kong ako po ang dahilan ng lahat ng ito. Hindi ko na po alam kung ano ang gagawin ko. Sana ako na lang po ang nawala. Pinagsisisihan ko po ang lahat ng nangyari noon. Pinagsisisihan ko, Dad. I’m sorry for this…”

Hindi na ako makahinga ng maayos. Namumugto na ang aking mga mata sa pag-iyak.

“Shh…” ani Daddy sabay harap sa akin. “Lilienne, stop saying that. This isn’t your fault…” nanginig ang boses ni Daddy kaya mas lalo lang akong nasaktan. Taliwas sa sinabi niya ang naiisip ko sa sarili ko. “Walang mangyayari kung iyan ang iisipin mo.”

“I’m sorry, Daddy…” sabi ko.

Ang mga mata ni Daddy ay punong puno ng pangungulila. Kahit na sinasabi niya ito ngayon sa akin, alam kong ‘di parin okay. Hindi kailanman magiging maayos ang lahat ng ito.

Dad told me to cremate mom’s body tulad ng kay Yeshua. We moved to my Tito’s house para mas matutukan si Daddy doon.

Hindi magsink in sa akin na malapit na ang graduation ko dahil sa pagkamatay ni Mommy. Daddy looks better now… He would always smile at me when he catches me spacing out. Alam ko ay pampalubag loob lamang iyon but I appreciate his efforts.

Sumama sina Tito Samuel, Tita Lydia, at Daddy sa aking graduation. I don't have any special honors but Daddy was so happy for me.

Habang tinatanggap ko ang diploma ay naisip ko si Mommy… si Yeshua.

Yesh, kung nandito ka pa sana, baka sabay pa tayong dalawa. Kung nandito ka pa sana, sobrang saya ko na.

Pumikit ako at inalala ang kanyang maamong mukha. Siguro ay hinding hindi ko maiintindihan kung bakit ka Niya binawi sa akin. Sobrang dami ba ng pagkakamali ko para parusahan ako ng ganito?

And to Mommy, I'm sorry for failing you. I'm sorry if I'm not enough to make you go on with this life. I'm sorry for thinking that we can recover from our loss. I'm sorry because you died carrying anger for me and longing for Yeshua. Kung sana pakisabi sa nariyan na ako na lang ang kunin at ibalik na lang kayo ni Yeshua, papayag ako. Right now. Please? Because I could stand the fire in hell than what I'm feeling in my world right now.

Dumilat ako at tiningnan si Daddy na nakangiti sa akin. He's teary eyes caught me. Napangiti ako pabalik.

Pilit kong pinasok sa utak ko na nariyan pa si Dad. Siya ang iingatan ko. Gagawin ko ang kahit ano para lang makapagpatuloy kaming dalawa rito.

"Lilienne, I know that this is hard for you but I need to tell you this…" si Tito nang kinausap niya ako sa sala.

Si Tita ay nasa dining table kasama si Daddy at ilan pang kamag-anak. He wanted to talk to me kaya pinaunlakan ko.

"Your dad is selling your estate in Alegria. Ngayong wala na ang Mommy mo, siya na ang nag-iisip kung paano pa babayaran ang bills niya. I already

told him that I'd pay for it but he insisted. Marami daw'ng naging utang si Vivienne para kay Yeshua kaya kailangang bayaran niya. I want to ask kung magkano iyon at baka magawan ko ng paraan."

Nanlaki ang mga mata ko sa sinabi ni Tito. That's our last remaining property in the Philippines.

"Kung pwede ay kausapin mo siya na huwag na munang ibenta iyon. Sayang, Lili…"

Iyon ang ginawa ko pagkatapos ng celebrasyon. I asked Dad to put it on hold at magtatrabaho ako ng mas maayos para ako na ang magbabayad sa lahat ng natitirang babayaran.

"Iyon lang ang natitirang alaala ko para kay Mommy at Yeshua, Daddy. I promised Yeshua that I'll take care of our house and the plantation. I promised him. Kaya magtatrabaho ako para makuha ko ulit iyong plantation. And I'm gonna save the house."

"I know, Lilienne. Pero ang iniisip ko ay ang pakinabang nito. I know the sentimental value. Ngunit ikaw ang iniisip ko, anak. Kapag binenta natin iyon, makakabayad tayo sa mga bills. Maaari ka pang makapagsimula ng kabuhayan mo rito. Gagawin mong kapital ang makukuha natin sa bahay. Malaki ang offer, anak…"

Umiling ako. "No, dad. Please. I'll work hard. Huwag mong ibenta ang bahay. Kahit na magkanda kuba-kuba ako ngayon sa pagtatrabaho, huwag lang talagang mawala iyong bahay."

I want to fulfill the promise. I want Yeshua to watch me restore everything. At kailangan ko ng kooperasyon ni Daddy.

Three months after my graduation, everything became worse.

Nagtatrabaho ako noon ng buong araw nang biglang tumawag si Tito sa akin. He was already crying when he called and I couldn't understand what he was saying.

“Tito! Ano!?” sigaw ko.

Kinuha ni Tita ang cellphone at siya na mismo ang nagsabi sa akin.

“Lili, your Dad is… Lilienne, nasa kusina lamang siya kanina at iinom sana ng malamig na tubig. Pagka inom niya ay bumagsak siya sa sahig. He’s unconscious. I called 911 and…”

“Tita, ano?”

Parang bumagsak sa akin ang langit sa mga panahong iyon. Pagkatapos kong umiyak ay natutulala na lamang ako. Pagkatapos kong matulala ay iiyak na naman ulit.

Nakakapanghina. Lalo na kapag naaalala ko ang lahat. Hindi ko inasahan na sa isang iglap lamang, mawawala sa akin ang lahat.

I couldn’t cry anymore. Ubos na ang luha ko.

Tuwing tinitingnan ko ang tatlong banga kung nasaan nakapaloob ang mga abo ng tatlong taong pinakamamahal ko sa aking buhay ay nanlulumo ako. Ako na lang ang natira. Mag-isa. Iniwan nila ako. Kahit si Daddy ay iniwan ako. Lahat sila.

Hindi ko maintindihan kung bakit ito nangyari. Maaari N’yo po bang ipaintindi sa akin? Kung bakit kinuha N’yo ang lahat sa akin? Kung bakit pa kailangang magkaganito?

“It’s inevitable. People come and go…” ani Suki habang hinahawakan ang aking kamay.

Muli ay pinuntahan nila ako ni Nicholas sa New York para daluhan ako. I am thankful for them because truth is… tuwing mag-isa ako lagi kong naiisip na sana ay pati ako kinuha na lang din.

Half of me is telling me that I should go on with my life. Na hindi ko nagustuhan ang ginawa ni Mommy kaya ‘di ko iyon gagayahin. Ngunit tuwing naiisip ko si Yeshua, ang aking kambal na mahal na mahal ako…

hindi mapigil ang usig ng konsensya ko. I probably killed him. I probably killed them.

Kung hindi lang ako pinrotektahan ni Yeshua noon, sana ay hindi siya nawala. Sana ay ‘di na depressed si Mommy. At sana ay ‘di nagkasakit si Daddy!

Ang puno’t dulo ng lahat ng ito ay ako. Ako na walang ginawa sa buhay kundi ang maging makasarili. My battles before were so small and I make them big. My heartbreaks from Riguel was just a small portion of everything. Dahil ngayon, ito ang sobra sobrang sakit.

Naiinis ako sa sarili ko. Kung bakit ko sobrang pinoproblema iyong mga iyon noon.

“I’ll be staying here for a couple of months, Lili…” ani Suki sabay hagilap sa aking mga mata.

Pagod akong ngumiti. Tumango ako at naisip na ginagawa lamang niya ito dahil iniisip niya na depressed ako. But then it’s true. I’m depressed. I don’t know what to do. And her presence right now means so much to me. I feel like she’s my family.

Niyakap ko ng mahigpit si Suki.

“I’m sorry for all the selfish things I did before, Suki. I’m really sorry…” nanginginig kong sinabi.

Niyakap niya rin ako pabalik.

“I understand. Nangako ka kay Yeshua noon, Lilienne…” aniya.

Naisip ko ang mga pangako ko kay Yeshua. That I’d make sure Piper is okay… Ang alagaan ang plantation at ang bahay. May nagawa ba talaga ako sa mga ipinangako ko sa kanya?

But then carrying out the promises would need me to go home. I can’t. I don’t have to money to get the plantation back. I don’t have the courage to face Piper.

For a month, I traveled with Suki. She paid everything.

“Gusto kong samahan mo ako sa mga magagandang spots dito sa Amerika!” aniya.

Pumayag ako. Nakakahiya pero tinanggap ko dahil tingin ko’y makakatulong din ito sa akin. I am already aware of how depressed I am. Letting my feelings run me would mean I lost.

Pagkabalik namin ay nagtrabaho muli ako. Ngayon, mas magandang trabaho na iyon. Mas malaki ang sahod at mas maayos.

Unti-unti akong makakapag-ipon para mabayaran ang expenses. Tumutulong si Tito sa pagbabayad pero ayaw kong umasa na lang sa kanya. Kung kaya ko naman ay binabayaran ko rin.

Umuwi na rin si Suki sa Japan kaya mag-isa ulit ako kina Tito. Hindi ako makaalis doon dahil ayaw kong magbayad na naman ng para sa renta. Naghihirap na nga ako, dadagdagan ko pa.

From time to time, I remember them. I remember my Mom who blamed me for all of this. I also remember Daddy who tried to be with me. Alam kong gusto niyang iencourage ako na magpatuloy. Isa ito sa dahilan kung bakit nagpapatuloy ako ngayon. Dahil ayaw kong biguin si Daddy. Dahil alam ko, kahit wala siya rito ay nakikita niya ako.

And then I remember my twin… It fucking hurt so bad. Kung alam ko lang na ang huling mga sandali naming magkausap na matino ay iyong bago siya operahan ay sana inulit-ulit ko na lang sa kanya ito.

“Yeshua, mahal na mahal kita. Yeshua, mahalaga ka sa akin. Yeshua, sabi mo hindi mo ako iiwan? Sabi mo poprotektahan mo ako!”

Sabay tayong ginawa dalawa. Sabay nating napanood ang mundong ito. Hindi ako kailanman mag-iisa dahil nariyan ka. Pero ngayong iniwan mo na ako, hindi ko na maintindihan ang lahat.

And each time I think of that, I hated myself more. Because it will all end up to that day. I didn't have to go there but I was young and naive, I went. Yeshua was concerned. At pinagtanggol niya ako.

I wonder where they are now? In my head, I already killed them. Mayette and her boys. But then it's all useless right?

Minsan nakakatulog na lang ako dahil sa pag-iyak. And I would dream of them trying to hold my hand. I'm trying to reach them but I couldn't. Nafufrustrate ako kaya umiiyak ako. Dahilan kung bakit nagigising ako halos gabi gabi. And then I cry again thinking about them until I fall asleep once again.

For a year, that was how I felt. Nasanay na rin ako sa trabaho ko. Unti-unti kong nababayaran ang lahat ng kailangan ngunit 'di parin naiibsan ang pakiramdam ko. Mabigat parin ito.

"Hi, Lilienne! You won't swim?" ani Eric.

Nakatalikod ako ngayon habang nakapikit. I made him believe that I'm catching some sun when in fact, I just really want to avoid him.

"Nope," sabi ko.

"Oh, that's too bad then. Want to put on some sun screen?" tanong ni Eric.

He's persisitent while I have no time for bullshit. Mabuting tao si Nicholas pero sadyang gago siya minsan.

"No, thanks. I'm done putting sunscreen."

"Oh! Okay. So… I'll leave you here then?"

"Yes…" please…

Ilang sandali pa siya bago umalis. Bumagsak ang katawan niya sa pool at hindi ko na siya nilingon. Ang halakhak ni Nicholas ang narinig ko na paparating. Pasalamat siya't ayaw kong makita ng mga kaibigan niyang sobra sobra ang irita ko sa presensya nila.

“I’m here for a vacation, Nicholas… Pakiramdam ko hindi ganoon ang ibinibigay mo sa akin…” aniya.

“Hay naku, Lilienne! Loosen up. You’re really not the same Lili I know.”

Hindi na ako kumibo. I can’t help but acknowledge that he’s one of the reasons why I did not lose my sanity. Sila ni Suki. Kung wala sila, maaaring nabaliw na ako sa lahat ng problema.

“Sasama na ba ako sa Japan?” he chuckled.

“Bahala ka. Marami ka namang pera. Pupunta ako roon dahil sa offer ni Suki na mag manage noong business nila.”

“Akala ko ba ang sinabi ni Tito Samuel ay uuwi ka ng Pinas?”

Bumangon ako sa sinabi ni Nicholas.

Three months ago, Tito Samuel told me that Daddy sold our house in Alegria. May Deed of Sale na at nakapagbayad na ng kalahati ang kukuha noon. Wala pang titulo dahil pinoproseso pa.

Tumawag kay Tito Samuel ang nakabili para sana sa ibang kailangang pirmahan ngunit nahirapan siya dahil wala na si Daddy. Kailangan ng Special Power of Attorney. Akin na ang lupang iyon pero marami pang prosesong kailangang gawin.

At isa pa… hindi ako makakapayag doon. Nagtatrabaho ako para mabawi ang lahat ng amin at ngayon ay ‘di ko nalalamang naibenta na pala ni Daddy ang natatanging pag-asa ko?

It was Yeshua’s wish. My promise. I can’t let him down. I can’t let them down again. Hindi ko yata kayang biguin pa sila muli.

“Oo at kailangan ko ng trabaho habang naroon. Kina Suki ako magtatrabaho.”

“May pera ka ba para bawiin iyong lupain n’yo? Millions, Lilienne. Gusto mo pahiramin kita?” Ngumisi si Nicholas.

Umiling ako. “No thanks. I’ll find a way. I’m sure of that.”

“I know what you are feeling, Lili. You are driven by your feelings. But… we need to accept this one. Hindi mo mababawi iyon kung wala kang pera… kung wala kang milyones. Ibebenta iyon sa’yo ng mas mahal lalo na kapag naisip nilang masyadong mahalaga iyon sa’yo. Now, unless you have eight to nine digits in your account… which I’m sure you don’t have… then I can say bahala ka na…”

Matalim kong tinitigan si Nicholas. Harsh but that’s the truth. But I need to at least find a way. I’m sure I can find a way.

Uuwi ako ng Pilipinas at mag-iipon ako roon. Kakausapin ko ang bagong may-ari na bigyan ako ng palugit. I would explain him or her what happened. And I’m hoping the new owner would understand. I’m hoping he or she would realize how much this means to me. Wala akong magagawa kundi umasa roon.

Kabanata 21

Kabanata 21

*OceanofPDF.com*

Imagination

Maingay ang tunog ng papaakyat na eroplano. Pumikit na lamang ako habang inaasahan ang tuluyan niyang pag-angat.

I'm going to Tokyo to visit Suki. Doon ko rin kakausapin ang Daddy niya at sabay na kaming uuwi sa Pinas ngayon. Madalas kasi siyang pumunta ng Tokyo para bisitahin ang kanyang ama.

Isang linggo lang naman kami roon. Uuwi din kami ng Pinas dahil na rin may trabaho siya.

Mahirap kausapin ang Daddy ni Suki dahil Japanese. Tinatranslate niya lang ang sinasabi ko tuwing nag-uusap.

"Ayos lang daw. Alam ko namang kailangan mong unahin iyong sa inyo. I'll just leave that position for you. I'll wait till you're ready," ani Suki.

Nakakahiya dahil ako na nga ito ng gusto ng trabaho, ako pa itong pahirapan sa schedule. Pagkauwi ko ng Pilipinas ay kailangan kong puntahan muna ang bahay.

Wala akong matitirhan na roon. Sa relatives na lang namin ako titira kaso si Suki ang nagpresenta na sa bahay na lang nila. Besides, sa kamag-anak ko medyo malayo sa bayan at ang kina Suki ay malapit lamang.

I need to talk to the one who bought our land. Ang sabi ni Tito Samuel, broker daw iyong kausap niya at ayaw magbigay ng pangalan sa kung sino ang nakabili.

Ang tanging pag-asa ko na lang ngayon ay si Nana Sela. She's our caretaker. And although Dad has lost contact with her for the past years, I'm sure she still remembers me.

I'm not even sure if people way back home knew what happened to my family. At iisipin ko pa lang kung paano ikukwento sa kanila ay nahihirapan

na ako.

“I’m really sorry for the trouble, Suki,” sinsero kong sinabi sa kanya.

“No problem…” sabay pasada niya sa kabuuan ng Shibuya. “Alam mo, matagal na rin akong ‘di nakakauwi sa Alegria. Tuwing umuuwi ako ng Pinas, hanggang Manila lang ako kaya ‘di ko na alam anong nangyayari roon. But…”

Tiningnan niya ako pagkatapos ng ilang sandali ay umiling siya. Para bang may gusto siyang sabihin ngunit ‘di niya na tinuloy.

“Nevermind… Come here, let’s shop!” ani Suki.

Sumama ako sa kanya. Syempre, hindi ako namili dahil kahit may pera ako, nakalaan iyon para sa ibang bagay.

Tuwing iniisip ko pa lang na kukunin ko ang bahay namin ay nahihirapan na ako. Half of it isn’t paid yet so I can use that tapos half na lang din ang babayaran ko. Ayos pa ang bahay, paano na ang plantation? The plantation cost much much more! It was first leased and then hanggang sa tuluyan nang naibenta. Ngayon paano ko babawiin ang ekta ektarya naming ariarian?

Maybe Nicholas is right… he can actually lend me money. If I got our plantation, kikita ako sa farming at kapag nakaipon na ako mababayaran ko na siya!

I formed a plan and that’s that. Pero nakakahiya nga lang iyon kay Nicholas. And Leon… what if he can lend me money?

I cannot believe that I am asking everyone to lend me some money. Kung noon ay kami ang angat, ngayon pakiramdam ko lugmok na lugmok na.

“Sige na!” ani Suki sabay pakita sa akin ng mga damit.

She wants me to buy clothes. Ililibre niya raw ako. Ayaw ko namang tanggapin.

“Noon kapag may libre ka sa akin, Lilienne, wala akong pakealam kahit mamulubi ka. Ngayon, kahit ito, hindi mo mapagbigyan. Hindi ko alam na ma pride ka pala…” she smirked.

Nagulat ako sa sinabi niya. And just like that, ang barrier na pinanatili ko sa gitna naming dalawa ay nawala na parang bula. Hindi ko alam kung bakit naman may barrier pa sa amin. Maybe unconsciously I wanted a wall in between the people around me. Siguro ay ito na ang nakuha ko sa lahat ng napagdaanan.

“Nakakahiya lang, Suki.”

“Asus! Hindi ako nahiya noong mga araw na nililibre mo ako…”

“Iba iyon. Iba ito. Mura lang ang iyon. Ngayon, mamahalin na.”

“I was sure you’d still give me things even if they’re expensive, Lili.”

Kinagat ko ang labi ko. She fixed her pixie cut hair. I smiled. Her lips are dark red and she’s wearing a dark eyeliner. Para na niya akong alagad ngayong pareho kaming naka all black na long jacket at black boots.

Hinarap namin ang salamin at nilagay niya sa harap ko ang isang damit na kulay cream. Tinagilid ko ang ulo ko habang tinitingnan ang mala waterfalls na palda nito. It’s so nice.

“You really look like an angel…”

She smiled at my reflection. Nakapony tail ang buhok ko at sa mukha ko ay kitang kita ang pagkakapagod kahit na may kaonting make up akong nilagay. Hindi ko alam kung anong anghel ang sinasabi ni Suki sa akin.

Inangat niya ang baba ko.

“Pink plump lips, narrow nose, deep-set eyes, thick and long eyelashes, perfect brows… Noon pa man talaga ay inggit na ako sa lambot ng features mo…”

Ngumisi ako. “You’re obsessed with dark things. How can your features be soft kung ganyan?”

“Right! But still, you are effortlessly beautiful.”

She’s taller than me. Kahit na pareho kaming may heels sa boots ay hanggang ilong niya lang ako. Ganito kami noon. Akala ko malalagpasan ko rin siya pagdating ng panahon. Tumangkad naman ako kahit paano ngunit hindi talaga kasing tangkad niya.

“Saan ko naman ‘to susuotin, Suki? Ikaw talaga!” sabi ko sabay iling.

“Sige na! In a formal event or what. Tapos mamili na rin tayo ng casual… Bagay sa’yo ‘to!”

Wala na akong nagawa. Binili niya na iyon sa akin.

Tawang tawa pa ako dahil bukod sa mga damit, make up, at kung anu-ano, naisipan pa niyang bumili ng mga underwear.

“Magtatagal ako ngayon sa Manila kaya kailangan ko nang bilhin ang dapat!” alibi niya.

Nanliit ang mga mata ko. “By the way… gustong sumama ni Nicholas dito sa Japan noong huling nag-usap kami sa Vegas. Ano na ba ang mayroon sa inyo?”

I was too busy with my life that I forgot to ask about hers. May boyfriend na kaya ito? Wala naman siyang nababanggit pero malay natin at naglilihim lang?

“Wala ‘no! Kaibigan lang kami ni Nicholas!”

Umirap ako at may naalala.

“Kaibigan lang din kami ni…” ngumuso ako. Kaibigan lang kami ni Riguel noon kaya ‘di ako naniniwala sa mga ganyan.

I almost heard some crickets because of the silence. Ramdam na ramdam ko ang awkwardness kay Suki na para bang ayaw niya ring pag-usapan ang bagay na ito.

“Iba naman iyon. Riguel is… kind of serious…” ramdam ko ang pag-iingat ni Suki sa kanyang mga salita.

Ngumisi ako. “Hindi rin. We don’t know. He’s probably with Isabella Thomas that time. At maiintindihan ko naman. Hindi sila mayaman at kailangan niya ng tulong para sa kanyang mga pangarap. Si Isabella lang ang makakatulong sa kanya noon.”

Iba ang tingin ni Suki sa akin ngayon. It’s like she’s looking at me for the first time after years. Tinitigan niya ako ng seryoso. Hindi siya nagsalita. Hinihintay niya lamang akong magsalita.

“Though, I kind of hate that part. Dahil I see him as a man with principles. Na hindi siya manggagamit ng tao… Na magiging faithful siya… o na magiging totoo siya sa lahat.”

Nagkibit ako ng balikat.

“Or maybe, iyon ang gusto ng utak ko. Iyon ang nagustuhan ko. Iyong pag-iisip na maprinsipyo siya kaya ganoon. In reality, he’s not perfect. And now it’s my fault for falling with him through the man I thought he was…”

Nanatili ang titig ni Suki sa akin. Tinulak ko siyang bahagya at nginitian.

“Ano?” sabi ko.

“Wala… After years simula noong nagkita ulit tayo, ngayon lang natin ito napag-usapan.”

“Ah, Suki! I thought that it’s already my biggest problem way back in high school. Noong dumami na ang problema ko, napagtanto kong alikabok lang pala ang problema ko kay Riguel noon. Walang wala iyon sa lahat ng pinagdaanan ko ngayon…”

Inakbayan ako ni Suki habang tumatawid kami sa isang pedestrian. Ang dami naming kasabay. Nagpipiyesta ang mga mata ko sa mga damit nila at sa mga kulay sa taas ng mga building.

“Kung magkita kayo ulit, anong gagawin mo?”

Hindi ko inasahan na sa tanong na iyon ay kakabahan ako. I never really thought we’d see each other again kaya hindi ako preparado sa tanong na iyon. Inisip ko noon na sa Amerika na ako habang buhay. Uuwi lang naman ako ngayon dahil nagkaproblema sa lupa. And then I realize I still need to fulfill my promises to Yeshua so I will really need to go home.

“I don’t know. I haven’t thought about it…”

“Nagkaroon ka ba ng karelasyon sa loob ng ilang taon mo sa Amerika?”

Tumawa ako. “You think I have time for that? I only have time for Yeshua and my studies. I have only a few friends and the guys hitting on me were clearly fuckboys…”

Nagtawanan na lang kami ni Suki. Pumasok kami sa isang gelato shop. Umorder kami bago nagpatuloy sa pag-uusap.

“Just like the old days, alam talaga natin ‘no kung sino ang fuckboy at hindi.”

“Che! Ikaw diyan muntik ka na kay Leon!” panunukso ko sa kanya.

“Well, that was different. May aura si Leon na seryoso kumpara kay Nicholas that’s why I liked him. Nicholas is all about fuck and I don’t like that.”

Umiling na lamang ako at tinikman ang biniling gelato.

“So… You didn’t have any relationship? Do you still like Riguel?”

Halos maubo ako sa pagkakasamid ko. Talagang diretsahang tanong, e no?

“No… I mean… if you’re asking kung iniisip ko na magiging maayos din kami. Friends, siguro. You know, Suki… Iba noon, e. Naiinlove ako kay Riguel sa mga iniisip ko sa kanya. And when reality striked, I realize that my imaginations of him were better than his reality.”

“Paano kung hindi naman sila ni Isabella?” tanong niya.

“Still he used Isabella, right? My perception of him is better than that…”

“What if he didn’t use Isabella? Bakit? Sinabi ba niya noon na gusto niyang magaral sa Manila, Lili?”

Nag-angat ako ng tingin kay Suki. I can’t remember anything. Ang tagal na noon. The memories I remember are just fragments of the whole. I can’t remember exactly what he told me before. Ang tanging naaalala ko lang ay kung ano ang naramdaman ko sa kanya noon. And it’s mixed… with love, passion, desire, loss, anger, and loneliness.

“Hindi ko alam. I just know that he’s kind of ambitious. He’s an achiever… so… I assume he wants that.”

“You know… The day after prom, hinanap ka niya sa akin.”

Kumalabog ang puso ko. I am not sure if I’m ready to face that one.

“Hindi ko rin alam at hindi ko inexpect na wala ka kaya tinaboy ko lang siya. Ang sabi niya sabi ni Nana Sela wala na raw kayo sa inyo. It took me three days to really realize that you left without notice. Riguel was almost always at school waiting for signs of you. Kahit ang mga teachers ay walang alam kung nasaan kayo. Iniisip kong may alam ang mga kasambahay n’yo pero wala talaga silang sinabi.”

“Yeshua didn’t want Piper to know. At naniniwala akong kapag may makaalam na isa, ay mabubunyag din iyon kalaunan.”

“You didn’t trust me enough. You thought I’d tell him? Mas nagtiwala ka kay Nicholas?”

Ngumuso ako. “Nicholas didn’t know. Nalaman niya lang din nang binisita niya ako sa New York. And Leon, too. So I asked them not to say anything.”

“Oh well. Mabuti na lang din at ‘di mo sinabi. Pakiramdam ko kasi kung alam ko kung nasaan ka, tuluyan kong masasabi kay Riguel iyon. He’s a bit persuasive…”

“Anong magagawa niya kung nalaman niya? We’re miles away from him. He can’t do anything. And as if he’d want to see me again. He’s got plenty of options on his face.”

“Wow! Bitter, ha?” Tumawa si Suki.

Umiling ako at doon ko lang napagtanto na kahit ilang taon na ang lumipas ay may pait parin akong nararamdaman.

If you ask me if I regret anything, I didn’t. I gave him myself. Lalo na ngayong wala pa akong nahahanap na makakapantay sa pagmamahal ko sa kanya noon, pakiramdam ko ay tamang desisyon lamang iyon. Na binigay ko ang sarili ko sa taong mahal ko.

“Hmmm. Magtatanong ako kung si Isabella ba at si Riguel.”

“Kanino ka naman magtatanong?” nagtaas ako ng kilay kay Suki.

Umiling siya at inirapan ako. ‘Di na siya kumibo kaya nagtataka ako.

“Kay Riguel? Saan siya nagtatrabaho ngayon?”

Kumunot ang noo niya at binalingan muli ako.

“Hindi kay Riguel. Anyway, hmmm, I don’t know much about Riguel but we met once in a party. That’s all…”

“In a party? Bar?”

“Nope. It’s a party for an artist. Isa siya sa artist namin sa Moto Systems. Nagulat nga ako at naroon siya. He’s with a… hmmm… girl. His date…”

“Sino? Si Isabella?” I am too excited for this. Dammit!

“Hindi, e. ‘Di ko kilala pero maganda at matangkad.”

Sinubo ko na lang ang isang kutsara ng gelato. Really, now?

“Is he an accountant now?” tanong ko.

“Iyan nga ang itatatong ko. Probably. It’s been years.”

Hindi ko alam kung bakit ako ginapangan ng kaba ngayon. Noong umalis ako ng Amerika ay wala lang naman sa akin ang lahat ng ito. Ngayon pauwi na ako ng Pilipinas ay pakiramdam ko masusuka ako sa kaba.

I will probably never see him. If it’s true and he’s in the corporate world now, he won’t be in Alegria. And I’ll be in Alegria for maybe a month or two to convince the new owner of our land.

Pagkatapos kong gawin iyon ay didiretso na ako ng Manila para magtrabaho kina Suki. Hiyang hiya nga ako dahil wala naman akong alam sa Videogames. Ang sabi ni Suki sa akin, management lang naman ang tatrabahuin ko kaya ‘di ko na kailangang mangamba para sa kahit ano.

I think I can also try other jobs. Para naman hindi ako maging pabigat kay Suki kaso mahihirapan ako sa paghahanap. Mas mabuti na itong kina Suki dahil international na kompanya at medyo maayos ang pasahod.

“This is the key to our house. Always remember that you can stay there. Huwag ka na sa pinsan mo dahil malayo ang kanila. Mabuti na sa amin dahil malapit lang sa munisipyo in case may kailangan kayong pirmahan na mga kontrata ng bagong may ari ng lupain n’yo.”

“Thank you so much, Suki… Hindi ko talaga alam kung paano ka pasalamatan sa lahat ng ito.”

Umirap siya at ngumiti. “Always, Lilienne. And by the way, get yourself a lawyer for legal purposes. Sa Alegria ka na kumuha at nang sa ganoon ay ‘di ka na mahirapan kung sa Manila pa. May sasakyan ka ba?”

Kinagat ko ang labi ko. Lahat ng sasakyan namin noon ay binenta na rin kasagsagan ng therapies ni Yeshua. Kaya ko namang mag commute kaya walang problema iyon sa akin.

“Wala but I can take the bus.”

“Oh have you tried it? I’m sure your whole life you haven’t!” aniya. “Sa condo ka ng isang araw, ‘di ba? Pwede kitang ipahatid sa driver ni Mommy.”

Tumawa na lamang ako. “Suki… Suki… That’s too much. I can handle myself. Sa Amerika ay magaling akong mag commute. Dito pa kaya sa Pinas kung saan ako lumaki? This is not a problem, please…”

Mabuti naman at nakumbinsi ko siya sa gusto kong mangyari. Marami na siyang naitulong at hindi pwedeng pati ito ay iasa ko sa kanya.

Pagkalabas ko ng eroplano ay humahataw na ang puso ko. Maybe it’s the memories. I knew that I’m going to visit what’s left of Yeshua, my Mommy and Daddy here. I know that I’m going to be in a crazy ride of emotion from now on.

“Nakakapagod ang byahe…” ani Suki at pumasok na kami sa kanilang sasakyan.

She’s staying in a condo somewhere in Makati. Sinundo kami ng kanilang sasakyan at hinatid na roon. She’s alone so it’s not awkward.

Manghang mangha ako na siya lang ang bumili ng sarili niyang condo roon. Hindi na siya naghintay sa Daddy niya. She’s earning a lot, huh? Taliwas sa nangyayari sa akin ngayon.

“Ipapahatid kita sa driver mamayang gabi sa terminal para sa pagalis mo. Sigurado ka na bang ‘di ka magpapahatid sa sasakyan?”

“Hindi na…”

Bumagsak ako sa kanyang kama. I want to sleep. Iniisip ko pa lang na mahaba ang magiging byahe mamaya ay nahihilo na ako.

“Itext mo ako, ha? Sorry ‘di kita masasamahan doon. Medyo busy ngayon, e.”

“Ayos lang. Sorry din at ‘di ako agad makakapagtrabaho.”

“Oh shit! You don’t have a sim right? I’ll give you one. For the mean time, magpahinga ka muna. May itinerary ka na ba bukas pagka uwi mo?”

Tumango ako. “I’m going to visit Nana Sela’s house first. Kukumustahin ko lang at baka rin alam niya kung sino ang may ari ng lupain namin. And kapag nalaman ko na kung sino ‘tsaka ko pupuntahan ang may ari to set a meeting.”

“Okay. Great! Sige. Magpahinga ka muna. Use this like it’s your own room, Lili.”

“Thank you so much, Suki. I don’t know what I’d do without you…”

She smiled and shrugged. Who would have thought that after eight years things are insanely different?

Kabanata 22

Kabanata 22

*OceanofPDF.com*

Owner

Pagkagising ko kinagabihan ay naghanda na ako. I used Suki's bathroom to shower and get dressed. Pagkatapos kong magbihis ay siyang pagdating ni Suki sa trabaho.

"Ganitong oras ka lagi dumarating galing trabaho?" tanong ko.

It's almost nine in the evening. Naiisip ko tuloy kung anong oras naman ako darating kapag nagtrabaho ako sa kanila.

"Oo, 'no. Minsan mas matagal pa. Inagahan ko lang ngayon kasi ihahatid ka pa sa terminal ng bus."

Pagkatapos naming kumain ay hinatid niya na ako kasama ang kanilang driver. Gusto niya ngang ihatid na ako ng driver patungo sa Alegria ngunit 'di na ako pumayag.

Pagkasakay ko sa bus ay laking pasasalamat ko na ako ang nasa gilid ng bintana. That way, I won't get bored and I can still see where I am.

Hindi ako masyadong inantok sa byahe. Nanood ako ng movie, nag soundtrip, nanood ng mga ilaw sa labas, at nagawa ko pang gumawa ng ilang social networking profiles. Alas dos yata nang nakatulog ako sa bus.

Alas syete y media nang dumating ako sa Alegria. Sa terminal ay para akong 'di makapaniwala na nandito na nga ako. Nanatili pa akong nakatayo ng ilang sandali sa terminal ng bus sa Alegria.

Iniisip ko kung anu-ano ang mga pagbabago sa probinsya. At kung handa ba ako sa lahat ng pagbabagong iyon.

Pumara ako ng tricycle. Nirentahan ko na ng buo para sa aking luggage na napakalaki. Medyo may kabataan pa ang nagdadrive kaya hindi ako kilala.

Kina Suki ako dumiretso para kumain ng almusal at mag-ayos bago ang lakad ko. Sa byahe sa tricycle ay manghang mangha ako sa mga pagbabago. May iilang mga commercial building akong nakita sa bayan.

Nadaanan namin ang soccerfield sa harap ng simbahan at halos pareho lang naman ito noon. Mas gumanda nga lang ang simbahang luma. Mukhang pinagtuonan ng pansin. At mas kulay berde naman ang soccerfield ngayon. Is it just me or mas dumami rin ang puno?

Natulala ako sa daan habang bumabyahe. Naiisip ko ulit ang lahat. Naisip ko si Yeshua, si Mommy at Daddy, at ang lahat ng aming alaala.

Naisip ko iyong kalagayan namin noong bata pa kami ni Yeshua. Who would have thought that they'll leave me after a few years? Kung nalaman ko lang sana noon na ganito ang mangyayari… Bakit laging nasa huli ang pagsisisi.

"Dito po ba, Ma'am?" tanong ng driver.

"Ah! Opo…"

Tinulungan niya ako sa pagdiskarga ng gamit. Kantyaw pa ang inabot niya nang nakita ng iilang kapitbahay nina Suki.

"Oy, Felipe! Ikaw ha! Dahil maganda sakay mo, todo tulong ka naman!"

Napangiti ako nang nagtawanan sila.

"Dito na lang po. Ako na ang bahala…" sambit ko sabay kuha sa aking luggage.

Pumula ang pisngi ng driver at nagkamot ng ulo. Ang mga kapitbahay nina Suki ay panay ang tingin sa akin. Tila ba iniisip pa nila kung sino iyong dumating.

"Ikaw ba ang anak ni Iwamoto?" tanong noong matanda na tumatambay lang sa labas ng isang malaki at lumang bahay.

Umiling ako. “Hindi po. Makikitira lang ako rito. Kaibigan po kami ni Suki…” sabi ko.

Umalis na ang tricycle kaya nagsimula na akong pumasok sa gate.

“Ganoon ba? Pamilyar ka kasi sa akin…” aniya.

Ngumiti lamang ako. I wonder if they’ll remember me as Lilienne Altamirano?

Pumasok na ako sa bahay nina Suki. Naroon pa ang mga muwebles, wala nga lang tao. Tinabunan lamang ito ng mga puting tela at medyo puno ng alikabok. If I’ll stay here for days, then I think I’ll need to clean this place first.

Siguro ay iyon ang gagawin ko bukas pagkatapos kong bisitahin ang bahay nina Nana Sela ngayon. Kailangan ko munang iparating sa kanila na nandito ako.

Kumusta na kaya ang matanda? Ayos lang kaya si Nana Sela pagkatapos ng ilang taon? Sana nga.

Ang kusina ang una kong nilinisan dahil doon naman ako kakain. Ang luggage naman ay inakyat ko muna sa kwarto ni Suki pagkatapos ay tinawagan ko na siya.

“Pasensya na talaga, Lili. Hindi na nalinisan iyan dahil ilang taon na rin,” ani Suki.

“Walang anuman. Gusto ko nga rito, e. Madali lang makapunta sa munisipyo.”

“O, e ‘di pupunta ka ngayon kina Nana Sela? Alam mo pa ba ang bahay nila?”

“Medyo. Ang importante alam ko kung ano ang address.”

Pagkatapos ng tawag ay naligo at nagbihis na ako. Saktong ala-una nang lumabas ako ng bahay. Naghanap ako ng tricycle para makapunta na kina

Nana Sela. Kinailangan ko pang doblehin ang pamasahe dahil mahirap ang pumunta roon kaya wala masyadong pumapayag.

Pagkaupo ko ay may naalala tuloy ako. Pilit kong isinantabi iyon at binusog ang mga mata sa tanawin sa Puertonera.

Nakita ko ang daan patungo sa aming bahay. Halos mabali ang leeg ko sa kakasunod ng tingin doon.

Hindi mawala sa utak ko ang itsura ng dati naming bahay. It's made of both hardwood and concrete materials. Ang ibang muwebles at gamit ay naroon pa. Hindi na namin iyon dinala. Kasali iyon sa binenta ni Daddy.

At sa kalagitnaan ng pag-iisip sa bahay namin ay naisip ko rin ang bahay nina Riguel bago sa amin. I wonder if his grandparents are still okay? Nasa mga sisenta na siguro iyong Lolo at Lola niya bago kami umalis ng Alegria.

I wondered about Tinago. Is it still the same? It's beauty?

Nilingon ko ang kalangitan at galing sa tricycle ay natanaw ko ang Tereles Peak. Parang kinukurot ang puso ko habang pinagmamasdan iyon. Naiisip ko na noon ay parang wala lang sa akin tuwing nakikita ko ang tanawing iyan. Ngayon ay parang gulat na gulat pa ako.

"Dito lang…" sabi ko nang nakita ang daanan patungo sa kubo nina Nana Sela.

Maglalakad pa ako ng higit isang kilometro bago marating iyon. Pinagmasdan ko ang suot ko. I'm wearing an all black attire. Black pencil skirt, black sleeveless blouse, black bag, and stilletos.

"Shit!" mura ko sabay face palm.

Bakit nga ba 'di ko naisip na maghahike nga pala ako? Ang inisip ko lang ay maaaring pumunta kami sa munisipyo kaya ito ang sinuot ko.

Tiniis ko ang paghahike ng ganito ang suot. Tumawid pa ako ng mga tatlong kawayang tulay. Hindi naman ako lampa ngunit dahil sa lintik na stilletos ay nawawala ako sa balanse.

Nang natanaw ko na ang tatlong kubo sa ‘di kalayuan ay guminhawa ang pakiramdam ko. Isang bata ang unang nakakita sa akin at nagtatakbo siya sa kanyang ina nang nakita ako.

Bitbit palabas ng bahay ang kanyang ina ay tinuro ako ng bata. Kumaway ako pababa ng isang maliit na burol. Nanliit pa ang mata ni Roselle nang nakita ako. Siguro ay ‘di niya na ako naaalala.

“Hi! Good afternoon, Roselle!” bati ko.

Iilang mga tao ba ang lumabas sa mga kabahayan. Nilapitan nila ako at tiningnan mula ulo hanggang paa.

“Si Lilienne Altamirano po ito…” sabi ko.

Tiningnan kong mabuti kung naroon ba si Nana Sela sa kanila ngunit wala. Kinabahan tuloy ako.

“Lilienne Ylena?” ani Roselle.

Si Roselle ay isa sa mga anak ni Nana Sela. Ngumiti ako nang nakilala pa.

“Kumusta ka na, Lilienne! Kumusta na kayo? Kasama mo ba ang pamilya mo? Si Yeshua?”

Para ako nabilaukan sa tanong niya.

“Pasok ka muna sa amin! Napasyal ka? Pasensya ka na sa barong-barong naming bahay…”

“Roselle, huwag na. Hindi rin naman ako magtatagal dahil marami pa akong gagawin. Si Nana Sela sana ang sadya ko rito… Kumusta na siya? Kayo?”

Kumunot ang noo ni Roselle. “Ay oo nga pala. Hindi ka ba umuwi sa inyong mansyon?”

Umiling ako. “Naibenta na iyon.”

“Ang akala ko nasa kasunduan na pwede ka pa roon dahil kalahati pa lang naman ang nabayaran.”

“Wala kasi akong alam sa kasunduan dahil si Daddy at ang broker ang gumawa noon.”

“Asan na ang Daddy mo?”

Hindi ko alam kung paano ako magsisimulang sumagot sa tanong niya. Ayaw ko pa sanang pag-usapan.

“Wala na siya, e…” I was surprised at my tone.

“W-Wala na? Si Uncle Martin, wala na?”

Umiling ako. “Pati si Mommy at Yeshua…”

Natulala si Roselle sa sinabi ko. Nagkatinginan ang mga taong naroon. Siguro’y mga kamag-anak nila. Tumango na lamang ako. Pilit na inaayos ang disposisyon.

“Ah… Ah… Hindi namin alam,” ani Roselle. “Pasensya ka na, Lili…”

“Hindi. Hindi rin naman talaga namin iyon pinaalam. Nandito ako ngayon para sana makausap si Nana Sela tungkol sa bahay namin.”

“Si Nanay ay nasa inyong mansyon parin. Pinayagan siya ng bagong may ari na roon tumira kaya nandoon pa siya.”

“Kung ganoon…”

Pinagmasdan ko ang kanilang mga kabahayan. I came to a wrong place! I should have known! But who on their right minds would let our old maid live on our mansion, right? It doesn’t make sense.

Hindi na ako nagtagal doon. Hindi ko nasabi ang buong detalye ng pagkamatay ni Daddy at Mommy, pati kay Yeshua. Hindi rin naman nila tinanong. Mabuti nga’ng ganoon dahil hindi ko alam kung kaya ko ba.

Hinatid ako ni Roselle at ang lalaking anak ni Nana Sela patungo sa highway. Sila pa ang nagtawag ng tricycle para ipahatid ako sa La Santa.

“Huwag n’yo na akong ihatid. Basta’t sigurado namang naroon si Nana Sela?” tanong ko.

“Oo.”

“Ang may ari ba, naroon?”

“Si Attorney? Minsan kapag narito siya sa Alegria, Lili, doon siya tumutuloy. May bahay din siya sa La Santa kaya kung wala man siya roon ay baka nasa kabila. Pero mas madalas nasa Maynila siya, e. Doon kasi siya nagtatrabaho.”

Tumango ako. “Sige. Sana naroon siya para na rin makausap ko kung sakali…”

Pagkasakay ko ng tricycle ay pinroseso ko ang lahat. Pupunta ako sa La Santa ngayon. Madadaanan ko ang bahay nina Riguel. Pagkatapos ay makikita ko ang mansyon namin.

Iniisip ko pa lang ang mansyon ay nasasaktan na ako.

Pagkaliko ng tricycle sa La Santa ay kumalampag na ang puso ko. I’ve never felt this way before. I’ve never been this nervous for years.

Papalapit kami sa bahay nina Riguel ay para akong kiti-kiting ‘di mapakali. At nang nadaanan ko na ay naiwan ang mga mata ko roon.

Their house is made of light materials and kind of old before. Ngayon ay parang ginagawa niya. Ang unang palapag ay naging concrete. Wala pang pintura dahil mukhang kasalukuyan pang inaayos talaga.

I wonder if he’s there?

So what if he’s there?

Kung nariyan man siya, masasaktan lamang ako.

Nang tumigil ang tricycle sa gate namin ay nagulat ako. It was so shiny. Para bang inalagaang mabuti ng bagong may-ari nito.

May guard na rin doon. Noon ay ‘di kami masyadong naglalagay dahil umaasa kami sa mga lalaking kasambahay at driver.

“Sino pong sadya nila?” tanong ng guard.

Parang kinukurot ang puso ko habang tanaw ang aming bahay sa malayo. Dati ay labas pasok ako rito. Ngayon ay halos ‘di na makapasok.

Yeshua, I promise you I’m going to take this land for you. I promise, I’ll treasure this. This is the symbol of our memories. Ngayong nasa harap na ako ng mansyon ay mas lalong nadepina ang kagustuhan kong mabawi ito. Mas lalo kong naramdaman si Yeshua. Mas lalong lumakas ang usig ng aking konsensya.

I’m getting this no matter what.

“Ako po si Lilienne Altamirano. Ako po ang anak ng dating may-ari. Gusto ko po sanang kausapin si Nana Sela…” sabi ko.

Tumango ang guard at kinuha ang telepono. Tinalikuran niya ako at may sinabi siya sa kabilang linya. Umabot pa ng mga tatlong minuto bago ako pinapasok sa sarili kong bahay.

Nilakad ko ang kalayuan ng gate patungong mansyon. Pinasadahan ko ng tingin ang mga puno na matatayog at matitingkad na berde ngayon. Napansin ko rin ang isang bagong tanawin doon. Nakakita ako ng isang fountain na may mga anghel.

Lumingon ako sa kaliwa kung saan matatanaw ang aming plantation. I saw groups of red flowers from there. Natigilan ako. Ilang sandali ang lumipas ay naglakad ako patungong plantation, completely forgetting about the mansion.

And then I saw it… our plantation reborn by the flowers planted on its land! Marami at punong puno! Simula sa pinakamalapit sa bahay hanggang sa

kaya mong tanawin ay nataniman ng mga bulaklak!

My breath hitched. I can’t believe it’s this amazing right now. Akala ko ang dadatnan ko rito ay mga tuyong bulaklak at matamlay na lupa.

Ilang saglit pa bago ko naalala ang mansyon. Nilingon ko iyon at pinagmasdang mabuti.

It was repainted. Luma na ito nang umalis kami at ngayon ay parang naging bago. Nakita kong may lumabas sa double doors namin.

Nagsimula na ulit akong lumapit roon. Nilingon ko ang garahe ngunit hindi kita ang nasa loob. Isang may katandaang babae ang naabutan kong nagwawalis.

“Hello po!” bati ko.

“Uy! Ikaw ba ang itinawag na bisita raw?” tanong ng babae.

Nakauniporme ito bilang kasambahay. Tumango ako at ngumiti.

“Sino ang sadya mo? Si Nana Sela ba?” tanong niya.

“Oo sana. Nariyan ba siya?”

“Nasa kanyang kwarto. Lalabas din yata iyon. Pasok ka…”

Umiling ako. “‘Di na. Nakakahiya. Nariyan ba ang amo mo?”

“Si Attorney? Opo. Nasa kanyang office.”

“Ganoon ba?”

Binuksan ng kasambahay ang double doors at doon ko nakita ang pagbabago ng aming bahay. Ang terrace sa baba ay mas lalong lumuwang. Hinihipan ng hangin ang mga puting kurtina sa malaking pintuan ng terrace. Ang dating may bermudang lupa palabas kung nasaan ang duyan ay napalitan ng hard wood ngayon.

Nilingon ko ang mga sofa. Hindi ko na makilala iyon. Ang mga muwebles na antique ay naroon parin naman. Iba ang malaking flatscreen at ang mga speakers. Iba rin ang coffee table. Ang malaking frame sa may hagdanan ay naroon pa. Kaming apat nina Yeshua, Mommy, at Daddy.

Tiningala ko iyon ng ilang sandali. The thought of them breaks my heart. But… above all I wonder… bakit hinayaan ng bagong may-ari ang frame na ito rito? Wala ba siyang pamilya? Bakit ‘di niya pinalitan ng kanya? Not that I want it removed. I just thought it’d be that way?

“Nasaan si Nana?” tanong ng kasambahay sa isa pa.

“Nasa opisina. Nag-uusap sila…” Bumalig ang bagong kasambahay sa akin. “Miss Altamirano.”

“Magandang hapon, po,” bati ko.

“Si Attorney ay nasa kanyang Study kasama si Nana Sela. Hinihingi nilang doon na lang kayo mag-usap ni Nana.”

Hindi pa siya natatapos ay umiiling na ako. No. Way. I can’t. I mean… yes that’s my goal but…

Kumalabog ang puso ko. Ngayon hindi ko pala alam paano iyon!

Nilingon ko ang frame at natanaw ko ulit si Yeshua at ang aking mga magulang. I guess I got my courage from that frame.

“Sige. Saan ba ang kaniyang study?”

“Dito po…”

Nauna na ang kasambahay paakyat sa taas. Sumunod naman ako sa kanya. Panay ang tingin ko sa bagong chandelier, sa mga bagong kwarto, sa bagong hardwood na sahig ng pangalawang palapag. Kahit ang dingding ay bago.

Binalingan ko ang aking kwarto. It looks the same. Pati ang kwarto ni Yeshua at nina Mommy at Daddy. Ang bago ay ang ilang guestrooms at ang

dalawang guestroom noon na mukhang nirenovate.

“Dito po…” sabay turo sa huling guestroom namin katabi noong library.

Wala itong pintuan noon, ah?

Kumatok ang kasambahay sa pintuan at binuksan niya agad iyon. Pumasok ako na normal ang pintig ng puso. Ngunit nang naproseso ko ang lahat ay parang tumigil ang aking puso.

It’s a vacant room and our library in one. Siguro’y giniba ang pader sa gitna para maging study ng lalaking nasa kanyang swivel chair ngayon!

Nana Sela and Mang Luis were sitting in the sofa in front of him. Hindi ko alam kung alin ang una kong titingnan. Silang dalawa o ang lalaki. Si Riguel Alleje!

I don’t understand! Why is he here?

Tumayo siya. My breathe hitched.

He’s taller now. Around six feet or more. And he’s more… fucking… good looking! Wearing a gray long sleeves folded till his elbows, slacks, and that same fucking expression: cold and hard.

“N-Nana Sela…” sambit ko sabay tingin sa matanda.

Si Nana ay nakaupo sa sofa. Pilit siyang tumayo para salubungin ako ngunit mukhang nahihirapan siya.

“Lilienne, kumusta?” ani Manong Luis sa akin.

Lumapit agad ako kay Nana Sela para alalayan siya. Uugod-ugod na ang matanda. Nilingon ko si Riguel na ngayon ay nakahilig sa kanyang malaking lamesa.

Nagtaas siya ng kilay sa akin.

“The broker called. He said you want to talk to the owner of the estate and the plantation…” ani Riguel.

Napakurapkurap ako sa sinabi niya.

Pilit kong inisip kung paano at bakit siya narito? He can’t be the new owner? No… Where did he get the money? And… is this happening?

“Yeah… Uh… Actually, yes, I want to talk to the owner.”

Humalukipkip siya. Umangat ang gilid ng kanyang labi at may sinenyas kay Manong Luis.

“Luis, lumabas muna kayo ni Nana Sela at mag-uusap lang kami ni Lilienne…”

Para akong hihimatayin sa kanyang sinabi. Lalo na nang tumayo si Manong Luis at inalalayan na si Nana Sela.

“Nana! Manong!”

“Lilienne, mag-usap muna kayo…” bilin ni Nana Sela bago ako tinalikuran.

Hilaw na ngisi lamang ang naibigay ng dati naming driver sa akin. Tinanaw ko silang paalis doon. Hindi ko ata kayang harapin si Riguel ngayon. Alam kong nakatingin siya sa aking nakatalikod.

Can I just go? Can I just run, right now?

But then I have to face him. I have to get our properties back!

Kabanata 23

Kabanata 23

OceanofPDF.com

Terms

Hindi ko alam kung anong una kong iisipin. Hindi ako makapaniwala na siya ang may ari nito. Siya nga ba?

He's now a lawyer. But I'm sure it's not yet a decade after he graduated. Where did he get the money? Isabella Thomas? Maybe he married Isabella Thomas and it's their joint property. My chest ached at the thought. Isinantabi ko iyon dahil marami pang mas importanteng gagawin.

Nakatayo ako ngayon diretso sa kinatatayuan niya. I can't look at him straight while he can definitely look at me in the eyes!

Maraming nagbago sa kanya. Ang aura niya ay mas lalong naging seryoso at malamig. Ang katawan niya ay malayong malayo sa katawan niya noon. True that he had mature features in terms of built years ago. But this time, it's mature for real. His hair is clean cut. Ganoon naman dati pero parang may nag-iba ngayon. His jaw is tight and very angled and his eyes were very vivid.

Sa damit pa lang niya ngayon, kita na ang pamatay na hubog ng katawan niya. While I am not sure if something has changed in my physical features. For the past years, I didn't really think about my body or my face. Sa dami ng problema ko, iyon pa ba ang pagkakaabalahan ko?

"Ano ang gusto mong pag-usapan natin?" tanong niya.

Fuck. He really is the owner of our land?

"Uh…" I'm trying so hard not to stutter. "You're the new owner of the house?"

Tinagilid niya lang ang ulo niya. Tila ba pilit na iniintindi ang sinabi ko. Is it so hard to understand, Riguel! Don't. Fucking. Look. At. Me. Like. That.

Naaalala ko iyong sa batis. How I tried him. How his patience was tried and how he gave in to me. It was what I want at that moment. And I don't regret

any of it. Ngayon, sa tingin niya, para bang gusto niyang pagsisihan ko iyon. It's as if it's the biggest mistake of his life!

"I paid the half. That's what my broker and your Dad talked about. I'll give the half if the title is transfered to my name."

I cannot believe this. Hindi ko alam kung magkano ang benta ni Daddy sa bahay namin pero alam ko nasa seven digits iyon. Riguel who used to ride with me in a tricycle can now afford that? Well, he's in the corporate world! Plus! He's a Lawyer for God's sake… But it's just so unbelievable!

"Gusto ko sanang… itigil ang deal," sabi ko.

Umigting ang panga ni Riguel at kumalas ang kanyang halukipkip. Nakapamulsa na siya ngayon.

"Bakit?"

"Ayaw kong ibenta ito. Nagipit lamang kami kaya namin ito ibinenta. I'm gonna pay the half back after around six months."

And oh my God, I hope I can really do that. Mangungutang ako kung maaari!

"I'm gonna talk to my Dad's lawyer. Ang sabi ni Tito ay nasa lawyer daw ang kopya ng Deed of Sale so I'll know how much I'm going to pay you back."

"What if I don't want that?" nagtaas siya ng kilay.

Tinikom ko ang bibig ko. Bahagya akong nairita sa tunog niya. Tila ba naghahamon at ginagalit niya ako.

Naisip ko tuloy kung anong iniisip niya noong iniwan ko siya. Tingin ko naman ay hindi ganoon ka lalim para masaktan ang nangyari. In his part, he had Isabella Thomas. He probably liked me but he can't get anything from me so he'd still choose Isabella, right? Kaya kung ang galit na nakikita ko sa mga mata niya ngayon ay dahil sa paghihiganti, hindi ko na iyon maintindihan.

“I will talk to my lawyer. I’m sure he can do something about thatg. After all, it’s not yet on your name…”

“Why don’t you talk to me instead? I’m a lawyer.”

Ngumisi siya. Kinilabutan ako roon. Ramdam ko ang pagtindig ng balahibo ko sa batok.

“Hindi lang ito ang gusto kong bawiin. Pati na rin ang plantation.”

“I’m gonna triple the price of the plantation if you want to buy it…” nagtaas siya ng kilay.

What the fuck? Triple. I can’t even afford it now tapos titriplehin niya?

“Why are you doing this?” malamig kong tanong.

Ayaw ko sanang dalhin ang problema namin noon dito kaso hindi ko kayang pakinggan ang sinasabi niya ngayon. This is plain bull crap!

“This is our land, Riguel.”

“It was your land. You left it here to rot alone!”

Humakbang siya palapit. Parang nawala ang aking tapang sa ginawa niya. Napakurapkurap ako. No, Lilienne. You can’t feel anything. Not even anger for him. All I can give him is indifference!

“I saved it!”

“Kaya nga babawiin ko ito ngayon. Bakit mo sinasabing titriplehin mo ang singil nito?”

“Dahil ako ang naghirap para rito habang wala kayo! And it is not for sale, mind you. I’m only giving you a chance because we know each other before…”

Para akong binagsakan ng langit sa sinabi niya. Nanghina ako roon. That was it, right? We just know each other before. And why is this such a big

deal to me. He is nothing but the new owner of our properties.

“Then? Dapat ba akong mag thank you? Sa pagtriple mo sa tamang presyo nito?”

“Dapat nga hindi triple. Dapat higit pa! Nakita mo ba ang kalagayan ng lupain n’yo nang nirentahan ko ito sa Daddy mo? Walang tanim. Hindi mataba. Ginawa ko ang lahat para maiahon iyan tapos ngayon babawiin mo na lang dahil maayos na?”

“Well, I’m sorry. It was your duty to make the lands better again because you rented it. Hindi ka naman namin pinilit na gawin iyan. Ikaw ang gumawa niyan!”

Tumawa siya at umiling. Tinalikuran niya ako at lumapit siya sa kanyang swivel chair. Bumagsak siya roon at pinaglaruan niya ang kanyang ballpen.

“Look at you. Your looks have changed a lot. But hell, you’re the same spoiled girl I know.”

Napahugot ako ng hininga roon. His remarks affected me a lot. My looks have changed? In what way? And I’m a spoiled girl, really? Girl. That term. He really likes to slap it in me, huh?

“Ikaw na nga itong lumapit para mambawi, ikaw pa itong may terms. Remember, Lilienne. The plantation is now under my name. If I don’t want to sell it, you can’t have it. And this house? Your dad signed the contract. You have no right to it now. Kaya huwag mo masyadong itaas ang sarili mo.”

Fuck you, Riguel. Nangilid ang luha ko. Pakiramdam ko ay sobra sobra na ang pamumula ko dahil sa galit. Gusto ko siyang pagmumurahin pero alam kong may punto siya.

Wala na ba talagang pag-asa para makuha ko ito? Kahit ito man lang? Kahit ang bahay man lang? Tapos mag-iipon ako para sa tripleng hinihingi niya sa lupa?

Nag-iwas siya ng tingin sa akin. Tumunog ang cellphone niya. Umangat saglit ang matalim niyang tingin sa akin bago sinagot iyon.

“Yes, Zarah, what is it?”

Tumagilid ang swivel chair niya. Nanatili ang mga mata ko sa kanya. Pumatak ang luha ko at agad ko iyong pinunasan. I can’t cry in front of him!

“Yup. I know. I remember.”

Hinilot ni Riguel ang kanyang sentido at tumingala siya. Mas lalo akong nairita nang nakita ko ang angulong iyon. He could put to shame Grecian gods because of that chiseled features but damn him!

“Kasalanan ko iyon. Gumagawa ako ng paraan-”

And I’m here listening to his phone call. Gusto ko siyang batuhin ng bag sa galit ko pero kailangan kong tandaan na iba na siya ngayon. He may be a little patient to me years ago but right now, he seems so distant and mad.

“Sige. Connect me to Isabella. Thanks.”

And of course, right? Fuck this one!

“Babalik na lang ako. I need to talk to my lawyer. I need to see the Deed of Sale and the contracts.”

Nilingon ako ni Riguel at tinaas niya ang kanyang index finger. Like he wants me to stay. He’s not done with me.

“Isabella, yes…”

Nagtiim bagang ako. Do I really need to stand here in front of him while listening to his phone calls from his girlfriend?

“Ako na ang bahala na maghanap ng paraan. Don’t worry about it… Okay. I need to go. I have a meeting. See you soon…”

Binaba niya ang cellphone niya at tumayo ulit. Bumalik siya sa paghilig sa mesa kanina at humalukipkip ulit sa akin.

“I have a copy of the Deed of Sale. Yes, you can go to your lawyer if you don’t trust me. Pero… ano ang gagawin mo kung hindi ako papayag na ipagbili sa’yo ang lupang ito?”

Fuck you. Really. Fuck you, Riguel. I wish you rot in hell.

“Why are you doing this to me? Is this an asset to you para balewalain ang sentimental value nito sa akin?”

“Any real property, Lilienne, is an asset. Hindi man ito kumikita tulad ng plantation, in the end, it still is an asset.”

“You have a house somewhere near here. Bakit ‘di ka roon tumira at bakit hindi mo kayang bitiwan ito?”

“It’s near my plantation. You know. Kapag harvest, kailangan nandito ako para tingnan kung maayos ba. I’m sure you know that.”

Tangina mo. His expression is hard and ruthless. Wala akong masabi kundi tangina niya talaga. Sorry for the language.

“Why are you doing this? Huh, Riguel?”

Kumunot lamang ang noo ni Riguel habang tinitingnan ako. Nangingilid ang luha sa aking mga mata at pinipigilan ko ang pagbuhos nila. You can’t let him see your weakness, Lilienne.

“If you’re doing this for revenge, sana maging masaya ka!”

Tumawa si Riguel at tumingala. His adam’s apple protruded. All the evil curses are already at the tip of my tongue.

“Why would I do that, Lilienne? Anong revenge ang sinasabi mo? Come on… Hindi na tayo mga bata rito. Alam kong nagmature ka rin kahit paano.”

Bumaba ang tingin niya sa aking katawan. Kumunot ang noo ko.

“Hindi ko alam kung bakit ka pa narito gayong tingin ko naman ay maayos na ang kalagayan mo sa ibang bansa. If you want this land, why did you sell it in the first place. Now that I don’t want to sell it, you come here and ask me to sell it to you? After all those years? Na pinaghirapan kong iahon ang plantation para lang mabili ko iyon ng buo? Where’s revenge in that? Huh?”

Humakbang siya palapit sa akin. Ngayon ay tumigas na lang ang puso ko. Hindi na ako natinag. All I can see is the new Riguel. The Rigel Alleje I didn’t know about. The Riguel within him that he did not let me see. This is probably the same Riguel who used Isabella for him to bloom like this.

“Simpleng business lang ito, Lilienne. Bakit mo naisip na kaya kong itagilid ang sarili ko para lang sa’yo? Sa’yo na ngayon lang ulit nagpakita at para pa bawiin ang akin na ngayon?”

“Fuck you…” mariin kong sinabi.

Isang metro na lang ang layo naming dalawa.

He smirked.

“I don’t know why you feel so entitled. Na tingin mo after all those years, after what I did with this land, you think I’d bow and give it back to you that easily? No…” Umiling siya.

Fuck you, Riguel Jameson Alleje! Fuck you to the depths of hell!

“Is it your spoiled attitude?”

“Kung ayaw mong ibigay sa akin ito, e ‘di ibabalik ko sa’yo ang kalahati ng perang binayad mo kay Dad para sa mansyon!”

“Paano kung ‘di ko tanggapin. The tax declaration is on my name now. We are only waiting for the Title, Lili.”

Bumagsak ang balikat ko. I want to punch him. Pilit kong itinabi ang alaala ng aking pamilya. Si Yeshua na ito lamang ang tanging hiniling sa akin at

hindi ko pa maibigay.

Tumagilid ang ulo niya.

“I have a proposition, actually. But that’s if you want this mansion so bad…”

Ayaw ko man ay umaliwalas ang mukha ko. Nilunok ko ang pride ko para lang pakinggan ang kanyang sasabihin. If there’s any chance that I can get this back, then I’ll get this back no matter what. If Riguel wants me hurt so bad then I’ll help him hurt me! Tutal ay hindi naman ito para sa akin. Para ito sa pamilya ko. Para man lang kahit paano aay may magawa akong tama para sa kanila!

“Do you want this so bad?”

He closed the distance between us through his hungry steps. Gusto kong umatras dahil hindi ko yata kakayanin ang tensyon pero dahil sa offer niya ay pinilit kong huwag.

Nag-iwas ako ng tingin. Takas na buhok ang hinuli niya sa gilid ng aking pisngi at nilagay niya sa likod ng aking tainga.

I feel nothing for him but loathe. How I thought I love him way back breaks my heart.

“Lilienne, do you want this so bad?” mariin niyang tanong.

“What’s your proposition?”

Nagtaas siya ng kilay at ngumisi. “Sagutin mo ang tanong ko.”

Fuck you.

“Yes. I want this mansion back.”

“Are you willing to do anything just to get this back, then?”

Ano ‘yan? Matalim ko siyang tinitigan. Hindi na ako nagdalawang isip. Whatever he asks of me, I’ll give it to him. As long as I get this one back!

“Yes, I’m willing.”

“Good.”

Inangat niya ang baba ko para maharap ko siya ng mabuti.

“Marry me, then.”

Nalaglag ang panga ko sa sinabi niya. Gusto ko siyang suntukin. Kung ‘di lang ang bahay ang nakasalalay ay ginawa ko na.

“Bakit? Kung bayaran na lang kita. Give me six months to produce the money, Riguel…”

Hinawi ko ang kamay niya sa baba ko. He smiled devilishly. I hated it.

“This isn’t for sale.”

“And you being married to me is okay?”

His face hardened. Para bang ininsulto ko siya.

“A friend of mine who is a judge invited me to his place. He’s only impressed to lawyers who are good at marraige and family. I need him as my adviser and I want to be a judge someday, too. Hindi niya ako magugustuhan kung pupunta ako roong bachelor. Hindi niya ako tutulungan at ayaw kong magaya sa ibang lawyer na minsang pinangarap na maging adviser siya.”

Gusto kong masuka sa sinabi ni Riguel. Ganyan ba siya ka desperado at gutom sa kapangyarihan at posisyon para sariling kasal niya ay kaya niyang pekein?

“You’re disgusting…” mariin kong sinabi.

Umangat ang gilid ng kanyang labi. “Do you want this land or not?”

For the a millionth time, fuck you.

“Am I going to just pretend to be your wife?”

“Yes. And we need to marry, too. Sa papel, Lilienne. I can’t risk it. Paano kung paimbestigahan niya ako at malaman na wala sa dokumento ang kasal natin? That would be useless plus he’d hate me for lying. People hate liars, you know.”

Nagtiim bagang ako sa sinabi niya. So what, right?

“I can file a divorce after everything.”

Bahala ka sa buhay mo kung ‘di ka na makapag-asawa pagkatapos nito. Basta ako, pu-pwede pa sa ibang bansa.

“Paano ako makakasigurong mapapasa akin ang mansyong ito pagkatapos ng lahat, Riguel?”

“I’ll make a contract. I’m gonna let a friend sign in between us. And I’ll give you my copy of the Deed of Sale. Ilalakad ko rin ang Tax Declaration pabalik sa’yo…”

Oh my God, Lilienne. That seems pretty promising.

If he wants to use me for power, then I can use him to get our land back.

“What about the plantation, Riguel?”

Humagalpak siya sa tawa.

“Easy, baby. Mansyon lamang ang pinag-uusapan natin dito. Bakit ko ibibigay sa’yo ang isa sa dahilan kung bakit nakakabili ako ng mga properties ngayon?”

Oh just fuck him, really.

“Eventually, we’ll talk about that. For now, this is going to be my offer to you.”

Madilim ang kanyang tingin sa akin. Matalim ang isinukli ko. He'd become so hungry for power and money. I should have known. Men as ambitious as him clearly loves power and money. He's not an exception. And I'm gonna use that to get this mansion back.

"Kailangan nating ayusin ang kontrata na gagawin mo. If you want me to act as your wife, I can, but with limitations."

"Whoa! Like what? You can't kiss me? Ganoon? Paano natin mapapaniwala ang mga tao na asawa kita kung ni halik ay 'di mo papaunlakan? Come on, Lilienne. I've kissed you before. Don't tell me it still affects you."

"It doesn't, Riguel. Nakakasuka lang talaga, e. Kaya 'di ko alam kung kakayanin ko ba."

Kitang kita ko ang galit sa kanyang mga mata.

"I'm gonna make the terms right now. Do you want this, then?"

Tumitig pa ako sa kanya bago ako sumagot. Can I really do this?

Lili, chance na 'yan para sa lupa. Isa pa… pwede kang makipag divorce. You can file that eventually. Siya ang magdurusa dahil wala namang divorce rito sa Pinas!

"Yes. I want to see your terms and I'll approve it before you let the other third party sign," sabi ko.

"I'm marrying you tomorrow, then."

"What?" pasigaw kong sinabi. "Bakit? Kailan ka ba inimbitahan ng judge na sinasabi mo, Riguel, at bakit bukas agad?"

"Bakit? Kailan tayo magpapakasal? Sa araw bago tayo umalis papunta kay Judge? Are you kidding me, Lilienne?"

Napakurapkurap ako roon. Tinalikuran niya ako at bumalik siya sa kanyang swivel chair. Hinilot niya ang kanyang sentido at binuksan ang laptop.

“I’m gonna make our terms right now. Umupo ka muna riyan…”

Nilingon ko ang sofa at dahan-dahang lumapit para makaupo.

Kabanata 24

Kabanata 24

*OceanofPDF.com*

Monster

Hindi pumapasok sa utak ko ang nakalagay sa ni print na kontrata ni Riguel. This isn't what I expected at all. Akala ko ay nakalagay doon kung hanggang saan lang kami bilang mag-asawa pero wala.

It was only stated that our marraige shall last from six months or so. That Riguel will sign the documents if I file a divorce in the U.S… and I will stay with him while we are married.

"Paano ang mga kondisyon sa halikan at asta, Riguel?"

Kanina pa siya nakatitig sa akin habang tinitingnan ko ang mga papeles.

"Hindi ba ay kapag kasal, alam na natin ang mangyayari? We can kiss, cuddle, you act as my wife, you cook for me, you take care of me."

"Wow! Kahit walang tao, gagawin ko iyon?"

Nagdilim ang tingin niya sa akin.

"Hindi ba ay dapat sa harap lang noong Judge ang mga ito?"

"So are you saying na hindi ka rito titira dahil lang wala sa harap ng judge? If he digs further, Lilienne, mabibisto ako kaya sana ay mag cooperate ka na lang. Gusto mo ang mansyon, hindi ba?"

Tinikom ko ang bibig ko. He's holding it against me and I have no power over it. Ang totoo, wala akong pera. Magtatrabaho pa ako para magkaroon at ni 'di ako sigurado kung kaya kong ipunin ang halagang iyon sa loob ng anim na buwan. Ito na lang talaga ang tanging paraan ko.

For now, I'd like to concentrate on the mansion. Sa susunod na ang plantation. Dahil mas mahal iyon.

"You should out it here…" sabi ko sabay lapag sa terms na binigay niya.

“A friend of mine is going to read that. You expect me that I’d like him to know that you’re allowed to kiss me? Na kahit ang pagiging asawa mo ay kailangan pang idaan sa kontrata, Lilienne?”

“You know what? I’d like to ask you, Riguel. Do we tell the people that we’re only marrying each other for this reason or not? Kasi naguguluhan ako. Isesecret ba natin ang mga rason natin o sasabihin sa lahat?”

Nagtaas siya ng kilay sa akin. I swallowed hard at his look. Ang hirap ng ganito. Hindi ko yata ito matatagalan!

“Kung malaman ni Judge na nagsisinungaling tayo, hindi mo mababawi ang mansyong ito. Deal. Tell everyone that I’m marrying you for that,” sarkastiko niyang sinabi.

Tumigil ako ng saglit. Kailangan kong maalala kung bakit nga ba ako magpapakasal sa kanya. Kailangan kong maalala ang aking pamilya. That I’m doing this for them. Kasi kung iisipin ko lamang ang mansyon ay umuurong na ako. Money is worth nothing compared to what he is asking me. Kung hindi lang ito tungkol sa aking pamilya ay kanina pa ako umalis dito.

“Fine!”

Umangat ang gilid ng kanyang labi. Ayaw ko na siyang tingnan. Nilapitan ko ang kanyang lamesa at nilapag ko roon ang terms na walang kwenta.

“I can kiss you,” aniya.

I forced myself to relax at his statements.

“Well, when there is a need to. You should act as my wife so when the people around us are asked, they can tell what’s natural. We will live in the same house wherever I go. You are going to stay in my room. Sleep in my room.”

Habang iniisa-isa niya iyon ay para akong nangingilabot. Hataw na hataw ang puso ko sa kaba at hindi maipaliwanag na nararamdaman. Nanatili

naman ang mukha kong galit. I hate that it looks so normal to him.

“It will be done on the Mayor’s office tomorrow morning. Are you here alone?”

Natigilan ako sa tanong niya. Walang nakakaalam na patay na ang pamilya ko. Simula nang dumating ako rito, si Roselle lamang ang nasabihan ko. I’m sure Nana Sela didn’t know. I’m sure Manong Luis, too.

Ayaw kong sabihin kay Riguel. Ayaw kong kaawaan niya ako. Hindi ko naman alam paano sasabihin kay Nana at kay Manong Luis. Siguro ay darating din ang panahon na masasabi ko iyon sa kanila.

“Yes. Mag-isa akong umuwi. So… it’s a civil wedding?”

Ngumuso siya at nanatili ang mga mata sa akin. Nagtaas ako ng kilay sa kanya dahil ang tagal niyang sumagot. It’s a simple question and I already know the answer. I just want him to say it.

Obvious ba, Lili? Kaya nga sa Mayor’s Office ang ganap, ‘di ba?

“If you want a church wedding, we need at least a week, right? You have to plan for your dress, your entourage, and-”

“Right! Kaya dapat civil na lang at baka gumastos ka pa. Fine!”

Natahimik siya. Humalukipkip ako roon at hinintay siyang magsalita pero wala. Nanatili siyang nakatingin sa akin na tila ba malalim ang iniisip.

“Are you sure you won’t invite your family?” he asked.

“No. I can do this alone. Nasa Amerika na sila at wala na silang pakealam sa nangyayari rito sa Pinas.” Which, I’m talking about my other relatives not my parents and Yeshua.

“Are you going to call them to inform them about this?”

“After everything. They don’t have to know. Paniguradong pagbalik ko ng U.S. ay divorce na ang inaasikaso ko roon kaya ‘di na importante ito…”

He scowled at me. Bumaba rin agad ang mga mata niya sa dokumento.

“I’m going to the municipal hall right now to meet my lawyer. I want to see his copy of Deed of Sale…”

Tumayo siya at inayos ang manggas ng kanyang long sleeves.

“Mabuti at pupunta rin ako ngayon doon para kausapin si Mayor tungkol bukas. We’re skipping some important rules before a civil wedding. I need to explain it to him. Plus, we’re going to sign the contract there.”

Ano ang ibig niyang sabihin? Na magsasabay kaming pumunta sa munisipyo? Mag tatricycle na lang ako huy!

“Whatever. I’m going now,” sabi ko at tinalikuran siya.

Bumagabag sa aking pag-iisip ang tungkol sa pagkakausap ko kay Nana Sela at Manong Luis. Kaya lang ay pakiramdam ko ‘di pa ako handa kung sakaling tanungin nila ako tungkol sa aking mga magulang at kay Yeshua.

Also, I need to inform Suki. Kahit si Suki na lang. I don’t need to inform my relatives since this is all just for show.

Lumabas ako sa Study ni Riguel. Sumunod naman siya sa akin. Walang imik akong naglakad pababa ng magarbong hagdanan namin.

Nilingon ko ang frame ng aking pamilya. I forgot to ask him about the frame. Why did he preserve it there? I don’t want to overthink. Siguro ay wala lang talaga siyang mailagay. Given that he’s single.

Kumusta naman kaya ang kanyang Lola at Lolo?

Tumayo si Manong Luis sa sofa nang nakita kaming pababa. Tila ba ay may inaasahan siya sa amin. Si Nana Sela ay expressionless na naka upo sa sofa. Pumungay ang mga mata ko sa kanya. I wish I was strong enough to explain to her what happened.

“Magkakaroon ng simpleng handaan bukas dito. Paki sabi po sa mga kasambahay, Nana Sela. Magpapakasal po kami ni Lilienne.”

Humalukipkip ako. Ayaw kong tingnan sa mga mata si Manong Luis. Napawi ang ngiti ni Manong Luis nang nilingon ako. Parehong expresyon naman ang ibinaling ni Nana Sela sa akin.

“Agad-agad, Riguel?” tanong ni Nana Sela.

“Ikaw na, Manong Luis, ang pumunta sa bahay namin para sabihin kay Lolo at Lola. Hindi na nila kailangang pumarito mamaya. Bukas na lang kami magkita-kita sa munisipyo at dito na rin para sa simpleng handaan.”

“Sige, Riguel…” ani Manong Luis at sumulyap ulit sa akin. “Sino ang iimbitahan mo, Lili?”

Umiling ako. “Wala…”

“Lilienne, kahit ang mga kaklase mo noon ay hindi mo iimbitahan? Si Suki? Ang iba mong mga kaibigan?” si Nana Sela.

This is a fucking pain in the ass. Do I need to invite them? It’s just a freaking civil wedding with this jerk.

“Susubukan ko po si Suki. Gusto ko po ng simpleng event. Ayaw kong maraming tao.”

“Oo nga naman, Lilienne. How about your other friends? I’m sure you have new friends?” si Riguel.

Pagod ko siyang tiningnan. His playful smile annoyed me.

“No. Suki will do… Aalis na po muna ako at pupunta ng munisipyo,” paalam ko.

“Dito ka na maghapunan, Lilienne. Dito ka ba uuwi mamaya? Riguel…” ani Nana Sela.

“Dito siya uuwi mamaya, Nana.”

Napatingin ako kay Riguel. Kasali ba iyon sa usapan? Ang akala ko ba ay kung kasal na kami ‘tsaka ako titira sa aming mansyon?

“Where are you staying anyway?”

“May bahay naman akong tinitirhan. Kina Suki sa bayan kaya ayos lang. Naroon ang mga gamit ko kaya roon na ako matutulog.”

“Lilienne, hindi ba ay wala nang tao sa mga Iwamoto? Delikado roon kaya rito ka na matulog mamaya. Pareho parin naman ang iyong kwarto. Hindi ginalaw ni Riguel iyon.”

“Bakit pa kailangan sa kanyang kwarto gayong magpapakasal naman kami bukas, Nana Sela?”

Iritado kong binalingan si Riguel. I can’t believe he’s serious with what he just said!

“Riguel, bukas pa ang kasal n’yo. Sa gabi ng kasal ay dapat ‘di nagtatabi ang mga ikakasal.”

“Nana, ayos lang po kung kina Suki-”

“Lilienne, hindi ka pa rin nagbabago. Matigas parin talaga ang ulo mo. Kung ano ang gusto mo, iyon ang masusunod. Hanggang dito ba naman?”

What the hell? Nawalan ako ng sasabihin. Ngumisi si Riguel at umaliwalas ang kanyang mukha.

“Kukunin namin ang gamit ni Lilienne sa bahay ng mga Iwamoto. Iuuwi ko siya rito mamaya, Nana.”

“Mabuti, Riguel…”

Natakasan ko rin si Nana Sela. Mahigpit na siya noon pero hindi ganito kahigpit. Ganyan ba talaga kapag sobrang tanda na?

Nauna na ako palabas. Nilakad ko na naman ang layo ng mansyon sa gate nang biglang may nag revolution sa likod ko.

Nilingon ko ang isang malaking all-black pick up na may malaking FORD sa harap.

Bumaba ang bintana ni Riguel at nilagay niya ang kanyang braso roon.

“Taga Alegria ka. Alam mong wala masyadong dumadaang tricycle sa labas ng bahay n’yo. Pareho ang tungo natin. Sumakay ka na,” aniya.

Gustong gusto kong ipamukha sa kanya na wala akong pakealam at mag-aantay ako sa gate hanggang sa may tricycle akong makita. Kaya lang ay mag aalas singko na. Kapag nagtagal pa ako ay baka ‘di ko na maabutan ang abogado sa munisipyo.

Umikot ako at binuksan ang kanyang pintuan sa driver’s seat. Pumasok agad ako at inayos ko ang sarili ko. Nilingon ko siya at galing sa aking suot ay binaling niya ang kanyang mga mata sa kalsada.

“Una tayo sa munisipyo. Pagkatapos sa bahay nina Suki.”

Gusto ko na namang umangal kaso lang naalala ko ang sermon ni Nana Sela kanina. Maiisipan ni Riguel na matapang ako kapag ‘di kaharap si Nana kaya tumahimik na lang ako.

Kinuha ko ang cellphone ko at nagtipa ng mensahe para kay Suki. Siya lamang ang sasabihan ko nito.

Ako:

Suki. Riguel is the owner of our land. May offer siya sa akin an ibabalik niya ang mansyon kung papakasalan ko siya. Magpapakasal kami bukas.

Pagkasend noon ay ‘tsaka ko pa lang napagtanto kung gaano ito ka baliw na ideya. Pumikit ako at inisip ulit ang aking pamilya. Inisip ko na iyon lamang ang dahilan ng mga ito para lang mabuhayan ang loob ko.

“You texted Suki?” he asked.

May pagkamanghuhula rin ang isang ito! Nilingon ko siya.

“She won’t come here tomorrow. May trabaho iyon. Sinabi ko lang.”

“We will only have a few guests. If that’s how you want it. Si Lola at Lolo lamang, mga kasambahay, iilang kaibigan noon.”

“Kaibigan mo…” Isabella Thomas for short.

Hindi siya kumibo. Awkward ang naging byahe papuntang munisipyo. Wala akong masabi at ‘di na rin siya nagsalita. Pagkapark niya ay bumaba na agad ako.

Inayos ko ang aking buhok at ang aking damit. Bumaba siya at pinatunog ang Ford.

Nauna siyang umakyat sa magarbong hagdanan ng munisipyo.

“Attorney Alleje!” isang babae ang bumati sa kanya.

Hinawakan pa noong babae ang kanyang braso. Hinawakan ni Riguel ang balikat noong babae. Napangiwi ako.

“Magandang hapon, po! Napadaan ka?” the girl was all smiles.

The other young employees stopped by to see him too. Siguro ay nasa mga eighteen to twenty ang mga edad ng mga hija’ng ito. Bumagal ang lakad ko.

“Kakausapin ko lang si Mayor. Nariyan ba siya? At may papapirmahan ako kay Attorney Abella.”

“Nariyan po sila sa loob,” excited na sagot noong isang medyo kulot ang buhok.

Nilingon ako ni Riguel at tumigil siya sa paglalakad.

“Unang pintuan ang opisina ng Attorney ng Daddy mo. Bilisan mo at kakausapin ko muna si Mayor. Pagkatapos ko ay babalikan kita para sabay tayo kay Attorney Abella.”

Napatingin ang mga babae sa akin. Kulang na lang ay tanungin nila si Riguel kung sino ako at bakit pinagtutuunan niya ako ng pansin.

“Okay…” sabi ko.

He dropped me at the door of my Dad’s lawyer. Dumiretso siya sa looban kung nasaan siguro ang opisina ng Mayor.

May katandaan na ang lawyer ni Daddy. Medyo nanginginig na nga ang kamay nang datnan ko. May sekretarya siyang halos ‘di tumitingin sa paligid dahil sa mga papeles na tinitingnan.

“Attorney, magandang hapon po. Ako po si Lilienne Ylena Altamirano, anak ni Martin Altamirano. Iyon pong may ari ng estate sa La Santa sa harap ng flower plantation.”

“Ha?” ngumiwi pa si Attorney.

Humugot ako ng malalim na hininga. Bingi pa yata! Gusto ko sanang ikwento ang nangyari kay Daddy kaso mahihirapan ako kung ganito.

“Excuse me po, ma’am…” tawag ko sa sekretarya.

Sinipat lamang niya ako at nagpatuloy sa pagtitingin ng mga papeles. Hinarap ko muli si Attorney. Determinadong mas lakasan ang boses ko.

“Iyong lupa po ni Martin Altamirano! Gusto ko pong makita ang Deed of Sale!” sigaw ko.

“Ha? Martin sino?”

Tumayo ang sekretarya. Siguro ay nairita sa ginawa kong pagsigaw. Walang imik niyang hinanap sa mga drawer ng mga papel ang isang bagay.

“Attorney!” mas malaking boses niya. “Martin Altamirano iyong sa La Santa! Ibibigay ko sa kanya ang Deed of Sale! I.D. mo, miss! Upo ka muna!”

Tumango ako at agad nilapag ang aking I.D. malapit sa kanya.

Ilang sandali pa akong nag-antay na mahanap noong babae ang mga papeles. Ngingiti ngiti lang si Attorney sa akin habang nagkakape. I wonder

if he still functions now that he can’t even hear properly?

I imagined Riguel in his old age na ganyan. Kamuntikan na akong humagalpak sa tawa. Kung ‘di lang ako nilingon noong sekretarya ay humagikhik na ako.

“Heto na. Eto naman ang I.D. mo. Papirmahan na lang na kinuha mo ito. Iniwan lang naman yata ito ni Martin Altamirano rito…”

Tumango ako at pumirma na sa logbook. Tiningnan ko ang Deed of Sale.

The Buyer shall pay the seller the amount of Four Million Pesos (Php4,000,000) in cash upon signing of this contract with the balance of Four Million Pesos (Php4,000,000) payable upon presentation of the title transfered under the name of the buyer.

The mansion was sold for 8 Million pesos! Kung ganoon kung babayaran ko si Riguel, apat na milyon ang ibabayad ko sa kanya?

“Maraming salamat po!” sabi ko.

Lumabas na ako ng opisina. Saktong pagdating nI Riguel galing sa kung saan siya nanggaling. Tinupi ko ang Deed of Sale at nilagay sa loob ng aking bag. Taas noo ko siyang hinarap.

“Saw it?” he asked.

Tumango ako. “Nasaan ang Attorney Abella na sinasabi mo?

Dahil hindi ko maaafford iyon! At least I can probably afford a divorce abroad! Not that four million balance, dammit!

Pumasok kami sa isa pang opisina roon. Medyo may kabataan pala si Attorney Abella at nang pumasok ako ay nanatili ang mga mata niya sa akin.

Kung hindi lang pumagitna si Riguel at nilapag sa harap niya ang mga dokumento ay siguro nanatili siyang nakatitig.

“What’s this?” tanong ni Attorney Abella.

Kumuha si Riguel ng ballpen at pinirmahan ang bawat papel na naroon. Pagkatapos ay nilingon niya ako.

“It’s a contract…” ani Riguel.

Pinapirmahan niya sa akin lahat ng pahina ng kontrata. Habang ginagawa ko iyon ay nakataas ang kilay ni Attorney Abella sa akin.

“Contract for what?”

Binigay ni Riguel sa kanya ang isang kopya noon at binasa ng mabilisan ng Attorney. Umiling ito pagkarating sa pangalawang pahina.

“What is this a fixed marraige?” tanong ni Attorney Abella.

“No. It’s a pre nuptial agreement. Look at the header.”

“Don’t fool me, Alleje…” nilingon ako ni Attorney Abella. “Hindi ito ‘yong girlfriend mo, ah?”

“Damn you, Abella!”

Nag-iwas ako ng tingin at nag-isip ng mga maliligayang alaala.

Girlfriend? May girlfriend siya? Bakit hindi iyong girlfriend niya ang gawin niyang asawa nang magkatotohanan na?

“Alright. Alright!” sabay tawa ni Attorney.

Narinig ko ang bawat tuldok sa pirma ni Attorney. Pagkatapos ay binalingan agad ako ni Riguel. This time his expression is hard. I looked at him the same way too.

“Let’s go and get your bags…”

Hindi na ako nagsalita. Hinintay ko munang lumabas kami sa munisipyo bago ako nagsalita.

“May girlfriend ka pala, bakit ‘di siya ang niyaya mong magpakasal?”

His lips curved. Umiling ako at inirapan siya.

“Dapat pala nating lagyan sa kontrata na wala dapat selosang maganap, ‘di ba?”

Ang kapal naman talaga ng apog ng lalaking ito at inaakusahan pa akong nagseselos? Hinarap ko siya.

“FYI, I am not jealous. I’m just giving you a better plan,” sabi ko.

“Kung iba ang inofferan ko, ibig ba noong sabihin na ayaw mo na sa mansyon?”

Fuck him and his fucking logic!

“Whatever! At kapag susugurin ako ng girlfriend mo dahil lang sa kasal tayong dalawa, idedemanda ko kayong dalawa ng… adultery or whatever!”

Humagalpak si Riguel. Uminit ang pisngi ko sa tawa niya.

“Dapat din palang nilagyan ko ng bawal makealam sa kontrata, ‘di ba?”

Para akong puputok sa galit dahil sa panunuya niya. Pinatunog niya ang kanyang sasakyan. Tinalikuran ko siya at nagmartsa ako palayo. Ngayon may tricycle na rito e ‘di magtatricycle ako! Hindi ko na kailangang magtiis pa sa ugali ng lalaking iyon!

Pumara agad ako ng tricycle.

“Lilienne!” iritado at punong puno ng pagbabanta ang boses niya.

“Kina Iwamoto po…” sabi ko sa tricycle at sumakay na ako.

Iniwan ko siya roon. Ilang sandali at ‘di pa nakakalayo ang tricycle ay nakasunod na ang Ford sa gilid. Hinarurot niya ang sasakyan at iniwan ang tricycle.

“Fuck you, Riguel Alleje!” sigaw ko nang nalayo na ang sasakyan.

Wala na akong pakealam sa anong iisipin ng driver. Iniwan ako ni Riguel. Baka nauna nang umuwi at nairita.

Naalala ko tuloy ulit ang totoong motibo ko. Kailangan ko nga palang mabawi ang mansyon!

Kinabahan agad ako. Fuck, Lilienne! Everyday, you need to swallow your pride. Dapat ay ‘di ko na pinatulan ang lecheng lalaking iyon!

Kinuha ko ang cellphone ko kahit alam kong wala akong numero sa kanya. Nabasa ko tuloy ang mensahe ni Suki at iilang missed calls niya.

Suki:

What the hell, Lili? Is that for real?

Suki:

Answer my calls! Dammit! Are you okay?

“Dito ka na, Miss?” anang driver sa akin at tumigil sa tapat ng bahay nina Suki.

Pagkaangat ko ng tingin ay naroon na ang Ford at si Riguel ay lumapit agad sa tricycle. Galit na galit siya nang lumabas ako.

“Anong ginawa mo?” tanong niya.

“Ano?” defensive kong tanong kahit na alam ko iyon.

He licked his lower lip. Pinasadahan niya ng daliri ang kanyang buhok.

“Huwag na huwag mo nang uulitin iyon sa akin! Para kang bata!” aniya.

“Ikaw ang parang bata! Lawyer ka nga, ang dami mo namang ‘di nalagay sa terms mo! Pa terms terms ka pa! Ilagay mo lahat ng gusto mong ilagay diyan! Bawal pakealaman ang personal na buhay! Bawal makealam sa

relasyon ng isa’t-isa! Ilagay mo ang lahat ng ‘yan diyan, Riguel! Wala akong pakealam, gago ka!”

Nagmartsa ako papasok ng bahay nina Suki. Kabadong kabado pa ako dahil sa pagdadabog ko, muntik ko nang nawasak ang pintuan nila!

“Where’s your bag?” tanong niya.

Hinarap ko siya. Pinasadahan niya ng tingin ang buong bahay na puno ng alikabok.

“Nasa taas. Kunin mo…” maarte kong sinabi sabay halukipkip.

Agad niyang inakyat ang hagdanan. Umirap ako at agad nangilid ang luha ko.

Fuck this life. Am I doing this?

Ilang sandali ang nakalipas ay bumaba na siya dala ang luggage ko. Hinarap niya ako nang nakababa na siya.

“Mauna ka na palabas. Ako na ang magsasarado nito.”

Umirap na lang ako at hinayaan siya sa gusto niyang gawin. Kailangan kong tiisin ang lahat ng ito. Ang kagaguhan ni Riguel at ang lahat lahat ng nararamdaman ko para lang mabawi ulit ang mansyon.

Lilienne, ito na lang ang hinihingi sa’yo hindi mo pa kailangang magtiis?

Pinatunog niya ng dalawang beses ang Ford. Agad akong pumasok sa loob. Pinasok niya sa back seat ang aking luggage bago siya pumasok sa driver’s seat.

“Bukas na natin kitain sina Lolo at Lola. Hindi ko ipapaalam sa kanila ang katotohanan ng kasal nating ito.”

Nilingon ko siya. I can’t believe that Riguel is such a monster. Kahit sa grandparents niya ay kayang kaya niyang mag sinungaling!

“You can do that to them, Riguel?” tanong ko.

Hindi siya kumibo.

“Your hunger for power can change you to this? Kaya mong magsinungaling sa kanila?”

“Why? You can even marry someone you don’t love in exchange for a property, Lilienne. Anong pinagkaiba ng gagawin mo sa gagawin ko?” malamig niyang tanong pabalik.

Kabanata 25

Kabanata 25

*OceanofPDF.com*

Home

Umalis si Riguel pagkatapos ng hapunan. Ang sinabi niya ay pupuntahan niya raw ang Lolo at Lola niya.

“Do you have a dress tomorrow?”

“Yup…” sagot ko.

Tumango lamang siya at nagpaalam na sa akin. Hindi ko makausap si Nana Sela dahil abala siya sa pagmamando sa mga kasambahay para bukas. Kaya imbes na manatili ako sa dining table ay umakyat na lang ako sa kwarto ko.

Sa pintuan ay nilingon ko ang kwarto nina Mommy at Daddy, pagkatapos ay ang kay Yeshua. Tinitingnan ko pa lang ay nasasaktan na ako.

Inipon ko lahat ng tapang ko para lang buksan ang kwarto ni Mommy at Daddy. Binuksan ko ang ilaw ng kwarto roon at ilang sandali akong tumitig sa kanilang kama.

We used to cuddle here. Naaalala ko pa ang habulan namin ni Yeshua noon. Pareho kaming nakapajama at nagpapaluan ng unan. Tuwing nasasaktan ako sa palo niya ay agad niya akong yayakapin at hahalikan. Pagkatapos ay pagsasabihan ako na bawasan ang pagiging pilya ko.

My parents really know who’s the better person between me and Yeshua. Kaya kahit na ako ang umiiyak ay pumapanig sila kay Yeshua. Dahil alam nila na simula sa larong iyon, ako ang nagpupumilit kay Yeshua.

I miss Mommy and her support to me. Ano kaya ang reaksyon niya kung nandito siya ngayon? Mommy, papakasal ako kay Riguel bukas.

I smiled at the thought. I wish everything’s that simple.

And Daddy… Si Daddy na hindi ako sinisi kahit kailan. Na tahimik na sumusuporta sa akin.

Tumulo ang luha ko habang inaalala sila. It’s been years since they left me but everytime I think about them, it gets to me.

Higit na isang oras akong nanatili roon at lumipat agad ako kay Yeshua. Pagkabukas ko sa kwarto niya, tulad ng akin at ng kina Mommy, wala ring ginalaw doon. Tila ba iniisip na babalik pa siya kahit na ang totoo ay hindi na.

Niyakap ko ang unan ni Yeshua. Inalala ko ang mga panahong siguro’y masakit ang ulo niya at nililihim niya sa amin. My twin who loves me unconditionally. Na kahit mapahamak ko siya, mamahalin niya parin ako ng walang pag-aalinlangan. How I long for that kind of love. The loves this world give are those that are shallow and with condition. Tila myth na lang ang unconditional love ngayon.

My family taught me so many things… pero ang pinaka ‘di ko makakalimutang tinuro nila sa akin ay ang pagiging matatag kahit na nag-iisa. And I hate how they taught me that. Na kinailangan pa nila akong iwan lahat para lang matuto noon.

Habang umiiyak sa kwarto ni Yeshua ay bigla kong naalala si Suki… sina Nicholas at Leon… sina Tito at Tita… ang aking mga kamag-anak.

They are not my direct family but I know they care for me. They care for me like I’m their direct family. I should be thankful for that.

Bumalik ako sa kwarto ko, nanlulumo at nanghihina. Tumunog ang cellphone ko sa tawag ni Suki.

“Bakit ngayon mo lang sinagot? Anong nangyayari? Nasa bahay ka ba?”

“I’m sorry, Suki. Nasa mansyon ako ngayon. Hindi ako tumuloy sa inyo dahil kagustuhan ni Nana Sela na rito ako matulog. Para bukas sa kasal ay-”

“Ikakasal ka talaga, Lilienne? Anong kahibangan ‘yan?”

Bumagsak ako sa kama. Isang oras ko yatang inexplain sa kanya ang nangyari dahil paulit-ulit ang mga tanong niya.

“Bakit bukas agad? Dadalo ako, Lilienne!”

“Huwag na. This is just for show, anyway. Before you know it, wala na kami…”

“Lili! Pakiusapan mo si Riguel na… fuck… is that why Basty’s out of town?”

“Huh? Basty is out of town? Nagkikita ba kayo?”

“He’s working in our company, Lilienne. At nakarecieve ako ng half day notice sa kanya kanina at ‘di niya pa natatapos ang audit. Dammit!”

“Oh?” Napangiti ako at niyakap ang unan. “So… they’re coming for our wedding?”

“Bakit ‘di ko naisipan! Dapat nariyan ako!” ani Suki.

“I’m sorry, Suki. It’s okay, though. This is nothing to me. At saka, maaga kami bukas. Masstress ka lang.”

“Nothing to you? Magpapakasal ka! Alam mo ang ibig sabihin noon? Wala kang kawala!”

“Siya ang walang kawala. I’m an American citizen. I can file my divorce abroad. I don’t know why he’s doing this for power. Ganoon pala talaga siya ka gago. At kahit na may girlfriend siya ay hahayaan niya.”

“May girlfriend siya?”

Umirap ako. Andito na naman tayo. “His lawyer friend said I don’t look like his girlfriend kaya malamang meron. Malay ko at palusot niya lang ang pagpunta ngayon sa kanyang Lolo at Lola. Ang totoo pala ay pumunta sa kanyang girlfriend. Maybe he assured her that in six months he’d marry her. And then what’s next? Kama.”

“Lilienne ha. Pwede ka nang mag writer sa mga sinasabi mo riyan! Tinanong mo ba siya tungkol sa girlfriend niya? Baka naman wala? Baka joke lang!”

“Ewan ko. Wala akong pakealam, Suki. Ang importante ay mabawi ko itong bahay na ito. Tapos!”

“Walang pakealam? Sure ka? Mamaya mahulog ka na naman riyan. Mahal na mahal mo pa naman ‘yan!”

“Are you kidding me? I’ve learned my lesson very well. At ngayong naprove ko na na talagang ganoong klaseng tao siya ay mas gumrabe ang pag-ayaw ko sa kanya.”

“But Lili, you’re marrying Riguel Alleje. My god, that’s something!”

“You make it sound so big. We’ll divorce soon. I’ll be free in the US soon and who knows… papakasalan ko na lang si Eric. I’d rather a fuckboy than this monster here.”

“Lilienne!” banta ni Suki.

Pumikit ako habang nasa tainga pa ang cellphone.

“By the way, tuloy ka ba sa trabaho rito?” tanong ni Suki.

Napadilat ako roon. Oo nga pala at nangako akong magtatrabaho sa kanila!

“I’m gonna ask Riguel kung kailan siya pupuntang Manila. Nandito lang naman yata siya ngayon dahil harvest. Kapag nasa Manila na siya, pupunta na rin ako at magsisimula na ako riyan. Pwede bang sa condo mo ako tumira?”

“Sa condo ko? E… mag asawa kayo ni Riguel ah? May condo ‘yan dito panigurado!”

Nagtiim bagang ako. Muntik ko nang nakalimutan ang parteng iyan. Oo nga pala at mag-asawa na kaming dalawa.

Mahaba pa ang naging usapan namin ni Suki. Sinabi pa niya kung ano ang dapat kong suotin at kung ano ang dapat make up.

Feeling niya pa ang galing galing niya dahil binili namin iyong cream colored dress na pwedeng suotin sa civil wedding bukas.

Habang nag-uusap kami ay sumagi ulit sa isipan ko ang ginagawa ni Riguel ngayon. It's late… He's not yet home, huh?

Maybe he's with his girlfriend?

Pinaghalong pagod at sakit ang naramdaman ko dahilan ng pagkakatulog sa aking kwarto. Suki promised she'd visit Alegria again for me.

Hindi ko alam paano nagawa ni Riguel ang lahat ng iyon at bakit talagang kinaumagahan ang kasal naming dalawa. Ang alam ko mahabang proseso pa iyon. Pero kumpleto na rin kasi talaga ang Birth Certificate ko. Madaling makuha sa munisipyo ang ibang mga papeles lalo na't lawyer siya.

Hinayaan kong nakalugay ang buhok ko. Umaalon ang baba nito kaya nagmukhang may arte rin. Light make up lang ang ginawa ko. Kulay pink ang lipstick at natural brown ang eye shadow.

Habang tinitingnan ko ang sarili ko sa salamin ng aking tukador ay may naalala ako. I checked the drawer and there I saw the Rolex my Mom and Dad bought me for Riguel's graduation.

Ang sabi niya sa akin noon, ibibigay ko lang ito kapag successful na siya. Now he's successful pero 'di ko naman maibibigay sa kanya. Hindi ko kaya. At para saan pa? Para saan pang emosyon ang lahat ng ito.

Binalik ko iyon sa drawer. Pinuntahan ako ng kasambahay sa aking kwarto at pinaalahanan.

"Ma'am Lilienne, si Attorney nasa munisipyo na po. Kukuhanin ka ng isang sasakyan dito kasama si Manong Luis ngayon."

Tumango ako. "Salamat. Bababa na rin ako ngayon."

Tumunog ang cellphone ko pagkaalis niya. Si Suki iyon na tumatawag. Hanggang ngayon ay hindi niya parin kayang isipin na hindi siya

makakadalo sa kasal ko. Paulit ulit kong pinaalala sa kanya na wala lang ang lahat ng ito at hindi niya kailangang dumalo.

Bumaba ako at nakita ko si Nana Sela at Manong Luis sa sala at naghihintay. Pareho silang bihis na bihis at malapad ang ngiti. Pilit akong ngumiti habang bumababa.

Hindi ko alam kung bakit ang bigat ng nararamdaman ko ngayon. Naisip ko kung tatanungin ba ako ni Nana Sela tungkol sa pamilya ko sa byahe. Kapag nangyari iyon ay baka hindi ko na mapigilan. Baka masabi ko na sa kanya ang totoo.

“Kay ganda mo talaga, Lilienne…” ani Nana Sela sa akin.

“Maraming salamat po, Nana.”

“Noon pa man ay alam ko na na maganda ka. Pilya at madungis madalas pero maganda. Ngayon, nagbago kang talaga. Naging dalaga ka na.”

Tipid akong ngumiti at hinawakan si Nana para na rin alalayan.

Sa isang kotse kami sumakay. Si Manong Luis ang nagdrive doon.

Sa gitna ng byahe ay abala si Manang sa pagtatanong kay Manong Luis tungkol sa mga handa na nasa likod ng bahay. Ngumingiti lamang siya sa akin tuwing nadadaanan ng tingin.

Somehow, it kind of relieved me. I don’t want her to ask me about my family. I really just don’t know how to begin.

Nang dumating kami sa munisipyo ay napansin ko ang iilang sasakyan. Is it just me or mas dumami ang nakapark doon?

I expected Basty and Mateo to be here. They are Riguel’s friends after all. Sana nga pala inimbitahan ko si Leon at Freya, pati si Julio at Russel. I don’t even know if Julio and Russel are still here. Kung bakit ba kasi agaran ito at hindi ako nakapaghanda. Not that it matters to me. I just hate seeing a crowd without my friends.

Tama nga ang hinala ko.

Pagkapasok ko sa opisina ng mayor ay naroon halos lahat ng kaibigan ni Riguel ang naroon. I even saw a few girls. Nagulat ako nang naroon si Isabella Thomas. Naka ponytail ang mahaba niyang buhok. Nang nagtama ang paningin namin ay nag-iba agad ang ekspresyon ng kanyang mukha.

Her mother's there too. Basty, Mateo, Riguel's high school and college friends. They're all here.

Naglahad ng kamay si Lola sa akin. Nagulat ako sa ginawa niya. Nag-alinlangan pa akong magmano.

Tinanggap ko at nag mano ako. Pati kay Lolo. Pagkatapos ay niyakap ako ng dalawang matanda. I felt their warmth… but then… as I watched the crowd parang naninikip ang dibdib ko.

This isn't my family. I don't even know them. I don't know if they genuinely care for me. Nakangiti sila sa akin. Nakangiti ako pabalik. Ngunit parang pinipiga ang puso ko. I feel like I just don't belong. Like I'm trying so hard to be part of them but I just can't… because my family isn't here.

Kahit si Suki na lang sana, Lilienne, sana inimbitahan mo rito. O kahit si Leon at si Freya. Tumingala ako dahil sa nag-aantabay na luha sa aking mga mata.

They are all so happy but I couldn't even find the happiness in me.

Ayos lang. Pagkatapos nito, Lilienne, ayos na. Ayos na. Makuha mo lang ang mansyon, ayos na.

Tinabihan ako ni Riguel. Nakatingin siya sa akin at ayaw ko siyang tingnan pabalik. Pakiramdam ko kasi kapag titingnan ko siya ay mas lalo lamang akong masasaktan. Here is the man I loved… now he's using me to get to his ambitions.

I have no family here. I have nothing. I have no one. I am alone. In the sea of people, I am still alone. In my hometown, I am still alone.

Tumulo ako luha ko. Nanatili ang mga mata ko kay Mayor na nagsimula na sa kanyang sasabihin.

Dumikit din ang mga mata ni Mayor sa akin. Siguro ay nagtataka sa aking pagtangis. Umiling ako at ngumiti to assure him that these are tears of joy.

“Lilienne…” ani Riguel sabay bigay sa akin ng puting panyo.

Umiling ako at ngumiti na lang din sa kanya. “Hindi na…”

Pinunasan ko ang gilid ng aking mga mata pero walang prenong namumuo ang mga luha ko.

Malalagpasan ko rin ito. Tulungan mo naman ako o… My, Dy, Yesh…

Humugot ako ng malalim na hininga at nilingon si Riguel. Igting-panga niyang pinipirmahan ang marraige certificate. Nanatili ang mga mata ng Mayor sa akin.

“Tears of joy, Mayor…” I said in a playful tone.

Tumango si Mayor at binigay na rin sa akin ang certificate. Pumirma ako ng mabilisan. Ayaw ko nang mag-isip. Ayaw kong gumawa ng kumosyon doon.

Pagkatapos ng pirmahan ay dineklara ng kasal na kaming dalawa. The mayor asked us to share a kiss.

“Kiss na ‘yan!” sigaw ni Mateo galing sa mga nanonood.

“Kiss!” maligayang panunuya ng iba.

Hinarap ako ni Riguel. I can see nothing in his face but anger. I tried to smile to fake it. I need to fake it. These people wants to see us happy. At least give them that satisfaction.

“I’m going to kiss you…” he whispered.

Bahagya lamang akong tumango. Pumikit ako, anticipating his kiss. Mabilisan ang halik niya. Tila ba nilapat lang at binitiwan agad. Nakapikit parin ako nang natapos na ang halik niya.

Unti-unti akong dumilat. Nakaharap na siya sa mga tao. Hinawakan niya ang kamay ko habang pinapalakpakan kami ng mga tao.

Huminga ako ng malalim at nilingon ang mga taong naroon. Even Isabella Thomas is clapping. Pero nang tumama ulit ang tingin niya sa akin ay nakita ko ang iritasyon niya.

Is she the girlfriend Attorney Abella is talking about? I don't know but she could be. Nandito pala siya sa Alegria, e. Baka siya ang pinuntahan ni Riguel kagabi, hindi ba?

Ilang picture ang nagawa namin kasama ang guests. Mayroon ding kami ni Riguel. Hawak hawak niya ang kamay ko at para lang itong patay sa pagkakahawak niya. I don't even respond to his touch.

Nauna nang umalis ang mga bisita. May handaan para sa lunch sa mansyon at doon ang tungo ng lahat.

"Riguel!" tawag ni Isabella. "Sa mansyon ba o sa bahay n'yo?"

"Mansyon…" sagot ni Riguel.

Tumango si Isabella at sinulyapan ako bago tuluyang pumasok sa kanyang kotse. Pinatunog naman ni Riguel ang kanyang sasakyan kung saan doon daw ako sasakay kasama si Lola at Lolo.

Tinawag ni Riguel ang mga matatanda na kausap ni Nana Sela at ilan pang importanteng panauhin. I held the door open for them para mas madali silang sumakay.

Nagtama ang tingin namin ni Riguel habang inaalalayan niya ang kanyang Lola.

"Maraming salamat, Lilienne. Hindi mo pa naikukwento kung paano nagpropose ang apo ko. At kung paanong pagkauwi mo ay nagpakasal agad

kayo…” ngumisi si Lola.

Shit.

“Oo nga po, Lola. Ikukwento ko po mamaya habang kumakain sa inyo…”

I need to find a story that seems natural. Na ano? Na Long Distance Relationship ang meron kami nI Riguel at pagkauwi ko rito ay nagpropose na siya?

Pumasok ako sa front seat. Si Riguel ang magdadrive. Hindi parin natatapos si Lola sa kanyang mga tanong.

“At hija, bakit wala ang mga magulang mo? Pupwede naman sana itong patagalin ni Riguel para lang makaabot sila-”

“Ayaw kong patagalin, la. Habang nandito siya, gusto kong magpakasal kami agad…” ani Riguel habang pinapaandar ang sasakyan.

Naitikom ko ang bibig ko. Ang galing din talagang magpalusot ng isang ito!

Tumawa si Lola. Mukhang tuwang tuwa sa sagot ni Riguel.

“Kailangan ay magpakasal din kayo sa simbahan, Hijo. At iyong kasama na ang pamilya ni Lilienne.”

“Pag iipunan ko po iyan. Paniguradong magastos iyan dahil mayaman ang mga kamag-anak ni Lilienne…” ani Riguel.

Napatingin ako sa kanya. Sumulyap lamang siya sa akin at kumunot ang noo.

“Naku! Anak… ang dami mo nang pera ngayon. Kung hindi dahil sa pagsisikap mo sa plantation ay paniguradong hindi mo kaya ang mga kaya mo na ngayon…”

Ngumiti si Lola sa akin. Sinuklian ko na lang din siya ng ngiti.

“Sige nga, hija. Magkwento ka at paano ka ba talaga niligawan nitong apo ko? Alam mo noon, itong Lolo ni Riguel ay araw-araw na nagbibigay ng pulang rosas sa akin noong nanliligaw pa lang siya…”

Ngumiti ako kay Lola habang nakikinig sa kwento niya. Iniisip ko rin ang aking mga karanasan.

“Walang tigil na nagbibigay.”

Tumawa ang Lolo ni Riguel.

“Ayaw ko sana sa kanya kaso mapilit at malambing kaya sinagot ko. Kayo ni Riguel, alam kong noong mga high school pa lang kayo ay nanliligaw na itong apo ko sa’yo. Ikwento mo naman kung paano.”

Nahilaw ang ngiti ko sa tanong ni Lola. Now that she’s asking me that question, I realized na wala nga pala akong maisasagot. Riguel did not court me. He never did. Ako iyong may gusto sa kanya. Ako iyong pumupunta sa classroom niya. Ako iyong pumupunta sa ACC. Ako iyong nagpumilit. He never really courted me at all. Kaya hindi ko alam kung anong isasagot ko.

“Lola, ang tagal na po noon. Hindi ko na po masyadong maalala…” tipid ang ngiti ko.

Kumunot ang noo ni Lola. “Ganoon ba? Matagal na rin iyong amin ngunit naaalala ko pa naman! Matalas pala ang memorya ko?”

Nagtawanan ang dalawang matanda sa likod. Umayos ako sa pagkakaupo at tiningnan ang daanan. Nangilid ulit ang luha ko.

I forced myself into this situation. Simula’t sapul puro pagpupumilit lang ang ginawa ko. Simula pa noong ayaw ni Riguel sa akin, pinilit ko siya. Hanggang ngayon, heto ako at nagpupumilit parin.

“Lilienne, pass my phone. It’s on the dashboard…” ani Riguel.

Tumango ako at agad na binuksan ang drawer sa dashboard. Kinuha ko ang iPhone roon at nilahad sa kanya.

“Ilagay mo ang numero mo riyan…”

Kinagat ko ang labi ko at tiningnan ang kanyang cellphone. His screen lock is plain black. I swiped it. Walang password.

Tinipa ko agad ang aking numero doon. I typed in “Lilienne” and saved it.

“Tapos na…” sabi ko.

“Hanapin mo rin ang numero ko. Ilagay mo sa cellphone mo…” ani Riguel.

“Okay…”

Para akong robot na sunodsunuran dahil sa nararamdaman ko ngayon. I feel so fucking down. I did not expect that I’m going to feel this on my wedding day.

Noon iniisip ko sobrang perfect ng mga kasal. Iyan iyong mga araw na lahat ay nagsisikap para gawing perpekto ang araw. Pero ngayong nararanasan ko na… bakit kay hirap maging masaya? Kahit hindi na lang perpekto.

I closed my eyes and think about why I’m doing this. I need to remember the only reason why I’m doing this. My family… the promise… those are my only motivation.

Hindi nagbago ang bigat ng loob ko pagkalabas namin ng sasakyan. Naroon ang lahat sa garden. May mga pagkain at inumin sa mahahabang mesa at may rounded tables para sa guests.

Hinawakan agad ni Riguel ang kamay ko at hinigit niya ako patungo sa mga naimbitahan niyang mga politiko, lawyer, judges, at kung sinu-sino pang malalaking tao sa Alegria. My duty is to smile at them and make them believe that it’s a happy day.

Mahusay akong artista kaya hindi na naging mahirap iyon.

“Enjoy the food…” sabi ko sa kanila.

“Enjoy din, Mrs. Alleje. Hindi ko alam na ganito pala ka ganda ang girlfriend ni Riguel…” sabi noong isang lawyer siguro na kaibigan ni Riguel.

Ngumiti ako sa lalaki. Hinigit agad ako ni Riguel palayo roon. Nagkatinginan kami.

“Pinapasok ko na ang mga gamit mo sa kwarto ko. Doon ka matutulog ngayong gabi…”

Hindi na ako nagsalita. This day is emotionally exhausting. Tanghali pa nga lang ay pagod na ako.

Pinaupo ako sa lamesang para sa amin ni Riguel. Nagserve na ng mga pagkain ang mga kasambahay. Si Riguel naman ay nakikipagbatian sa mga kaklase niya noong college. Nagtagal siya roon sa kanila at nakita ko kung paano siya pinagpipiyestahan ng mga babae. Nina Isabella.

Bumalik lamang siya sa tabi ko nang kailangan nang kumain.

“This is a toast to Riguel and his wife! Best wishes, Lilienne, Riguel. I hope you both find happiness in this journey. You’ve been together for years. You found each other again right now. I’m sure that means something. I’m sure that means destiny wants you together. So… again… to Mr. and Mrs. Riguel Alleje!” sabay pataas ni Basty sa kanyang inumin.

Destiny, huh? Destiny has nothing to do with all these. I was not destined here. Because if I was, I should feel that way, right?

Tumagal ang party ng ilang oras. Chikahan, inuman, kainan, kantahan, sayawan. Iyon ang mga ginawa ng lahat. Nanatili naman ako sa aking lamesa. Naroon na sina Lola at Lolo kasama ang iilang matatandang panauhin.

Paulit ulit nilang kinwento sa harapan ko kung paano nanligaw ang kani kanilang mga asawa. Wala akong ginawa kundi ang ngumiti at makinig dahil wala naman akong masabi.

Hanggang sa gumabi ay nagpatuloy ang party. Tumawag na lang si Suki para mangumusta kaya iniwan ko sila para sagutin iyon.

It’s funny because I felt relieved because of her call. I feel like finally, makakawala na rin ako sa kanila. Para bang isang pasakit ang sumama roon. And it’s rude. It’s not their fault.

“Ano na?”

“Hindi pa tapos ang party. Kasalukuyan parin sa labas. Sinabi ko na kay Nana Sela na aakyat na muna ako para magbihis dahil masakit na ang paa ko.”

“Si Riguel?”

“He partied with his friends.”

“He didn’t care about you?”

Halos matawa ako sa tanong na iyon. Nakalimutan ba ni Suki ang lahat ng sinabi ko.

“I told you, Suki. How can he care about me when all these aren’t real?”

Binisita ko ang aking kwarto. Nakita kong wala na nga ang gamit ko roon. Lumabas ako at dumiretso sa kwarto ni Riguel.

Binuksan ko iyon at nagulat ko na kasing laki iyon ng aming master’s bedroom. Complete with sofa, flatscreen, a little study, speakers, and a king size bed! May terrace pang bukas na bukas.

Hinipan ng hangin galing sa plantation ang kurtina. Sinarado ko iyon para hindi na pumasok ang lamig.

I put the phone on speaker mode as I removed my shoes.

“But… he must care for you still. You’ve been together before.”

“You probably forgot. We weren’t even an item. Pinagpilitan ko lang ang sarili ko noon.”

“Oh, Liliennne! Alam mo ba kung kailan ang balik n’yong Maynila?”

“Hindi pa…”

“Sige. Bibisitahin kita riyan soon. I can feel your depression in your voice.”

“Ayos lang ako, Suki. Ngayon lang ito. I kind of hated this day. I’m not usually like this.”

“I’ve seen you depressed in L.A., New York, and almost everywhere in the U.S. I know how you sound like when you are. You definitely sound like this.”

“That was different. I lost my family, Suki. Syempre, magiging depressed ako. Ngayon, I’m just probably homesick.”

Naghubad ako at mabilisang nagbihis ng pangtulog. Kinuha ko iyong mga pinamiling pantulog ni Suki sa akin. I wore the silky lavender shorts and it’s lingerie. I hope Riguel party’s all night. The bed is big. We won’t even touch, I’m sure.

Humiga na ako at nilagay ang cellphone sa tainga pagkatapos pinatay ang loud speaker.

“To be homesick in your own home. That’s ridiculous.”

Ngumiti ako. “Ngayon ko lang napagtanto… It’s the people you love… that’s your home. Wala na sila, Suki. Kaya wala na rin dito ang home ko.”

“Lili…”

Sa sobrang pagod yata ay nakatulog na lang ako. Ni hindi ko man lang napatay ang tawag ni Suki. Hindi ako nakapagpaalam.

Nalaman ko iyon nang napadilat ako dahil sa isang kaluskos.

It’s dark in our room and I can see Riguel’s reflection. Hindi ko alam kung magsasalita ba ako o hindi.

I can smell him from here. His scent is mixed with mint and alcohol. Nagtatanggal yata siya ng sapatos. Nakaupo siya sa kama at nakatalikod sa akin.

He’s topless now. Pagkatapos magtanggal ay tumayo siya at nagtanggal na rin ng pantalon. Pumikit ako ng bahagya hanggang sa naramdaman ko ang pagkawala ng unan sa gilid ng kamay ko.

Dumilat ako at nakita siyang umalis.

He’s not sleeping here. I don’t know why but it made my heart heavy.

Bakit nga ba ulit ako pumayag sa kasunduang ito? Kailangan kong maalala. Fuck…

Kabanata 26

Kabanata 26

*OceanofPDF.com*

Selos

Inangat ko ang ulo ko para tingnan kung saan siya nagtungo. Sa sofa siya humiga. Doon yata matutulog.

Dilat na dilat ako pagkatapos siyang makita na ganoon. Alam kong pareho kaming dalawang hindi masaya sa nangyari. He probably purposely got drunk because he didn't like what's happening.

Alas nuebe y media nang katukin ako sa kwarto.

"Ma'am Lili, tanghali na po. Mag almusal na kayo…" tawag ng kasambahay galing sa labas.

"Opo. Babangon na…" sabi ko.

Pikit pa ang isang mata ko nang nilingon ko ang kurtina ng terrace. Humikab ako at nilingon ulit ang sofa sa 'di kalayuan. Wala na roon si Riguel. Siguro ay kanina pa siya bumangon.

Bumangon ako at nilingon ang maliit na lamesa sa gilid. Hinubad ko kagabi ang singsing ng wala sa sarili. Ngayon ay naroon parin ito at may nakapatong na note.

Pinulot ko ang singsing at kinuha na rin ang note. All caps na sulat kamay ni Riguel ang nabasa ko.

"Wear this at all times."

Binaba ko ang note at sinuot na lamang ang singsing. Is this expensive? Why do I have to wear it even in my sleep?

Pagkatapak ko sa sahig ay nakita ko ang isang bagong pambahay na tsinelas sa gilid ng aking paa. Is this for me?

Nagkibit ako ng balikat at sinuot na lamang iyon. Tumayo ako at tinungo ang salamin. Sinuklay ko ang buhok ko gamit ang aking mga daliri. Hindi pala ako nakapag tanggal ng make up kagabi.

Hinalughog ko ang kwarto ni Riguel. May walk in closet at bathroom doon. Sa walk in closet niya, nakita kong kaonti lang ang damit niya. Higit sa kalahati ang wala pang laman. Then, I guess I can put my clothes here, huh?

Inuna ko muna ang pagligo at pagbibihis para sa araw na iyon. White spaghetti strap top and short shorts ang sinuot ko pagkatapos kong magbabad sa bath tub.

Alas diez y media nang lumabas ako ng kwarto. Dinungaw ko ang sala at nakita ko ang mga regalo sa lamesa roon. Hindi pa nagagalaw. Ako ba ang magbubukas ng mga iyan?

Hindi ko maitanggi ang excitement ko. I love presents. Though these aren't entirely for me, I still like the thought of opening them.

Bumaba ako sa hagdanan. Pababa ay binilang ko ang mga naroon. May malalaking regalo at may maliliit din. Hindi ba naisipan ni Riguel na buksan na lang ito?

Lumiko ako sadining table at nakita ko roon ang almusal na hinanda ng mga kasambahay. Toasted bread, hotdog, egg, ham, garlic rice, at juice ang naroon. Umaligid agad sa akin ang isang kasambahay at inayos ang aking pinggan.

"Ayos lang. Kaya ko…" sabi ko kahit na nagsasalin na siya ng juice sa baso. "Anong pangalan mo?"

"Inday po, Ma'am…" sabi niya sabay ngiti.

Maiksi ang buhok ni Inday at tulad ng ibang kasambahay ay nakauniporme. Iyon ang ideya ni Nana Sela noon para malinis daw tingnan. Hindi iyon gaanong gusto ni Daddy at Mommy kaya hindi nasusunod. Ngayong si Riguel na ay baka hinayaan niya na lang si Nana Sela na mamuno.

"Asan ang ibang kasambahay?" tanong ko.

"Si Geling naglilinis ng guestroom, si Marya nasa labas nagwawalis."

"Si Nana Sela?" tanong ko.

“Si Nana nasa kanyang kwarto. Umidlip lang saglit.”

Tumango ako at tinusok na ang hotdog sa aking pinggan.

“Kakapagod kasi kahapon, ma’am. Alas dos na natapos ang party. Ayaw pang umuwi ng mga bisita ni Attorney. Nga po pala, ma’am, ang aga n’yong natulog kagabi, ah? ‘Di n’yo na nahintay si Attorney.”

Nginuya kong mabuti ang pagkain ko pagkatapos ay uminom na lang ng juice na sinalin ni Inday kanina.

“Pagod ako kagabi. Nga pala… nasaan si Riguel?”

Pinasadahan ko ng tingin ang paligid. Iniisip kong nasa Study siya at nagtatrabaho ng kung ano.

“Nasa plantation po siya. Inaalalayan ang harvest ng mga bulaklak. Kasama niya po si Mang Luis at iba pang mga tauhan.”

Nagngising-aso si Inday. Kumunot na lamang ang noo ko.

“Si ma’am… Miss agad si Attorney…”

Tumili pa siya.

Hindi ako makangiti. I find it so ridiculous. Napawi ang ngiti ni Inday nang nakita ang ekspresyon ko. Para bang sinisisi niya pa ako sa pagbabago rin ng mood niya.

“Si Ma’am naman… Gusto n’yo po tawagin ko si Attorney? Anong sasabihin ko ma’am?”

Umiling ako. “Huwag na at marami akong gagawin. Magbubukas pa ako ng mga regalo at titingnan ko pa…”

Natulala ako bigla. How weird… This is my family’s house but I feel like it’s not anymore my family’s house. And right now I need to feel that it is mine because I married Riguel.

“…kung… saan magagamit ang mga iyan.”

“O sige po… Sure po kayong ‘di ko na tatawagin si Attorney?”

“Oo, huwag na. Abala pa iyon…” sabi ko.

Mabuti naman at nilubayan na rin ako ni Inday nang kumain ako. Mag-isa lamang ako sa hapag at medyo natutulala paminsan minsan.

Naisip ko tuloy kung ilang araw ko itong gagawin. Ilang araw kaya ang harvest at magtatanim ba sila agad? Ibig sabihin busy si Riguel sa mga susunod na araw. Not that I want to see him. Mas maganda nga iyong abala siya at para ‘di kami madalas magkita.

“Nagpipills ka ba?” tanong ni Suki habang nagpupunit ako ng mga regalo.

Nasa trabaho siya ngayon at mukhang niloud speaker niya rin ako para makapagtrabaho siyang mabuti.

“Why?”

Natigilan ako sa tanong na iyon. Kahit na may sagot ako para riyan, hindi ko alam kung bakit sa lahat-lahat ay iyan pa ang itatanong ni Suki sa akin!

Humagikhik si Suki. The kind when she’s all giddy. Umirap na lamang ako. We’re bestfriends. I know what she’s thinking.

“Lagi, Suki. At hindi para sa bagay na iyan. It’s to maintain my period…”

“Can you turn your speakers off. I have a question,” ani Suki.

Tinigilan ko ang pagbabalat noong isang regalo na mukhang comforter ang laman. Pinatay ko ang loud speaker at nilagay sa aking tainga ang cellphone.

“I know you’ve been through a lot in the U.S. I don’t even know if you have a time for this but… are you still a V, Lilienne? Friends tayo. Concerned lang ako!” depensa niya.

Holy shit. I totally forgot that she didn't know about this part.

"Uh… No…"

"Oh my God! Oh my God!" ang gulo-gulo niya sa kabilang linya halos ilayo ko ang cellphone sa aking tainga. "Who… Who? Ilan? At talagang nagkaroon ka pa ng oras?"

Umirap na lang ako at nagsimulang magbalat muli ng mga regalo. Pakiramdam ko ay mahihimatay si Suki kapag nalaman niya ang parteng ito. But then it's inevitable… I have to tell her. She's my bestfriend.

"Isang beses lang. Siya…" sabi ko.

"Siya? Sinong siya? Isang beses lang? Weh! Saan? Sa U.S.?"

"Hindi. Dito lang din sa Alegria. Noon."

"Noon? Sinong siya? Noon? Matagal na? Noong… Nong High school? At…" Pataas ang boses niya tila ba pinapagalitan ako. "Sinong siya? Sinong siya, Lili? Si Riguel!!?"

Bumuntong hininga na lang ako. Nagtitili siya at nagkakagulo siya sa kanyang opisina. Para siyang ipinasok sa loob ng washing machine at pinaikot ikot ng ilang minuto.

"Calm down, please. I'm going to make it loud speaker now. Marami pa akong bubuksang regalo."

Pinindot ko agad ang loud speaker at marahas na sinira ang gift wrapper noong isa pang regalo. Isa iyong water dispenser. Tumayo ako at nakapamaywang na tiningnan iyon. May ganito ba rito? Meron yata sa kusina. At kung mayroon, saan ito ilalagay? Sa Condo kaya ni Riguel? May condo ba siya?

"Oh my God! Oh my God, Lilienne!" para siyang nalulunod na hindi ko malaman. "Bakit hindi mo sinabi? At isang beses? Oh my God! May hang ups pa 'yan sa'yo kaya ka siguro pinikot! Oh my God!"

Pakiramdam ko naghahyperventilate na si Suki sa kabilang linya. Narinig ko pa ang pag ‘ahh’ niya mukhang napainom ng tubig.

“Kwento ka naman! Paano nangyari? Oh my God!”

“Tsaka na…” And it’s not worth telling. Ako ba naman ang nag initiate? It’s a big slap to my face!

“Daya mo! Daya daya mo! Siya lang talaga? Ever? Never sa U.S.?”

“Oh bakit ka nagtatanong kung nagpipills ba ako? Ha?”

“Aba, Lilienne! Baka mangyari ulit. E ‘di mabuntis ka at mahirapan kang makawala riyan.”

“Hindi mangyayari ‘yon. At tingin mo talaga may mangyayari sa amin? Wala… ‘no!”

Habang sinasabi ko iyon ay napaangat ako ng tingin sa isang anino sa hamba ng pintuan papasok ng kusina. Riguel is standing there, leaning on the wall.

Fuck. Halos matapon ang cellphone ko nang hinagilap ko iyon at pinindot ang cancel sa loud speaker.

“Sinong kausap mo sa cellphone?” malamig na tanong ni Riguel.

He’s wearing a faded maong jeans and a black v neck t shirt.

“Si Suki…”

Tinalikuran ko siya para kausapin ang naghuhuramentadong si Suki sa kabilang linya. Mukhang alam niyang narito si Riguel.

“Suki, I’ll call you later…”

Pinatay ko ang tawag at hinarap muli si Riguel. Naroon parin siya at nakatingin sa akin.

“Naghaharvest kami ngayon. Dito ka lang.”

“Uh… anong gagawin ko sa gifts? Gagamitin ba ang mga ito?” tanong ko sabay turo sa mga regalo.

“Ikaw ang bahala…”

Umamba siyang aalis kaya agad kong pinigilan. Ang dami kong tanong.

“Nga pala… kailan ka babalik ng Manila?” tanong ko.

“Ako? Hindi ba ay sasama ka dapat kung saan ako pupunta?” Nilingon niya ako.

“Tayo,” I corrected.

“Pagkatapos ng harvest, magtatanim. Babantayan ko. Pagkatapos noon ay babalik na tayo ng Manila.”

Marahan akong tumango. “May matitirhan ba tayo roon?”

“I have a condo in Makati.”

Marahan ulit akong tumango.

“If you’re bored, imbitahan mo ang mga kaibigan mo rito. Si Suki, imbitahan mo.”

“Okay…”

Pagkatapos ng maiksing usapan noon ay umalis na siya. Tiningnan ko pa siya habang lumalayo. Nang nawala siya sa aking paningin ay parang natunaw ang tuhod ko.

Sa susunod ay kailangan ko nang mag-ingat sa pakikipag-usap kay Suki. Kung naabutan niya kaming nag-uusap tungkol sa pills ay baka maisipan pa ni Riguel na may plano akong ganoon sa kanya. Excuse me!

I spent the whole day opening the gifts and transfering some of them to a guestroom. Binukod ko iyong magagamit na ngayon at mga bagay na magagamit sa susunod. Iyong mga kubyertos ay nilagay ko naman sa kitchen.

Habang nilalagay ko sa loob ng kitchen cabinet ay naabutan ako ni Nana Sela.

“Bakit hindi mo na lang inutos iyan kay Inday?” ani Nana Sela.

Nilingon ko siya. Nakaluhod ako ngayon sa cabinet habang inisa-isa ang mga kutsara at tinidor. Lagi kung iniisip na baka tanungin ni Nana kung kumusta na ang mga magulang ko. Hindi ko kayang mag sinungaling sa kanya. She deserves to know the truth. She’s been with us since the beginning. Kaya lang ayaw kong umiyak, ayaw kong balikan iyon, lalong lalo na sa bahay na ito.

“Ah. Kaya ko naman po itong gawin, Nana. Wala rin naman kasi akong ginagawa…” sabi ko.

“Si Riguel ay abala sa paghaharvest. Gusto mo bang panoorin ang ginagawa nila pagkatapos mo?”

Umiling ako. “Hindi na po. Wala rin naman akong maitutulong doon. Ayos na po itong ginagawa ko. Nalilibang naman ako.”

“Lilienne, kadarating mo lang ng Pilipinas. Maiintindihan ni Riguel kung gusto mo munang magliwaliw. Mamasyal sa Alegria o pumunta sa mga dati mong kaibigan.”

“Si Suki po ay nasa Maynila. I kokontak ko pa po ang ibang kaibigan namin at titingnan ko pa po kung nandito ba sila.”

“Sina Leon ay narito. Sa Puertonera lang ang kanilang bahay ni Freya. Baka gusto mong bisitahin,” Nana suggested.

Tumango lamang ako. “Sige po.”

Nang naghapon ay nakatulog ako sa pagod. Inisip ko pa si Leon na talagang nakamtan ang pangarap niyang si Freya. Well, I find that it’s easy to fall for people who are in love and faithful to you. Sa sobrang dalang ng unconditional love ngayon sa mundo, talagang mamamangha ka na lang kung may taong kayang kaya kang mahalin sa paraang iyon. So i think Freya got hooked with his love, too. Or maybe she really liked Leon from the very beginning.

Kinatok ako ng kasambahay nang gumabi na.

“Ma’am, kumain na po kayo…” tawag sa akin.

Sa sobrang pagod ko ay hindi ako kaagad bumangon. Ilang sandali pa bago ako bumangon at naligo muna para gumanda ang pakiramdam.

Pagkababa ko ay mag-isa ulit ako. Si Inday ulit ang nagsasalin ng juice sa aking baso ang aking naabutan.

“Si Nana Sela, Inday?” tanong ko.

“Tapos nang kumain si Nana, Ma’am, nanonood ng TV sa kanyang kwarto.”

Umupo ako roon at pinagmasdan ang mga pagkain. Sinigang at lumpia ang pagkaing nakahanda.

“Si Riguel?” baling ko kay Inday.

“Noong tinawag kita, Ma’am, kumakain siya noon. Umalis din agad para sumama sa truck ng mga bulaklak, e.”

“Ganoon ba…”

Kinuha ko ang aking kubyertos at tiningnan ang aking pinggan. Why do I feel like it’s going to be like this the whole time. Hindi naman sa gusto kong makasabay kumain si Riguel. I just thought he’d treat me better.

What the hell, Lilienne? Seryoso ka ba sa iniisip mo? Syempre ay huwag ka nang mag expect. This is normal. Anyway, you married for the benefits and

not for love. So why do you think will he care for your reactions?

“Wala ka bang asawa, Inday?”

Sa sobrang boredom ay si Inday ang pinagdiskitahan ko. Nalaman kong sa murang edad ay nagkaanak na si Inday. Iniwan siya ng tatay ng anak niya para sa ibang babae. Ngayon ay may kasintahan siya na isa sa mga tauhan ni Riguel.

Her stories entertained me, at least. Tawanan at hagikhikan ang ginawa namin habang kumakain.

I realized how strong she is with her decisions. She loved the father of her child. At kayang kaya niya itong aminin sa akin ng walang pag-aalinlangan. Kaya niya ring sabihin na nasaktan siya at nagkamali sa pag-ibig na iyon. Na bumangon siya at inalagaang mag-isa ang kanyang anak at ngayon ay nagmahal siyang muli.

“Sino naman ang nag-aalaga sa anak mo habang nandito ka?” tanong ko.

“Ah! Si Nanay, Ma’am. Umuuwi naman ako tuwing Linggo kaya nagkikita na kami. Heto po siya…”

Ipinakita ni Inday ang picture ng kanyang anak na mukhang nasa mga apat na taong gulang na. I admire her character as a woman. I admire her strength.

Nanood ako ng TV kasama si Inday at Geling sa sala. Pagkatapos ng tatlumpong minuto ay umakyat na ako para tawagan si Suki.

“Sa unang gabi ay walang nangyari?”

Dapat ‘di ko na lang binanggit kay Suki iyong mga sinabi ko kanina. Ito tuloy ang bukambibig niya ngayon.

“Bakit naman may mangyayari e wala naman kami. Hay naku, Suki!”

“Nag file na ako ng leave. Siguro sa Biyernes ay nariyan na ako. I texted Julio and Russel, too. Sabi nila ‘di mo raw sila inaaccept sa Facebook mo.

Mag open ka naman, oh!”

“Oo. Pagkatapos ng tawag na ito, ioopen ko iyon. Sorry.”

“Okay. Wala bang exact date ang pagbalik n’yo ng Maynila, Lili?”

“Wala, e. ‘Di bale tatawagan kita kapag sinabi na ni Riguel.”

Nakatulog na lang ako sa tawag ay hindi ko nakitang umuwi si Riguel.

Ganoon ang eksena lagi araw-araw. Gumigising ako ng tanghali dahilan kung bakit wala na si Riguel. Pagkatuloy ko naman ay wala pa siya kaya halos ‘di kami nagkikita.

“Si Riguel, Nana?” tanong ko nang si Nana ang nakasabay ko, isang araw, sa hapag.

“Maaga sa plantation at magsisimula nang magtanim ngayon.”

“Ah!”

Bumaling ako sa aking pagkain. Batid ko ang paninitig ni Nana sa akin. Hindi ko na lang sinuklian ang kanyang tingin.

“May problema ba, Lilienne?” tanong niya.

May problema? Ilang araw nang ganito lagi ang eksena! Mamamatay na ako sa boredom dito! Naaccept ko na lahat ng friend request ko at naikwento ko na sa groupchat namin na namatay si Yeshua, si Mommy, at Daddy at walang alam ang mga tao rito! Ganito parin ang eksena.

“Wala naman po…”

“Kung gusto mo tawagin natin si Riguel. Hindi na naman masyadong abala sa plantation ngayon.”

“Huwag na po. Kabuhayan niya ‘yan. Kailangang pagtuonan ng pansin.”

“Kung iyan ang gusto mo…” mataman niyang sinabi.

Sa kalagitnaan ng pagkain namin ay narinig ko ang iilang yapak galing sa sala. Tumuwid ako sa pagkakaupo nang narinig ko ang boses ni Riguel.

“Geling, tanungin mo si Lilienne kung gusto niya bang ayusin ‘yan. Maghahanda muna ako at may aasikasuhin akong kliyente ngayon. Papasukin n’yo iyong taga San Gabriel kapag dumating. Maliligo muna ako,” si Riguel.

Napainom ako ng tubig. Narinig ko ang mga footsteps niya paakyat ng hagdanan. Nilingon ni Nana ang labas para siguro tingnan kung ano iyong inutos ni Riguel.

“Ma’am…” ani Geling nang dumating siya sa kusina.

May dala siyang isang basket ng bulaklak. Nanlaki ang mga mata ko. Red roses, white roses, pink roses, mums, at mga daisy ang dala niya.

“Galing pa ito sa greenhouse. Sabi ni Attorney, ikaw na po ang bahala rito. Baka raw gusto mong ayusin ito.”

Tumango ako at ngumiti. “May mga vase ba kayo? Ilagay mo na lang iyan sa sala at pagkatapos kong kumain, pupunta na ako roon.”

“Sige po.”

Mabilis akong natapos kumain. Naunahan ko pa si Nana Sela sa pagkain. Pinapanood niya kasi ako.

“Nana, mauna na po ako sa inyo at mag aarrange lang ako ng mga bulaklak.”

“Sige…”

Iniwan ko na siya agad doon. Nagpipiyesta ang mga mata ko sa mga kulay. Nakita ko pa ang mga vase nina Riguel na mukhang puro mamahalin. Narito rin ang mga vase namin noon.

“Saan ba ang mga vase na ito galing, Geling?” tanong ko sa kasambahay sa harap ko.

“Ito ma’am para sa labas. Itong tatlo. Itong dalawa sa sala. Itong maliit sa dining table. Ito namang isa pwede sa kusina. Meron din sa terrace, ma’am at. May isa para sa kwarto n’yo at isa rin para sa Study ni Attorney.”

Tumango ako at nagsimula nang mag arrange. Hindi ako masyadong maalam sa pag-aarange kahit na may plantation kami. Iniisip ko kasi dapat ako iyong pagbibigyan noon, hindi ako ang nagbibigay. Ngayon, kailangan ko yatang matuto para sa bahay.

Pumalakpak ako nang natapos ang isa. Bente minutos ko yata iyong ginawa. Nilagay ko kaagad sa ‘di kalayuang coffee table sa amin. Nagsimula na ulit ako sa isa.

At least may pagkakaabalahan ako ngayon, ‘di ba? Maiba naman sa araw na ito.

May tiningnan si Marya sa pintuan. Nilingon ko iyon habang inaayos ang mga bulaklak.

“Pasok po kayo, Miss Vera. Si Attorney ay nasa kanyang opisina na…” sabi ni Marya sabay muwestra sa loob ng mansyon.

“Thank you…” malambing na sinabi ng babae.

Natigilan ako. Nanatili ang mga mata ko sa babaeng naka tube top at mini skirt. Mahaba at makapal ang kanyang straight na buhok. Kulay blonde ang kanyang buhok at medyo maputi ang kanyang balat. Naka five inches black pumps siya at ang kanyang Louis Vuitton bag ay nasa kanyang braso.

Nagkatinginan kaming dalawa at ngumiti siya sa akin. I was caught off guard kaya ‘di ako nakangiti pabalik.

“Sige, pupunta na ako.”

Napansin ko pang may dala siyang isang mukhang box ng cake habang paakyat siya sa aming engrandeng hagdanan.

“Sino ‘yon, Marya?” tanong ko nang tuluyan na siyang nakaakyat sa pangalawang palapag at nawaa na siya sa paningin.

“Si Miss Vera Chio po ‘yon, Ma’am. Kliyente ni Attorney. Taga San Gabriel po ‘yon. May kinasuhan yata.”

“Ah! Ganoon ba…”

Bumaling ulit ako sa mga rosas na inaayos ko. Inabala ko na lang ang sarili ko roon kahit na lumilipad ang utak ko sa kay Riguel at doon sa kliyente niya.

Naiimagine ko pa iyong malapad niyang lamesa. Pinilid ko ang ulo ko at tiningnan ang limang vase na natapos ko na.

“Uunahin ko muna iyong sa kwarto at sa opisina ni Riguel,” sabi ko kay Geling. “Ikaw na ang maglagay nito sa labas at sa kusina.”

Mabilisan ang pagdedesign ko ng para sa kwarto namin at para sa opisina ni Riguel. Atat na akong matapos, e. Atat na akong ilagay doon!

Pagkatapos kong gawin ang mga iyon ay binitbit ko na ang dalawang flowervase paakyat sa taas.

Dumiretso ako sa kwarto. Pabigla ang pagbukas ko roon. Nang nakitang walang tao ay nilapag ko na lang sa lamesa ang mga vase.

Dumiretso ako sa bathroom para tingnan ang sarili ko. Medyo pinagpawisan ako sa pag-aayos sa mga bulaklak kaya nagpolbo ako at nilagyan ng konting lipstick ang aking labi.

Nakatitig ako sa sarili ko pagkatapos noon.

“What are you doing, Lilienne?” tanong ko sa sarili ko.

Umiling na lamang ako at iniwan ang bathroom. Kinuha ko ang isang flower vase na para sa opisina ni Riguel at lumabas na ako ng kwarto.

Papalapit sa opisina ni Riguel ay kabado ako. Parang bumabaliktad ang sikmura ko sa kaba. Tumigil ako nang nasa pintuan na.

May eyehole doon pero alam kong kapag titingnan galing sa labas ay ‘di rin naman kita kung sino ang nasa loob pero sinubukan ko parin.

Wala akong makita, as expected.

Sinubukan kong pakinggan kung ano ang nasa loob. Dinikit ko ang tainga ko sa pintuan pero wala parin akong marinig!

“Shit!” malutong kung mura sabay buntong hininga.

So what kung ilalagay ko sa loob itong vase? Pinag-arrange niya ako, e!

Mabilis kong inikot ang door handle at nagulat ako dahil bukas iyon!

Diretso ang tingin ko sa lamesa ni Riguel at naabutan kong naka yuko ang babaeng kliyente niya habang siya ay nasa likod, dinudungaw ang papel na binabasa.

Nilingon agad ako ni Riguel at kumunot ang noo niya.

“Ilalagay ko lang itong vase…” sabi ko at dumiretso sa rectuangular coffee table sa sofa niya.

Sinundan niya ako ng tingin. Hindi ko siya nilingon. Bahala siya.

Sa coffee table ay naroon ang box noong tingin ko’y cake na dala ng kliyente. Nagawa ko pang sulyapan ang note sa gilid.

Thank you, Attorney Alleje. I really appreciate it.

Nagtaas ako ng kilay at tumuwid ng tayo.

Nagtama ang tingin namin ni Riguel. May naisip ako. Lalagyan ko rin ng vase ang kanyang malaking mesa!

“Lilienne…” anI Riguel bago pa ako tumalikod.

Napalingon ang kliyente sa akin.

“Miss Vera, this is my wife, Lilienne Alleje,” sabay muwestra niya sa akin.

Pekeng ngisi ang dumapo sa aking mukha. Nagawa niya pa akong ipakilala, huh?

“Oh! Kasal ka na pala, Attorney! Ngayon ko lang nalaman ah?” parang nag-aalinlangan pang sabihin noong babae.

Tumayo siya at inayos ang kanyang short skirt. Dumiretso siya sa akin at naglahad ng kamay.

“It’s a pleasure to meet Attorney Alleje’s wife! Mrs. Alleje,” she confidently said.

Tinanggap ko ang kamay niya.

“Liliennne na lang, Miss Vera. Pasensya na sa istorbo. Nilapag ko lang ang mga bulaklak sa lamesa. Aalis na ako para matapos n’yo na ang ginagawa n’yo…”

Matalim ang tingin ni Riguel sa akin galing sa kanyang lamesa. Ngumiti ako sa kanya. Gustong gusto ko siyang irapan.

“Sige. Ang ganda ng mga bulaklak! Ikaw ba ang nag arrange nito!”

“Oo,” sabi ko.

“Ang galing!”

Liar! That’s my first time but whatever!

“Maiwan ko na kayo…” sabi ko at umalis na rin agad.

Pagkalabas ay humugot muli ako ng malalim na hininga. Dumiretso ako pababa para makagawa pa ng isa at mailagay iyon sa lamesa ni Riguel. He won’t expect this one, for sure!

Mabilisan muli ang pag gawa ko sa isa pang arrangement.

“Ilalagay ko lang ito sa lamesa ni Riguel sa taas,” paalam ko kay Geling.

Umakyat muli ako at dumiretso sa kanyang opisina. Nang nasa labas na ay sinubukan ko muling tingnan ang eyehole para makita kung ano ang ginagawa nila. Dahil wala naman akong makita, dinikit kong muli ang tainga ko.

May naririnig akong nagsasalita. Nagsasalita ba talaga ‘yan? Hmm… Ilang sandali ang lumipas ay tumigil ang pagsasalita.

Kinagat ko ang labi ko at mas lalong dinikit ang aking tainga.

Laking gulat ko nang biglang bumukas ang pintuan! Tumuwid agad ako sa pagkakatayo!

Sinalubong ako ng simangot ni Riguel! Napaatras ako dahil humakbang siya palapit sa akin at sinarado ang pintuan. Sa sobrang gulat ko ay nabitiwan ko ang vase na dala at nabasag iyon sa gilid namin. Water spilled and the flowers were scattered on the floor.

Kumunot ang noo ko at nag-angat ng tingin kay Riguel. Ang kamay niya ay nasa likod, siguro’y nakahawak sa door handle.

“What are you doing?” he asked.

“What? Ilalagay ko sana ito sa lamesa mo! Kung hindi ka lang biglang sumulpot at ginugulat ako! Tingnan mo anong nangyari!” sabay turo sa mga bulaklak.

Ni hindi niya iyon tiningnan. Nanatili ang nag-aalab niyang mga mata sa akin. It almost melted my knees!

“Really? Kasali ba iyong pagdikit ng tainga mo rito sa pintuan sa paglalagay mo ng bulaklak sa mesa ko?”

Fuck and he saw it!

“What are you talking about?” painosente kong sinabi.

Nanliit ang mga mata niya. “Sige, ideny mo!”

“Anong ibig mong sabihin, Riguel?” tumawa pa ako para effect. “Na nakikinig ako sa pinag-uusapan? I don’t even care what you two are talking about! Bakit ako makikinig!?”

“Kaya nga? Bakit kita maaabutang nakikinig dito, Lilienne. And my table doesn’t need a vase. Sapat na iyong sa coffee table. Are you going to put that vase there to-”

“To what? Ang kapal mo rin, e, ‘no! Anong tingin mo sa akin? Sa marami tayong vase at naisip ko lang! Kung ayaw mo, e ‘di huwag. Isa pa, sira na ang vase kaya wala na!” sabi ko sabay irap.

“Oh… fuck, Lilienne. Don’t use that on me now. Sabihin mo na lang na gusto mong makinig o manood sa loob at hindi naman kita pagbabawalan!”

Uminit ng husto ang mukha ko sa sinabi ni Riguel. Halos maiyak ako sa inis. Ang kapal kapal kapal talaga ng lalaking ito! Ang yabang yabang! Akala niya ba magbabantay ako?

“Makinig at manood kang mag-isa mo! Kahit na anong ginagawa n’yo riyan ay wala akong pakealam. Kahit na mahuli ko kayong nakahubad na dalawa, wala akong pake!”

Tinalikuran ko siya at bago pa siya makapagsalita ay sinigaw ko na ang pangalan ni Marya.

“Marya! Paki linis po iyong kalat sa may pintuan ni Riguel, please!” sabi ko at tumakbo na ako pababa ng hagdanan.

Shit! Shit talaga! Shit niya! Ang kapal niya!

Narinig ko ang pagsarado ng pintuan galing sa kanyang opisina. Umakyat na si Marya na may dalang walis.

“Nabasag iyong vase. Magdala ka rin ng dust pan at mop…” sambit ko sabay padabog na upo sa sala.

Pagkaangat ko ng tingin sa taas ay nakita kong nagmamadali si Riguel pababa. He’s wearing a white long sleeve shirt and a dark slacks. Nakatingin siya sa akin habang pababa siya sa hagdanan at dumiretso siya sa harap ko.

“Mag-usap tayo…” aniya.

Napatingin ako kay Geling na nag-aarrange ng bulaklak sa harap ko. Kitang kita ko ang pagtataka niya sa sinabi ni Riguel.

“Nag-uusap tayo…” sabi ko.

“Sa kwarto. Tayong dalawa lang…” aniya.

Kitang kita ko ang marahas na paglunok ni Geling sa sinabi ni Riguel. Tumayo agad ako. Ano pa kayang dapat pag-usapan naming dalawa kung tapos na kaming mag-usap sa pintuan?

Nauna na akong umakyat sa kanya. Sumunod si Riguel sa akin. Iniwan niya si Miss Vera sa opisina niya?

Pagkapasok ko sa kwarto ay pumasok siya agad. Sinarado niya ang pintuan at hinarap ako. Umupo ako sa sofa na madalas niyang tinutulugan at niyakap ko ang throw pillow. Sa kama naman siya umupo at hinarap ako.

“Anong problema mo?”

“Wala akong problema.” hindi ko siya tiningnan.

I checked my nails. They’re ruined because of the flowers I arranged.

“Nagseselos ka?” tanong niya sa seryosong tono.

Napaangat ako ng tingin. “Bakit ako magseselos? Aba, Riguel! Hindi ba pwedeng tinitingnan ko lang kung may natitira pa ba sa dignidad ko. Alam ng lahat na mag-asawa tayo tapos kapag nalaman pa nilang may kabit ka pala nang ‘di ko alam, isang malaking sampal iyon sa akin!”

Kinagat niya ang pang-ibabang labi niya at ilang saglit pa siyang nanatiling nakatitig sa akin.

“Ayaw kong magmukha akong katawa tawa. Kakakasal lang natin. Malay ko ba. Malay ko kung totoong kliyente iyon kaya chineck ko lang. At bakit ang guilty mo, ha? May nagawa kang kasalanan? Guilty’ng guilty ka, ah?”

“Sumama ka sa akin sa opisina ko. Magpapahanda ako ng pagkain kay Inday. Doon ka na magmeryenda kasama ko…”

“Hindi na. Kayo na lang mag meryenda. Anong gusto n’yo? Sasabihin ko kay Inday. O… may cake naman ata siyang dala. Iyon na lang tapos juice, ayos na?” humalukipkip ako.

Tumayo siyang bigla. Nagulat ako roon.

“I’m gonna end our session right now.”

“You don’t have to, Riguel!” sabi ko ngunit huli na ang lahat.

Lumabas na siya sa pintuan. Ngumuso ako at humiga na lang sa sofa. Dammit!

Kabanata 27

Kabanata 27

*OceanofPDF.com*

Catch Up

Ilang minuto akong nanatili sa kwarto namin. Pinaglalaruan ko na lang ang corner ng throw pillow habang iniisip ang nangyari.

Bakit niya pa papaalisin? Kung importante iyong gagawin nila, e ‘di gawin nila! Mamaya ako pa ang masisi sa lahat ng mga nangyayari sa kaso nila.

Nang medyo nahimasmasan ako ay lumabas na ako ng kwarto. Tinawag na rin ako nina Inday at Geling para sa pagkain. Pababa ay inisip kong kailangan ko nga rin palang matutong magluto. Buti pa, iyon na lang ang pagkaabalahan ko.

Natuto akong magluto sa U.S. kaso halos wala akong alam sa Filipino food. Iyon ang pag-aaralan ko tuwing bored ako.

Sa dining area agad ako dumiretso. Laking gulat ko na naroon si Riguel sa hapag. Si Nana Sela ang naglalagay ng mga pagkain sa hapag.

Sumulyap ako kay Riguel. I think this is our first meal together simula noong dito na ako tumira.

“Kumakain ka na ba ng gulay ngayon, Lilienne?” panirang tanong ni Nana Sela.

“Ah. Oo naman po…” sabi ko sabay kura sa ginataan.

Tumango si Nana at tiningnan ang pinggan ni Riguel.

“Kumain na rin po kayo, Nana…” ani Riguel.

“Mamaya na pagkatapos n’yo. Sasabay ako kina Inday…” pagkatapos noon ay umalis na ang matanda.

Halos makarinig na ako ng crickets sa paligid dahil sa katahimikan namin ni Riguel.

Kinuha niya ang kanin at binigay sa akin. Kumuha ako ng sakto lang kaso natapon iyong iba. Ayaw ko namang ibalik kaya nawalan ako ng choice.

Napatingin ako sa kanya. Binaba niya ang kanin.

“May mga kliyente ako mamaya. Isang matandang mag-asawa at isang pamilya ang pupunta rito…”

Sino ba ang nagtatanong? Nagtaas lang ako ng kilay at nagpatuloy sa hihiwa sa kaning nasa aking pinggan.

“Sa Biyernes, bumisita tayo kina Lolo at Lola sa bahay,” aniya.

Napaangat ako ng tingin. “Pupwede bang sa Sabado na lang? Iyan kasi ang dating ni Suki.”

Akala ko magtatalo kami dahil doon. Gusto ko namang bumisita kina Lolo at Lola kaso naunang naka schedule si Suki kaya nahirapan ako.

“Sige…” ani Riguel.

Thank God he did not make it hard for me.

Nagpatuloy ako sa pagkain. Bawat subo medyo pormal. Hindi rin naman ako gutom kaya ayos lang. Pati pagnguya dapat nakatikom ang bibig. Napaka uncomfortable naman kapag kasama si Riguel.

Habang kumakain ay naisip ko pa ang pagdadiet. Baka mamaya lumobo ako dahil wala akong ginagawa rito? Mamaya habang may kliyente si Riguel, magjajogging na lang kaya ako? ‘Tsaka bukas din tutal ay wala naman akong gagawin.

“Mag aantay ka rin ba ng kliyente bukas?” tanong ko.

“Hindi na muna. Sa Biyernes na ulit. Titingnan ko pa ang plantation bukas. I’ll check the fertilizers and pesticides.”

O e ‘di back to basic bukas. Parang mas gusto ko na lang ientertain niya si Vera Chio sa kaso niya para kahit paano ay narito naman siya sa bahay.

No… maling pag-iisip. Bahala nga si Riguel kung saan siya magsusuot. Ang importante may bago akong naiisip. Jogging plus mag-aaral akong magluto.

“If you’re so bored you can help me in my office.”

“I’m not bored. I have things to do this afternoon. I’ll jog and… maybe learn how to cook.”

Nagkatinginan kaming dalawa. Ngumuso siya, tila nagpipigil ng ngiti.

“Okay, then…” Uminom siya ng tubig.

Nagkibit ako ng balikat at kumain na lang. Naisip ko ulit ang nangyari kanina. Pinaalis niya talaga si Miss Vera Chio? Bahala na nga. Ang pangit naman kasi ng damit ng babaeng iyon. Hindi ko type. Mukhang cheap kaya ayos na rin iyong nangyari. Sa susunod na magpupunta siya rito ay magsuot siya ng longsleeve.

“Attorney…” tawag ni Geling sabay ngiti-ngiti sa amin. “Pasensya na po sa istorbo pero dumating na kasi sina Mr. Alejandro kasama ang asawa niya. Ipaghihintay ko po ba siya sa opisina n’yo?”

“Sige, Geling. Tatapusin ko lang itong pagkain.”

Tumango si Geling at umalis na. Sinubukan ko pang tingnan sa pintuan kung sino ang dumating. Nahagip ko ang dalawang matanda na sinasabi ni Riguel.

Dahan-dahan kong nginuya ang pagkain ko. Nilagay naman ni Riguel sa gitna ang kanyang mga kubyertos at uminom na siya ng tubig. Napatingin ako sa kanya.

“Pumunta ka na roon. Naghihintay ang kliyente mo…” sabi ko.

“Kapag natapos ka nang kumain,” aniya.

Napatingin ako sa pinggan ko. Kalahati pa lang ang nababawas. May rule bang ganyan? Nasa table manners ba na dapat antayin ang kasamang

kumain? Hindi ko alam. Na pressure tuloy ako.

Ang lalaki ng subo ko sa mga kanin. Napapainom pa ako ng tubig. Naiirita pa ako dahil nakatingin si Riguel sa akin habang kumakain.

Nagtaas ako ng kilay sa kanya. Umiling siya at bumaba ang mata sa kanyang cellphone.

Sinilip ko ang cellphone niya habang kumakain ako pero hindi sapat ang distansya namin para makita ng buo kung anong mayroon.

Pag-angat ng tingin niya ay binalik ko ang tingin ko sa aking pagkain. Patapos na ako, salamat naman.

“I added you on Facebook. Kailan ka gumawa nito?”

“Noong papunta ako rito. Sa bus…” sabi ko.

Tumango siya. Dumungaw ako sa cellphone ko at pinindot ang confirm. His profile picture was taken from our wedding. Mag-isa siya roon.

“Tapos na ako.”

Sabay na kaming tumayo. Kinuha ko ang plato niya para mailagay na sa sink.

“Nasa opisina lang ako. Kung may kailangan ka, umakyat ka lang. Hindi ako naglalock ng pinto.”

“Okay…” sabi ko nang ‘di siya tinitingnan.

Nagligpit muna ako ng mga pinggan. Si Nana Sela ay nasa kusina pala sa mga panahong iyon at mukhang may nilulutong kung ano.

“Nana, magpapaturo po akong magluto kay Inday ngayon ng sinigang.”

Tumango si Nana. “Sasabihin ko sa kanya, Lilienne. Uutusan ko rin si Marya ngayon na mamili. May ipapabili ka ba?”

Now that she said it… marami nga palang kulang sa mga toiletries ko. Napkin, feminine wash, wet wipes, ‘tsaka magpapasama din ako ng ilan pang gamit sa bahay.

“Ililista ko po ngayon…” sabi ko.

Naubos ang oras ko sa paglilista ng bilihin. Kasya naman ang pera ko sa bibilhin. Dapat pa nga akong magdagdag ng lotion at body wash ngunit wala naman yata ang mga iyon dito sa Alegria. Panlalaking bodywash ang mayroon sa banyo ni Riguel kaya nag titiis ako sa sabon. May lotion pa ako pero konti lang ang dala ko kaya kailangan pagbalik ko ng Manila ay mamili ako.

“Heto na po, Nana…” sabay bigay ko ng listahan at isang libo.

She looked offended by the money I gave her.

“Lilienne! Ibigay mo iyan kay Riguel at nang mag-away ulit kayo. Nagbibigay naman ang asawa mo ng pera para sa bahay,” ani Nana.

“Alam ko naman po iyon pero iba ito. Mga kailangan ko ito. Hindi naman pwedeng iasa ko kay Riguel ang lahat.”

“Ay naku! Huwag mo akong pagbigyan niyan. Ibigay mo iyan kay Riguel. Marya!” tawag ni Nana. “Huwag mong tatanggapin ang pera nang Ma’am mo at baka masisante ka ng amo mo. Sus maryusep ‘tong si Lilienne, oo. Nga naman at bagong kasal…” bulong bulong ni Manang habang nagpupunas ng lamesa.

Binaba ko ang pera ko. Patuloy parin ang sermon niya pero tingin ko’y para na lang iyon sa kanyang sarili dahil puro bulong bulong naman iyon.

Nanood muna ako ng TV habang naghihintay na ayusin ni Inday ang kusina para sa pag-eensayo ko.

May kumatok sa pintuan na isang pamilya. Alam ko kaagad kung anong kailangan nila.

“Dito po muna kayo sa aming sala, Ma’am. May kliyente pa po kasi si Attorney Alleje…” sabay ngiti ko.

Umalis ako sa sofa para makaupo silang tatlo roon. Tinawag ko agad si Geling para sabihin kay Riguel na may kliyente ulit siya.

Ayaw ko nang umakyat doon at baka isipin niyang nag iispiya na naman ako.

Nang naihanda na ni Inday ang mga kakailanganin ay nagsimula na akong mag-ensayo.

“Ma’am naman! Hindi ganyan ang paghiwa…” ani Inday habang tinitingnan ako.

“Oo na! Huwag kang mag-alala matututo rin ako. Maiintindihan naman ‘yan ni Riguel…”

Humagikhik si Inday. “Naku, si Ma’am! Kaya nga tinuturuan ng tama para sa susunod marunong na…”

Naku Inday, huwag mo nga akong ma ganyan at baka ikaw ang hiwain ko. Binigay ko sa kanya ang kutsilyo at pinagmasdan kung paano niya hiniwa ang mga rekados ng sinigang.

Alas tres y media nang natapos kami sa kusina. I still suck at memorizing the ingredients but I guess it’s okay. Maisim iyon at masarap naman. At least ‘di pumalpak, ‘di ba?

Umakyat agad ako sa kwarto para magbihis ng damit para sa pagjo-jogging ko. Mamaya, pagkalubog ng araw ay magjo-jogging ako. Mali ito. Dapat nga pala umaga ako magjogging, ‘di ba? Sige, gigising ako ng maaga bukas.

Inayos ko ang sintas ng sapatos ko at kinuha ang lalagyanan ng cellphone sa braso. Makikinig ako ng music habang tumatakbo mamaya. Naka racerback at compression shorts ako.

Pababa ako ay kamuntikan na akong gumulong sa hagdanan. Tumigil ako para pigilan ang pagkakatalisod nang nakita ko kung anong mayroon.

You have a relationship request! Riguel Alleje Relationship Request! Confirm or Ignore!

Para akong lalagnatin sa nabasa!

“Confirm…”

Ngumiwi ako. Sobrang init ng pisngi ko. What the hell? Okay, Lilienne. Syempre, ‘no! Baka tingnan ‘to ni Judge, syempre!

Bumaba na ako, kinakalma ang sarili. Dahil mainit pa ay tumambay muna ako sa terrace. Umupo ako sa silyang rattan na naroon. Siguro si Riguel na ang bumili noon.

Sa kung nasaan ang duyan namin noon ni Yeshua ay may bagong duyan na nakalagay. Mukhang mas matibay at mas bumagay sa puting pintura ng bahay.

Tiningnan ko lang ang hammock. Gusto kong magduyan doon pero pakiramdam ko ay ‘di pa ako ready. Naaalala ko si Yeshua. Nasasaktan ako.

Tinanaw ko ang buong plantation. Wala na ang mga bulaklak na nakita ko noong una akong pumasok dito. Tapos na rin kasi ang harvest. May nakikita akong mga truck na papasok sa plantation. Siguro ay naroon ang mga itatanim at mga fertilizer.

Ilang truck na ang pumasok.

Naisip ko tuloy iyong si Daddy pa ang namamahala. I don’t remember that it was this busy everytime. Ganoon na ba talaga ka lago ito?

Gusto ko tuloy bisitahin ang green house.

Nang medyo hindi na mainit ay nagsimula na ako sa pagjajogging. Pahinto hinto ako dahil sa dami ng notification sa Facebook. Gusto ko lang naman makinig ng music.

Pinagkaguluhan ang bagong relationship Status. Ibang ‘di ko kilala ang mga nagcomment. Siguro’y mga kaibigan ni Riguel. Nasa mga singkwenta na lahat at naisip kong ‘di ko naman sila kilala kaya ‘di ko na lang pinansin.

I jogged till it’s six. Inisip ko pang tumigil at maglakad lakad na lang dahil sa pagod.

Pagkabalik ko sa terrace ay naroon si Riguel. Nakapamulsa siya at nakatayo, tanaw ako.

Pinunasan ko ang pawis sa noo ko at pasimpleng inamoy ang sarili. Panigurado magyayaya itong kumain na kami. Hindi pwede, maliligo muna ako!

“Maghapunan na tayo…” ani Riguel.

Pinasadahan niya pa ako ng tingin mula ulo hanggang paa.

“Maliligo muna ako. Bababa rin ako,” sabi ko nang ‘di siya tinitingnan.

Hinayaan niya naman ako sa gusto ko. Dumiretso na lang ako sa taas para makaligo at makapagbihis. Pagkatapos kong maligo ay lumabas na ako sa bathroom para makapagbihis at laking gulat ko nang si Riguel ang tumambad sa akin.

“Holy fuck…” napabulong ako nang nakita siyang tamad na nanonood ng TV.

Nilipat niya ang mata niya sa akin. Nakatapis lamang ako. Nasanay ako na wala siya sa kwarto kaya ‘di na ako nag-ingat.

Lumipat agad ako sa walk in closet at padabog na sinarado ang pintuan. Pakiramdam ko aatakehin ako sa puso sa nangyari.

“Sana sa baba ka na lang nag antay!” sigaw ko habang tinatanggal ang tuwalya sa aking katawan.

Mabilis kong hinagilap ang aking mga damit at nagawa ko pang mag lotion sa buong katawan. Hindi naman ako sinagot ni Riguel.

Nagmadali na lang ako sa pagbibihis. Pagkatapos ay lumabas na ako. Pinatay niya ang TV at tumayo siya.

Sabay na kaming bumaba para kumain. Nang nasa hapag kami ay sinabayan naman kami ni Nana Sela kaya hindi awkward tulad noong kanina.

“Bukas, pwede mo namang iasa sa mga tauhan ang pagtatanim pagkatapos mong tingnan, Riguel,” ani Nana.

“Ayos lang, Nana. Para rin po matutukan kong mabuti. Mahirap na…”

Nag-usap sila tungkol sa plantation. Pagkatapos kumain ay nanood na ako ng TV sa sala. Pwede naman din sa kwarto kaso mag-isa ako kaya rito na lang kasama sina Nana Sela.

Si Riguel ay umakyat sa kanyang opisina dahil may babasahin daw siyang kaso. Hinayaan ko na lang siya.

Nang nagalas nuebe ay umakyat na ako. Gagabihin pa siguro si Riguel sa pagbabasa kaya mauna na ako sa pagtulog. Laking gulat ko nang narinig ko iyong shower pagkapasok ko.

Uh-oh. He’s here?

Tumikhim ako para marinig niya namang pumasok ako sa aming kwarto. Binuksan ko ang TV at nilakasan ng konti para tumulong sa pagwarning sa kanya na narito nga ako.

Umupo na ako sa kama at tinabunan ng sarili ang comforter. Kabado ako. Pakiramdam ko ay ito ang unang gabi na magkikita kami ni Riguel sa kwarto. Madalas kasi ginagabi siya at maagang umaalis. Ngayon lang kami talagang magkikita rito.

Niyakap ko ang tuhod ko habang nanonood ng movie sa HBO. Lumabas siyang nakatapis lang ng tuwalya.

Kumunot ang noo ko nang nakatingin siya sa akin. Nag-iwas siya ng tingin at bumaling sa TV.

He’s kind of dripping. Sa bawat hiwa ng kanyang muscles ay dumadaan ang tubig. Hindi ko maalis ang mga mata ko sa kanyang dibdib pababa. Damn, the towel looks so happy hugging that pelvic muscle. Nag wowork out ba siya? Bakit ganito? And… he’s my husband!

Sumulyap siya sa akin. Nilipat ko kaagad ang mga mata ko sa HBO smoothly. I did not even feel guilty for staring.

Pumasok siya sa walk in closet at sinarado. Pumikit ako ng mariin at niyakap ng mahigpit ang aking mga tuhod.

Ilang sandali ang nakalipas ay lumabas na siya. He’s wearing dark blue shorts and a white t-shirt. Umupo siya sa sofa at humarap na sa TV.

Nilingon ko ang malapad kong kama. Is it right to be like this? Dapat ko ba siyang tanungin kung bakit diyan siya natutulog o hindi? O ano ba dapat? Yayayain ko siyang dito matulog? But that would be so freaking awkward.

Hindi na lang ako nagsalita.

Humiga na ako ng maayos at tumingin na lang sa kisame. Nanonood pa si Riguel ng TV. Hindi ako dinadalaw ng antok dahil sa pag-iisip kung ayos lang ba ito.

Tinabunan ko ang katawan ko ng comforter at nagulat ako nang nawala ang ingay sa TV.

Bahagya akong bumangon para tingnan kung tapos na siyang manood. Nilapag niya ang remote sa tabi ng TV at lumapit sa akin.

“Antok ka na?” tanong niya.

Hindi pa. Duh!

“Medyo…”

Tumango si Riguel at tinuro ang unan niya sa tabi ko. Apat ang unan dito. Sa akin ang tatlo at isa lamang ang kinukuha niya tuwing sa sofa siya natutulog. Wala pang kumot.

“Kunin ko lang…” aniya.

Tumango rin ako at hinayaan siya sa ginawa.

Lumapit siya sa katabing maliit na lamesa at pinatay na ang lamp sa tabi ko. Pinagmasdan ko siya sa kanyang mga ginawa. He smells so good. Like aftershave and his shower gel… it’s so manly.

“Kumot mo?” tanong ko. “Kung wala kang kumot, may nagregalo naman ng kumot sa atin noong kasal. Iyon na lang…”

Umiling siya. “Ayos lang. Hindi naman ako nilalamig.”

Tumango ako. Tumalikod siya at dumiretso na sa kanyang sofa. Ilang oras pa siguro akong dilat dahil sa nangyari. Patay na ang mga ilaw, buhay na buhay pa ang ulirat ko.

Sa sumunod na araw ay tulad ng dati. Abala siya sa plantation. Alas nuebe na ako nagising at nagsisi agad dahil napurnada ang jogging ko.

Humikab ako at kamuntik ko nang naihulog iyong tray sa maliit na lamesa sa gilid ko. Napabangon ako sa nakita roon.

May breakfast! May maliit na vase at isang pulang rosas pa roon!

Ang sweet naman ni… hmm… Inday!

Kinain ko na agad iyon. Pagkatapos kumain ay dumiretso na ako sa bathroom para maligo. Dating gawi ang nangyari. Hindi ko na naman nakita si Riguel at ayos lang naman iyon dahil abala ako sa pag eensayo sa pagluluto.

Nang naghapon ay nagjogging ulit ako. Ginabi si Riguel. Nasa kwarto lang ako nang alas siete at katawagan si Suki nang pumasok siya para maligo. Hinayaan ko siya habang nag-uusap kami ni Suki.

“Bukas… mga ala una, pupunta ako sa inyo…”

“Saan ka makikituloy? Dito ka na lang tumuloy sa amin. Hindi ka pwedeng matulog sa inyo dahil maalikabok at mag-isa ka!”

“Pwede ba? Baka magalit ang asawa mo?”

Ngumuso ako. Parang ‘di ako sanay na ganoon ang tawag. Humagalpak si Suki. Mukhang alam yata ang kinatahimik ko.

“Magpapaalam ako. Tumigil ka nga riyan!”

“O sige. Ikaw. Kung mapilit ka. Anyway, mga alas dos o alas tres, diretso na tayo kina Leon. Maghahanda raw sila ng pagkain. Doon na tayo magkita-kita…”

“Sige!” Parang nagustuhan ko ang ideya na pupunta kami kina Leon. “Sa wakas at makakawala ako rito!”

“Tapos inuman tayo ha! Magdadala naman ako ng sasakyan kaya ‘di na natin kailangang abalahin si Riguel kung busy siya.”

“Okay! Sige, sige!”

Tuwang tuwa ako sa usapan. Pagulong gulong na ako sa kama dahil sa excitement. Lumabas si Riguel sa walk in closet at bumangon agad ako. His jaw clenched.

“Riguel, ayos lang ba kung dito matulog si Suki bukas ng gabi? Ayaw ko kasi siyang sa kanila. Nakita mo naman ang kalagayan ng bahay niya.”

Tumango si Riguel.

“Thanks!”

Nilagay ko ulit ang cellphone sa tainga ko.

“Magbabasa lang ako ng kaso. Kung gusto mo nang matulog, mauna ka na…”

Tumango lang ako at kinausap muli si Suki. Iniisip ko na lahat ng pwedeng mangyari bukas. Panigurado aasarin ako nina Leon kay Riguel. Sigurado rin akong magtatanong ulit sila tungkol sa aking pamilya kahit na napaliwanag ko na sa kanila lahat sa Group Chat.

Kinaumagahan ay abala nga si Riguel sa kanyang mga kliyente. Ibang mga tao naman ang nagpunta. Napuno lamang ako ng excitement sa pagdating ni Suki.

Pagkatapos naming magtanghalian ay dumating na si Suki! Iniwan ko si Riguel sa hapag nang tinawag na ako ni Marya dahil sa pagdating niya!

Niyakap ko kaagad siya ng mahigpit. May dala siyang maliit na bag. Naroon yata ang mga gamit niya.

“Tara! Hinanda na nila ang kwarto mo…” sabi ko.

“Suki…” si Riguel sa likod.

“Hi, Riguel!” ngumisi si Suki. “Long time no see! Nagulat ako na pinakasalan mo itong kaibigan ko…”

Nanlaki ang mga mata ko kay Suki. Nilinaw ko sa kanya na dapat ay huwag nilang ipahalata kay Riguel na alam niya ang tunay na dahilan ng pagpapakasal namin! Dapat ay umakto siyang naniniwala na nagmamahalan kami ni Riguel! Syempre dahil iyon ang tingin nina Leon, Julio, at Russel.

Ngumisi lamang si Riguel.

“Alagaan mo ito si Lili, ha? Gumawa kayo ng maraming baby!”

Kinurot ko na ang gilid ni Suki dahil sa mga sinabi niya. Tumawa si Riguel.

“Makakaasa ka, Suki.”

Fuck! Nilingon ko si Riguel at nginitian.

“Iaakyat namin ang gamit ni Suki, ha? Tapos magbibihis na ako.”

“Magbibihis?” kumunot ang noo ni Riguel.

“Pupunta kami kina Leon ngayon. Doon kami magpapalipas ng oras. Hanggang mamayang gabi. Catch up…” maligaya kong sinabi.

Tinagilid ni Riguel ang kanyang ulo. Tila ba hindi niya naintindihan ang sinabi ko.

Hinila ko si Suki para makaakyat na kami.

“Hindi ba kayo rito magpapalipas?” tanong ni Riguel.

Siniko ako ni Suki at bumulong pa siya.

“Hindi ka ba nagpaalam? Hindi mo man lang niyaya.”

Kailangan ba iyon? ‘Tsaka akala niya gets niya na ang mangyayari kapag nandito si Suki?

“Uh… Hindi. Naghanda kasi si Leon. Uh…”

Kitang kita ko ang iritasyon sa mukha ni Riguel. Pakiramdam ko ay hindi niya ako papayagan. Not that he has power over my decision…

“Hmmm. Hindi na kita isasama kasi alam kong busy ka sa mga kaso…”

Umaliwalas ang mukha niya. “I can cancel them and reschedule them tomorrow. Sasama ako…”

What the hell? I did not even…

“But… Sayang naman ang oras. Dapat bukas, rest day ka na…”

“Sasama na ako,” mariing sinabi ni Riguel.

Kabanata 28

*OceanofPDF.com*

Alcohol

Wala na akong nagawa. Kaya naman panay ang chat ko sa kanila na sana iwasan nilang iopen up iyong pamilya ko at nang ‘di kami mapadpad sa usapang iyon. Naintindihan naman nila.

“Oh. Asan na ang girlfriend niya na sinasabi mo?” tanong ni Suki.

Kanina pa ako tapos magbihis. Hinihintay ko na lang si Suki ngayon sa kanyang kwarto. Iniwan ko si Riguel sa kwarto namin dahil siya naman ang magbibihis.

“Hindi ko alam. Malay ko. Baka nasa Manila.”

“Sinabi mong si Isabella nagpunta sa wedding n’yo. Anong nangyari?”

“Wala naman. ‘Di kami nag-usap. Sila ni Riguel lang.”

“Hindi mo ba tinanong si Riguel tungkol doon?”

Umiling ako. “Bahala siya. Problema niya na iyon.”

Bigla siyang may ibinigay na regalo sa akin. Maliit lamang iyon kaya nagtataka kung ano ang laman.

“Para sa’yo lang ‘yan. Ang hirap mag-isip ng para kay Riguel. Pakiramdam ko nasa kanya na ang lahat ngayon… pati ikaw.”

“Tse! Tumigil ka nga Suki…”

Pinunit ko ang gift wrapper at nang nakita ko ang brand ay sinipat ko na agad si Suki.

“Anong gagawin ko rito?”

It is another lingerie with matching t-back panty.

“Suotin mo! Wala lang! Kung walang mangyayari, e ‘di wala. Kahit maghubad ka pa, ‘di ba?”

Hay naku! Kung anu-anong kalokohan talaga ang naiisip ni Suki. Bumili na nga kami ng maraming lingerie sa Japan noon, dinadagdagan niya pa ngayon.

Pagkatapos ng biruan at pagbibihis ay bumaba na agad kami. Si Riguel ay nasa sala na, nanonood ng TV habang nag-aantay sa amin.

Habang pinagmamasdan ko siyang nakakunot ang noo sa TV ay parang ang hirap nang iiwas ang tingin. Para bang gusto ko na lang siyang titigan maghapon. His thick eyebrows were so damn attractive. Nadedepina tuloy ang kanyang mga mata.

Pagkaangat ng tingin niya ay nag-iwas agad ako.

Tumayo siya at nagyaya nang lumabas. Gagamitin namin ang kanyang Ford. Pagkapark nito ay binuksan ko agad ang pintuan sa front seat pagkatapos ay kay Suki.

“Alam mo bang si Antonette ay nagpakasal na rin! Guess kanino?” ani Suki habang nasa byahe kami.

“Kanino?” tanong ko.

“Kay Lino!”

“Hindi nga?”

Nagtawanan pa kami sa kinahinatnan ng iilang mga kabatch namin noon. Iyon ang pinag-usapan namin habang bumabyahe. Natigil lamang nang natanaw na ang bahay nina Leon at Freya sa Puertonera!

Ang galing! Hindi ako makapaniwalang may sariling bahay na si Leon ngayon at may pamilya pa. I always imagined he’d be like his brother!

“Kailan daw uuwi si Nicholas?” tanong ni Suki.

“Hindi ko alam, e. Hindi naman siya nagsabi. Gusto nga noong sumama sa akin sa Japan.”

Tumigil ang sasakyan. Nilingon ako ni Riguel.

“Anong gagawin n’yo sa Japan?” tanong niya.

“Galing akong Japan bago ako pumunta rito sa Pinas para bisitahin si Suki…”

Tumango si Riguel at kinalas ang seatbelt ko. Hilaw ang ngising naibigay ko sa gulat. Nilingon ko si Suki na ngayon ay nagngi-ngising aso na.

Lumabas kami ng sasakyan. Pinasadahan ko agad ng tingin ang buong bahay. It looks traditional to me. Bagay na bagay sa nakapaligid na mga puno.

May dalawang tent sa labas ng bahay at may mga upuan at lamesa na roon. Napansin ko rin ang grill.

“Felisse!” may tumatakbong batang babae patungo sa mga upuan.

Hinahabol na ng naka scrub suit na siguro’y kasambahay nina Leon. Nanlaki ang mga mata ko nang natitigan ang bata.

Nasa mga apat ang edad ng batang babae at humahagikhik. Mukhang tuwang tuwa sa pagpapahirap sa yaya.

“Ma’am, Sir, narito na po ang bisita!” anang Yaya nang nakita kami.

Unang lumabas si Russel galing sa bahay nina Leon. Sunod ay si Julio. Pagkatapos ay ang mag-asawa.

Tumakbo agad ako sa kanila. For the first time since I got here in Alegria, I feel home! Hindi ko alam kung bakit!

Niyakap ko si Russel at Julio. I missed them! Nang lumapit si Leon ay niyakap ko rin siya.

“I missed you boys!” sabi ko.

Halos manggigil ako. Tumawa si Suki sa likod ko.

Si Russel at Leon ay parehong sa likod nakatingin.

“Wow, Lilienne! Tumangkad ka!” panunuya ni Julio.

Binitiwan ko sila. Si Freya ay ngumiti sa akin.

“Ang sama nila! Syempre, tatangkad ako kahit paano! Malapit na akong maging kasing tangkad ni Miss Universe!” sabay ngisi ko rin kay Freya.

“Matangkad parin magiging anak mo. Matangkad naman si Riguel,” si Freya.

Halos masamid ako sa sarili kong laway. Hindi nila alam na may ibang dahilan sa pagpapakasal namin ni Riguel kaya ‘di ko na lang pinansin ang sinabi niya.

“Dito tayo sa labas. Mag ba-barbecue tayo…” ani Leon.

Tumango ako at sabay na kaming pumunta sa tent. Si Riguel ay naroon na.

Hindi ko na naman siya kailangang ipakilala. Na awkward tuloy ako. Tingin ko ay wrong move na dinala ko si Riguel dito.

“Riguel…” ani Leon sabay tapik sa balikat. “Congrats!”

“Salamat, Leon. Pasensya na’t ‘di ka naimbita ni Lilienne. Medyo biglaan,” ani Riguel.

“Oo nga’t nagtatampo ako. Ako lang ang narito sa Alegria noong kinasal kayo. Si Russel at Julio parehong nasa Maynila kaya maiintindihan ko pa. Ako, hindi naimbita…” Nilingon ako ni Leon.

Isa ka pa, Leon, ha! Nagmana ka sa kuya mo!

“Biglaan nga, Leon, ‘di ba?”

“Kapag nagpakasal kami sa simbahan, imbitado na rin kayo… Hindi nga naimbita ang pamilya ni Lilienne dahil biglaan.”

Hindi ko alam kung alin ang una kong iisipin. But dammit he brought up that topic!

Tumikhim si Russel at umupo na sa isa sa mga upuan.

“Leon, ihahanda ko lang ang mga barbecue…” ani Freya.

Sumang-ayon naman si Leon.

Umupo na rin si Julio at Suki. Magkatabi naman kami ni Riguel. Pagkaupo ni Leon ay umupo sa kanyang hita ang batang naka pigtail ang buhok.

“Eto na ba, Leon? Ang bunga ng pagsisikap mo?” sabi ko sabay tawa.

“Oo. This is Felisse. Magmano ka kay Tita Lilienne mo…”

She confidently went up to me. Nagmano siya agad.

“Pati si Tito Riguel…” natatawang sabi ni Leon sabay turo kay Riguel.

Lumapit din si Felisse kay Riguel. Nilingon ko si Riguel. Binigay niya ang kamay niya kay Felisse para makapagmano.

“She looks like Freya, Leon.”

“Oo nga, e. Kapilyahan lang ang namana sa akin…” ani Leon at inangat ang kanyang anak para makaupo muli sa kanyang hita.

“O kayo, Lili. Kasal na kayo ni Riguel. Kailan?”

Tangina nito ni Suki, ha! Kanina pa siya! Sinimangutan ko siya agad.

“Mag enjoy muna dapat kayo sa buhay mag-asawa…” Russel suggested.

“Oo nga at… ilang taon din kayong ‘di nagkita, ah?” Tunog pagdududa ang ginamit ni Julio.

Kinabahan tuloy ako.

“Nagulat talaga ako na nagpakasal agad kayo. Kakauwi lang ni Lilienne sa Pilipinas…” ani Julio.

“Ganyan talaga ang mga nagmamahalan, Julio…” si Suki.

“Anyway, congrats sa inyo, Riguel, Lili!” ani Julio.

“Salamat! Pasensya’t agaran ang kasal. Hindi nakapag imbita ng marami…” ani Riguel.

“So you two were… in a long distance relationship all these years?” ani Russel.

“Yes, we were…” sagot ni Riguel.

“Hindi ka nagparamdam sa amin, Lili. Kung hindi nasabi ni Leon na nasa America ka ay hindi ko pa malalaman.”

And I feel like this topic is going down to Yeshua’s condition again. I need to stop it before it happens.

“Kailangan ko kasing mag concentrate sa pag-aaral kaya ganoon…”

Napatingin ako kay Riguel. Nakakunot ang kanyang noo habang tinitingnan ako. Para bang may gusto siyang itanong pero nagpipigil siya.

“You could’ve called. We… I mean they would understand…” ani Riguel.

Kinalabit na ako ni Suki. Tingin ko’y naramdaman niya kung saan patungo ang pag-uusap na ito. I know, Suki…

“Akala ko kasi ‘di na kami babalik. Lalo na nang naging citizen ako. Kaya ‘di na ako nag-effort. Anyway, Suki… tulungan natin si Freya sa loob?” sabi ko.

Tumayo agad si Suki pagkasabi ko noon. Tumikhim naman si Leon.

“Nga pala, Riguel. Saan n’yo binibenta ang mga harvest n’yo ngayon? Mahal daw ang bili sa syudad, ah?” si Leon.

And here goes their business talks. At least mawawala sa usapang pagalis ko iyon. Ngayon pa naisipan ni Riguel na iinterrogate ako roon. Siguro ay natrigger sa mga tanong ni Russel.

Pagkapasok namin sa bahay nina Leon ay nakita ko ang isa pang baby. He’s almost one, Freya said. He’s named after his father. Kaya imbes na tumulong kami ay natagalan kami kay baby Leon.

Alas singko nang lumabas kami sa bahay dala ang mga hinandang barbecue at pork belly. Si Suki ang may dala ng sauce. Nawala rin ang mga tent, siguro ay inalis ng mga boys.

“Kami na niyan, Suki… Lili…” ani Russel sabay kuha sa dala ko. “Hindi ka pa naman marunong magluto.”

“Hoy, Russel! Marunong na akong magluto ngayon, ‘no! Excuse me…”

Iniwas ko sa kanya ang mga dala-dala ko. Ang kay Suki naman ay sinuko niya na lang kay Russel at umupo na muli siya roon upang makipag chikahan kina Julio, Leon, at Riguel.

Kinuha ni Freya ang kanyang anak kay Leon at pumasok na sila sa bahay.

“Marunong na akong magluto. Marunong akong mag barbecue. Lagi kaming ganito nina Nicholas sa U.S.!”

“Sus! Sige nga! Pasikat ‘to!” ani Russel.

Sinindihan ko iyong mga uling. May handy fan kaya imbes na pamaypay ay iyon ang ginamit ko. Nang uminit at nagbaga na ay ‘tsaka ko nilagay ang mga pork belly.

Hinampas ko ang balikat ni Russel.

“See?” sabi ko sabay kindat sa kanya.

“Oy, ‘yang mag ex diyan! Tama na ang kulitan at baka masunog pa ‘yan!” ani Suki.

Napatingin ako kay Suki. Nginuso niya si Riguel dahilan kung bakit tiningnan ko rin si Riguel. Nakataas ang kilay niya habang pinagmamasdan kami.

Napakamot ako sa batok at binigay ko kay Russel ang ibang barbecue para siya na ang magluto.

“O? Sumusuko ka na? ‘Di ka pala marunong!” panunuya ni Russel.

Natetempt talaga ako sa mga hamon kaya ‘di ako umalis doon. “Titingnan ko lang kung marunong ka ba! Babantayan ko at baka masunog iyang pork belly ko!”

Nag-usap sila tungkol sa business. At sa mga kaibigan ni Riguel na kilala namin. Pati na rin sa naging successful na mga kabatch namin.

“Akala ko talaga si Isabella Thomas iyong girlfriend mo noon, Riguel…” si Julio.

“Hindi. Her mom offered me a scholarship I did not take. And I worked under their firm right after I graduated…”

Natahimik ako habang hinahawakan ang handy fan. Nakikinig ako sa sinasabi ni Riguel.

“Mabuti at kay Lilienne ka napunta. Hindi hamak na mas maganda si Lilienne doon!” si Suki.

Ngumuso ako at nagtaas ng kilay.

“Sus! Nagustuhan mo naman?” ani Russel.

Umirap ako sa kanya. “Tumigil ka…”

“Totoo naman ‘yon, Lilienne. Mas banyaga at angelic ang features mo sa Isabella’ng iyon. If I choose between you two, ikaw syempre.”

“Sinasabi mo lang ‘yan kasi magkaibigan tayo…” Kahit na totoong alam kong mas maganda ako roon.

“Hindi ha. Kahit looks lang ang basehan. You’re more beautiful,” ani Russel.

“So you worked for their firm while you’re studying Law?” ani Leon.

“Yup. Night classes sa Manila.”

“Whoa! Ang hirap noon, bro!” ani Julio.

“What do you expect? He’s the valedictorian…” ani Suki.

“You graduated Magna Cum Laude in Alegria, right?” si Freya.

Nilingon ko agad sila. Nagtama ang paningin namin ni Riguel. Hindi nga? Hindi nga…

“Uh, yes…”

Oh my God!?

“What’s your honor pagkagraduate mo ng Law, then?” si Freya parin. “You were topnotcher sa bar.”

Tumawa lang si Riguel.

“Wow. This is intimidating…” ani Julio.

“Hindi mo alam?” bulong ni Russel sa akin.

Siguro’y nakita niya sa aking mukha ang pagkagulat.

“Alam ko ‘no. Syempre…” sabi ko sabay ngisi.

“Kaya nabili talaga ang lupa,” ani Leon.

“Hindi ko iyon mabibili kung inasahan ko lang ang sweldo. Siguro mabibili pero aabutin pa ng ilang taon. Lilienne’s father leased the land so it was cheaper. Nagtanim ako. Pinag-aralan ko iyong flower farm. Doon ako kumita…”

“Genius!” ani Leon. “And in the end you bought it…”

“Yes. I never really thought her father would sell it.”

“We had to sell it because nobody’s watching over our properties, anymore, Riguel. Wala na kaming balak na umuwi… dapat…” sabi ko.

“Well, then. Good thing you returned…” malamig niyang sinabi.

Tumikhim si Suki at tinaas ang isang bote ng siguro’y rhum.

“It’s been a while!” ani Suki.

“It’s been a while ka riyan, Suki. E, lagi kang naglalasing sa Manila!” ani Julio.

“Shut up, Julio! Panira ka…”

Nawala ang usapan. Mabuti na rin at ganoon. Pagkaluto ng mga barbecue ay inayos na rin nila ang aming lamesa.

Umupo ako sa tabi ni Riguel. Sa tabi ko ay si Suki. Sa harap namin ay si Julio, Russel, at Leon.

Kumain na kami. Balik ulit sa mga batchmates namin ang usapan. Pagkatapos ay business ulit. Pagkatapos ay mga girlfriend naman ni Julio at Russel.

Pagkatapos kumain ay inuman na. May sisig na pulutan at iilang chichirya na nilapag si Freya sa aming lamesa.

Humilig ako sa aking upuan at nagulat ako nang naipit ko ang braso ni Riguel doon.

“Sorry…” sabi ko at tumuwid sa pagkakaupo para matanggal niya ang braso niya roon.

“It’s okay…” aniya at ‘di tinanggal ang braso.

Nagkibit ako ng balikat at nanatiling tuwid ang pagkakaupo ko.

Ilang shot na ang nainom namin nang medyo umalon na ang paningin ko. Tingin ko rin ay medyo tinatamaan na si Suki dahil nagkukulitan na sila ni Julio. Pinag-aagawan nila ang cellphone ni Suki dahil susi raw iyon ng kanyang mga sekreto lalo na sa lovelife.

Nakisali ako sa kanila. Tawang-tawa si Suki sa pangingiliti ko.

“May natitira pang ‘di naluluto…” ani Freya at nilapag ang iilang barbecue sa lamesa.

Tumayo agad ako. I feel like I need a break. Medyo hindi na maganda ang pakiramdam ko tapos binuksan pa nila ang panibagong isang litro ng iniinom.

“Ako na nga!” sabi ko.

“Ako rin…” tumayo ulit si Russel para samahan ako sa grill.

Kinuha ko ang mga barbecue at dumiretso na roon. Nilagay ko angmga barbecue sa grill at pinikit saglit ang mga mata. Damn, alcohol. Hindi na kami bestfriends nito.

Medyo nagbabaga pa ang gril kaya tinutukan na lang ni Russel ng handy fan.

“Are you happy?” his tone is serious.

Natawa ako sa tanong. Bakit niya natanong? Alam naman nilang matagal ko nang gusto si Riguel. Dapat hindi na tanungin iyan kung iniisip nilang gusto ko parin si Riguel, ‘di ba?

“Syempre naman…” medyo napawi ang ngiti ko sa sinagot ko.

Am I happy?

When was the last time I felt happy?

Well… ngayon. Heto at kasama ko sila. Happiness in small things is still happiness after all. Hindi na kailangang maging engrande at bongga. Even just by sitting in our home makes me happy.

“Talaga?” si Russel ulit.

“Baka masunog ‘yan, Lilienne…” ani Riguel.

Napalingon kami nI Russel sa likod. Naroon siya. Nakapamulsa. Nilingon ko sina Leon at nakita kong nagtatawanan parin sila. Nakikisama pa si Freya.

“Hindi naman. Ayos naman ang nagawa ko kanina.”

Yumuko ako para icheck ang barbecue. Masyadong nagbaga kaya medyo umitim ang ilalim. Binaliktad ko agad. Bakit laging tama si Riguel?

“Kanina iyon noong ‘di ka pa nakakainom. Ako na…” ani Riguel at hinawakan ang kamay kong nakahawak sa stick ng binabaliktad ko.

Kumunot ang noo ko at nilingon siya. Nanatili ang mata niya sa barbecue na parang wala lang sa kanya ang nangyayari.

Nilingon ko rin si Russel na nakatayo sa likod namin at nanonood. Tipid akong ngumiti sa kanya. He smiled back fakely.

“Kami na rito, Russel…” ani Riguel nang ‘di tinitingnan ang kaibigan ko.

Tumango si Russel at dahan-dahan kaming tinalikuran. Binitiwan ko ang stick at kinalas ang kamay ni Riguel sa akin.

“You’re rude…” sabi ko.

“What?” Kumunot ang kanyang noo.

“We were talking.”

“Anong pag-uusapan n’yo na kayong dalawa lang, kung ganoon?”

Umirap na lang ako dahil hindi ko rin alam kung anong isasagot ko. Ngayon pa siya iistorbo? Kanina, hindi naman ah? Not that I need his interruption!

“He’s my friend. Marami kaming topic.”

“He’s your ex, Lilienne…”

“Oh my God, Riguel. He’s my ex but we’re friends. And so what? Ganoon ako sa mga ex ko.”

Kitang kita ko ang iritasyon sa mukha niya. Para bang may nasabi akong sobrang mali sa kanya.

Pagkatapos ng ilang sandali ay pumikit siya at nawala ang iritasyon o kung ano mang galit.

“You’re drunk…”

“You haven’t seen me drunk. How do you know…”

Tahimik na siya nang nagpatuloy kami. Mabuti na lang at hindi ko kayang magtalo pa ulit kami.

Mga dalawang oras pa ang lumipas nang nagdesisyon kaming umuwi na. We need to go home because Suki passed out. Kinarga pa siya ni Julio patungo sa sasakyan namin. Mabuti na lang at nang nakarating sa sasakyan ay nagising siya.

“God damn, I’m so sleepy…” ani Suki.

“Huwag kang sumuka riyan, ha!” banta ko sabay tawa.

Nakapikit na rin ako sa front seat. I’m not sure if I’m sleepy or really tipsy… or maybe both.

Pagkauwi namin sa bahay ay hinatid ko talaga si Suki sa kanyang kwarto. Humilata lang siya sa kanyang kama at diretso ang tulog. Napahiga rin ako roon at tila ba kay hirap nang bumangon. Dito na nga lang ako matutulog sa tabi ni Suki.

Nakaidlip na ako nang naramdaman ang init ng braso sa aking tagiliran.

Dumilat ako at nakita kong si Riguel iyon. Nakapambahay na siya. Siguro ay nagbihis siya kanina sa kwarto at napansin na ‘di na ako bumalik.

“Dito na ako matutulog para sa kama ka naman…” I purred.

Hindi siya sumagot. Kinarga niya ako. The alcohol took over my body kaya ‘di na ako masyadong nakapalag.

I did not even try to save my life by hugging him or what. Kung mahulog ako rito, e ‘di ihulog niya.

“Kumapit ka, Lilienne…” ani Riguel pagkalabas namin ng kwarto ni Suki.

“Ayoko…” sabi ko at umidlip ulit.

Buti lasing ako. Kung hindi… naku!

“Dammit!” he muttered more curses until I smell the scent of our room.

Dahan-dahan niya akong nilapag sa kama. Akala ko aalis siya agad para matulog sa sofa ngunit nanatili ang kanyang kamay sa aking likod at ang kanyang mukha sa aking harap.

Dumilat ako. His eyes are blazing with lust and desire. Hindi ako pwedeng magkamali. I’ve been with boys before. In my teens. And most teenager boys have this look when they want to fuck so bad.

Kumalabog ang puso ko. Even men, I’m sure. Even men can feel that of course, I know.

I hooked my arm on his neck so he can move closer to me. Pagkalapat ng labi ko sa kanyang labi ay pumikit na ako.

Just this once, right? That’s okay. I’m drunk anyway. Kung ano mang mangyari magkukunwari na lang ako bukas na hindi ko maalala.

I kissed him deeply and thoroughly. When he kissed back halos lumabas ang puso ko! He claimed every corner of my mouth, I can’t help but moan.

Tumigil siyang bigla at lumayo.

“Riguel…” tawag ko sabay hagilap sa kanya.

Hinila ko ang kanyang braso ngunit tila bakal itong ‘di natitinag.

“You’re drunk. Stop it…”

“Please, Riguel…” sabi ko sabay pwesto sa gitna ng kanyang mga hita.

I tried to reach for him but he got my hand. Binaba niya ito sa aking gilid.

“Stop it, Lilienne. You’re just drunk…”

Tumayo agad siya. Mabilis pa ang hininga ko nang tiningnan ko ang paglabas niya sa kwarto. The pain I felt can’t be numbed by alcohol. I probably need to drink more para ‘di ko na ito maramdaman.

Kinagat ko ang labi ko para lang mapigilan ang nagbabadyang luha.

I get it, alright. And just like before, I always get ruled by my instincts. Hindi ko man lang inisip na hindi tulad ko si Riguel. Kung ayaw niya sa tao, ayaw niya talaga. We married for a different reason. Not for desire, lust, or even love. So I should stick to what I should do. Dammit, Lilienne!

Kabanata 29

Kabanata 29

*OceanofPDF.com*

Hindi

Kinaumagahan ay ayaw ko nang bumangon. Ang akala ko kagabi makakalimutan ko iyong nangyari pero ngayon parang sariwa pa sa aking labi at memorya ang lahat!

Kung wala lang si Suki ay baka ‘di na ako bumangon. Kaya lang ay kailangan ko pa iyong ientertain. Lalo na’t mukhang ngayon din agad ang uwi niya.

Wala si Riguel sa sofa. Siguro ay ‘di siya natulog dito sa kwarto. Naligo muna ako at nagbihis. Habang ginagawa ko iyon ay naaalala ko na naman ang nangyari. The way Riguel walked out of our room. He pushed me after the kiss. Like he was so disgusted of me.

Kahit na may history kami, talaga palang ayaw niya na. Nanuot ang sakit sa aking sistema. Kahit gusto kong balewalain ay lagi kong naiisip.

He rejected me. He didn’t want me.

It’s normal. Ano ba dapat ang iisipin ko? Na gusto niya parin ako? Na may nararamdaman parin siya sa akin? This is all just for show.

Mabuti pa tanungin ko siya tungkol sa judge. Tatanungin ko siya kung kailan iyon at nang maisip ko na kung ano ang gagawin ko. Matatantya ko na kung kailan ko makukuha ang mansyon.

Matamlay akong lumabas ng kwarto. Dumiretso ako sa kwarto ni Suki para tingnan siya roon. Nakita kong katatapos niya lang din maligo at ngumisi siya sa akin pagkapasok.

“Oh? Parang… matamlay ka? Hang over? May nangyari kagabi?”

Interesadong umupo si Suki sa tabi ko. Bagsak ang balikat ko at kahit anong pilit kong pagngisi ay hindi ko nagagawa. Halatang peke ang mga ngiti ko.

“Wala. Anong oras ang uwi mo?” tanong ko.

“Aalis na rin agad ako pagkatapos ng almusal. May kailangan kasi akong tapusin mamayang gabi.”

“Aalis ka agad?” malungkot kong sinabi.

“Hay! Next time, magbabakasyon ako, Lilienne. May kailangan lang talaga akong tapusin ngayon. Bakit? Sobrang bored ka ba rito?”

Hindi ako sumagot. I’m not entirely bored. I’m just probably lonely.

“Sabihin mo kay Riguel ng Manila na kayo agad pagkatapos ng taniman. O ‘di kaya ay magbakasyon…”

She sounds as if she thinks Riguel really cares for me that way. Ilang araw nga akong bored, ‘di naman nakealam si Riguel.

“Baka next week. Kung ayaw niya pang mag Maynila, ako na lang.”

“Papayag ba iyon?”

“Kailangan ba ng permiso?”

“Mag-asawa na kayo…”

“Sa papel lang. Sa puso at isip, hindi…”

Kumunot ang noo ni Suki sa akin. Tila ba may napagtanto siya sa asal ko. Ngumisi agad ako para matigil ang kung anong iniisip niya.

“Bumaba na tayo nang makapag breakfast ka na…”

Tumango si Suki at sumunod naman.

Papunta kaming kusina nang nakita ko si Riguel sa hapag. May binabasa siyang mga papel habang inaayos ng mga kasambahay ang mga pagkain.

May kung ano naman sa tingin ni Nana Sela sa akin. Tila ba tinitimbang niya ang reaksyon ko. Nilipat ko na lang ang tingin ko sa pagkain.

Tingin ko rin ay naramdaman naman ni Suki ay tensyon. She awkwardly sit on the seat in front of me.

“Anong oras ang uwi mo, Suki?” tanong ni Riguel.

Tiningnan ko na lang ang tasa ng kape sa gilid ko. Hindi ko alam kung kaya ko bang magsalita ngayon.

“Ngayon din agad pagkatapos ng almusal, Riguel. Pasensya na sa istorbo rito, ha?”

“Walang anuman. Masaya naman si Lilienne na nandito ka… Marami namang kwarto…”

Kumuha na ako ng toasted bread at naglagay na ng butter doon. Sa gilid ng aking mga mata ay kita kong nakatingin si Riguel sa akin.

“Bukas na lang tayo bumisita kina Lolo at Lola. May imemeet akong mga kliyente ngayon, iyong pinostpone ko kahapon…”

Tumango lamang ako at nagpatuloy sa ginagawa.

“Uh, kailan ang balik n’yo ng Maynila, Riguel?” si Suki.

“Hmm. Baka next week. Sa Lunes ay baka tapos na ang pagtatanim. Babalik na kami pag maayos na ang lahat.”

“You have a condo somewhere?” tanong ni Suki.

“I have a condo in Makati.”

“Oh! Lili, ayos lang iyon. Nasa BGC ang kompanya namin. Pahatid ka na lang kay Riguel kung sakali…”

“Company?” si Riguel.

Uminom ako ng kape. Medyo mainit pa kaya napaso ang dila ko. Binaba ko kaagad ang kape.

“Dahan-dahan, Lilienne…” Riguel said in a very concerned tone.

Hinawakan niya ang babae ko tila gustong iharap ang mukha ko sa kanya. Hinawi ko ang kamay niya.

“I’m fine…”

Nagkatinginan kami ni Suki. Nagpipigil ng ngiti ang kaibigan ko. It’s not funny, Suki.

“Magtatrabaho ako kina Suki pagbalik natin ng Manila.”

“Bakit?” si Riguel.

Pagod kong napatingin sa kanya. Kailangan pa ba talagang itanong iyan? Syempre at mag-iipon ako ng pera! Kung wala lang si Suki rito ay baka kanina ko pa pinamukha sa’yo na balak kong bawiin iyang plantation!

“Kailangan ko ng pera. Mag-iipon ako. By the way, when are we going to the Judge?”

Napainom ng tubig si Suki. I need to know. At kailangan ngayon na agad. Nang makapagmuni-muni na ako sa mga gagawin.

“I will check my schedule. He’s on vacation. Pupunta tayo sa kanilang rest house sa isang resort.”

“Okay. Kapag naayos mo na ang schedule mo, sabihin mo kaagad sa akin.”

Nagpatuloy ako sa pagkain. Ganoon din si Suki.

“Sa pinagtatrabahuan ba ni Basty, Suki?” tanong nI Riguel.

“Oo… Uhm, I’ll hire her as the manager. Para sa mga I.T. namin. She’ll look after them…”

Tumango si Riguel. “What’s the exact address? Can I go there? I’ll check the environment…”

Sinipat ko agad si Riguel. Ano bang pakealam niya kung saan ito at bakit kailangan niya pang icheck ang environment? Bakit? Kapag polluted ba, hindi pwede? At paano maging polluted iyon, e, nasa isang enclosed space naman. Paeffect lang ito. Para sabihing may pakealam kahit ang totoo…

Binigay ni Suki ang address pagkatapos naming kumain. Umakyat agad kaming dalawa para kunin na ang mga gamit niya.

“Nag-away ba kayong dalawa?” ani Suki.

“Hindi…” I denied.

“Asus! Halata kayo, uy! Grabe ka! Sino kaya ang may kasalanan? Tingin ko ikaw…”

Umismid ako. How judgemental can she be?

“Ikaw lang naman laging ganoon, e. Mag sorry ka na lang…” Tumawa siya.

Magsorry? Magsorry dahil sinubukan ko ulit si Riguel? Hindi na kailangan. Wala namang nangyari. Kung may nangyari, dapat doon ako mag sorry. Pero nireject niya naman ako kaya wala akong naging kasalanan!

“Whatever, Suki. Hindi nga kami nag-away.”

Pilit niya akong pinapaamin pero wala siyang makukuha sa akin. Hindi ako aamin.

Bumaba na kami nI Suki ‘tsaka siya tumigil sa pangungulit. Si Riguel ay nasa sala na sa sandaling iyon.

“Riguel, aalis na ako. Thank you sa inyo ni Lilienne…”

“No problem. Tatawagin ko lang si Mang Luis para ihanda ang sasakyan mo…”

Dumiretso si Riguel sa labas. Nagkatinginan kami ni Suki. Her ghost smile is there again.

Pagkalabas namin ay naroon na ang sasakyan ni Suki. Pumasok na siya. Si Riguel ay nasa likod ko lang.

“Bye, Suki!” sabi ko.

“Bye! Thank you, ha! Kita na lang tayo sa Manila!”

Kumaway si Suki. Kumaway na rin ako at hinintay na makalayo ang kanyang sasakyan bago binaba ang kamay.

“What are you going to do today?” tanong ni Riguel.

Pareho kaming nasa hagdanan pa.

“Wala. Siguro mag jo-jogging mamayang hapon. Ngayon manonood ng TV at matutulog…”

Tumalikod ako at nilagpasan na siya para makapasok na sa bahay. Umakyat na agad ako patungo sa kwarto.

Nanatili ako sa likod ng pintuan ng ilang sandali, nakatulala. Iniisip ko ulit ang nangyari. Nakakahiya.

Sobrang nakakahiya.

I kissed him. I said, “Please.” and got rejected. That means something. That means even in his wildest dreams, he just wouldn’t.

I need to learn. I need to really put it in me. Na hindi talaga. Ayaw ko na naman, e. I was just drunk!

Pumikit ako ng mariin. Nagkakabuhol buhol na ang utak ko. Dumiretso na lang ako sa kama para umidlip sandali. Madaling araw na kami nakabalik dito kahapon at medyo antok pa ako dahil sa agad ng pag gising.

Tinulog ko na lang lahat ng iniisip ko. Si Riguel ay malamang nasa kanyang opisina lamang. Nagising ako ng mga tanghali nang kinatok ako ni Geling.

“Susunod na ako…” sabi ko.

Kaya lang ay nakaidlip ulit ako. Nagising lamang ako nang nag-ala una na at nakaramdam ng gutom. I texted Suki and checked if she's fine then bumaba na ako.

Pagkababa ko ay wala nang tao sa kusina. Syempre ala una na. Malamang tapos nang kumain si Riguel.

Kumain akong mag-isa. Dinaluhan lamang ni Inday para maayos ang hapag.

"Ma'am, ba't 'di kayo nagsabay ni Attorney?" tanong ni Inday.

Tinusok ko ang pork chop sa aking pinggan at sinubo ang maliit na bahagi nito.

"Inantok ako kaya natulog na muna ako. May… kliyente ba siya?"

"Opo, ma'am. Si Miss Hermano iyong una kaninang umaga. Tapos sinundan ni Mrs. Valderama."

Miss Hermano? I wonder… well, whatever. Kahit na pumasok man ulit iyong si Miss Vera Chio ay hindi ko na papansinin.

Napagtanto kong napakababaw ko palang talaga. Kahit iyon ay pinapakealaman ko pa. Ano kayang iniisip nI Riguel nang nagalit ako sa pagpasok ni Miss Vera? Siguro ay naiirita siya sa akin. May damage kaya siya sa nangyaring iyon? Nagbayad kaya si Miss Vera sa session kahit natapos nang 'di tama?

Hihilahin ko lang siya sa putikan kung paiiralin ko ang aking isipan.

"Ano dawng mga kaso iyon?" tanong ko kay Inday.

"Hindi ko po alam, e. Hindi naman sinasabi ni Attorney. Baka si Marya, alam. Tatawagin ko na ba, Ma'am?"

Umiling agad ako. "Hindi na. Curious lang ako kung anong mga hinahawakang kaso ni Riguel."

“Hindi mo ba tinatanong, ma’am? Hmm. Ang alam ko itong nasa opisina niya ngayon ay sikat doon sa amin. Kinasuhan kasi ito noong asawa ng may-ari ng farm kasi kabit yata? Hindi ako sigurado…”

Napainom ako ng tubig sa sinabi ni Inday.

Iniimagine ko ang mukha ng kabit. Just like Miss Vera Chio’s outfit? Tube top and mini skirt.

“Pero kung titingnan mo siya, Ma’am, parang ‘di niya magagawang maging kabit. Kasi medyo sosyalin ang pananamit, makinis, at mukhang mabait…”

Tumikhim ako. Now she’s giving me the worst ideas! Ibig sabihin mas maganda pa ito kay Miss Vera Chio?

Nararamdaman ko ang pag-iinit ng braso ko pataas sa aking ulo. Ramdam ko rin ang pagbigat ng aking puso.

The hell I care, right? I shouldn’t!

Pagkatapos kong kumain ay dumiretso na ako sa sala para manood ng TV. Mamaya kapag natapos ang session nila ng babaeng nasa taas ay makikita ko siya ngayon.

Dinadalaw ako ng antok habang tumitingin sa TV nang bigla kong narinig na bumukas ang pintuan sa opisina nI Riguel.

“Thank you so much, Attorney. I had a good time…” Humagikhik ang babae.

“You’re welcome…” mababang boses na sinabi ni Riguel.

Umayos agad ako sa pagkakaupo. Nang nakita ko sa corridor ang babae ay nakumpirma ko ang sinabi ni Inday. Sosyalin!

She’s weaing a black dress showing a little of her cleavage. She’s got long legs and fair skin. Naka black heels din siya at ang kanyang pulang bag ay nakasabit sa kanyang braso.

Ngumiti lamang ang babae sa akin at diretso ang lakad sa double doors.

Nagtaas ako ng kilay at pilit na huwag tumingin sa kanya kaya lang ay may narinig akong boses.

“Oops!” tumawa ang pamilyar na boses.

Nilingon ko ulit ang pintuan. Muntikan na silang magbanggaan ni Isabella Thomas. Agad na dumalo si Marya sa dalawang naroon sa pintuan.

“Ma’am Isabella, ikaw po pala iyan…” ani Marya. “Kanina pa po nag-aantay si Attorney sa inyo.”

“I know… Sorry kasi nag-usap pa kami ni Mommy bago siya umalis.”

Anong kaso nitong si Isabella at bakit siya narito? Tumikhim ako. Nilingon ako ni Isabella. Kitang-kita ko ang pagkakairita noong babae kanina sa kanya.

“Excuse me. You’re blocking my way…” anito.

“Oh! I’m sorry…” Tumabi si Isabella at umirap. “Diretso na ako, Marya, ha? Nahihiya akong pinag-antay ko pa si Riguel…”

“Sige po…” sabi ni Marya at pinagbuksan na ng pintuan ang babaeng palabas.

Iritadong lumabas iyong babae. Si Isabella naman ay dire diretso sa taas. Her buddy hugging skin tone dress suited her. And I can’t believe I gave her a compliment!

Nang tuluyan na siyang nawala sa paningin ko ay tinawag ko agad si Marya.

“Marya! Anong kaso ni Isabella Thomas?” I asked.

Umiling si Marya. “Wala po, e. Madalas talaga iyong pumupunta rito, Ma’am.”

Hindi ako nakapagsalita. Bitterness filled me. Different ideas flooded my mind. Para bang inaangkin nito bawat sulok ng aking utak.

Nanlamig ang aking tiyan.

Sa loob ng walong taon, hindi ako naniniwalang ako hindi nagmahal si Riguel. He's only human. He can still feel attraction towards pretty girls.

I accept that he probably had a number of fuck buddies or even girlfriends. Nang may nangyari sa amin noon, pakiramdam ko ako lang. Pakiramdam ko ako ang naging una niya. But right now… the way he rejected me… I know for sure he got girls after me. And maybe, while I'm here, he still got his other girls.

Sa kontratang sinabi niya, dapat walang pakealaman. Dapat ay hindi ako makealam kung may affair man siya sa iba. Kahit na sabihin nating magmumukha akong tanga. Newly wed, kabit agad? Hindi man lang pinaabot ng sampung taon? Iyong nagkasawaan na? Talagang ilang linggo lang, nagsawa na?

Bakit pa kami nagpakasal kung ganoon? Well, that's probably what they're thinking. Dahil alam namin ni Riguel kung bakit kami nagpakasal.

Umakyat ako hindi para makinig sa usapan nila ni Isabella sa kanyang opisina. Halos 'di ko nga tiningnan iyong pintuan nila. Dumiretso na lang ako sa kwarto para magbihis ng compression shorts at racerback.

Kahit sa pagsintas ng sapatos ay naiisip ko ang lahat.

And I can't believe it really gets me. Even without the alcohol, the tears wants to flow. Parang punyal ang tumatama sa dibdib ko habang naiisip ang lahat.

Dapat pala pinag-isipan kong mabuti ito. Pero kahit anong balik ng pag-iisip ko, magiging ganito parin ang desisyon ko. This is for my family, after all.

I went out for a run. Una ay naglakad lamang ako para tingnan ang lupain.

One day, I’ll take this back.

Inisip ko ang mangyayari.

Pagkatapos nitong ginagawa namin ni Riguel, maghihiwalay kami. Mapapasakin ang bahay. Pagkatapos ko kina Suki, uuwi na ako ng Amerika. Doon ako magtatrabaho para mabili ko ang plantation. Kahit magkano. Hopefully Riguel would let me. I think he would, though. Kapag nakamtan niya na ang mga pangarap niya, wala nang halaga ang plantation. It would only slow him down.

I jogged my way to the green house. Nakita ko ang iilang mga tanim doon. Flowers that were not even planted by my Dad. Pinaghirapan talaga ito ni Riguel ng husto.

Umupo ako sa isang bato at nagpalipas ng ilang minuto roon habang iniisip ang lahat.

If only I can turn back time.

Kulay kahel na ang langit dahil sa papalubog na araw. Pumasok ako sa greenhouse at hinawakan ang mga bulaklak na naroon.

Yeshua, you think it’s a good idea to get the plantation back? It’s in good hands. Riguel seems good at this.

Will you forgive me if I stop and be contented of the mansion?

Nangilid ang luha ko.

Naisip ko si Piper. Wala pa akong balita sa kanya. Hindi ko rin naitatanong si Suki. Inisip ko kung may asawa na kaya iyon ngayon. At may hinanakit kaya siya kay Yeshua? Sana wala. Pero maiintindihan ko kung meron.

Alas syete y media na nang bumalik ako sa bahay. Si Riguel ay nakaabang ulit sa terrace. Sa malayo ay kitang kita ko ang pabalik balik niyang lakad, tila ‘di mapakali.

“Where have you been, Lilienne?” iritado niyang tanong nang umakyat na ako sa terrace.

“I went out for a jog. ‘Di ba sinabi ni Marya sa’yo?”

“Anong oras na? At anong oras kang umalis? You did not even bring your phone!”

Nagtaas ako ng kamay at nilagpasan na siya.

“I know… I’m sorry. I spaced out. ‘Di ko namalayan ang oras.”

“Kumain na tayo!” ani Riguel.

“Mauna ka na… Maliligo pa ako.”

“Hihintayin kita!”

Sumunod siya sa akin. Nilingon ko siya. I don’t want to eat with him. I don’t want that awkward silence or even this fight in front of the food!

“Mauna ka na, Riguel! Pwede ba? Stop doing that! It’s not like hindi ka pa nakakakain ng wala ako! You’ve been doing that all your life so you can do that right now! Maliligo ako. Matatagalan ako kaya mauna ka na!” iritado kong sinabi.

“I waited for you so we can eat dinner together, Lilienne!” katwiran niya.

“Then, I’m sorry, okay? Kung ayaw mong mag antay, e ‘di kumain ka na ngayon! Matatagalan pa nga ako! Alas nuebe pa! Malilipasan ka pa ng gutom kapag hinintay mo ako! I don’t want to eat with you, anyway…” ang huling pangungusap ay binulong ko na lang.

“Anong sinabi mo?”

Umiling ako.

“Lilienne!” mariin niyang sinabi.

Tinakbo ko na ang hagdanan pataas. Ramdam na ramdam ko ang galit niya. Wala akong pakealam. Bahala siya.

Pinuno ko ng tubig ang bathtub. Iyon ang kailangan ko ngayon. Kailangan kong mag relax dahil sobra sobra akong nasstress dito. Baka hindi ko kayanin.

Alas nuebe y media nang natapos akong maligo. Hindi ako nagugutom pero bumaba parin ako para man lang kumain ng konti.

Walang tao sa dining area. Lumapit si Inday sa akin at binuksan ang mga pagkaing tinabunan nila sa lamesa.

“Ma’am, magdidinner ka pa ba?”

Tumango ako at umupo.

“Tapos na pong mag dinner si Attorney, medyo galit…”

Hindi ako sumagot. Naramdaman din siguro ni Inday na wala ako sa mood kaya tumahimik siya. Nagsalin siya ng juice sa aking baso at kumuha na lang ako ng gulay. Hindi na ako magkakanin. Hindi naman ako gutom.

Siguro ay nasa opisina si Riguel. Nagbababad sa kanyang mga kaso para ‘di ako makaharap. He probably got so pissed. Well, I don’t care. I’m pissed too, anyway.

Sa bagal kong kumain ay inabot pa ako ng alas diez y media.

Umakyat na ako para makatulog na. Inisip ko pa nga kung tama bang sa kwarto namin ako matulog o pwedeng sa kwarto ko na lang noon.

Pagkapasok ko sa kwarto ay nakita kong bukas ang TV. Mahina lang ang volume nito. Patay ang mga ilaw at tanging ang lamp lang sa gilid ng kama ang bukas.

And Riguel’s on the bed beside my space. He’s sleeping peacefully.

Dahan-dahan ko siyang nilapitan. Even in his sleep he looks so serious and even angry. And yes, he looks so hot. Kahit natutulog, ha! Kaya hindi ko masisisi kung may magnasa man sa kanya. I'm even surprised na wala pang pumipikot sa kanya. Sa bagay, matalino siya. Kung may pipikot man ay malulusan niya iyon.

Now that he's on our bed, maybe it means I need to do my part too. Kumuha ako ng isang unan at pinatay ang lamp sa gilid ng kama.

Bumalik ako sa TV at pinatay na rin ito. Nilagay ko ang unan sa sofa at dumiretso na ako sa walk in closet kung nasaan ang mga kumot na binigay sa amin. Kumuha ako ng isang kulay dark red at dinala ko na sa sofa.

Tinulak tulak ko ang unan para maging flat iyon sa sofa bago ako humiga. Tinabunan ko ang katawan ko at sinubukan nang umidlip.

"What are you doing, Lilienne?"

Napabuntong hininga ako sa narinig. He's awake. Dumilat ako at nakita ko siyang nakatayo sa tabi lamang ng sofa.

"I'm trying to sleep…" sabi ko sabay talikod sa kanya.

"Hindi ka riyan matutulog…" aniya.

"It's your turn with the bed now. I'm fine here…" pagkasabi ko noon ay agad akong naiangat!

Muntik na akong tumili sa biglang ginawa ni Riguel.

"What the hell?" sabi ko sabay hampas sa kanya.

Iniwas niya lang ang mukha niya sa aking sapak. Ramdam ko ang mainit niyang palad na naka hawak sa aking hita at ang isa naman ay nasa aking braso.

He smells so manly. Like aftershave, mint, and… if there's a smell of cold, that's him. But then his palms were hot. Umigting ang braso niya sa ginawa. Ramdam ko ito sa braso ko.

Marahan niya akong binaba sa kama. Because of the moves, my stomack got exposed and the whole of my thighs.

“Ayos na ako roon!” sigaw ko. “Nakatulog na ako, Riguel!”

“I was waiting for you. Nakatulog lang ako ng ilang sandali nasa sofa ka na…” aniya.

Bumaba ang mga mata niya sa katawan ko. Inayos ko ang strap ng lingerie na suot ko. Yumuko siya at inayos ang lingerie. Tinabunan niya ang aking tiyan. Ganoon din ang ginawa niya sa aking hita.

Napaawang ang bibig ko nang naramdaman ko ang daliri niya sa aking balat.

This is just ridiculous.

“Ako na dapat sa sofa. Bahay mo na ito ngayon. Kama mo ito! Dapat dito ka!” sabi ko.

Humalukipkip siya. His eyebrows met. I can’t fully see his expression because it’s dark.

“Kama natin…” he corrected me.

Hindi ako nakapagsalita kahit na may idudugtong pa sana ako.

“If it’s okay with you, tatabi ako…” he said calmly.

Nagtiim bagang ako. Bakit ganito? Pilit kong inalala ang lahat. Ayaw kong malusaw na lang sa mga sinasabi niya. Isabella Thomas was with him today for an unknown reason. Instead of bringing that up, I didn’t.

“Bahala ka…” sabi ko at tinalikuran ang side niya sa kama.

“Thank you…” he said politely.

Umalis siya sa harapan ko. Pilit akong pumikit. Siguro’y kinuha niya ang unan sa sofa.

Ilang saglit ay umuga ang kama. Nasa tabi na siya! Huminga ako ng malalim. Oh my! I should stop breathing like that. Para bang kinakabahan pa ako sa nangyari.

Hindi na siya ulit gumalaw pagkatapos ng ilang sandali. He probably slept. Samantalang ako ay dilat na dilat pa!

Inisip ko kung tulog na ba talaga kaya siya?

Tumikhim ako at tumihaya para masilip siya ng konti. Nang ‘di nakaya ay hinarap ko na siya. Laking gulat ko nang nakitang nakaharap at nakatingin siya sa akin.

Shit! Shit!

Pumikit ako at nagkunwaring nagising lang ng konti. Pilit akong pumikit. Pinatagal ko. Siguro’y pinalipas ko ang limang minuto bago unti unting dumilat para makita kung tulog na ba siya.

Nang dumilat ako at nakitang gising pa siya ay ramdam ko na ang kalabog ng puso ko. For every beat, I feel like my body’s also moving. Ganoon ka tindi ang kalabog. Sa katahimikan ay ikinakahiya ko ang bawat pintig. I feel like he can even hear it!

“Hindi mo ba naisip na kumustahin man lang ako sa loob ng walong taon?”

Parang pinipiga ang puso ko sa tanong niya. Pumikit ako para itago ang luhang nagbabadya sa aking mga mata. Lately, natuto ulit akong umiyak. Ang akala ko ay naubos na ang luha ko sa lahat ng nangyari. Nagkamali ata ako. Maraming marami pa akong luha. At si Riguel yata ang makakapagpalabas ng mga iyon.

Umiling ako.

“Hindi.”

*OceanofPDF.com*

Selfish

Natapos ang gabing iyon doon. Hindi na nasundan muli ang kanyang tanong. At nagawa kong matulog dahil sa pamimilit ko sa aking sarili.

Pagkagising ko ng umaga ay wala na si Riguel sa tabi ko. Bumangon agad ako.

I checked my phone. May mga texts galing kay Suki na nangungumusta at nagsasabing ‘di niya natapos ang trabaho niya.

Nagreply ako sa kanyang mga texts at dumiretso na sa banyo para sa pang umagang routines ko.

After my shower and the change of clothes lumabas na ako ng kwarto.

Tuwing Linggo ay ‘di naman nagtatrabaho si Riguel. Pansin ko’y nasa farm siya lagi. Nag ja-jog siya sa umaga.

Si Nana lang ang natitira ngayon dahil day off ng iba.

Nakita kong may pagkain na sa hapag. Umupo na ako roon at kumain.

Dumaan si Nana Sela sa dining area.

“Nana, kain po tayo…”

“Tapos na ako, Lilienne. Magdidilig lang ako ng halaman sa may terrace.”

Tumango ako at nagpatuloy sa pagkain.

Ngayong araw na ito ay pupunta raw kami nI Riguel sa kanyang Lolo at Lola. Hindi ko nga lang alam kung anong oras kami pupunta. Siya naman din kasi lagi ang nasusunod.

“Na, si Lilienne?” narinig ko ang boses ni Riguel sa may sala.

Tumuwid agad ako sa pagkakaupo at seryosong sinubo ang aking pagkain. Hindi ko maintindihan kung bakit nginuya ko pa iyon ng mabuti kahit na narinig ko lang naman si Riguel.

“Nasa dining, kumakain…” ani Nana.

Ilang sandali ay sumungaw na si Riguel sa dining area. He’s sweaty and he looks so hot. Why the hell would I even mention that?

“Aalis tayo ng alas tres para magsimba. Pagkatapos pupunta tayo kina Lolo at Lola.”

Galing nga siyang jogging. Ang earphones ay naka sabit sa kanyang balikat.

“Okay…” sabi ko.

“May babasahin lang akong kaso.”

Sumulyap siya sa aking pagkain pagkatapos ay tumango bago umalis para siguro magbihis.

Pagkatapos kong kumain ay nagligpit na ako ng mga pinggan. Ngayong wala ang mga kasambahay, naisipan kong maglutong mag-isa. Dahil sinigang lang naman ang naituro sa akin, iyon lang din ang niluto ko para sa tanghalian.

Naabutan pa ako ni Nana Sela na nagluluto at tinikman pa niya ang luto ko.

“Kulang sa asim, Lilienne… Dagdagan mo pa…” ani Nana.

Tumango ako at sinunod ang kanyang sinabi. Kumunot din ang noo niya nang nakita ang kamatis na nilagay ko.

“Sana hinati mo pa ‘yang kamatis…” she commented.

But all in all, I think it was okay. Iyon lang naman ang komento ni Nana. Mabuti na lang din. Noong una kong niluto halos si Inday rin ang nagluto ng lahat, e. Kaya ito pa lang ang masasabi kong ako talaga ang nagluto.

Pawis na pawis tuloy ako sa tanghalian. Mabilisan kong tinali ang buhok ko dahil sa narinig kay Nana Sela.

“Pababa na si Riguel. Ilapag mo na rito iyang luto mo.”

Napaso pa ako sa sabaw ng sinigang. Napamura ako roon pero tumuwid din ako agad sa pagkakatayo. Saktong paglabas ko ng kusina ay siyang pagdating ni Riguel. Napatingin siya sa aking dala.

Nilapag ko iyon sa lamesa. Sumulyap ako sa kanya at nakita kong nakatingin siya sa aking leeg. Inayos ko ang buhok na nakadikit sa aking batok. Nakita kong nanatili ang tingin niya roon.

“Kumain na kayo at si Lilienne ang nagluto niyan, Riguel… Sasabay na ako kay Tasyo mamaya…” ani Nana Sela.

“Sige po, Nana…” ani Riguel.

I felt the usual awkward tension between us right now. Walang nagsasalita. Hindi siya. Hindi ako.

Kinuha niya ang bowl sa tabi ko at nilagyan niya ito ng sabaw. Iyon pa ang inuna niya kesa sa sariling bowl.

“Thanks…” I said.

Sana magustuhan niya.

Well, whatever. Kung hindi niya magustuhan, understandable. First time ko.

Nang naglagay siya ng sinigang ay hinintay ko talaga ang paghigop niya sa sabaw. Tumingin siya sa akin pagkatapos kaya nag-iwas agad ako ng tingin. Nagsimula na lang akong kumain.

“Masarap… Marunong ka na nito…” aniya.

“Salamat. Tinuruan lang ako ni inday. Kanina, ni Nana.”

“Anong gusto mong aralin sa susunod?” tanong niya.

“Ginataan siguro. Gusto mo ba iyon?”

Muntik na akong naubo sa sariling tanong.

“I mean… Iyon na siguro.”

“Gusto ko ‘yon…” ani Riguel.

Natahimik na lang ako. Tahimik din siya habang kumakain. Sa gilid ng aking mga mata ay kita ko ang madalas niyang pagsulyap.

“Ano bang mga niluluto mo sa U.S.?”

“Madalas fried para mabilis. Nasanay ako roon kaya ‘di ako marunong sa Filipino food.”

“You can cook them here if you’re comfortable,” sabi niya.

“I’ll try…”

Mabuti naman at ganoon lang kababaw ang usapan naming dalawa. Pagkatapos naming kumain ay nilapitan na kami ni Nana Sela. Ang sabi niya ay siya na ang magliligpit dahil kakain na sila ni Tasyo.

Nagpaalam naman si Riguel na magbabasa muna. He also told me na maghanda na raw ako. Ilang oras pa, ah? Anong akala niya tatlong oras akong maghahanda?

But oh well, pumasok na lang ako sa kwarto. Naligo ulit ako, nag blowdry ng buhok, nagbihis, nagmake up. Mga dalawang oras iyon pagkatapos ay pumasok na si Riguel sa kwarto. Nanatili ang mata niya sa akin bago bumaling sa bathroom.

“Maliligo na ako.”

“Okay. Sa baba lang ako…”

Bumaba na ako pagkatapos. Isang puting dress na longsleeve ang suot ko at isang sexy cream stilletos.

Saktong 2:45 ay bumaba na si Riguel. He’s wearing a white long sleeve polo. Tinutupi niya ngayon ang cuffs nito patungo sa kanyang siko. Iniisip ko na dapat ko siyang tulungan pero hindi ko ginawa. Feel na feel ba?

Years ago, we have no label. I don’t even know if he liked me. Nag assume lang ako. Iyon ang pagkakamali ko. Hinayaan kong magpatuloy kami ng walang label. If he loved me before, he should’ve courted me.

Kasi sa totoo lang, hindi ako bulag. Alam ko ang nangyayari noon pero hindi ko na isusumbat. I made all the moves. Without me, he won’t even bother. If I didn’t go to his classroom, or his school, he won’t even think about me. That’s the truth I tried to deny years ago. It was me. My want to prove to myself that I can do it with him… just like my other boys. Pero sa huli, ako pala ang nahulog ng husto.

“Let’s go…” anyaya niya.

Tahimik kami patungong simbahan. Wala lang talagang mapag-usapan. Hindi talaga kami bagay. If he’s with Isabella, pwede siguro nilang pag-usapan ang firm. At dahil wala akong alam diyan, kahit sa abogasya, wala akong masabi.

Pagkatapos magsimba ay kina Lolo at Lola na kami nagpunta.

Pagkalabas ko ng sasakyan at pagtapak ko sa mga tuyong dahon ay bumalik ang alaala ilang taon na ang nakalipas. I remember it clearly.

The young Lilienne wearing a long gown. And Riguel, trying to be a gentleman. That night, I planned it all. I wanted to kiss him. I wanted to make out. I wanted to do more. Because I feel like Riguel is the man I will only truly love.

I was wrong. Riguel is just the first. After this, I might love again. Hindi lamang siguro ako nagkaroon ng pagkakataong magmahal sa mga nagdaang taon dahil sa problema ko sa pamilya. Now that I can fulfill one of my promises, and that is to secure the house, then at least I can say I have some peace of mind. I can now consider loving as a goal.

Inaayos ang bahay sa kasalukuyan. Ang second floor nito ay mukhang ginagawa pa.

“Lili! Riguel!” Tumawa si Lola na nag-aabang na pala sa pintuan.

Niyakap niya kaming dalawa ng mahigpit. Si Lolo naman ay nasa kusina at nakangising sumungaw ang ulo niya roon.

Nagpunas pa siya ng kamay bago binigay sa amin iyon para makapagmano.

“Galing pa kayo ng simbahan?” tanong ni Lolo.

“Opo…” sagot ni Riguel.

“Upo muna kayo…” ani Lola sabay muwestra sa sala.

Napansin kong may kasambahay din sila rito. Syempre, matanda na ang dalawa at kailangan nang alalayan.

“Hindi pa makakaakyat dahil inaayos pa ang taas…” ani Lola sabay ngisi sa akin.

Parang tuwang tuwa talaga sila sa pagdating namin. Tumabi si Riguel sa akin. Pinagpahinga niya ang kamay niya sa aking hita.

Nilingon ko siya ngunit parang wala lang ito sa kanya. Alright, it’s one of those moments where we need to pretend, right?

Naglapag ng pritong saging ang kasambahay nina Lola sa aming harapan. May softdrinks din doon.

“Meryenda muna kayo. Magluluto pa ng hapunan!” ani Lola.

“Sige po…” sabi ko.

“Kumusta kayo sa mansyon? Riguel, baka naman trabaho ang inaatupag mo at hindi mo na pinapansin si Lilienne. Masyado ka pa namang workaholic…” ani Lola.

“Hindi naman po, Lola. Lagi niya nga po akong inaalagaan. Araw-araw po…”

Nagkatinginan kami ni Riguel. Iyan ang maitutulong ko para sa kasinungalingan mo, Riguel.

Tumawa si Lola sa sinabi ko. “Mabuti naman. Kung ganoon, malapit na ba akong magkaapo sa tuhod?”

Napatiim ang aking labi sa sinabi ni Lola. Kanina’y matapang pa ako pero bigla akong nagulat sa hinihingi niya ngayon.

Tumawa si Riguel. “Sana nga po…”

Sinipat ko agad si Riguel. He only smiled devilishly at me. What’s that for, huh? We are never going to have kids! This is just for show! Kung aasa si Lola na magkakaroon siya ng apo sa tuhod dahil kay Riguel, kasalanan na ni Riguel iyon! I can’t believe him.

“Oh? Ano, Lilienne. Wala pa ba?” she smiled widely.

Umiling ako at napakurap-kurap. “W-Wala pa po, e. Hehe.”

Nilipat ko muli ang mga mata ko kay Riguel at nakatingin lamang siya kay Lola. Nakataas ang isang kilay.

You’re so full of shit, Riguel.

“Naku! Ako, excited na nga akong magkaroon ng apo sa tuhod. Kung sakaling magkaroon, agad mo kaming tawagan, Lilienne. Didiretso kami sa mansyon at magdadala talaga ako ng kahit anong gusto mong hilingin!” tuwang tuwa na sinabi ni Lola. Para namang magkakatotoo.

“Hindi na kailangan, Lola. Ako na ang bahala sa mga gusto ni Lilienne…” si Riguel.

Hindi ko na siya tiningnan. I don’t want him to think that his lines affected me.

“Naku! At iisipin pa kung ano ang pangalan! At kung babae ba o lalaki! Gumaya kayo kina Leon at Freya, iyong apo ni Don Pantaleon? Babae at lalaki sa loob ng dalawang taon!”

Napainom ako ng softdrinks sa mga sinasabi ni Lola. She really is serious with what she just said!

“Naku, Riguel! Paniguradong kung babae, kasing ganda ni Lilienne. Mahihirapan ka pag laki…” si Lolo.

“Maghihigpit nga ako. Ayaw kong pinapabayaan kapag ganyan. Lalo na kapag kasing ganda niya. Bawal dapat ang manliligaw.”

I swallowed hard at his statement. His hand rested on my thigh. Fuck you, Riguel. You’re a liar! Well, kaming dalawa na ang sinungaling ngayon.

“Sana sa susunod na linggo, mayroon na…” ani Lola.

Nakakapressure naman, ‘di ba?

“Huwag mo naman silang bigyan ng ultimatom.” Tumawa si Lolo. “Kahit kailangan, pwede. Pwede ring mag enjoy muna sila sa buhay na mag-asawa. Lalo na’t matagal silang ‘di nagkita…”

“Oo nga po, e. Iyon ang gusto naming mangyari…” sabi ko.

“Makakaasa ka, La,” si Riguel naman.

What the hell? Matalim na ang tingin ko sa kanya ngayon. Bakit kailangan niya pang paasahin si Lola? Kahit saan talaga tingnan, paasa siya.

“Naku! Oo nga pala, ang tagal n’yong ‘di nagkita. Mabuti at agad kayong nagkasundong magpakasal. Akala ko’y tatagal pa muna bago iyon. Hindi ko tuloy kayo napangaralan.”

“Ayaw nang maiwan ulit ng apo mo…” si Lolo.

Kumuha ako ng tinidor at nagsimulang kumain na lang ng pritong saging. Ayaw kong makisali sa usapan. Less talk, less mistakes. Kaya na ni Riguel

iyan. Abogado naman siya. Kayang lusutan ang kahit ano.

“Mahal ko lang po talaga si Lilienne…” Riguel said in a serious tone.

Tipid na ngumiti si Lola sa sinabi ni Riguel. Para bang siya pa ang kinilig. I am not even moved by it. Do I need to pretend that I’m affected? Patuloy kong nginuya ang saging. Akala mo sasakyan ko ‘yan, Riguel? Hindi. Kahit sa pagsisinungaling, kay hirap banggitin iyan para sa akin.

“Naku! Ayusin n’yo talaga ‘yan. Mag-aaway at mag-aaway kayo balang araw at posible pang maisipan n’yong maghiwalay…”

I look forward to that, Lola.

“Hindi ko po hahayaan iyon, La…” si Riguel.

“Naku, Riguel. Sana nga. Ikaw, baka magkulang ka kay Lilienne. Workaholic ka pa naman. ‘Di mo mamamalayang may pagkukulang ka na pala!”

Tumango agad ako. “Tama po, Lola…” I can’t help but comment on that! Correct ka diyan!

“Tingnan mo, oh!”

Nagkatinginan kami ni Riguel. Ngayon, siya naman ang may matalim na tingin. It’s not funny for him. It is for me. Burn, Riguel.

“Sinasabi ko na nga ba. Alam mo, apo… Ang trabaho, magagawa mo pa ‘yan sa mga susunod na araw. Pero ang atensyon para sa asawa…” umiling si Lola na para bang kay laking problema nito. “… hindi pwedeng ipagpaliban ‘yan. Akala mo kasi ayos pa. Pero sa loob ng utak ng babae, ang dami dami nang naiisip niyan!”

“Tama, Lola!” I supported her.

Napainom pa ako ng juice.

“Makiramdam ka dapat. Tingnan mo kung ayos pa ba. Dapat ay hindi mo pinapalungkot ang asawa mo… Baka maghanap ‘yan ng iba. Bata pa si Lilienne at maganda…”

“Hindi ko naman po hahayaang maghanap siya ng iba. Alam ko naman lahat ng lakad niya.”

Tumawa si Lolo. “Ngayong nandito kayo sa Alegria, Riguel. Pero pag nasa Maynila at may trabaho ka? Huwag mo sabihing pagbabawalan mo siyang umalis ng bahay?”

“Hindi naman po ganoon-”

“Aba’y masasakal siya at mas lalong mawawala ang loob sa’yo!”

Tumango-tango ako. Riguel’s angry eyes pierced through me. It was intense. I looked away and pretended he didn’t matter.

“Hindi ko naman po siya pagbabawalan. Kailangan lang alam ko kung sino ang mga kasama niya at kung anong ginagawa. ‘Tsaka, kung mahal niya ako, hindi siya maghahanap ng iba.”

Uminom ako ng tubig sa sinabi ni Riguel. Don’t make me defend my love for you, Riguel.

“Huwag kang umasa lamang sa ganyan. Dahil kung mahal mo rin siya, magiging sensitibo ka sa pagkukulang mo sa kanya at babawi ka sa lahat ng iyon.”

Isang hingang malalim ang pinakawalan ni Riguel.

“Opo, Lola. I’m trying my best to take care of Lilienne properly…”

Tumagal ang usapang iyon. Kahit noong lumubog na ang araw at kumain na kami sa hapag. Iyon parin ang topic ni Lola. Ang buhay mag-asawa. And Riguel didn’t even try to divert the topic. Ilang beses akong sumubok na ibahin pero hindi ako nagtagumpay.

“Hija, nagpipills ka ba? Baka kaya ‘di kayo nakakabuo?”

Halos masamid ako sa iniinom kong softdrinks! Why the hell would this topic surface in front of our food?

Natapon ang softdrinks sa lamesa sa sobrang gulat ko. Agad na pinunasan ni Riguel iyong tapon. Medyo nalagyan pa ang damit ko. Dinaluhan niya rin agad iyon.

Nagtama ang mga mata naming dalawa at nag-iwas agad ako.

“Opo, Lola. Nasanay po kasi ako noon…” sabi ko.

“Kaya naman pala! Tigilan mo muna iyan para naman makabuo na kayo! Sus!”

Tumango ako pero ‘di ko na nilingon si Riguel.

“Huwag na kayong magkahiyaan. Hindi na kayo mga bata para iwasan pa ang usapang ito. Matatanda na kayo…”

Patuloy na nangaral si Lola sa amin ni Riguel. Hanggang sa natapos na lang siguro kami sa pagkain. Mukhang bumabawi siya sa mga panahong ‘di kami nakapagpaalam sa kanyang magpakasal.

“Kailangan mong intindihin din ang trabaho ni Riguel, Lilienne. Kilala ko itong apo ko. Maaaring maraming umaaligid na babae rito. Noon pa man.”

Oo nga, Lola. Kasama ako noon, ‘di ba? Umaaligid din ako kay Riguel kahit na ayaw niya naman.

“Kung may pinagseselosan ka, sabihin mo sa kanya nang napag-usapan ninyo iyan.”

Sandali lang. Mukhang hindi yata ako sang-ayon.

“Wala dapat akong pagselosan, Lola. Naniniwala kasi ako na kapag mahal ka talaga ng lalaki, hindi niya ipaparamdam sa’yo na may ibang babae. ‘Di ka niya babalewalain. Hindi niya hahayaang may ibang malapit na babae sa kanya dahil iisipin at iisipin niya ang kapakanan mo. Kaya sa tingin ko, kapag may pagselosan akong babae, ibig sabihin noon, napabayaan ako. Na

dapat nga akong magselos. In the first place, dapat hindi ko iyon mararamdaman kung walang dapat pagselosan.”

Napawi ang ngiti ni Lola sa haba ng sinabi ko.

“Naku, Lilienne, hindi maganda iyan. Kailangan mong intindihin si Riguel.”

“Iyon ang pananaw ko…” Tumango ako.

“Hindi talaga maiiwasan, Lilienne. Paano kung may babae akong kliyente, hindi ba?” si Riguel.

Binalingan ko siya. All happy thoughts are gone now. I remember. Some girls went to him yesterday. Isabella went to him too. They’re doing God knows what inside his office. Ano ang maaring dahilan ng madalas na pagpunta ni Isabella roon?

Oh! I have a wild guess! Maybe Riguel didn’t want to touch me because he thinks I’ll build feelings for him. He didn’t want it. He didn’t need it. Because he only married me for a certain reason, right? At si Isabella. She’s probably so available that she’s willing to have sex with Riguel without committment. And lucky Riguel loves that idea so he’s letting her!

Uminit ang pisngi ko sa galit.

“Oo nga! At paano naman iyong mga ‘di kliyente? What’s the excuse?” Umirap ako.

Kumunot ang noo ni Riguel at tumigil sa pagsasalita.

See? He can’t even fucking defend that! Because it’s true!

Iniisip ko… kung may nakaalam man tungkol doon, iisiping tanga talaga si Lilienne Altamirano. She married Riguel Alleje and weeks after the wedding he’s seeing someone else. Kay laking tanga, ‘di ba?

Hindi niya na binalik ang topic na iyon hanggang sa natapos ang lahat. Paalis na kami sa bahay nina Lola at Lolo. Tahimik na ako dahil hindi ako

makapaniwalang hinahayaan ko ang sarili kong magkaganito.

I need to remember why I married him. Eyes on the prize, Lilienne!

Tahimik kaming pumasok ni Riguel sa sasakyan. Ayaw kong magsalita. Naiirita ako sa kanya. Naiirita ako sa aking sarili. Sa katangahang nagagawa ko.

Pumikit ako ng mariin. Eyes on the prize, please!

Pagkadating sa mansyon ay wala sa sariling padabog kong sinarado ang pintuan ng kanyang sasakyan. Sinarado niya rin ang kanya ngunit ramdam ko ang tingin niya sa akin.

“Pag-usapan natin ang nangyari kanina…” aniya.

“Ha? Bakit ‘di natin pinag-usapan kanina, ‘di ba?”

Umiling ako at mabilis na pumasok sa mansyon. Malalaking hakbang lang ang ginawa ni Riguel habang tumatakbo na akong umakyat sa hagdanan.

Dim na ang lights sa sala. Siguro ay tulog na si Nana Sela. Dumiretso ako sa kwarto at kinuha ang gamit ko pantulog. Pumasok agad ako sa banyo para makaligo at makapagbihis. I don’t want to talk, Riguel!

I turned the shower on. Hindi ko na marinig kung pumasok na ba si Riguel o hindi pero nang kinatok ang pintuan sa banyo ay alam kong nariyan na siya. Hininaan ko ang shower para marinig siya.

“Lilienne, let’s talk…”

“Ayaw ko nang pakinggan ang mga kasinungalingan mo, Riguel.”

Nagagawa nga niyang magsinungaling sa harap ng Lola at Lolo niya sa akin pa kaya? Sino ako para protektahan pa ang damdamin gayong iyong mga mahal niya nga sa buhay, ‘di niya maprotektahan. Don’t make me laugh!

Iritado kong sinuot ang pantulog ko. And I hate how seductive it looks like. Curse Suki for this!

Pagkalabas ko ay una kong nakita si Riguel sa gitna ng kama. Nakaupo siya roon at medyo magulo ang buhok. Seryoso at may halong galit ang mga mata. The first three buttons of his long sleeve were open.

“Sino ang pinagseselosan mo? Si Isabella?”

“Hindi ako nagseselos! Wala akong pinagseselosan!”

Pumikit siya ng mariin. He massaged the bridge of his nose before he lifted his eyes on me. Problemadong problemado, ha?

“Tunog may pinagseselosan ka kanina, Lilienne. Don’t deny it…”

“Oh, Riguel. You are so full of yourself. Pinakyaw mo yata lahat ng pangit na ugali sa mundo. You’re a liar… and arrogant!”

Tumayo si Riguel. His eyes blazing with unknown feelings now. Bigla akong natakot lalo na nang mabilis at malalaking hakbang ang iginawad niya sa sahig.

“I am trying to understand you, Lilienne! Don’t make this hard for us!” aniya.

“You are making this hard for us! Hindi ba sinabi ko naman sa’yo noon na nagpakasal ako sa’yo para sa mansyon at hindi para gawin mo akong tanga! Riguel anim na buwan lang naman, pwede bang mag abstinence ka muna sa mga sexual activities mo? At sa mansyon mo pa talaga ginagawa?”

Nanlaki ang mga mata niya sa sinabi ko.

“What the hell, Lilienne!?” sigaw niya.

Napakurap ako roon. I feel like I’ve never seen him this angry. May sasabihin pa sana ako pero sa kaba ko ay natigil ako.

“Sino? Vera Chio? Elizabeth Madriaga? Isabella Thomas? Who?”

Tinulak ko siya at nilagpasan. Does the name even matter.

“Huwag mo akong talikuran!” hinigit niya ang braso ko.

Agaran ang pag hablot ko pabalik doon.

“Don’t touch me!” sigaw ko.

“I’m not done talking!” aniya.

“I’m done! Your words doesn’t matter. Alalahanin mo, Riguel! Mag-asawa lang tayo sa papel!”

Umigting ang panga ni Riguel. Mabilis ang hininga ko sa huling mga sinabi at nang kinain ng malalaking hakbang niya ang distansya namin ay hindi ako nakabawi. Ramdam na ramdam ko ang nalalapit na pagkakaputol ng litid niya sa akin. I thought he’d hurt me physically, actually. Sa galit na nakita ko sa kanyang mga mata, it made me tremble!

“Akin ka, Lienne,” marahan niyang sinabi at hinapit ang aking baywang.

“Hindi ako sa’yo,” mas marahan kong sinabi.

I can feel my knees turn liquid at his touch. Galing sa aking likod pababa sa aking baywang. I know he shouldn’t touch me there but I couldn’t move for a slap.

“Oh? Why’s my name branded on yours, then?”

Kinagat ko ang labi ko. Tumindig ang balahibo sa aking batok at bumagsak ang mga mata ko sa aking mga paa.

“Akin ka…” ulit niya.

Umiling ako. I parted my lips to say something but words just won’t come out.

Imbes na makapagsalita ako, tinagilid ni Riguel ang kanyang ulo at sinalubong niya ang aking labi.

Ang kanyang halik ay tila apoy na unti-unting tumutupok sa kung anong galit ang nararamdaman ko. It made my mind go blank. The only thing that's on my mind now is his kiss.

I couldn't kiss him back. He's dominating the kiss he's giving. Like I don't have the right to even give him one. Ayaw ko rin siyang halikan pabalik. Dahil naiisip ko ang lahat ng ito. Na hindi kami nagmamahalan. I am not here for my love for him. I am here for the house. And he's not here for me. He's here for his ambitions.

He gripped my butt. Bago ko namalayan ay inangat niya na ako. Ang isang kamay ko ay nakahawak sa kanyang damit at ang isa ay nasa kanyang batok.

The buckle of his belt is harsh in between my thighs. Binaba niya ako ng konti at nanghina ako nang naramdaman siya. Our position is so perfect. Without the clothes, I would've felt him.

I kissed him back. We are married. Pagkatapos ng lahat ng ito, iisipin din ng mga tao na may nangyari sa amin. Might as well enjoy this fucking idea, right? Dammit!

Inangat baba niya ako habang naghahalikan kami. Sa bawat baba ay mas lalo akong nanghihina. He met me halfway with every beat. And as our kisses went deeper, my sanity vanished rapidly.

I cried out when he showered my neck with tingling kisses. Bumagsak kami sa kama habang ginagawa niya iyon. His thrusts continued this time while I am lying.

His kisses made me dizzy. Ang isang kamay niya ay naramdaman ko na sa aking dibdib. His large calloused hand molded my plump flesh. Even the laces feels offending. I want them removed! Dammit!

His other hand reached for me in between my thighs. Nang naramdaman ko ang kanyang kamay doon ay napadilat ako. He was looking at me intently. Like he wants to see my reaction.

“You’re dripping…” he whispered.

Shit! Why the hell would he say that!

Pumikit ako sa kahihiyang natamo! Is it so shocking that even in our situation, I would still feel lust? Dammit, alright!? Oo na nga!

Nawaka ang kamay niya sa akin. Nagulat na lang ako nang unti-unti ko nang naramdaman ang pagbaba ng aking panty. While he was doing that his hand squeezed my heavy breast.

I can’t help but moan his name. I can’t help but produce sounds that were foreign to me.

When his hand claimed me, I can’t help but notice the pulsating feeling. Lumiyad ako habang hinahaplos niya ako. I couldn’t even remember how my lingerie got removed because the next thing I knew Riguel mouth is covering my nipples!

His hot warm breath excited me. His touch bothered me so much that I can feel myself dripping excessively.

In a swift move he removed his longsleeve t shirt.

I marveled at the entirety of his chest. Noon pa man, alam kong maganda na ang katawan niya. Ngayon, he matured. All the muscles were on their right places. His pelvic is showing. His chest looks solid and dammit I don’t want him to stay like that for long!

He removed his pants hungrily and then his boxers!

Kinabahan ako. He is exceptionally massive. I couldn’t even remember our first time. And how I was so brave to even face it!

Pero nang hinalikan niyang muli ako ay nawala ang lahat ng takot ko. Palipat lipat ang halik niya ngayon sa aking dibdib. While he’s doing that, he’s rubbing it in me.

Sinabunutan ko na siya. Hindi ko na maintindihan ang nararamdaman ko.

“Oh, Riguel!” I couldn’t recognize my own tone.

Napapaliyad ako sa lahat ng ginagawa niya. Like I want more of him. Like I need him. I feel like I can’t live without him. I feel like I am going really crazy!

“Oh!”

The sensitive flesh in between my thighs throbbed crazily. The unbearable need to feel something is making me so high.

Tinulak ko si Riguel nang naramdaman ang kakaibang sensasyon. He stopped kissing me at that moment.

I moaned so loud. My world spinned. The beats made me delirious! Waves of ecstacy dominated my body and mind and while feeling that I felt his tip on me.

In the middle of the extacy he pushed himself inside me. My throbbing flesh was so numb at his entrance! Nang natapos iyong naramdaman ko ay saka ko naramdaman ang sakit.

His arousal slowly pushed inside me. I ignored the burning pain it caused. Gusto ko pa siya. Gusto ko pa.

I feel so selfish. Noong isang araw ay ayaw ni Riguel na magkamali pa pero ginusto ko. Ngayon, ay heto ulit ako. Gustong gusto ko ulit. Wala akong pakealam. Yes, I am selfish, alright? Bahala na kung magkamali!

Masuyo niya akong hinalikan. Sa sobrang rahan ay pakiramdam ko may mainit na humahawak sa aking puso.

Mabagal ang mga halik niya ngayon. Mabagal din ang galawa niya. And with every entrance, I would moan in desire and burning pain.

My legs tightened around him as he kissed me on my neck. I need him desparately. I need more of him. I want him so bad.

He showered kisses on my breast again while thrusting inside out. The swollen flesh slowly trying to make amends with his iron clad arousal.

With each thrust I suddenly feel a familiar feeling. He suckled my breasts as I moan for that addicting burst.

Ilang sandali ang nakalipas ay bumalik siya sa aking labi. His hand taking care of my mounds and his thrusts faster and deeper.

I felt his fingers between my legs while he's grinding and gliding on me.

"Lilienne…" he whispered and he kissed me again.

Nalunod ng halik niya ang aking sigaw nang naramdaman iyon. The waves and beats of passion I felt was terrifying! And with that, I felt him fill me inside.

Hindi pa ako natatatapos sa kabaliwan nang dinaganan niya ako. He kissed my neck tenderly. He showered my shoulders with more kisses. He patiently waited for me to settle my mind… and my heavy breathing…



Kabanata 31

*OceanofPDF.com*

Wife

Sa sobrang pagod ko ay tanghali na ako nagising. Nanatili pa akong tulala ng ilang sandali bago napagtanto ang nangyari kagabi!

I quickly checked if I had clothes on. Suot ko ang puting longsleeve ni Riguel!

It… It really did happen, right? Oh my God! It happened?

Gumalaw ako ng konti. The soreness I'm feeling is the evidence that it really did!

Bumangon agad ako at umupo. Nakita ko ang isang tray ng breakfast sa gilid ng aking kama. May isang maliit na vase na may rose ulit.

Kahit na nakakaramdam na ako ng gutom ay binalewala ko iyon. Hinanap ko ang cellphone ko at nang nakita ay agad kong kinontak si Suki.

Nagmamadali ako patungo sa banyo para hanapin ang isang bote ng pills sa medicine kit. Nagkanda hulog-hulog ang mga betadine at bulak na naroon sa pagkakamali ko.

"Shit!"

"Good morning, Mrs Alleje!" panirang bati ni Suki.

Hindi ako nakapagsalita dahil sa paghahagilap ko sa mga betadine at bulak.

"Hello, Lilienne? Joke lang 'yon. Galit agad…"

"Suki!"

Pinasadahan ko ng tingin ang mga shampoo. Tapos hinawi ko ang kurtina ng bathtub. Wala talaga roon! Tiningnan ko rin sa basurahan…

"What?"

“Suki, I can’t find my pills. The whole bottle of it!”

“Hmm? Bakit? Is there a need for it, Lilienne?” tamad niyang sinabi. “Oh my God! You need it, Lilienne!?”

Her voice now feels like she’s inside of a tunnel. Pahisterya ang tawa niya at hindi na ako makapagsalita dahil kinakain ng boses niya ang mga sasabihin ko.

Umupo ako sa inodoro habang hinihilot ang ulo. Where the hell is that?

I need it! At kung wala iyon dito ay bibili ako agad sa malapit na pharmacy!

What happened last night is wrong! Purely about lust!

“You need it? May nangyari? May nangyari? Oh my God!”

“Please don’t laugh, Suki. Namomroblema ako rito-”

“Hindi mo dinideny so ibig sabihin mayroon nga! Haha! There you go! Lumabas din ang tunay!”

“Pwede ba? I was only… tempted, Suki!”

I’m sure Riguel was, too. Lalaki lang siya. Ganyan talaga ang kahinaan. Kahit sa mga naging boyfriend ko noon. Alam ko na alipin sila ng kanilang makamundong pagnanasa. Kaya normal lang ang ginawa ni Riguel. The first time he was still able to stop us. Now, he couldn’t because I was wearing Suki’s stupid lingerie! I should stop wearing that!

“Why were you… Burning desire, Lilienne? Bakit? Gustong gusto mo si Attorney?”

“Pwede ba, Suki! Nakakainis ka, ha! Sabi ko naman sa’yo na hindi ko nga gusto si Riguel! Hindi ko siya mahal! Hindi ito ang first time kong magnasa sa lalaki, pwede? Ang dami kong pinagnasaan at syempre kung sila siguro ang kaharap ko kagabi, e ‘di nagawa na rin namin! Simple! Just… oh my God!”

Where the hell is the bottle?

Huminga ng malalim si Suki. Parang nawalan siya ng gana sa sinabi ko. Buti at marunong naman pala siyang tumigil sa pang-aasar sa akin.

“This is the twenty first century. I can even have sex with men kahit na ‘di kami kasal. What more na kasal kami ni Riguel. We’re married. Might as well enjoy the benefits of marraige!”

“Oo na! Sige na! Anong gusto mong gawin ko? Ipa LBC ko sa’yo ang pills ko?”

Kumunot ang noo ko. Hindi ako makapag-isip ng maayos!

Alam ko na!

Bago ko pa maayos ang aking plano ay narinig ko ang padabog na pagsarado ng pintuan sa kwarto. Napatayo ako. Riguel’s here!?

“Call you later. Maliligo lang ako at may bibilhin sa bayan…”

That’s it. I’m going to buy one there. Asan ba kasi iyon? I can’t remember where I last put it. Ang alam ko ay narito lang iyon sa medicine box. Dapat sa sunod ay sa closet ko ilagay para ‘di ko makalimutan!

Dahan-dahan kong binuksan ang pintuan ng banyo para tingnan kung naroon ba si Riguel. Nang nakitang clear naman ang kwarto ay lumabas na ako para hanapin naman sa closet iyong bote ng pills.

Wala rin doon. I give up. So I decided to take a shower instead. Pagkatapos kong magshower ay nagbihis na ako. And because there’s breakfast beside the bed, doon na rin ako kumain.

Bawat pagkurap ko ay naaalala ko ang lahat ng nangyari. Kung pwede lang dumilat na lang buong araw, e.

Riguel’s heated body above mine. His chiseled muscles, his strong biceps, his movements… Pakiramdam ko ay hindi ako makagalaw tuwing naiisip

ko iyong nangyari! Pinagtabi ko ang aking mga hita. I still feel sore right now. What the heck?

Pagkatapos kong kumain ay dinala ko na ang tray pababa. Inisip ko kung may naglinis kaya sa kwarto at naitapon ang pills ko. Magtatanong na sana ako kay Geling kaso napagtanto kong useless na kung naitapon na nga ito.

“Ako na po niyan, Ma’am…” ani Inday nang naabutan akong naghuhugas ng pinggan.

Nilingon ko siya. Pinalitan niya ako sa paghuhugas kaya nagpunas ako ng kamay.

“Si Riguel?” I asked.

“Nasa opisina niya po, Ma’am. Mukhang may kliyente…”

“Sige, pupuntahan ko muna…”

Kailangan kong magpaalam sa kanya na may bibilhin ako sa bayan. At kung pwede ay manghiram din ako ng sasakyan. Kung tatanungin niya ako kung anong bibilhin, sasabihin kong mga ingredients ng susunod kong lulutuin.

Palapit sa kanyang opisina ay parang nanghihina ako. The last time we had sex, I did not see him the morning after. Right now, we’ll see each other. I don’t know what to do, really!

Lilienne, baliw ka ba? Syempre ay mag aact normal ka, ‘di ba? Kasi bakit ka magpapaapekto? That’s just sex. Plain sex and nothing more. Tao ka lang din naman, nakakaramdam ng makamundong pagnanasa kaya ayos lang iyon.

Kumatok ako sa pintuan ng opisina ni Riguel. Taas noo akong pumasok para magpaalam.

Tawanan at biruan ang nadatnan ko pagkatulak ng pintuan. Talagang ‘di pala siya nag la-lock.

Nakatayo si Riguel sa gilid ng kanyang swivel chair at nakangiti sa babaeng nakaupo naman sa silya sa harap ng kanyang lamesa.

The girl looked classic. Her hair was pretty made up. Umaalon sa baba ngunit hindi tulad ng natural na alon sa akin. Talagang pinakulot. Her eyebrows are perfect, her lips are thin and red, and her nose narrow like that of a doll. She's also slender and tall. Naka pumps pa siya! Alam kong matangkad siya kahit nakaupo.

Natahimik silang dalawa. Napawi ang ngiti ni Riguel at tinuko niya ang kamay niya sa kanyang lamesa.

"Uhm…"

What the hell? I can't say it!

Napatingin-tingin ako sa mga bagay sa loob ng opisina bago nakahugot ng lakas loob na magsalita.

"Miss Madriaga, this is my wife… Lilienne Alleje…"

Hindi tulad ni Chio, tumango lamang si Miss Elizabeth Madriaga. If I remember her name correctly!

Tumango lang din ako sa kanya at bumaling agad kay Riguel.

"May mga kailangan akong bilhin para sa susunod na lulutuin ko. Kailangan kong mamalengke…"

"Ilista mo na lang at ibigay kay Nana…" si Riguel.

"Kailangang ako yung bumili."

Ilang saglit na nanatili ang tingin ni Riguel sa akin pagkatapos ay tumango.

"Matatagalan ka ba?"

"Hindi. Mga isang oras lang siguro. Depende kung mahanap ko agad lahat."

“Ipatawag mo si Mang Luis.”

“Pwedeng ako na ang magdrive, Riguel…” sabi ko.

Umiling siya. “Si Mang Luis na…”

Hindi na ako nakipagtalo. Gusto ko nang umalis doon. Lalo na’t nasusulyapan ko si Miss Madriaga na patingin tingin sa aking suot. I’m wearing a ripped shorts and white t shirt. So what? Do I need to wear a long gown to be suited as the Attorney’s wife?

Sa iritasyon ko ay umirap ako bago ako tumalikod sa kanila.

“So… where are we?” I heard Riguel said.

Kinagat ko ang labi ko at dahan-dahang sinarado ang pintuan.

Nakita kong bumalik ang ngisi noong babae kay Riguel.

Natulala ako ng ilang saglit sa harap ng pintuan.

So… I thought the scenes after sex would feel better. Just like what’s in the movies, right? Or in the books? Mas malinaw ang lahat pagkatapos ng pangyayari.

Ay, oo. Mas malinaw parin naman. Malinaw na sex lang iyong nangyari at wala na dapat akong iniisip kundi ang tapos na ito.

If you ask me if I’d do it again? Maybe not. Ayaw kong ganito ka gulo ang utak ko. Ayaw kong buhol-buhol ang pakiramdam ko pagkatapos. At mas lalong ayaw kong kabahan na baka may mabuo.

Sinunod ko ang sinabi ni Riguel. Tinawag ko si Manong Luis at nagpasama ako sa bayan.

Bumili nga ako ng mga ingredients ng ginataan kahit na alam ko namang mayroon na rin nito sa mansyon. Bumili na lang din ako ng kung anu-ano. Nang napadpad ako sa isang pharmacy ay namili na ako ng pills.

Napangiti ako nang may nakitang mag-asawa. The girl looks young while the man looks a bit older than me. I find it cute. Mukhang jolly ang pagkatao ng babae samantalang medyo seryoso naman ang lalaki.

Nang nakapagbayad na sila ay naabutan ako ng babaeng nakatingin sa kanila. She gave me a pretty smile. Tumango ako sa kanya.

Nakakainggit.

“Pwedeng patingin ng brands n’yo sa pills?”

Ilang sandali ako roon dahil tinawagan ko pa si Suki.

“Alam mo, Lilienne, pwede kang pumunta sa OB at magpaturok na lang doon para hindi ka na mawalan. Malay mo binasura ni Riguel ‘yong isang bote ng pills mo!” ani Suki.

“Ba’t niya naman gagawin iyon? May kilala ka bang magaling na OB?”

“Mayroon. Isusuggest kita sa kanya. Ayos lang ba sa’yo kung lalaki? Pero magaling talaga siya!”

“O sige. Basta suggested mo. Pagkauwi namin ng Maynila, pupuntahan ko rin agad.”

“Sige!”

Nakabili na ako ng medyo magandang brand. Pagkatapos ng isang oras ay umuwi na rin kami.

Ala una na iyon kaya tingin ko’y tapos na ring kumain si Riguel. Kaya heto’t mag-isa ulit akong kumain.

“Sinong client ni Riguel ngayon?” tanong ko kay Inday habang kumakain ako.

“Si… Miss Madriaga parin yata, Ma’am. Dito nga iyon kumain. Mukhang may problema sa kaso niya…”

Natigil ako sa pagnguya. You mean she’s been here the whole time? Umalis ako. Umuwi ako. Kumain ako. Nandito parin siya?

Just. Wow. Riguel.

Yayain ko kaya ulit siya sa kanyang Lola at Lolo nang mapangaralan siya?

Nanghina ako. Tinitigan ko na lang ang pagkain sa aking harap. Ramdam ko ang parang hangin na dumaan sa aking puso. It literally hurt.

“Inday, turuan mo akong magluto ng ginataan ngayon… Pagkatapos kong kumain…”

Tumango si Inday pero seryoso ang tingin niya sa akin. Hindi ko na binalik ang mata ko sa kanya.

Hindi ko makuha kung paano gawin ang ulam na ginataan. Hindi pumapasok sa utak ko ang lahat ng mga sinabi ni Inday.

“Ma’am, wala ka yata sa sarili. Ako na po ang magbubuhos ng gata…”

Pinalitan ako ni Inday doon. Humilig na lang ako sa counter habang tinitingnan siya.

“Pagkatapos, Ma’am, hihintayin na kumulo…” ani Inday.

Tumango ako kahit hindi naman talaga nakuha ang mga sinabi niya.

Pagkatapos ng pagluluto ay umakyat na ako sa kwarto para makapagbihis para sa pagjajogging ko.

Nilingon ko ang opisina ni Riguel bago ako tuluyang umalis.

Maaga akong nagsimulang mag jogging. Dumaan na lang ako sa gilid kung nasaan ang mga puno para may shade kahit paano.

Sa kalagitnaan ng pagtakbo ay tumigil ako at tiningnan ang mansyon sa malayo. Napangiti ako nang napagtantong marami ngang nagbago. Riguel tried to preserve it but he ended up putting his own style in it.

I wonder what will happen after six months? I wonder if I'll be in the U.S. by that time?

Sinipa ko ang bato at nilagay ko ang aking kamay sa loob ng bulsa ng hoodie ko.

Kung akin na ang mansyon at babalik ako ng U.S., sino ang mag-aalaga rito? Ibig sabihin uuwian ko rin agad dapat, 'di ba?

Hmm. After one month sa U.S., umuwi kaya ako? Pero paano naman ang trabaho ko? Maybe I should think about other businesses? I can't leave the mansion.

Sa mga inisip ko ay mabilis na lumipas ang panahon. Tumigil ang music sa aking cellphone ng ilang sandali, hudyat na may mensahe. Tiningnan ko agad iyon at nakita kong si Riguel ang nagtext.

Riguel:

Huwag kang magpagabi. Sabay tayong mag dinner.

I wonder what he's like if he's with his true wife? Iyong pinakasalan niya talaga kasi mahal niya?

He probably won't spend much of his time inside his office. Siguro ay maya't maya ang paglabas niya. And the wife would probably go to his office too. Serve drinks, food, and many more.

I typed in…

Ako:

Ok.

Paano kaya siya? Dahil kasal na kami, hindi siya makakapagpakasal na ulit, hindi ba? Dahil wala namang divorce rito. Oh maybe he'll find a way. He's a lawyer after all.

Papalubog na ang araw noon. Sabi niya huwag magpagabi. Kaya lang masyadong nakakaakit ang kulay ng langit tuwing papalubog na ang araw. I don’t want to miss it. I would never get tired of sunsets.

Tumakbo na lang ako nang tuluyan nang nanalo ang dilim sa langit. Palapit ako sa bahay nang nakita si Riguel na nakaupo sa terrace.

Tumayo agad siya nang nakita akong paakyat na.

“Ginabi ka…” he said.

Please don’t start, Riguel. I’m exhausted.

“Hindi pa naman late…” sabi ko. “Riguel…”

Nakapamulsa siya ngayon. Ayaw kong lumapit. Nahihiya ako dahil medyo pawis pa ako. His attention is all on me now.

“Ayos na ba ang schedule mo? Kailan iyong pupunta tayo kay Judge nang makakuha na ako ng ticket pauwi ng New York.”

Umigting ang panga niya sa sinabi ko. Hindi siya agad nakasagot. I feel like he’s waiting for me to say more.

“‘Tsaka, manghihingi rin ako ng original copy ng marraige certificate natin.”

“Nasa closet mo, nilagay ko.”

Tumango ako ng marahan.

“Pagkabalik nating Manila, ichicheck ko sa mga sekretarya ko ang schedule para malaman na kung kailan. Maybe it’s two months or three months from now.”

“Ibig sabihin pwedeng ‘di na tayo tumagal ng anim na buwan?”

Mag iisang buwan na yata akong kasal sa kanya ngayon. Kung sa loob ng tatlong buwan, ibig sabihin apat na buwan lang?

Pero hindi ba iyon ichicheck ng Judge? Na baka magulat siya after one year ng pagiging adviser niya kay Riguel malaman niyang wala na ako?

“May inayos kami kanina sa kaso ni Miss Madriaga. May kinasuhan kasi siyang Oral Defamation at may dala siyang mga panibagong ebidensya…” he explained.

Umiling ako. “Yeah. Well, trabaho mo ‘yan…”

Pinasok ko ulit sa bulsa ng hoodie ang aking mga kamay at lalagpasan na sana siya para makaligo nang bigla siyang nagsalita.

“Let’s talk about what happened last night…”

Nilingon ko siya. He looks so serious. What I feel right now is indifference.

“Don’t worry about it…” I said.

“What if you get pregnant?” binaliwala niya ang sinabi ko.

Hinarap ko siya. Hindi ako mabubuntis. Sisiguraduhin ko iyon!

Kung iyon lang pala ang inaalala niya, huwag na siyang mag-alala. We can fuck each other all night every night and I’ll make sure I won’t get pregnant!

“I won’t…”

“What if, Lilienne? I don’t want my child to grow up without a father…”

“Wait wait… Advance mo yatang mag-isip. Wala pa naman, Riguel. ‘Tsaka ‘di mangyayari ‘yon. Based on experience natin, ‘di ba? Magaling ka naman. Kayang ‘di makabuo…”

“I’m serious, Lilienne. Please, don’t make this a joke!”

“Don’t worry about it. At kapag talagang makabuo tayo, huwag kang mag-alala at hindi naman ako madamot. I’ll give you some time with our child, Riguel.”

“What about you? If you get pregnant within the six months, uuwi ka parin ng New York? Who’d take care of you then?”

“I’ve been taking care of my self my whole life so I’ll be fine. And don’t worry. Hindi ako makakapayag na may mabuo, Riguel.”

A baby is made through love. In our case, there’s no love. At ayaw ko ng ganoon.

“So… when are we going back to Manila? I need to work…”

Tumango siya at humugot ng malalim na hininga.

“Kailan mo gusto?”

“Kung pwedeng bukas, e ‘di bukas…”

“Tomorrow then…”

Nagulat ako sa bilis ng desisyon niya! Really? We’re going back to Manila tomorrow? Bakit hindi ko sinabi noong nakaraan na gusto ko nang mag Manila! Sana mas napaaga!

“Pack lightly. You can shop for your clothes there…”

“Nag-iipon ako ng pera, Riguel. Do you want me to go bankcrupt just before I can buy my tickets to the U.S.?”

Umiling siya. “Ako na ang bahala. I’ll give you my cards.”

Hindi ako makahanap ng salita sa sinabi niya. Of course I won’t do that! Just because we’re married doesn’t mean I’ll enjoy your privileges!

“No, thanks. Kaya ko naman-”

“Lilienne! Ibaba mo na ang pride mo, please. While you’re with me, I’ll take care of you whether you like it or not. You’re an Alleje now. You’re my wife. So drop your ego, even just for now… Magbihis ka na. Hihintayin

kita sa lamesa. Sabay na tayong kumain," malamig niyang sinabi at tinalikuran na ako.

Kabanata 32

Kabanata 32

*OceanofPDF.com*

Manila

Tahimik kami sa hapag habang kumakain. Parehong ‘di nagsasalita. Natatakot ako na mag-away ulit kami at kung ano pang masumbat ko sa kanya kaya pinili kong manahimik.

Pagkatapos ng pagkain ay nagpaalam ulit siyang magbabasa sa opisina.

Mabuti na rin at aalis na kami rito. May opisina kaya siya sa condo niya? Siguro. At iyon na naman siguro ang gagawin niya magdamag.

Alas diez nang pinili kong umakyat na pagkatapos ng ilang palabas sa TV. Pumasok na ako sa kwarto at pinatay ang lahat ng ilaw, maging ang sa lampshade para makatulog na.

Pero kahit anong gawin kong pagbibilang ng hanggang one thousand ay ‘di ako nakatulog. Palipat lipat ako ng posisyon at talagang marami ang pumapasok sa utak ko.

Naisip ko si Yeshua. Inisip ko ang mga gusto niyang ipangako ko sa kanya. Secure the house and the plantation… then talk to Piper.

Hindi ko pa alam kung nandito ba si Piper o wala. Magtatanong pa nga pala ako kay Suki kaso aalis na kami ni Riguel bukas. Kung sakaling nasa Alegria pa si Piper, matatagalan pa siguro ulit bago kami magkita. Siguro ang sunod naming balik ni Riguel dito ay kapag akin na ang mansyon.

Inisip ko ang parents ko. I imagined them still here. Iyon ang paborito kong daydream, e. Iyong mag imagine na nandyan parin sila. Ano kayang magiging reaksyon ni Mommy kapag nalaman niyang pinakasalan ko si Riguel? Magagalit kaya si Daddy? E, si Yeshua? Mommy would be very happy. She supports me in that.

But then I wouldn’t marry Riguel if they were here. Kung nandito sila, amin parin ang plantation at mansyon. Si Riguel ay mananatiling lawyer at baka kinasal na rin sa babaeng mahal niya.

Hindi mo talaga malaman ang panahon. Noon, kami ang angat. Ngayon, lugmok na lugmok ako. Nasanay ako sa marangyang pamumuhay ngunit kinaya ko rin naman ang paghihirap. At least now I know that I can handle the worst, right?

I checked my phone to see what time is it. Nakita kong ala una na ng madaling araw at heto ako, iniisip ang pamilya ko.

I wonder if maagapan pa si Yeshua kung sinabi ko iyon ng mas maaga? Malamang. O ‘di kaya pinilit ko si Mommy na ipagamot ang kapatid ko kahit noong December na lang? Kaso mas inatupag ko pa ang ibang bagay noon. I thought Yeshua would survive. Because I never really imagined he’d be gone.

Sana noong nandito pa sila, mas pinahalagahan ko sila. Sana imbes na magbulakbol ako o maghabol ng lalaki, nanatili na lang ako sa bahay at tiningnan sila magdamag.

Pumikit ako. Kailangan ko nang matulog.

Ilang sandali pa ang lumipas bago pumasok si Riguel. Mariin akong pumikit at ‘di na gumalaw.

Sinasadya niya kayang gabihing pumasok para ‘di kami magharap? Nakatalikod ako sa side ng kama niya at nanatiling nakapikit.

Umuga ang kama nang humiga siya at medyo gumalaw ang comforter na nakabalot sa akin.

Dumilat ako at natulala na lang.

Bakit kaya hindi na lang si Isabella ang inofferan niya ng ganito? Kung magkakasawaan sila, hindi makakapag divorce?

Hindi ko matandaan kung anong oras na akong nakatulog. Pagkagising ko ay wala na si Riguel at nakita ko ang isang maleta sa gilid ng kama.

He packed. I should, too. Anong oras kaya ang alis namin?

Sinunod ko ang sinabi niya. Iyong maliit na bag lang ang dala ko, hindi ang maleta. Iniwan ko ang ibang ‘di importante sa closet kaya lang pakiramdam ko kakailanganin ko ang lahat. Isa pa, may mga damit akong siguro’y nilalabhan pa ng mga kasambahay.

Pagkatapos kong mag-impake ay naligo na ako bilang paghahanda sa pagalis namin ni Riguel.

Pagkalabas ko ng bathroom ay napatalon ako nang nakita si Riguel malapit sa kama. He’s topless! Nakapamaywang siya at chinicheck ang cellphone niya. With only his dark maong as his shield, I almost choked.

Nilingon niya ako. Dire-diretso ang pasok ko sa closet. What the hell? Why is this giving me a heart attack all the time?

Nagmadali ako sa aking pagbibihis. Lotion, pabango, damit, suklay, pati make up ay sa closet ko na ginawa. Nagulat na lang ako nang may biglang kumatok doon.

“Can you hand me a shirt, please?” he said from the outside of the closet.

“Saan dito?” tanong ko.

Inislide ko ang pintuan ng parte niya sa closet. It revealed most of his clothes. Halos lahat ng naroon plane colors. It’s either whites, dark blues, royal blues, blacks, greys, dark greens, dark reds… that’s all. No neon colors and the likes.

“Riguel, alin dito…”

“Pick one…”

Kumunot ang noo ko at kumuha ng isang puting polo shirt. I haven’t seen him wear one now.

“Kahit ano? Ikaw na lang mamili. Lalabas na ako…”

“No… You pick one. Kahit ano…”

Kinuha ko iyon at binuksan na ang pintuan para makita siya. My eyes immediately drifted to his chest. I handed him the shirt. Pagkatanggap niya noon ay nagkamot agad ako sa aking batok.

“Is that fine?” I asked.

“Yup…”

Tinalikuran niya ako at sinuot iyon. Halos umiwas ako ng tingin dahil sa nakikitang muscles sa kanyang likod. Oh my God, does he lift?

Pinilig ko ang ulo ko. What the hell, Lilienne?

“Anong oras tayong aalis?”

“Ngayon.”

“I’m done packing. Maliit na bag lang ito…” sabi ko. “I’ll put this on the car…”

“Ilagay mo na lang sa taas ng maleta ko. Ako na ang bahalang magbaba niyan…”

He sprayed some expensive perfume. Halos tumirik ang mga mata ko nang naamoy ko iyon.

“Fine…”

Nilapag ko ang aking bag sa taas ng kanyang itim na maleta. Tinuro ko agad ang pintuan.

“Sa sala na ako mag-aantay.”

Iyon ang ginawa ko. Ngunit ilang sandali pa lang akong nakaupo ay bumaba na agad siya kasama ang maleta at bag ko ng walang kahirap-hirap.

Dumiretso siya sa pintuan para makalabas na. Tumayo ako sa aktong paglabas ng tatlong kasambahay galing sa kusina. Huli si Nana Sela.

“Mang Luis, kayo na pong bahala muna sa farm…” ani Riguel galing sa labas.

“Ma’am, uwi kayo agad, ha? Mami miss ka namin!” ani Inday nang lumabas ako.

Sa sasakyan ay inaayos ni Manong Tasyo, ang aming hardinero, ang mga bag at nag-uusap naman si Manong Luis at Riguel.

“Mamimiss ko rin kayo. Uuwi rin siguro kami pagkatapos ng ilang linggo.”

Kahit na hindi ko naman talaga alam kung anong plano ni Riguel tungkol sa pag-uwi. But I can probably ask him to go home if I want to.

“Lilienne, Riguel…” si Nana. “Mag-ingat kayong dalawa sa byahe. Sana ay habang nasa Maynila kayo, huwag kayong mag-aaway.”

“Opo, Nana…” sagot ni Riguel.

Nilipat ni Nana Sela ang tingin niya sa akin. Tipid akong ngumiti ngunit hindi niya ako sinuklian. Para bang may paratang agad siya sa akin kahit wala naman.

“Ikaw, Lilienne. Habaan mo ang pasensya mo’t abala ang asawa mo sa trabaho.”

Tumango lamang ako. Tumango rin si Nana.

Binuksan ni Riguel ang pintuan ng sasakyan niya para sa akin. Nagkatinginan muna kami bago ako tuluyang pumasok. Pagkasarado noon ay binaba ko agad ang salamin.

“Paalam po. Ingat din po kayo rito!” sabi ko.

Kumakaway na sila sa amin hanggang sa pinaandar na ni Riguel ang sasakyan at tuluyan na kaming umalis.

“Pwede kang magpatugtog rito, kung gusto mo…” ani Riguel.

Mahabang byahe pa ang mangyayari kaya kailangan nga namin ng tugtog. Ayaw ko namang puro katahimikan lang ang mangyayari sa byahe.

Tinuro niya ang iPod touch para matingnan ko ang playlist niya. May Spotify siya at kung anu-ano pa. Tiningnan ko ang mga tugtugin niya sa iPod Touch, karamihan doon ay mga lumang kanta na.

Kumunot ang noo ko sa paghahanap ng bago. Konti lang ang bago at halos puro slow pa. Hindi man lang Pop Music.

Hirap na hirap ako sa paghahanap. May isang napabilang na Pop Music pero hindi ko naman masyadong gusto.

“You can try my Spotify…” aniya.

Good idea. Dahil maaga akong aantukin kapag itong mga music mo ang ipapatugtog ko. They were mostly classic. Ilang taon na nga ulit si Riguel?

Umiling ako at nagsearch ng paboritong kong banda sa Spotify. Nang tumunog iyon ay naalala ko agad ang mga karanasan ko sa America. The way I used to walk from home to school. Though, I’m abroad, I’m living a simple life compared to my life in Alegria.

Nang tumugtog na iyon ay nilingon ko na ang bintana. Alam kong ‘di iyan alam ni Riguel. But he made me choose my music so he needs to deal with that. Anyway, kapag inantok ako at nakatulog, he can choose his own right away.

Naglaro na lang ako sa aking cellphone sa loob ng mga isang oras hanggang sa napagod ang aking mga mata. Ngayon ay nagdadrums naman ako sa hita ko habang paulit ulit na tinutugtog ang favorite song ko sa bandang pinakikinggan namin.

“British band?” he suddenly asked.

“How did you know?” tanong ko.

“Naririnig ko sa lyrics. They sound european.”

Tumango ako at nagpatuloy sa pakikinig. Biglang tumunog ang cellphone ni Riguel. Nilingon ko siya at agad niyang hinagilap ang kanyang cellphone. Nakita kong linoudspeaker niya iyon.

Binabaan ko agad ang volume ng stereo.

“Yes…”

“Hi Attorney Alleje!” lalaking boses iyon.

Tiningnan ko ang cellphone niya. Nakita kong “Atty. Abella” ang tumatawag. That’s the Attorney in Alegria, right?

“May ipapabasa sana akong kaso sa’yo ngayon. Nasa inyo ka ba?”

“Pauwi kaming Manila. I’m sorry, Ed. Next time.”

“Ayy! Ganoon? Bilis ah? Miss mo na si Alli?”

“Fuck!”

Mabilis na dinampot ni Riguel ang kanyang cellphone. Bumaling agad ako sa kalsada at pumikit. Hinilig ko ang ulo ko sa backrest ng upuan.

Who the hell is Alli? Makatulog na nga lang.

Pinatay niya na ang loudspeaker kaya ngayon ay nasa tainga niya na ang cellphone. I shouldn’t care.

“Anong kaso ba iyan?” pagalit na tanong ni Riguel.

Mariin ko na lang pinikit ang mga mata ko.

“Hindi nakakatawa. I’m driving. I’ll put this down. Send me the details if you can through email. Bye…”

Narinig ko ang paglapag ni Riguel ng kanyang cellphone sa baba. Nanatili akong nakapikit.

“Lilienne… hindi ka ba nagugutom? O nauuhaw? May pagkain sa likod.”

“Matutulog muna ako.”

Maingay siyang humugot ng malalim na hininga at ‘di na muli nagsalita.

Sino kaya ang Alli na tinutukoy ni Atty. Abella? Kliyente? Puro babae ang kliyente ni Riguel! O baka naman sa firm nila? Nagtatrabaho? Whatever.

Nagkatotoo ang kagustuhan kong matulog. Inantok nga ako at natuluyan sa pagtulog.

“Hey…”

I felt the hot breath on my neck.

“Lilienne… Wake up. We need to eat lunch…”

Kinusot ko ang mga mata ko at nilingon si Riguel. He’s almost leaning on me. Lumayo siya nang nakitang nagising ako.

Nasa labas kami ng isang simpleng restaurant sa karatig probinsya. Tinanggal ko ang unan sa aking leeg at nilagay sa likod.

“Okay…”

Wala pa ako sa sarili pagkaupo sa kawayang upuan doon sa restaurant. Tulala pa ako dahil kakagising ko pa lang.

Binigay kay Riguel ang menu. Sa akin ay nilapag lang sa tabi ko. Sinilip ko iyon.

“Anong gusto mo?”

“Kahit ano…”

Pagkasabi ko noon ay pumili agad siya ng tatlong putahe. Tahimik kami habang kumakain. Bitin ako sa pagtulog kaya pakiramdam ko ay matutulog pa ako ng matagal pagkabalik namin sa sasakyan.

Pagkabalik naman namin ay may kausap ulit siya sa cellphone. Mukhang tungkol sa trabaho ulit dahil medyo seryoso ang kanyang boses.

“Bukas dadali ako kaya huwag mo nang icancel iyon. Ako na ang bahala. Napag-aralan ko…”

Binaba ko ang upuan para mas mahiga ng mabuti at pumikit na. Bahala ka, Riguel. Matutulog ako sa byahe.

Iyon ang nangyari. Gising ako kapag gutom at kakain ako ng kung anu-anong pagkain sa likod ng sasakyan. Nagawa ko pang gumawa ng sandwich since nakita kong may loaf doon at may cheese sandwich spread. Sarap!

Nilingon ko si Riguel na seryosong nakatingin sa kalsada. Is he hungry or thirsty? Tahimik lang naman siya.

“Are you hungry?” I asked a dumb question.

Sumulyap siya sa akin.

“Pakagat na lang ng sandwich mo…” he said.

Nagkibit ako ng balikat at nilapit iton sa kanya. He took a bite and I felt his lips on my index finger. Napalunok ako sa nangyari at inalis agad sa kanyang harap ang sandwich.

“Uhm… Ayos lang ‘yan sa’yo? I can make you one.”

Umiling siya. “I’m fine…”

“Okay…”

Hinaplos ko ang gilid ng aking index finger gamit ang thumb. Ngumuso ako at kinagatan na lang din kung saan kumagat si Riguel.

“Water?” tanong ko pagkatapos kong buksan ang panibagong bote ng tubig.

Tumango siya. Nilapit ko agad ang tubig sa kanya at uminom siya ng konti. Bakit ganito? Pwede naman kaming tumigil kung gutom talaga siya, ‘di ba?

Pagkatapos niyang uminom doon ay ininuman ko na lang din ang parehong bote. Well… sayang naman kung mag open pa ako ng bago.

Pagkatapos ng ilang sandali ay natulog muli ako.

Nagising na lang ako sa tunog at vibration ng aking cellphone. Wala sa sarili kong kinuha iyon sa aking tagiliran at sinagot ang isang unknown number.

“Is that account just your poser or did you really marry Riguel Alleje?” isang pamilyar na boses ang narinig ko.

Dumilat ako at tumuwid sa pagkakaupo. Inayos ko ang upuan ko. Nagulat si Riguel sa reaksyon ko.

“What? Who’s this?”

Tumawa siya at nakumpirma ko kaagad na si Nicholas Revamonte iyon! He’s calling from a local number. And he doesn’t have that in the U.S. Either bumili siya… o nasa Pinas siya!

“Where are you?”

“I’m in Manila, Lili. Unfortunately, I’m not coming home just yet. I have things to do!”

“Nicholas! Pa Manila rin ako! Oh my God!” pahisterya kong sinabi.

Hindi ko alam kung bakit parang mas napaaga ang pasko nang narinig ko siya. I feel like he’s family.

Hindi mo pala talaga malalaman. Minsan, iyong mga kaibigan mong sobrang close sa’yo, hindi mo na mamamalayang pamilya na ang turing mo sa kanila.

“Really? But did you really marry Riguel Alleje?” aniya.

“Yes… Uhm…” but it’s a long story. “Well catch up when you’re free, okay? Did you contact Suki?”

“Yes. Sa kanya ko nakuha ang numero mo. Kita tayo kapag free ako, ha?”

“Sige ba! Nasa byahe pa lang ako. Malapit na akong dumating ng Maynila!”

“That’s great! So shall I say… see you?”

“See you!”

“Okay. I have to go for now… Bye…”

Binabaan ako ng tawag pero parang gusto kong magtatalon! Nicholas is here!

“Nicholas Revamonte? He’s in Manila?”

“Yes!” hindi ko maitago ang excitement.

Kumunot ang noo ni Riguel nang sumulyap siya sa akin. Nang bumaling ulit sa kalsada ay galit na ang kanyang ekspresyon.

“Kaya mo ba gustong pumunta ng Maynila dahil alam mong uuwi siya?” pabulong na sinabi ni Riguel.

Napawi ang ngiti ko roon. “What?”

Hindi niya inulit.

“Ni hindi ko nga alam na uuwi siya. Nagulat na nga lang ako at may numero siya sa akin. How will I know that he’s coming home. It’s coincidence, Riguel.”

Tumango siya at mukhang naniwala naman. But I can’t believe he thinks I’m that kind of girl.

Nakahalukipkip at simangot ako pagkapasok namin ng Maynila. Hindi maalis sa utak ko iyong tanong ni Riguel. At bakit siya makikialam na ‘di naman ako nakialam sa sinabi ni Atty. Abella tungkol sa siguro’y girlfriend niya. Correction, whoever that girl is… she’s not anymore a girlfriend.

She’s kabit! That’s the right term. He’s married to me. And whoever gets in the way is called kabit!

He pulled over at the basement of an expensive looking condominium in Rockwell. Lumabas agad siya. Lumabas na rin ako roon.

Kinuha niya sa back seat ang aming mga gamit. Inayos ko naman ang damit ko at sumunod na sa kanya patungo sa elevator ng condo.

Tahimik kami sa loob. Ano? Galit siya? Galit din ako.

Tumigil kami sa 22nd floor. Dire diretso ang lakad niya hanggang sa makarating sa kanyang unit.

Una siyang pumasok. Dahan dahan pa ako pagkapasok at tiningnan agad ang paligid doon. Wow. This looks a bit expensive.

Una kong nakita ang living room at dining table. May flatscreen at speakers sa tapat ng itim na square type sofa.

Dumiretso yata siya sa kwarto pagkatapos sinarado ang pintuan. Ako naman ay dumiretso sa isang pintuan malapit sa living room para tingnan ang balkonahe.

The view is breathtaking. I can’t help but smile.

Umalis ako roon at tiningnan ang kitchen. Sa room na iyon may bodega pa o utility room at may bathroom!

Lumabas ako ng kitchen at nakita ang unang kwarto. It looks like a study to me. Big rectangular table, book shelves, computer, sofas, and *etc.* and with it’s own bathroom!

Lumabas ako at tiningnan ang isa pang bedroom. Bedroom. With it’s own bathroom too! White sheets, white everything. Who’s sleeping here?

And the last… and it looks like the biggest among the them… The master’s bedroom. Kung saan naroon si Riguel.

Sofa. Check. King size bed with dark sheets and pillows. Check. Lampshade. Check. Television set. Check. Balcony. Check. Closet. Check. Big bathroom with bathtub. Check.

Nakapamaywang ako at tiningnan si Riguel na ngayon ay topless na naman.

“Are you living alone?”

“Before. You’re here now…”

Nagkibit siya ng balikat.

“Wala kang kasambahay?”

“There’s always room service anyway.”

“Who cooks for you, then?”

“Nakalimutan mo yata, Lilienne. Marunong ako sa gawaing bahay. If I can clean my own unit, then I’ll do it. Minsan, wala lang akong oras kaya nagpapa room service. That means, I can cook my own meal too.”

“Okay… I’m just asking. What’s the other two bedroom for? I know the other one is probably your study. But who sleeps on the other one?”

Nagtaas siya ng kilay. “You think I have someone with me, is that it?”

Humalukipkip ako. “Riguel, alam kong kung may babae kaman. Dito mo sa kama natin ikakama kaya hindi ako nagtatanong kung may girlfriend ka bang dito pinapatulog. I’m just asking what’s it for?”

“That’s for future purposes, Lilienne. And no… if you think I let girls in here, I’m sorry you’re wrong.”

Binaba niya ang kanyang maong. I almost shouted a curse! Dammit! Iniwas ko kaagad ang aking tingin.

“I’m gonna sleep now. I’m tired.”

“Riguel, paano ang-”

“Don’t go out just yet. Kadarating lang natin ng Maynila. Tell Suki and Nicholas to have a date instead, Lilienne,” aniya.

“I’m not going out. Ang sinasabi ko ay paano ang ating dinner? Matutulog ka na lang ba ng ‘di kumakain?”

“I ordered our food. Idedeliver iyon ngayon. I’m tired. Gigising na lang ako mamaya kung mayroon na.

With just his boxers, humiga agad siya sa king size bed at pinikit ang mga mata. Alright, I understand. He’s probably so tired of that trip. Ilang oras din naman siyang walang pahingang nagdadrive, e.

Dahil walang walk in closet, I am forced to strip in front of him. Thank God he’s asleep.

“Wear your pajamas. Not the lingerie…” he murmured.

“Oo na! Alam ko ‘yon!” iritado kong sinabi. “Maaakit ka lang kasi…” bulong ko.

“Haharap ka sa room boy para kunin ang pagkain ngayon. Hindi ako makakapayag na humarap kang naka lingerie, Lilienne. Stop overthinking and let me sleep in peace.”

Nilingon ko siya at matalim na tiningnan.



Kabanata 33

OceanofPDF.com

Forgive

Binuksan ko ang pintuan ng kanyang unit para tanggapin ang dinner na inorder niya para sa amin.

Habang inaayos ko ang mga pagkain sa lamesa ay naisip ko bukas. Anong oras kaya nagigising si Riguel? Tanghali na ako nagigising sa mansyon kaya ‘di ko alam kung paano rito. How about our food for tomorrow?

I checked the fridge. Nakita kong walang pagkain doon. Inumin lang, at iilang pwedeng i microwave. Oh right, bago ako dumating ng Alegria, ilang linggo na kaya siyang naroon?

Mag gogrocery ako bukas habang wala siya. Magpapasama ako kay Suki, syempre. Pagkatapos ng grocery ay pupunta kami sa kanyang opisina para makita ko ang posibleng maging work station ko.

Habang kumakain ako ng ay biglang lumabas si Riguel sa kwarto. He’s now wearing a white sleeveless top and just his boxers once again! Kagigising niya lang at medyo magulo ang buhok niya.

Muntik ko nang mailuwa ang kaning kinakain ko.

“Dinner ka na…” I said.

Umupo siya sa upuang nasa harap ko at kumuha na rin ng pagkain.

“You don’t have food in your fridge. Mag gogrocery ako bukas para rito…” I said.

“I’ll go to work tomorrow. May aasikasuhin ako. Sumama ka na lang sa akin pagkatapos mag grocery tayo…”

Plastik akong ngumisi. “Anong gagawin ko sa pinagtatrabahuan mo? I have things to do, too. I need to buy our food. Tapos magkikita kami ni Suki para makita ko ang workplace ko.”

“I have received the address of her company. Pwedeng tayo na rin ang pumunta…”

“Riguel, naiintindihan ko naman ang schedule mo kaya hindi ko na pwedeng iasa sa’yo ang lahat. Admit it. You’re busy. I can do this alone. Bakit kailangang bumuntot ka sa akin oras-oras?”

Natahimik siya sa sinabi ko. Kulang na lang magmaktol siya habang kumakain.

“Kukunin ako ni Suki dito mga alas diez bukas para tulungan akong mag grocery. After that, we’ll eat lunch and go to her company. Babalitaan na lang kita kung maganda ba ang opisina.”

“I will send my secretary there. I need an unbiased opinion about it…”

Natigil ako sa pagkain. Just. What. The. Hell?

Imbes na may sasabihin pa ako ay umiling na lang ako. I cannot believe him.

“This is a high end condo. That means you probably have gym somewhere here, right?” iniba ko ang usapan.

Tumango siya at nagtaas ng kilay.

“Wala na akong pagjajoggingan na plantation kaya doon na lang ako…” sabi ko.

“I have a treadmill here. Dito ka na lang,” aniya.

Wow ha! O sige. Tutal ay tinatamad naman talaga akong umalis pa rito kung sakaling mag exercise. Hindi na ako nagsalita.

And just like what he taught me, hinintay ko siyang matapos kumain para lang sabay kami. Nang matapos siya ay kinuha ko agad ang plato niya. Tumayo ako at inayos ang mga pinggan. Nag-angat siya ng tingin sa akin habang hawak ang basong iniinuman ng tubig.

“I’m gonna clean the mess. Bumalik ka na sa pagtulog mo. Alam kong pagod ka…” hindi ko na siya sinulyapan.

Dumiretso na ako sa kusina para makapag hugas na ng plato. That way, pagkatapos nito, maliligo ako, manonood ng TV. At least tulog na siya pagpunta ko ng kama, ‘di ba?

Nagsisimula na akong mag hugas nang nilapag niya ang baso sa sink. He even had the guts to hold my waist habang nilalapag iyon.

“Thank you…” he said.

Tumaas ang isang kilay ko habang tinitingnan ang kamay niyang nagpapahinga sa aking baywang.

“Just go to sleep, Riguel…”

“Yeah. Sumunod ka na…”

Kinagat ko ang labi ko at humugot ng malalim na hininga nang binitiwan niya ang aking baywang at umalis.

Living with him alone is just so hard.

Pagkatapos ay naisip ko ulit ang mga sinabi ni Atty. Abella. The “girlfriend” he is talking about. Alli? Alli who? Maybe that’s what the girlfriend/kabit’s name is.

I’m torn between researching about it and giving Riguel the freedom to have her. Tangina, hindi ko malunok iyon. And we even share the same bed. We even have sex at malalaman ko na may ganyan siya?

Palipat lipat ang emosyon ko sa gabing iyon. Nagagalit ako sa kay Alli. Naiinis ako sa sarili ko. At naiinis ako kay Riguel. In the end, I slept beside him.

Alas syete y media nang nagising ako. Kinamot ko ang ulo ko pagkabangon. I need to cook right? But we have no food in the fridge! Is Riguel still here?

Nang bumukas ang pintuan ng kwarto ay agad akong tumuwid sa pagkakaupo at inayos ang aking buhok. I saw a ghost of a smile from Riguel's face before he turned his back on me for the closet.

"I… I ordered our breakfast. Nilagay ko riyan sa lamesa ang cards ko kung may kailangan kang bilhin."

Nilingon ko agad ang tatlong cards na naroon. Fine. Ang hirap tanggapin pero bahay niya naman ito e 'di siya ang gumastos!

"Buy some more clothes, too. Konti lang ang dinala mo."

May tinitingnan siya sa drawer. Probably his necktie for today.

"You call or text me everytime. Give me your IDs too. We need to change your family name. Titingnan ko kung may magagawa ba ako…"

Kinusot ko ang mata ko. I'm still so sleepy but I know I need to wake up. May usapan pa kami ni Suki at paniguradong alas nuebe pa lang narito na iyon at sinusuri ang buong unit.

"May pupuntahan din akong hearing mamayang hapon. Kaya kung 'di ako makasagot sa mga tawag mo, just text me. You can also call my office, may number diyan sa lamesa. Sekretarya ko ang sasagot sa'yo. Her name's Zarah. She's thirty seven years old."

Dumilat ako at nakita kong nag-aayos siya ng necktie. Tinagilid ko ang ulo ko.

"Yeah, you're so busy. Kahit pala rito. O mas grabe rito…" I said without thinking.

Bigla siyang tumigil sa pagtatali ng necktie at nilingon niya ako. So what if he's busy, Lilienne? God! Dapat 'di ko na iyon sinabi, 'di ba?

Lumapit siya sa akin. Gumalaw ako sa kama para sana tumayo at umalis pero natigil ako nang umupo siya sa dadaanan ko.

"Tatapusin ko ang lahat para makapag bakasyon tayo…"

“You mean… the judge’s rest house thing?”

“Do you want to go to other places bukod doon?”

Kumunot ang noo ko. “No… I’m fine here…”

“I’m sorry, I need to do my work. Uuwi ako ng maaga.”

“Yeah. I know. And it’s okay kung matagalan ka, Riguel. That’s your work…” Nag-iwas ako ng tingin.

Nanatili ang mga mata niya sa akin. Bakit parang may mainit na kamay na humawak sa puso ko dahil lang tinititigan niya ako ngayon? I don’t understand.

“Let’s go and eat breakfast…” he said.

“I still need to take a bath…” palusot ko.

“Mamaya na ‘yan. Mabango ka naman lagi, Lilienne…”

Nilipat ko ang tingin ko sa kanya. He’s hiding a smile. Dammit!

“Umalis ka nga riyan! Dadaan ako, kung ganoon.”

Tumayo siya at tumawa. Nakapamaywang na ngayon.

Nauna na akong lumabas sa kwarto namin. Sobrang init ng pisngi ko, pakiramdam ko lalagnatin ako. I need to focus, alright!

Kumain kami ng breakfast. Tahimik dahil text nang text si Suki sa akin na papunta na raw siya rito! Mali ako sa alas nuebe! Mukhang alas otso ang dating niya.

“Are you meeting up with Nicholas today?”

“No. He said he’s busy. Baka sa Biyernes na…”

“Saan naman tayo pupunta?”

Tayo? Anong tayo, Riguel? Isasama ka ba? What the hell?

“Baka… kami lang. I know you’re busy with work so…”

Uminom siya ng tubig. Nagkamot naman ako sa batok.

“Bar?” he asked.

“I’m not sure. Depende sa trip nilang dalawa ni Suki.”

Tumango si Riguel at tahimik na natapos kumain. Tumayo ako nang pareho kaming natapos na.

“Magliligpit ako. Aalis ka na?” tanong ko.

“Yes. I have to go…”

Inayos niya ang kanyang suit. Tumikhim ako. Ang gwapo niya, ha! I need to compliment. That’s an unbiased opinion!

“Take care here. Text me kung umalis ka na rito kasama si Suki.”

Tumango ako. “Bye!”

Tumango rin siya at umalis na.

I don’t know kung alin ang mas maganda. Dito o sa Alegria. Sa Alegria, nasa iisang bahay nga kami pero nasa opisina siya lagi. Dito naman, kaming dalawa lang, maliit na unit, pero magtatrabaho naman siya at aalis.

“Sino ang nag initiate?”

Napag iiwanan na si Suki sa mga tanong niya. Hindi parin siya maka get over sa nangyari sa amin ni Riguel kaya paulit ulit ang tanong niya.

“Ewan, Suki! Maiisip mo pa ba ‘yon? Basta nag-aaway kami!” sabi ko sabay irap.

Tapos na niyang libutin ang buong unit. Tapos na rin akong maligo at magbihis. Palabas na kami ng unit at iyon parin ang inaalala niya.

“Pwede tayong pumunta kay Doc muna bago mag grocery. Malapit lang naman iyon dito. Tapos, diretso na tayo sa amin…”

“O sige. Buti at nakakuha ka ng appointment ngayon?”

“Oo, e.”

Kaya iyon ang ginawa namin ni Suki. Medyo bata pa ang doktor na napili niya. We discussed my medical history at sinabi niyang kailangan kong mag medical exam. Hindi ko alam na medyo matatagalan pala kami rito.

Habang nag-uusap kami ni Doc tungkol sa Depo at inaayos na ng nurse ang shot ay nagtext si Riguel.

Riguel:

Where are you? You did not text.

Uh-oh! Should I tell him I’m here? Kung sasabihin ko, iisipin niya na iniisip kong uulit pa kami, ‘di ba?

Ako:

Maglulunch na kami ni Suki ngayon. Sorry.

After the shot, naglunch naman kami ni Suki kaya walang problema. Pagkatapos ng lunch ay dumiretso na lang kami kina Suki.

Riguel:

Update me everytime, please.

“Baka natatakot na bigla ko siyang puntahan sa opisina niya at mameet ko iyong kabit niyang si Alli!” sabi ko habang papunta kami sa kina Suki.

“Alli?”

“Oo! Narinig ko noong tumawag si Atty. Abella. Inaasar niya si Riguel about doon. Guiltyng guilty si Riguel, pinatay niya ang loud speaker kasi narinig ko!

“Wow! You sound like a jealous wife! Baka naman joke lang ‘yon!”

“Kay dami namang joke niyan! Wala bang seryoso? Syempre, hindi mag jojoke ‘yan kung wala, ‘di ba?”

“Asus! Alam mo naman ang mga lalaki, Lilienne…”

Umiling ako. “Hindi. May nasesense talaga ako, e. Baka iyon na talaga iyong kabit niya.”

Nasa 7th floor ng building ang kompanya nina Suki. Ang daming computers sa bawat cubicle at halos puro lalaki ang nakaharap doon.

“These are my I.T. personnel. Sila ang kailangan mong imanage. Na promote kasi iyong manager na pinalitan mo kaya ‘yan. When will you start?”

“Next week? Monday para start ng week.”

Tumango si Suki at kinuha ang atensyon ng mga naroon.

Most of them were young. Almost the same age as me. May isang babae pero duda ako roon. Her hair is short and her clothes are kind of baggy.

“Thirty five lang naman sila Lilienne. They have their own teams. You just have to look into their files, absences, leaves, and all that para matutukan sila.”

Ipinakilala ako ni Suki sa kanila. Sa mga cubicles nila may mga maliliit na figurine ng mukhang robot. I am not really a fan of anime and other related things so I need to get acquainted with that, too. Para naman kahit paano’y maintindihan ko.

“Hindi mo na kailangang malaman ‘yan! Sus! Lilienne. May ibang personnel para sa mga works nila kaya iyong sa’yo lang talaga is ihandle

sila bilang employees dito…” paliwanag ni Suki sa kanyang opisina.

Biglang may kumatok sa kanyang opisina. Nagulat ako nang biglang pumasok si Sebastian.

I’ve seen him on our wedding day but I did not really thought about him much. Syempre, kasi malungkot ako sa araw na iyon. But right now, I can’t help but direct my attention towards him.

He’s not anymore wearing glasses. Siguro’y may contacts na. He’s tall and a bit masculine compared to my memory of him years ago. His hair is not anymore disheveled. More of clean cut na ngayon.

Tumikhim si Suki.

“Lilienne! Nandito ka pa…” ani Basty.

“Uh, yup. I’m… gonna work here so…” Nilingon ko si Suki.

“Anong kailangan mo?” tanong ng aking kaibigan.

I remember how Suki’s always disgusted with him. His “hawk-like” eyes she said disgusts her.

“I sent you my outputs on your email. Kailangan kong umalis dahil may kailangan din akong gawin sa ibang kompanya,” aniya.

“Thanks, then…” ani Suki at nag-iwas ng tingin.

“Review it properly. Ayaw kong pabalik balik dito tuwing sinasabi mong may mali akong nagawa kahit wala naman pala…”

Kitang kita ko ang galit sa mukha ni Suki. Bago pa niya mabugahan si Basty ay lumabas na iyon sa kanyang opisina.

Agad na nag tapon si Suki ng mga papel sa sahig. Sa sobrang gulat ko ay napatayo na ako.

“He’s so arrogant! So full of himself! Akala niya ang galing niya!” sigaw ni Suki.

Pinulot ko ang mga papel na kanyang tinapon. Sorry, boss. Anong problema natin?

Pulang pula ang kanyang mukha. Halos umapoy siya sa galit!

“Alam mo ba, Lili? Nagtop lang ‘yan sa board, akala niya na ang galing niya! Nang nag Maynila ‘yan, parang lahat ng magagandang babae pwede niya lang saktan at itapon samantalang noong nasa Alegria tayo isa lang naman siyang nerd! Nerd!” sigaw ni Suki.

Inayos ko ang mga papel habang abala siya sa kanyang galit.

“Napasok lang sa isang magandang firm, akala niya na ang galing niya! Kahit correction ko, hindi tinatanggap! At anong ibig niyang sabihin sa pinapabalik ko siya rito? Aba, syempre! Naniniguro lang ako! Mas gusto niya kasi sa ibang kompanya kasi puro babae ang naroon! Marami siyang maloloko! Dito! Puro lalaki kaya wala siyang gana!”

“Saan ba galing ang hugot niyan, ha?” sabi ko habang inaayos ang mga papel.

“Ay naku! Umalis na tayo rito! Mag grocery ka na at nahahigh blood ako!”

Dinampot ni Suki ang kanyang jacket at hinigit na ako palabas ng kanyang opisina. Ilang minuto ata siyang nagmumura ng ganoon para kay Basty. Kahit sa sasakyan ay iyon ang topic namin.

“We even met on a bar, do you know that? Can you believe it? I was so drunk, he kissed me!”

“What the hell, Suki? Seryoso?” napasigaw ako roon!

“Yes, puta! Dinala niya ako sa condo niya, alam mo ‘yon! I lost my fucking virginity to him!”

“What? What the fuck? What the fucking?” Hindi ako makahinga sa mga sinabi ko.

“Shh! I was drunk! He did it on purpose! He’s a user! Buwiset siya!”

“Kailan ‘yon, kung ganoon? Ha? Kailan n’yo ginawa?”

“Just last week!” sigaw ni Suki sabay hampas sa manibela.

Inayos ko agad ang seatbelts ko. Baka mamaya sa galit niya anong mangyari.

Nag-uunahan ang iniisip ko. Hindi ko inakala iyon! And all the while I thought it’s going to be Nicholas. Basty is… Basty is just so impossible! She hated him to bits, right?

“Last week lang kayo nag ganoon?” sigaw ko.

“Ay!” Ngumiwi siya. “Last week ang huli naming ganoon, I mean…” mas bumaba ang boses.

“What the hell? That means you’ve been doing that with him for… oh my God! Ilang buwan? Taon? What the?”

Para akong mababaliw sa mga narinig ko sa kanya. Habang nag gogrocery kami ay wala akong ibang maisip kundi silang dalawa ni Basty. Seriously, though? You have to be kidding me!

Pagkatapos ng grocery ay napadpad kami sa mga damit. Natetempt akong bumili kaso lang ang mahal at nanghihinayang ako sa pera.

“Hindi ba binigyan ka naman ng cards ni Riguel? Iyon na ang ipambili mo…”

Umiling ako. “Pang grocery lang ‘yon.”

Nilingon ko ulit ang mga damit na nagustuhan ko. Iniwas ko na lang ang paningin ko sa kanila para hindi na ako mainggit. Funny how things change

with time. Noon, kahit ano maaari kong bilhin. Ngayon simpleng mga damit lang, hindi ko mabili.

Tinuro ni Suki ang isang poster habang naglalakad kami.

“Your favorite band’s concert oh? Manood kayo ni Riguel…” sabi niya.

Ngumisi ako. “Naku! Hindi niya type ‘yan. Mga old songs type noon…”

Hindi ko matanggal ang tingin ko sa concert. Nakapaloob doon ang date. I actually want to go. Just have a good time. Kaso… mahal ang ticket. Pero… baka nga makabili na ako kung may pera na ako galing sa trabaho, ‘di ba?

“Titingnan ko kung makakapunta ba ako. By the way… sa Biyernes ba ang lakad natin with Nicholas?”

“Yes. He wants in a high end bar. Busy siya ngayon sa negosyo nila ni Kaius, e. Mukhang may dinaluhan yata na exhibit ng kapatid niya.”

“Tayong tatlo lang?” tanong ko.

“Most likely. Isama mo na si Riguel.”

“Naku! Huwag na! Ang boring noon. KJ pa…”

Tumawa si Suki. “Eh kasi lagi kayong nag-aaway, no… But… oo nga. Huwag mo nang isama at baka mag-away sila ni Nico.”

Pagkatapos ng mga ginawa namin ay hinatid na ako ni Suki sa condo. Alas singko pa lang ‘yon at wala pa si Riguel kaya may panahon pa akong magluto.

Nagluto ako ng sinigang. Para sa unang pagluluto kong mag-isa dito, iyon munang pinaka magaling ako.

Masaya ako sa nagawa ko. Nilagay ko sa lamesa ang sinigang at umupo na roon habang nag hihintay kay Riguel. It’s six thirty in the evening and he’s not yet here.

Ano kayang ibig sabihin ng maaga niya? Alas dose ba siya umuuwi at kung alas nuebe ay maaga iyon para sa kanya?

Nang nag alas syete ay medyo nawala na ang init ng sabaw. Kumalam ang sikmura ko sa gutom. Tiningnan ko ang cellphone ko at nakita kong may text galing sa kanya.

Riguel:

I'm sorry natagalan ako sa trabaho. Mauna ka nang kumain. Uuwi din ako agad.

Nilapag ko ang cellphone ko sa lamesa at nagsimula nang kumain. Hindi ko alam kung bakit parang pinipiga ang puso ko habang kumakain doon.

Hindi naman maanghang pero lumuha ako. Pinunasan ko ang mga luha sa aking mga mata.

Maybe that's the price I pay, huh? For every wrong thing I did in the past years.

Pagkatapos kong kumain ay nagligpit ako. Seven thirty and he's not yet here.

Naligo ako at nagbihis ng pantulog at humiga na lang sa kama para makatulog agad. Damn! This sucks. Big time.

Bumukas ang pintuan ng kwarto at pumikit ako ng mariin. I heard his footsteps. Papunta siya sa kama.

Umuga ang gilid ko at alam kong naroon na siya.

"Hey, I'm sorry. It's my first time in the office since I left Manila. Medyo maraming trabaho…" aniya.

Kinusot ko ang mga mata ko. Kunwari tulog at nagising lang.

"I know you're not asleep yet…"

First time mong ma meet ulit si Alli kaya ilang rounds siguro nagawa n’yo ‘no? What the hell am I thinking?

“Kumain ka na…” iyon lang ang nasabi ko habang nakapikit parin.

Ayaw kong makita niya ang paniguradong namumula kong mga mata.

Nagulat ako nang bigla kong naramdaman ang lambot ng kanyang labi sa akin. Napamulat ako roon.

“I’m sorry…” he said and he kissed me again. “Forgive me, Lienne…”

Kabanata 34

Kabanata 34

*OceanofPDF.com*

Mine

Nanatili akong ganoon habang nagbibihis siya. Agad siyang humiga sa kama habang nagkukunwari akong natutulog.

“Lilienne…” tawag niya.

“Riguel, kumain ka na roon. Tapos na akong kumain. Inaantok na ako…” sabi ko.

“Hmm… Okay. Kakain lang ako tapos matutulog na.”

Hindi ko alam kung bakit kahit ganoon ay naging panatag ang loob ko kahit paano. Sa pag-uwi ni Riguel, parang nabunutan ako ng tinik. Na ayos na ang lahat, ang importante nakauwi siya.

Kinaumagahan ay siya ang nagluto. Maaga naman akong nagising. Nasa mga alas sais y media pero naroon na si Riguel sa kusina. Wearing my pajama and a white racerback, umupo ako sa isang silya habang pinapanood siyang nag piprito ng sunny side up.

“Good morning!” malambing niyang bati.

“Ako na sana ang nagluto. Ayos lang naman. Wala akong ginagawa. May trabaho ka pa…” sabi ko.

“Ako na ang magluluto sa umaga para makatulog ka pa ng mas mahaba. Sa gabi, ikaw naman.”

Tumango ako at tumayo na lang. “Maliligo na lang muna ako…”

“Uh, okay…”

Sa sumunod na araw, ganoon parin naman ang nangyayari. Nasa gitna ng alas syete hanggang alas otso umuwi si Riguel. Pinaka maaga iyong alas sais niyang uwi.

Ang ginagawa ko naman sa condo ay iba-iba araw-araw. Nag te-treadmill ako, syempre. Kaharap ang kalakhan ng Maynila. Pagkatapos nanonood ako ng TV. Tapos nag-aaral ng kahit anong lulutuin. Tinitingnan ko sa Youtube.

Minsan nauubusan ako ng mga ingredients mabuti na lang at nadiskubre kong may malapit palang grocery kaya nilalakad ko lang. Minsan naman bumibisita ako sa swimming pool at umuupo sa lounge habang nagbabasa ng libro.

Tuwing tanghali madalas si Suki ay bumibisita sa condo at doon na kumain. Kaya naiinspire akong magluto ng tanghalian dahil may kakain parin naman.

Pabalik balik ako sa opisina ni Riguel para humagilap ng librong pwedeng basahin.

“You can buy new books if you want. My cards are with you. Pagkatapos mong magbasa, ilagay mo na lang sa opisina…” iyon ang sinabi niya tungkol sa ginagawa ko.

Hindi ko naman gagawin iyon. Nakakahiya, ha. Pati pa ang damit ay gusto niyang bumili na ako.

“Kung gusto mo sumama ka sa opisina ngayon?” anyaya ni Riguel.

Umiling ako sa kagustuhan niya. No way in hell I’d go with him. Alam ko na ang mangyayari. Busy siya. Pag-uusapan lang ako roon. Ang napakaclingy na wife ni Attorney Alleje! And that’s me!

“My secretary went to your office. She told me most of the employees are boys. Can I see your job description? Do you have a contract?” ani Riguel.

“Yes. Nakay Suki. Ipapakita ko sa’yo pag naibigay niya na.”

“Lilienne, you don’t have to do this. I can buy whatever you need. Ano pang silbi ng pagtatrabaho ko, hindi ba?”

“Riguel, hindi naman ganoon. This is in preparation for our divorce. I need to go abroad. May pera ako pero hindi sobra-sobra. Isa pa, mag-iipon ako para sa plantation.”

Natahimik siya sa sinabi ko. Pagalit niyang tiningnan ang pagkain at uminom na lamang ng tubig. Hindi niya inubos ang natitirang pagkain sa pinggan.

“By the way, anong oras kang uuwi mamaya?” tanong ko.

“Depende pa. Siguro’y mga alas syete,” malamig niyang sinabi.

Ngayon lang yata ako matutuwa kung matatagalan siya sa pag-uwi. Because of course… today is Friday!

“Kung ganoon, baka kasi sunduin ako ni Suki rito ng mga alas syete dahil mamaya kami aalis nina Nicholas…”

Naging mas seryoso ang tingin niya sa akin ngayon. “Saan kayo pupunta?”

“Sa BGC lang daw. Gusto kasi nilang mag bar, e.”

“Anong oras ang uwi n’yo?” tanong nI Riguel.

“Hindi ko pa alam, e. Siguro mga alas dose or higit pa…”

His jaw clenched. Hindi siya umoo, hindi rin naman siya umayaw. Basta’t iyon lang ang sinabi niya bago siya umalis.

Tumawag sina Nana Sela, Lola Aura, at Lolo Selmo sa araw na iyon. Nasa mansyon yata sila at sinadya talaga nilang pumunta para tumawag ngayon.

“Nagtatrabaho po kasi si Riguel ngayon…” paliwanag ko.

“Ayos lang, Lilienne. Ikaw naman ang sadya namin… Kumusta na, hija? May apo na ba ako sa tuhod?” humagikhik si Lola Aura.

Napangiti ako sa sinabi ng matanda. I can imagine her expression. Kaya lang nakakalungkot isiping tila niloloko ko siya ngayon. Paano makakabuo

gayong nagpa-inject ako ng Depo? At isa pa… bakit kami bubuo, e, puro kasinungalingan naman ang lahat ng ito?

“Wala pa po, e. Hindi bale’t babalitaan ko agad kayo kung sakali…” sabi ko.

“Pasensya ka na, hija… Nananabik lang talaga kami…” ani Lola.

Nang si Nana Sela naman ang nasa linya ay puro pangaral ang mga sinabi niya sa akin.

“Nagpapalaba ba kayo riyan?”

“Opo…”

“Mabuti. Alam mo naman ‘yang asawa mo’t puro trabaho.”

“Oo nga po. Uh, magtatrabaho na rin po ako next week kaya magiging abala na rin ako.”

“Ganoon ba? Pumayag ba si Riguel diyan?”

“Oo naman po, Nana.”

“O siya… Basta ba nagpaalam ka sa kanya…”

Pagkatapos ng tawag ay bumalik ulit ako sa mga dating gawain. Habang nagluluto ako ay tumaag si Riguel sa aking cellphone.

“Hello?”

“Hello, where are you?”

Umirap ako. “Narito lang sa condo, nagluluto ng pritong isda…”

“Who’s with you?”

“I’m alone. Bakit?”

“Wala lang…” huminga siya ng malalim.

Naririnig ko sa kanyang boses ang pagkapagod. Sobrang stressed siguro siya sa kanyang trabaho at si Alli ay pampawala ng stress. Sige, ha!

“What are you wearing?” tanong niya.

Napatingin ako sa aking damit. “Well, I’m wearing an apron.”

“Huh? Iyan lang, Lilienne?” pagalit niyang sinabi.

“Well, white shorts and spaghetti top. Why?”

“I hope you don’t wear just your underwear there. Hindi ibig sabihin na mag-isa ka, pwede ka nang gumala riyan ng naka ganoon.”

“Why am I going to do that, anyway? I’m not like you. Boxers lang kapag nandito sa condo, Riguel.”

Tumawa siya. “That’s a different story.”

“Whatever. Baba ko na ‘to at masusunog na itong niluluto ko…”

“Okay… Good bye, Lilienne…”

“Bye…”

Hinintay kong ibaba niya ngunit hindi niya ginawa. Tahimik lang pareho ang linya namin. Kaya binaba ko na lang.

Napangiti ako habang binabaliktad ang isda sa kawali. Mababaliw na yata ako rito.

Naiisip ko kung pwede bang ‘wag na lang tumuloy sa lakad namin mamaya. Mukhang gusto kong matulog na lang sa kama. Pero papatayin ako ni Suki at ni Nicholas kung ginawa ko iyon!

“Hello!” sigaw ni Suki nang pumasok siya sa condo namin.

Nag-aayos pa ako. As usual, ang aga na naman niya!

“Sa labas na raw tayo kumain at nagpareserve si Nicholas sa isang restaurant!” ani Suki nang nakita akong inaasikaso ang dinner.

“Ganoon? Nagluto naman ako para kay Riguel… Uuwi na ‘yon ngayon.”

“Ay naku! Wife duties… Anong pakiramdam na natupad ang pangarap ng bata mong puso?” Nilapit niya sa akin ang kanyang kamao tila ginagawang microphone.

Hinawi ko agad ang kamay niya.

“At least ako, minsan kong pinangarap itong nangyayari sa amin ni Riguel. E, ikaw? Kailan mo pinangarap si Basty?”

“Namemersonal ka naman, e…” Umismid siya.

“Sinasabi ko lang. Ay naku, Suki! Tumigil ka riyan!”

“Syempre, lust lang ‘yon. Have you seen him right now? He looks like a freaking greek god. Gone are the days with his thick Harry Potter glasses!”

“Kailan ba kayo nagsimula, ha?”

“Ay! Basta! Noong unang uwi ko rito galing Japan! Matagal na, Lilienne!”

“Bakit ‘di mo sinabi sa akin? Jusko, Suki. Kung hindi pa natin siya nakita noong isang araw ay ‘di mo na naikwento sa akin.”

“Syempre, busy ka sa kaganapan sa buhay mo.”

Tama nga naman. I wonder how Suki felt when she saw me so low years ago. Sa sobrang baba ko, hindi ko na alam na nasasaktan ko ang sarili kong mga kaibigan. Sa sobrang lungkot ko noon, hindi ko namamalayang nagiging pabigat ako sa ibang tao.

I remember how we traveled just for me to forget what happened. Little did I know that some things are going on with her life too. Nag focus lang ako

sa buhay ko noon na ‘di ko na alam iyong kanya.

“Magandang gabi, Attorney Alleje!” bati ni Suki.

Napatingin ako kay Riguel na pumasok sa pintuan ng condo.

Inaayos ko ang kanyang pagkain sa lamesa. Naka dark gray ako na tight dress. Hindi naman sexy ang sa dibdib pero aware ako na masyadong revealing ang likod at ang skirt ay masyadong maiksi.

Humarap ako sa kanya para maaprubahan niya ang damit ko. I know he won’t care anyway but I don’t want to give him ideas. May short sleeves pa nga ito kaya ayos lang ‘yan!

“Magandang gabi, Suki…”

Maaga ka ngayon, ha?

Nanatili ang mga mata ni Riguel sa akin. He loosened up his necktie. Bumaling si Suki sa akin at nakapangalumbaba na ngayon.

Nakaupo siya sa isang silya sa aming hapag.

“Is that dress new?” ani Riguel.

“Nope. Dala ko ‘to galing Japan. Binili namin ni Suki…” sabi ko.

“Well, that’s too short.” Tinuro niya ang aking mga hita. “You have other dresses?”

“Nope, Riguel. Konti lang dala ko.”

“You still did not shop for anything?”

Umiling na lamang ako. Umigting ang panga niya. Mukhang disappointed sa sinabi ko.

“Uh, by the way. Hindi kami rito kakain ni Suki dahil may reservation na sa restaurant. Uhm… Pero pinagluto kita kaya… Heto…” sabi ko sabay turo

sa pagkain.

Tumango siya. “Saan naman kayo kakain? At saang bar kayo pupunta?”

“Hindi ko pa alam, e…” Nilingon ko si Suki para matulungan niya ako.

“Si Nicholas ang bahala, Riguel. Siya manlilibre kaya…” nagkibit balikat si Suki.

Talaga itong si Suki, e. She mentioned Nicholas’ name! Wrong move!

“I don’t like that dress,” he said bluntly.

“Uy, Riguel… Sige, pahiramin ko na lang si Lilienne ng ibang damit?” ani Suki.

“Huwag na, Suki. Riguel, anong gusto mong gawin ko? Wala akong ibang damit na pwede sa ganoon. Oo na at mamimili na ako!”

Baka mamaya ay ‘di naman ako palabasin nito. Mukha pa naman siyang galit at badtrip. Ayaw kong ganoon. Na set na ang mind ko na lalabas, e.

“Mamimili ako bukas, promise! Sige na… Ayos lang ‘to. Si Suki nga, o!” sabay turo ko kay Suki na may revealing dede.

Inirapan lamang ako ni Riguel. “Fine. Ihahatid ko kayo…”

Tumayo si Suki at halos magdiwang dahil pinayagan kami.

“Attorney, huwag na. Dala ko ang sasakyan ko. Ihahatid ko si Lilienne dito mamaya ng safe and sound,” sabay ngisi ni Suki.

“Sige. Siguraduhin n’yo lang. Lilienne, give me the details. Kung saan kayo at anong ginagawa n’yo mamaya…”

“Okay…”

“Ang bait na asawa ni Attorney!” tili ni Suki.

Umiling lamang si Riguel sa amin. Nagmamadali na akong mag-ayos. May light make up ako at binaba ko lang ang buhok ko. Ayos na ito!

Nang tinalikuran ko si Riguel ay halos magmura siya.

“Lilienne! Are you fucking wearing a bra!?”

Shit!

“Uh-oh…” humalakhak si Suki at binuksan na ang pintuan.

“Yes, I am. Silicone bra, Riguel. Para ‘di kita sa likod…”

Nagkakasalubong na ang kilay niya sa galit sa akin. I need to get through this anger para makaalis na kami.

“Fine! Whatever. Text me when you get there! And don’t you drink! Or dance with anyone!”

Iniwan na namin si Riguel. Seriously, though? Where’s the fun in that? Kung hindi iinom ay para saan pa ang lakad namin? Kung hindi sasayaw, para saan pa ang party?

Sa isang mamahaling restaurant kami dinala ni Nicholas. Naroon na siya at naghihintay sa amin para sa fine dining.

May nagkanda lakihang mga chandelier sa taas at pati ang mga wines na siniserve ay iyong mga pinakamamahalin.

As usual, Nicholas looks the same. Macho, gwapo, at mukhang manloloko. Pakiramdam ko magkapatid kaming tatlo. Hindi ko nga lang alam kung sino dapat ang eldest sa amin.

“Why did you marry him?”

Silang dalawa ni Suki ang nakakaalam sa mga bagay tungkol sa akin simula pa lang. Kaya malaya ko silang mapagsasabihan ng kahit ano. Isa pa, subok na si Nicholas. He can protect secrets like it’s his own. Noon pa man, kaya niya nang gawin iyon para sa akin.

“Because I want the mansion back to me.”

I explained to him our contract. Riguel needs me for a promotion. To please an adviser. To impress someone. While I need the mansion so… may benefit kaming dalawa rito.

“Sigurado ka bang iyon? Hindi ba ay kapag ikinasal siya rito, hindi na siya makakapagpakasal pa ulit? Ikaw, maari pa sa ibang bansa, ‘di ba?”

“Hindi ko alam, Nicholas. He’s a lawyer. Siguro naman ay na forsee niya na ang mga bagay na iyan, ‘di ba? Bago pa lang niya ako inofferan ng ganoon?”

“Kung sa bagay. But… If I were in his shoes and I don’t want you, Lili, hindi kita aalukin ng ganoon. Hell, kahit ganito ako, gusto ko paring makasal balang araw,” si Nicholas.

“Slow clap!” sabay tawa ni Suki.

Sarap pag untugin ng dalawa.

“Baka naman kasi magagawan niya ng paraan. Magaling siyang lawyer…” sabi ko.

Sumang-ayon na lang si Nicholas at nagpatuloy kami sa pagkain at pag inom ng wine.

I also texted Riguel that we’re done dining and we’re going to this exclusive and expensive bar.

Hindi siya nagreply. Siguro ay nakatulog na kaya hindi ko na pinilit.

Pumasok kami sa isang bar. Umupo sa isang square sofa kasama ang tatlong babae ni Nicholas. Ang galing, ‘di ba? Pero ayos lang basta’t libre ng mamahaling inumin!

The crowd’s dancing. Hindi kasing wild ng mga naaalala ko sa U.S. but what do we expect? It’s a high end bar with high end people around. May

iilang artista akong nakikita, may mga modelo rin, may mga expats, at kung anu-ano pa.

Habang gumagala ang mga mata ko kung saan saan ay lagok ng lagok naman si Suki sa harap ko.

“Hinay hinay lang, Suki. Ano bang pinoproblema mo nitong mga nakaraang araw? Basty? Or Nicholas?” tinuro ko si Nicholas na punong puno ng mga babae.

“What? Wala akong problema, ‘no! I just want to have fun. Sayaw tayo mamaya!” sabi niya.

“Oo ba!”

Uminom na rin ako. Tumayo si Suki nang may nakilalang mga kaibigan. Medyo mga gwapo at mukhang may dugong banyaga.

“This is Lilienne… That’s our friend Nicholas out there with his girl friends…”

Tumayo ako at nakipagkamayan na sa tatlong lalaking kaibigan niya. Isa roon ay siguro’y bading. Nararamdaman ko sa pananalita.

Pinaupo sila roon ni Suki at nag-usap sila tungkol sa negosyo. Iyong isa ay pasulyap sulyap sa akin.

“Are you… here… Manila?”

Ah! His english sucks and his tone feels different. Siguro’y italyano o ano.

“Yup… I’m from here…” sabi ko sa kanya.

“I’m from Italy…” aniya sabay tipid na ngiti.

“You’re here for a vacation?” I asked.

“Yes! Yes! In Boracay! We’re planning to build… restaurant… Italian restaurant in Station one. Have you been there?”

“In Boracay? Nope… I haven’t been to Boracay. I spent the last eight years in the U.S. so I did not have time to travel here in the Philippines…”

“America? Where in America?”

“New York.” Ngumiti ako.

Biglang may kumalabit sa akin. Nakita ko si Nicholas na medyo pula na ang mukha.

“Oh gee. Ang gwapo naman ni Revamonte, darling!” anang bading na kaibigan ni Suki.

“Sayaw tayo. It’s boring here! Come on!” ani Nico.

Tumango ako at tumayo.

“Wanna dance?” tanong ko sa italyano.

Kaya tumayo kaming lahat para sumayaw na. Lumalalim na ang gabi at nang tiningnan ko ang aking wrist watch ay nakita kong alas onse na.

Una ay kaming lahat pa ang sumasayaw. Naramdaman kong medyo nalalasing na ako dahil umaalon na ang paningin ko.

Nawala sa paningin ko sina Suki at Nicholas. Maging iyong bading na kaibigan ni Suki. Nakita ko ang babaeng kausap ni Nico kanina na may kasayaw na expat.

Sumasayaw sa harap ko ang italyano kaya lang hindi ko masyadong feel ang moves niya kaya medyo lumipat ako at naghanap ng sariling mundo.

May sumayaw ulit sa akin. He seems familiar. Like I’ve seen him on magazines or something. Maybe he’s a model. Sa gilid ko ay sumasayaw siya pero hindi ko parin nagustuhan.

I mean, his moves are alright but it just doesn’t feel right. Something is off. I’m not usually like this.

Kahit hindi naman talaga ako madalas sa bar noong nasa U.S. ako ay naaalala ko pa naman paano pumarty. At hindi iyon ganito. Kailangang sumabay. Ngayon yata, hindi na ako nakakasabay. Signs of aging?

May sumayaw ulit sa akin. This time it's an actor! For God's sake, he's popular! Some of the girls on the dancefloor were looking at us. He's big and tall… But then, I'm just not comfortable!

Umalis ulit ako bago pa umabot ng minuto ang pagsasayaw namin. I better dance alone. I just want to feel good, alright!

Ilang sandali ang nakalipas ay may nararamdaman na naman akong sumasayaw sa aking likod. Hawak niya ang baywang ko. Ramdam na ramdam ko ang init ng kanyang mga palad sa nipis na tela ng aking damit.

At sa likod ko, mas lalo kong naramdaman ang gaspang ng kanyang kamay. Pinipirmi niya ako sa posisyon.

Nagpatuloy ako sa pagsasayaw. Lumipas ang isang minuto at magkasayaw parin kami. Tumindig ang balahibo sa batok ko nang hinaplos niya ang aking baywang pababa.

Wait… what the hell?

Nilagay niya ang kanyang ulo sa aking leeg. His hot breath made me feel so dizzy.

"Hey beautiful…" bulong niya sa matigas na ingles.

Shit. That voice sound so husky. I love it! Magkakasala pa yata ako nito!

I want to stop dancing. Nagulat ako nang naramdaman ko ulit ang hilig ko sa party dahil sa lalaki sa likod ko! I just want to stop dancing because I know this is wrong! It's wrong to feel this way!

Saglit lang ito! Aalis agad ako!

I grinded my booty at him. He moaned at my ear.

“Oh…”

And then I felt him. His musculinity is already ready. Naramdaman ko iyon na nakapatong sa aking puwitan. And he’s big!

Tangina, Lilienne! This is bad!

Aalis na sana ako ngunit pinirmi niya ako sa kinatatayuan. Patuloy siya sa pagsasayaw sa akin. Naglalaban na ang utak at puso ko sa kung ano ang dapat kong gawin.

I’m already at the verge of thinking that Riguel is not in love with me so I can do this with someone else! Besides, he’s already doing that with other girls anyway!

Pero hindi. Hindi ko magagawa iyon. Hindi ako tulad ni Riguel.

“Wanna go somewhere? Iyong tayong dalawa lang?”

“No…” napapaos kong sinabi. “I’m sorry, I can’t…”

“Hmmm. May I ask why? You’re so hot…”

Kinagat ko ang labi ko at tumigil sa pagsasayaw.

“I’m married. I can’t do this…” sabi ko.

Humalakhak ang lalaki sa isang mababang boses. “If you’re married, then why are you here?”

Nagulat ako sa tanong na iyon. Is he saying that I’m lying?

“I’m with some friends. We went out.”

“Where is your husband, then? He let you out alone? Hindi mo kasama?”

“My husband understands… Now,” Medyo nairita ako roon. “If you just remove your hands on me, please?”

“Why? You’re mine,” he whispered.

“I’m not yours. My husband owns me, not you!” iritado kong sinabi.

“Kaya nga, Lilienne…” bulong niya.

Nanlaki ang mga mata ko at hinarap ko kung sino ang lalaking kanina ko pa kasayaw at kausap! And to my fucking horror!

It was Riguel!

Namumungay ang mga mata niya habang tinitingnan ako. Kumalabog ang puso ko at bahagyang lumayo sa kanya. I cannot believe it! Even when I didn’t know it was him, I felt so attracted! Dammit! Fuck!

“What the hell are you doing here?” pagalit kong sinabi.

“Iuuwi na kita…” aniya sabay hagilap sa aking braso.

Kabanata 35

Kabanata 35

*OceanofPDF.com*

Pride

Sa sobrang kahihiyang naramdaman ko ay nagawa kong tuluyang umalis sa bar. Sa init ng pisngi ko, pakiramdam ko ay lalagnatin ako.

Why the hell would he do that? And what did I just say? Na sa kanya lang ako? Sinadya niya ang lahat ng ito! Bakit ba kasi siya naroon at bakit hindi na lang siya natulog sa bahay?

Nakakahiya!

“Dito ang sasakyan ko…”

Hinigit ako ni Riguel patungo sa kabilang banda ng parking. Wala na kasi ako sa sariling nagwa-walk out. Binawi ko ang kamay ko sa kanya.

Malumanay ang tingin niya sa akin habang papasok ako sa sasakyan! Medyo masakit ang ulo ko dahil sa nainom ngunit nanatili ang aking postura.

Pagkapasok niya ay dinungaw ko kaagad ang cellphone ko. I don’t want to fucking talk to him so I wish he won’t start a conversation!

Tinipa ko ang mensahe para kay Suki at Nicholas. Pinaandar naman ni Riguel ang sasakyan.

Tuwing naaalala ko iyong nangyari, nangingilabot ako! Sana kainin na ako ng lupa! Sana maulit ang panahon at huwag na lang iyong mangyari!

Ako:

Hey, Pauwi na ako. Something happened. Will tell you next time we see each other…

Tahimik din si Riguel habang nagmamaneho. Mabuti na lang at hindi traffic kaya mabilis lang ang naging byahe kahit paano. Nanatili parin ang tingin ko sa cellphone kahit wala namang nagtitext.

Pagkapark ni Riguel sa basement ay lumabas na agad ako sa sasakyan. Hindi ko makakayanan kung magsasabay kami sa elevator! Pwede bang lamunin na lang talaga ako ni lupa ngayon, literally!?

“Wait, Lilienne!” ani Riguel sa isang galit na boses.

Sumabay nga siya sa elevator. Humalukipkip ako at binalingan siya. Ngumuso siya habang tinitingnan ako.

“Why were you there?”

Nagkibit siya ng balikat. “I checked if you’re okay-”

“Bakit ako hindi magiging okay, Riguel?” sigaw ko.

“I was just worried.”

“I am not a child! You don’t have to worry!”

“I told you not to drink and dance with anyone but you did!” tumataas ang tono ng boses niya.

“Jesus! I’m in a club. It’s a party! Anong gagawin ko roon? Magrorosaryo?”

Hinarap niya ako. This time, a faint of anger crossed his face. “Kung hindi ako ang kasayaw mo, ibig sabihin gagawin mo iyon?”

Alam kong gagamitin niya ito laban sa akin. But damn him!? So what? What’s wrong with what I did?

Alam kong binisita ako ng konsensya ko kanina dahil kasal kami. At least may konsensya ako, ‘di ba?

“Baka nakakalimutan mo ang tunay na estado nating dalawa, ha? Kaya kung gawin ko iyon sa ibang lalaki, okay lang dapat sa’yo!”

Kitang kita ko ang galit sa kanyang mga mata. His eyes almost bloodshot with his anger!

Lumabas ako ng elevator at nagmartsa patungo sa aming unit. Sumunod si Riguel sa akin.

“Hindi ibig sabihin na dahil hindi ito totoo, Lilienne,” hinigit niya ako at pinako sa gilid ng pintuan ng unit namin. “Ay pwede ka nang magkaganoon sa ibang lalaki!”

Sa sobrang gulat ko sa ginawa niya ay bumilis ang pintig ng puso ko. Even my breathing came faster. Galit na galit si Riguel.

Hindi nga ito totoo, okay? So anong pinagpuputok ng buchi ng isang ito?

At isa pa… did he miss the part where I rejected the supposedly stranger’s offer? Umiwas ako! Yes! I got tempted at first… that’s because… well, he danced too hot and… well, I felt him. Pero inayos ko naman ang pagkakamali ko!

“Bakit? Ikaw din naman ah? You have your girls! Isabella, your girlfriend, and whoever that Alli is! Wala naman akong reklamo, ‘di ba? Bakit ako, konting sayaw lang, reklamo ka kaagad?”

Binuksan niya ang pintuan ng unit ng ‘di tinitingnan iyon. May ilang tao kasing dadaan yata kaya gusto niyang pumasok ako. Fine! Para walang eskandalo, ‘di ba?

“Alli is just a past client! Biro lang iyon ni Atty. Abella! At ilang beses kong sasabihin sa’yo na wala kaming relasyon ni Isabella! And I don’t have a girlfriend because I’m married, Lilienne!”

Nilapag ko ang purse ko sa sofa at tinanggal ang stilletos ng walang kahirap hirap. Hinarap ko siya para sa aking rebuttal.

“Malay ko ba! Hindi naman ako nakabuntot sa’yo para sabihing totoo ang mga sinasabi mo, ‘di ba? Ikaw itong nakabuntot sa akin!”

“Mabuti na lang at sinundan kita! Dahil kung hindi kita sinundan, nahipuan ka na ng kung sino!”

“Oh, Riguel! Does that even matter?”

He quickly filled the distance between us with his huge footsteps. Akala ko ay mapapaupo ako sa sofa pero hinatak niya ako para manatiling nakatayo at mariin niya akong siniil ng halik.

Nagpumiglas agad ako. Bakit niya ako hahalikan gayong marami pa akong gustong sabihin? Hinampas ko ang kanyang dibdib ngunit hinawakan niya ang magkabilang braso ko.

When I felt his tongue claimed the insides of my mouth, nanghina ang kamay kong manunulak sana sa kanya.

Hinawakan niya ang kamay ko at pinatong niya iyon sa kanyang batok. Then he showered me with shallow and tempting kisses! Kumunot ang noo ko at pilit na dinikit ang batok niya para mas mahalikan ko siya ng mabuti. I entered his mouth. Trying to wake something in him!

Hinawakan niya ang pwitan ko at kinarga. My legs tightened around his suddenly moving hips. Dammit!

Naglakad siya ngunit dahil sa mapanuya niyang halik ay hinihila ko ang kanyang polo! Padarag niya akong naihilig sa dingding at ang isang frame ay nahulog galing doon.

Sinulyapan ko iyon ngunit idinerekta ni Riguel ang aking mukha sa kanya para makapaghalikan muli kami. I gripped on his shirt as he tried to walk again for our room.

I forced an entrance to his moist and tender mouth! And when I claimed him, he tasted like mint and alcohol in one. I can’t help but moan in desire. I want to desperately hold on to that little part of my sanity but I just couldn’t! Not when he pushed me back to our bed! He quickly removed his button down shirt.

His muscles flexed as he came to me again for a kiss. Gumapang siya at pinirmi ang kanyang umbok sa gitna ng aking hita!

Marahas niyang pinagbahagi ang aking mga hita para maitutok sa akin iyong kanya. Gusto kong mahimatay sa kanyang ginawa ngunit masyado

akong sabik sa kanyang mga halik!

An aching pulse throbbed in between my thighs. Bumaba naman ang halik niya galing sa aking labi patungo sa aking leeg. Everytime his mouth opens, I would moan. Ibang klaseng kiliti ang nararamdaman ko.

His hand went to my boobs! And because my dress is too short, konting parte lang ng mga hita ay nagpakita agad ang aking panty.

Riguel bit his lower lip habang tinitingnan ang gitna ng aking hita. He's trying to thrust on it like we're doing it right now! And I can't believe I find it so hot!

Pumikit ako at dinama ang kanya. I met him halfway with his thrusts!

Ni hindi ko na namalayan na naibaba niya na rin ang neckline ng aking damit revealing my mounds. Binalibag niya lang ang aking silicone bra!

He kissed me again. This time, his calloused palms kneaded my mounds. I felt its tip hardened! Nilipat niya ang kanyang kamay sa kabila at ganoon din ang nangyari.

Nasa leeg ko na ngayon ang kanyang mga halik. Hindi ko alam saan ko idederekta ang aking atensyon sa dami ng ginagawa niya sa aking sistema!

My skin tingled at his touch. Pakiramdam ko illegal ang kanyang bawat hawak o halik! His hot breath attacked the tip of my mounds and suddenly, I can't recognize my own voice.

Puro halinghing at hingal na lang ang nagawa ko. His other hand reached for my panties. He found the throbbing flesh that's been waiting for him all this time.

Halos mahimatay ako nang paulit ulit niyang pinasadahan iyon ng kanyang daliri. The unbearable need I have for him is overwhelming!

"Riguel!"

Sinabunutan ko siya habang hinahalikan niya ang aking dibdib. He's enjoying it like it's his favorite! Dinungaw ko siya at mas lalo lang akong nag-init nang nakita ang kanyang dila na nanunuya roon!

Hindi ko na namalayan kung paano niya binaba ang aking underwear! All I know is that when I felt his hot fingers in between me, I moaned so loud.

I don't know where to grip. He's already unreachable! Nasa baba na siya ng aking tiyan. Binaluktot niya ang aking tuhod ng maayos at pumwesto ang kanyang mukha sa gitna ko.

"Riguel! What the…"

Hindi ko na nadugtungan ng salita. Puro halinghing at daing na lang ang nagawa ko nang naramdaman ang init ng kanyang mga halik sa aking gitna. His tongue roughly played with my swollen and throbbing pulse.

Napaliyad ako at napakapit sa aming bed sheets!

Sa bawat halik niya ay halos salubungin ko siya dahil sa nakakahisteryang pakiramdam! With every flick of his tongue, I felt higher. His fingers parted my flesh, too, dipping and gliding with his tongue. I bit back a cry.

"Riguel…" I sobbed.

The world suddenly spinned in me! I moaned louder until I reached it. His tongue glided inside me as his fingers played skillfully.

Nawala ako sa aking sarili nang naramdaman ko iyon. Liquid heat gushed down there. I felt it. My body convulsed because of the peak I reached.

Nanghina ako. I pushed my head back on our pillow. Unti-unti niyang hinalikan ang aking tiyan. Ramdam na ramdaman ko ang kiliti roon. Tumigil siya at tuluyang inalis ang aking dress na nanatiling naroon sa aking baywang all this time.

Nang nawala iyon ay nagpatuloy siya sa mga nanunuyang mga halik. His kisses were slow and tender. Kinagat ko ang labi ko at dinungaw siya. He glanced at me as he slowly kissed the sides of my breasts. And then it's tip.

Pumikit ulit ako sa unti-unting pagbabaga na akong naramdaman. He feasted on it. He suckled my mounds as if it’s his favorite desert.

A burning sweetness between my legs started to throb. Gusto ko ulit siyang halikan! Gusto ko ulit siyang maramdaman!

I felt frustrated when all his attention is directed at my breasts! Hinawakan ko ang kanyang braso at pilit siyang tinaas.

“Riguel, kiss me… Please…” bulong ko.

Sinunod niya ang gusto ko. Gumapang ang kanyang halik galing sa aking dibdib patungo sa aking leeg. I gave him more access to my neck. When his mouth reached my jaw, bumilis na ang aking paghinga.

I felt him below my stomach. Kinagat ko ang labi ko at kinapa iyon. I touched his massive masculinity. I never thought it’s possible to want it this bad. It feels illegal. Like a sin!

Marahas na humugot ng hininga si Riguel sa ginawa ko. He kissed me near my lips but I feel like he just couldn’t kiss me hard enough because of what I’m doing to him.

I tried to hold him up and down twice. Napatingin si Riguel sa akin. Nagkatinginan kaming dalawa. Tila ba may bagyong sa kanyang sistemang nilalabanan niya habang ginagawa ko iyon.

He cursed loudly at my fifth attempt to do it. Bumangon siya tila galit at nanggigigil. Nabitiwan ko siya dahil sa paglayo niya.

“D-Did I do something wrong?” kinabahan ako at baka mali ang ginawa ko sa kanya.

Hinawakan niya ang magkabilang paa ko at marahang hinila patungo sa edge na kama.

He parted my legs wider and then he suddenly entered me! I cried to loud because of the pain I felt. Ganunpaman ay hindi na iyon ganoon ka sakit tulad noong una at pangalawa. But still, it hurts so bad!

“Riguel!” I cried.

“Baby, you turned me on too much…” bulong niya nang dumapa ulit siya sa akin.

He slowly moved his hips against me. We kissed. His kisses were very foreign. They were so full of lust… so unbearable… so hot…

Sinubukan kong gayahin ang ginawa niya sa paghalik. Bumilis ang kanyang mga galaw. His hand covered my breast when I stopped kissing him. All my attention is directed at my throbbing insides.

“Riguel, I want you so bad… Oh my…”

I need to stop talking or I’ll utter words I could never take back!

Mas lalong bumilis ang kanyang ginawa. Bumaba ang kamay niya galing sa aking dibdib patungo sa gitna ng aking hita. I cried so loud when I felt his wet fingers there.

He muttered a curse and the he lifted me up. Para bang naputol ang maiksing litid niya sa nangyari sa amin at may gusto na siyang gawin ngayon. Nakatayo siya habang karga karga ako. Niyakap ko agad siya! Kumapit ako sa kanyang leeg. My breast squashed to his chiseled chest.

Gusto kong gumalaw ngunit tila kay hirap. My legs enveloped his waist for support. Nakahawak siya sa aking pwitan at siya na mismo ang nag tutulak balik sa akin para makagalaw. He also pushed himself against me.

“Shit, Riguel!”

The pleasure I had was electrifying. All thoughts and inhibitions were all gone. Only the sweet aching pain filled me… Kakaibang boltahe ang naramdaman ko nang yumanig ang aking mundo! The searing peak is so near that I feel like exploding.

His rhythm changed. Ngayon ay mas lalo siyang bumabaon. And it was only then that I realized that he, too, is reaching his searing peak. I heard him moan. It triggered my explosion.

Binaon ko ang aking daliri sa kanyang likod. I felt his kisses on my shoulder as he slowly thrust himself to me.

“Sa akin ka lang dapat ganito, Lilienne. Sakin ka lang…”

Sobra sobra ang panghihinang naramdaman ko. Bagsak ang aking braso. Masakit ang aking hita. At tila ba nanunuya ang antok sa aking mga mata.

I saw Riguel’s devilish smile when he put me to bed. Hinalikan niya ako sa noo. Napapikit ako nang lumapat ang halik.

“It feels nostalgic seeing you with other men. Naaalala ko ang galit na nararamdaman ko tuwing nakikita kitang may lalaki noon. But this time… it’s different. Dahil pwede kong iponin ang galit ko at parusahan ka rito sa kama.”

“Parusa ba ‘yon?”

Pumikit ako at tuluyan nang nawala sa aking sarili.

Parusa nga iyon. The next morning, wala akong ibang maramdaman kundi sakit sa katawan! Masakit ang aking braso, ang aking hita, ang lahat! Everything is so sore that I’m not sure if I can stand and walk properly.

Wala na si Riguel sa aking tabi. Napaisip tuloy ako kung nagtatrabaho rin ba siya tuwing Sabado? Dahil sa Alegria ay nagtatrabaho rin naman siya.

Bumukas ang pintuan. Nakita kong pumasok si Riguel. He’s wearing his white t shirt and his boxer shorts. It’s nine in the morning! Does that mean… he won’t go to work?

“W-Wala kang pasok?” tanong ko.

May dala siyang tray na may pagkain. Nilapag niya iyon sa malapit na lamesa at umupo siya sa kama.

“Wala pero may pag-aaralan ako sa office. You promised you’d buy clothes today. Aalis tayo mamayang alas tres para mamili.”

“O… Okay…” bumaling ako sa mga pagkain.

His eyes are very intimidating today. Dahil ba ito kagabi o guni-guni ko lang?

“Masakit ba?” tanong niya.

Uminit ang pisngi ko roon. What the hell? Why would he mention that?

“Medyo…” masakit na masakit, Riguel. “Pero kaya naman…”

Tumango siya. “Magpahinga ka muna. Ako na ang magluluto ng tanghalian mamaya.”

“Okay…”

“Eat your breakfast. If you need something, I’ll be in my office.”

Tumayo siya at umalis na sa kwarto. Parang inipon ko ang hininga ko at ‘tsaka lang naibuga pagkaalis niya.

I turned the TV on habang kumakain ako. Pilit kong inaalis sa utak ko ang nangyari kagabi ngunit tila kay hirap. Tuwing naaalala ko pa ay nag-iinit lamang ako. Parang gusto ko siyang tawagin.

But wait… I can’t get addicted to this. Pero sige, kung gagawin namin ito sa loob ng six months, baka magsawa rin ako kaya ‘di na ako manghihinayang kung sakaling maghiwalay na kami.

Pinagtabi ko ang aking hita at niyakap ko ang unan sa aking tabi.

“Riguel…” I whispered then kissed the pillow.

God, I’m getting addicted! Parang gusto ko na lang yumakap sa kanya buong araw. Gusto ko na lang dumikit.

Kapag nalaman niya ‘to, patay ako! Iisipin noon pipikutin ko siya. Iisipin niyang magpapabuntis ako.

Pinilig ko ang ulo ko at pilit na lang na inintindi ang palabas sa TV.

Tumawag si Suki sa akin ng mga alas diez. Sinagot ko iyon.

“Saan ka kagabi? You did not text.” she seems worried.

“Hindi mo ba nabasa ang text ko?” tanong ko.

“Ay? Nagtext ka ba?”

Nanliit ang mga mata ko. Nawala rin sila ni Nicholas kagabi. Don’t tell me… Oh my God! My bestfriend is probably two timing!

“Sinong kasama mo kagabi?” sigaw ko.

“Ha? K-Kayo!”

I can feel it in her tone. Hindi niya ako maloloko.

“Dalawa lang ‘yan, e. Si Nicholas o si Sebastian?”

“Hindi ko kaya mahanap si Nicholas kagabi, ‘no! Pagkatapos naming magsayaw-”

“So ibig sabihin, si Basty?”

“Eh magkasama pala sila ni Riguel na pumunta roon. Nagkita kayo?”

“Oh my God! Oo, naroon nga si Riguel…”

Tumagal ang kwentuhan namin. Hindi ako makapaniwala sa kinwento niya. All this time I thought Basty probably saw her and Nicholas dancing. Pero iba pala ang nangyari.

“Ayon, medyo lasing na kasi ako. Inaway ko ‘yong kasayaw niya!”

“Jusko!” Napafacepalm ako.

“I know, Lili… My God!”

Umiling iling na lang ko. I can imagine her fighting against Basty's girl!

"Nakakahiya. Kagabi, feel na feel kong makipag-away. Nagalit nga si Basty sa ginawa ko dahil medyo nagkaroon ng eskandalo…"

Ngumiwi ako.

"Lili, anong gagawin ko? He threatened to stop handling our company," she sounds so upset.

Kung ganoon, siguro'y pinopormahan nga ni Basty iyong babae. Naiisip ko kung paano kung magkaganyan kami ni Riguel. May papanigan siyang babae laban sa akin. Ano ang gagawin ko?

"Hayaan mo na, Suki. Iwasan mo na lang muna si Basty. Minamahal mo na yata 'yan, e."

"Hoy! Hindi, ha! It's just my pride talking. I don't want my fuck buddy to fuck someone else."

"Wow! May ganyan ba? Kapag may ka one night stand ka, e, 'di ba hindi na importante ang mga gagawin niya? Kami nga ni Riguel, e. Kung may pinopormahan siyang iba, so what? Because we know where we stand in each other's life. Paano pa kayo ni Basty?"

Nakakaawa si Suki. Kahit hindi niya sabihin, pakiramdam ko ay nahuhulog na siya kay Basty. Pride na lang ang pinapairal niya. Siguro dahil 'di niya matanggap na iyong pinandidirian niya noon ay gusto niya na ngayon.

Si Riguel ang nagluto ng tanghalian. Adobo iyon at nagulat ako sa sarap. Nahihiya tuloy ako tuwing naiisip ko iyong mga luto ko.

"Kasama mo pala si Basty kagabi?" tanong ko.

"Yes. We were with some friends…" sabi niya.

"Do you know that there's something going on with Suki and Basty, Riguel?"

Nanatili ang mga mata niya sa akin. Pakiramdam ko ay alam niya kung saan tungo itong pinag-uusapan namin. Nanliit ang mga mata ko.

“Lilienne, huwag na natin silang pakealaman…”

Umirap ako. Pare pareho talaga silang mga lalaki. Ngayon lang yata naranasan ni Basty na manloko kaya sinagad niya.

“Baka may hinanakit siya kay Suki, ha! Kaya niya pinapaasa?”

Hindi sumagot si Riguel sa sinabi ko.

Pinagtatakpan niya pa talaga ang kaibigan niya, e, ‘no?

“He was there because you wanted to be there to check on me. Hindi bale, pagkatapos ng lahat ng ito, wala na ring magiging koneksyon si Suki at Basty. Para naman ayos na si Suki. Hindi na roon magtatrabaho si Basty. Tapos, tapos na rin tayo kaya wala nang koneksyon.”

Kitang-kita ko ang galit sa mga mata ni Riguel.

“You really can’t wait for this to be over, huh?” mariin niyang tanong.

Sumubo ako ng kanin at ‘di na siya tiningnan. Hindi naman sa ganoon, pero…

Hindi ko alam. Nakakalito. Buhol-buhol ang utak ko.

A part of me wants to discuss it in my head. Ngunit tinatanggihan ko dahil alam ko rin naman saan ang tungo kapag nag-iisip ako. It’s always on the safe side, the one that can save me from yet another heartache. I don’t think I can handle one. Pwede bang isa lang sa isang dekada muna? Bakit kailangang libo-libo sa isang dekada?

Kung hindi ako nag-iisip, nakukuha kong maging masaya. Kaya siguro sinasabi nilang “live your life now” dahil dapat hindi mo na iniisip iyong mangyayari sa future. Ang iisipin mo lang ay iyong ngayon. Dahil kapag inisip mo ang kinabukasan, pipigilan ka ng mga naiisip mong maging masaya ngayon.

So I stopped thinking about everything. Anyway, when the end comes I will have more time to think about it. Pwedeng ang isipin ko na lang muna ay iyong ngayon?

Lumabas kami ng alas tres. Nagpalamig kami sa mall. Kumain at pinagshopping niya ako. Yeah right… Kung hindi ako mag-iisip, mas masisiyahan ako. Tulad ngayon. Hindi ko inisip na magkakaroon ako ng mas malaking utang sa kanya kung mamimili ako ng damit, kaya naging masaya ako nang namili kami.

Mag-iisip na lang ako sa panahong kailangan ko nang harapin ang lahat.

Kabanata 36

Kabanata 36

*OceanofPDF.com*

Meron

“Why do you always have to pick those kind of clothes?” humalukipkip si Riguel nang lumabas ako ng fitting room.

Marami na siyang binili para sa akin. Halos lahat pakiramdam ko para sa mga formal occassions at walang pang casual kaya ngayon ay pumili na talaga ako. Hindi niya yata nagugustuhan iyong mga nakukuha ko dahil busangot ang kanyang mukha.

“Are you going to wear that for work?” ani Riguel.

It’s a coachella type of shirt. Maganda naman siya at pwedeng ipangtrabaho kahit paano. I guess he didn’t like the idea of showing skin.

“Pwede. Sabi naman ni Suki ay pwedeng ganito…”

Tumigilid ang ulo niya at huminga ng malalim. I smiled at him. Alam kong pagbibigyan niya rin ako.

Binili niya naman. Actually, I’m not telling him to buy it. Siya na mismo ang nagsasabi sa saleslady na kukunin niya. Hindi ko alam kung anong batayan niya pero may ibang damit na naisukat ko na hindi niya naman pinapansin. Ayos lang at hindi ko rin naman gusto iyong mga iyon.

Papunta kami sa isang restuarant ng nadaanan ulit namin ang isang stand na may poster ng nalalapit na concert ng paborito kong banda. May ticket price na sa baba ng poster. Pinasadahan ko agad iyon ng tingin.

It’s worth 15 thousand pesos. Well, the VIP. Iyong pinakamababa naman ay nasa One thousand pesos. Gusto kong bumili ngunit nanghihinayang ako sa pera.

Inisip ko muna kung dapat bang bumili. I’ve never seen them live. I have never heard them live. But I’m sure this isn’t going to be the last time, right? Marami pang pagkakataon. Lalo na kapag nasa U.S. na ako.

“Your favorite band?” Riguel asked.

Nilingon ko agad siya. “Yeah. Kasali sila riyan.”

“Want to buy some tickets? Isama mo si Suki…”

Nanatili ang tingin ko sa kanya. Hindi ko alam kung bakit bumagsak ang damdamin ko sa sinabi niya.

“Hindi na. Marami pa naman ‘yan, e…”

Hindi ko na nilingon ulit ang poster dahil ayaw kong isipin niya na hindi iyon matanggal sa aking isipan.

Is he that busy to ask me to be with Suki in that concert?

Mahirap talagang magkaroon pa ng maraming memories kung hindi naman magtatagal. Iyon siguro ang iniiwasan niya.

Pormal na restuarant ang kinainan namin ng hapunan. Ito yata ang unang pagkain namin sa ganitong may apat na course talaga.

Ginala ko ang mga mata ko sa mga taong naroon. Halos lahat ay mga magkasintahan o ‘di kaya’y mag-asawa na nagdidate. Kami lang yata ang… well, technically, we’re married so we fit in here.

Naabutan ako ni Riguel na nakatitig sa mag-asawang kulang na lang ay maghalikan sa kanilang lamesa. The girl looked so in love with her man. Ganoon din ang lalaki sa kanya.

Sinarado ko agad ang menu at tumuwid sa pagkakaupo nang nilingon ni Riguel ang line of vision ko. Kumunot ang noo niya nang binalik sa akin ang tingin.

“What’s your order?” tanong niya.

“I can’t decide. I’m fine with what you want to order, Riguel. ‘Tsaka… ang mahal dito… Marami pa naman yatang mas murang restaurant sa labas…” sabi ko.

You can really see the chefs doing their thing. Ang lahat ng muwebles ay mukhang mamahalin. Pati tao, mamahalin din.

Nasanay ako sa karangyaan noon ngunit dahil nasa Alegria kami, hindi kami ganito mamuhay. Now, the tables have trully turned. Riguel can afford this with no sweat habang ako ay pinanghihinayangan pa ang gagastusing pera.

“We’ll have some Smoked Salmon, New England Clam Chowder…”

Patuloy na nag-order si Riguel. Hindi ko na masundan iyong mga sinabi niya dahil mukhang kabisado niya ang pagkain dito. Lagi kaya siyang pumupunta rito? At sino ang kasama niya?

Pagkaalis ng waiter ay may pumalit agad na nagsalin ng wine sa aming wine glass. Riguel’s eyes reflects the light from the candles in front of us. Parang may punyal na tumama sa aking puso.

“Lagi ka ba rito?” tanong ko.

“I meet with some clients here…” aniya.

“Wow! Your clients are high end, kung ganoon…”

“Some of them are politicians, Lilienne…”

Sumimsim ako ng konti sa wine na nasa harap.

“Nabisita n’yo na rin ‘to ni Alli? Iyong kliyente mo…”

Bahagyang tumagilid ang ulo niya at napanguso sa tanong ko. “Well, yes.”

“Is she a politician, then?”

“No… My other clients are…”

Oh! Well… Tumango-tango ako habang seryoso siyang nakatingin sa akin.

“So… tapos na iyong kaso niya? Naipanalo mo naman?”

This is not a trick question, alright? I’m just really curious. And anyway, there is nothing to talk about!

“Hindi ko natapos. Binigay ko sa iba.” Humugot siya ng malalim na hininga. “Ito ba ang pinili mong pag-usapan natin, Lilienne?”

“Wow! Topnocher Attorney Riguel Alleje, hindi natapos ang isang kaso. Bakit mo binigay sa iba?”

“Lilienne, marami akong ibang kasong mas importante kaya iyon ang pagtutuonan ko ng pansin, okay? Please let’s not make this about Alli. She’s a past client. We don’t even see each other anymore.”

“Fine. If you say so…”

Natahimik na ako. Ngayon ay wala na akong masabi sa kanya.

“It’s almost two months, Lilienne, hindi pa ba nalalaman ng mga magulang mo ang nangyayari rito o sinabi mo sa kanila ang ginagawa nating dalawa?”

Muntikan na akong mabilaukan sa sarili kong laway sa tanong niya. Kung ito lang din naman ang pag-uusapan namin, sana ay bumalik na lang kami kay Alli, kung ganoon.

“Hindi nila alam,” simple kong sinabi.

“Pupwedeng ako ang kumausap sa ama mo kung sakaling mapag usapan n’yo ang bagay na ito. By now… they probably know what’s happening. Although, I told Nana Sela that she shouldn’t tell your father about this, alam kong ang mga kamag-anak mo o ‘di kaya’y kaibigan ng pamilya mo’y nambalita na sa inyo.”

Kailangan ko pa bang ipaalam kay Riguel ang nangyari sa amin? Kung pupwede lang naman akong umalis pagkatapos kong mabawi ang mansyon ay ayos na iyon. Hindi niya na kailangan akong kaawaan.

“Hindi na, Riguel. Kapag nalaman nila, malulusutan ko na iyon. Huwag kang mag-alala.”

I need another topic. This can’t go on. Hindi ko yata makakayanan kung itatanong niya sa akin si Yeshua.

“By the way, how’s your schedule? Hindi ba ay is-schedule mo na iyong alis natin, sabi mo? Kailan na? I want to unwind.”

Mariin ang tingin niya sa akin ngayon. Hindi siya nakasagot lalo na nang dumating ang waiter kasama ang cart para sa unang course ng pagkain. Dinungaw ko na lang ang pagkain ko para hindi maging awkward.

“We can book it by the end of the month, if you want.”

Hindi naman kaya ako papagalitan ni Suki? Kakastart ko lang sa trabaho ay magbabakasyon agad ako? At hindi ba pagkatapos noon ay aalis na rin agad ako?

“Do… Uhm… we separate after that trip?”

Pasulyap sulyap ako kay Riguel habang kumakain. Nanatili naman siyang nakatingin parin sa akin.

“No, we shouldn’t.”

Tumango ako. “Right! Baka maisip ng judge na dinadaya natin siya…”

Hindi ko alam pero nabunutan ako ng tinik doon.

Kumain na lang kami. Puro komento na lang tungkol sa pagkain ang nagawa ko. Mabuti na itong ganito at nag wala nang mapag-usapang mas seryoso. For some reason, I’m scared of serious conversations with Riguel now. Lalo na ngayong napagdesisyunan kong ‘tsaka na isipin ang lahat kung kailangan na. Habang hindi pa kailangan ay huwag na muna.

Noong Sunday ay nag-aral na lang ulit akong magluto sa bahay. Nanood siya ng TV habang nagluluto ako ng tanghalian at pagkahapon naman ay may binasa siyang kaso habang nagpalinis ako sa condo at nagpalaba na rin ng mga damit.

That was our set up. And it’s fine with me.

Hindi ko na masyadong inabala ang sarili ko sa pag-iisip tuwing natatagalan siyang umuwi sa trabaho. Hindi ko na rin siya kinulit sa kahit ano. We casually talk at dinner at dahil nagsisimula na ako sa trabaho, pagod ako gabi-gabi at nauuna nang matulog.

“Lilienne,” bulong ni Riguel.

Kinusot ko ang aking mga mata at agad na bumangon. Oo nga pala at may trabaho pa ako! Biyernes na ngayon. Pagkalipas ng dalawang linggong pagtatrabaho kina Suki ay hindi parin nasasanay ang katawan ko sa pag gising ng maaga.

“Oh my God! Am I late?” I asked.

Nakapambahay pa siya. Wait… is it Friday or Saturday? Baka naman Sabado na kaya hindi siya papasok?

“Nope… The breakfast is ready…” aniya sabay tuwid ng upo sa kama.

Tumayo ako at kinuha ang tuwalya para makaligo na.

“Why are you not yet ready for work?” sigaw ko at dumiretso na sa banyo.

Mabilis kong binuhay ang shower para makaligo na. Kinatok ni Riguel ang pintuan ng bathroom at napatalon ako. His body’s shadow can be seen standing right in front of the door. Frosted glass kasi ang gamit ng pintuan sa bathroom kaya ganoon.

“What, Riguel?” tanong ko.

“I’m… not going to work today. Bibisita ako sa opisina n’yo. Mamayang hapon may pupuntahan akong hearing. Doon lang ako papasok.”

Tinigil ko ang shower. Tama ba ang narinig ko? At bakit naman siya sasama sa akin?

“Bakit?” sigaw ko.

Humilig siya sa pintuan. Unti-unti kong binuksan ulit ang shower. Anong gagawin niya roon?

I only have a big cubicle, not an office. Baka naman ay iniisip niyang hayahay ako roon dahil magkaibigan kami ni Suki? Ang mga manager sa kanilang kumpanya ay lamesa lang ang pinagkaiba sa mga I.T. personnel. Mas malaki lang ang cubicle at lamesa ko.

Hindi ko maimagine na pumunta siya roon. I can only imagine his big office in that firm. Marami siyang sekretarya at may mga tauhan pa! Tapos pupunta siya sa akin at papaupuin ko lang sa isang monoblock chair sa tabi ng aking computer?

“I wanna see what you’re doing in your office, Lilienne!”

Hindi ako sumagot. Hindi kami magkakaintindihan nito kapag ganitong nasa loob ako ng shower.

Pagkatapos kong maligo ay naroon parin siya sa kwarto. Nasa kama siya at nakaupo. Nag-angat agad siya ng tingin sa akin. Hindi ko naman mapaalis kaya kumuha na lang ako ng damit at agad na bumalik sa CR.

“Riguel!” sigaw ko sa iritasyon.

“What?” inosenteng tanong niya.

“Hirap akong magbihis rito sa loob ng CR. Bakit ka ba nakatunganga riyan!? Sa dining table ka muna…”

“Ano? Papayagan mo ba akong sumama ngayon o hindi?”

Aba! Mukhang binigyan pa ako ng ultimatum sa sagot ko, ha? At nahimigan ko pa ang pagiging threat ng tanong niya. Para bang kailangan kong matakot doon.

“Bakit? Anong mangyayari kung ‘di ako pumayag?”

Pumikit ako ng mariin. Parusa? God, Lilienne! Tumigil ka, ha! Meron ka ngayon!

“Bakit ‘di ka papayag, kung ganoon? I’m your husband. It’s only right that I want to see the workplace of my wife. And Suki would understand that. Hindi ko alam kung anong rasong tatanggi ka sa gusto kong mangyari.”

Sinuot ko na iyong faded jeans at puting coachella top ko. Hindi na nga ako sasagot sa kanya. Pakiramdam ko’y gagawin niya ang lahat makasama lang sa akin ngayon.

I blowdried my hair. Nang medyo tuyo na ito ay lumabas ako ng CR at naabutan siyang nakatitig sa closet at naghahanap ng damit.

He’s now topless with his dark pants. Tuwing ganito talaga siya, hindi ko mapigilan ang pagpasada ng mga mata sa batak ng kanyang katawan. Lagi kong naiisip kung paano ako hindi nadudurog tuwing nag aano kami. My body is just so weak and fragile compared to his!

“What should I wear?” he asked me.

“May hearing ka mamaya, ‘di ba? Then suit…” sabi ko.

Kinuha ko sa closet ang isang magandang suit. Kumuha rin ako ng pang ilalim nitong long sleeves. Tiningnan ko naman sa drawer ang iba’t-ibang necktie na naroon. Kumuha ako ng babagay at binigay sa kanya.

“You don’t have to go to my workplace, Riguel. Hindi iyon tulad ng sa’yo na opisinang eksklusibo.”

“I already know that. I just want to see what you’re doing everyday.”

“Ikaw ang bahala riyan. Mapilit ka. Alam ko namang wala akong lusot sa’yo…”

Umiling ako at tinalikuran siya. Kumuha ako ng isang itim na pointed toe heels. Hindi niya lang ako ihahatid ngayon. Papasok pa siya!

“I’ll text Suki and see if it’s okay…” sabi ko at dumiretso na palabas para tingnan kung anong niluto niya.

Ako:

Suki, good morning! Pupunta si Riguel sa opisina ngayon. Ayos lang ba? Mapilit kasi siya.

Suki:

Siya lang ba? Baka naman may dala kayong ibang tao, ha. Ayaw ko pa naman sa surpresa, Lilienne. Kung malaman ko lang at may lihim kayong ginagawa sa likod ko, malilintikan ka sa akin. Spill it or F.O.

Wow! That escalated quickly? Ano kayang ibig sabihin nitong bruhang ito? May dalang taong iba? Sino naman? At anong surpresa?

Ako:

Baliw ka. Si Riguel lang. Sino ba ang tinutukoy mo? Si Basty?

Hindi na siya nagreply. Umiling na lang ako sa kabaliwan ng kaibigan ko. Anong lihim na gagawin namin ni Riguel sa likod niya? Wow ha! Assuming din ang isang ito.

“Pumayag naman yata si Suki… Nasaan na ba si Basty?” sabi ko at nagsimula nang kumain.

Si Riguel ay kakaupo lang. Naglagay siya ng butter sa garling bread habang ako ay tinutusok ang ham.

Nilagay niya sa pinggan ko ang dalawang garlic bread. Susundan pa sana ng isa kaya lang pinigilan ko.

“Tama na…” sabi ko.

“Ang konti lagi ng kinakain mo…” aniya.

“Hindi naman ako gutom. ‘Tsaka… diet ako. Mahirap na…”

“Mahirap na?” kumunot ang noo niya.

“Teka nga… Huwag mong iniiba ang usapan. Nagtatanong ako kung nasaan na si Basty?”

“Nasa firm na pinapasukan niya, bakit?”

“Talagang ‘di na yata siya nagpapakita kay Suki, ah. Ano? May girlfriend na ba?”

“Hindi ko alam, Lilienne,” ani Riguel.

“Hindi mo alam so ibig sabihin pwedeng meron na nga siyang girlfriend?” pagalit kong sinabi.

“I did not say that, Lilienne. Stop putting words on my mouth, please. I don’t know what’s going on with Basty.”

Matalim ko siyang tiningnan. Talaga lang ha? In this battle between a friend and the wife, he chooses his friend. Of course! Do I need to throw a pity party for me and enumerate why he should choose his friend over me? Aside sa temporary ako sa buhay niya…

“Fine! I’ll call him right now and stop whatever you’re thinking, Lilienne!”

Dinampot ko ang garlic bread sa aking pinggan habang tinitingnan siyang nilalagay sa kanyang tainga ang cellphone.

“Morning, Sebastian… Yes, uhm… are you going to work today?”

Nakapikit si Riguel tila ba nandidiri sa kanyang ginagawang pagtawag. Napadilat siya bigla at napatuwid sa pagkakaupo.

“Oh! I’m sorry, I’m sorry… Sorry… I’ll call you later, then…”

Pinatay agad ni Riguel ang tawag. Hindi siya makatingin sa akin ngayon.

“Anong sabi?”

“Wala… Kakagising lang.”

“Oh? Eh bakit ‘di mo tinanong at bakit ka nagsorry?”

“Kakagising lang ni Basty, Lilienne. Nakakahiyang mang gising ng tao galing sa pagkakatulog.”

Pagkatapos naming kumain ay bumaba na kami ng condo. Pinipilit ko na siyang tawagan si Basty habang nasa elevator kami pero ayaw niya na talaga. I wonder what his call was really all about?

May kutob ako pero ‘di ako sigurado.

“Log book ka po muna, sir…” sabi ng attendant sa floor namin pagkarating ko.

Because Riguel’s considered as a visitor, he needs to put his name on that logbook.

Riguel Jameson C. Alleje, date, saan pupunta, pirma.

“Hindi ba ‘yan lalagyan ng Atty. ‘tsaka CPA?” tanong ko.

Masama lang ang sulyap niya sa akin at binalewala ang aking komento.

Binigyan siya ng visitor’s pass noong babae. Ang babaeng attendant pa talaga ang nagsuot ng pass sa kanya! Para lang may medalyang sinabit, huh?

Humalakhak pa ang babae at namula pagkatapos suotan si Riguel ng pass.

“Thanks…” ani Riguel.

Nanatili ang tingin ko sa babae. Ramdam na ramdam ko ang pag init ng ulo ko. Inakbayan ako ni Riguel at hinatak patungo sa pintuan papasok ng opisina namin.

“Bruhang ‘yon. Landi, ha!” I murmurred.

“Tama na…” ani Riguel at hinawakan ang balikat ko.

“Good morning, Ma’am!” bati ni Uma, iyong natatanging babae sa grupo ng mga I.T.

Sunod-sunod na agad ang good morning ng mga boys.

“Good morning, Ma’am!” sabi noong lalaking dumaan na medyo magulo ang buhok.

Hindi ko pa masyadong kabisado ang mga pangalan nila. Panay ang tingin tingin ni Riguel sa mga tauhang naroon. Hinawakan niya ang kamay ko. Ayaw atang maiwan o masalisi sa akin. Hinila ko na lang siya patungo sa aking cubicle.

Binigay ko sa kanyang ang computer chair ko at kumuha ng monobloc chair para sa aking sarili.

“Oh, hayan! Dito ang aking lamesa…” sabay lahad ko sa malinis namang lamesa.

May isang maliit na flowerpot doon na may nakaspring na bulaklak kung saan nakaipit ang picture namin ni Suki. Hinawakan niya iyon.

“Eto ang mga gawain ko…” sabay pakita ko sa mga papel ng mga leave nila at kung anu-ano pa. “I swear you’re going to be really bored today.”

Lumabas si Suki. Mukha siyang antok nang binati kami ni Riguel.

“Mabuti ka pa, Riguel, at naisipan mong bumisita rito!” ani Suki.

“I just want to check if she’s fine here. I don’t like the idea that she’s working with boys…”

“Ay naku, Riguel. Respetado naman si Lilienne dito at mababait naman ang mga personnel ko… Aiden, Retz! Lapit kayo rito…” tawag ni Suki sa mga paborito niya.

Tumayo ang nasa ibang cubicle para makiusisa. Binaba ang kani kanilang mga headphones at nakinig.

“Eto nga pala si Attorney Riguel Alleje, ang asawa ng Ma’am Lilienne, n’yo. Dito muna siya sa araw na ito para bantayan si Ma’am…” ani Suki.

Natawa na lang ako. Tumango naman si Riguel sa mga empleyado.

“Gwapo ng asawa mo, Ma’am, ha? Dapat lang! Ang ganda mo, e. Idol talaga kita!” ani Uma habang nginunguya ang bubblegum.

Ngumiti ako kay Uma. Medyo tomboy siya. Noong mga unang araw ko rito ay binibigyan niya ako ng pagkain. Nang nalaman niyang may asawa na ako, tumigil siya.

“O tapos na! Back to work, guys! Aiden, iyong design na bago ipasa mo sa opisina ko ngayon, ha?”

“Okay, Suki…”

Nilingon ni Riguel ang nagsalitang head graphic designer ni Suki. Nagtaas ng kilay si Riguel bago tumingin sa akin.

Mabilis namang nagpatuloy sa trabaho ang mga empleyado. Iyon ang gusto ko sa kanila. Sobrang dedicated sa mga trabaho at wala masyadong reklamo. Nagpaalam na rin si Suki na may titingnan sa kanyang opisina sandali.

“Hanggang kailan ka rito? Hindi ko yata kayang tatagal ka rito, Lilienne…”

“Huh? Bakit naman? Maayos naman dito, ah?”

“Ma’am Lili, ikaw na po ba ang magpapasa ng design ko mamaya?” nahihiyang sinabi ni Retz sa akin. “Oo bah! Ayos na ‘yon. Dinagdagan mo naman kumpara roon sa nireject ni Suki noong Lunes, Retz…”

Namula si Retz at nagkamot sa ulo. Tinalikuran niya ako at nagmadaling umalis. Mahiyain kasi iyon.

Matalim akong tinitigan ni Riguel. Hinawakan niya ang backseat ng upuan ko. Ang kanyang isang kamay ay nasa aking lamesa.

“I know you. You’re so good at handling boys, Lilienne.”

Ngumisi ako. “Maybe that’s why this is a great job for me. I’m the best for the position, Riguel.”

“No, you’re not…” marahan niyang sinabi.

Yumuko siya ng konti at hinalikan niya ang aking collarbone.

“You’re exclusively mine now. No… you’re only ever owned by me. So you can’t handle boys.”

“Kung pumunta ka lang dito para sabihin sa akin ‘yan, Riguel, sa susunod pala ‘di na kita isasama.”

Tinagilid niya ang ulo niya habang tintitigan ako. It’sintimidating. He’s like one meter away or less and I can’t look at him. Not when his eyes are blazing with wild fires.

“Pumunta ako rito dahil tuwing tinitext kita at ‘di ka nagrereply, hindi pumapasok sa utak ko ang mga kaso. With thirty four boys under you, ano sa tingin mo ang iniisip ko? Huh?”

Umirap lamang ako at nanatili ang tingin sa mga papel.

My God! I’m trying so hard to keep my cool! Why is he like this? Fuck!

Hinalikan niya ang balikat ko at pinaglaruan ang dulo ng aking buhok.

“Is there a CR, here, Lienne?” malambing niyang tanong.

Matalim ko siyang tiningnan. What the hell, Riguel?

“Ano? Riguel, meron ako ngayon. Pwede ba…”

Lumayo ako ng bahagya sa kanya. Napanganga siya sa sinabi ko at mabilis na naging ngiti iyon.

Ano siya, hilo? Anong ibig niyang sabihin riyan, ha? Na sa CR kami mag gaganoon ngayong sobrang turned on siya? Kaya siya pahalik halik riyan dahil gustong gusto niyang gawin namin iyon ngayon, agad-agad?

“What?” nagtaas siya ng kilay.

“Anong CR ka riyan, ha? Meron ako ngayon!” ulit ko, pabulong.

Tumawa siya.

“Damn! Baby, I just want to pee.”

Napapikit ako at bahagyang tumigil ang mundo ko sa nangyari. Dumapo ang palad ko sa aking mukha at ramdam na ramdam ko ang unti unting pag-iinit nito.

He let out a laugh and then he kissed me on my collarbones again!

“You’re a perv, Lilienne! Damn!”

Tumawa ulit siya parang ‘di maka get over.

Dalawang kamay na ang nakatabon sa aking mukha ngayon. Fuck! Shit! Ilang kahihiyan ba ang dadanasin ko dapat? Ang tanga tanga ko! Shit!

“Akin na…” aniya habang tumatawa at kinukuha ang kamay ko.

Tumawa ulit siya kaya tinulak ko na. Sobrang init ng pisngi ko sa kahihiyan! Gusto kong magwalk out at magmura! Damn you, Alleje!

Kabanata 37

Kabanata 37

*OceanofPDF.com*

Protect

Mababaliw na yata ako kay Riguel. Hindi ako makapagtrabaho ng maayos ngayong narito siya. Siya pa mismo ang nagtutulak sa akin na magtrabaho. Inaral niya pa kung paano iyong ginagawa ko.

Sa huli ay umalis din siya para sa hearing na sinasabi niya. Hindi matanggal ang ngiti ko kahit na wala na siya.

Inaayos ko ang mga papel sa aking lamesa nang may nakita akong dalawang itim na papel doon. Nanlaki ang mga mata ko nang nakita ko na ticket iyon sa concert ng paborito kong banda! Oh my God!

Napatili talaga ako sa opisina. Chineck pa ako ng mga empleyado para tingnan kung ano ang problema ko.

But then is he going to be with me? That's a week from now!

Tatawagan ko sana siya para magpasalamat kaso lang, naisip ko na baka nasa hearing siya kaya busy.

"Mabuti ka pa at blooming na blooming ang lovelife mo, ha? Ako, heto, stressed. Umiyak ako buong gabi…" ani Suki.

"Ha? Bakit?"

Tinitingnan ko siya habang nagdadrive. Hindi ko alam kung seryoso ba siya o ano. Minsan kasi nagbibiro lang siya. 'Tsaka hindi naman kasi siya iyong nagseseryoso sa love life.

"Wala lang. Ewan ko."

"Is this about Basty?"

"Hindi."

Umirap ako. "E 'di kanino?"

“Basta… ‘Di ko maintindihan. Kakalimutan ko na lang. Ewan ko, Lilienne…”

“If this is about Basty, I’ll ask Riguel to talk to him. Tinawagan niya kanina si Basty para makausap kaso kakagising lang daw kaya hindi niya nakausap ng maayos.”

“Ay naku! Hindi na dapat ako makialam sa isang iyon. Kung ayaw niya, e ‘di huwag. May gagawin ka ba later?” ani Suki.

Umismid ako. “Ipagluluto ko sana si Riguel at aantayin sa dinner para magpasalamat sa tickets na binili niya para sa akin. Bakit? Gusto mong lumabas?”

“Hindi naman. Kakausapin ko rin si Daddy mamaya kaya hindi ako pwedeng lumabas.”

Hinatid ako ni Suki sa bahay. May bibilhin daw kasi siya malapit doon.

Naisip ko siya habang papunta ako sa condo. Umiiyak si Suki? Hindi ko maimagine. I only see her as a funny, jolly, and a strong person. I can’t imagine her weak and crying.

Pinagluto ko si Riguel ng Kare-kare. Bago ko lang iyan natutunan at maayos naman ang luto ko kaya iyon ang ginawa ko para sa espesyal na gabi. I want to thank him for the tickets.

Nang dumating siya ay ngiti agad ang sinalubong niya nang nakita ako sa lamesa. May mga kandila akong hinanda. Candlelight dinner, ‘yong plano ko. Ang korni pero huli ko na narealize na korni pala siya.

Binagsak niya ang dalang case sa sahig at agad akong sinalubong ng yakap. He smells so nice. Tulad parin ng perfume niyang mamahalin. So manly.

“Thanks for the tickets…” I said.

“You’re welcome… You deserve it.”

Uminit ang pisngi ko nang nilingon niya ang lamesa. Kitang kita ko ang pagkakamangha niya sa ginawa ko. Pabalik-balik ang tingin niya sa akin. Ngumiti lamang ako.

“Is this for…”

“For us, Riguel. Kasi naman… lagi na lang tayong nag-aaway. You made a move for our relationship to get better by giving me the tickets. This is my move… We’re even…”

Ngumiti siya at umupo sa tapat na silya sa akin. The candlelights illuminated the strong features of his jaw. Umupo na rin ako, hindi matanggal ang ngisi sa aking labi.

Sa samahang ito, hindi na rin masama na maramdaman ko kung paano talaga ang tunay na mag-asawa, hindi ba? Besides, even if we separate, this will be carved to my name, to my history.

“Marunong ka nang gumawa niyan?”

Tumawa ako. “Niluluto ko ‘yan tuwing tanghalian noon. Ngayon ko pa lang niluto ng gabi…”

Tumango siya. “Let me be the judge, then?”

“Sure!”

Nilagyan niya muna ang pinggan ko bago iyong kanya. Hindi muna ako kumain dahil gusto kong antayin ang kanyang reaksyon.

Tumango siya at dinilaan ang kanyang lowerlip.

“It’s good!” aniya.

Pumalakpak ako. “Thanks!”

We spent the rest of the night like that. Parang may ceasefire pagkatapos ng ilang linggong laging nag-aaway. Syempre, bilhan ba naman ako ng tickets.

“I’m sorry the tickets aren’t VIP, though. Naubusan na tayo. Last week pa sana ako bibili pero naghanap ako ng VIP. Sa huli, wala akong nahanap kaya iyan na lang. Malapit din naman iyan.”

“Ayos na ‘to! Kahit nga iyong pinakamalayo, ayos lang! Wait… You’re coming with me?”

Kumunot ang noo niya. “Why? You thought I’m letting you go alone? Or with someone else?”

“I thought you want me to bring Suki because you don’t like this band?”

“I never said I don’t like that band, Lilienne. Naimbitahan mo na ba si Suki?”

“Hindi. I… kind of… hoped that you’d…” Hindi ko matapos. Damn!

“Yes, I’ll be with you. The cons of having the VIP tickets is the possibility that you’d be able to meet them in person backstage. I don’t like that so I think that’s a better choice.”

Napanganga ako sa mga sinabi ni Riguel. Did he really dig that far before he got me the tickets?

“At bakit ayaw mo silang ma meet ko?” nagtaas ako ng kilay.

Pinagtaasan niya lang din ako ng kilay. His eyes were devilish. It almost made me tremble. Uminom siya ng tubig, never losing eye contact.

“Kainis k! Napaka seloso mo!” sabi ko sabay turo sa kanya gamit ang tinidor.

“It’s the duty of the husband to protect the wife from temptation. I just don’t want to try and test you…”

Humagalpak ako sa tawa. Parang may mainit na kamay ang humawak sa puso ko. Nights like this feels very nostalgic… very light… something I have not felt for years…

Hindi ko alam na matatagpuan ko iyon dito sa Maynila. Hindi ko alam na pagbalik ko rito, ‘tsaka ko mararamdaman iyon. To feel home… even when I’m not really at home. To feel secured and safe.

Si Riguel ang naghugas ng pinggan habang nanood ako ng palabas sa TV. He then went to me after his chore. He sit beside me, with him some papers maybe for further reading.

“Ba’t ‘di ka sa office mo?” tanong ko.

Umiling lamang siya. “I trust that you won’t disturb me. Can I?”

“Anong akala mo sa akin, magulo? Oo na. Nanonood lang naman ako ng TV dito, ‘no!”

In the end, I fell asleep on his shoulders. Hindi ko alam kung paano ako napunta sa kama the next day but I smelled like him. My shoulders, my neck, my hands… I smell like Riguel Alleje. Maybe he carried me to bed.

The next days went smoothly. Medyo naging abala si Riguel dahil sa mga kasong hinarap niya. Siguro na rin ay bilang paghahanda na rin iyon sa aming pagalis dahil malapit na iyon. Para naman wala siyang maiwang trabaho kung sakaling aalis na kami.

Minsan ay tulog na ako pagkauwi niya. Inintindi ko naman iyon at inisip na para iyon sa pagalis namin. Hindi ko pa alam kung kailan at kung saan pupunta pero sinabi niya sa aking ayaw niya raw na maistorbo habang nasa bakasyon kami.

Sa araw ng concert ay may naisip ako.

Gusto kong puntahan siya sa kanyang opisina. I’ve never been there. I guess it won’t hurt, right? And according to his schedule, nasa opisina lamang siya the whole time sa araw na iyon kaya mas ayos.

Ang sabi niya, maaga raw siya ngayon para makapaghanda pa kami sa concert. Tingin ko naman ay hindi pa siya makakauwi sa parehong oras ng pag-uwi ko kaya bibisitahin ko siya para sabay na kaming umuwi.

Paulit-ulit akong tiningnan ng babae sa hall ng floor nina Riguel. Pinasadahan ko ng tingin ang buong opisina. Maraming empleyado at medyo busy ang lahat. Maraming papel. Kumpara sa opisina namin, konti lang ang cubicles dito. May mga offices sa tapat, siguro ay para sa mga lawyer.

“I’ll call one of Atty. Alleje’s secretary so she can guide you where to wait…” sabi noong babae.

Where to wait? Why? Am I not allowed to go inside his office? Well, Lili, hindi ito bahay n’yo kaya maaaring may mga bigtime siyang kliyente na ayaw na may bigla-bigla na lang na pumapasok.

May lumabas sa salaming pintuan. Isang nasa mid thirties na babae, may katabaan pero mestiza at mukhang masiyahin.

“Hi, are you Mrs Lilienne Alleje?” naglahad na siya ng kamay sa akin.

“Yes.”

“I’m Zarah San Pedro, Attorney Alleje’s secretary…”

Nagkamayan kami. Malaki ang ngiti niya at parang sinusuri ako.

“Nice to meet you. Lagi ka niyang nababanggit sa akin, Ma’am…” sabi ko.

“Nice to meet you, too, Ma’am. I have always been curious with Attorney’s wife. Ang sabi ng mga kakilala niya, maganda raw. Hindi sila nagkamali…”

Tumawa lamang ako.

“Come with me, Ma’am…” sabi niya sabay bukas ng pintuan papasok sa loob.

Sumunod ako sa kanya ay may mga nakakasalubong akong mga lalaking naka suit.

“Sino ‘yan, Zarah? Kliyente ni Attorney Alleje?” tanong noong isang medyo gwapo at medyo kasing tanda ni Ma’am Zarah.

“Hindi po, Attorney. Asawa niya po ito…”

“Whoa!”

Naglahad agad ng kamay iyong lalaki. May mga lumapit pa at ganoon din ang ginawa.

“John Torres, po, Ma’am. Nice to meet you in person! Sa pictures ka lang namin nakikita sa Facebook!”

Tinanggap ko ang kamay niya at nginitian.

“Wow! I hope those pictures looks good. Lilienne na lang po, Attorney. Nakakahiya naman…” sabi ko.

May isa pang naglahad ng kamay. “Joel Ocampo, Lilienne…” sabi noong mas bata.

Medyo natagalan ako roon dahil sa mga nakikipag-usap sa akin. Kung saan saan pa pumunta ang topic.

“Anong klaseng asawa ba si Attorney Alleje?” tumawa si Attorney Torres.

“Ayos lang…” Hindi ko alam kung paano sasagot.

“Ayos lang? Hindi sweet! Tss… Kaya naman pala mukhang laging mainit ulo. Hindi pala nakukuha ang loob ng misis niya!” tumawa siya.

“Lagot ka kay Riguel, John!” sabi noong isa.

“Hindi naman. Sweet naman siya minsan…” sabi ko.

Nilingon ko si Ma’am Zarah na hanggang ngayon ay nakahawak parin sa pintuan papasok sa isang opisina. Marami pang sinasabi ang mga naroon kaya lang ay nahihiya ako sa sekretarya ni Riguel.

“Hey, I need to go, po. Ma’am Zarah is waiting…” sabi ko.

“O sige, Miss Lilienne. By the way, you don’t look married. You look so young. Sana ay nakapag explore ka ng mabuti bago ka nagpatali…”

Kumunot ang noo ko. Medyo hindi ko nagustuhan ang tono noon. “Nakapag explore naman ako. At gusto ko rin kasing kasama si Riguel sa mga ginagawa ko kaya ayos lang na maaga akong nagpakasal…”

I smiled at him. Tumango siya at tinalikuran ko na para makapaglakad na patungo kay Ma’am Zarah.

Pagkapasok ko sa munting opisina ni Ma’am Zarah ay nakakita ako ng isa pang pintuan. Tumango ako sa mga lawyer na nakikita ko sa labas dahil sa salaming dingding na naroon.

“Ma’am, dito ka na lang po muna sa sofa mag antay at may kinakausap pa si Attorney Alleje.”

“Sige po, Ma’am. I can wait…” sabi ko.

I took my phone out and tried to play some games. Fifteen minutes later, I got bored from playing. Sumakit din ang batok ko sa kakatitig sa cellphone kaya tumayo ako.

Nag-angat ng tingin si Ma’am Zarah sa akin.

“Uh, did you tell him I’m here?”

That did not sound right. Para bang nagdedemand ako.

“Uh… I want to, Ma’am, but I was told that I shouldn’t disturb them so… Anyway, baka iba nga rin ‘to dahil asawa ka niya. I’m sorry, Ma’am…” Tila siya’y nalilito. “I’ll… I’ll speak to him.”

“Wait lang…” sabi ko bago niya mapindot ang isang speaker. “It’s okay. I can wait. Who’s his client ba? Must be really important…”

Napatingin ako sa aking wristwatch. OA ba? Baka ma late kami sa concert.

Well, that’s only a concert, Lilienne! Trabaho ang pinag-uusapan dito!

“Si Miss Allicia Limcangco po…” aniya.

Nanlaki ang mga mata ko. Who is it again? Allicia Limcangco?

“I can talk to Attorney right now, Ma’am. I can inform him right away that-”

“Ito ba ang kliyente niyang si Alli?” tanong ko ng natatawa.

Something deep inside me burned. Parang ang bilis nitong kumalat sa aking sistema na agad agad kong naramdaman ang hapdi sa mga karatig na parte ng aking puso.

“Opo. Do you know her, Ma’am?” Kumunot ang noo ni Ma’am Zarah.

Dinampot ko ang bag ko galing sa sofa. Mabilis ang hininga ko at medyo umiinit ang ulo ko.

Does Riguel usually have that rule? To never disturb him while he’s in session? Malamang hindi kasi lito si Ma’am Zarah kanina kung tatawagin niya ba si Riguel o hindi!

At anong ginagawa ng babaeng ‘yan gayong sinabi niya’y hindi na siya ang naghahandle ng kaso? Ano? Second opinion? What the hell.

“Uh…” Kitang kita ko ang pagkakalito ni Ma’am Zarah.

“You know what… sa bahay na lang ako mag-aantay. Huwag mo nang tawagin si Riguel, baka istorbo lang sa ginagawa niya, mapagalitan ka pa…”

Lumabas ako ng diretso sa opisina. Ni wala akong tiningnan sa kahit na sinong naroon kahit na may nagtatawag sa akin. My mind is just spinning with anger and disdain.

Nanginginig ang kamay kong kinuha ang aking I.D. sa hall. Pati sa pagpindot ng elevator ay nanginginig ako.

How dare Riguel do this to me! Sinungaling siya! Pati sa akin, nagsisinungaling siya!? Sa bagay, Lilienne, nagsinungaling nga siya sa kanyang Lolo at Lola, sa'yo pa kaya.

Allicia Limcangco, huh? Why is she there? Lagi ba iyong naroon? Samantalang sinabi niya na hindi na raw sila nagkikita? Hindi nagkikita? Are you fucking kidding me!?

Pumara ako ng taxi. Malapit lang ang condo rito kaya agad din akong nakarating. Sa elevator ay walang tigil ang luha ko. Pagalit ko na lang na pinupunasan ang mga nangangahas na tumulo.

Napakawalang hiya nito! At bakit ako umiiyak, huh? Ano ngayon kung may iba siya? Huh? Sa papel lang naman din kami kasal at hindi sa damdamin. Kaya bakit pa ako nagugulat?

I hate myself for crying. I hate myself for being so affected! I shouldn't be. That only means I can go out with other men, too. At dapat niya akong payagan! Dapat niya akong pakawalan! Dahil ako? Pinapakawalan ko siya!

Mabilis akong nagbihis ng damit para sa concert. Ang hirap palang maglagay ng make up habang umiiyak. Nabubura at nagssmudge.

Iniisip kong 'di na lang ako pupunta sa concert dahil sa nangyari pero naisip ko rin na iyon na lang ang paraan ko para makatakas. Wala akong pakealam kung sumama siya o hindi! Tingin ko rin naman ay 'di na siya sasama dahil busy siya.

Kung nag-antay ako rito sa bahay baka na disappoint lang ako. Tapos ang ending ay papatawarin ko siya dahil trabaho iyon! Buti na lang at binisita ko siya at least hindi ako bulag na nagpapatawad na lang para lang intindihin siya.

Anong akala niya sa akin? The usual poor and submissive housewife? Kaya niya siguro ako gustong huwag na magtrabaho dahil dito? Baka ayaw niyang lumalabas ako ng bahay para 'di ko siya mapuntahan!

The skimpiest blackdress hugged my body tightly. Tumunog ang aking cellphone sa tawag ni Riguel at agad ko iyong kinancel.

Kinuha ko ang isang ticket at ang isa ay nilagay sa basura. Mabilis kong kinuha ang bag ko at dumiretso sa kusina para hanapin ang mga inumin doon. Nagbukas ako ng isa at uminom ako ng mga limang baso bago ako umalis.

Dapat ay magdidinner pa pero dahil hindi ako gutom, dumiretso ako sa Arena para sa concert. Dahil sa traffic ay mahigit isang oras ang naging byahe. Sakto lang sa pagdating ko roon.

Maingay ang mga tao at may mga laser beams silang winawagayway. Habang nanonood akong mag-isa sa ibang banda ay naiiyak lamang ako.

Pakiramdam ko ako lang yata ang sobrang lungkot habang pinapanood ang concert na ito.

Pinatay ko ang cellphone ko dahil paulit ulit na tumawag si Riguel. Tumayo ako. Gusto kong makisabay sa kantahan. Naramdaman ko agad ang pag-alon ng aking tingin. I guess alcohol is now finally hitting my system.

Lilienne, anong sinabi ko sa'yo noon? Thinking about the future helps. It helps you to avoid heartaches like this. But then thinking about the future will rob me the happiness I should've felt.

Alin nga ba ang mas matimbang? Ang pigilan ang sariling maging masaya para hindi na umasa o ang hayaan na lang at pagbayaran na lang ang pag-asa sa huli?

Tumigil ako sa pagkanta dahil sa paghingal ko. Dahil sa paghikbi ko. Tinakpan ko ang aking bibig nang naalala kung bakit talaga ako nandito ngayon.

Yeshua, yes, I just do not learn. I've been hurt by the same man before. And right now, he's hurting me again. I do not learn that I needed to experience it twice.

You’re probably the conscience that’s keeping me from being happy for the past weeks, reminding me of the pain it can cause me. At hindi na naman ako nakinig sa’yo. Tulad noon. Kaya heto na naman ako.

I’m sorry, my twin. I am so sorry. For failing you in your lifetime and in mine.

All you wanted was to protect me from harm, all I did was risk everything.

Pumikit ako at humikbi. Sa huli. Ako rin pala talaga ang iiyak.

Sa mukha ng tunay na sakit, may luha parin pala talaga ako. Pinunasan ko ang luha ko at dinilat ang mga mata. Umilaw ang stage at tinawag na ang paboritong banda ko.

Sa sobrang lungkot ko ay natulala na lang ako sa stage.

I shouldn’t stay like this. I can’t stay like this. That’s enough, Lilienne. Gaga ka. Hindi naman kayo, e. Kasal lang kayo pero wala siyang pananagutan sa’yo. Come on! You’re better than that! To all the boys you’ve been with years ago, you were not this clingy and jealous. Why now? You changed. And did that change made you a better person? You were even better that way.

Sumigaw ako ng “I love you!” para sa paborito kong banda at tumalon na nang nagsimula na silang kumanta!

Tumingala ako at dinama ang lahat ng iyon. Yeah right!

“Woooo!” sigaw ko.

I need to enjoy this! At least enjoy this!

Habang tumatalon ako ay may isang kamay na pumirmi sa aking baywang na tila hinihila ako sa tabi ko!

“Ano ba?!” pagalit kong sigaw sa kung sino man iyon.

Nagtatalunan ang mga nasa paligid ko. Ako lang yata at ang nasa tabi ko ngayon ang hindi. Kahit sa dilim at konting sayaw ng neon lights ay nakikita ko ang seryosong mukha ni Riguel.

He smells so good. He’s wearing a black v neck t shirt and his arms are all over me. Ang isang kamay niya ay hinila pa pababa ang saya ng aking dress.

What the hell is he doing here?

Kabanata 38

Kabanata 38

*OceanofPDF.com*

Hanggang Ngayon

He’s looking at me intently. Hindi makapagsalita dahil alam siguro niyang matatabunan lamang ang boses niya sa ingay ng kumakanta.

Hinawi ko ang kamay niya sa aking baywang at bumaling ulit sa kumakanta. Kumanta ako kasama sila. Wala na akong pakealam sa kay Riguel na nandito sa gilid ko.

I have been so careless. I let myself fall into that trap again! At ano na naman ang sasabihin niya ngayon?

Panay ang baba niya sa saya kong tumataas sa bawat talon ko. Binalewala ko siya. Bahala siya sa kung anong gawin niya. Ang importante ay mag enjoy ako ngayon. I don’t deserve to be unhappy. After years of sorrow, I need to be happy, too.

Nang natapos ang concert ay halos mapaos ako. Pagod na pagod din ako. Dire diretso lang ang lakad ko palabs habang sinusundan naman niya ako.

Wala siyang ginawa buong concert kundi ayusin ang damit ko. At anong gusto niyang maging reaksyon ko? Gawin ko siyang hero dahil sa ginawa niya? Kakalimutan ko iyong nangyari?

But when I think of it, wala naman talaga siyang kasalanan, e. Kung may babae siya, hindi ba malinaw na dapat walang pakealamanan. Ang problema lang sa kanya ay pinapakealaman niya naman ako. Kaya dapat palayain namin ang isa’t-isa para patas ang lahat ng ito.

“Lilienne… I’m sorry…” aniya sabay hawak sa kamay ko.

I don’t know how to react. Aawayin ko ba siya? It’s all useless, though. Bakit pa? Tapos na.

Parang pinipiga ang puso ko. Nagbabadya na naman ang mga luha.

This is probably a reminder for me. A reminder that I’m here because of the land. And not because I want to be with Riguel. Riguel’s here for his

ambitions, not because he wants to be with me.

Nasasaktan ako.

Ayaw ko mang aminin, pero nasasaktan talaga ako. Ang sakit. I don't blame anyone. I blame myself for being so stupid… for being so vulnerable… no matter how hard I try to be strong, I would always go weak in the eyes of the only man I probably ever fell in love with.

Binawi ko ang kamay niya at nilingon ko siya. I tried to act calmly. I'm too tired to get angry.

"Asan ang sasakyan mo? Gusto ko nang umuwi…" sabi ko.

Nagulat siya sa tanong ko. Tumango siya at hinawakan muli ang kamay ko.

"Dito…" aniya sabay hila sa akin patungo sa kung saan nakapark ang sasakyan niya.

"I can follow…" sabi ko at binawi na rin ang kamay ko.

Hinayaan niya iyon. Nang natagpuan namin ang sasakyan niya ay pinagbuksan niya pa ako ng pintuan. Pumasok ako nang 'di siya tinitingnan. Sa gilid ng mga mata ko ay nakikita kong titig na titig siya sa akin.

Nag seatbelts ako. Nakakapagod ang concert. I'm mentally, emotionally, and physically drained today. Gusto ko na lamang matulog at makalimot.

Pumasok si Riguel ngunit 'di niya pa pinaandar ang sasakyan. Hinawakan niya ang manibela at nilingon ako.

"Zarah told me you went to my office. Dapat ay pumasok ka na ng diretso…" sabi niya.

Nanatili ang mga mata ko sa parking lot. Mag-uusap ba kami tungkol sa nangyari? Ano na naman ba ang excuse na? Is this going to be my fault again?

“Ayos lang. May kliyente ka. ‘Di ka pwedeng ma istorbo…” sabi ko sa isang kalmanteng tono.

“Sa Alegria, hindi ko nilalock ang pintuan para kung sakaling gusto mong pumasok, pwede kang pumasok. Walang pinagkaiba iyon dito, Lilienne.”

Your secretary told me not to disturb you. Iyon sana ang sasabihin ko kaso ayaw ko namang ipahamak si Ma’am Zarah.

“I told Zarah that I won’t accept visitors but of course hindi ka kasali roon. Asawa kita…” ani Riguel.

Nalaman niya na siguro na hindi nga ako pinapasok ni Ma’am Zarah. Pinag antay ako. Pero hindi naman iyon kasalanan ni Ma’am Zarah. Those were his protocols. So she can’t really break it kahit na ako pa iyong naroon.

“Sige na, Riguel. Gusto ko nang umuwi…” sabi ko.

Humugot siya ng malalim na hininga at pinaandar ang sasakyan. Nangilid ang luha sa aking mga mata sa galit at inis para sa sarili.

“I want us to talk, Lilienne. This can’t go on like this…”

“I just want to go home, Riguel. Kung hindi ka aalis dito, lalabas ako at maghahanap ng taxi para makauwi na…” sabi ko.

Agad niyang pinaandar ang sasakyan palabas doon.

“Okay. But we’ll talk at home…”

Tahimik ako buong byahe. Tahimik din siya ngunit mabibigat ang kanyang hininga. Kapag natatraffic kami ay hinahanap niya ang kamay ko at hinahawakan. Akala niya lilingunin ko siya pero hindi ko ginawa. Nanatiling pirmi ang mga mata ko sa kalsada.

“I’m sorry… She wasn’t scheduled that day. She shouldn’t be there actually. Nagulat lang ako nang naroon siya. Nagpatulong sa kaso. I told her to go to her lawyer but she wants me to check it first.”

Nanatili parin ang mga mata ko sa kalsada. He almost forgot that it’s the green light dahil sa pag eexplain niya.

Binitiwan niya ang kamay ko at pinaandar ulit ang sasakyan na muntik nang mahuli. Tahimik ulit habang nagdadrive siya. Paulit ulit na nangingilid ang luha ko kahit na ayaw ko namang umiyak. Bumabalik din ito sa mga mata ko dahil sa pagsisikap kong ibalik sila roon.

Lumabas ako ng sasakyan pagkapark noon sa basement. Normal akong naglakad patungo sa elevator. May mga pumasok ding tatlong babae na tatawa tawa at mukhang galing sa party.

Sumunod si Riguel sa akin.

Pagkapasok namin sa elevator ay tahimik kaming dalawa. Ang tatlong babae ay nanatili sa tawanan.

“Handsome…” sabi noong isa.

Hindi ko na sila nilingon. I was sure that Riguel got their attention.

“Get his number, I dare you…” bulong noong isa.

Hinawakan ulit ni Riguel ang kamay ko. Pinagsalikop niya ang aming mga daliri.

“Oh! Damn!” anang isa sa mga babae.

Lumabas kami ni Riguel nang nasa tamang floor na. Binitiwan ko agad ang kamay niya at naglakad ng mas mabilis.

“Lilienne, please… Hear my explanations…” ani Riguel.

I opened the door of the unit. Dumiretso ako sa ref para makainom ng isang basong tubig. Sumunod si Riguel sa akin.

“Hindi ko alam na pupunta siya sa araw na iyon, Lilienne. I asked her to leave but she needs my help. Tinulungan ko lang na iinterpret iyong isang kontrata and then I asked her to leave again because I know we have to go

to the concert. Pagkalabas ko sinabi lamang ni Zarah sa akin na galing ka roon at umalis ka na.”

Padabog kong nilagay ang baso sa sink at naglakad na patungo sa kwarto namin. Maliligo ako ng napakatagal hanggang sa matulog na si Riguel. Madaling araw na. Panigurado ay madali siyang aantukin.

“Lilienne, please say something…”

Sumunod si Riguel sa kwarto. Agad kong hinubad ang stilletos ko. I feel like he wouldn’t stop talking unless I speak.

Nilapag ko ang bag ko sa tukador at hinarap siya. Madilim ang kanyang ekspresyon at tila punong puno ng pagsusumamo ang mga mata.

“It’s okay, Riguel. Naiintindihan ko. Sorry, hindi kita inantay sa concert dahil ayaw kong mahuli…” sabi ko at dumiretso na sa banyo para maligo.

“But-”

Padabog kong sinarado ang pintuan para matigil siya sa pagsasalita. Pinaandar ko ang shower ng malakas.

“Matulog ka na! Alam kong pagod ka…” sabi ko.

Tulala ako habang nagsha-shower. I don’t know what to feel right now. I want to hear his explanations but I am so tired. I’m so tired of getting hurt.

Bakit niya kaya pinasa sa iba ang kaso ni Alli? Baka may past sila? At ano ba dapat ang pake ko sa past nila? Hindi ba dapat ay wala? Kaya tama lang itong asta ko ngayon. Kesa sa sumbatan ko siya at kwestyunin sa nangyari, hindi na lang ako magrereact. Dahil ganoon dapat. Tanggapin ko na lang dapat.

I spent almost an hour in the shower. Lumabas ako ng nakatuwalya lang. Si Riguel ay nasa kama at nanonood ng TV. Nilipat niya ang tingin niya sa akin.

Naghanap ako ng pajama sa closet. Hindi pa yata nalalabhan iyong mga naisuot ko. Gusto kong magmura nang nakitang iyong seda na lang ang mga naiwan at iyong mga may lace. I picked up the most wholesome one at bumalik ulit ako sa banyo para magbihis na.

I don't want to seduce him. I don't want him to think that I am seducing him through my clothes. I just have no choice right now.

Pagkalabas ko sa banyo ay nanonood parin siya ng TV. And all this time I thought he'd fell asleep after my 1 hour shower.

Tumabi ako sa kanya at tinabunan agad ang aking katawan. Humiga ako at pumikit. He turned the TV off. He then faced my side of the bed.

"Hey…" he whispered in a husky voice. "I'm really sorry…"

Nanatili akong nakapikit. Hinawakan niya ang kamay kong nakapatong sa aking tiyan. Hinahaplos ng hinlalaki niya ang aking palad. It sent shivers down my spine. I want to stop him from doing that!

"Before you came here, Lilienne. Kliyente ko na si Allicia Limcangco. I accepted her like how I accepted my clients but she kept on visiting the office kahit na hindi naman niya schedule. And sometimes, she would find an excuse just to visit or so we can meet."

Kaya kayo nagdidate doon sa kinainan natin, ganoon? I want so bad to show my fangs but I tried not to. Pagod na ako. Pagod na akong awayin na naman siya. Tutal ay kung iyon talaga, wala na rin naman akong magagawa.

"That's why I asked her to find another lawyer cause I don't think I can handle her anymore. It's been months since we last saw each other. Ngayon lang ulit siya nagpakita. Apparently, she's heard about our marraige. Then she used her case as an excuse. At first, I helped her because she seems so genuine about it. Pero kalaunan ay nagtatanong na siya tungkol sa atin kaya pinaalis ko na siya. Nang lumabas ako binalita lamang ni Zarah na wala ka na."

So… the girl is probably in love with him. Or maybe obsessed with him? Ginagawa niya lamang na excuse ang kaso para makita si Riguel! What the hell?

But should I believe him?

Years ago, binabalewala ko ang lahat ng masasakit na sabi-sabi kay Riguel. Syempre, dahil mahal na mahal ko siya. Hindi ko sila papaniwalaan. O… baka sa sobrang pagod ko, mas pinili ko na lang na maging bulag. Kahit na nakikita na namin siya na kasama si Isabella… kahit na mismong ang Mommy ni Isabella ay sinasabi nang mag on ang dalawa… Naging bulag at bingi ako sa lahat ng iyon.

And right now, I am not sure if I can accept his explanations. I don't want to be that kind of girl anymore. Siguro nga ay gusto ko pa siya ngayon pero hindi ko siya kasing gusto noon na kaya kong magpakadesperada! Kung ayaw niya sa akin, e 'di huwag. Kung may iba siya, magpakasaya siya. Magpapatawad ako pero hindi ako makakalimot.

"Hey…"

Naramdaman ko ang paglapit niya sa akin. Kinagat ko ang labi ko.

"I did not lie to you, Lilienne. Iyon talaga ang totoong nangyari," aniya.

Inalis ko ang kamay ko sa aking tiyan para mabitiwan niya. Nilagay ko iyon sa tagiliran ko.

"Please, talk to me. Lienne, hindi ka nagsasalita. Come on, shout at me…" punong puno ng pagsusumamo ang kanyang boses.

Parang may humahawak sa puso ko dahilan ng pagbabadya ng aking mga luha. Please, don't cry, Lilienne.

"It's okay, Riguel. You don't have to explain it to me. We're not really married. I'm not really your wife…" sabi ko at tinalikuran siya para makatulog na ng maayos.

"No…" aniya sabay haplos sa aking baywang.

Halos mapunit ang labi ko sa kakakagat. Lilienne, please don’t fall again. Please, don’t let your self fall for him again. It’s stupid.

“Lienne…” bulong niya sabay lapit at yakap sa akin galing sa likod.

Shit…

Para akong nanghina sa higpit ng yakap niya.

“This isn’t just papers to me. If it is to you, then fine… But to me, it isn’t…” bulong niya.

Nanatili ang mukha niya sa aking batok. Ang hininga niya ay nangingiliti sa aking leeg. Ang balahibo ng kanyang binti ay nararamdaman ko sa aking mga binti. Our feet touched. His iron clad chest touched my back.

“You’re my wife. I am married to you. Only you, baby…” bulong niya. “I’m sorry.”

What is he talking about? What the hell is this?

Nanginig ang aking balikat dahil sa pagpipigil ko ng luha. Hindi na yata kinaya ng aking sistema at napaiyak na ako.

Mas lalong humigpit ang yakap niya sa akin. He made his way to my shoulders. His jaw stayed there.

“I’m sorry. I don’t want you jealous…” bulong niya.

Pinunasan ko ang luha ko. Tangina, Lilienne! Bumibigay ka agad, e!

“Sa halos dalawang buwan na nagsama tayo, nakalimutan ko ang galit na binitbit ko ng walong taon. Nakalimutan ko kung paano mo ako iniwan noon pagkatapos kong ipahayag sa’yo ang tunay kong nararamdaman.”

Lumipat ang kamay ko sa aking mga pisngi para mapunasan ang aking mga luha. He reached for them and he held both my hands.

“Mahal parin kita hanggang ngayon,” bulong niya.

I don’t want to be gullible. I’ve been that kind of girl years ago. At ano ang ginawa nito sa akin? Sa huli, nasaktan lamang ako.

“Please look at me. Please face me, Lienne…” bulong niya. “I’m sorry…”

Parang may punyal na tumatama sa aking puso dahil sa mga sinasabi niya. Punong puno na ng luha ang aking pisngi.

Sobrang pagod na ako. Sa sakit. Sa lahat. I don’t want to quickly judge him. I don’t want to decide right now. I just want to shield myself for whatever’s coming. I want to give myself some time. Dahil sa loob ng ilang taon, ngayon ko lang talaga ulit naisip ang sarili ko. Ngayon ko lang ulit minahal ang sarili ko. Ngayon ko lang ulit pinrotektahan ang sarili ko.

Marahan niya akong hinila para maharap ko siya. Mapupungay ang mga mata ni Riguel habang pinupunasan ang luha ko.

He kissed my right eye. As if it’d stop my tears. He kissed my left eye, too. Natigil ang luha ko pero hindi iyong sakit na nararamdaman ko ngayon.

Then he kissed my lips. Mababaw ang mga halik niya. Like he wants to concentrate only on my lips.

Pumikit ako. His lips are soft and tender. I’d like to taste him but I know that doing that right now would mean I did not give myself some time to process all of these.

Unti unting naging mapupusok ang kanyang mga halik. Bolta boltahe ng elektrisidad ang naglakbay sa aking batok patungo sa kasulok sulukang parte ng aking katawan. Hinawakan niya ang aking panga para mas magkaroon pa ng access papasok sa aking bibig.

Then he stopped kissing me. Napaawang ang bibig ko nang nakita siyang tinitingnan akong mabuti.

The comforter’s already down. My chest is almost already exposed. At nasa kanyang dibdib na ang aking kamay nang ‘di ko namamalayan. My body is already so willing to give him more.

He smiled weakly. Kinuha niya ang comforter at tinabunan ang aking katawan. Hinila niya ako palapit pa sa kanyang katawan at tinabunan niya ako ng kanyang braso at binti. His nose is almost touching my ear. His breath is caressing my neck. Mabilis ang kanyang hininga. Tulad ng hininga ko. At unti-unti itong pumirmi saglit ang lumipas.

“Forgive me, Lilienne. Forgive me for making you feel jealous today. Forgive me for luring you into marraige kahit na ‘di ko alam kung mahal mo pa ba ako. I’m selfish. I only think about myself. That I can make you happy. That I can be happy as long as I’m with you…” bulong niya.

I licked my lower lip. Dilat na dilat pa ako habang nakikinig sa kanya.

“Nagkamali ako. I can’t be happy seeing you sad with me. I feel like I’m in hell everytime I see you cry in my arms…”

Humugot ako ng malalim na hininga.

“After eight years, I’m still in love with you…” bulong niya. “So much…”

Parang may dumaang sakit sa aking puso. Hindi ako makahinga. Pinikit ko ang aking mga mata at naramdaman ko ang mabilis at malakas na pintig ng aking puso.

Iyon ang huling sinabi niya sa gabing iyon. Nakatulog din ako ng payapa pagkatapos.

Kinabukasan ay nagising ako ng naroon parin si Riguel sa aking tabi. Nakayakap parin siya sa akin at mahimbing ang tulog.

Noong una akala ko may pasok ako pero napagtanto kong Sabado nga pala ngayon.

Inisip ko lahat ng sinabi ni Riguel kagabi. Hindi ko alam kung bakit imbes na matuwa ako ay kinakabahan ako. Hindi ko alam kung bakit natatakot ako.

I am not ready to do this with him. I am not ready to believe again. I am not ready to be in that kind of relationship with him. I am not longer that kind

of girl years ago.

I may have given him the right to me. I may have invested feelings for him. But I am not yet emotionally stable to accept it fully right now. Iyon ang totoo. At hindi ko iyon pwedeng baliwalain dahil lang sa sinabi niya.

The key to building a good relationship with a partner is to build a good relationship with yourself. If I cannot fully understand my self, then that's a red flag for me. Ibig sabihin noon, masasaktan ko lang ang sarili ko… masasaktan ko lang si Riguel. Magkakasakitan lang kaming dalawa.

I want time. I want space. I want to think about it. Ayaw kong magpadalos dalos.

Dahan-dahan kong inalis ang kanyang braso sa aking dibdib para makawala. Nang tuluyan akong nakabangon ay kinusot ni Riguel ang kanyang mga mata. Nang dumilat siya at nakita akong nakatayo na ay bumangon agad siya.

"Where are you going?" tanong niya.

"I'll just… cook our breakfast," sabi ko.

Medyo magulo ang buhok niya at pagod pa ang mga mata. Agad siyang tumayo at hinarap ako.

"Ako na. Matulog ka muna…" aniya.

"No… You seem so tired. I can cook now. Ngayon lang naman… Gusto ko ring magluto ng breakfast."

Napaupo ulit siya sa kama at hinilamos ang kanyang palad bago tumingin ulit sa akin.

"If that's what you want then…" aniya.

Tumango ako at lumabas na ng kwarto. Sinundan niya lamang ako ng tingin.

Dire diretso ang tungo ko sa kitchen. Iniisip kong hindi kailanman magiging mali ang humingi ng oras para sa sarili. Hindi rin naman siguro nagmamadali si Riguel. We still have six months to decide what's best for us. I still have six months to finally fix my life and my mind.

Kumuha ako ng kawali pagkalabas ng mga hotdog at itlog. I brewed the coffee while cooking the scrambled eggs.

Pumasok bigla si Riguel sa kusina at kinuha ang kapeng pinapainit ko. Nag-angat ako ng tingin sa kanya. His eyes looked defensive and curious at the same time.

"Kunin ko lang 'to…" aniya sabay stretch ng kanyang braso patungo sa kape.

Lumayo ako ng bahagya sa induction para makuha niya ang kape. Nang nakuha niya na ito ay nanatili pa siyang nakatayo roon.

Tiningnan ko ang scrambled eggs. Malapit na iyong maluto.

"Ako na ang mag to-toast ng tinapay natin…" aniya at dumaan siya ulit para makalapit sa ref.

"Okay…" sagot ko.

Kinuha niya ang loaf bread sa ref at dumaan na sa likod ko para makadiretso sa lamesa.

"Paubos na pala ang mga pagkain. Mag grocery tayo mamaya?" anyaya niya.

Tumango lamang ako at nanatili ang mga mata sa niluluto.

Lumabas siya ng kitchen. Sumulyap ako sa kanya at nakitang nilalapag ang mga kinuha sa lamesa.

Niluto ko na rin ang hotdog. Nakatingin parin ako sa niluluto ko nang bigla ulit pumasok si Riguel sa kusina.

Nilingon ko siya. Medyo magulo parin ang buhok at mukhang antok na antok pa. Bakit hindi na lang siya matulog tutal ay nagluluto pa naman ako? Hindi ko na siya pinagsabihan. Iyan ang desisyon niya, bahala siya.

“Kunin ko lang ang freshmilk at tubig…” he explained.

Tumango ako at binalik ulit ang mga mata sa niluluto.

Kabanata 39

Kabanata 39

*OceanofPDF.com*

Angel

I can’t help but think about what Riguel told me that night. Sa kahit anong ginagawa ko, naiisip ko iyon.

Iniisip ko na kung totoo nga ang sinasabi ni Riguel, then… does that mean? That means… he wants me to be his wife for real?

Walong taon akong nawala. Walong taon kaming hindi nagkita. Kung tunay nga niyang minahal ako noon, ibig sabihin nasaktan ko siya pagalis ko.

All this time I thought that it’s one-sided. Iniisip ko noon na lalaki rin siya at hindi siya makakatanggi. I was already grinding on top of him. He didn’t want it, clearly. But I did everything to seduce him so in the end he took the bait.

Hindi niya alam kung bakit ako umalis. Kailangan ko pang sabihin iyon sa kanya. Handa ba akong balikan ang lahat? If I have to tell him everything, that means I need to start from the very beginning.

“Do I… still have to file my leave for this coming Friday, Riguel?” tanong ko habang kumakain kami ng dinner noong Linggo.

“Well, do you want that vacation?” tanong niya.

Siguro naman ay may katotohanan parin kahit paano iyong sinabi ni Riguel tungkol sa judge. Kasi kung hindi naman ay sana binawi niya iyon.

“Well, if there’s a need to…” sabi ko habang tinitingnan ang pagkain ko.

“I think we need a vacation…” ani Riguel.

Tumango ako. “I’ll file my leave tomorrow. Para malaman na ni Suki…”

“If you want you can visit me tomorrow. Mag half day ka na lang…” aniya bigla.

Nag-angat ako ng tingin sa kanya. I’m confused why he wanted me to his office tomorrow. Masyado ba siyang na stress noong Biyernes kay Alli?

Maybe Alli will come back tomorrow. Maybe she’d surprise him again. Syempre, kung totoong pinaalis siya ni Riguel, babalik iyon. Kahit ako naman noon, babalik ako kahit na pinaalis na. Ganoon ako kabaliw sa kanya.

“Huwag na. Magluluto pa ako ng dinner dito…”

“Kumain na lang tayo sa labas o ‘di kaya’y oorder ako bago tayo umuwi.”

“Why?” tanong ko.

Tumikhim siya. Tila ba hindi siya handa sa naging tanong ko.

“I just thought you’d want to go to my office again. I’ll introduce you to my colleagues properly.”

“I have already introduced myself, Riguel. John Torres, Joel Ocampo, I forgot the other men in there…”

Umigting ang panga ni Riguel. Medyo matalim ang ipinukol niyang tingin sa akin. Kumunot ang noo ko.

“So…” nag-iwas siya ng tingin. “You won’t?”

Humugot ako ng malalim na hininga. Not that I don’t want to go but I want a good answer from him.

“Sige, pupunta ako,” sabi ko.

“Susunduin kita ng lunch. Sabay na tayong mag lunch. Pagkatapos ay didiretso na tayo sa opisina. Doon ka mag aantay sa loob.”

“Okay… I’ll ask Suki. Kung papayag ba siya…” sabi ko sabay bagsak ng tingin sa pagkain.

Pagkatapos naming kumain ay nagligpit na siya ng mga pinggan. Nanood naman ako ng TV. Nagbasa siya sa gilid ko.

Isang tahimik na gabi ang lumipas. Walang away o sumbatan. Parang unti-unting napapanatag ang loob ko. Unti-unting naayos ang pakiramdam ko.

Sa kama ay hinihintay niya akong matapos maligo bago pinapatay ang TV. Humiga ako sa gilid niya. Madilim na ngunit dilat parin ang aking mga mata. Nakakasiguro akong ganoon din siya ngayon.

Naramdaman ko ang pagharap niya sa akin. Lalayo sana ako para mas mabigyan siya ng espasyo ngunit nagsalita siya.

“Can I…” bulong niya.

Tumango ako at hinayaan siyang ipatong ang kanyang kamay sa aking tiyan. The warmth of his body made me at ease. Sa wakas at nakaramdam din ako ng tamang init at tamang lamig.

Pumikit ako at sinubukan nang makatulog. Naramdaman kong mas lumapit pa siya na nararamdaman ko na ang kanyang hininga sa aking leeg.

Kinabukasan ay hinatid niya muli ako sa trabaho. Binilin niya sa akin iyong sinabi niya at sumang-ayon naman ako.

I need to tell Suki about it and then file my leave for Friday.

“Good morning, Ma’am!” bati ng mga empleyado.

Nginitian ko sila at binati na rin.

“Kumusta ang concert, Ma’am?” tanong ni Uma habang sinusundan ako sa aking lamesa.

“It’s fine, Uma. Magaling talaga sila kahit live. Nanood ka ba?”

“Hindi nga, Ma’am, e, ang mahal kasi ng ticket. May pinag-iipunan pa naman ako ngayon…” sabi ko.

Ngumiti siya sa akin at nanatili sa gilid ko. Nilapag ko ang mga gamit ko sa lamesa.

“Nandyan na ba si Suki?” tanong ko kay Uma.

“Yes, po, Ma’am! Nasa opisina, kasama si Aiden…”

Tumango tango ako at nagpaalam na muna kay Uma. Nagpaalam na rin siya na babalik na siya sa kanyang cubicle.

Dumiretso agad ako sa opisina ni Suki. Kumatok muna ako bago pumasok. Pagkabukas ko ng pintuan ay naabutan kong nag aagawan sila ni Aiden ng papel.

“Ang pangit nito! Sino bang model mo rito?” tawa ni Suki sabay turo sa design siguro ni Aiden.

“Nagseselos ka lang yata, e. Gusto mo ikaw ang model ng bagong karakter!” ani Aiden sabay agaw ng papel.

Tumikhim ako para mapansin. Nilingon ako ni Suki, natatawa pa. Binigay niya ang design kay Aiden.

“Sorry, Ma’am…” ani Aiden.

“It’s okay…”

“O, Lili? Good morning! Kumusta ang concert?” aniya.

“Ayos lang, Suki…”

I want to expound and tell her about what Riguel told me but Aiden was still there so…

“Maghahalfday sana ako mamaya. Tapos itutuloy ko iyong leave sa Friday. Ayos lang ba?”

“Sure! Sa Lunes din ba?”

“Hindi pa ako sigurado. Depende pa iyon. Can I just text you, if ever?”

“O sige. Skip the formalities, Lili…” ani Suki at ngumiti ulit sa akin.

Napatingin ako kay Aiden na seryosong pinagmamasdan ang kanyang mga disenyo. Kasing edad lang namin siya at medyo matipuno at matangkad. Sa mukha niya, pakiramdam ko crush ng bayan ito ng kung saan. And he’s a good graphic designer. Malaki siguro ang sahod niya rito. Ang sinabi pa ni Suki sa akin may plano raw itong lumabas ng bansa. Mukhang tutulungan pa yata ng daddy niya para makuha sa malalaking kompanya sa Japan.

“Okay… I’ll just finish my work…” sabi ko sabay turo sa pintuan.

“Okay…” ngumiti si Suki at nilingon ulit si Aiden.

Nagngitian ulit sila. Tila ba magsisimula na ulit ang kulitan pagkatapos ng istorbo. I have to ask her about Aiden, too. What’s up with them.

Anyway, pabalik ako sa aking lamesa nang napansin ko ang pagpasok ng isang lalaki sa pintuan. Sebastian is marching towards me, probably to go to Suki’s office!

“Basty!” sabi ko at bahagyang kinabahan.

“Hi, Lilienne! Si Suki?” tanong niya.

“Uh…” tinuro ko ang bathroom para sana maiwala siya ngunit tinuro na ni Uma ang opisina ni Suki.

“Nasa loob ng opisina niya, Sir…” ani Uma.

“Okay…”

Dumiretso si Basty. Nanlamig ako nang tiningnan siyang agad pumasok doon!

Shit!

Nagkibit lamang ng balikat si Uma at bumalik ulit sa kanyang lamesa. Hindi ako makapagtrabaho. Nanatili ang mga mata ko sa opisina ni Suki. Ilang sandali ang nakalipas ay lumabas galing doon si Aiden. Busangot ang kanyang mukha habang bumabalik sa kanyang cubicle.

Oh my God… Bakit nandito si Basty?

Hindi ako makapagtrabaho ng maayos. Lagi akong sumusulyap sa opisina ni Suki na hindi na ulit bumukas.

I texted Riguel because I'm so uneasy.

Ako:

Nandito si Basty sa office ni Suki.

Riguel:

Really? Bakit daw?

Umirap ako. Wala siyang alam. Boys!

Ako:

Ewan ko. Baka may alam ka kung bakit siya narito.

Riguel:

I have no idea… Business?

Nagtrabaho na lang ako. Alas onse nang 'di parin bumubukas ang opisina ni Suki. Now, I'm worried. What the hell?

Lalapit na sana ako para katukin nang bigla kong nakita si Riguel papasok sa opisina namin. He's wearing his usual suit and with him is a big bouquet of red roses.

Narinig kong pumalakpak si Uma sa kanyang lamesa. Sumulyap lamang si Riguel at binalik ulit ang mga mata sa akin.

Tiim-labi kong tinanggap ang mga bulaklak. Humahataw ang puso ko sa saya. Natutunaw ang mga binti ko.

“Thanks…” sabi ko.

“You’re welcome. By the way, are you ready? Let’s go…” aniya.

Tiningnan ko ulit ang pintuan ni Suki. “Si Suki kasi hindi pa lumalabas. Nandoon si Basty…”

“Hayaan mo na sila…” sabi ni Riguel sabay hawak sa baywang ko.

Tiningnan ko ang kamay niya roon pagkatapos ay binalik sa kanyang mga mata. Nanatili ang mata niya sa dinadaanan namin.

Tiningnan ko ang mga bulaklak ni Riguel sa byahe. May note sa nakabalot na papel doon.

It says… “I’ll always be married to you…”

Ngumuso ako at hinawakan ang mga petals ng mga bulaklak.

Kumain kami sa isang restaurant sa baba lamang ng kanilang opisina. Pagkatapos ng pagkain ay pumanhik na kami sa kanilang opisina. Hawak hawak ni Riguel ang kamay ko nang nasalubong namin ang kanyang mga katrabaho.

“Riguel!” ani John Torres. “Mrs. Alleje…”

Naglahad ulit siya ng kamay sa akin.

“You’ve already met her, John…” malamig na sambit ni Riguel.

“Oh! Right!” nagkamot sa batok si John Torres. “Biro lang ‘yon…”

Umiling si Riguel at pinakilala pa ako sa ibang naroon na hindi ko pa nakikilala.

“This is my wife, Lilienne…” ani Riguel.

Inisa-isa niya iyong mga ‘di ko kilala. Tumango lamang ako sa kanila.

“Isasama mo na ba siya araw araw, Riguel?” tanong noong isa.

“Kung papayag, bakit hindi…” pabirong sinabi ni Riguel bago kami pumasok patungo kay Zarah.

Tumayo si Zarah pagkapasok ko. Kitang kita ko ang takot sa kanyang mukha. I smiled at her to assure her that I don’t blame her. It’s her protocol.

“Ma’am, I’m sorry noong Biyernes. Akala ko kasi sa lahat applicable iyong rule ni Attorney na hindi siya iistorbohin kapag may session…” sabi niya.

“It’s okay, Zarah. May kasalanan din ako. I imposed that rule when I was still single so I did not tell you na kapag asawa ko na ang nandyan ay pwede siyang pumasok. I’m at fault, too…” ani Riguel.

“Sorry, Attorney…” ani Zarah.

Tumango si Riguel at nilagpasan na ang kanyang sekretarya. Bahagya akong namangha sa sinabi niya kay Zarah. He accepted that he’s at fault. Pakiramdam ko kasi bihira ang ganoon. Bihira na aaminin nilang may kasalanan sila.

“This is my office…” Riguel said.

Malaki ang opisina niya. May malaking lamesa, may mga sofa, at may mga silya. But of course nothing beats his office in our mansion.

May globe doon na inikot ko. Nilapag ko ang mga bulaklak na dala ko sa kanyang sofa. Tiningnan ko rin ang mga aklat na nasa bookshelves.

“Attorney, anong oras po mag-aaccept ng kliyente?”

“Kapag meron na, papasukin mo na.”

“So… Alli will come here today?” tanong ko, nakatingin parin sa mga aklat.

“Nope… Hindi naman ako ang naghahandle sa kaso niya. Hindi na siya nags-schedule sa akin. Last Friday, she came here kahit wala siyang schedule, Lilienne…”

“She must be obsessed with you, then…” sabi ko sabay tingin sa kanya.

Nakaupo na siya sa kanyang swivel chair ngayon. Seryoso at mukhang kailangang tungkol sa mga kaso ang dapat naming pag-usapan.

“She keeps on bugging you kahit na ayaw mo naman talaga. I was like that years ago…” sabi ko at tiningnan muli ang mga aklat.

I was obsessed with… I’m not even sure if it’s “was”.

“Sino bang nagsabi sa’yong ayaw ko sa’yo, Lilienne?” tanong niya.

Parang tumalon ang puso ko sa tanong niya. I’m not prepared for his answer to that! Dammit!

“Attorney, Mrs. Carbajal is coming in…” ani Zarah sa isang speaker.

“Okay…” ani Riguel.

Ngumuso ako at kumuha ng isang aklat para basahin habang abala siya.

Tuwing may kliyente siya, pinapakilala niya ako. May mga sikat na politiko siyang kliyente. Umaabot pala sila ng dalawang oras habang nag-uusap. Minsan ay nagrerehearse sila ng mga sasabihin sa hearing. Natutuwa ako habang pinagmamasdan siyang seryoso sa kanyang trabaho. Pakiramdam ko ito talaga ang gusto niyang gawin.

I can’t explain what I’m truly feeling as I watch him get serious with his work. Para akong nanginginig sa tuwa. It’s fulfilling. It’s euphoric, even.

Sinulyapan niya ako habang nag-uusap sila noong kliyente niya at humingi ng paumanhin saglit.

“Zarah, can you give Lilienne the menu of our restaurant, please…” ani Riguel sa speakers.

Binaba ko ang aklat ko at sinalubong na si Zarah sa pintuan. May menu siyang binigay. Inisip kong bababa na lang mismo sa restaurant nila para makabili ng pagkain. Tutal ay wala naman akong ginagawa kundi ang tingnan si Riguel. Pakiramdam ko mas lalo lang akong mahy-hypnotize sa kanya kapag nanatili ako roon.

Pinutol ni Riguel ang pagsasalita nang nakita akong umaambang lumabas sa pintuan.

“Ako na ang bibili para makapili ako ng mabuti,” I smiled.

“Okay, if that’s what you want. Take care…” ani Riguel, medyo may pag-aalinlangan ang kanyang tono.

Lumabas ako habang nakatingin sa menu. May kausap pala si Zarah. Nagulat ako nang tumigil sila sa pag-uusap nang nakita ako. Nag-angat ako ng tingin.

Halos mapaatras ako nang nakita kung sino iyon. Her chinky eyes were now wide because of the dark make up she’s wearing on them. Her thin lips were pink and her hair remained long like my memory of her.

Nakacorportae attire si Piper at may dalang mga folders na nilalapag kay Zarah. Nanlalaki ang mga mata niya nang nakita ako. Slowly, her eyes casted shadows of anger, pain, betrayal, and sarcasm. But eventually all else faded, ang tanging natira ay sakit.

“Piper?” sabi ko.

She’s tall and lean. Her features were soft like that of an angel. I remember how Yeshua loved her so much.

“Lilienne…” her voice stone cold.

“A-Are you… Riguel’s client? A-Are you fine?” nanginginig ang boses ko habang naaalala ang kapatid ko.

Pakiramdam ko ay nakikita ni Yeshua si Piper ngayon gamit ang aking mga mata.

“No… I’m one of the secretaries in this firm…” she said coldly.

Nilapag ni Piper ang panghuling folder bago umambang lalabas.

“Wait…” sabi ko.

“Zarah, babalik na lang ako mamaya kung wala nang kliyente si Riguel.”

Sumulyap si Piper sa akin.

“Piper! Let’s talk…” sabi ko sabay sunod sa kanya.

“Wala na tayong dapat pag-usapan pa, Lilienne!” aniya sabay tingin muli sa akin.

Umiling ako. Naiiyak para sa aking kapatid. “Let’s talk, please. I have so many things to say… Please, Piper…”

Tinalikuran niya lamang ako at umalis.

Sinundan ko siya palabas. Hindi pwede ‘to. Hindi pwedeng hindi kami mag-uusap.

“Piper, please!” halos magmakaawa ako.

Hinawakan ko ang kanyang braso. Marahas niyang binawi iyon at hinarap niya ako.

“I said, Lilienne, wala na tayong pag-uusapan pa!” aniya.

“We need to talk about Yeshua-”

“About your twin who left me without a word? About your brother who hurt me so much, Lilienne? Bakit? Asan na siya ngayon? May pamilya na? Anong gusto mong pag-usapan natin? I don’t care about Yeshua, anymore. It’s been years, Lili, kaya wala na tayong dapat pang pag-usapan!”

“Please, Piper. Let’s set a date. I have so many things to say. We need to talk!” giit ko nang umamba ulit siyang aalis.

Nilingon niya ako. Tila naliwanagan sa sinabi ko. Ang kani kaninang medyo galit na ekspresyon ay umamo ngayon.

“Fine. Tomorrow evening. I’ll give you the details… here…” Binigay niya sa akin ang kanyang calling card. “Text me…”

Tinanggap ko iyon. Medyo nawala ang takot ko sa kanyang galit pagkatapos noon. Iniwan niya rin ako. Bumaba ako ng building para makabili ng pagkain. Natagalan ako dahil sa pagkakatulala.

Iniisip ko kung paano ko sisimulan ang usapan naming dalawa. I can’t even tell Riguel about it, kay Piper pa kaya?

Piper needs to know. She has the right to know. Yeshua loved her so much. Yeshua treasured her. And that was my promise to him… to shield her from whatever pain… to take care of her for him.

Pagkabalik ko sa opisina ni Riguel ay nanatili muna ako sa labas habang dala ang pagkain para sa aming dalawa.

“Zarah, wala pa ba si Lili?” tanong ni Riguel galing sa speakers.

Napatalon ako roon. He’s looking for me. I need to get inside.

“Attorney, nandito na po siya. Papasok na…”

Pumasok ako at laking gulat nang nadatnan si Piper at Riguel. May mga papel na binibigay si Piper kay Riguel. Tinatanggap niya naman iyon.

“Natagalan ka yata…” ani Riguel.

Nanatili ang mga mata ko kay Piper. Riguel never told me that Piper’s working here. But then why would he tell me anyway?

“Nahirapan ako sa pagpili ng kakainin…” sabi ko.

“By the way, Riguel, sinabi ba ni Zarah sa’yo ang schedule mo bukas?” tanong ni Piper.

“Yup. Uh… kaya lang iyon ng mga hanggang alas otso…” ani Riguel.

“Paano kung hindi?”

“We’ll see about that…”

“What about your hearings next week. I heard you can’t come.”

“Yes, may out of town kami ni Lilienne…” ani Riguel kay Piper.

Sinipat ako ni Piper. Galit lamang ang nakita ko sa kanyang mga mata. I tried to smile at her but I was sure that she’d only feel anger for me. For not telling her the truth.

“Okay, then. Bahala ka nga. Desisyon mo naman iyan…” ani Piper sabay tawa kay Riguel.

Tumunog ulit ang speaker.

“Attorney Alleje, Mr. Bello and company are here…”

“Papasukin mo sila…” ani Riguel.

“Bye, Guel…” ani Piper at nilagpasan ako.

Nagkasalubong si Piper at iyong kliyente. Pinauna niya itong makapasok bago siya umalis nang ‘di man lang ako tiningnan.

I’m sorry, Yeshua. She’s angry… she’s mad at you, twin.

Umupo ako sa sofa at nilapag na lang ang pagkain. Natutulala ako. Hindi ko talaga inasahan na magkikita kami ni Piper ngayon.

Kabanata 40

Kabanata 40

OceanofPDF.com

Depressed

“You never told me Piper is working in your firm…” sabi ko kay Riguel habang nagdadrive siya pauwi.

Nilingon niya ako. Tila nabagabag sa tanong ko. “You never asked. Is there a problem?”

Umiling ako.

Buong gabi kong inisip kung paano ko sasabihin kay Piper ang nangyari. Riguel can feel the tension in me.

“I’m not feeling well…” sabi ko.

“Let’s rest early, then…” anyaya ni Riguel sabay patay sa mga ilaw sa kwarto.

Hinawakan niya ang leeg ko. Pagkatapos ay ang noo ko. Wala akong lagnat. Ngumiti ako sa kanya.

“Do… you… still drink your pill?” tanong niya.

Umiling ako. “But… don’t worry, nagpa shot ako ng Depo…”

Hugot ng malalim na hininga ang narinig ko sa kanya at niyakap niya ako ng mahigpit. Hinayaan ko siya. I like his warmth. It feels home.

“How long will it last?”

“I’m not sure. The doctor will give me a heads up if kailangan na ulit…”

I wonder if he wants me to do that, though? Or… am I ready, anyway? I’m clearly not. I still have so many things to do. I still need to talk to Riguel. My mind is still very unclear.

Sa sumunod na araw ay hinatid ulit ako ni Riguel sa trabaho. Dahil may hearing siya ngayon ay medyo matatagalan siya ng uwi mamayang gabi.

“Is it okay? I have a dinner with Piper later…” sabi ko. “Malapit lang sa condo ang niset kong dinner.”

“Okay, then… Just text me whenever you can so I won’t get worried. Anong oras kang uuwi?”

“I am not sure. It depends if maaga kaming matapos sa pag-uusap…”

“Alright… Just don’t forget to text me…”

Mabuti naman at sumang-ayon si Riguel. This is going to be the first time I’ll share the whole story from the beginning to the end. I chose to tell Piper about it because in the first place, she’s the main reason why we kept this a secret.

Yeshua didn’t want her to know. At syempre kaming pamilya niya, gusto lamang kung ano ang mga kagustuhan niya. Kahit na ang ibig sabihin pa nito’y misunderstanding sa mga tao sa paligid.

“So, anong plano mo ngayon?” tanong ni Suki nang kinwento ko sa kanya ang buong nangyari simula noong Biyernes.

Nakaupo siya sa kanyang swivel chair samantalang nasa sofa ako, nakahilig lamang at nakatayo.

“I’ll try to tell her the whole story and then I’ll decide how to tell Riguel…”

Tumango si Suki. “Kung sabagay. Kung tunay kang mahal ni Riguel, nakalimutan niya na siguro iyong nangyari. Ang dapat na importante sa kanya ngayon ay kasama ka niya. Pero kailangan niya parin iyong malaman…”

“I know… I just really don’t know how to tell him without breaking down. We are still building our relationship right now. I’m not sure if I’m really that comfortable with him that I can lay all my cards down…”

Umiling si Suki. “I understand, Lili. Kung talagang mahal ka ni Riguel, maiintindihan ka naman siguro niya.”

Buong araw ay wala akong inisip kung hindi ang nalalapit naming pagkikita ni Piper. I texted her last night, she agreed.

Kinakabahan ako. I just hope I won't cry. Or cry too much.

"Sigurado kang 'di ka magpapasama o magpapahintay?" tanong ni Suki nang hinatid niya ako sa isang restaurant malapit lamang sa condo ni Riguel.

"Pasensya ka na at naabala pa kita. Hindi na, Suki. Baka rin matagalan kami ni Piper, e."

Her eyes looks so concerned at me. Ni hindi ko na siya magawang kausapin ng matino dahil ang tanging inaalala ko ay ang pag-uusap namin ni Piper mamaya.

"Walang anuman iyon. Sige na at mukha kang constipated…"

Natawa pa ako ngunit agad ding nakabawi. "Sige. Thanks, Suki…"

I'm wearing a faded boyfriend jeans and a white sleeveless shirt. Ang leeg ko ay puno ng necklace. Mabigat ang bawat hininga ko habang papasok sa restaurant.

"Table reservation, Ma'am?" tanong ng receptionist.

"Wala pa yata ang kasama ko…" sabi ko sabay gala ng tingin sa buong restaurant. "I'm Lilienne Alleje. Si Piper Zarragosa ang magiging kasama ko rito…" sabi ko.

Binigyan niya ako ng logbook kung saan ko ilalagay ang aking pangalan at ang aking kasamay. I scribbled Piper's name in there.

Now, I wonder if she's married. She looks the same, only taller and more mature. Sa katawan ay pareho lang naman.

I ordered for wine to calm my nerves. Hindi ako mapakali habang naghihintay.

Lumipas ang labing limang minuto sa pag-aantay ko ay wala pa rin si Piper. She’s ten minutes late but it’s okay. This decision must be hard on her. Actually, maiintindihan ko nga kung hindi niya ako siputin. Maaaring masakit parin sa kanya iyon.

I wonder if she has a boyfriend now? Or husband? Or family?

Lumipas pa ang sumunod na labing limang minuto at nakakadalawa na ako sa iniinom ko, wala parin siya.

I tried to text her just to remind her. I don’t wanna call. I don’t want her to think that I’m demanding.

Ako:

Piper, I’m already here.

Pagkatapos ng limang minuto ay dumating na si Piper. She’s wearing a white dress. Napatayo ako sa biglaan niyang pagdating.

“Shall we order first…” ani Piper sa isang seryosong tono.

Tumango-tango agad ako.

I asked for the menu. Binigyan kaming dalawa. Pumili ako ng akin. Pumili na rin siya.

“Thank you…”

Nang umalis ang waiter ay kumalabog na ang puso ko. Pormal na pormal siya. Tila ba hindi personal ang pag-uusapan namin. Tila business o ‘di kaya’y kaso…

Kabado ako. Paulit ulit sa aking utak kung paano iyong nirehearse ko kagabi at buong araw ngayon. I need to lighten the atmosphere first. And let our talk lead us to Yeshua so I can also calm my self.

“I didn’t know you’re working at Riguel’s firm…” sabi ko sabay hilaw na ngiti.

Sumimsim siya sa wine sa kanyang wine glass. Ni hindi niya ako tiningnan.

“After I graduate, he hired me on Thomas’ Accounting Firm. Pagkatapos ay dinala niya rin ako sa Law firm na iyon…”

Napalunok ako. So she was with Riguel all this time, then? And I did not see her the last time? Well, syempre at nag walk out naman ako.

“So… you married him?” malamig niyang tanong.

Nahihiya akong tumango. Now, I realize… kung sasabihin ko sa kanya ang tungkol kay Yeshua, maaaring mapunta rin kami sa usapan kung bakit ko talagang pinakasalan si Riguel.

“Paano? Bakit kayo nagpakasal?” tanong niya. She sounds more curious now.

I never thought she’d ask me this question right away but I need to answer properly.

“Niyaya niya akong magpakasal. Alam mo namang…” hilaw na tawa ang naibahagi ko.

“Really? I doubt that, Lilienne. Ibig mong sabihin, after eight years of no communication at all? Uuwi ka rito at magpapakasal kayong dalawa?”

Nilapag niya ang kanyang wine glass. Nanlaki ang mga mata ko. I thought Riguel told his friends that we were communicating all this time?

“Riguel told me you never talked to each other the whole time you were away, Lilienne. Kaya huwag ka nang magkaila… Is this about the money? The property, perhaps?”

I almost forgot that she’s also one of the top students in Alegria! Nanuyo ang lalamunan ko sa tanong niya.

Kitang-kita ko ang pangingilid ng luha sa kanyang mga mata. Hindi ko alam kung para saan iyon.

“Your father leased your land to Riguel. Ngayong nasa kanya na ay gusto mong bawiin iyon? At ito ang ginawa mong solusyon?”

Did Riguel tell her? Paano niya nalaman? By deduction? Oh my God!

“Piper…”

“And you decide so quickly because you can file a divorce abroad, right? Ni hindi mo naisip si Riguel. Paano siya mag-aasawa kung ganoon?”

“We’re working on that-”

Hinampas niya ang lamesa dahilan kung bakit ako naputol sa pagsasalita.

“Just like before, you are so selfish, Lilienne! Sarili mo lang iniisip mo!” paratang niya.

“What? Wait… Piper-”

“Hindi mo iniisip ang mga taong nasa paligid sa’yo! For eight years, I have forgotten about you and your family thinking that you won’t come back here anymore! Sana ay hindi ka na lang bumalik! Masaya na ako, e! Masaya na kami!”

Now she’s crying. I couldn’t dare stop her from her rant.

“Masaya kami, habang wala ka! Kung hindi ka dumating, ako siguro ang pinakasalan ni Riguel!”

Namilog ang mga mata ko sa sinabi ni Piper. She cried. Kumuha siya ng tissue at pinunasan ang sairling mga mata. But those aren’t tears of weakness… those are tears of anger and of hatred!

“You ruined our supposed future! We were doing fine here! He was opening up to me and then you came along! Tell me, Lilienne. Tama ang hinala ko, ‘di ba? Nagpakasal lang kayo dahil sa lupain? Maghihiwalay din kayo?”

Nanginig ang labi ko habang pinagmamasdan siya. I want to fight but I feel light fighting means destroying Yeshua’s memories. I feel like she’s the

only person that can remind me of him. Na ang labanan siya ay parang nilabanan ko na rin ang kagustuhan ng kambal ko.

“Kailan ang katapusan niyan? Ilang buwan kayong tatagal ng ganyan bago kayo maghiwalay, huh? Answer me right now, Lilienne!” she cried.

“Piper…”

Nangilid ang luha ko. Lumapit ang waiter na may dalang pagkain namin. Hindi ko madugtungan ang sinasabi ko dahil may ibang tao pa. Nang umalis siya ay ‘tsaka lang ako nagsimula ulit.

“You’ve forgotten my brother, huh?”

“I have forgotten Yeshua, yes!” iritado niyang sinabi. “For all those years he failed to call, Lilienne, syempre anong akala mo sa akin? Tanga! Na aantayin ko siya? Hindi niya ako kinausap bago kayo nawala! At wala pa kaming komunikasyon! Wala na kami noong umalis kayo. Kaya bakit mo isusumbat sa akin ‘yan?”

“Piper, ‘di ko sinusumbat sa’yo. I just want to clarify it…”

“I have moved on a year after he left. Si Riguel ang naging sandalan ko. Because we’re both left for unknown reasons. You left him. A man as fine as him, Lilienne. Iniwan mo nang walang ekplenasyon! Napagtanto ko noon kung gaano ka tama ang hinala nila sa iyo. That you’re nothing but a playgirl, driven by your instincts and nothing more!”

Tumulo ang luha ko. I couldn’t imagine it. I couldn’t imagine Piper and Riguel in pain. Sa loob ng ilang taon, ngayon lang sumagi sa isip ko ang bagay na ito. Ilang taon!

“And it’s true! Right now, you’re laying yourself on the line again just for your properties!? Ganyan ka na ba talaga ka walang galang sa sarili mo, Lilienne?”

“Piper, please…”

I bit back the sobs. I want her to stop but I’m to weak to stop her.

“And now you’ve ruin me again? You married Riguel, Lilienne! Na dapat ay kami. Dapat ay ‘di ka na lang bumalik! Ano ‘yan? Pagbalik mo pupulutin mo lang basta may pakinabang at aalis ka na ulit dahil tapos ka nang makinabang? Natanong mo ba si Riguel! He will probably tell you na kung hindi ka dumating, we could’ve been married, too!”

“Fine!” sigaw ko sa kanya.

I am so drained. I understand what she’s feeling. I’m trying so hard to understand.

“Anong gusto mong gawin ko, kung ganoon? Pakawalan si Riguel para mangyari kayo? Ha? Ganoon?” nanghihina kong sinabi.

Natahimik siya sa sinabi ko. Nanghihina na ako sa lahat.

Pakiramdam ko ay naririnig ko ang kapatid ko na bumubulong sa akin. To take care of Piper. We both ruined the girl she truly loved. Piper was the sweet and caring girl before we left… and now we’ve created a monster.

Ayaw kong manghusga dahil hindi ko alam ang pinagdaanan niya nang nawala si Yeshua. She was madly in love with him. But he went away without a word. I couldn’t blame her.

Siguro nga ay sa panahong wala si Yeshua, si Riguel ang naging sandalan niya. Kaya rin siguro siya kinuha ni Riguel sa firm ay dahil nagkalapit na sila ng husto.

Ako talaga, ‘di ba? Kung hindi ako bumalik dito, maayos sana sila… Kung hindi na ako nagpumilit, sana ay maayos silang dalawa. Riguel didn’t need me. He had a name. He was already successful. He didn’t need me that time but I came… so now we’re here.

Kung hindi ako dumating dito, Yesh, ‘di sana nasasaktan ng ganito si Piper.

“Hindi mo rin naman siya mahal. You only married him for the properties!” angil niya.

“Yes!” humikbi ako. “I married him for our properties! I married Riguel because I want it back, Piper. But now… I have fallen for him, too… Pero kaya ko siyang isuko sa’yo… Alam mo kung bakit? Ha?”

Humagulhol na ako. Parang pinipiga ang puso ko. May punyal na tumatama sa bawat hinga ko. Hindi ko yata kakayanin ito.

“Dahil iyon ang pangako ko kay Yeshua, bago siya namatay…”

Kitang kita ko ang pagkakatigil ni Piper sa sinabi ko.

“And why I’m carrying out those promises even if it hurts me? Because I dearly love my twin. I love him with all my heart. And I’m carrying all the guilt because I probably killed him! I am the main reason why he’s dead now! Why my mother and father died, too! I am the main reason!”

Hindi ganito iyong pinlano ko. Dapat ay ikukwento ko sa kanya simula sa unang nangyari pero dahil sa sitwasyon ay hindi ko na magawa.

“Yeshua suffered from a rare case of Traumatic Brain Injury, Piper. And you know why, right?”

Nanlaki ang mga mata ni Piper. It’s like she’s accusing me. She knows what happened that day. Alam niyang nahimatay si Yeshua nang tumama ang tubo sa kanyang ulo. Alam niya rin na pinoprotektahan lamang ako ng kapatid ko.

“Umalis kami dahil lumalala na siya! He wants us to promise that no one in Alegria should know why because he was positive that he’ll come back soon! Naniwala ako sa kanya kaya kahit ako, hindi ko sinabihan si Riguel! Umalis kami at nagpagamot siya sa U.S. Maraming operasyon pero hindi na naagapan! Namatay siya! Years after, my Mom died because of deppression. And Dad died because of cardiac arrest!”

Tumigil ako pagkatapos. There. I said it all. Hindi iyon ang ineexpect ko kung paano pero kailangan ko nang sabihin ang lahat ng mabilisan.

“This is why I married Riguel. I’m not anymore the same Lili you knew, Piper. Wala na akong pera. Naubos ang ariarian namin sa pagpapagamot ni Yeshua at ni Daddy. Ang tanging bumubuhay sa akin ngayon ay iyong perang naipon ko sa pagtatrabaho ko sa America. I want the plantation and the mansion back because Yeshua treasured it so much…”

Para akong pinapatay sa sakit. Lalo na ngayong nakikitang tulala si Piper habang kaharap ako. I wish nothing but for her to be enlightened. Because that’s my only hope…

“And you, too. You’re one of his treasures. I promised him to take care of you. To tell you about all of these… To never hurt you. So if you’re asking me now to free Riguel so you two can happen, then…”

I freed my hand para ipakita sa kanya na kaya kong gawin. Dahil mahal na mahal siya ng taong pinakamamahal ko. Mahal na mahal siya ni Yeshua.

“I will… Give me time…” sabi ko.

Lumandas ang luha sa kanyang mga mata. Tumayo siya at dinampot ang kanyang bag bago ako tinalikuran at nagmartsa palabas ng restaurant.

Naiwan ako roong mag-isa at umiiyak. Hindi ako matigil tigil sa pag-iyak.

When God showered pain, sinalo ko yata ang lahat.

Yeshua, ayan ha? Ginawa ko na… At totoong gagawin ko iyon. Papakawalan ko si Riguel.

Pumikit ako at naalala lahat ng mga bagay na ginawa sa akin ng kapatid ko. He’s my living hero. He’d protect me from all the pain. He’d even risk his life for me. He’s the reason why I’m still alive now. I love him so much. I love him with all my heart. And I will carry out my promises for him. If that’s the only way I could pay him back… If that’s the only way I can make him happy.

Nanginginig ang kamay kong dinial ang numero ni Suki. Agad niya itong sinagot.

“Suki…” naiyak agad ako.

“Oh? Are you okay? I’m just near in Makati… Hindi ako mapakali kanina noong iniwan kita-”

“Can you come here please… I need to talk to someone…”

“Holy shit, Lilienne. Okay. Saglit lang. Five minutes!”

Binaba ko ang cellphone at tinext si Riguel.

Ako:

Dinner ka na. I’m having dinner now.

May lumapit na waiter sa akin. Binigyan niya ako ng puting panyo. Pagod ko iyong tinanggap.

“Salamat…” ngumiti ako at pinunasan na ang aking mga mata.

For years, inisip ko na sana ako na lang ang namatay. Bumalik siguro si Yeshua rito ng maayos at magkakabalikan sila ni Piper. Or… maybe we did not leave kung ako iyong nahampas noong tubo. Mamamatay ako kaagad dahil hindi ako tulad ni Yeshua na malakas. That would be easy. Yeshua would become a successful doctor. I wouldn’t have known Riguel too much. He’d probably just continue living his life.

Sana ako na lang ang pinatay ng Panginoon.

Bakit kaya ako ang pinili Niyang mabuhay?

Ilang beses ko na iyang naitanong pero hanggang ngayon wala parin akong sagot.

Tumutulo ang luha sa aking mga mata habang tulala sa mga kubyertos.

Life would’ve been easier if I’m dead. My parents would be sad pero ‘di na sila aabot sa puntong ibibenta na nila ang mga ari arian namin kasi syempre, tsugi agad ako. Will I be beautiful on my casket? Anong damit

kaya sana ang sinuot ko? Ano iyong paborito ko noong mga panahong iyon? At kukulutin ba ang buhok ko o iuunat? Siguro ay ganito lang.

“Huy!” tinampal ni Suki ang kamay kong naglalaro sa kutsilyo at agad niya akong niyakap. “Stop that!”

Humagulhol agad ako sa kanyang braso. Lumuhod siya at niyakap ako ng mas mahigpit.

“Anong nangyari? Lilienne naman!” halos maiyak na rin si Suki.

Anong nangyari? Binalikan ko lang naman ang lahat. Ang lahat ng ayaw kong balikan.

Hinila niya ang upuan palapit sa akin at nagpatuloy siya sa pagyakap sa akin. Gaoon din ang ginawa ko hanggang sa tumigil ang paninikip ng dibdib ko. Ngayon, tulala na lamang ako at nanghihina.

“Let’s call Riguel…” ani Suki.

Umiling ako. “Huwag na. I don’t want to invest more feelings…”

“Ha? Bakit? Lilienne?”

Nag-angat ako ng tingin kay Suki.

“Piper is in love with Riguel now…” sabi ko.

Nagulat siya sa sinabi ko. I smiled weakly.

“I promised Yeshua I’ll take care of her so I’m out…”

“Out? Ganoon lang? Lilienne, nababaliw ka na ba? Hindi ba mahal mo siya?”

“Anong silbi ng pagmamahal ko sa kanya kung gabi gabi akong hindi makakatulog, Suki? Gabi gabi akong dadalawin ng konsesnya ko dahil alam kong may magagawa pa sana ako pero ‘di ko ginawa. Besides, this marraige is fake! This can easily be divorced! I have grounds!”

“Paano si Riguel, Lili?”

“Riguel seem fine before I got here. He’ll be fine when I’m gone…”

“Lili-”

“Isipin mo nga… Kung hindi ako bumalik dito, hindi rin naman kami magkakatuluyan, ‘di ba? Ang sabi ni Piper, nagkakamaigihan na sila ni Riguel tapos bigla akong nagpakita! Kaya kung ‘di ako bumalik, malamang sila na! And Riguel’s excuse was the judge… So I’m sure he had other options because he didn’t know that I’m coming back! I’m sure if it’s not Isabella Thomas, si Piper iyon. Nasa kanilang dalawa lamang. I don’t think Riguel would marry Isabella. But he may choose Piper! Nakuha mo, Suki?”

Kinagat ni Suki ang kanyang labi.

“Kung ‘di ako pumunta, walang mangyayari. I made all these things happen. Kung wala ako, walang mangyayari. Hindi ako hahanapin ni Riguel. Wala! Wala! Magpapatuloy ang kanyang buhay dito. Kaya lang naman may nangyari dahil dumating ako. Kaya ngayon… ibabalik ko sa lahat ang dati…”

“Lilienne…” pagod niya akong tinitigan.

Umiling ako habang iniisip kung ano pang magagawa ko.

“Please, I don’t want you deppressed again… It hurts seeing you in so much pain, you know…”

Kabanata 41

Kabanata 41

OceanofPDF.com

Waiting

Bagsak ako sa kama pagkauwi sa sobrang pagod.

Wala pa si Riguel nang umuwi ako. Maaga rin kasi iyon. I tried to eat with Suki in that restuarant ngunit nawalan lang talaga ako ng gana.

Nagbihis ako at agad nang gumapang sa kama para makatulog. I did not even bother to inform Riguel that I'm home. I actually just don't know how to face him right now.

"Hey…" isang bulong ang nagpagising sa akin.

Hindi ako agad gumalaw. Inisip ko pa muna iyong nangyari kagabi at kung panaginip lang ba iyon. It's still vivid on my imagination. That means it really did happen.

"Are you tired? Are you going to work or…"

Hinawakan ni Riguel ang aking leeg. Binaba ko ang comforter na nakabalot sa akin. Umaga na pala. Ni hindi ko siya naramdamang pumasok kagabi. Anong oras na kaya siyang umuwi?

"I'm going. Sorry…" saby ko at bumangon.

Hindi ako makatingin sa kanya. Hindi ko magawa. Lalo na tuwing naaalala ko ang aking pinal na desisyon. Kung kakailanganin ko siyang pakawalan, papakawalan ko siya kahit na masakit.

How much do I love Riguel? I love him very much. But I love my family more. I love them even if they're now all gone. If there's a way that I can make them feel how much I love them then it's this… my willingness to sacrifice my own happiness.

Am I going to hurt Riguel? If he really loves me then I guess I will. Pero ano ba naman iyong dalawang buwan, hindi ba? He made it 8 years without me. Kakayanin niya pa ang ilan pang taon. Lalo na't dalawang buwan pa lang naman kaming nagkakasama ngayon.

I’m glad I gave myself some time before deciding about him. Hindi nga ako nagkamali.

If God wants us together, it shouldn’t be this difficult. All the ways should lead to him, right? Lalo na’t ang dami na naming pinagdaanan. Pero ngayon, bakit may harang kahit na abot kamay na sana? Then maybe that means it’s a dead end for the two of us. That we really are not meant for each other. It’s God’s way of saying, “no.”

“Kumusta ang pag-uusap n’yo ni Piper kagabi?”

Kuryuso ang tingin niya sa akin. Hindi ko alam kung may alam ba siya. Kung sinabi ba ni Piper sa kanya o hindi.

“Maayos naman… Uh, Riguel, ilang araw tayo sa resort?”

“Hindi ko sigurado. Depende sa’yo…” aniya.

Tumango ako. “Ilang araw ba ang gusto ni Judge na magtagal tayo?”

Kumunot ang noo niya. “Hindi niya naman sinabi. Depende sa atin. Why? Do you have other plans next week?”

Umiling lamang ako roon.

Napatingin ako sa aking baso na sinalinan niya ng tubig. Seryoso niyang tinitingnan ang baso ko, parang malalim ang iniisip.

I cannot stand living with him anymore. If this is going to end, I want to end it right away. Pagkatapos ng bakasyon kay Judge, I will definitely end this. I can’t take another week with him.

“Siya nga pala, tanghali ng Biyernes pa tayo makakabyahe dahil may tatapusin pa ako sa opisina. Is it okay if you’ll stay in my office for a while then after that ‘tsaka tayo babyahe.”

“No problem…”

Nararamdaman kong napapansin niya ang pagiging malamig ko. The way he looks at me curiously made me want to say sorry to him but I know I needed space. I need space before I can finally break it to him. I don't want to invest more feelings lalo na ngayong alam ko na ang mangyayari.

"Hey, are you okay?" tanong niya nang natraffic kami patungong trabaho ko.

Tumango ako at ngumiti. "I'm just thinking about work…"

"Don't stress yourself. Alas otso y media ako nakauwi kagabi. Tulog ka na. I was about to wake you up but you look so peaceful asleep…"

Hindi ko alam kung bakit parang kinukurot ang puso ko sa sinabi niya. I wonder how many times did he look at me while I'm sleeping? Unguarded.

Iniisip ko rin kung alin ang mas maganda, to keep these memories of him as I move on to my life or just simply forget.

But thinking about forgetting Riguel makes me so hurt. Pakiramdam ko hindi ko kaya iyon. Mananatili siya sa aking alaala dahil siya lamang ang lalaking minahal ko ng ganito. I might replace him one day but the kind of love I'm sure is once in a lifetime. I would never ever love this way again. I can never ever feel this much for a man again. It's depressing.

Tulala ako habang tinitingnan ang ticket ko pabalik ng ibang bansa. It's a one way ticket.

Noong 'di ko pa alam na mahal ni Piper si Riguel, sinabi ko sa sarili ko na mananatili muna ako rito sa Pilipinas para mamahala sa mansyon, o magtrabaho… at baka rin kailangan pa ako ni Riguel para kay Judge… pero ang totoo… mananatili ako dahil aasa ako na may magbabalik sa akin sa kanya.

Pero ngayong may ganito na, I realize that it's better when I'm gone. I won't have to think twice because I'm far away. I won't have a choice.

Ang ticket na kinuha ko ay dated next two weeks. It’s so near. I don’t have to stay here, anyway. I need to go.

Maging sa tanghalian ay tulala ako. Inimbitahan ni Suki si Nicholas para makakain kami sa labas. Riguel texted me that I should eat my lunch so I replied…

Ako:

Ikaw din…

“Jesus, Lilienne. I never really thought you were a martyr before. Now I realized that you are…” ani Nicholas.

Siniko siya ni Suki. Matalim ko siyang binalingan.

“If it’s for my family, Nicholas. If it’s for some random girl, I won’t do this…”

“But they are dead now…” aniya.

Siniko ulit siya ni Suki. Sumulyap ako kay Suki.

“All the more I need to do it. Ito lang ang magagawa ko para sa kanila, Nico…”

“Maybe you’re just guilty. Maybe you think it’s your fault that they’re dead…”

Natahimik na lamang ako. Half of me is saying that I’m guilty. The other half’s reason is my passion for my twin. Lagi niya akong pinoprotektahan noon. He risked his own life for me. Ito lang ang hiningi niya sa akin, hindi ko pa magawa. It’s not even risking my life. It’s just sacrificing my heart… so it’s not a big deal.

Pagod na pagod na akong umiyak. I’ve reach that point again. The one I thought I’d never experience again. Iyong mauubusan ka na ng luha sa kakaiyak. Pagod ka nang humikbi. At mas pipiliin mo na lang na manahimik?

Days went by. Naging mas kaswal ako kay Riguel. Nagpapadala siya ng bulaklak araw-araw simula noong una. May iba-iba iyong notes.

“Smile today, please.”

“I can’t wait for our vacation…”

Imbes na matuwa ay nalulungkot lamang ako. Hindi ba noon ko pa gustong maramdaman na nililigawan niya ako? Bakit ngayon niya ako nililigawan na sumuko na ako?

“Ayos ka lang, Ma’am?” tanong ni Uma pagkatapos kong isantabi ang bulaklak sa aking lamesa.

Hinagod niya ang aking likod habang tinatakpan ko ang aking mga mata.

“Ayos lang…” sabi ko at tumayo.

Namataan ko si Basty na papasok sa opisina. Huminga agad ako ng malalim at inayos ang sarili.

“Lilienne, si Suki?” he asked.

“Nasa kanyang opisina…” sabi ko nang ‘di siya tinitingnan.

His eyes lingered on me ngunit nilagpasan niya rin ako. I guess I’m so sad that people notice it so much.

Thursday night, my leave got approved. Bukas ay maaga kami ni Riguel sa kanyang opisina. Magdadala na kami ng mga gamit pagkatapos ay ‘di na kami uuwi rito. Didiretso na kami sa resort na tinutukoy niya.

Nagluluto ako ng sinigang habang siya ay nasa kwarto para magbihis.

Nilapag ko sa lamesa ang isang bowl at nag-ayos na ng mga kubyertos. Narinig ko ang paglabas ni Riguel galing sa kwarto.

“Lilienne,” umupo siya sa silya niya.

“Kumain na tayo…” Ngumiti ako.

He did not smile back. Nakakunot ang kanyang noo at may bahid na galit akong nararamdaman sa kanya.

“I saw your ticket. Bakit ka aalis?”

Shit.

“Bakit ka nangengealam sa gamit ko?” tanong ko pabalik.

“Bakit ka aalis?” mas may diin niyang tanong.

Huminga ako ng malalim. Hindi niya ako inaaway sa harap ng hapag. Unang beses pa lang yata itong nangyari ngayon.

“Riguel may kailangan akong gawin sa ibang bansa-”

“And it’s a one way ticket?” mas lalong galit niyang tanong.

“Syempre, Riguel. Hindi ba ito naman ang pinag-usapan nating dalawa noon pa man? Pagkatapos ng kay Judge, aalis na ako. Marami akong kailangang gawin…”

“Bullshit! I told you… I already told you…” Hindi niya matapos tapos ang sinabi. “Akala ko ba nagkakaintindihan tayo?”

Parang asido sa aking puso ang kanyang boses. He sounded so frustrated that it’s hurting me so much.

“Mahal kita! Hindi mo ba iyon naiintindihan? I don’t want you to go! I want us together for real!” sigaw niya.

Tumayo siya at punong puno ng galit ang kanyang mga mata. Hindi ko na mahabol ang hininga ko.

“I’m trying, Riguel. But…”

“Huh?” nanghina ang kanyang boses.

Hindi ko masabi. Hindi ko kayang sabihin ng diretso. Hindi ko makakaya.

Ginulo niya ang buhok niya. Tinalikuran niya ako at nasuntok niya ang dingding ng kusina bago siya tuluyang nagmartsa pabalik sa kwarto namin.

Mabilis ang pintig ng puso ko kahit mag-isa na ako roon. Nilagay ko ang aking mga palad sa aking mukha at unti unting kinalma ang sariling hininga.

It’s going to be over, Lilienne. Soon. Don’t worry about it.

Hindi na ulit lumabas si Riguel sa kwarto. Hindi ako nakakain ng maayos. Ilang oras akong nag-antay sa lamesa ngunit hindi siya dumalo.

Niligpit ko ang mga pagkain nang dumating ang alas nuebe.

Pagkatapos kong magligpit at hindi ako pumasok sa kwarto. Nanatili ako sa sala hanggang sa inantok ako at nakatulog.

Nagising ako nang kinarga ako ni Riguel pabalik sa aming kwarto. But I pretended to be asleep so we won’t talk.

Nang nilapag niya ako sa kama at tinabunan ng comforter ay ilang sandali siyang nanatili sa aking gilid na nakaupo. I did not dare open my eyes. I just let him sit beside me.

Maybe, one day I’m gonna miss all these.

I wonder if my future husband can be like Riguel? I wonder if he’ll carry me to bed if he finds me asleep on the sofa?

I wonder if my future husband would send me roses at work?

Nakatulog ako sa kakaisip ng ganoon.

Kinaumagahan, naririnig ko ang zipper sa maleta ni Riguel. Siguro ay nagliligpit na siya ng gamit para sa lakad namin ngayon. Bumangon ako at nilingon siya. Sinulyapan niya lamang ako. Kitang nanatili ang galit sa kanyang mga mata.

“May breakfast na sa lamesa. Kumain na tayo…” aniya.

Tumango ako.

Lumabas siya pagkatapos niyang magligpit ng gamit. Tiningnan ko muna ang cellphone ko bago ako sumunod. May mensahe roon si Suki.

Suki:

Ingat kayo, ha? Text me if you have a problem. If you’re not comfortable with Riguel, call me.

Ako:

Thanks, Suki. I can do this…

Lumabas na ako ng kwarto para kumain. Naroon si Riguel at naglalagay ng butter sa toasted bread. Nilagay niya sa pinggan ko iyong una.

“Ako na…” sabi ko. “Kaya ko naman…”

Nagkatinginan kaming dalawa. I can sense that he’s holding back his anger. Nilapag niya parin ang pangalawang toasted bread bago siya tumigil.

Tumikhim ako at kumuha na ng ham at bacon sa mga pinggan.

Tahimik kami habang kumakain. Ayaw ko siya tanungin tungkol sa nangyari kagabi. Ayaw kong pag-usapan. Nahihirapan akong tuwing naiisip kong masasaktan ko siya.

“Tatlo o apat na oras lang ako sa opisina. Kakain na lang tayo sa labas bago tumulak…”

Tumango ako. “Ilang oras ba ang byahe?”

“Apat o limang oras.”

Iyon lang ang naging usapan namin. Pagkatapos naming kumain ay nagligpit siya ng mga pinggan.

“Magbihis ka na…” bilin niya sa akin.

Sinunod ko naman siya. I don’t want to fight with him over petty things. These are probably our last days together. I’d rather spend it normally.

Nag shower ako at nagbihis. Pagkalabas ko ng banyo ay naroon ulit siya sa tapat ng closet at tinitingnan ang mga damit.

I’m wearing a gray oversized jacket and a faded pants. Nakita kong kumuha siya ng gray na t-shirt galing sa kanyang cabinet.

Nakakabingi ang katahimikan namin doon. Hindi ko siya nililingon habang nagsusuot siya ng t-shirt. Nanatili akong nagsusuklay sa aking buhok.

Nakaupo ako sa kama at kaharap ang TV na may palabas na love story. Nauulanan na ang mga bida ng love story. Naghabulan sila hanggang sa nakarating sila sa bahay.

Umupo si Riguel sa kama. Hindi ko siya nilingon. Nasa likod ko lang siya. Patuloy ako sa pagsusuklay sa aking buhok.

When the two lovers kissed each other, iniwas ko agad ang tingin ko sa TV.

Nilingon ko si Riguel. Nakataas ang kilay niya sa akin habang inaayos ang kanyang relo.

“Are you done?” tanong niya.

Tumango ako. “Yup. Are you?”

“I’m just waiting for you…”

Kinuha niya ang remote. Nilingon ko ulit ang TV. They’re on a heated exchange of kisses now. Tumikhim ako. Pinatay ni Riguel ang TV.

“I’ll bring an iPad. You can watch movies there… habang bumabyahe tayo.”

“Okay… Thanks…”

Nanibago ako sa kanya ngayon. Papasok siya na naka t-shirt lang. But I find it cool, actually. Si attorney mukha lang model. Hindi mukhang alagad ng batas.

Kinuha niya ang kanyang maleta at pinatong sa taas iyong bag ko.

I checked all the plugs and cords kung may nakasaksak ba. Pumasok ako sa kanyang opisina para tingnan doon.

Pati sa kusina at sa sala tiningnan ko rin. Nag aantay na siya sa pintuan nang natapos ako.

“Let’s go?”

Tumango ako at sumunod na sa kanya palabas.

Tahimik kami sa elevator. Hindi ko alam kung hanggang kailan ako makakatagal sa awkwardness na ito. Nawala lamang iyon sa isipan ko nang naalala kong pupunta nga pala kami sa kanyang opisina. Ibig sabihin, naroon si Piper. We might even meet!

I wonder why Riguel didn’t tell me that Piper’s working with him? Alam naman yata ng lahat na ex siya ni Yeshua. Or maybe he assumed that my twin disliked Piper after we left?

I wonder if he really liked Piper? If he ever thought of her as his wife? Kung hindi ba ako dumating, sila talaga? Would he use her for the Judge?

Tahimik din kami patungo sa kanilang opisina. Sa elevator lang siya nagsalita.

“You can stay inside my office while waiting…” he offered.

Tumango lamang ako.

Umigting ang kanyang panga. Tumunog ang elevator at lumabas na kaming dalawa.

Mabilis kong pinasadahan ng tingin ang mga tao roon, baka sakaling makita ko si Piper. I didn’t see her.

Hinawakan ni Riguel ang aking kamay at hinila niya agad ako papasok doon sa opisina ni Zarah.

“I can entertain the three clients left, Zarah. Huwag ka na ulit magpa schedule muna,” ani Riguel.

“Yes, attorney…”

Pumasok kami ni Riguel sa kanyang opisina. Hindi pa nga ako nakakaupo ay may dumating ng mag-asawa.

Diretso agad sila sa kanilang punto. Ilang saglit akong nakinig sa kanila roon sa sofa bago ko naisipang lumabas para magmasid masid kay Piper.

Nilingon ako ni Riguel. Tiningnan ko lang din siya habang papalabas ako. He looked distracted but then he continued talking.

Pagkalabas ko ay narinig ko agad ang boses ni Piper. She’s here! I knew it!

“Akala ko ba?” ani Piper.

“May inentertain lang na kliyente…” ani Ma’am Zarah.

Bumaling si Piper sa akin. Her eyes were cold. I almost shivered. Gusto kong ngumiti bilang bati ngunit hindi ko nagawa. It’s too hard to do that now.

“You’re still with him, huh?” she asked.

Parang sampal iyon sa akin. I hoped that somehow the truth I told her would enlighten her but I realized that it just did not matter. Kita ko ang sakit sa kanyang mga mata kahit na ngumiti siya.

Magsasalita pa sana siya ngunit may nauna.

“Can I have an appointment with Attorney Alleje, please?” the sweet voice stopped Piper from talking.

Napatingin kaming dalawa sa nagsasalita. She was tall and slender. She looks like a roman princess with brown wavy hair, pink thin lips, cute narrow nose, and pinkish cheeks. Naka kulay pink din siyang dress slightly revealing her chest and collarbones. Napalunok ako at may naalala.

“Sorry, Miss Limcangco pero bilin ni Attorney na huwag-”

“Excuse me, Alli Limcangco. Ilang beses ka na bang tinaboy ni Riguel dito?” mariing tanong ni Piper.

Napatingin si Alli kay Piper. Kitang kita ko ang takot niya rito. Piper’s personality is kind of strong now compared to the woman beside her.

Marahan akong naglakad sa gilid para makaalis ana roon o ano. I feel like they’re going to fight here.

“I just want to consult something. There were clauses my lawyer can’t explain and I know Riguel can-”

“Hindi ba iyan din ang sinabi mo noong huli, ha? And what happened?” ani Piper.

“Attorney, Miss Limcangco is here…” ani Ma’am Zarah sa speakers.

“Zarah, where’s Lilienne?”

Nagkatinginan kami ni Zarah. Umatras ako para makaalis na roon at makailag sa pagtatalo ng dalawa.

“Nandito po…” ani Ma’am Zarah.

“How dare you! I am a client! You’re just a mere secretary. You need to function like how you should,” iritadong sinabi ni Alli.

Lumabas si Riguel. Saktong paglabas niya ay halos magsampalan na ang dalawa. Galit na galit si Piper at pakiramdam ko ay iiyak si Alli sa

ginagawa niya.

Hinawakan ni Riguel ang kamay ni Piper na sanay mananakit kay Alli.

“Alli, I told you not to come here anymore…”

“But Riguel, attorney couldn’t explain a clause-”

“Find another one! Pumunta ka kay Attorney Torres kung gusto mo! Stop bugging us here!” mariing sinabi ni Riguel.

Nanatili ang mga mata ko sa kamay ni Riguel na nakahawak kay Piper. Nang binitiwan niya iyon ay humalukipkip si Piper at nangingiting tinitingnan si Alli.

“Sabi sa’yo, e. Umalis ka na rito! Akala mo naman ikaw na dahil dumating ka!” ani Piper.

“Stop it, Piper…” ani Riguel.

Nilingon siya ni Piper. Unti-unting umalis si Alli. Kitang kita ko na medyo naiiyak siya at nainsulto.

Parang sumakit ang dibdib ko habang tinitingnan siyang nanghihina palabas. I kind of remembered myself years ago. Only that, I don’t let anyone see how weak I am. Sa kaloobloobanko, basang sisiw na ako pero ang pinapakita ko ay malakas parin.

“Riguel, I told you to put a TRO if you want. That girl’s obsessed with you…”

Napatingin si Riguel sa akin. Umupo na lang ako sa isang silya roon, nag-iingat na hindi makagawa ng kahit anong kaluskos.

Nilingon din ako ni Piper. Matalim ang tinging pinukol niya sa akin.

“Lilienne, doon ka na sa loob mag-antay…” tawag ni Riguel.

Tumango ako.

“By the way, I already have the documents you want. Wanna see them?” ani Piper sabay pakita sa mga papel.

Tumango si Riguel at nakapamaywang na tinitingnan ang papel na hawak ni Piper.

“Tamang tama. Pumasok ka sa opisina ko…” ani Riguel kay Piper.

Pagkapasok ng dalawa ay pinagsalikop ko na lang ang mga daliri ko at tiningnan ang bawat isa.

“Mrs. Alleje, pasok daw kayo sabi ni Attorney…” ani Ma’am Zarah.

Ngumiti ako sa kanya. “Oo. Mamaya…” sabi ko.

Kabanata 42

Kabanata 42

*OceanofPDF.com*

Brilliant

Nang lumabas si Piper, lumabas na rin iyong kliyente ni Riguel. Nagkatinginan kami ni Piper. She raised her brow before leaving. Lumabas na rin si Riguel sa kanyang opisina.

“Magandang umaga, Attorney…” sabi ng kliyente nakaupo na roon.

“Mauna na po kayo sa loob. Zarah…” ani Riguel sa kanyang sekretarya.

Sinundan ko ng tingin si Piper na ngayon ay palabas na ng buong opisina. Napatingin lang ako kay Riguel nang umupo na siya sa gilid ko.

“Would you rather stay here?” he asked.

“Papasok na ako…” sabi ko at tumayo na.

Maglalakad na sana ako papasok nang marahang hinigit ni Riguel ang aking palapulsuhan. He looks so frustrated as he looked at me.

“I’m sorry you have to wait…” aniya.

Tumango ako. “It’s okay…”

Tumayo siya, ‘di parin binibitiwan ang kamay ko. I don’t want to give him the wrong idea by letting him touch me but I’m sure if all of these are gonna be over, I’m gonna miss everything so bad.

Pumasok kami sa kanyang opisina. Nanatili ako sa kanyang sofa habang nagtatrabaho siya.

Once again, I saw his fierce eyes everytime he talks about his work with his clients. Tinagilid ko ang ulo ko. He is explaining something to them and I can’t help but marvel on the way his eyes blaze.

Nang nilipat niya ang tingin niya sa akin at bahagyang nag relax ang kanyang ekspresyon. He pursed his lips and and tried to smile at me. I gave

him a little smile at binaba ko rin agad ang mga mata ko sa aklat na hawak ko.

Nagpatuloy siya sa ginagawa. Tinitigan kong muli siya. Nakaupo na siya sa kanyang swivel chair at nakatingin na sa akin. Iniwas kong muli ang aking mata.

Dammit, Lilienne! Stop flirting! Kahit wala kang ginagawa at tinitingnan mo lamang siya, hindi mo maiiwasang nag f-flirt ka na sa kanya! I'm leaving him soon! This can't go on!

Tumayo ako at lumipat sa sofa na hindi siya kaharap para mapigilan ang sarili sa pagsulyap.

Abot-abot ang tahip ng aking puso habang naririnig ang baritono niyang boses. I am not going to get over everything about him if this continues!

Natapos din kami. Nang lumabas kami sa kanyang opisina ay hinawakan niya na ang aking kamay.

"Zarah, habang wala ako ikaw na muna rito. Just call me if there's something important. Email me the documents I requested…"

"Sige po, Attorney…"

May pinirmahan siya sa lamesa ni Zarah. Kahit na nagpipirma ay 'di niya binitiwan ang kamay ko.

"Kumain muna tayo bago bumyahe. Want to buy anything for our trip?"

Umiling ako. "Namili na tayo last Saturday."

"Yeah. I just thought you need something more…"

He smiled at me. Parang kinukurot ang puso ko sa nakikitang ngiti sa kanya. I wish I can make him feel how much I love him. Damn! Natatakot ako na hindi ko na siya makumbinsing maghiwalay kami kapag pinaramdam ko sa kanya kung gaano ko siya kamahal.

Kumain kami sa isang restaurant sa labas lamang ng kanilang opisina. Habang kumakain ay sinasabi niya sa akin ang detalye sa pupuntahan naming Judge.

“His name is Judge Conrado Cabral. We expect his wife with him. Ang kanyang mga anak ay may mga asawa na, ang iba sa kanila nasa ibang bansa…”

Tumango ako. I wonder if we can pull this off. Hindi kaya mapansin niyang may iba sa aming dalawa ni Riguel?

“We’ll stay in their resort. May rest house sila roon. He’s expecting us there…”

“Are you going to ask him directly if he can train you?” tanong ko.

Umiling si Riguel. “Alam niya nang gusto ko. Mag papatulong din ako sa kanya tungkol sa trabaho.”

“Okay. Then while you are working, can I stroll around the resort, too?”

“Of course, Lilienne. Pero huwag lang iyong masyadong malayo… I can’t concentrate thinking you’re somewhere far…”

Humugot ako ng malalim na hininga at nagpatuloy na lang kumain. Riguel’s eyeing me like he’s expecting a violent reaction of something.

Pagkatapos naming kumain ay nagsimula na kaming bumyahe. Nang nasa kalakhan ng EDSA pa ay nanatili ang mata ko sa kalsada. Ngunit kalaunan ay nagdesisyon akong manood na lang ng movie sa kanyang iPad.

I clicked a familiar movie. Iyong napanood ko sa TV kaninang umaga. Hindi ko pa iyon napapanood kahit kailan kaya iyon ang napili ko.

Nilingon ko si Riguel. I wonder if he wants to watch. But of course he’s driving.

“I can… put my earphones on so you can listen to music…” sabi ko.

“No, makikinig lang ako sa pinapanood mo.”

“Okay…”

When the movie began, naramdaman ko agad ang pagiging classic nito. Simula sa damit ng mga artista hanggang sa setting mismo ng istorya.

I laughed with the characters. Nasayahan ako at nalungkot din. Then I realized the leading man is not-so-rich while the leading lady is. May naaalala ako. Nagsisi agad ako kung bakit iyon ang pinanood ko.

Habang tumatagal ang kwento ay parang may kumakalabit sa aking puso. The story feels so familiar that it broke my heart.

Nang nasa parte nang nababasa na sila sa ulan, hindi na ako makangiti. Nasasaktan na ako kahit na masaya naman ang nangyayari.

And when the plot was slowly revealed, nangilid na ang luha sa aking mga mata. Humikbi ako nang naramdaman kung gaano kamahal ng lalaki iyong babae. I blamed the girl for her decision but I know that it’s a choice between what’s right and what’s easy.

The right thing to do is to follow her principles. Iyong konti lang ang masasaktan.

I don’t even know what’s right in her case. Iyong sundin ang puso niya o sundin ang desisyong mas konti ang talo.

One things for sure… it’s always better to be kind than to be right. So she chose the gentler path. The decision with lesser damage. Even if it means she’ll hurt herself.

“Lilienne…” Riguel called.

Tahimik akong umiiyak sa gilid nang natapos ang movie.

“Hmm?”

“Watch something funny, please…”

Tumango ako. “I thought it’s going to be funny…”

Bahagyang humalakhak si Riguel at pinarada ang sasakyan sa gilid ng rice field.

“May I?” tanong niya sabay hawak sa iPad.

Binigay ko sa kanya iyon. May mga pinindot siya roon at pinili niya iyong listahan ng movies na action at kung anu-ano pa. Binalik niya agad sa akin.

Tinitigan niya ako.

“Kung hindi ka nag Depo, iisipin kong buntis ka…” aniya.

Tinapunan ko siya ng matalim na tingin. “It’s not funny…”

Ngumuso siya at nilingon ang backseat. Kumuha siya ng tissue at tubig. He opened the box of tissue and he gave me some. He opened the bottle of water, too. Ibinigay niya rin sa akin iyon.

Tinanggap ko iyon. Uminom ako ng tubig habang inaayos niya ang mga tikwas ng aking buhok.

When I put the bottle down he leaned to me and he gave me one quick kiss on the lips. Nang bumitiw siya at inayos ang kanyang seatbelts ay dinilaan niya ang kanyang labi. It looks so red.

“Ilang araw ba tayo roon?” tanong ko.

Pinaandar niyang muli ang sasakyan.

“Depende sa’yo…” aniya.

“Is three days fine?”

“If you want then just three days…”

“Ilang araw ba ang leave mo?”

“Week…”

Ibig sabihin may ibang linggo kaming ‘di siya magtatrabaho? Kung hindi ko pa nalaman ang tungkol kay Piper, sana masaya ako sa leave niyang ito.

In the middle of the second movie, I fell asleep. Nagising na lamang ako nang naramdaman kong bumagal ang takbo ng sasakyan.

“Sorry, did I wake you up?” ani Riguel nang inatras ang sasakyan.

“It’s okay. Nandito na ba tayo?”

Kinusot ko ang mga mata ko. the sun is almost down the ocean. Hinahampas ng alon ang dalampasigan sa harap namin.

Humataw agad ang puso ko. Hindi ko alam na ganito ang magiging reaksyon ko pag dating dito. Hindi ako naging excited pag alis pero ngayong kaharap ko na…

Nakita kong may matandang lumapit sa aming sasakyan. He’s wearing a blue and red striped polo shirt and a white shorts. May kasama siyang dalawang lalaking nakaitim na mukhang empleyado siguro roon.

Binaba ni Riguel ang kanyang salamin habang nagpapark.

“Good afternoon, Judge!” ani Riguel.

“Riguel! Nakarating kayo! Nag-alala na sa Josefa at baka raw nalito ka kung saan dadaan!”

Tumawa si Riguel. Sumulyap sa akin ang matanda. I gave him a smile.

Nang natapos na sa pagpapark si Riguel ay lumabas na siya. Lumabas na rin ako. Binuksan ni Riguel ang pintuan sa backseat.

“Ilagay n’yo ang mga gamit nila sa villa…” ani Judge.

“I’m with my wife…”

Agad akong pumunta kay Riguel. He lifted his hand just enough for me to fit in. Inakbayan niya agad ako nang nakalapit.

“This is Lilienne Alleje, Judge… Lilienne, si Judge Conrado Cabral.

“Nice meeting you, Lilienne…”

Tumawa ang matanda sabay lahad ng kamay sa akin. His other hand was holding his kind of big tummy.

“It’s my pleasure, Judge…” sabi ko.

“Finally, my favorite brilliant student is married!”

Tinapik ni Judge ang braso ni Riguel. He looks so impressed that Riguel is married. Itong reaksyon na ito ni Judge ang gustong makuha ni Riguel.

“Walang silbi talaga ang lahat ng tagumpay kung wala kang uuwian gabi-gabi, Riguel. Tandaan mo ‘yan!”

Parang may halong pagbabanta sa tono ni Judge.

“Alam ko po iyon. Talagang wala lang akong mahanap na mamahalin noon kaya medyo natagalan…” ani Riguel.

“Bago tayo magkwentuhan ng husto, halika at ipapasyal ko muna kayo saglit sa munting resort na ito…”

Nagsimula nang maglakad si Judge. Sumunod naman kami sa kanya. Pinatunog ni Riguel ang kanyang sasakyan bago kami nagpatuloy.

Hinawakan niya ang kamay ko ngayon na tila ba babasaging kristal. His hand feels so gentle and tender against mine.

“This is onlya small resort. We don’t have much facilities since we bought this just three years ago.”

Nakita ko ang maliliit na cottage na gawa sa kawayan. May mga sun lounger sa gilid at malalaking payong. Sa malayo ay kita ang isang

clubhouse na gawa sa hardwood. May isang restuarant at tanggapan. Dalawang palapag lamang iyon.

Konti lamang ang naroon. Siguro mga dalawa hanggang tatlong pamilya lang ang nakita kong gumagala sa cottages at sa restaurant.

“Hindi pa namin alam paano palaguin o palakarin dahil syempre, wala ako masyadong alam sa business. Good for you, Riguel, you now have your own flower farm, right?” Tumawa ulit si Judge sabay tingin sa amin.

“Hindi naman po. Pinag-aralan ko rin iyong mabuti kaya napalakad ko ng maayos.”

“Napag-aaralan naman talaga ang pagnenegosyo… We bought this property because it’s near our resthouse.”

Tinuro ni Judge ang isang malaking bahay sa gilid ng clubhouse.

“Actually, I want you to stay in our resthouse but Josefa said na baka raw mas gugustuhin n’yong sa hotel para may privacy kaya ayon!”

Humagikhik ulit si Judge.

“Ayos na po kami rito sa hotel. Ayaw po naming makaabala sa inyo sa inyong resthouse…” ani Riguel.

“Ano ka ba! Quit that. Abala ka riyan. Ikaw pa ang naabala ko dahil inimbitahan ko kayo rito…”

Pumasok kami sa restaurant. May medyo kasingtanda niyang babae roon na naka floral maxi dress. Nahulaan ko agad na iyon si Josefa Cabral nang sinalubong niya ng halik ang asawa.

Forever does exist, huh? For people who know how to forgive, and how to express their love properly…

“This is my wife, Josefa Cabral. Sef, Attorney Riguel Alleje’s wife.”

Naglahad agad ako ng kamay at tinanggap naman ng matanda. Ngiting ngiti siya sa akin.

“You have a lovely wife, Riguel! Sinasabi ko na nga bang magaling kang pumili ng babae…” aniya.

Tumawa si Riguel. “Maraming salamat po…”

Hinagod ako ng tingin ni Mrs. Josefa Cabral. “See? Ang ganda! And I think she’s nice, too!”

“Salamat po…” medyo nahihiya kong sinabi.

“By the way, we set up our dinner sa resthouse kaya roon na lang tayo kumain. In the mean time, you can check your room upstairs. We have employees that can guide you there. I’m sure you’re both tired.”

“Sige po at nang makapagpahinga saglit si Lilienne,” ani Riguel.

“So? Shall we meet you both sa resthouse? Around 6:30pm?” ani Mrs. Cabral.

“Sige po…”

Pinatawag ni Judge ang kanyang mga tauhan para igiya kami sa aming suite room. Hawak parin ni Riguel ang kamay ko habang paakyat kami sa pangalawang palapag. Hinayaan ko na lang siya.

Ipinakita sa amin ang isang malawak na kwarto. The bed is a big four poster. White sheets, linens, and curtains. The rest of the furniture are made of wooden materials. Ang salamin, ang mga upuan, ang lamesa, ang dingding, ang pintuan, lahat…

Naroon na ang gamit namin sa gilid ng cabinet. Humiga agad ako sa kama.

“You think they’ll find out that we’re…” hindi ko matuloy.

Naghubad si Riguel ng damit. Nag squat siya at binuksan ang kanyang maleta. Kumuha siya ng damit doon.

“No…” he answered.

Bumangon ako at pinagmasdan siyang nagsuot ng isang puting t-shirt. Tumayo siya at kinalas ang sinturon ng maong.

Iniwas ko ang tingin sa kanya. His pelvic muscle is already showing. Tumataas ang blood pressure ko tuwing nakikita ko iyon.

Kumuha na rin ako ng damit ko para sa hapunang mangyayari. Isang bohemian dress ang sinuot ko. Sa loob ng banyo pa ako nagpalit dahil nanonood na siya ng TV doon.

Pagkalabas ko ay naabutan ko siyang nanonood ng TV habang nakahiga sa kama. Nakataas ang dalawang braso dahil ginawa niyang panangga ang mga kamay sa ulo. His biceps were flexing and shouting at me. Why the hell do I have these kind of thoughts, anyway?

“Let’s go?” tanong ko.

Tumango siya at pinatay na ang TV.

Umupo siya sa kama at tinagilid ang ulo habang tinitingnan ang damit ko. Tatalikuran ko na sana siya para makalabas niya ngunit hinawakan niya ang baywang ko.

“Wait…” he said.

“What?”

Tinitigan niya ang hita ko. Kumunot ang noo ko.

“I think that’s fine…”

Tumayo siya, nakahawak parin sa baywang ko.

“Let’s go…”

Palabas kami ay pakiramdam ko aatakehin ako sa puso. Is he seriously going to be like this the whole time we’re here? I get that we need it for

show but…

Naglakad kami sa dalampasigan. Gabi na. May iilang bituin nang nagpapakita sa langin. Ang tanging naririnig namin ay ang hampas ng mga alon sa buhangin.

Nakakakita rin kami ng mga ilaw sa malayong mga bukid. Siguro’y may mga bahay doon. Ilang kilometro rin yata ang layo ng susunod pang resort. Kita iyon galing sa sea shore.

Nang malapit na kaming tumapat sa resthouse ng mga Cabral ay bumagal ang lakad namin. Open space ang tapat ng bahay. May lamesa at sobrang liwanag ng ilaw. May lumabas na babaeng naglapag ng pagkain doon sa mesa.

Tumigil si Riguel sa paglalakad.

“Do you want a resthouse?” he asked me. “Near the beach, I mean…”

“Yeah…” sabi ko.

Tumango siya at nilingon ulit ang bahay.

“Riguel!” tawag ng matandang Judge palabas siya sa kanila.

May dala siyang bote ng wine, nilalapag sa lamesa.

“Lina kayo! Si Josefa’y inaayos pa ang pagkain.”

Tumango si Riguel at pumanhik na kami roon. Nang nakalapit kami, kumuha agad si Riguel ng upuan para una akong mapaupo. Pagkatapos ay umupo siya sa isa pang silya sa tabi ko.

“Ang tamis naman talaga ng bagong kasal!” puna ni Judge. “Sana lang ay huwag ‘yang matigil! Dapat laging ganyan, Riguel!”

Napangiti na lang ako sa sinabi ni Judge.

Tumawa lamang si Riguel sa sinabi nito.

“Ang mga bagong mga mag-asawa ngayon? Sus! Sa una lang matamis. Pagkatapos ng mga limang taon? Wala na! Sinasabi ko sa’yo ngayon ito dahil mahirap… sa panahon ngayon, mas lalong dumadami ang kasong hiwalayan. Hindi maganda…” Umiling iling si Judge.

Tumango lamang si Riguel.

I wonder if he’s annoyed by all the Judge’s concerns about our marraige.

“Sa buhay, ito ang mahalaga. Ang pamilya. Everything else doesn’t matter, wealth, successess… they don’t matter, Riguel. Kaya iyang tamis ng pag-iibigan n’yo ngayon, huwag na huwag n’yo ‘yang wawalain. You need that always. Until you two are old…”

Nagsalin ng wine si Judge sa tatlong wine glass na naroon sa aming harap.

“I don’t think I need to remind myself of that, Judge. I am willing to be sweet and gentle to my wife, not because we need it, but because it’s natural. Hindi na po kailangang pilitin iyan kung talagang tunay na mahal. Kusang lalabas ang malasakit, kung talagang mahal…”

Humagalpak sa tawa si Judge. Bahagya akong napaisip sa sinabi nI Riguel.

“That’s what I like about you. You have your own ways. You have a point there. Hindi nga naman pinipilit o pinapansin ang pagiging sweet. Kung mahal mo, magkukusa kang gawin ang mga bagay na iyan! Very good!”

He looks so impressed with Riguel. Hinawakan ni Riguel ang kamay ko sa ilalim ng lamesa. Nilingon ko siya. Nakangiti lamang siya habang tinitingnan ang wineglass.

“Hi! Pasensya na’t natagalan! Here is our main dish!”

Ipinakita ni Mrs. Cabral ang mga dala ng kanilang mga kasambahay. Puro mga seafood. Nakakatakam! Ang laki ng ngiti ko habang tinitingnan itong nilalapag.

“Let’s eat?”

Kwentuhan ang nangyari habang kumakain. Si Riguel naman ay abala sa pagbabalat ng shrimp gamit ang tinidor. Ang galing niya nga, e. I can only do that with my bare hands. I realized he probably dines out at luxurious seafood restuarant kaya tila propesyunal siya kung makagawa niyon.

Nilalagay niya sa aking pinggan ang nababalatan. Even the crabs. He knows where the good parts are.

“Ang problema kasi sa kay Abella, kung tinanggap niya lang ang offer doon sa Maynila ay hindi na siya pinalipat ng PAO sa probinsya,” ani Judge.

“Sa tingin ko ay hindi naman siya namomroblema sa Alegria. Tingin ko ay masaya siya roon.”

Nanliit ang mga mata ni Judge pagkatapos ay isinubo ang sipit ng lobster. “I think, you know, may girlfriend siya sa probinsyang iyon!”

“I think so, too, Judge…”

Kumunot ang noo ko at nilingon si Riguel. Sumulyap si Riguel sa akin, nakataas ang kilay.

“Well then, he needs to get married! My goodness he’s not getting any younger! Ilang taon na nga ulit siya, Riguel?”

“I’m not sure. Mid thirties, I think?”

“Kaya walang direksyon masyado ang kanyang mga desisyon ay dahil wala naman kasi siyang inaalala. I mean, I have nothing against single men. It’s liberating… But for men to stay playing for a long period of time, I think he needs to grow more!”

Riguel’s right. Judge Cabral likes men who are married. Pakiramdam niya ang mga lalaking may asawa ay naliwanagan na sa wakas. Medyo hindi niya yata gusto ang mga single.

“Lilienne, ilang buwan na nga kayong mag-asawa ni Riguel?” tanong ni Mrs. Cabral sa akin.

“Two months, po…”

Ngumiti siya. “Hindi ka pa ba nagdadalang tao?”

“Hindi pa po, e.”

Guilt crept into me. Tuwing ganito ang usapan, pakiramdam ko nananakit ako ng ibang tao.

“Sa bagay. Mas magandang kayo munang dalawa bago kayo magplanong magkaanak.”

“We have been separated for eight years, po. I want to experience the boyfriend and girlfriend stage muna bago siguro magkaanak.”

“Oh!” Nanlaki ang mga mata ni Mrs. Cabral. “Long distance relationship?”

Tumango ako. Nilingon ko si Riguel na ngayon ay nakatitig sa akin. It’s like I revealed something to him. Damn!

Tumikhim ako at uminom ng tubig.

“Sibil ba iyong kasal n’yo, Riguel?”

“Opo…” ani Riguel.

“Why didn’t you…” now Judge is confused.

“I want it rushed. Pagkauwi niya, kinabukasan pinakasalan ko siya agad. She agreed when I asked her and I don’t want her to change her mind along the way so…”

Humagalpak na naman si Judge sa sinabi ni Riguel. Tuwang tuwa talaga siya sa mga desisyon ni Riguel.

“I trust that the church wedding will follow? Mag Ni-ninong ako!” ani Judge.

Damn!

“I’ll send you invites soon…” Riguel laughed with him.

Mapapasubo yata kami rito!

“You’re really brilliant! You married a brilliant man, Mrs. Alleje!” ani Judge sabay tango sa akin.

I smiled shyly. I guess so…

Kabanata 43

Kabanata 43

*OceanofPDF.com*

Memories

Pagkatapos kumain ay nagpatuloy sa kwentuhan si Riguel at Judge. Sumasali kami madalas ni Mrs. Cabral kapag kwentong mag-asawa pero madalas naman siyang abala sa pagkuha ng panghimagas at pagtawag ng kanyang mga apo.

Kumakain ako ng halo-halo na hinanda ni Mrs. Cabral. Umalis siya sandali dahil tumawag yata ang kanyang mga apo. Sina Riguel at Judge naman ay nag-uusap na tungkol sa trabaho.

Wala sa sariling pinaglalaruan ni Riguel ang aking mga daliri habang nakikipag-usap kay Judge. Habang ako naman ay iyon lamang ang naiisip. His fingers molding my palm…

“Bukas ng umaga, tutulak kami sa malapit na bayan dahil may bibilhin si Josefa. I trust that you two can be okay here alone? We’ll be back mid afternoon. Dito ulit kayo mag dinner, Riguel. At pag-uusapan din nating maigi iyang kinukusulta mo sa akin,” ani Judge.

“No problem, Judge. Mamasyal din kami ni Lilienne habang wala kayo…”

“Feel free to use our boat. May glass boat kami rito. Maraming corals diyan at maganda ang dagat lalo na pag umaga. Sasabihin ko sa mga empleyado na dalhin kayo roon…”

That ended our night. Akala ko nga at aabutin ng madaling araw ang pag-uusap nila ni Judge. Mabuti na lang at napagtanto rin ng matanda na mahaba ang naging byahe namin at kailangan ni Riguel ng pahinga.

The awkward silence enveloped us as we walked to the hotel. Pinagsalikop muli ni Riguel ang aming mga daliri.

“Are you sleepy?” tanong niya.

Marahan akong tumango.

Pagkarating namin sa kwarto ay dumiretso agad ako sa kama. Si Riguel ay may tiningnan pa sa kanyang cellphone ng ilang saglit.

Tinabunan ko ng comforter ang aking katawan at pumikit na. Ilang saglit ay pinatay na ni Riguel ang ilaw at tumabi na rin siya roon.

He hugged me tight. Nanatili akong nakapikit hanggang sa naramdaman kong nakatulog na siya. Unti unti akong dumilat para tingnan siya.

Even when he's asleep he looks so serious. Who would have thought that I'd be sleeping beside him right now? Noong high school pa lang ako, sinong mag-aakalang kay Riguel ako matatali. That's next to impossible a decade ago. For the top of the class senior to fall for the naughty lower batch girl?

Well, iyon ang pinagsikapan kong mabuti noon, hindi ba? Kung hindi ako nagpumilit na pumasok sa kanyang mundo, baka hanggang ngayon hindi niya ako kilala.

Naisip ko tuloy kung hindi kaya ako nagpumilit na makilala siya, ano kayang nangyari? Mas maayos kaya ang mga nangyari?

Kinabukasan ay nagdesisyon si Riguel na mamasyal sa dagat gamit iyong bangka nina Judge.

Pagkatapos naming mag breakfast sa kanilang restaurant ay pumunta na kaagad kami sa naghihintay na glass boat.

Underneath my shorts and white loose sleeveless is a bikini. Baka kasi maisipan naming lumangoy. Lalo na't may mga goggles para mas makita ang mga isda sa ilalim. I also brought an underwater camera. Riguel doesn't care much about pictures.

Nauna siya sa bangka at naglahad agad ng kamay sa akin para maalalayan ako sa pag-akyat.

"Thanks…" sabi ko at umupo na sa kanyang tabi.

Dahil kaming dalawa lang at ang isang bangkero, maluwang ang glass boat. Malapad ang mga upuan ngunit huli ko na napagtanto iyon dahil dikit na dikit kami ni Riguel sa isa't isa.

Nahumaling ako sa mga nakitang corals at isda sa ilalim. Hindi ko na alam kung saan ako titingin, sa tanawin sa labas o sa mga corals sa sahig ng bangka.

Nag-iba ang kulay ng dagat kalaunan. Galing sa blue green ay naging sky blue iyon. Kitang kita din ang mga corals kahit 'di na gamitan ng glass boat.

Tumigil bigla iyon at nilingon kami noong bangkero.

"Pwede pong lumangoy dito. Iwan n'yo na lang sa akin ang mga cellphone niya para makuhanan ko kayo ng picture…" aniya.

Agad akong tumayo para ibigay sa kanya ang cellphone. I can't help but feel excited. It's not everyday that I get to go to a beach.

Kinuha ko iyong kulay orange na sea mattress sa gilid at tinapon ko agad sa dagat.

Naghubad ako ng damit at shorts. Naghubad din si Riguel ng t-shirt. Sa gilid ng aking mga mata ay kitang kita ko ang pag titig niya sa akin.

Pagkatapos kong maghubad ay pumwesto na agad ako sa gilid ng bangka para makalangoy.

"Lilienne!" mariing sinabi ni Riguel.

Parang pagbabawalan niya pa akong lumangoy, huh! Agad akong tumalon para hindi na niya ako mapagbawalan.

Pagkabagsak ko ay sumisid ako sa ilalim. Ilang sadglit bago ko napagtanto na nakalas ang aking pang-itaas na bikini.

Shit!

Umahon ako at tinabunan ang aking dibdib. Inangat ko ang tingin ko sa bangka at nakita kong pinipicturan na ako nI Riguel habang malapad ang kanyang ngisi.

Nasa ibang dulo yata ang bangkero at wala siya roon!

“Riguel!” sigaw ko sa iritasyon.

Binaba niya ang kanyang cellphone at sumunod nasa aking pagdive.

Naka ekis parin ang aking braso sa aking dibdib. Gusto kong umiyak sa hiya at sa iritasyon sa sarili. He probably called me because he saw that the strings were loose!

Dammit!

Umahon si Riguel na dala na ang aking top.

“Sutil ka kasi. Ayaw mong paawat…” malamig niyang sinabi pero may bakas parin ng ngiti sa kanyang labi.

“Akin na!” sabi ko sa hawak niya.

“Tumalikod ka!” utos niya.

Wala akong nagawa. I turned around so he could help me out. Lalo na nang nakita ko na ang bangkerong tumitingin na sa amin.

Tinaas ko ang kamay ko para maayos niya iyong strings sa baba. Naramdaman kong medyo mahigpit ang pagkakatali niya roon.

“Riguel, ang higpit!” sabi ko.

“Baka mahubaran ka ulit…” bulong niya sa aking likod.

Kinuha ko ang string na itatali sa aking batok at sinubukang itali ito habang siya ang nagtatali sa likod.

“I called you because I saw-”

“You took a picture!” iritado kong putol sa kanya.

Humalakhak siya. Hinawakan niya ang kamay kong nag-aayos sa string sa aking batok.

Hinubad niya ulit iyon tila hindi nakontento sa ginawa kong pagtali.

“Idelete mo ‘yon!” sabi ko.

“No…” aniya.

Pagkatapos niyang magtali ay hiranap ko kaagad siya. Matalim ko siyang tinitigan samantalang may bahid na paghahamon ang kanyang ekspresyon.

“Bahala ka nga…”

Idedelete ko iyon mamaya kapag makuha ko ang cellphone niya. Lumangoy agad ako patungo sa kulay orange na floater at sinakyan ko agad iyon.

Sumunod si Riguel sa akin. Hinawakan niya ang floater at hinila palapit sa bangka. Hinayaan ko siyang gawin iyon.

“Sir, Ma’am, picture-an ko po kayo, ha?” sigaw noong lalaki.

Hinawakan agad ni Riguel ang aking pisngi at hinalikan niya ako sa labi kahit sobrang hirap sa posisyon namin. Hindi pa ako makahinga sa gulat.

Tinulak ko siya pagkatapos ng picture at tinawanan nang bumagsak siya. Hinawakan niya ang kanyang tainga at matalim akong tiningnan.

Kinabahan agad ako at lumayo sa gilid ng floater. Lumangoy siya patungo sa akin at hinila niya ako pabagsak sa tubig.

Hinawakan niya ang aking baywang pag-ahon ko. He locked me in his arms so I’d go steady habang tumatawa pa ako.

Pinasadahan niya ng daliri ang kanyang buhok. Now he looks different. Gwapo pero iba. Ibang hairstyle. Nakatutok lahat ng buhok niya sa likod. Tinagilid ko ang ulo ko habang tinitingnan ang buhok niya.

He looks so damn good whatever his hairstyle is. Mas lalo nga yatang gumugwapo.

I tried to comb his hair with my fingers. I tried different hairstyles. Try ko nga ang hairstyle ni Nicholas, o ‘di kaya ng ibang kilala ko sa U.S.

Kumunot ang noo niya dahil sa ginagawa ko.

“You’re handsome…” nasabi ko rin.

He’s just so overwhelming.

Pagkatapos ay tinagilid niya ang mukha niya para mapatakan ako ng halik. Hinayaan ko siyang gawin iyon. Maybe… in time… these will be the only good memories I have.

Nangilid ang luha ko nang pinatakan niya ulit ako ng isa pang halik. Hindi yata mahahalata dahil pareho kaming basang basa.

Ilang saglit ang lumipas ay sumisid siya. I tried too but I’m not very good at diving kaya ‘di ko siya magaya.

Pag-ahon niya ay may dala siyang starfish.

Ilang minuto namin iyong ginawang props sa mga pictures. Malaki iyon at kulay brown. I think this is my first time to see it.

“Pakawalan na natin…” sabi ko.

Nasa likod ko si Riguel. Ramdam ko ang kamay niya sa aking hita at ang isa ay nasa aking tiyan. Nakapalupot talaga siya sa akin habang ang kanyang labi ay nasa aking balikat.

“Ikaw bahala…” bulong niya.

“Sayang. Ang cute niya…” sabi ko at tiningnan muli ang disenyo sa katawan noong starfish.

Hinahawakan ko iyong mga tuldok sa gilid ng katawan ng starfish. I'm curious what it's made of.

"Makakain ba ito?" tanong ko sabay tingin kay Riguel.

Humalakhak siya at ibinaon pa lalo ang kanyang mukha sa aking balikat.

"Gutom ka ba?"

"I'm not hungry…" Umirap ako. "Nagtatanong ako kung pwede ba iyang kainin!"

"I don't know. Maybe? In China?" tumawa ulit siya.

"Masarap kaya 'to?" Ngumuso ako.

"I really think you're hungry…" bulong ni Riguel.

"Hindi nga! I'm just curious. Why is Patrick pink?"

"Who's Patrick?" tumigil siya sa paghalik sa aking balikat.

"Friend ni Spongebob?"

Humugot siya ng malalim na hininga. "May mga starfish na kulay pink."

Tumango ako at pinakawalan na iyong starfish. Ni hindi ko alam kung buhay pa ba iyon o na stress na sa mga pinagsasabi ko.

Nang tumutok na ang araw ay umahon na kami. Riguel gave me a bath robe first bago niya sinuot ang sa kanya.

Tiningnan ko ang mga kuha namin sa aking camera. Ngunit ang naiisip ko ay ang kuha ni Riguel sa kanya. I swear I'm gonna delete that!

"Patingin ng phone mo…" sabi ko pagkababa namin ng bangka.

Nanliit ang mga mata ni Riguel nang tumingin siya sa akin. Tila alam niya ang pakay ko.

“Come on, Riguel. My shot was probably horrible, I just want to see it,” sabi ko.

“You want to delete it…” aniya at nauna nang maglakad.

Hinabol ko siya. The sand was making it hard to run. Mas madali tuloy akong napagod.

Naghahabulan kami patungo sa room at nagtatawanan. Pagkapasok ay may naisip agad ako.

We were both covered with sea water and sand so we’ll need to take a bath.

“Mauna ka nang maligo, mamaya na ako…” seryoso kong sinabi at binuhay ang TV.

Dahil magaling siyang manghula ng nararamdaman ay normal lang ang ipinakita ko sa kanya. Nagawa ko pang magligpit kuno ng gamit para balewalain niya ako.

“Hindi na. Ikaw na ang mauna.”

Now, I’m not sure if he’s being a gentleman again or he just knew what I’m up to.

“Hindi na. Pagod pa ako, e…” sabi ko.

“Okay…” nagkibit siya ng balikat at kinuha ang cellphone.

Dinala niya ito sa bathroom!

Dammit! The bastard is so wise!

Kinatok ko agad siya.

“Riguel, magto-tooth brush lang ako…”

Kung anu-ano na lang talaga ang naiisip kong dahilan. He unlocked the door only so I can see him naked.

Napatili ako sa gulat. Lumayo agad ako sa kanya at hinanap ang cellphone sa paligid.

“You want my phone?” he asked.

“Riguel, please! I look so ugly in that picture!” giit ko.

“You’re never ugly, Lilienne…” aniya sabay pakita sa kanyang cellphone kung nasaan ako ang wallpaper.

It’s that shot. Although I look incredibly cute, it’s awkward! Nakaekis ang aking braso sa dibdib. Hindi naman kita ang kaluluwa ko pero mukha akong sobrang stressed sa nangyari.

“Come on!” sinubukan kong kunin iyon sa kanya ngunit hinawakan niya ang kamay ko at hinila patungo sa shower.

“Let’s take a bath first…” aniya.

Matalim ko siyang sinipat gunit unti unti ring pumungay ang mga mata ko nang naramdaman ang lamig ng tiles sa aking likod.

Dinungaw niya ako. His eyes is filled with desire and unadulterated lust. Kinagat ko ang pang-ibabang labi ko nang naramdaman din ang init sa aking sistema.

Gently he removed my robe. My eyes closed at his raging hard on.

Tinabi ni Riguel ang robe at pinaandar niya ang shower. Ang tubig galing sa shower ay naglakbay galing sa balikat ni Riguel patungo sa kanyang dibdib, and then his abdomen, down to the pelvic muscled and to it’s deep V.

“Turn around, I’ll wash you…” he whispered.

Halos napapikit ako sa sinabi niya. Nanghihina ang tuhod ko at bumibigay ang kaluluwa ko.

I turn around like what he said. My hand rested on the cold tiled wall habang nararamdaman ko ang pagbuhos niya ng bodywash sa aking likod.

Pumikit ako. Lilienne, please don’t…

His hand travelled from my neck to my shoulders. Ang isang kamay niya ay nasa aking likod na tracing circles and waves. I closed my thighs anticipating him there.

Ngayon ay nagsasabon na siya sa aking balakang. Dahan dahan niya itong binaba. I swear I felt a pulsating feeling in between my thighs.

Bumaba ang kamay niya sa aking mga hita. He forcefully parted my thighs so he can wash them properly. Nang maramdaman ko ang mga haplos niya malapit sa aking kaselanan ay parang gusto ko nang umiyak. I want to cry for his name and beg for him but I stopped myself.

Bumaba ang kanyang kamay sa aking tuhod at inangat niyang muli iyon. He stopped on my thighs, gently massaging the lather.

When he slowly went higher napatingkayad ako. But then I got so disappointed when his hand went directly to my stomach.

Kung iniisip mong obsessed ka kay Riguel noon, nagkakamali ka, Lili. Hanggang ngayon, baliw na baliw ka parin sa kanya.

Bumaba ang kamay ko sa tiles nang sinabunan ni Riguel ang aking dibdib. Tiningnan ko ang kamay niya habang hinuhulma iyon.

“Are you seducing me, Riguel?” halos manginig ang boses ko.

I am asking because it’s damn too late. I’m already seduced!

“Why? Do you feel hot and bothered?” bulong niya.

His chest is now against my back. I felt his huge and overwhelming manhood on behind me.

My eyes shot down at my twin peaks. Hinuhubog niya ang mga tuktok nito at mas lalo ko lang naramdaman ang init.

He kissed me on my neck slowly habang ginagawa niya iyon. I closed my thighs again but his feet pushed my legs apart.

Bumaba ang isang kamay niya patungo sa aking tiyan. He's moving in circles, caressing my skin like it's his heaven.

And then when I felt him there, napadaing na ako. I probably missed him so much that his touch made me, for a moment, decide that I shouldn't let him go!

He caressed the slick folds in between me. My world exploded just by a few caressing! My body stiffened because of it but that did not stop him! The movement of his fingers became faster and harder as my climax is going on. My breath is already labored.

"Riguel…" I pleaded.

His fingers were ruthlessly pushing hard in between my soft flesh. Naramdaman ko ulit ang nagbabagang tuktok.

"Ah!"

I came once more. I am already grinding against his manhood behind me. Wala na ako sa sarili habang patuloy siya sa kanyang ginagawa. I felt so numb. It's too much.

"Riguel, I can't…" I want to stop him because I've already felt too much.

"You can't leave me…" bulong niya.

Hinang hina ako nang tumigil siya. I couldn't hardly stand. I couldn't lift even my arms. Hinawakan niya ang baywang ko at hinarap. My eyes surely were so sleepy when I looked at him. He's gave me too much euphoria. Dammit!

Nilagyan niya ng body wash ang kanyang katawan. Tinigil niya ang shower. Unti unti niyang pinabula iyong nasa katawan niya.

I lifted my arm so I could help him. Ginaya ko ang ginawa niya sa aking katawan. I caressed every inch of his muscles. I circled my palm on his abdomen.

Nakatitig siya sa akin habang ginagawa ko iyon. Bumaba ang kamay ko sa kanyang baywang carefully not touching his proud thickness.

Hindi ko maabot ang kanyang mga hita kaya unti unti akong umupo at nagsquat para maabot ng mabuti pati ang kanyang binti. Ang mga balahibo sa kanyang binti ay marahan kong hinagod ng haplos.

Nag-angat ako ng tingin sa kay Riguel. He's looking at me intently. His eyes filled with so much desire and craving.

Dahan dahan akong tumayo. I tried to hold his thickness and when I heard him moan, nakaramdam ulit ako ng init sa aking sistema.

I stroked him back and forth. Dumilat siya at siniil agad ako ng halik. Nagpatuloy ako sa aking ginagawa habang naghahalikan kaming dalawa.

He turned the shower again while we were kissing. His tongue thrusting inside my mouth making me think about worldly things!

His hand went to my twin peaks. Gently caressing each one of them as he kissed me forcefully. Tumigil siya sa pag halik nang bumilis ang aking haplos sa kanya. He removed my hand from his and then his hot mouth covered my pebbled tip.

Tumingala ako habang mariin niyang hinahalikan ang magkabilang dibdib ko.

"Riguel…" I groaned.

Tinapos niya ang halik doon at binalik niya sa aking labi. Halos malunod ng halik niya ang tili ko nang inangat niya ako. Agad kong pinalupot ang aking mga binti sa kanyang baywang. My sense of control is long gone. Kanina pa nawala iyon nang pinaramdam sa akin ni Riguel ng ilang beses ang langit.

I grinded against him. His hand is holding my buttocks for support.

I heard him groan. Like I'm frustrating him so much. Mas lalo kong binilisan ang pag grind. I only stopped when I felt him enter me for real.

"Naughty…" bulong ni Riguel.

It was his turn. He pushed and pulled me back and forth him. Halos mapasigaw ako sa pinaghalong sakit at sarap na naramdaman ko sa kanya.

He drowned my loud moans with his hungry and maddening kisses. His tongue claiming every corner of what's his.

Umiwas lamang ako sa kanyang halik nang naramdaman ko ulit iyon.

"Riguel, I'm…"

I couldn't even recognize my own voice.

He continued rocking me on a faster rhythm. I want all of him inside me now. All of him. He groaned as his plunge went deeper making me moan in pleasure.

He pushed me faster and faster while all my senses of time, space, and reason escaped me. Parang nawasak ang buong mundo ko para lang mabuo muli.

I hugged him tightly kahit sobrang hinang hina na ako. And then, I felt his hot release fill me with warmth and terrifying pleasure.

Kabanata 44

Kabanata 44

*OceanofPDF.com*

Goodbye

Masayang masaya ako sa mga araw na naroon kami. Kinagabihan noon ay kumain muli kami kina Judge. This time, inabot na ng madaling araw ang kwentuhan nila kaya sa sumunod na araw ay tinanghali kami ni Riguel sa pag gising.

Kina Judge kami kumain ng tanghalian. Pagkatapos noon ay nagyaya sina Judge na magfishing kaya iyon ang ginawa namin buong hapon.

Then we watched the sunset from the boat. Marami silang nakuhang isda. Nanatili ang mga mata ko sa papalubog na araw habang umaandar na ang sinakyat naming bangka. Pabalik na kami sa shore.

Niyakap ako ni Riguel galing sa likod.

The sunset reminds me of something that's endind. Something that has to end. And I know what it is.

Ang mga nagdaang araw ay ang isa sa pinakamaliligayang araw sa talambuhay ko. Ni hindi ko na maalala ang mga huling masasayang araw ko. Probably when my Mom, Dad, and Yeshua's still around. Right now, I have new favorite days and it's with Riguel. But… it's also ending.

Pagkabalik namin ni Riguel sa suite ay nakita ko agad ang text ni Suki sa aking cellphone.

Suki:

Extend ka ng leave mo, ha? Ingat kayo. I'm hoping for the best sa inyong dalawa. Lalo na sa'yo…

Hindi ako nakapagtext sa kanya nitong mga nakaraang araw. I'm too preoccupied with Riguel. She probably thinks I'm changing my mind.

Ako:

Yes, please. Thanks, Suki. Sorry sa leave. Yayayain ko na rin si Riguel na umuwi.

Suki:

Mag extend ka ng one week. I heard his leave is one week. You should, too.

She really thinks I’m changing my mind.

Ako:

Suki… I’m sorry but I have a ticket to the U.S. for next week.

Ilang sandali bago nakapagreply si Suki. Mukhang hindi niya inasahan iyon.

Suki:

Lili, sana isipin mo itong mabuti. I know how much you love Yeshua and how guilty you are but leaving Riguel will make you eternally sad.

Pinalipas ko ang gabing iyon na masaya kami ni Riguel. I fell asleep in his arms peacefully. Ganoon din siya.

Ngunit kinaumagahan noon ay alam ko na ang mangyayari. Pagkadilat ko pa lang ay nanikip na ang dibdib ko. I couldn’t breathe.

Nilingon ko si Riguel na hanggang ngayon ay tulog parin sa aking tabi. Nanatili ako sa kanyang tabi. I memorized his features, his angled jaw, his perfect nose, his thick eyebrows, his kissable lips…

Baka hindi na ako makahanap ng tulad mo, Riguel.

I waited till he opened his eyes. Nang nagising siya ay tumingin agad siya sa akin.

“Good morning,” he whispered gently.

“Morning…”

I miss the lazy mornings like this. We don’t have much memories of mornings but this one is already for the books.

Niyakap niya ako ng mahigpit at huminga siya ng malalim.

Ilang sandali ko siyang hinayaang ganoon bago ako nagsalita na alam kong siyang ikasisira ng araw niya.

“Riguel, I need to pack for next week…”

It’s actually a week from now already. I need to remind him of that.

Binitiwan niya ako at hinarap. Gusto kong manatiling ganoon ngunit kung ganoon ako kalapit sa kanya, baka magbago lamang ang desisyon ko.

Bumangon ako at tumayo. He remained there, though.

“I know you have work but… some of my things are in Alegria. Pwedeng mag bus na lang ako galing dito para makauwi ka ng Maynila…”

Bumangon si Riguel. Nanatili siyang nakaupo sa dulo ng kama habang hinihilot ang kanyang noo.

Ginulo niya ang kanyang buhok. Kinuha ko naman ang mga damit ko ay unti-unting inipon para maayos at mailagay na sa bag.

Our vacation is over, Riguel. We need to face what’s out there.

“And… uhm… naniwala naman yata si Judge sa atin. Does that mean I can have the house now?” I croaked.

Nilingon ako ni Riguel. His eyes are full of mixed emotions like anger, disappointment, and fear.

“Yes, Lilienne…” he said.

Tumayo siya at hinarap ako. Nanatili akong abala sa paghagilap ng aking mga damit. Inayos ko ang mga iyon sa aking bag.

“Then can you make a new Deed of Sale now so we can transfer all the taxes to my name? And then process the Title?”

“Lilienne!” sigaw ni Riguel.

Napatingin ako sa kanya. Kinagat niya ang pang-ibabang labi niya. It was like he’s pleading now. His eyes is filled with fear.

“Ganito lang ba ang lahat ng ito para sa’yo, huh?”

“Riguel, come on… I don’t want to fight. We started this lie. You know the only thing I want in this relationship is our house…”

Nilapitan niya ako. Takot ang sumibol sa aking dibdib. Umatras ako ngunit nahawakan niya agad ang aking siko.

“Kung ganoon ano ‘tong lahat, huh? You’re jealous of the women around, you can even make love to me, Lilienne! What’s that all about?”

Umirap ako para maitago ang mga luhang nangingilid.

“That’s all a lie to you, too? For what? Anong pakay mo at bakit ka umaaktong nagseselos, kung ganoon?”

“Riguel, please don’t make this hard…”

Hinigit niya ako patungo sa kama. Nanlaban ako ngunit masyado siyang malakas.

Umupo siya sa dulo ng kama. Tiningala niya ako. Tears are in his eyes.

“Why is this hard for you if it’s all a lie, huh?” may bahid na pagsusumamo ang kanyang boses.

“Riguel, syempre mahirap. Kaibigan kita noon. I care for you but not in the same way-”

“Bullshit! You know we were more than friends before! Why the hell would I make love to you the night before you left, then? Huh?”

Kinalas ko ang kamay niya sa aking siko ngunit hinuli niya agad iyon.

“You’re a guy. Sinong lalaking nasa tamang pag-iisip ang tatanggi kung nakapatong na ako?”

“Bullshit, Lilienne! I can push away anyone who’d do that to me that time because deep inside me I think we’re together! Then you left! And now, you’ll leave again?”

Kumawala ako sa kanya at lumayo. Tumayo ulit siya para sana hagilapin muli ako.

“I’ll leave because this is not good. You can find someone else to love. I trust that before I got here, you probably liked someone else already, Riguel. Hindi ako ang babaeng para sa’yo. I will always leave you. I will leave you right now, actually.”

Punong puno ng pagod ang mga mata ni Riguel. He stopped mid-step. Tila punyal ang tumama sa aking puso nang makita ko siyang tumigil. Para bang sumusuko na siya ngayon.

The more I give him hurtful words, the more he’d give up. That’s it!

“I just enjoyed what’s in between us, Riguel. Nothing more. Alam mo ang tunay kong pakay dito at iyon ay ang mansyon at ang lupain-”

“I’ll give you your land just stay with me for another year!” aniya.

Nanlaki ang mga mata ko sa offer niya. It’s tempting! Gusto ko rin sana iyon kaso mahirap ang ganito. Maybe I can afford it someday. Maybe something will bring the land back to me. Hindi ito. Hindi na ako makikipagsapalaran pa kay Riguel. Piper will get hurt. And imagining Yeshua getting hurt for that will kill me!

“It’s fine, Riguel. The mansion is fine for me now. Makukuha ko rin ‘yang plantation balang araw.”

“And you made love to me because?” angil niya.

“That was plain sex. We can both do it with someone else. Don’t act as if it’s a holy thing-”

“Fuck!” sigaw niya sabay hampas sa poste ng four poster bed namin.

Tumunog ang alarm ng cellphone niya. It blinked and my face as his wallpaper lit up. Kinuha niya iyon at binato sa dingding.

Halos mapatalon ako sa ginawa niya. Umupo siya sa kama at hinilamos ang mga palad.

“Labas muna ako para magpahangin. I’m done packing. I hope we can leave before lunch…”

Lumabas agad ako roon, nanghihina. I can’t believe I did it. Hindi ako makapaniwalang nakaya kong gawin iyon kay Riguel.

Bumaba ako sa hagdanan. Nanginginig ang tuhod ko habang bumababa. Pati ang kamay ko.

Seeing Riguel hurt is killing me. I can’t believe I maintained a straight face while we were talking. I could win an oscars for that performance! Dammit!

Umupo ako sa restaurant at umorder na ng breakfast. I can’t stand eating with Riguel after what I did.

Ni wala nga akong gana kumain ngunit kailangan ko ng lakas para sa araw na ito. There’s a big chance I’ll be commuting to Alegria. A bigger chance we’d never see each other again. Paano ko kaya ipapakuha iyong ibang damit ko sa kanyang condo? Or maybe… it can stay there. Anyway, he bought almost all my clothes.

Halos hindi ako makakain. Hindi bumaba si Riguel. Siguro ay nag iimpake at galit. Siguro ay tuluyan niya nang napagtanto kung gaano ako ka walang kwentang babae.

Biruin mo… he pleaded because he thinks that the sex we had means something. Yes, it means something. I would never allow anyone to have sex with me if I don’t love the person. Pero hindi niya na dapat malaman pa

iyon. Ang dapat niyang malaman ay iyong mga bagay na magiging dahilan ng pag ayaw niya sa akin.

I need to set him free. I need him to realize that it's not me he's looking for, it's someone else… And I hope it's Piper. I have done my part, Yeshua. If Piper wants Riguel, I wish she'll do her part, too.

I hope Piper will comfort Riguel. I hope she'll give him the love that he deserves. I hope she'll be patient… she'll understand… That way, Riguel will finally realize that it's her that he needs.

Sinikap kong makakain kahit konti. Isang oras ang lumipas nang bumaba si Riguel. Tumayo agad ako para hindi na kami magpang abot sa lamesa.

"Are you done packing?" I asked.

Umigting ang kanyang panga at hinila ang silyang tapat noong akin. Padarag siyang umupo roon.

He's wearing a dark gray shirt and maong pants. Katatapos niya lang din yatang maligo.

"Maliligo na ako. Tapos na akong kumain. Kumain ka na…"

Tunog caring pa rin iyon! Dammit! Hindi ko na siya hinintay na sumang-ayon. Nilagpasan ko na siya para makapunta sa kwarto.

Naestatwa ako sa harap ng shower habang paulit ulit sa aking isipan ang ekspresyon ni Riguel. He looks so hurt and cold. Hindi ko yata makakayanang buong araw siyang makitang ganoon.

Ayos lang. Uuwi naman ako ng Alegria at siya sa Maynila. We'd be separated today so it doesn't matter!

Nanatili akong nakatunganga sa shower. My tears wouldn't fall because my eyes are so tired. Halos wala na akong naramdaman sa sobrang sakit.

Siguro kapag mamamatay ka na, ganito na ang mararamdaman mo. Numb from all the physical pain. You just wait till your body shuts down and then

you’re dead.

So… heartbreak is worst than dying. Kasi pagkatapos ng pangmamanhid ay uulitin mo ulit ang lahat hanggang sa mamanhid ka ulit. It’s an endless cycle. At least the pain in dying will stop when you’re dead. The pain in heartbreaks? It can last for fucking years that you’d wish for death instead.

Pagkatapos kong maligo ay nagbihis na ako. Nakita ko ang maleta ni Riguel na nakatayo sa gilid ng TV. His phone’s screen is broken, too. it’s in front of the TV.

Bumukas ang pintuan ng kwarto. Nagkatinginan agad kami ni Riguel. Natanaw niyang kagagaling ko lang sa pagcheck sa kanyang cellphone.

“I’m sorry,” aniya. “I’m not really violent. Napuno lang ako kanina…” he explained kahit ‘di na iyon kailangan.

Tumango ako at kinuha ang aking bag. Hinawakan niya agad ang handle ng bag ko at binagsak niya sa itaas ng kanyang maleta.

“Ako na…” he said coldly.

“We’ll separate, anyway, Riguel…”

Umigting muli ang kanyang panga. Tila malapit nang maputol muli ang litid. “Ihahatid kita sa Alegria…”

“You don’t have to, Riguel…”

Dammit! I don’t want to be with him anymore. I don’t want to see him like this!

“Pagkarating natin doon, gagawa ako ng Deed of Sale at papipirmahan ko sa ibang abogado…”

“But we can do that-”

“That’s what you want, right? Then I’m giving it to you right now so if you want this to end, we’ll end it right away, Lilienne!”

Holy shit! Natahimik ako sa sinabi niya. Parang sinaksak ang puso ko roon. I know I don't have the right to get hurt because in the first place, this is what I want. I just can't help it… Hindi naman kasi talaga ito ang totoo. At sa sarili ko lang kayang aminin iyon, hindi kay Riguel.

"Okay…"

Hinayaan ko siyang dalhin ang aking bag habang lumalabas kami ng suite.

Eksaktong alas diez nang nagcheck out kami. But we still need to inform the Judge and his wife, Mrs. Cabral, that we're leaving.

Nilagay ni Riguel sa backseat ng kanyang sasakyan ang aming mga bagahe. Pagkatapos ay sabay na kaming naglakad patungo sa bahay ng Judge. We both saw them at their patio. They were laughing like everything's fine. Well, for them. For us… no.

"Magandang umaga, Judge…" ani Riguel.

His tone is fine. Hindi halata na may problema. Well, he should be good at that.

"Mrs. Cabral…"

"Magandang umaga! Nakapag breakfast na ba kayo?" tanong ni Mrs. Cabral sabay pasada ng tingin sa aming mga damit.

"Tapos na po, Ma'am. We just want to inform you that we're leaving right now…"

"What? Riguel, agaran naman yata masyado? Akala ko ba isang linggo kayo rito?"

Kumunot ang noo ni Judge. Napatayo pa siya dahil sa balita.

"Kailangan naming umuwi ng Alegria dahil may aasikasuhin lang ako, Judge… Ayaw ko pa sanang umuwi kaso kailangan."

“Well, trabaho? Sus! Riguel, wala iyang trabaho kung iisipin mong para ito sa inyo…”

Riguel looked away. Nararamdaman ko ang iritasyon sa kanya. I don’t know for who. Maybe for me.

“Oo nga, Judge. Maybe next time. This is just so important.”

Tumango si Judge. “Well, I do hope everything’s fine with what you’re working on, then… Sayang at akala ko magtatagal kayo rito…”

Ngumisi si Judge sa akin. I gave him a smile, too.

“Lilienne, naku! Baka naman ayaw pang umuwi ng asawa mo, Riguel?” ani Judge.

Naglalakad na kami ngayon patungo sa kung saan pinark ni Riguel ang kanyang Ford. Sumama si Mrs. Cabral at Judge sa amin para ihatid kami.

“Kailangan kasi, Judge. Importante lang sa trabaho…” ani Riguel.

He’s covering up for me! Nilingon ko siya. Hindi siya makatingin sa akin.

“Do you want to leave, Lilienne?” tanong ni Mrs. Cabral.

“Kailangan po kasi naming umalis, Ma’am. Sa susunod na lang po siguro…”

Nag-usap pa sina Judge at Riguel tungkol sa trabaho habang papalapit kami sa sasakyan. Habang ganoon ay ang dami kong naisip.

How are we going to explain it to Nana Sela and everyone in our mansion? How about Riguel’s Lola and Lolo? Ngayon pa lang ay nasasaktan na ako! Ano kayang mararamdaman ng mga matatanda! Damn!

Pumasok na kami ni Riguel sa sasakyan. Kumaway na ang mag-asawa sa amin. Inakbayan ni Judge si Mrs. Cabral. Napangiti ako sa kanila.

Atleast forever is true for some people.

“Salamat po!” sabi ko sabay kaway na rin sa kanila.

“Walang anuman! Balik kayo, ha?”

Ilang sandali ang nakalipas, nang nakalayo na kami, wala nang nagsasalita. Nakakabinging katahimikan ang bumalot sa amin. Riguel didn’t even bother to open his stereo. I didn’t, too. I shouldn’t assume that it’s okay.

Pinikit ko na lang ang mga mata ko habang bumabyahe para maiwasan ang pagtatalo naming dalawa.

Hindi naman ako makatulog. Nanatili lamang akong nakapikit habang nag-iisip ng kung anu-ano.

If after a year I saw Riguel and Piper finally together, how would I feel? I’d be happy for them. But I’ll get so hurt. Kaya hindi na ako magtatangka pang ipagkrus muli ang landas naming tatlo.

It’s enough that I’m letting him go. I can’t take anymore pain from this.

I wish Riguel would be happy for Piper.

Imagine that… ni hindi ko na iniisip kung masaya ba si Piper. Magiging masaya siya, syempre. Mahal niya si Riguel, e.

Tatlong oras yata akong nanatiling nakapikit at nag-iisip lamang sa mangyayari. I feel like I’d lose my mind thinking about it.

Iniisip kong pagkatapos nito, gusto ko munang mapag-isa at magtravel. But then I know that my money won’t let me. I need to work abroad. Work hard. That’s the only way I can forget everything.

I want to ask him about his Lolo and Lola. I’m sure may plano na siya kung ganito ang mangyayari noon ngunit natatakot ako sa magiging sagot niya kaya ‘di ako nagtanong. Ni hindi ko alam kung kaya kong humarap sa mga matatanda. And how about Nana Sela? Ano na lang ang iisipin niya?

Nang nasa Alegria na kami ay tumuwid na ako sa pagkakaupo. Tinaglay ko sa isip ko na ito na ang huli namin ni Riguel. That the story of us is ending

right now. Nasaktan kaming dalawa, oo. Ang sakit na iyon ang nagsisilbing gabay para sa min na hindi kami para sa isa’t-isa. Because if we’re meant to be, it shouldn’t hurt this way.

“Nagpaluto ako kay Nana ng pagkain…” ani Riguel pagkatapos ng mahabang panahon.

Ni hindi ko namalayan ang gutom. Alas dos na ng hapon at hindi pa kami nanananghalian. He did not stop for us to eat. Siguro ay nakaligtaan niya rin ang oras.

“Ayos lang, hindi naman ako gutom,” sabi ko.

“You should still eat…”

Niliko niya ang sasakyan sa gate na pamilyar sa aming dalawa. Parang ito yata ang byaheng ayaw kong matapos. Sana ay manatili kaming bumabyahe buong araw. Kahit na hindi naman kami nag-uusap, ayos lang.

If only there’s a way to rewire the past. I’d do it… All the memories of us are my treasure but if it’ll hurt Riguel this way then I’d rather not meet him. I’d rather make us strangers. Kahit siya lang sa akin. Hindi bale kung ako, kilala ko siya at alam kong mahal ko siya. Basta siya, hindi nasasaktan ng ganito.

Lumabas kami ng sasakyan. Kinuha niya ang kanyang maleta at ang aking bag.

“O, Riguel! Lilienne!” sabi ni Manong tasyo habang nagwawalis sa hardin.

“Magandang hapon po, Manong Tasyo…” bati ko ngunit dire diretso ang lakad ni Riguel patungo sa mansyon.

Sumunod ako sa kanya. Walang nasa sala. Tahimik ang buong mansyon. Siguro’y nag si-siesta silang lahat.

Umakyat agad si Riguel sa aming kwarto. Sumunod ako sa kanya.

“Kumain ka na sa baba…” ani Riguel nang pumasok kami sa kwarto.

Nilagay niya ang kanyang maleta sa gilid ng kama. Naroon din ang bag ko. Umupo siya sa kama at matalim akong tiningnan.

Halos manuyo ang lalamunan ko. Seeing him inside our room made me forget about my real plans. Naiinis ako sa sarili ko. Naiinis ako dahil hanggang ngayon, hindi ko mapanindigan iyon. Hindi kaya ng pagmamahal ko kay Yeshua ang panindigan ang lahat ng ito.

Pupwede bang hilingin na lang na ako lang dapat ang masaktan? I wish Riguel the best so I wish he won't get hurt now.

Sana hindi niya na lang ako mahal. Kasi kung ganito, ang hirap.

"Kailan pipirmahan ang Deed of Sale?"

Pumikit siya at umiling. Humugot siya ng malalim na hininga. Halos magmakaawa siya sa aking tumigil na muna pero hindi ko iyon kayang gawin. I cannot stand to be beside him for another night! I cannot stand an hour with him anymore. If we're ending this I want him gone, right away!

"Can't this wait-"

"You told me you're going to make it right now!" halos pasigaw iyon.

"Fine! Gagawin ko iyon ngayon, Lilienne. Bumaba ka na at kumain ka na roon dahil gagawin ko iyon sa opisina ko!" sigaw niya.

"This means that the house is mine now, right?"

"Yes…" may katiyakan sa kanyang tono.

"Then… are you leaving for Manila before sunset?" halos magmakaawa ako roon.

Hindi ko na kaya, Riguel. Hindi ko na kayang magkasama pa tayo. Pakiramdam ko kapag magkasama tayong dalawa ng isa pang oras, hinding hindi na kita mapapakawalan. I will fail Yeshua. I will hurt Piper. I will forever be guilty of everything. Makukulong ako sa kalungkutan ko.

“Are you so excited to get the mansion, Lilienne?” hindi makapaniwala ang tono ni Riguel.

Tumayo siya at humakbang palapit sa akin. Kitang kita ko ang nagbabadyang luha sa kanyang mga mata. His eyes are bloodshot and his hair a bit disheveled.

“If the mansion is already mine, then you should leave, right?”

Huminga siya ng malalim na para bang kinakalma niya ang kanyang sarili.

“You can always tell the Judge na umalis ako at pumuntang America para magtrabaho if he asks you about me. And then he’ll offer his services to you so you’re saved. ‘Tsaka mo na sabihing naghiwalay tayong dalawa kapag maayos na. Anyway, I won’t file a divorce immediately para sa plano mo…”

“Mukhang pinag-isipan mo talaga itong mabuti, huh?” maagap niyang sinabi.

“Look, Riguel… isn’t this our plan?”

“I have told you already, Lilienne! Mahal kita! Minahal ulit kita kahit pagkatapos mo akong iwan nang walang sinasabi! Hindi mo ba makuha iyon?”

Hinabol ko ang hininga ko dahil sa paninikip ng dibdib. I am gonna break down if he keeps on insisting!

“I don’t want us to separate! I want this marraige for real! I want you to be my wife! I want to marry you in front of God! Not just the papers, Lilienne! Iyon ang gusto ko!” sigaw niya.

“But… Riguel, what about what I want?”

“You want the mansion, I’ll give it to you right away, Lienne,” marahan na ang boses niya ngayon. “Please… just don’t leave me again. Because I don’t understand why you always leave…”

Bumuhos ang luha ko at agad ko iyong pinunasan. Lumapit si Riguel sa akin. He probably felt how much I want it too! Ngunit ayaw kong lituhin siya. Hindi ko nga lang mapasunod ng mabuti ang aking mga mata pero buo parin ang aking utak!

Pinawi niya ang luhang lumandas gamit ang kanyang daliri. Hinawi ko agad ang kamay niya at umatras agad ako.

“I’m crying because I don’t want to hurt you. Riguel, you’re my friend. I care for you. I loved you years ago. But right now… everything is just so different. We’re not on the same page anymore. It’s been eight years… Marami nang nagbago…”

Pula ang ilong ni Riguel nang nag-iwas siya ng tingin sa akin. Tumango siya at bumalik sa kama para maupo. Tumango tango ulit siya na parang may naintindihan sukat sa sinabi ko.

“You know what? I planned this all along when I heard you’d come home…”

Shit… Don’t get this started, please! Oh my God!

“I did my best to keep you. We can still be together for a year, Lienne.”

Nag-angat siya ng tingin sa akin.

“Pero ayaw kong…” umiling siya. “Pilitin ka… Hindi ganito ang pagmamahal…”

Napahikbi ako. Lumipad agad ang palad ko sa aking bibig.

“I can’t stand seeing you unhappy with me.”

Kumunot ang noo ni Riguel.

“But for the past weeks, I actually think I still made you genuinely happy. And I thought everything’s going fine. Kaya ngayon…“Umiling muli siya. “Hindi ko maintindihan. Hindi ko maintindihan.”

“You have forgotten that I can be happy with men, Riguel. With everyone actually. As long as you keep me company. You have forgotten that I am not hard to please…”

Nagtiim labi siya. I thought I’d see anger in his eyes but all I see is fear and disappointment… and a faint of… love.

“So… you were happy with me just like how you’re happy with other men?”

“Yes…”

Fuck it. I don’t want to ever see him again. I could never look at him in the eye again!

Tumango siya na parang may naiintindihan o pilit na iniintindi.

“Naging masaya ka ba habang kasal ka sa akin?” he sounds so wounded.

“Yeah…” I tried to sound as casual as possible.

Tumango ulit siya. “Naging sobrang saya ko. You’re the only woman I want to marry…”

“I’m sure you can still find someone to love. You’re still young…” nanginig ang boses ko. “… and successful.”

“My successes are invalid without you…”

Durog na durog ang puso ko sa sinabi niya. Gusto ko na lang lumuhod sa panghihina. I don’t know how to deal with this if the conversation will grow longer.

“All of these, Lilienne… Yes, I want to become successful. For myself. But part of it, I want to equal your lifestyle. Because I want you to lay in bed, every night, with no worries with me…”

Nag-iwas ako ng tingin sa kanya. Hindi ko alam kung saan pa ako humuhugot ng lakas para labanan ang tawag ng aking puso. Maybe it’s

from my guilt… from everything that’s bottled up inside me.

“So… now, Lilienne… I want you to be honest with me,” ramdam ko ang paninibugho sa kanyang tinig. “Do you want me to leave the mansion?”

Tumango ako.

“Answer me properly. I want to hear it…”

“Yes, Riguel…” mariin kong sinabi.

“Look at me!” he ordered.

Nilingon ko agad siya. Pero nanghihina na ako.

“Yes, Riguel. I want you to leave the mansion…” sabi ko.

Tumango siya at tumayo. Nilingon niya ang mga gamit namin. Pagkatapos ay ang closet namin. What about the appliances here? Lahat ng ito ay gamit niya, hindi ba?

“I’ll take my luggage. Ang mga gamit kong iba, ipapakuha ko na lang kay Mang Luis…”

Para akong natuklaw ng ahas. Hindi ako makapaniwala. It’s really happenning!

Kinuha ni Riguel ang kanyang maleta. Nilapag niya ang aking bag sa kama.

“I’m gonna make the Deed of Sale in the municipal hall. Iiwan ko iyon kay Atty. Abella. Just go and get it there tomorrow…”

“Okay…” nabasag ang boses ko. “I’ll… uh… hire a… truck to get all your appliances. Saan ko ipapadala? Sa condo mo o sa-”

“The appliances will stay here,” aniya.

“Riguel…” nanghihina kong sinabi.

“All of that. And… I’ll also process the transfer of the Title for the plantation. I’ll give it to you…”

What the heck?

Just…

Wait… a sec?

Nanlaki ang mga mata ko.

Hindi ko alam na ganito kasakit pala kapag ibabalik na sa akin ang plantation! Ayaw kong tanggapin! Bakit niya ibabalik? Tangina!

“Riguel, the plantation is… rightfully yours-”

“Kukunin mo rin sa akin iyon, hindi ba? Mag iipon ka lang?” he said.

Hindi ako makasagot. Hindi ko alam na may mas sasakit pa pala sa lahat ng ito!

“I will give it to you… I only bought all of these in the hopes that you’d come back. Now you are… but you only want it… without me. So what’s the use of it all, right?” he said calmly now.

“Hindi ko matatanggap iyan-”

“Ibabalik ko sa’yo iyan, Lilienne! Kung kukunin mo sa akin ang mansyon, ayaw kong nakikita kita rito tuwing naghaharvest ng mga bulaklak! Ayaw kong natatanaw kita nang ‘di ka nagiging akin! Naiintindihan mo ba? Ha?” singhal niya sa akin.

Kinagat ko ang labi ko.

“Hindi ko matatanggap na matanaw kita sa harap ng lupain ko! Hindi ko maiintindihan kung bakit hindi mo ako magawang mahalin! Dahil mahal na mahal kita! Kahit sobra akong nasaktan noong umalis ka nang ‘di man lang nagpaalam! Minahal parin kita! Minahal ulit kita!” sigaw niya.

Humakbang siya palayo sa akin. Kung nakakamatay lang ang sakit na ito ay kanina pa ako namatay.

“I’m sorry…” Huminga siya ng malalim. “I didn’t mean to shout at you. Ayaw ko ring isumbat lahat dahil hindi mo naman ako inutusang mahalin ka…”

Pinasadahan niya ng daliri ang kanyang buhok at nagpatuloy sa paglalakad dala dala ang kanyang bagahe.

Iyan lang ang dala niya paalis sa mansyon. Wala nang iba. At ibibigay niya lahat ng ito sa akin.

It’s not right. I’d rather see him take our land than see him without it. It’s unfair.

“Goodbye, Lilienne…”

Hinawakan niya ang door handle at binuksan ang pintuan ng kwarto namin.

Lumabas siya at sinarado ang pintuan. Naestatwa lamang ako roon habang tinitingnan ang pintuan na sarado.

Goodbye, Riguel…

Kabanata 45

Kabanata 45

*OceanofPDF.com*

Plan

Lubusan ang panghihina ko. Nanatili akong nakatayo roon, mag-isa.

Pilit kong inaalala ang dahilan ng bawat desisyon ko. But my heart would never listen to me. Pakiramdam ko nga inaayawan niya na ako. Pakiramdam ko hinding hindi na muli susunod ang puso ko sa akin dahil sa nangyari.

Will Yeshua be happy with my decisions? Of course, Piper will finally be happy. Ngunit mamahalin ba siya ni Riguel? Maaari. Kayang kaya ng mga taong magmahal muli, Lilienne. Yeshua, is this okay? Is this fine? Are you going to be happy?

Nagmadali agad akong lumabas ng kwarto. Tinakbo ko iyong patungong hagdanan.

Naabutan ko si Riguel na palabas ng pintuan. Si Nana Sela at ang mga kasambahay ay nasa sala at pinapanood ang pagalis niya. Did he tell them?

“Lilienne, ano ito?” mariing buga ni Nana Sela sa akin.

“Ma’am…” tawag ni Inday habang umiiyak.

Dahan dahan ang pagbaba ko sa hagdanan. Hindi ko sila masagot. Dahil sa totoo lang, wala rin akong maisagot sa kanila.

“Lili!” tawag ulit ni Nana.

Sa labas ay nakita kong nilalagay na ni Riguel ang kanyang maleta sa likod ng kanyang sasakyan.

Pinatunog niya ang Ford at pumasok na siya sa driver’s seat.

Saan kaya siya pupunta? Saan siya matutulog? Kina Lolo at Lola? O baka didiretso siya sa Maynila? Pero malapit nang gumabi. Mahirap bumyahe ng mag-isa kapag gabi.

I feel like I want to find more reasons for him to stay because my heart just wouldn’t let him leave. Pakiramdam ko susukuan na ako ng puso ko ngayon kung hindi ko siya susundin.

Lumabas ako ng mansyon. Umatras ang Ford at niliko niya iyon para matutok na sa gate.

Tinakbo ko ang konting distansya pababa ng hagdanan para mas makalapit. Kusang tumulo ang luha ko ng walang pawi. Humagulhol na ako nang pinaharurot niya na ang sasakyan patungo sa aming gate.

“Riguel…”

Tinakpan ko ang aking mga mata. Hindi ko kayang makita siyang umaalis.

Tumunog ang gate bilang pahiwatig na bumukas na iyon. Nanghina ang tuhod ko kaya unti unti na lang akong umupo sa daanan.

I am so emotionally unstable. Maybe my decision is right, too. Maybe it’s okay. Maybe it should be done kahit na sobrang sakit at kahit na ayaw ko. Dahil wala akong maibibigay kay Riguel. Hindi niya ako maaasahan sa pagmamahal dahil ako mismo kailangan kong mahalin ang sarili ko.

I need to forgive myself. I need to realize that there’s just nothing I can do to change the past. Oo, pwede akong bumawi and I am willing to do sacrifice myself for it but… I can’t live like the all my life. I’d be wasting this lifetime for the past.

Yeshua, I am so sorry that I couldn’t, once again, sacrifice for you. I am so sorry for being a stubborn twin. Sabi nila, isa daw sa kambal ay mahina, ang isa malakas. Clearly, you’re the strong one and I’m the weak.

I’m so sorry to disappoint.

Humikbi ako at kinusot ang aking mga mata. Suminghot ako. Sobrang bigat ng pakiramdam ko. Hindi ko alam kung anong sasabihin kina Nana Sela at sa mga kasambahay. I’m back to zero. I don’t know what to do now.

Binaba ko ang kamay ko at para akong natuklaw ng ahas nang nakita ko si Riguel sa harap ko. Naka-squat siya roon habang pinagmamasdan akong mabuti. His eyes were tired and bloodshot.

“Riguel…”

Parang unti unting nag-init ang aking sistema. Ang kaninang sobrang sakit na puso ay unti-unting nabuhay at uminit!

“Ang hirap umalis…” iyon lamang ang nasabi niya.

Inabot ko agad ang kanyang batok at hinila ko siya palapit sa akin para mayakap ng sobrang higpit. Humagulhol ako sa kanyang balikat. Hindi ako makapagsalita dahil kinakain ng iyak ko ang mga salitang gustong mamuo.

“Do you want me to stay?” tanong niya.

Tumango lamang ako. Hindi ko parin siya pinapakawalan. Pakiramdam ko kung kakalas ako ay iiwan niya na ako ng tuluyan. Sumuko na siya sa akin. Like how it should be because I couldn’t properly organize my emotions. I am not even mentally healthy for all of these. Puso ko na lang ang tanging gumagawa para sa akin ngayon!

“I’m sorry. I’m sorry… ‘Wag mo akong iwan!”

Paulit ulit ko iyong sinabi sa kanya. Nanginginig ang balikat ko sa sobrang pag-iyak. Pakiramdam ko ay mawawalan ako ng malay sa lahat ng ito.

“‘Wag mo akong iwan, Riguel. I’m sorry. ‘Wag mo ‘kong iwan. ‘Wag mo ‘kong iwan… ‘Wag mo ‘kong iwan… ‘Wag mo ‘kong iwan.”

Hindi ko na maalala kung kailan ako umiyak ng ganito. I think this is the first time I cried so hard that I feel like I’d diebecause of the pain.

Pabalik balik ko iyong sinabi. Every word with conviction. I could swear I’ve never been this desperate. At para sa kanya. Lagi.

Hinagilap niya ang aking mga binti at ang isang kamay niya ay hinawakan ang aking likod bilang suporta. Nanatili akong nakayakap sa kanyang

batok, nanghihina.

Tumayo si Riguel. Inangat niya ako at naglakad siya pabalik sa bahay.

“Manong Luis…” ani Riguel at tumigil siya.

Humihikbi parin ako sa kanyang balikat. Hindi ako dumidilat. Natatakot ako na baka hindi totoo ang lahat ng ito.

“Pakibalik po ng sasakyan ko sa garahe. Nasa gate na…” ani Riguel.

“Sige, Riguel…”

Pagkatapos ng usapan nila ay dahan-dahan na siyang naglakad patungo sa mansyon. Kapag ba nilapag niya ako, iiwan niya na ako? Kapag ba pinakawalan ko siya, tutuloy na siya?

Fuck! I don’t want to let go!

“Riguel, anong nangyayari?” bungad ni Nana nang nakabalik kaming mansyon. “Kinakabahan kami sa inyong dalawa! Nagpahanda ka kanina dahil kaarawan mo ngayon tapos ganito?”

Oh my God!

Mas lalong humigpit ang yakap ko sa batok ni Riguel. Pakiramdam ko ay masasakal ko na siya. I just want him so close to me. This close isn’t even enough. I want him closer!

“Mag-uusap po tayo mamaya, Nana. Iaakyat ko lang si Lilienne…” ani Riguel.

Iaakyat niya ba ako para makaalis na siya? Para matuloy ang pagalis niya?

“‘Wag mo ‘kong iwan… Please… Parang awa mo na, Riguel… Huwag mo akong iwan…” tumulo muli ang panibagong luha ko.

Inaakyat niya na ako ngayon patungo sa kwarto. I have completely lost myself.

Binuksan niya ang kwarto namin at pumasok na siya roon. Sinarado niya ang pintuan at unti-unting tinungo ang kama.

Marahan niya akong nilapag sa kama ngunit ayaw ko siyang bitiwan. Nanatili akong nakayakap sa kanya.

Hinawakan niya ang kamay ko.

“Lilienne, I have things to do…” seryoso niyang sinabi.

“I’m sorry…” ulit ko.

Nanghina ang kamay ko. Unti-unting kinalas ni Riguel ang braso kong nakapalupot sa kanyang batok. Binaba niya iyon at nilagay niya sa aking tabi.

“I’m sorry…”

“Magpahinga ka muna. Mag-uusap tayo pagkatapos mong magpahinga…” aniya.

“Are you going to leave?” nanginig ang boses ko.

Umigting ang panga niya. Medyo natagalan siya sa pagsagot. It’s breaking my heart but I know I can’t blame him.

“No…”

Tumango ako.

Hinawakan ko ang kamay niya at pinatong ko iyon sa aking tiyan. Inayos niya ang comforter. His hand rested on the top of my stomach as he combed my hair using his fingers. Para akong nahi-hypnotize sa kanyang haplos. Pagod ako ngunit hindi ako inaantok kanina. Ngayon, parang inaantok na ako.

Hindi ko alam kung ilang minuto o oras nanatiling ganoon si Riguel. Basta ang alam ko, nakatulog ako dahil sa kanyang haplos.

Natuyo ang luha sa aking pisngi. Mahapdi ang mga mata ko pagkagising. Agad akong luminga linga sa buong kwarto.

Iniisip ko ba kung totoong nag-away kami ni Riguel. Ang hapdi sa aking mga mata ang patunay na nangyari nga iyon.

And… dammit! Riguel isn't around our room!

Bumangon agad ako at tumayo. Tinakbo ko ang distansya patungo sa pintuan.

Pagkalabas ko ay bumaba agad ako sa hagdanan, nagmamadali.

Nilingon ko ang terrace at nakita kong papalubog na ang araw.

Tahimik ang bahay. Tumakbo ako patungo sa terrace ngunit walang tao roon. Dumiretso ako sa kusina at agad kong naabutan si Nana.

"Lilienne!" pagalit niyang untag.

"Na, si Riguel po?" nanginig ang labi ko.

"Nasa kanyang opisina, bakit?"

Tatakbuhin ko na sana patungo sa kanyang opisina ngunit natigilan ako. Pakiramdam ko mababaliw na talaga ako. Riguel is just in his office. Lilienne, please calm down! Calm the fuck down!

"Anong nangyayari sa inyong dalawa?" ani Nana at nilahad ang upuan sa counter.

Mabilis ang hininga ko. Gusto kong umakyat at puntahan siya sa kanyang opisina. Iyon lamang ang laman ng utak ko ngayon. Wala nang iba.

Nagsalin si Nana Sela ng tubig sa baso at nilapag niya sa counter, sa tapat ko.

"Kaarawan ni Riguel ngayon, Lilienne…" ani Nana.

Napasinghap ako sa sinabi niya. Naalala ko ulit ang nasabi ni Nana kanina. Ni hindi ko alam na ngayon ang kaarawan niya! Dammit! And I didn't even care about it!

"Hindi ko po alam…" sabi ko sabay hawak sa basong nilapag ni Nana.

"Nag-away kayong dalawa? Tinaboy mo siya?" ani Nana.

Pagod kong tiningnan si Nana. Humugot ng malalim na hininga ang matanda at pagkatapos ay umiling.

"Lilienne, sinabi mo na ba sa kanya ang trahedyang nangyari sa pamilya mo?"

Namilog ang mga mata ko sa tanong ni Nana. How did she…

"Huwag mo akong tingnan ng ganyan. Alam ng mga dating kasambahay n'yo ang nangyayari kay Yeshua, baka nakakalimutan mo…"

Umiling ako kay Nana.

I wonder if she knows what really happened. I am willing to tell Riguel about what happened now. I figured this is so unfair to him. Sasabihin ko sa kanya lahat ng dahilan ko at siya na ang bahalang magdesisyon kung matatanggap niya pa ba ako o hindi na.

"Kailan mo balak sabihin iyon, Lilienne?"

"Papalipasin ko po muna ang kaarawan niya. Maraming nangyari ngayon-"

"Pati ba ang pagkamatay ni Martin at Vivienne?"

Hindi ako nakapagsalita sa gulat. Nana knows everything! I wonder if Roselle told her what happened?

Umismid si Nana sa akin. Sarkastiko siyang ngumiti pagkatapos ay bumuga ng malalim na hininga.

“Tumatawag si Martin dito sa mansyon noon, Lilienne para ibalita sa akin ang nangyayari. Pinagkakatiwalaan niya ako at hindi ko siya binigo. Hindi ko pinagsabi ang mga nangyari sa inyo tulad ng gusto niyang mangyari. Si Samuel ang nagbalita sa akin na patay na si Martin isang taon ang lumipas… Ilang taon na siyang patay?”

“Higit dalawang taon na po…” nanghina kong sinabi.

“Inilihim ko ang lahat dahil iyon ang naging pangako ko sa pamilya mo. Inaantay ko ang pagdating mo para masabi mo sa akin ang tunay na nangyari ngunit tila nililihim mo parin hanggang ngayon…”

“Pasensya ka na, Nana. Marami pong nangyari. Hindi ko dapat nilihim ngunit itong lahat ang bumungad sa akin. I didn’t know that Riguel’s the owner of our land. And if I told him what happened, ayaw kong kaawaan niya ako especially that he’s all pride the first day we met.”

“Dalawang buwan at hindi mo parin nasasabi sa kanya? Paano kung sa iba niya ito malaman?”

“Sasabihin ko na rin po sa kanya ngayon.”

“Alam ko ang mga kilos ni Riguel. Alam ko ang tungkol sa kasal n’yong dalawa. Gustong gusto ko nang sabihin sa kanya ang totoo ngunit alam kong hindi ako dapat ang magsabi sa kanya nito.”

Napainom ako ng tubig. I really need to tell Riguel. I don’t care if recalling it hurts me. Come on… wala yatang makakatalo sa sakit na naramdaman ko kanina. Ito pa ang kakatakutan ko?

“Ang Tito Samuel mo ang nakakausap ni Riguel noong namatay na si Martin. Hindi ko maintindihan kung bakit nililihim ng Tiyuhin mo ang nangyari pero naniwala akong may rason ang pamilya n’yo kaya hindi ko rin nasabi kay Riguel.”

Tumango ako kay Nana. Riguel believes that my family is still abroad. He believes in me… in us… too much. He did not dare question anything I told him because he trusts me.

“Ilang beses tinangka ni Riguel na tawagan ang Tiyuhin mo pagkatapos ng kasal n’yo, Lilienne. Ngunit sa huli ay sumusuko siya dahil gusto niyang ikaw mismo ang pumili sa kanya.”

Tumango si Nana sa akin. Hindi ako makapaniwala sa sinabi niya.

“Alam ko na gustong gusto siya ni Vivienne para sa’yo. Alam niya rin iyon. Gustuhin niya mang hingin ang kamay mo ng diretso sa mga magulang mo, ayaw niya paring pilitin ka dahil lang gusto siya ng mga ito. Kung hindi ganoon ang kanyang prinsipyo, matagal ka nang nabisto, Lili.”

Kinagat ko ang labi ko. Hindi ko alam na ganyan ang nangyari. Oh my God!

“Ayaw niyang may makialam sa inyong dalawa. Gusto niya ng desisyon mo. Gusto niyang magdesisyon kang mag-isa. Gusto niyang sa sarili mo nanggaling ang pagpili mo sa kanya.”

“Nana, I’m sorry…” halos pabulong iyon.

Ngumiti si Nana. “Nakalimutan mo yatang ulila na rin siya, Lilienne. Kaya kung may mas makakaintindi man sa’yo, siya na iyon…”

Tumango ako.

Pumasok si Inday at Geling sa loog ng kusina. Nagbubulungan pa ang dalawa. Tumuwid ako sa pagkakatayo at nilingon na sila ni Nana.

“Tawagin mo na ang asawa mo at maghahanda na kami ng hapunan n’yo…”

“Sige po…” sabi ko.

Tiningnan ako ni Inday at Geling. Parang takot silang magtanong o magsalitang dalawa. Ngumiti na lamang ako at lumabas na ng kusina para akyatin si Riguel sa kanyang opisina.

Nang kaharap ko na ang pintuan ay humugot ako ng malalim na hininga bago kumatok.

Pagkatapos kong kumatok ay pumasok na ako.

Naabutan ko siyang malalim ang iniisip. Nakatuko ang kanyang siko sa lamesa at ang kanyang kamao ay nasa noo. Tumuwid siya sa pagkakaupo nang nakita ako.

Tumikhim ako. Hindi ako makatingin sa kanya ng diretso. Pagkatapos ng nangyari, nahihiya na ako sa kanya. Pakiramdam ko wala akong karapatang humarap sa kanya. Ang dami dami kong masasakit na salitang pinakawalan at hindi ko na yata mababawi ang lahat ng iyon.

“Uh…”

Kinurot ko ang kamay ko. Tig iisang hakbang lang ang nagagawa ko palapit sa kanyang lamesa.

Tinuro ko ang pintuan para maintindihan niya ako kahit ‘di nagsasalita. Titig na titig siya sa akin.

“Naghahanda na ng hapunan sina Nana Sela sa baba. Uh… birthday mo pala…”

Tumawa pa ako para takpan ang hiyang nararamdaman ngunit mas lalo lang yata akong nahiya. Uminit ng lubusan ang aking pisngi. Hindi ko siya matingnan ng mabuti.

Hindi siya nagsalita. Nanatili siyang nakatitig sa akin.

I realized he did not change yet. Hindi parin naman ako nagbibihis pero iyon ay dahil nakatulog ako. I wonder if he still has plans of leaving?

“Susunod na ako. Magbihis ka muna…” aniya.

Hindi na ako nag-antay ng idudugtong niya. Mabilis na akong nagtungo palabas ng kanyang opisina para sundin ang gusto niyang mangyari.

Naligo ako at nagbihis. Akala ko pagkatapos ko ay nasa kwarto na siya pero wala parin siya roon.

Nasa opisina pa kaya siya o nasa baba na? Hindi parin siya nagbibihis, ah?

Pagkalabas ko ng kwarto namin ay siyang paglabas niya ng opisina. Seryoso ang kanyang mga titig, tila ba maraming bumabagabag sa kanya. Nag-iwas agad ako ng tingin at nakisabay sa kanya pababa ng hagdanan.

“Lilienne, Riguel?” tawag ni Nana Sela galing sa dining.

Sa dining ay naroon na ang mga kasambahay at si Manong Tasyo at Manong Luis. Sasabay yata sila sa pagkain sa amin dahil syempre, kaarawan ni Riguel.

Maraming pagkain. May cake pang simple sa harap.

“Nasabi mo ba sa Lolo at Lola mo na nasa Alegria kayo ni Lilienne?” bungad ni Nana nang napalapit kami sa lamesa.

Tahimik ang mga kasambahay habang kuryoso kaming tinitingnan. Ngumiti lamang ako sa kanila. Alam kong napapansin nila ang pamamaga ng aking mga mata. Well, of course they saw what happened. They saw how I begged for Riguel to come back, alright.

“Hindi ko pa sila nakakausap. Baka bukas ay dadalaw ako…”

“Sana inimbitahan mo na lang ngayon. Alam mo naman ang mga matatanda…” nilipat ni Nana ang kanyang tingin sa akin. “Pero maayos na rin siguro na hindi. Kapag nalaman ng dalawang nag-aaway kayo ay baka malungkot lamang sila.”

Yumuko ako. Hindi ako makabawi sa sinabi ni Nana.

Umupo na si Riguel sa gitna. Ako naman ay nasa kanyang tabi.

“Kumanta tayo para kay Attorney!” maligayang sinabi ni Marya.

Pumalakpak sila at nagtawanan pagkatapos ay sabay sabay na kinantahan si Riguel ng “Happy birthday…”

I awkwardly joined the singing of the song. Tipid lamang na ngumiti si Riguel sa ginawa ng mga kasambahay.

“Kainan na! Yehey!” anina Inday at Geling.

Pinauna ko silang kumuha ng mga ulam. Kahit na ‘di kami nakapagtanghalian ay hindi ako nakaramdam ng gutom.

Kinuha ni Riguel ang kanin at nilagyan niya agad ang aking pinggan. Kitang kita ko ang pagsulyap ng mga kasambahay sa aming dalawa. Nararamdaman kong kuryoso talaga sila sa nangyayari sa amin.

Pagkatapos lagyan ni Riguel ng kanin ang kanyang pinggan ay kumuha siya ng ulam.

“You like this?” he asked me.

Kaldereta yata iyon. Tumango ako at nilagyan niya agad ang aking pinggan.

I am not blind. His simple and consistent gestures are touching. But I still chose to break his heart because of my guilt. Kahit anong gawin ko ngayon, hindi ko na mababago ang nakaraan. Makakabawi ako kapag sinakripisyo ko ang kaligayahan ko ngunit hindi ko magawa.

I hope Yeshua forgives me. I hope he’d understand. Yesh, I know you only want to protect me, too. But Riguel is real… he makes me happy. He makes Piper happy, too, but I don’t think she can be eternally happy with Riguel. Kung hindi siya mamahalin ni Riguel, magiging miserable lamang siya.

I know this is a selfish gesture. I know that I should give Riguel time to try and love Piper pero… Yesh… hindi ko ata kaya. Hindi ko kaya.

Babawi ako sa ibang paraan. Babawi ako, pangako. Hindi ganito. Hindi si Riguel ang kabayaran ng lahat ng ito.

Kinwento nina Manong Tasyo at Manong Luis ang nangyari sa flower farm at kung anu-anong bulaklak sa greenhouse ang maayos na. Ang mga kasambahay naman ay nagkwentuhan tungkol sa pinapanood na teleserye. Tumatawa lamang ako kasabay nila ngunit ‘di ako dumudugtong sa kwento.

Pagkatapos kumain ng hapunan ay hinati hati na agad ang cake. I did not even know that it’s his birthday. Ni wala akong regalo sa kanya.

I recalled what happened the whole day. We woke up happy but I ruined his morning by telling him so many hurtful words. Pagkatapos noon, tila impyerno na lahat ng sinabi ko sa kanya. All of them were lies. Nakaya kong sabihin sa kanya iyon ng harap harapan at nang ‘di kumukurap dahil sa kagustuhan kong umalis na siya.

Ito ang naging regalo ko sa kanya?

Hindi na ako makakain ng maayos dahil sa iniisip ko.

Sasali sana ako sa pagliligpit ng mga pinggan ngunit pinagalitan na ako ni Nana.

“Kami na rito, Lili. Ang dami namin, sasali ka pa…” ani Nana sa akin.

“Akyat muna ako. Magliligpit lang ako ng gamit…” ani Riguel at nilagpasan agad ako.

Natigil ako sa pagliligpit ng pinggan at pinagmasdan ko siyang lumalayo. Magliligpit? Is he going to… leave?

Nilagay ko na sa pinggan ang mga kubyertos at iniwan na sila roon para sundan si Riguel. Kumakalabog ang puso ko habang umaakyat sa hagdanan.

Pumasok agad ako sa kwarto at naabutan ko siyang binubuksan ang kanyang maleta. Nag-angat siya ng tingin sa akin.

“Are you leaving?” I asked.

Kumunot ang noo niya sa akin.

“No…”

Tumango tango agad ako. Nababaliw na yata ako.

Inayos niya ang mga damit niya. Lumuhod ako sa harap ng kanyang maleta para tulungan siyang mag-ayos. Ilalagay pa namin sa loob ng walk in closet itong mga damit niya para ‘di na siya makaalis!

“I’m sorry for all the things I said, Riguel…” sabi ko habang tinutupi ang mga t-shirt niya.

Hindi siya nagsalita. Nanatili siyang nakatingin sa akin.

“They were all… lies… Because I want to get rid of you right away…”

Hindi ko alam kung paano ko iyon nasabi ng diretso. Tumango siya.

Tumigil kami sa pag-aayos ng kanyang gamit. Nanatili ang mga mata ko sa kanya kahit na nagbabadya na naman ang luha sa akin.

“Kung umalis ka kanina, hindi ko alam kung anong gagawin ko…” nanginig ang boses ko.

“Kung umalis ako kanina, hanggang munisipyo lang ako. Babalik ulit ako rito…” aniya.

Umismid ako sa kanyang sinabi. Liar! I was so sure he’d leave me for real! Ibalik ba naman sa akin ang plantation? Ibigay ba naman sa akin ang lahat? He wants all connections to be cut between us!

At least sana kung akin ang mansyon at kanya ang plantation, our paths would cross somehow. His words were marked with finality and it hurt me so much. Kahit na sabihin nating ginusto ko iyon. Ginusto ng mga rason ko pero ng puso, hindi! Kaya hirap na hirap akong magdesisyon ng maayos!

“Hindi, e. Maiintindihan naman kita kung talagang umalis ka na ng tuluyan.”

“I called your cousin. Para makausap ko ang Tiyuhin mo kanina, Lilienne…” his tone is stone cold now. “May hindi ka ba sinasabi sa akin?”

Halos matigil ang pagluha ko sa sinabi niya. Nanatiling seryoso ang kanyang mga mata.

“When I left, my original plan was to make the Deed of Sale. Sa munisipyo ko iyon gagawin. My last resort was to call your family. Nag iba ng numero ang tiyuhin mo kaya ang pinsan mo ang tatawagan ko. I called him while you were asleep…”

Shit…

“He said…” tumigil siya at tiningnan akong mabuti.

Humugot ako ng malalim na hininga at panandaliang tumahimik. He knows…

Kabanata 46

Kabanata 46

*OceanofPDF.com*

I Promise

“Uuwi ako ng Maynila pagkatapos ko sa munisipyo. Ngunit bago iyon, gagawa ako ng Deed of Sale at kakausapin ko ang mga magulang mo o kahit ang Tito mo na lang… I’m planning to tell them that I’m giving you back the land… and I want to say sorry for forcing you to marry me…”

Nanlaki ang mga mata ko.

“Hindi ako natuloy sa munisipyo kaya rito ko ginawa ang pagtawag. Kanina habang natutulog ka.”

Kinagat ko ang labi ko. Ayaw ko sanang sabihin ito lalo na’t birthday niya ngayon ngunit… kung ganito ang pupuntahan ng usapan…

“So I think… kung natuloy ako sa munisipyo at nalaman ko iyon doon, hindi na ako makakalabas ng Alegria. I’ll come back here immediately because I don’t understand… I want to understand…”

Tumigil ako sa pag-aayos ng gamit. Tinabi ko iyong damit ni Riguel at tiningnan ko na lang ang mga kamay ko.

Compared to Piper, this is different. Riguel deserves to know the whole story. I need the courage to tell him properly.

Hinilamos ko ang aking kamay sa aking mukha at tumayo. Tiningala ako ni Riguel. Pumunta agad ako sa sofa para makaupo ng maayos. Ilang sandali ang lumipas nang sumunod siya roon malapit sa bintana. He opened the glass windows wide. Bumunghalit agad ang hangin galing sa labas.

Humilig siya roon at madilim akong tiningnan. It’s like he’s waiting for me to tell him all of my faults… and I’m ready.

“High School kami noong nagkaroon ako ng issue with Oliver. The basketball player.”

“Uh-huh…”

Ngumuso ako. I'm kind of intimidated but I continued. "Mag-uusap sana kami noong ex niyang si Mayette. Hindi ko alam na may kasama siyang dalawang lalaki. Ipapabugbog niya yata dapat ako… or God knows what… Unfortunately, though… Yeshua came to save me."

Recalling everything was so painful. Hindi ko inakalang sa pagsasabi nito kay Riguel ay parang binudburan ng asin ang sugat kong dapat ay naghihilom na!

"Hinampas noong isang lalaki ang ulo ni Yeshua ng tubo. He got unconscious. I panicked but we were alone. Umiyak lamang ako roon. Humihingi ako ng saklolo pero walang ibang tao. And then he woke up after… I don't know… minutes…"

Nilingon ko si Riguel. Nangingilid na ang luha sa aking mga mata. He's just standing there looking at me intently.

"Then he told me that I shouldn't tell anyone what happened. Sa puntong iyon, ang tanging naisip ko lang ay ang katuwaan kong nagising na siya. At syempre, ang takot kong baka mapagalitan ako dahil pinahamak ko ulit ang aking kambal…"

That's what I really feel. Although a part of me thought that maybe we need to go to the hospital to have Yeshua checked, I didn't push it hard enough to happen.

"Gusto kong magpatingin kami pero mas nangibabaw ang ginhawang naramdaman ko na ayos lang siya at pati ang takot ko, Riguel…"

He did not react. His face remained straight and his eyebrows furrowed.

"Then after years, we discovered that he has traumatic brain injury. A rare case. The doctor said he's lucky he's alive years after the injury… kasi 'yong iba raw, araw lang, patay na agad…"

Nanginig ang boses ko. Tumulo ang luha sa aking mga mata. Can you believe it? I don't remember the first time I told someone about this.

“Syempre, Riguel, sinisi ko ang sarili ko sa nangyari. Grade 12, I’m already a mess. All I think about was Yeshua. Sinisisi ko ang sarili ko pero umasa parin ako na magiging maayos siya. Hindi siya nagrereklamo kung masakit. Iyon ang mas nagpahirap sa amin.”

Hinilot ni Riguel ang kanyang sentido habang nakapikit.

“I like you, that time. I’m sure you know that. But my internal turmoils were worse than you can imagine.”

“Bakit mo nilihim?” he asked.

“Yeshua asked all of us to keep it a secret. Ayaw niyang malaman ni Piper na may sakit siya. Umasa siyang gagaling siya at babalikan din ang Alegria… pati si Piper. Umasa rin ako kaya pinagbigyan ko siya. And… I’ll do everything my twin asks of me even if it means hurting you…”

Dumilat siya at tiningnan ako.

Umiling ako. I’m sorry, Riguel.

“Of course, anyway. That time I don’t know if you were serious about me. Hindi naman tayo! You have… Isabella Thomas and-”

“I told you there’s nothing in between me and Isabella…”

“Well, how should I know? Right? And that’s the last thing I’m concerned of anymore. Kung mayroon kayo, e ‘di kayo na. Tutal ay aalis na rin naman ako, Riguel. Pero bago iyon, iniisip ko na ibibigay ko ang una ko sa lalaking tunay kong minahal.”

Suminghap si Riguel at lumapit sa sofa. Halos humagulhol na ako sa sakit na naramdaman ko. Can you imagine how torn I was that time? And Riguel, I know, just isn’t my priority. Is it bad if I admit that leaving him isn’t as painful as thinking that Yeshua’s going to die?

Hinila niya ako patayo at nilapit sa bintana. Medyo gumaan ang loob ko nang makalanghap ng sariwang hangin galing sa labas.

He looked stressed as I wiped my tears. Hinawakan niya ang aking mga siko.

“It’s your birthday…” I pointed out.

Tumango siya.

“You should be happy. Hindi iyong maririnig mo ‘to…”

“I want to know what happened with your life, Lienne.”

Tumango ako at yumuko para mag-isip kung paano ipagpapatuloy.

Bumaba ang kamay niya sa aking baywang. His touch is soft and tender. Like I’m a fragile porcelain he wants to take care of.

“Then… umalis kami ng America nang ‘di sinasabi sa kahit kanino…”

Hindi siya nagsalita roon. I was surprised. I can welcome his thoughts about it but maybe he wants me to continue.

“With the help of my Tito, nagpatherapy si Yeshua. Nagkaroon din siya ng mga operation. Syempre, El Nino noon. Pahirapan ang flower farm lalo na’t wala si Dad para alagaan iyon. Naubos ang pera namin sa pagpapagamot ni Yeshua. I decided to stop going to college so I can help. Lalo na noong inatake si Daddy. Nagkaroon siya ng mild stroke. Maybe that was the time he leased the plantation. I didn’t know he leased it to you…”

“I was studying Law that time. I have money from working…”

Ngumiti ako at tumango. Humugot ako ng malalim na hininga bago nagpatuloy.

“Then, Yeshua died. Sa dami ng operasyon, hindi na naagapan. I was so heartbroken, Riguel. Hindi ko kayang umuwi ng Pinas dahil maaalala ko lang ang kambal ko. Ang kasalanan ko. Ako talaga iyong dahilan, ‘di ba?”

Hinawakan ko ang kanyang damit. Pinipilit ko siyang aminin na kasalanan ko ang lahat pero nanatili lamang siyang nakatitig sa akin.

“It’s my fault! Kung hindi lang ako nakipagkita roon, hindi na sana nangyari iyon kay Yeshua. Dapat buhay siya ngayon!”

My tears erupted. Pinunasan ni Riguel ang mga panibagong luha sa aking pisngi.

“It’s not your fault…” pabulong niyang sinabi.

Umismid ako. Sa lahat ng sinabi ni Riguel, ito lamang ang masasabi kong walang batayan. Kahit saang anggulo, alam ko na ako ang may kasalanan.

“Days before my graduation in college, Mom died. Alam mo ‘yon? She was depressed because of Yeshua’s death. But I never thought she’d end her own life, Riguel! And I know she blames me for my twin’s death!”

Pumikit si Riguel at hinila ako para mayakap. Kumapit ako sa kanyang damit at umiyak sa kanyang dibdib. Nanginginig ang balikat ko habang naiisip ko ang pagdating ko noon sa bahay. Na nakita ko si Mommy na nakahandusay sa sahig!

“Umuwi ako ng bahay para ibalita na gagraduate ako, pagkatapos sa kitchen nakita ko si Mommy na…”

Hindi ko matapos tapos.

“I’m sorry… I’m sorry, baby…”

Hinaplos ni Riguel ang aking buhok at diniin pa lalo ako sa kanyang dibdib. His warmth made me feel fine. Hindi ko inakalang magiging maluwang ang pakiramdam ko pagkatapos ko sabihin iyon.

Hinawi niya ang mga buhok na dumidikit sa aking mukha dahil sa mga luha. Tumulong ako at lumayo ng konti para madugtungan ko ang kwento.

“Months later after my graduation, Daddy died…” sabi ko, ngayon mas mahinahon na.

Hindi nagsalita si Riguel. Patuloy niyang pinupunasan ang aking luha habang nagsasalita ako.

“I promised Yeshua I’ll secure the flower farm and the mansion. Hiningi niya rin sa akin na alagaan ko si Piper. To guard her if he won’t make it…”

Humugot ng malalim na hininga si Riguel. Dinungaw niya ako habang nilalagay ang takas na buhok sa aking tainga.

“You secured the farm and mansion now that you married me. You don’t need to get rid of me, Lilienne…”

Nag-angat ako ng tingin sa kanya.

I don’t know if he knows about Piper’s feelings. Hindi ako ang dapat na magkwento sa kanya nito kaso naging malupit ang araw na ito. Kung kailangan niya ng eksplenasyon, ibibigay ko iyon sa kanya.

“Piper likes you… She probably loves you, Riguel…”

Kumunot ang noo ni Riguel. The man didn’t know a thing. I am not sure if I should hate him for that. Dammit!

“She told me that you two got closer a year after umalis kami. Tinulungan mo rin siya sa trabaho. I don’t blame you for that, though. In fact, dapat akong magpasalamat. You made sure she’s fine while Yeshua’s…”

Pagod ko siyang tiningnan. Kitang kita ko ang awa sa kanyang mga mata.

“Lumapit ako sa kanya nang umalis ka dahil wala akong ibang mapagtanungan. Suki didn’t know why you’re gone. She’s clueless, too. And she went abroad, summer of that year. Walang alam si Leon. Kahit ang mga kaklase mo. The only one I thought significant to your family is Piper…”

“You…” kumunot ang noo ko. “Riguel…”

“I was desperate for answers, Lilienne. Wala rin siyang alam ngunit inisip kong balang araw, tatawagan siya ni Yeshua. Your twin loved her, anyway. So that’s more possible than you calling me…”

“That’s impossible! Yeshua didn’t want her to know-”

“I didn’t know. Iyon lang ang inisip ko…” medyo tumaas ang boses niya roon.

Natahimik ako. Kinagat ko ang labi ko para mapigilan ang sarili sa pagsasalita.

Inangat niya ang baba ko para magtama ang tingin namin. Nang nakatingin na ako sa kanya ay nakita kong punong puno ng pagsusumamo ang kanyang mga mata. It’s like he’s pleading.

“I know we can’t turn back time, Lienne. But I want to know… I just have to know… Bakit ‘di mo ako pinagkatiwalaan?”

Nalaglag ang panga ko sa kanyang tanong. Nagbanta ang luha sa gilid ng mga mata ni Riguel but his eyes turned fiery… I honestly saw anger and betrayal in them…

“Riguel, bata pa tayo. I just want to live up to Yeshua’s expectations of me. Na ilihim kahit sa’yo… Besides, we weren’t an item! I’m not even sure if you were serious…”

Tumango siya at pumikit. Hinawakan niya ang magkabilang balikat ko.

“I’m sorry…” aniya.

Huminga ako ng malalim at pinakawalan ko siya. I want to see what’s outside. Kahit na ang tanging ilaw lang ng mga bulaklak na gustong mamukadkad ay ang maliwanag na buwan.

Ilang sandali kaming nanatiling tahimik.

Ginala ko ang mga mata ko sa lupain na dating pinaglalaruan namin ng aking kapatid. Today, I finally told someone about it. Wholeheartedly… without hesitations.

Riguel suddenly hugged me from the back. He rested his face on my left shoulder. I gave him access to it by slightly tilting my head to the right.

“I can only imagine your agony, Lilienne. Sana ay kasama mo ako… Iyon lamang talaga ang gusto ko…”

Bahagya akong natawa. “You could never take me, Riguel. Sa mga panahong iyon, kahit ako, hindi ko magawang mahalin ang sarili ko…”

Humigpit lalo ang yakap niya sa akin.

“And who knows… if you knew, you’d probably get disturbed. Your studies might not go well…”

“I’m sorry I was vague that time…” he whispered.

Hindi ako nagsalita dahil iyon talaga ang totoo noon. But it’s okay… I didn’t need him to tell me how much he loves me that time. That’s the last thing I need.

“I’m glad you were, actually…”

“Mahirap kang tingnan kung iisipin kong wala pa akong kaya sa buhay, Lilienne. You were… a princess of Alegria. I’m a… what? I’m not sure. The only thing I’m good at is school, Lienne…”

Pinigilan ko ulit ang luhang nagbabadya sa aking mga mata. Nagbara ang lalamunan ko ng mga salitang gusto kong sabihin…

“I don’t need a man with the money…” tumulo muli ang luha ko.

“Oh, you will in time. Siguro noong high school, hindi. Things were different.”

“No, Riguel!” nilingon ko siya ngunit pinilit niya akong manatiling nakatingin sa lupain. “I just need a man with principles. Dahil kapag may prinsipyo, alam ko kayang panindigan ang lahat lahat…”

Huminga siya ng malalim at niyakap ako.

“And where did your principles take you? You’re now the Riguel Alleje…”

“Your husband…” he whispered on my neck.

Nangatog ang binti ko sa dugtong niya. Why did he have to be so…

“What happened to Mayette and her friends, then?” he asked.

“Hindi ko alam. I have never seen them again.”

“We can… search for them. I’m sure kilala ni Oliver iyon, hindi ba?”

“I didn’t think about that anymore, Riguel. My only concern was Yeshua’s health. And right now, ano pang magagawa niyan? Justice and nothing more when the blame should be all on me!”

“I don’t understand why you blame yourself. Yeshua did the right thing. Kung ako ang nasa kalagayan niya, iyon din ang gagawin ko, Lilienne…”

Kinilabutan ako nang sumagi sa isip ko na si Riguel iyong nahampas ng tubo. My heart ache at the thought. Gusto kong magmura at yakapin siya ng mahigpit. No!

Hinawakan ko ang kamay niya at pinagsalikop ko ang mga daliri naming dalawa.

“Kahit anong gawin ko, hindi ko na maibabalik ang nawala sa akin.”

“I want you to forgive yourself. If justice can make you forgive yourself, then I’ll help you…”

Forgive myself, huh?

“I’ll help you with everything now, Lienne. You don’t have to be alone because you have me. I’ll make anything happen for you…”

Noon ko pa tinanggap ang parteng ito. Noong nakikita ko si Yeshua na hindi na ako maalala pagkatapos ng mga operasyon, tinanggap ko na na wala na akong maibabalik pa kahit na sisihin ko man ang mga taong iyon.

Now that Riguel's offering, parang mas lalo lamang akong natakot. I don't want him to go extra miles for me like what Yeshua did. I want him to stay put and just love me like that.

Para akong na trauma sa lahat. At ayaw kong isakripisyo si Riguel para rito. Tama na…

Umiling ako. "Ayaw ko na silang makita pa, Riguel…"

Suminghap siya at tumango. He kissed my ear and my hair.

"And you want me to leave because Piper wants me, is that it?"

Hindi ko maamin ang parteng iyon. I know it's a crazy move but with the guilt I have, that's the only way…

"Paano ka nakakasigurong papakasalan ko si Piper, kung ganoon? Kahit… mahalin man lang?"

"You were close to her, Riguel. You're ruthless but I know your heart isn't made of stone! Eventually, you might consider the idea."

"Oh you don't know what my heart is made of the moment you left me, Lilienne. So how would you know?"

Shit.

"Ang sabi niya, malapit kayo. And I've seen you with her in the office…"

"She's a secretary for God's…" hindi niya tinapos.

"I know… but…"

Hindi ko alam kung paano ko pa papaikutin ang mga rason ko. Ang totoo, inisip ko lang talaga na maaaring maging sila kapag umalis ako.

"And you decided on your own like I'm not involved. Kapag sinabi mo sa aking hindi mo ako kayang mahalin, Lilienne, aalis ako. Dahil hindi ko

makakayang tingnan kang umiiyak sa piling ko. I hardly survived our first night together. I cannot deal with years seeing you unhappy…”

Ngumuso ako habang naaalala iyong unang gabi namin. Iyak ako nang iyak noon.

“Naglasing ako para lang makalimutan ang mga mata mong malungkot habang sinusuot ko sa’yo ang singsing. But I told myself that I can make you happy eventually… And you were… so I don’t understand why you want me to leave.”

“Ngayon alam mo na… I’m sorry, Riguel…” I admitted.

“If I have known about this, I would never make a step, Lilienne. I would never cross the damn door just because of your reason. I won’t buy that. If you’re that guilty, I’ll make you forget in my own ways. At hindi kabilang doon ang pag-iwan ko sa’yo…”

“I’m sorry…” ulit ko at bumagsak ang mga mata ko sa aming mga kamay.

Hinalikan niya ang gilid ng mata ko. Pagkatapos ay pababa sa aking pisngi. Ang kanyang mga halik ay malambot at malambing. Bumaba pa iyon sa aking panga.

“You did well, Lienne, with the eight years without me. I’m proud of you…” he whispered.

Tumulo ulit ang lintik kong mga luha. Pinunasan ko agad iyon. Hindi ko alam kung bakit ganito na lamang ang epekto ni Riguel sa akin.

“Sana naroon ako. Pero gaya ng sabi mo, hindi na natin iyon maibabalik pa. So now… Do you love me?”

Bahagya naman akong natawa ngayon. Mababaliw na talaga yata ako rito.

Nilingon ko siya. He’s still serious. He did not understand why I’m laughing.

“Mahal kita noon. Mahal parin kita hanggang ngayon. But… the two months together, I have fallen again with the new Lilienne I have. You have changed a lot. My feelings changed, too, you know. Mas lalong tumatag ang pagmamahal ko sa’yo, Lilienne. Nitong nakaraang buwan, at mas lalo na ngayong nalaman ko ang lahat ng ito… So… answer me now, please… Do you love me?”

Tumango ako.

Nagtiim labi siya at umiling.

“Say it properly…” he demanded.

“I love you, Riguel…” sabi ko habang tinitingnan siya sa mga mata.

“Good. Now, there’s no way in hell I’ll let you leave me. Any possible reason won’t be accepted from now on…”

Hinarap niya ako. Ngayon, siya na lamang at ang kwarto namin ang nakikita ko. Kinulong niya ako sa kanyang mga braso at bahagya siyang yumuko para maglebel ang aming mga mata.

“And I will never leave even if you throw me out of here…”

Umiling ako. “I’ll never do that again…”

“You seem good with your promises, Lilienne. Could you promise me that?”

Ngumiti ako. “I promise.”

“Promise me you won’t lie to me…”

“I promise…”

“Promise me you won’t sneak out and leave me…”

Tumawa na ako. “I promise.”

“Hindi ako kontento.”

Umiling siya at nagtaas ng kilay.

“Magpapakasal tayo sa simbahan.”

Kabanata 47

Kabanata 47

*OceanofPDF.com*

Asawa

I don’t know how long we went on talking about the past. Hinayaan lamang ako ni Riguel na ilabas ang nararamdaman ko para sa nangyari noon.

“I was so damn guilty. It’s all my fault. Kung hindi nangyari iyon kay Yeshua, hindi sana na depress si Mommy. Hindi sana siya nagpakamatay. At si Daddy, hindi sana siya na stress! Hindi sana siya nagkasakit!” I cried.

“Don’t take the blame, Lilienne… It’s not your fault…” paulit ulit niyang sinabi sa akin iyon.

Patuloy ko paring inaako ang kasalanan habang binabalikan ang lahat ng nangyari. But somehow, as I was telling my story, I felt light. Tila ba nabubunutan ako ng tinik kahit na nakikinig lang naman talaga si Riguel sa akin.

I cried myself to sleep in his arms but in the morning, I felt good. No… better.

Unti-unti akong dumilat. Nakayakap siya sa akin at nakapikit pa. Nanatili ang mga mata ko sa kanya.

Oh, I wouldn’t mind waking up next to him every day.

Ngumuso ako habang binabalikan ang mahabang araw kahapon. It was his birthday at sobrang daming nangyari.

He almost left me. Ngunit kung tumawag siya kay Tito sa munisipyo ay, tulad ng sabi niya, babalik din agad siya rito dahil nalaman niya na ang katotohanan.

I admire Riguel for forgiving me. He did not mind that I lied to him about my parents. No… I actually didn’t lie but not telling him the truth about them can be considered as a lie.

Am I really married to Riguel? Is this for real? It’s a childhood dream but… I didn’t know it’s possible for him to love me back.

At kahapong birthday niya hindi ko man lang ipinakitang pinapahalagahan ko siya? Ni wala akong gift? Gift… The Rolex!

I remember him saying I'll give it to him once he's successful. Now, he's successful. I should give it to him, right? Kukunin ko na ba iyon ngayon? And should I cook breakfast for him? Hindi ba dapat mas espesyal pa roon ang gagawin ko? Sa lahat ng ginawa niya para sa akin… The heck, dapat akong magpasalamat na 'di niya ako iniwan, hindi ba?

Unti-unti siyang dumilat. Unang nakita niya ay ang mga mata kong nakatitig din sa kanya. He slightly smiled in a sexy way and then he hugged me more.

"I can almost hear you thinking. What is it?" bulong niya sabay diin sa kanyang mukha sa aking leeg.

His breath tickles me. Kinagat ko ang pang-ibabang labi ko. Halos malunod ako sa brasong nakadagan sa akin. He smells good even in the morning. Sana pala kumalas ako kanina para makapag toothbrush! Pero ano? Gagawin ko ba iyon araw-araw sa loob ng mga taon para lang ipakita sa kanyang mabango ako? What the hell?

"Nothing… I want to cook breakfast but I can't move…" bulong ko.

"Nandyan naman sina Inday. Sila na. Sa Manila ka na magluto kapag wala akong trabaho…" aniya.

"But…"

"Isang linggo lang, Lienne, please. Gusto kong katabi ka paggising…"

"Pero, gising ka na…"

"Matutulog ulit ako…" he said.

What the hell, Riguel? Ngumisi ako at tinusok ang kili-kili niya iniisip na may kiliti siya roon.

"Hmmm…" he only moved a bit.

Damn!

Kikilitiin ko pa sana siya ngunit tumunog ang cellphone sa tabing lamesa. Nakita kong kanyang cellphone iyon.

“Riguel…” tawag ko.

“Patayin mo…” aniya.

Kumunot ang noo ko at kinuha ang cellphone. Nahirapan pa ako sa pagkuha noon dahil nakatali ako kay Riguel.

“Riguel…” tawag ko nang nakitang si Mrs. Almacen ang tumatawag sa kanya.

I don’t know who that is but maybe it’s important so…

“Mrs. Almacen,” sabi ko.

“She’s a client. She probably didn’t know I’m on leave…” ani Riguel.

“Hindi niya tinawagan muna si Zarah?”

“Taga San Gabriel lang iyan. Baka hindi niya naisipan.”

“Sagutin mo na…”

“I’m on leave…”

Kumunot ang noo ko at pinindot ang cellphone ni Riguel. I just want to know what the woman was up to. Tila walang pake si Riguel sa gilid ko.

“Hello?” bati ko.

“Good morning! May I speak to Attorney Alleje?” sabi sa kabilang linya.

Sa tono ng boses niya, ramdam kong pormal at may katandaan na iyon.

“This is his wife… he’s still asleep…”

Nilingon ako ni Riguel. Unti-unting dumilat ang mga mata niya.

“Oh! I’m sorry…”

“Pwede po kayong mag-iwan ng mensahe. I’ll tell him if he wakes up…” sabi ko.

“Magtatanong sana ako kung nasa Alegria ba siya o nasa Maynila dahil may ipapapirma ako sa kanyang contract. I’m selling my land, e. Sorry sa abala. I can change the schedule naman…”

“Oh? We’re in Alegria, Ma’am. Sige. I’ll tell him.”

“Thank you, Mrs. Alleje.”

“I’ll tell him to text you kung ano ang desisyon niya…” sabi ko.

“Sige. Maraming salamat ulit…”

Pinatay ko ang tawag at binigay kay Riguel ang cellphone. Nakapikit ang isang mata niya habang tinitingnan ang cellphone. He looks so tired but I can’t help it.

“Pirma lang naman daw…” sabi ko.

“She can always go to Atty. Abella… Or may mga attorney sa San Gabriel. I’m on leave…”

“Pumayag ka na lang. Pirma lang naman, e.”

Nanliit ang mga mata niya sa akin pagkatapos ay bumalik ulit sa cellphone para magtipa. “Fine.”

Humalakhak ako.

“I can work as your secretary… Hmm…”

“No…”

“Bakit hindi?” kumunot ang noo ko.

“Just no…”

“Just no? There must be a reason!”

“Wala tayong matatapos na trabaho…”

Umiling ako at napangiti. I want to see him work in his office here. Hindi ko pa nasusubukang pumasok doon ng seryoso maliban doon sa mga pagpasok kong nag-aaway lamang kami.

Pinilit ko si Riguel na bumaba na para makapagbreakfast. Pumayag naman siya.

Sabay kaming bumaba sa hagdanan at pareho pa kaming antok. Nilingon kami ni Geling na kasalukuyang naglilinis ng sofa sa sala. Halos ‘di niya na malinis ng maayos dahil naiiwan ang mata niya sa amin.

I don’t know why I suddenly feel embarassed. Naaalala ko na naman ang nangyari. The way I held on to Riguel while everyone’s watching! Damn!

“Geling, paki tawag si Marya at sabihing pupunta si Mrs. Almacen dito. Ipadiretso na lang siya sa opisina ko. ‘Tsaka… siya lang. I’m on leave…”

“Sige po, Attorney…” ani Geling sabay tingin ulit sa akin.

Nauna na ako sa dining area. Umupo ako roon at siyang paglabas ni Inday at ni Nana Sela galing kusina. May dalang juice si Inday samantalang si Manang ay inaayos ang mga plato sa hapag.

Matalim ang mga mata ni Nana Sela sa akin. Nag-iwas na lang ako ng tingin sa kanya.

“May kliyente ka, Riguel? Akala ko ba wala kang trabaho ngayon?” ani Manang nang umupo na rin si Riguel.

“Ah. Oo, Nana. Pipirma lang naman daw ng kontrata kaya-”

“Kaya kayo hindi magkasundong dalawa dahil hindi kayo nag-uusap ng maayos. Inuuna mo pa ang trabaho mo… At itong si Lilienne ay magtatampo na naman at mas lalo kayong magkakalayo niyan…”

Nagkatinginan kami ni Riguel. Nakakunot ang noo niya sa akin. Gusto kong tumawa. It’s my fault but it’s funny seeing him being scolded by Nana Sela!

“Naku, Riguel! Aanhin mo ang trabaho kung malayo ang loob ng asawa mo sa’yo? Iyan ang hirap. Iniisip n’yo na importante ang pera at ang trabaho para mapanatiling maayos ang pamilya. Hindi. Ang importante ay ang komunikasyon at oras para sa isa’t-isa…”

“I’ll take note of that, Nana. Ngayon lang po ito…”

Ngumuso ako at tinusok ang bacon sa harap ko. Riguel’s watching me like he’s waiting for me to admit my mistake but I didn’t.

Nilagyan ni Inday ng juice ang aming mga baso habang patuloy sa sermon si Nana Sela. Nginuya kong mabuti ang bacon habang si Riguel ay hindi makagalaw dahil nakikinig siya ng mabuti sa sermon.

Kung ako sa kanya, kanina ko pa binalewala ang mga sinasabi ni Nana.

“Ang dahilan kung bakit nag-aaway ay kawalan ng tamang komunikasyon. Kung mahal n’yo ang isa’t-isa, maglalaan kayo ng oras para makapag usap at…”

Patuloy parin si Nana hanggang sa lumabas na siya ng dining area. Umalis na rin si Inday siguro ay para mapag-isa kami.

Humagalpak na ako sa tawa dahil sa nangyari. Ngumiti si Riguel at matalim akong tinitigan.

“You’re the one who welcomed the client!” he accused me.

“Oh, bakit ‘di ka nagsumbong kay Nana?” hamon ko.

Umigting ang panga niya at hinawakan ang kamay ko. Binawi ko agad iyon. Ngunit dahil sa tawa ko ay nanghihina ako. Pilit niya akong pinatayo at pinalapit sa kanya. Nang nagawa niya iyon at bumagsak ako sa kanya mga hita.

Kinulong niya ako sa kanyang bisig habang tumatawa ako.

“Napakapilya mo talaga…”

He showered me kisses around my shoulder blades. Pati sa batok ko dahilan kung bakit tawa ako nang tawa.

“Pinagalitan si Attorney Alleje…” sabi ko kaya kiniliti niya na naman ako.

Isang oras yata kami sa pagkain pa lamang ng breakfast dahil sa kulitan. Tumuwid ako sa pagkakaupo sa aking silya nang dumaan si Nana Sela. Pumormal agad ako habang seryosong pinagmamasdan ni Riguel.

“Gawain mo ‘yan noon, ‘no?” aniya nang pumasok na si Nana sa kusina.

“Alin?” tanong ko, natatawa.

“Ang bait bait mo kapag nandyan si Nana. Pero ang totoo…”

Ngumisi ako at inirapan na lamang siya.

Umiling si Riguel at uminom na lamang ng tubig.

Hindi ako makatitig sa kanya dahil siya ang panay ang titig sa akin. But then at least I feel like our relationship is improving. I have been completely honest with him so I feel more comfortable now.

Pagkatapos naming kumain ay tumulong ako sa kusina. Umakyat si Riguel para makaligo at makapagbihis in preparation sa kanyang kliyente.

Naisip kong dalhan siya ng merienda. Iyon nga lang, hindi ako maalam sa pag gawa ng mga iyon. Mabuti na lang at may cake pang naroon galing sa birthday ni Riguel kaya iyon ang hinanda ko.

Narinig kong naroon na ang kliyente ni Riguel. Inisip kong pagbibigyan din ang dalawang naroon kaya pinaghanda ko rin sila.

“Ma’am, ayos na ba kayo ni Attorney?” tanong ni Inday nang tinulungan niya ako.

“Oo…” sabi ko.

“Naku, Ma’am! Mabuti na lang. Grabe ang iniyak ko noong nagpaalam si Attorney! Jusko!”

I maintained my straight face. Nag second the motion pa si Geling sa sinabi ni Inday habang nags-slice siya ng cake para sa kliyente.

“Oo nga! Noong sinabi niya kay Nana… “Na, kayo na po ang bahala sa kay Lilienne. Aalis ako dahil iyon ang gusto niya. Ibabalik ko sa kanya at sa kanyang pamilya ang plantasyon at ang mansyon. Hindi ko na siya guguluhin pa.” Grabe, Ma’am!” ani Geling.

“Hindi ko pa maintindihan ‘yon pero sa mukha ni Attorney, parang wala na talaga siyang pag-asa. Naiyak ako! Alam mo ‘yon, Ma’am? Binili niya yata itong mga ariarian n’yo dahil alam niyang babalik ka!” ani Inday.

Nagulat ako at alam nila na dati namin itong bahay. Siguro ay nasabi na rin ni Nana sa kanila ang nangyari.

“Oo nga! Noong wala pa si Ma’am Lili, grabe si Attorney! Mukhang masungit at snob. Halos ‘di kami tinitingnan. Tahimik pa kapag kumakain. Pero noong nandito si Ma’am Lili, laki ng pinagbago…” si Geling.

“May mga babae ba siya noon?” kaswal kong tanong.

“Marami siyang chics na kliyente!” ani Geling. “Mukhang nilalandi nga si Attorney ng mga iyon, e. Kaya, Ma’am, huwag na huwag kang malilingat at baka maagaw ‘yan!”

Umirap na lamang ako. “Magsama sila noong umagaw sa kanya, kung ganoon!”

“Wow, si Ma’am…” Nag ngising-aso si Inday. “Tapos itataboy mo at hahabulin ulit…”

Nalaglag ang panga ko. “Aba, kung aalis siya dahil may ibang babae, hindi ko siya hahabulin, ‘no! Itutulak ko pa siya palabas! Syempre, iba ‘yon… Mahabang istorya. Huwag n’yo nang alamin…”

Nagtawanan ulit sila.

At dahil nahihiya akong ipasok iyong meryenda sa taas ay sina Geling at Inday ang inutusan kong gumawa noon. Pagkatapos kong mag-isip ng ganoong ideya ay aatras pala ako.

Nasa hagdanan lamang ako habang pinapasok nila ang mga pagkain. Ilang saglit akong nanatili roon nang lumabas si Geling.

“Ma’am, tawag ka ni Attorney…” ani Geling.

“Ha? Bakit?”

Kumalabog ang puso ko. Para saan pa? Si Riguel talaga!

Sumunod ako sa kanya. Si Inday ay nagsasalin ng juice sa baso ng mga kliyenteng nasa sofa. Si Riguel ay nakatayo at nakapamaywang habang dinudungaw ang mga dokumento sa lamesa.

He’s wearing a black slacks and powder blue longsleeves na tinupi hanggang siko. Napalingon ang matandang babae sa akin at ang kanyang kasamang medyo ka edad kong lalaki.

“Mrs. Almacen, this is Lilienne, my wife. Lilienne, si Mrs. Almacen iyong nakausap mo sa cellphone ko kanina. At si Mr. Ambrosio, ang buyer ng lupa niya…”

Tumayo si Mrs. Almacen at Mr. Ambrosio para maglahad ng kamay sa akin.

“Nice to meet you, Mrs. Alleje. Ang ganda pala ng asawa ni Attorney… At ang bata mo pa…” ani Mrs. Almacen habang tinatanggap ko ang kanyang

kamay.

“Maraming salamat po…” Ngiti ko.

“Salamat din sa pagpapaunlak. Hindi ko alam na on leave si Attorney. Kung nalaman ko lang ay sa iba na ako lumapit…”

Ngumiti lamang ako at lumipat ang tingin sa lalaking nasa harap para makipagkamayan na rin.

“Just call me Alfons…” the man said and smiled.

“Lilienne…” sabi ko sabay ngiti.

“Aren’t you the daughter of Attorney Martin Altamirano?” tanong noong lalaki.

Ngumiti ako at nagulat sa tanong niya. “Yes, I am. Uh… He passed away two years ago, though. Paano mo nakilala si Daddy?”

“What? Really? I’m sorry to hear that…” nakita ko ang kalungkutan sa kanyang mga mata. “My father and your father were close friends noon. I’ve met you before sa San Gabriel, sa aming mansyon.”

Namilog ang mga mata ko. Inisip kong mabuti ang pangalan niya. May kilala nga naman akong Ambrosio ngunit ‘di ko maalala itong lalaking ito.

“We were playmates, you know. Nakalimutan mo na siguro. Bata pa tayo noon. Birthday ko noong pumunta kayo…”

Now the memory came back. There was actually a boy. Friend namin ni Yeshua.

“We used to play house, right?”

Tumawa ako at tumango. “Oh yeah! I kind of remember!”

Nalula ako sa mga alaalang bumuhos sa akin. Moments when Yeshua’s still here and I play with the two boys. Maybe the reason why I’m good at

handling boys is that. Marami lamang talaga akong karanasan dahil kay Yeshua.

Tumikhim si Riguel dahilan kung bakit napatingin kaming pareho sa kanila.

“Tapos na akong pumirma. Tig dadalawa dapat kayo ng kopya niyan. But that depends on your deal…” ani Riguel sa isang pormal na boses.

Tumango ako at bahagyang lumayo para maayos ang kanyang trabaho. I almost forgot that they were in the middle of something important!

Nag-usap si Mrs. Almacen at si Mr. Ambrosio tungkol sa deal nila at nang matapos ay tumayo na sila bilang paghahandang umalis. Nakaalis na rin sina Geling at Inday roon, iniwan lamang ang mga pagkain.

Kumain si Mrs. Almacen. Naubos niya ang cake. Samantalang si Mr. Ambrosio ay ang juice lamang ang nainom.

“Thank you, again, Attorney. Mrs. Alleje…” sabi ni Mrs. Almacen.

“Thanks, Lilienne… And Attorney Alleje…” si Mr. Ambrosio naman.

Tumango ako at lalapit na sana sa pintuan kung nasaan sila. Sa likod nila ay naroon na si Marya para igiya sila kung saan lalabas ngunit inisip ko ring kailangan kong ihatid lalo na’t kilala pala ako nitong si Mr. Ambrosio.

“See you again soon, Lilienne. Hope we could catch up…” ani Mr. Ambrosio.

“Sige ba! See you…” ngumiti ako at lalabas na sana ngunit hinawakan ni Riguel ang baywang ko at ang pintuan.

“Marya will guide you out… Thanks for coming!” ani Riguel.

Bago pa ako makapagsalita ay unti-unti nang sinarado ni Riguel ang pintuan sa pagitan. He locked the doors so I turned to him.

“Kababata ko pala ‘yon…” sabi ko.

“Uh-hmmm…” Naningkit ang mata niya.

Ngumuso ako. “Hindi ko siya masyadong maalala syempre kasi bata pa ako noon.”

“Bahay bahayan, huh? Anong ginagawa mo noon? Ikaw ang Mama tapos siya ang Papa, ganoon?” his tone is hard.

Dumiretso siya sa kanyang lamesa. Sumunod agad ako. Ang seloso naman nito!

“Seloso mo, ha! Kaibigan lang naman!” giit ko.

Umupo siya sa swivel chair. Seryoso ang mga mata niya habang tinitingnan ako. Now this is kind of uncomfortable. Hindi ko parin talaga masasabing komportable ako kay Riguel lalo na kung ganito siya ka seryoso. Parang ang layo niya sa akin tuwing nagseseryoso siyang ganito.

“Come here…” he said.

Hindi na ako nagsalita at marahang lumapit sa kanya. Hindi talaga ako makahirit kapag ganito siya.

Pumangalumbaba siya habang hinihintay akong palapit. Nang tuluyan nang makalapit ay hinigit niya ako para bumagsak sa kanyang hita.

“Riguel!” saway ko lalo na nang pinalupot niya sa akin ang kanyang braso.

“You hate me now because I’m a jealous husband?” he asked.

“Huh? Hindi. Sinasabi ko lang. Kaibigan ko lang naman iyon dati…” sabi ko.

I slightly turuned to him. Saktong nasa gitna ng hita niya ang aking puwitan. Seryoso ang mga mata niya habang tinatanaw ako. I smirked.

“Hindi ako dumaan sa pagiging boyfriend mo. Baka kung naging tayo noon, walong taong gulang na ang anak natin ngayon.”

“What?” Tumawa ako. What the hell?

Bago ko pa madugtungan ang sinasabi ko ay siniil niya na ako ng mapusok na halik. It was soft and very tender. Like a feather on my lips. I almost forgot that we’re in his office!

Our kisses were already heated when suddenly his phone rang again. Halos mapamura ako roon. I promise I’m not going to interfere with his work again. Kapag sinabing leave, ‘di ko na siya pipiliting mag entertain ng kliyente.

Tumigil ako sa paghalik at nilingon ang phone niya ngunit nagpatuloy siya sa paghahalik sa akin.

“Riguel…” I said and then pointed to his phone.

Then he started kissing my jaw down my neck. Para na akong nilalagnat sa init lalo na nang sinuot niya na ang kamay niya sa aking spaghetti strap shirt. Damn!

Nanlaki ang mga mata ko nang nakita kung sino ang tumawag. Halos itulak ko siya nang nakitang si Lolo Selmo iyon!

“Riguel, si Lolo Selmo ang tumatawag!” sabi ko.

Tinulak ko siya sa kanyang swivel chair. His hair is disheveled and the first two buttons of his shirt were now open. Pulang pula ang kanyang nakaawang na labi at punong puno ng alab ang kanyang mga mata.

It’s so hard to resist him, damn, but it’s his grand father!

Tumayo ako para abutin ang cellpone. Pumikit siya ng marahan. Tumindig ang balahibo ko sa kanyang ginagawa.

“Riguel!” pagalit kong sinabi sabay abot sa kanyang ng cellphone.

Dumilat siya at kinuha iyon para sagutin.

“Hello, Lo…” his voice is hoarse.

Hinihilot niya ang kanyang sentido habang kinakausap si Lolo Selmo. Natigil siya bigla sa sinabi. Humalukipkip ako at pinagmasdan siya.

Napatingin si Riguel sa akin. His eyes very wide. He looked shocked.

“Saang ospital?” tanong ni Riguel.

Sinong na ospital? Oh my God!

“Pupunta ako!” ani Riguel sabay tayo.

Kabanata 48

Kabanata 48

*OceanofPDF.com*

Apo

“Sinugod sa ospital si Lola Aura…” ani Riguel pagkatapos ng tawag.

“Huh? Bakit daw?”

Somehow, I suddenly remember my family. Tuwing naiisip ko ang ospital, hanggang ngayon hindi ko parin makalimutan ang mga nangyari noon. Masyado kaming madalas sa ospital kaya hindi maalis sa sistema ko iyon.

“I don’t know yet… I’ll check…” ani Riguel.

“I want to go with you…” matapang kong sinabi.

Pilit kong isinantabi ang naiisip kong mga alaala. We need to face what’s ahead of us. It’s okay to remember, but to live with the memories isn’t.

Nagkatinginan kami ni Riguel. Gusto ko nang tumakbo patungo sa kwarto ngayon para mabilisang makaligo at makapagbihis.

Tumango siya at kinuha muli ang kanyang cellphone.

“I’ll make some calls. Maghanda ka na…” aniya.

Sa sinabi niyang iyon, kumaripas na ako patungo sa aming kwarto. Mabilis ang naging shower ko. Pati pagbibihis ay binilisan ko. Ayaw kong matagalan siya.

Nagmamadali akong bumaba ng hagdanan. Walang tao sa sala at naririnig ko ang ingay ng sasakyan ni Riguel sa labas! He’s probably so eager to go. Tiniis niya lang ang maghintay sa akin.

Sa pagmamadali ko pababa ay nadapa pa ako sa hagdanan. Agad lamang akong bumangon kahit na sobrang sakit at hapdi ng aking tuhod.

Dumiretso na lang ako palabas ng mansyon para lang umabot. Riguel’s waiting outside of his car. Nang nakita niya ako ay agad kaming sumakay sa loob ng sasakyan.

Tahimik siya habang nagmamaneho. Marami akong gustong itanong tulad ng ano ang nangyari? O ‘di kaya’y ano ang sakit ni Lola Aura ngunit tingin ko ay wala pang alam si Riguel ngayon.

“You think Lola’s fine?” tanong ko nang papalapit na kami sa ospital.

Hindi ko alam kung gaano ka competent ang ospital dito sa Alegria. O kung nag improve ba iyon sa nagdaang mga taon. Naaalala ko noon kung paano kami dapat pumuntang Manila para sa ibang tests kay Yeshua.

“I’m not sure yet,” ani Riguel.

“If she’s not doing well, we can transfer her to a hospital in Manila…”

Tumango lamang si Riguel habang tinitingnan ang kalsada. I can only imagine his feelings right now. He grew up with his grandparents. Sila na ang kinagisnan niyang pamilya kaya paniguradong kabado siya ngayon.

Pagkapark sa labas ng ospital ay lumabas na agad kami. Sumunod ako kay Riguel papasok sa ospital.

Somehow, it looks fine. Mukhang nag improve naman ang ospital.

Nagtanong si Riguel sa reception tungkol kay Lola Aura. Nang sinabi ng nurse ang room number ay dumiretso na rin kami roon.

Parang mas lalong humahaba ang panahon nang palapit na kami sa pintuan ng mismong room. Kumatok si Riguel pagkatapos ay pinihit para makapasok. Nakita ko agad si Lola Aura na nasa kama. Si Lolo Selmo naman ay nakatayo habang kausap ng doktor.

Napatingin si Lolo at ang doktor sa amin. Lolo Selmo’s face is etched with worry and sadness.

Nagmano si Riguel kay Lolo. Ganoon din ang ginawa ko.

“Kumusta si Lola, Lo?” salubong ni Riguel sabay upo sa gilid ng kama ng matanda.

May mga tubong nakakabit kay Lola. Napalunok ako nang may naalala ulit. Ngunit pilit kong isinantabi iyon.

“Mabuti at narito ka, Attorney Alleje. Mas mabuting sabay ko kayong kakausapin ng Lolo mo tungkol sa kalagayan ng Lola mo…” anang doktor.

Lumapit ako sa kama at tiningnan si Lola. I saw her eyes move. Parang magigising na siya.

“Sa labas na lang po tayo mag-usap para hindi natin ma istorbo ang pagpapahinga ni Lola, Doc,” ani Riguel sabay tayo.

Nilingon ako ni Riguel. He smiled weakly at me. I smiled back and caressed his arm.

“Ako na muna ang magbabantay kay Lola habang kinakausap kayo ng doktor.”

Tumango si Riguel pagkatapos ay hinalikan ako sa noo.

“Thank you…” he said.

“Mas mabuti pa nga iyon. Sa labas na tayo, Lolo Selmo…” sabay turo ng doktor sa pintuan.

Sumunod si Lolo Selmo sa doktor. Pagkatapos ay lumabas na rin si Riguel. Naiwan ako roon sa loob na nakatingin sa kay Lola Aura habang mahimbing ang kanyang tulog.

I wonder how old Lola Aura is? Umupo ako sa isang stool malapit lamang sa kama.

Tiningnan ko ang bawat patak ng tubig galing sa Dextrose ni Lola. These are all very familiar to me.

I realized how that experience traumatized me. Na lahat ng bagay patungkol doon ay naaalala ko iyon. Now my only wish for Lola Aura is to get well. I know how hard it is to lose your family. I don’t want Riguel to go through that.

Hinawakan ko ang kamay ni Lola Aura. Nakita kong gumalaw muli ang kanyang mga mata. Maybe my touch triggered her awakening.

Dumilat si Lola. Hindi ko alam kung dapat ko bang tawagin ang doktor o ano. But maybe I'm too paranoid?

"Lilienne…" ani Lola sa isang napapaos na boses.

"Lola, ayos ka lang po ba? Tatawagin ko muna sina Riguel para ma check ka ng doktor…" sabi ko sabay tayo.

Ngunit ang kamay kong nakahawak sa kanya ay hinawakan niya rin. Pinipigilan niya akong makaalis doon.

"Huwag muna. Mabuti at narito ka. Mabuti buti na rin naman ang pakiramdam ko…" ani Lola.

Unti-unti akong napaupo. Hawak niya parin ang kamay ko ngayon. Nang tuluyan na akong naupo ay binitiwan niya ako at nilayo niya ang kanyang kamay sa akin.

"Ano po ba ang nangyari, Lola? Nag-alala po kami ni Riguel sa inyo. Kasalukuyan nilang kausap ang doktor ngayon sa labas para sa kalagayan n'yo…"

"Hija…"

Relax ang tono ni Lola pero ramdam ko ang dami ng gusto niyang sabihin sa akin. Natahimik ako at nakinig na lamang sa kanya.

"Sabihin mo nga sa akin ang totoo…"

Napatuwid ako sa pagkakaupo.

"Ginagamit mo ba ang apo ko?"

Umiling agad ako. "Ano po'ng pinagsasabi n'yo, Lola?"

Marami pa sana akong idudugtong ngunit tinaas niya ang kanyang daliri para pigilan ako. The wrinkles beside her eyes showed.

“Totoo bang pinakasalan mo siya para mabawi ang lupain ninyo?”

Hindi ako nakapagsalita. I have two choices right? One is to tell her the truth. That, yes, I married Riguel for that. But then that would make her upset. Two is to tell her the lie which is not half true… I married him because I love him. But it would hurt her more kapag nalaman niya ang katotohanan.

“Totoo bang gusto mong bawiin ang mansyon ninyo?”

Humugot ako ng malalim na hininga at nagpasyang magsalita.

“Lola, hindi naman po sa ganoon-”

“Kung ganoon, totoo nga!” medyo tumaas ang tono ni Lola sa sinabi niya.

“Lola, nitong mga nakaraang buwan po naging maayos na po kami ni Riguel.”

“Hija, kahit hindi sabihin ni Riguel sa akin ang nangyayari sa inyo ay alam ko. Kilala ko ang aking apo. Alam kong hindi kayo nagkakausap nang umalis kayo ng iyong pamilya sa Alegria.”

Nanikip ang dibdib ko sa sinabi ni Lola. Gusto kong magsalita ngunit ayaw ko siyang putulin sa gusto niyang sabihin.

“Nakita ko kung gaano siya nalungkot sa pagalis n’yo. Nakita ko rin kung paano niya tinago iyon sa amin. Hindi siya kailanman nanghingi ng tulong sa amin para roon. At tulad niya, inisip ko rin na malaking kamalian ang nagawa mo sa pag-iwan sa kanya ng hindi niya alam. Ngunit naniwala ako sa inyo nang sinabi n’yong matagal na kayong nag-uusap dahilan kung bakit nagpakasal kayo agad pagkauwi mo rito…”

Kinagat ko ang labi ko at yumuko. Everything she said is true. But then it’s different now…

“Kung ito lamang ang hangad mo sa aking apo, layuan mo na siya. Kung ito lamang ang gusto mo, iwan mo siya. Ipakita mo sa akin na karapatdapat ka nga niyang mahalin sa pamamagitan ng pag-iwan sa kanya habang hindi pa kayo nagtatagal…”

“Lola, hindi ko po magagawa iyang hinihingi n’yo-”

“Batid kong binigyan ka ng napakagandang alok ni Riguel. Sa’yo ang lupain at sa kanya naman ang permiso noong Judge na gusto niya, hindi ba?”

Pansamantala kong inisip kung saan nakuha ni Lola ang lahat ng impormasyon. Hindi pa namin napag uusapan ni Riguel ang tungkol sa pag-amin kina Lola at Lolo pero naisip kong pwede na lang naming ipagpatuloy ang nangyari. Na hindi na nila kailangang malaman pa ang katotohanan sa pagpapakasal naming dalawa.

“Nangangailangan ka ng lubusan dahil lupain n’yo ang nakasalalay dito. Ngunit si Riguel ay hindi. Kung hindi man siya tanggapin noong Judge na iyon, pu pwede siyang humanap ng iba. Kaya Lilienne, pakawalan mo na ang apo ko. Kunin mo ang lupain ninyo sa tamang paraan. Kung ibibigay man ito ni Riguel ngayon, tanggapin mo at umalis ka na dahil mahihirapan lamang ang apo ko kapag nariyan ka pa…”

Umiling na ako. “Lola, mahal ko po si Riguel…”

Natahimik si Lola. Kita ko ang luha sa kanyang mga mata. Pilit kong pinipigilan ang pamumuo ng luha ko ngunit hindi ko magawa.

“Totoo po iyong sinabi n’yo. Pinakasalan ko po si Riguel para sa lupain namin. At totoo rin pong pinakasalan ako ni Riguel para kay Judge Cabral. Sa loob ng dalawang buwan, minahal ko po ulit ang apo n’yo…”

“Paanong minahal ulit kung hindi mo naman siya kailanman minahal?” mariin niyang tanong.

Umiling ulit ako. “Lola, mahal na mahal ko po si Riguel noong bata pa lang kami. Kulang na lang po ako ang manligaw sa apo n’yo sa panahong iyon,

e.”

Tinikom ni Lola ang kanyang bibig. Finally, my chance to speak.

“Kinailangan ko lang po talagang umalis. Dahil sa pamilya ko.”

I’m not sure if it’s right to tell her now about my family. I’m sure she’s unstable so I’ll leave it hanging. I can’t tell her the whole truth because of her health.

“Kung ganoon bakit hindi ka nagpaalam sa apo ko? At ang buong Alegria ay walang alam sa pagalis n’yo? O nilihim n’yong mabuti?”

“Inilihim po talaga namin iyon dahil iyon ang kagustuhan ng kapatid ko-”

“Talaga nga bang ganoon o hindi lamang matanggap ng mga magulang mo na isang dukha ang iniibig mo? Umalis ka ba para mapigilan ang namumuo sa inyong dalawa? Dahilan kung bakit hindi mo rin pinaalam kay Riguel?”

“Hindi po ganoon, La. Kung alam n’yo lang kung gaano ka gusto ni Mommy si Riguel. She supports me in everything about him. Kahit regalo ko sa kanya, si Mommy ang bumibili dahil gustong gusto ni Mommy si Riguel. Hindi po matapobre ang pamilya ko. Kung iyon ang iniisip n’yo…”

Bumuhos na ang luha ko. Thinking about my family hurts me so much. Napakasakit isiping ganito ang iniisip ni Lola sa pamilya ko. Lalo na tuwing naaalala ko kung gaano kabait ang aking mga magulang.

“Gusto ni Mommy si Riguel. At tingin ko’y susuportahan ako ni Daddy kahit na sino ang gusto ko. Lola, totoo pong pinakasalan ko si Riguel para sa lupa. Pinakasalan niya rin po ako para magustuhan ni Judge Cabral. Ngunit sa loob ng dalawang buwan, minahal ko po ulit siya. Mahal na mahal ko na po siya ngayon at gusto ko pong ipagpatuloy ang kasal na ito…”

Nanatili ang mga mata ni Lola sa akin. Kitang kita ko ang pagpirmi ng kanyang hininga. Her eyes are moist with unshed tears and her lips in a thin line.

“Hindi ko alam kung may plano ba si Riguel na sabihin sa inyo ang tunay na dahilan ng pagpapakasal namin pero kung hindi niya po sasabihin ay ayos lang dahil totototohanin na naman po namin ito.”

Umiling ako at pinunasan ang konting luha na bumuhos.

“Kung gusto n’yo po talagang iwan ko si Riguel, rerespetuin ko ang kagustuhan n’yo pero gusto ko pong malaman n’yo na mahihirapan ako. Mahihirapan kami ni Riguel. Mahal ko na po siya, Lola. Mahal na mahal. Pasensya na sa hindi magandang simula. Pero kaya ko pong ipangako na hindi na muli mauulit dahil ngayon, totohanan na po ang lahat ng ito.”

“Ito ba ang dahilan kung bakit ayaw mo pang magkaanak? Dahil hindi naman totohanan, Lilienne?”

Holy shit.

“Opo…” ngumuso ako.

I have no reason to say otherwise.

“At tingin ko’y hindi pa ako handang magkaanak, Lola…” sabi ko.

“Hanggang ngayon, kung ganoon?” tanong niya.

Hindi ako nakapagsalita. Is she pressuring me? Ayaw ko ng ganoon. At isa pa… tatlong buwan ang epekto ng Depo.

“Talaga bang mahal mo si Riguel?” nanliit ang mga mata ni Lola Aura. “O… sinasabi mo lang ito ngayon dahil nag-aalala ka sa kalagayan ko?”

Umiling agad ako. Bago pa ako nakapagsalita ay bumukas ang pintuan. Pinigilan ko ang sarili ko at lumipad ang tingin ko kay Riguel na papasok.

He eyed me and then he looked at Lola Aura.

“Lola…” ani Riguel.

Tumayo ako at bahagyang lumayo sa kama para pagbigyan ang dalawa. Pumasok si Lolo Selmo, ang Doktor, at may dalawang nurse.

“Gising na pala…” sabi ni Lolo at umupo sa kama ni Lola para hawakan ang kamay.

Naguilty agad ako dahil hindi ako tumawag noong nakitang gising si Lola. Ngunit higit sa lahat ay nabahala ako sa lahat ng nasabi ni Lola sa akin.

“Kumusta ang pakiramdam mo, La?” tanong ni Riguel sa isang banayad na boses.

“Maayos na naman ang pakiramdam ko, apo. Ikaw? Kumusta ka? Nag-aalala ako sa’yo…” ani Lola.

Tumuwid si Riguel sa pagkakaupo pagkatapos ay hinaplos ang mukha ni Lola Aura. Napangiti ako roon ngunit may kaonting kirot sa aking dibdib.

“Bumisita raw si Piper sa bahay, sabi ni Lolo…”

Tumango si Lola Aura. “Oo, hijo. Iyong kaibigan mo talaga. Hindi nakakalimutang bumisita tuwing umuuwi ng Alegria…”

Namilog ang mga mata ko. Si Piper? Nasa Alegria? And she went to their house! Does that mean she told Lola Aura everything? She’s the one who told her!

Bakit niya ginagawa to? In the hopes that this would destroy me and Riguel? And maybe she thinks I’d let Riguel go if Lola Aura wants me to?

Ngunit hindi ko siya masisisi dahil hindi niya naman alam na mahal ko si Riguel!

Yeshua, I am trying my best not to hate her by thinking about her side. Huminga ako ng malalim at pumikit. I need to talk to her. This time I want her to talk to me properly… Mahal siya ng kapatid ko. Siya na lang ang natitirang alaala ko kay Yeshua kaya ang hirap ng ganito. If she hates me that much then I’d understand. I left Riguel for years. I broke his heart. And she’s there watching him… It’s normal for her to hate me.

I took my phone out and typed in. Isesend ko itong mensahe kay Leon, Julio, at Russel. I need to know where Piper is right now. Alam ko ang bahay nila ngunit kailangan kong malaman kung naroon pa ba siya.

Ako:

Hi! I need your help. Do you know where Piper Zaragossa is right now? Thanks.

Hinilot ko ang aking noo at paulit ulit na tiningnan ang cellphone ko. Nagtext na rin ako kay Suki, baka sakaling alam niya.

Halos napatalon ako nang hinawakan ni Riguel ang braso ko. Nakatingin siya sa akin, seryoso. Iniwan niya ang tabi ni Lola.

“Riguel…” sabi ko.

Napatingin ako kay Lola na ngayon ay nakatingin na rin sa aming dalawa.

“Attorney Alleje, tumawag lang kayo kung may problema,” anang doktor bago umalis kasama ang mga nurse.

“Maraming salamat, Doc…” ani Riguel.

Ilang sandaling naging tahimik dahil sa pagalis ng mga panauhin. Nang inilipat ko kay Riguel ang mata ko ay nagsalita na si Lola.

“Riguel, alam ko na ang tungkol sa kasal ninyong dalawa…”

Nilingon ni Riguel si Lola at nilapitan.

“La, magpahinga po muna kayo…” ani Riguel.

Umiling si Lola. “Inamin ni Lilienne sa akin ang lahat. Totoo, hindi ba?”

Hindi nagsalita si Riguel. Hinawakan niya lamang ang kamay ng matanda.

“Kung hindi pa sinabi ni Piper sa akin ay hindi ko pa malalaman ang kasinungalingan!” ani Lola.

“Aura…” tawag ni Lolo.

“Magpahinga ka na muna, La. Mag-uusap tayo kapag maayos ka na-”

“Hijo, hindi ako mapapanatag dahil sa nalaman ko-”

“Kailangan mong mapanatag, La, dahil ang totoo’y wala ka dapat ikabahala sa amin ni Lilienne. Mahal ko siya kaya ko siya pinakasalan. Mahal niya na rin ako ngayon kaya hindi kami maghihiwalay…”

Lumipat ang tingin ni Lola sa akin. Pagod akong ngumiti sa kanya.

“Pasensya na’t nagsinungaling ako. Huwag n’yong sisihin si Lilienne dahil ako talaga ang nanguna sa kasinungalingang ito. I did it because I love her very much and I think that’s the only way I can somehow keep her with me.”

“Paano kung iba ang pakay niya, Riguel…” maliit ang boses ni Lola tila ba nag-iingat na hindi ko marinig.

But the room is small. Kahit konting kaluskos ang maririnig ng lahat.

“Mahal ko po si Riguel, Lola Aura…” sabi ko.

“Naniniwala ako sa kanya, La. Marami na pong nangyari. Nakapagdesisyon na po kami. Magpapakasal kami sa simbahan sa lalong madaling panahon.”

Napatingin muli si Lola sa akin.

“Hindi ba ay kaya mong ipasawalang bisa ang kasal ninyo ni Riguel dahil nakarehistro ka sa ibang bansa, Lilienne?” ani Lola Aura.

Tumango ako dahil iyon ang totoo.

I get that Lola wants to protect Riguel. She wants to be sure that I’m not fooling him. How can one really prove the love? By marraige? No. I think not. It’s not going to be enough lalo na’t pwedeng isawalang bisa ito sa parte ko. At maraming kasal na nagmamahal pa rin ng ibang tao kaya hindi talaga ang kasal ang magiging batayan ng tunay na pagmamahal.

Ano kaya talaga?

“Kung ganoon…” ani Lola. “Paano tayo makakasiguro, Riguel…”

Umiling si Riguel. “Walang kasiguraduhan, Lola. Tanungin mo na lang ulit ako pagkatapos ng sampung taon. Kapag nasa piling ko pa siya…”

Hindi ko alam kung bakit parang nawasak ang puso ko sa sinabi ni Riguel.

“I believe her so I’ll trust her word. She won’t leave me again for sure…” ani Riguel.

Ngumiti si Lola Aura sa kanyang apo. I get that they really love him so much. Who wouldn’t love a man like Riguel? He’s everything everyone wants. Letting him go is stupid. So I won’t. Ever.

“I won’t leave, Riguel. Mahal kita. At ikaw na lang ang pamilya ko…” sabi ko.

Nilingon ako ni Riguel. Tumayo siya at lumapit sa akin para yakapin ako.

“I want to talk to Piper. Dito ka muna para bantayan si Lola? Magtatricycle lang ako…” sabi ko.

“Hindi na. Sasamahan kita…” aniya.

Kabanata 49

Kabanata 49

*OceanofPDF.com*

Remains

Ayaw ko sanang samahan ako ni Riguel. Gusto ko lang na manatili siya sa ospital para samahan ang kanyang Lolo at Lola. But then he wouldn’t let go out of the building without him.

“I’ll be fine, Riguel…” sabi ko habang iniikot niya ang susi para mapaandar ang sasakyan.

Although I’m already inside his car, I still want to insist to go alone. I’m worried about his grandparents.

“Sasama ako, Lilienne. I don’t want you to talk alone with her…”

“If you’re thinking that it’s going to end like what happened before…”

Sumulyap siya sa akin at pinaandar niya ang sasakyan.

“I want to be there while you make your decisions.”

Hindi ako nagsalita. Hinayaan ko na lang siyang mag maneho. I assume he knew how to go to Piper’s house. Besides, they’re friends.

May pinindot siya sa kanyang cellphone habang nagdadrive. He put his phone on loud speaker and I saw Piper’s name in there.

Piper Office. Iyon ang nakalagay.

Tatlong beses tumunog ang cellphone bago ko narinig ang boses sa kabilang linya. Pormal ngunit ramdam ko ang panginginig sa boses ni Piper.

“Riguel…” aniya.

“Nasaan ka?” tanong ni Riguel.

“Nasa Alegria, bakit? Are you bored with your vacation?” natatawang sinabi ni Piper.

Kumunot ang noo ko sa sinabi ni Piper. She sounds so overwhelmed right now. Hindi ko alam kung bakit kay hirap panatilihin ang suporta ko para kay Piper. I need to remind myself that this woman is loved by my twin brother. I should not build any negative feelings for her.

“No… Where are you?”

Tumawa ulit si Piper bago nagsalita.

“Nasa… sementeryo… Bakit? Pupunta ka?”

“Okay… Pupunta ako…” ani Riguel pagkatapos ay binaba ang cellphone.

Sumulyap si Riguel sa akin bago binago ang ruta ng kanyang sasakyan. Marami ang gumulo sa isip ko. Bakit nasa sementeryo si Piper? Baka alam ni Riguel?

“Bakit siya nasa sementeryo?” tanong ko.

Nagkibit ng balikat si Riguel. “I don’t know…”

What? Here I thought there’s a meaning about her statement. O baka hindi na naman alam ni Riguel?

“Namatayan ba siya ng family member? Or anyone, Riguel?” I said without hesitation.

“No… As far as I can remember.”

“Then, do you believe that she’s actually there? Paano kung niloloko ka lang noon at nasa bahay lang pala siya?”

“She’s not lying, Lilienne,” he confidently said. “Hindi pa ako nagtatagal sa propesyon ko pero may mga natutunan naman ako pagdating sa pagkilatis ng sagot…”

Nagtiim labi ako at bumaling sa kalsada. Right… And of course!

“You’re the only person that’s confusing me, actually…” dagdag niya sa isang malumanay na boses.

“You’re confused?” mas malumanay kong tanong.

Bahagya kong sinantabi ang gulo sa utak ko para kay Piper. Why are we even talking about this?

“Sometimes. Your actions and words are confusing. Or maybe it means so much to me that I don’t want to assume or misunderstand anything…”

“Oh…”

Nanatili ang tingin ko kay Riguel. Seryoso ang tingin niya sa kalsada. Kahit sa mga panahong ito ay namamangha parin talaga ako sa kanya. I looked away. Tiningnan ko ang mahabang kapatagan na natatanaw ko bago ang mga bulubundukin. Palapit na kami sa sementeryo.

I remember my family again. We never really talked about death. I only know that Yeshua wants to be cremated because he told us that. Ang pangit ngang pakinggan. Nagalit ako sa kanya pagkatapos niyang sabihin iyon. So Mommy got cremated, too. At pinili kong ganoon na rin si Daddy. I wonder if they ever want to come back here and settle here in Alegria. After all, this is where our love began.

Sa malayo ay nakikita ko si Piper sa gilid ng isang puno. Nakatanaw siya sa mga nakahilerang lapida ng sementeryo sa Alegria. The wind blew on her face but I didn’t see her fully because she’s facing the cemetery.

“Mag-aantay ako sa labas ng sasakyan para makapag-usap kayo ng maayos…” ani Riguel.

“Hindi niya alam na narito ako.”

“Kapag nalaman niya, baka umalis siya.”

Nilingon ko si Riguel. Pinag-isipan niya talaga itong mabuti, huh?

“I also want to talk to her but first, you both talk about your issues.”

Tumango ako. Ito na nga ang hinihingi kong pagkakataon kanina. Ibinibigay sa akin iyon ni Riguel.

Nilingon kong muli si Piper. She's wearing a soft yellow dress. Ang palda ng kanyang damit ay hinihipan ng hangin katulad ng nangyayari sa buhok niya. Sumilong siya sa puno para iwasan ang init.

Bumagsak ng sabay ang pintuan ng sasakyan ni Riguel dahil sa paglabas naming dalawa. Nilingon agad kami ni Piper, her eyes wide open.

She looks so shocked to see me. Like it's next to impossible! Talagang inasahan niya na mag-isa si Riguel na pupunta sa kanya dahil hindi siya nasiyahan sa aming bakasyon!

"Lili… Rig…"

Huminga siya ng malalim. Lumapit naman ako sa kanya. Nakita ko ang isang hakbang na atras niya dahilan kung bakit tumigil ako sa paglalakad mga tatlong metro ang layo sa kanya.

"Piper…" tawag ko.

"Bakit ka nandito?" she suddenly changed her surprised tone into an angry one.

"I'm with Riguel."

Tiningnan niya si Riguel sa likod ko. Hinayaan ko siyang maramdaman lahat ng nangyayari sa harapan niya.

"Ang aga n'yong umuwi, ah? Akala ko ba bakasyon?" lumambot ang tono niya.

"Gusto kitang makausap…" sabi ko.

Napawi ang namumuong ngiti sa kanyang labi at hinarap akong mabuti.

"What is it, Lili?" tanong niya.

“I am sorry for everything. For what Yeshua did… For not telling you soon about his situation-”

“Lilienne, matagal ko nang binalewala ang lahat ng iyan…”

“Please let her finish, Piper…” ani Riguel.

“Riguel, anong ibig sabihin nito?” ani Piper. “Look, I know that what’s in between you two right now is purely lies. Kayong dalawa ay nagsama lamang para sa mga personal na interes ninyo… at-”

“Tama na, Piper,” putol ko sa kanya. “Ang hirap sa akin ng ganito. Mahal na mahal ka ng kapatid ko. Kahit sa mga huling araw na tama pa ang pag-iisip niya, ikaw parin ang nasa isip niya.”

Natigil si Piper sa sinabi ko. I realize that I haven’t told her the whole part of Yeshua’s experience. She only knows that he died. That’s all.

“He was sick. But all he cares about is you. That you should try to love someone else while he’s away. Na ayaw niyang matali ka dahil bata pa kayong dalawa. He’s hopeful that he’d make it, though. That maybe, babalik siya balang araw at paiibigin ka niyang muli. He’ll explain to you what happened. Ayaw niyang malaman mo habang naghihirap siya dahil mahihirapan lamang kayong dalawa.”

I am surprised that I told her that without breaking down. Naaalala ko si Yeshua noon. Kung gaano niya ka gusto si Piper. At kung gaano siya umasa na talagang gagaling siya… kung paano ako naniwala.

“The operations caused him to forget things… even change his attitude. He even forgot about me…” tumigil ako para huminga dahil nagsimula nang manikip ang dibdib ko.

Kitang kita ko ang luha sa gilid ng mga mata ni Piper. Ngumiti ako. Somehow, I feel like she still loves my brother after all.

“I was scared to mention you because I might strain his head. Kasi syempre alam ko kung gaano ka kaimportante sa kanya. Kung ganoon ka ka

importante, Piper, his head might rewire at the mention of your name!”

Kinagat ko ang labi ko para pigilan ang panginginig ng boses.

“Ayaw ko ng ganoon dahil hindi ko naman talaga alam kung gaano ka epektibo ang naging operasyon. Ang tanging nasa isip ko lang ay maghilom ang sugat niya at bumalik sa normal ang dati. Kaya pasensya na at wala akong nagawa sa parteng iyan. Humihingi na rin ako ng tawad para sa paglilihim ng kapatid ko. But somehow, I understand him. Ito iyong gusto niyang mangyari. Na magmahal ka ng iba habang wala siya o kapag nawala siya. At nagmahal ka nga ng iba…”

Tears rolled down her cheeks. Mabilis na pinunasan ni Piper ang mga luha sa kanyang mga mata.

“I admit it. Nanghihinayang ako dahil kinalimutan mo ang kapatid ko habang siya’y ikaw lang ang inisip. Ngunit naiintindihan ko rin dahil mahirap umasa sa isang bagay na hindi ka sigurado… at lalo na sa taong sinaktan ka ng husto. I promised him to take care of you and to shield your heart from all the pain so I was willing to give everything to you, Piper…”

“Lienne…” malamig na tawag ni Riguel.

Narinig ko rin ang yapak niya patungo sa akin kaya mabilis kong dinugtungan ang sinasabi ko.

“Ang hirap pala. I’m torn between the promise I have for my twin, the love of my life, and my heart…”

Kumunot ang noo ni Piper. Kita ko ang galit ngunit dahil sa mga luha ay mas nangibabaw ang vulnerability sa kanya.

“Ang hirap, Piper… pwede kong kalimutan si Yeshua, tulad ng ginawa mo, at diretsong ibigin na lang si Riguel para maging masaya ang puso ko pero hindi ko magawa. Syempre, kapatid ko iyon. Mahal ko iyon.”

I sensed Riguel just behind me. That didn’t stop me though.

“Kaya ngayon gusto kong malaman ng babaeng pinakamamahal ng kapatid ko na mamahalin ko si Riguel ng buong puso. Hindi ko matutupad ang pangako ko kay Yeshua. Ngunit sana ay maging masaya ka rin balang araw. I wish and pray for your happiness because that’s the only thing I can do. Because I’m choosing the only thing that’s alive in me now, my heart… I think my brother will understand that. He might resent me but I believe in his love.”

“Pinapamukha mo ba sa akin ang lahat ng ito, Lilienne?” pagalit na sinabi ni Piper kahit na bumabaha ang luha sa kanyang pisngi.

Umiling ako. “I’m doing this because I want to set all my inhibitions free.”

Humakbang siya ng isang beses palapit sa akin.

“Bakit hindi mo ako tinawagan agad noong namatay si Yeshua? Kung tunay ngang nag-aalala ka para sa akin, bakit hindi agaran ang pag tupad mo sa pangako mo?!”

“I was busy mourning and taking care of my parents. My mom got depressed, my dad’s sick. Then just when I thought that everything’s fine, Mommy died. After my graduation, sumunod si Dad. How can I carry out my promises to Yeshua when all I think about was to be with them kahit sa kamatayan? I was too depressed to even think right…”

Hinawakan ni Riguel ang aking baywang at humakbang na siya sa tabi ko. Niyakap niya ng bahagya ang aking katawan at hinalikan niya ang aking pisngi.

“I’m sorry, Lienne,” he breathed.

Natigil ako sa pagsasalita. Bumaling si Riguel sa kay Piper na ngayon ay parang natutulala habang pinapanood kami.

“Piper…”

Sumighap si Piper sa tawag ni Riguel.

“Salamat sa pagiging mabuting kaibigan at sekretarya…” pormal niyang sinabi. “I understand how you feel. I have felt that, too. And you know that. I felt betrayed when Lilienne left me.”

“Riguel…” puno ng pagmamakaawa ang boses niya.

“I was told that you went to our house. You told my grandparents about the truth between me and Lilienne… is that right?”

“I’m sorry…” agap ni Piper.

“Naospital si Lola dahil sa pag-aalala…” ani Riguel.

Nanlaki ang mga mata ni Piper. “Oh my God! I’m sorry! Hindi ko sinasadya, Riguel! Kailan? Saan?”

She panicked. I can see that she’s genuine. She cares for Riguel, after all.

“Nalulungkot ako dahil hindi ko naisip na magagawa mo iyon. There’s a reason why Lilienne and I kept that a secret. I have my own reasons, too. I don’t want my grandparents to get upset while I try to win Lilienne back the fastest way possible. I’m sure you know why I want her back that much. It’s not hard to spell…”

Umiyak ng panibagong luha si Piper ngayon ngunit hindi tulad kanina ay mabilis siyang nakabawi. Tumango siya habang pinupunasan ang mga luha.

“Naospital si Lola dahil nagalit siya sa nangyari. Ngunit sa totoo lang ay hindi niya naman talaga alam ang buong istorya kaya may kasalanan din ako. But I just hope that you’d respect my decisions. That this time, please leave our problems to us. I want to start a life with Lilienne, not with the lies but for real… I want her to marry me because I love her.”

“I’m sorry…” humikbi si Piper at tinabunan ang kanyang mukha.

Hinawakan ko ang braso ni Riguel, I want him to stop talking at least. I want to give Piper time.

“I’m sorry, Riguel. Hindi ko alam. I went to your house and…” umiling siya. “I thought that’s the best thing I can do to save you from whatever Lilienne’s planning…”

“I brought that to myself. I offered Lilienne the marraige without thinking what’s going to happen in the long run. So I don’t need the saving, Piper…”

“Riguel…” saway ko.

Nag-angat si Piper ng tingin sa akin. Halo ang nakita ko. Galit, poot, pagod, at panghihinayang.

“I’m sorry…” ulit niya, nakatingin na ngayon sa akin.

Ilang sandali kong hinayaan siyang nagpupunas ng luha. Nilingon niya ang kalakhan ng semeteryo bago nagsalita muli.

“Did you really love my brother?” tanong ko.

Nilingon niyang muli ako. “Yeshua didn’t trust me enough to tell me the truth…”

“He wants to set you free, Piper…”

“I wasn’t jailed, Lilienne! Kaya hindi ko kailangan ng sakit na binigay niya sa akin para lang patunayan sa akin na pwede akong magmahal ng iba!” pagalit niyang sinabi.

I got her point but it’s all done. That was Yeshua’s decision.

“Nagmahal ako ng iba, oo. Masisisi mo ba ako? Dahil iniwan ako ni Yeshua. Tulad ng pag-iwan mo kay Riguel!”

Sumulyap siya kay Riguel sa gilid ko.

“You can’t blame me!” sigaw ni Piper.

“I am not blaming you, Piper. If I were on your shoes, I probably did the same thing…” sabi ko.

Ngumiwi siya sa sinabi ko. “After eight years babalik ka rito at manggugulo ka? You did not do the same thing, Lilienne! You should’ve go on with your life abroad! You should’ve never look back!”

Ramdam na ramdam ko ang hinanakit niya sa akin.

“The eight years abroad did not give me time to think about myself. Ngayon lang ulit ako nag-isip ng sariling kaligayahan ko, Piper. I lost my brother, my twin, and my whole family. Now, I can’t lose Riguel…”

Kinagat ni Piper ang pang-ibabang labi niya habang tumutulo ang luha sa kanyang mga mata. She couldn’t look straight at us now. Her nose is very red. Parang nagflashback sa akin ang mga araw na nakikita ko siyang umiiyak noon dahil kay Yeshua. Parang nakikita ko muli ang Piper na kinalakihan ko.

“Saan siya nilibing?” marahang tanong niya.

“He wanted to be cremated. I left his remains abroad. Ngunit may plano akong dalhin iyon dito sa Alegria.”

Nag-angat siya ng tingin sa akin. Her eyes were bloodshot. Ilang sandali siyang tumitig. Tila ba minememorize niya ang lahat ng guhit sa aking mukha. And then she turned to Riguel.

“I’m resigning, Riguel,” aniya. “I wish you two all the best. Paki sabi kay Lola Aura na humihingi ako ng paumanhin…”

Nilipat niya ang tingin niya sa akin. Ngayon ay mas kalmante na siya.

“I’m sorry, Lilienne…” nanginig ang boses niya.

Hindi ko alam kung bakit kahit na lubusan ang kasiyahan ko ay tumulo ang mga luha ko. I quickly went to her. Her eyes widened nang nakita niya akong palapit sa kanya.

Niyakap ko siya ng mahigpit. To feel Yeshua again through the love of his life is the best thing for me. I hugged her tight. She cried on my shoulder.

“Mahal na mahal ka niya…” bulong ko. “Ikaw lang…”

“Mahal ko rin siya. Kung sana sinabi niya sa akin…”

Nanatili kaming ganoon ng ilang minuto. Nang gumaan na ang pakiramdam ko ay pinakawalan ko na siya.

Walang sabi-sabi siyang umalis sa aming harap ni Riguel. Sinundan ko siya ng tingin habang papalapit siya sa tricycle.

Hindi niya na ulit ako nilingon nang umalis na ang tricycle. Hanggang sa nawala na sa paningin ko ang tricycle na sinakyan niya.

“You think she came here to look for Yeshua’s grave?” tanong ko ng nakatalikod kay Riguel.

“Maybe…” Riguel said in a calm voice.

Humakbang siya palapit sa akin at hinawakan niya ang kamay ko. Hinalikan niya ang noo ko ng isang beses. Pinutol ko ang pagkakatulala ko para matingnan siya.

“Riguel, I’m thinking…” I said.

“What is it…”

“Itutuloy ko ang pagalis ko papuntang America.”

Nanatili ang mga mata niya sa akin. Tila buong atensyon na ngayon ang ibinibigay niya.

“I want to talk to Tito Samuel and Tita Lydia in person. I want to inform them about us. I also want to get the remains of my family. Itatransfer ko iyon dito sa Alegria…”

“Okay, then I’ll extend my leave…” aniya.

Tinagilid ko ang ulo ko. “You don’t have to. I can do it alone.”

Ngumiti siya. “You can also do it with me. I want to talk to your Tito Samuel and Tita Lydia, too. I want to see where you lived while you were away from me. I want to see everything I missed, Lilienne. I want to know everything. Kaya sasama ako.”

“How about Lola?” tanong ko.

“We can move the dates of your flight. Kapag makalabas na si Lola ay ‘tsaka tayo aalis. Tumaas ang kanyang blood pressure so she was rushed to the hospital. But the doctor said she’ll be fine. She’ll be given medications. Makakalabas na si Lola sa ospital pagkatapos ng dalawang araw.”

“I left my tickets in your condo unit…” sabi ko.

“Yup. Kinuha ko iyon. It’s on my safe…”

“Kinuha mo?” nagtaas ako ng kilay.

Ngumuso lamang siya at hindi na sinagot ang tanong ko.

“Let’s just go back to the hospital now. Let’s talk to Lola Aura… We’ll tell her we’ll have our church wedding soon…”

“Baka magulat siya, Riguel? Hindi ba nakakasama ang magulat?”

“She’ll be overwhelmed. Mas mapapabilis ang pag galing ni Lola pag nalaman niya ito…”

Hinigit niya na ako patungo sa sasakyan. Nagpatianod na lamang ako sa kanya. Medyo magulo pa ang pag-iisip sa lahat ng nangyayari.

Kabanata 50

This is the last chapter. Thanks

–

OceanofPDF.com

Thank You

We went back to the hospital after that. Nakatulog na si Lola kaya hindi na namin siya nakwentuhan.

Nagpasya rin kami ni Riguel na sa ospital matulog para makapagpahinga muna si Lolo Selmo.

Nakarinig ako ng pagbukas ng pintuan dahilan kung bakit ako dumilat. May mga sofa sa room ni Lola. Doon kami natulog ni Riguel. Nagising ako dahil mukhang may pumasok at gumalaw na rin si Riguel sa aking gilid para makawala.

Kinusot ko ang mga mata ko at nakita kong lumabas si Riguel kasama ang doktor. Pagod kong nilingon ang kama ni Lola nang nakita ko siyang nakatingin sa akin.

Walang pag-aalinlangan akong bumangon para makaharap kay Lola. Kanina pa ba siya gising? Anong oras na ba?

Sumulyap ako sa pampulsong relo at nakita kong madaling araw pa.

“Kanina ka pa po ba gising, Lola?”

Tumango si Lola at bahagyang bumangon.

Hindi ako sigurado kung ayos lang ba na bumangon si Lola ngunit dahil iyon ang gusto niya ay tinulungan ko siya. Hinawakan niya ang braso ko bilang suporta.

“Ayos na kayo ni Riguel?” tanong ni Lola sa akin.

Kumunot ang noo ko. Hindi naman kami nag-away ni Riguel bukod noong pinagtabuyan ko siya.

“Ang ibig kong sabihin ay ang tungkol sa lahat ng ito. Maayos na ba kayo ni Riguel. Hindi na ba ito usapan lamang ang lahat?”

Ngumiti ako kay Lola.

“Hindi na po. Mahal ko po si Riguel, la. Kahit noon pa man,” sabi ko.

“Mahal na mahal ka ng apo ko, Lilienne. Habang tulog kayong dalawa ay pinagmamasdan ko kayo. Mahigpit ang yakap niya sa’yo na tila ba ika’y makakawala habang siya’y walang malay…”

“Hindi ko po gagawin iyon kay RIguel.”

“Ginawa mo noon…”

“Ginawa ko lamang po iyon dahil kinailangan pong umalis ng aking pamilya ng ‘di pinapaalam. My twin brother was sick, Lola. Yeshua needs to be treated abroad and he wants everything to be a secret. Kung hindi lamang ganoon ay nasabi ko na kay Riguel ang tunay na nangyari… Sana ay hindi na naging kumplikado ang lahat.”

“Anong nangyari sa kakambal mo, kung ganoon?”

Kitang kita ko ang kuryosidad sa mga mata ni Lola. She looks pained like she knows what happened. Hindi ko alam kung tama bang sabihin ko sa kanya ang lahat ng ito gayong may sakit siya. But at the same time, walang tamang panahon kundi ngayon.

“Hindi ko po inililihim na ang lahat ng ito ngunit hindi ko rin po gustong ipangalandakan sa lahat. Ayaw ko pong kawaan ako ni Riguel, lalo na noong una kami muling nagkita pagkatapos ng ilang taon. I’m sorry, Lola. If I have been so secretive. I kept all my secrets from all of you because the only thing that’s left of me is pride…”

“Namatay ba ang kakambal mo?”

Tumango ako. “My Mommy and Daddy died, too. The eight years I spent abroad, I spent it in pain…”

Kitang kita ko ang gulat sa mukha ni Lola. Hindi siya nakapagsalita.

“Don’t worry, Lola. I have recovered from everything. Masakit pa rin hanggang ngayon pero kahit paano’y nalagpasan ko. It took me so long to return because of that. It took me long to think about Riguel, too, because my family needs my thinking…”

“Alam ba ng apo ko ito?”

“Sinabi ko po sa kanya noong isang araw. I never meant to keep it a secret. But also… I didn’t want pity from him. Lalo na’t ang Riguel na una kong nasilayan pag-uwi ko ay ibang-iba sa Riguel na kilala ko.”

“Ang Riguel na nakilala mo noon ay tulad parin ng Riguel ngayon. Ang tanging pinagkaiba lamang ay ang mga narating niya, apo…”

Nangilid ang luha ko nang narinig ang sinabi ni Lola. Hindi ko alam kung bakit may mainit na hangin ang bumalot sa aking dibdib.

“Halika, Lilienne…” ani Lolo sabay amba ng yakap sa akin.

Tumayo agad ako at lumapit kay Lola. Niyakap ko siya, ganoon rin siya sa akin.

“Noon pa man, ang babaeng gusto ko na iuwi ni Riguel ay ikaw lamang, hija. Ngunit nawalan na rin ako ng pag-asa nang nagdaan ang taong hindi pa kita naririnig sa kanya. Ang tanging hiniling ko na lamang ay maging masaya siya. Ngayong nandito ka na, wala na akong mahihiling para sa apo ko. Alam kong magiging masaya na siya kahit anong mangyari…”

Mas lalo akong umiyak sa balikat ng matanda. It’s been quite a long time since the last time I felt like this… Pakiramdam ko ay nadagdagan ang pamilya ko.

It worked like a miracle. After that confrontation, naging maayos ang pakiramdam ni Lola. Pagbalik ni Riguel ay sinabihan siya ng doktor na maaari nang lumabas si Lola sa ospital.

Riguel asked Lolo and Lola to stay in our mansion para mas mapagtuonan ng pansin si Lola.

“Maayos na ako, Riguel… Dulot lamang iyon ng katandaan at syempre, paninibugho…”

Tumawa si Lola habang nakaupo sa sofa sa mansyon. Si Riguel ay nakaupo sa arm rest ng sofang inuupuan ko. Nakahalukipkip siya habang tinitingnan si Lola.

“Kailangan mo parin ng nurse, Lola,” ani Riguel.

“Bahala ka nga riyan, Riguel. Hindi ka naniniwala sa akin!” ani Lola.

Tumawa si Lolo at hinaplos ang likod ni Lola. “Ilang linggo nga kayo sa ibang bansa, Riguel?”

Tinagilid ko ang ulo ko. He really assumed I’d take him along. I can’t believe him. Hmm. Nga naman. Magandang ideya iyon para makapagtravel kami.

“Ayos na ba ang dalawang linggo, Lilienne?”

What? Noong inisip ko ay isang linggo nga lang ang nasa utak ko. Syempre dahil wala kaming matutuluyan bukod kina Tito Samuel. Kahit na malaki na ang bahay nina Tito, iba parin kapag may sariling tutuluyan. Iyong apartment namin noon ay pinarentahan na ng may-ari sa iba kaya wala rin.

“That’s too long. Ikaw?” tanong ko.

“Siguro mga dalawang linggo…” sabi ni Riguel kay Lola.

“Pag-uwi n’yo may apo na ba?” nanliit ang mga mata ni Lola.

Tumawa naman si Lolo sa sinabi ng matanda. Nilingon ako ni Riguel. Umiling lamang ako. Alam niyang nagpa Depo ako. At isa pa… Am I freaking ready?

“Magpapakasal muna kami ni Lilienne, Lola.”

“Aba, kailan ba iyan Riguel? Baka mamaya ay patay na ako ‘tsaka kayo magplanong-”

“Aura!” ani Lola.

“Aasikasuhin ko po bago kami umalis. Para pag uwi namin ay ‘yong ibang detalye na lang-”

“Huwag n’yo ng patagalin! Ilang taon kayong nawalay. Magpapaliguy-ligoy pa kayo?” ani Lola.

Nagtawanan na lamang kami.

The mansion felt so jolly with Lola and Lolo around. They were very talkative and we wouldn’t run out of topics everytime we’re dining.

Pinressure na rin ako ni Riguel na magdesisyon sa susuotin kong gown. Gabi gabi kaming naglilista kung sinu-sino ang ipapasama namin sa kasal.

“Gagawin ba nating abay si Alli?” biro ko sa kanya.

Matalim lamang niya akong tinititigan. It’s hard to take him seriously especially when he’s topless beside you on bed.

“Stop it, Lilienne…” aniya sabay tingin ulit sa notebook na pinagsusulatan namin ng mga detalye.

“Payag akong maid of honor siya!” biro ko muli.

His eyes pierced through me. I smiled widely.

“Mahal na mahal ka noon. Baka mamaya ipapatigil noon ang kasal natin, ha!”

“Why are we talking about this?”

I laughed. “Because it annoys you…”

Yumakap siya sa akin habang kinikiliti ako. Tinulak ko siya palayo habang tumatawa.

“Fine! Fine! We won’t invite her, okay? Bakit ba kasi habulin ka? Kahit ako noon…”

“You were only playing. Pakiramdam mo ako lang ang ‘di tinatablan ng kamandag mo.”

Nagtaas ako ng kilay. He really thinks I wasn’t serious way back?

“By the way, the next time you consult an OB, you should tell me. It’s my right to know…” then he kissed my shoulder.

“Okay. Doon lang naman iyon sa nirecommend ni Suki…” sabi ko.

“Where did you meet her? At ilang buwan ang bisa ng Depo?”

“Her? He’s male, Riguel.”

“He’s a what?” halos magmura siya sa tanong na iyon.

“Well, he’s good…” Tumango tango ako.

Nanatili siyang nakatingin sa akin na para bang may mali akong nagawa.

“If he’s good then I want him to lift the effects of the Depo. Can he do that, though?”

“Hindi ako sigurado. May ganyan ba? At bakit naman?”

Ang sagot niya ay isang napakainit na halik. Magsasalita pa sana ako ngunit ang labi niyang mapanuya at ang dila niyang nang-aangkin ay sadyang nakakawalang ulirat.

Dinaganan niya ako habang hinahalikan. His hot chest covered me.

“Kung hindi ay lilipat tayo ng ibang doktor,” bulong niya habang hinahalikan ang pisngi ko.

Kinagat ko ang labi ko. His hands were all over me. Naglalakbay ang isa sa aking likod, ang isa ay nasa aking dibdib.

“I want to give you more family, Lilienne. When you’re ready…” bulong niya at hinalikan ang aking tainga.

“I want that, too, Riguel…” sabi ko.

Tumigil siya sa paghalik at isang malutong na mura ang pinakawalan niya. It’s like everything is frustrating him so bad.

Bumalik ang labi niya sa akin at marahan niyang kinagatan iyon. I can’t help but moan.

Ang isang kamay niya ay sumuot na sa sedang lingerie making its way to my soft mounds. Tumigil siya sa paghalik at dinungaw ang aking dibdib habang unti-unti niyang tinatanggal ang strap ng aking suot. Parehong mabibigat ang aming paghinga.

Thinking about Riguel being the father of my children makes me shiver. Anong klaseng ama kaya siya? At alin kaya ang gusto niya? Babae o lalaki? My thoughts made me desire him so much.

Liquid heat pooled in between my legs. Ang isang kamay niya’y inabot na iyon habang hinahalikan ang aking dibdib. His first touch made me reach the highest peak. Ilang sandali na lang at alam kong mawawala na ako sa sarili.

Napaliyad ako. He’s playing with my heated folds like it’s a mystery he’s determined to know. His fingers were touching the right places. Tumataas na ang baywang ko, sinasalubong ang kanyang haplos nang bigla kong naramdaman iyon. My world shattered into pieces and my legs trembled with the intensity.

“Riguel!” I couldn’t even recognize my own voice.

I want him. I want him to fill me. Iyon lamang ang naisip ko sa kasagsagan ng paginahon ko galing sa climax.

But then he kissed my stomach. Ilang sandali siyang nanatili roon bago bumaba pa.

“Riguel, please…” I almost cried. I want him!

Binaba niya ang underwear ko. I’m all naked while he’s still with his boxers.

I can literally feel my wetness in between my legs. I am very ready. Siya na lang ang hinihintay ko.

But then I felt him kiss the my v line. Halos mapamura ako sa frustration at sa anticipation. I want him in. Hindi na ako makontento sa haplos lamang!

Then he kissed my folds thoroughly. Shocks of pleasure were sent to my spine. Napapikit ako nang naramdaman ang init ng kanyang hininga, ng kanyang labi, ng kanyang bibig sa akin.

The pleasure was so intense that my legs started to tremble. Hinawakan niya ang magkabilang paa ko para ipirmi kung nasaan man sila. He wouldn’t let me fucking move!

“Riguel, please… I beg…” daing ko.

But then his tongue would always drown my begging. Tila ba sinusunod naman niya ang gusto ko ngunit sa ibang paraan.

Sinabunutan ko siya habang ginagawa niya iyon. I couldn’t move properly because I was too weak to even try.

And then he stopped. Binitiwan niya ang aking magkabilang paa para tumayo at maghubad ng boxers. Hinahabol ko ang hininga ko. Finally!

He was all naked now. Pinirmi ko ang mga mata ko sa kanyang kabuuan. Just by the sight of him all naked made the heat rise.

Gumapang siya para makapwesto muli sa aking gitna. He kissed my stomach and then he went to my breasts again. His hot wet mouth covered my peak while his naked glory touched the folds of me.

Halos dumugo na ang labi ko sa kakakagat. Sinabunutan ko siyang muli habang sumasabay sa ritmo na ginagawa niya sa akin.

I rubbed myself to him. I felt him grew harder and bigger.

“Ah… Riguel…”

He rose. Lumuhod siya sa gitna ko. Dumilat ako para tingnan siya. His eyes are filled with desire and passion.

Kahit wala na akong lakas ay sinubukan kong bumangon para mahalikan siya. But then he slowly pushed himself inside me. I stopped mid air. Nanghina ako.

Slowly, he filled me to the brim. Hinawakan niya ang likod ko bilang suporta para hindi ako makahigang muli. He filled me so much that I swear I can almost feel his tip at the bottom of my heart.

Then he started pushing inside me. Ang isang kamay ko ay nakatuko sa kama bilang karagdagang suporta. My head flew back as his movements went faster.

I am at the edge when he started moving slower. Nag-angat ako ng tingin sa kanya. He’s enjoying it so damn much that he just doesn’t want to finish. His eyes are full of love and adoration. Nakatitig siya sa akin habang binabagalan niya ang bawat pag pasok at pag alis.

Lumapit ako sa kanya. I hooked my arm on his neck. Pumikit si Riguel. Our nose touched.

“I love you, Lilienne…” he whispered.

I smiled. “I love you, too…”

And then I forced him to fall. He detached on me nang napahiga siya.

“Lilienne!” he growled but it’s too late.

I locked my legs in between him. And then slowly I felt his tip. Tumingala ako habang unti-unti ko siyang pinapasok.

I moved up and down feeling him inside me. I heard him moan. Hinawakan niya ang baywang ko habang tumataas baba ako sa kanya.

Pumikit ako at tumingala habang unti-unti kong binibilisan ang kilos ko. Nakahawak parin siya sa aking baywang, halos tulungan ako sa aking ginagawa.

This reminds me of the very first time I surrendered myself to him. I was young and naive. I wanted him to feel all my love for him. I was lucky that the Riguel years ago was grounded and steady. Kung ibang lalaki iyong ginawan ko ng ganoon ay maaaring iba ang nangyari. The Riguel of the past was a visionary. He thought about our future. I loved the right person.

Mas lalo kong binilisan. He cursed out loud. With every push, I can feel the searing peak in me.

When he growled because he was reaching his, parang naging trigger ito para maramdaman ko rin iyong akin. I called his name and I felt him flow inside of me. I pushed myself so he can bury it deeper. I squeezed him till his last drop. At bumagsak ako sa kanyang dibdib dahil nawalan ako ng lakas sa sarili kong pagsabog.

“I can’t believe I left you…” bulong ko ng nakapikit.

“Magkasama na tayo ngayon kahit saan.”

Hinaplos niya ang buhok ko. Naririnig ko ang bilis at lakas ng takbo ng kanyang puso dahil ang tainga ko ay nakadikit sa kanyang dibdib.

His heart beats for me.

Riguel is in love with me.

He’s my family now.

And we’ll make our own big family soon.

Dear, Yeshua, Mommy, and Daddy… Thank you for everything. I choose to live and remember all the good memories you gave me. I will live to carry

out the lessons you taught me. I hope you'll all be happy for me. I know you will. Dahil kahit anong pagkakamaling nagawa ko alam kong ang pagmamahal ay nagpapatawad.

*OceanofPDF.com*

Wakas

*OceanofPDF.com*

Wakas

“Riguel, I forgot to give you this on your birthday…” ani Lilienne nang nasa airport na kami.

Ipinakita niya sa akin iyong relo na tinanggihan ko ilang taon na ang nakalipas. She smiled shyly at me. Ngumuso ako at ngumiti rin sa kanya.

“Hindi ko iyan matatanggap, Lienne,” sabi ko.

Bumaba ang kamay niya. Malapit na mag board ang flight namin. Siguro’y iniisip niyang tulad noon ay talagang hindi ko tatanggapin ang relo. I told her to give that to me when I’m successful. Am I successful today? No. Not yet. Not until we happen for real.

“You are already successful, Riguel. You have work. You’re a good lawyer…”

“Ibigay mo iyan sa akin pagkatapos nating magpakasal ulit. Unless I marry you for real, then I can call myself successful…”

Hindi na siya nakapagsalita. I remember how flushed she was that day. Wala siyang nasabi hanggang sa nasa eroplano kami. But she was extra touchy. She holds my hand all the time and she would lean on my shoulder. She even have that hopeful face like she wants to be kissed so badly. Natatawa na lang ako noon.

“Hindi pa tapos si Lilienne, Riguel… Chill ka lang…” sabay tawa ni Suki nang hinanap ko si Lilienne pagdating ng mansyon.

Sa bahay ako natulog kagabi dahil sabi nila, hindi raw magandang magkasama kami ni Lilienne sa gabi bago kami ikasal. Wala namang mawawala kung sumunod kami sa tradisyon kaya iyon.

Tumango ako at inayos na ang cuffs ng aking damit. Malapit ng lumubog ang araw at kitang kita namin ang kulay kahel na langit galing sa

kinatatayuan ko.

The guests were already properly seated. Gusto ko sanang sa simbahan magpakasal pero ang gusto ni Lilienne ay rito sa flower farm ganapin ang kasal namin. The image of the Lord is in front of the table. Ang paring magkakasal sa amin ay narito na rin sa tabi ko at naghihintay na lamang sa iba pang detalye.

“Congrats, Riguel!” bati ni Judge Cabral sa akin sabay kamayan.

“Thank you, Judge…”

“You have a great estate! The view’s spectacular! Ang galing na ideyang magpakasal sa gitna ng napakaraming bulaklak na ito at sa harap pa ng papalubog na araw.”

“It’s my wife’s idea, Judge. Kung ako ang papipiliin ay sa simbahan ako. I’m pretty traditional but I must say that her idea is better…”

Tinapik ni Jacob, ang pinsan ni Lilienne, ang aking balikat. Sa likod niya ay sina Tito Samuel at Tita Lydia na kararating lang noong isang linggo galing sa ibang bansa.

“Damihan ninyo, ha?” pabiro niyang sinabi.

Ngumisi ako at tiningnan ang kanyang mga anak kasama ang kanyang wife. Ngumiti si Rosie sa akin.

“He’s the only son, Riguel. Walang pinsan ang mga anak namin. The only close relatives will be your future children so I hope you give us more family…”

Nagtawanan kami. Napahawak ako sa batok ko. I’m a bit pressured, you know. The effect of Lilienne’s Depo hasn’t been lifted. Ang sabi ay tatlong buwan pero baka mag extend pa ng ilan. Sana ay hindi na. I just hope she’s ready for that, too. Iyon naman ang importante, kung gusto niya talaga.

Jacob kissed Rosie’s forehead. Nakasunod ang dalawang naka scrubsuit na taga bantay siguro ng mga anak nila sa kanya. Ang isang baby ay nasa

stroller at ang isa ay takbo nang takbo.

Jacob wrapped his arms around Rosie's waist then he whispered something that made Rosie laugh. I would definitely give their children more family. Umiling ako. And if I'll have a son, I'll make love to Lilienne every night to ensure that he'll be just like me. Ang hirap isiping lalaking Lilienne. Sakit sa ulo iyon.

Natawa ako sa sarili kong pag-iisip.

I can still remember the very first day we meet again after eight years. All the memories went back to me… the way I went to their house every day for three straight months to see if they're back.

Kahit sarili kong mga kaibigan at mahal sa buhay ay pinagsinungalingan ko na. My excuses were to read books in the school's library when in fact I'm here in their house looking for clues about their whereabouts!

Tanaw ko rin noon ang papalubog na araw habang nag aantay sa Lilienne na hindi kailanman nagpakita pagkatapos ng ilang taon. I was very hopeful but in the end, anger and betrayal ate my feelings.

Iniwasan kong mag-isip sa kanya. Binili ko ang lupain galing kay Attorney Martin Altamirano dahil sa kagustuhan kong maghiganti sa kanya.

"Riguel, I am going to sell the whole farm. Ikaw ang unang sinabihan ko dahil naka lease na ito sa'yo…"

I did not even ask why he was selling it. I only assumed that they already want to live abroad forever. Galit at poot lamang ang naramdaman ko.

Ano iyong ginawa ni Lilienne, kung ganoon? Ganoon lang ba kadali sa kanya na isuko iyon lahat tapos umalis? And because she's not pure anymore, does that mean she's now free to explore men?

Ginawa ko ang lahat makuha ko ang farm. Gusto ko lang na balang araw ay may koneksyon parin kami at makikita niya na ako ang nakakuha ng kanilang mga ariarian.

Kung isusumbat niya sa akin na naging malabo ako noon, eto ang dahilan kung bakit! If I took her too seriously way back, we may never make it to college! And the only thing that'll make me a better man for her is to study real hard. Mayaman sila. Hindi niya na kailangang magtrabaho. At hindi pwedeng kapag naging kami, ang buhay niya noon ay magbabago. Na sa akin, maghihirap siya. Kaya ako ang gagawa ng paraan para lang mapantayan kahit paano iyong buhay na nakasanayan niya!

Paano ko magagawa iyon? Ang magaral.

I want to make sure that her feelings won't change. That she isn't merely liking me because of her heart. I want her mind to choose me. Na kahit anong temtasyon at pagsubok sa lilipas na taon ay ako parin ng gugustuhin niya!

Ngunit ano iyong ginawa niya? Hindi pa nga kami nagsisimula ay tinakasan niya na ako. Damn you, Lilienne Altamirano! Pagbalik mo rito, I swear I'm gonna lock you in my arms!

Iniisip ko pa lang na pagbalik niya'y may bastardo na siyang sinisinta ay nag-iinit na ang ulo ko. I would go to jail for that. I am willing to! I will do everything to snatch her out from whoever that bastard is.

I was lucky that she isn't with someone else.

"Riguel, sigurado ka bang itutuloy mo ang binabalak mo?" tanong ni Nana Sela nang nalaman ko galing sa kanya na narito na nga si Lilienne sa Pilipinas.

We have heard that she's coming back to the Philippines. Someone confirmed it to us. Iyon din ang sinabi ni Nana Sela. Sabi raw ng Tito Samuel ni Lilienne ay uuwi siya sa buwan na iyon at ngayon ay nalaman naming narito siya.

Months after Lilienne went abroad, gustong gusto kong sundan siya kung nasaan man siya. Hindi ko nga lang alam saan. At wala rin akong pera para roon.

Noong nagkaroon na ako ng trabaho, naging matibay ang paninindigan ko na ayaw nang bumalik nina Lilienne dito. Lalo na noong sinangla na ng Daddy niya ang lupain. I couldn't swallow that idea so I ignored thoughts of her.

I wanted to go abroad to "travel" but the truth is… I just want to seriously look for her. Because of that, pinigilan ko ang sarili kong mangibang bansa dahil siya lang din naman ang sadya ko. Hindi ko iyon tanggap. Na hanggang ngayon, nakalimutan niya na lang ako, lubusan parin ang alaala ko sa kanya.

Inubos ko ang pera ko sa pagbili ng lupain. Umabot na sa walang wala ako para lamang doon. Lalo na't nag-aaral pa ako ng abogasya at sariling pera ko na lang din ang ginagastos ko.

Ang pera galing sa trabaho ay napupunta sa aking allowance. I got a scholarship so I need to study very well to maintain my grades. And then I also need money para kapital ng mga itatanim kong bulaklak.

Mahirap iyon. Umabot sa dalawang taon bago ako nakabawi. Nasa pang apat na taon na ako sa law ng tuluyan akong nakabawi. Binibenta naman ngayon ni Attorney Martin ang mansyon. Wala na talaga ata silang balak na umuwi rito, ano?

I wonder if Lilienne is now married? She's on her right age. Plus… hindi siya nahihirapang maghanap ng lalaki. I swear I'm going abroad for… work… well… soon.

"N-Nana Sela…" her soft voice reached my ears.

Nanatili akong nakahilig sa lamesa habang pinagmamasdan ang bagong Lilienne sa harap ko. She looks the same. Only that her body aged. Her curves were now on their right places. She's still very fair. Iyong tipong isang kurot mo lang, pupula agad. Fuck, I remembered that night again! Imagining her panting makes me shiver.

Her lips are red and her eyebrows are properly made. Ang maliit at matangos niyang ilong ay pareho parin at ang malalalim niyang mga mata

ay kasing inosente parin noon. Ngunit may nag-iba. One glance at her you know she isn't the same anymore.

Hindi siya tumangkad. Kung tumangkad man ay konti lang. I tried so hard not to look at her from head to foot. Kung papayag siya sa offer ko mamaya, sisiguraduhin kong talaga na akin lamang siya. If she'll insist we'll divorce, I'll offer her the mansion to extend.

"The broker called. He said you want to talk to the owner of the estate and the plantation…" malamig kong sinabi.

The shock in her face is very evident. She's so shocked that I'm the new owner of their land and estate. Of course, Lilienne. You can't expect me to stay where I am.

"Yeah… Uh… Actually, yes, I want to talk to the owner."

Tingnan natin kung hanggang saan ang tapang mo ngayon. You're still that same bratty Lilienne Altamirano who thinks she can do everything she pleases!

"Luis, lumabas muna kayo ni Nana Sela at mag-uusap lang kami ni Lilienne…"

"Nana! Manong!" she almost begged.

"Lilienne, mag-usap muna kayo…"

I clearly remember how I loathe her so much for jumping at one boy to another. Ang sabi-sabi ay may gusto raw sa akin si Lilienne Altamirano. Lies… Kung may gusto siya sa akin, bakit siya papalit palit ng boyfriend na parang panloob lang?

Malaki ang tawa nila ng kaibigan niya nang lumiko sila sa corridor.

"He kissed you on your neck and then tinulak mo siya?" her friend Suki said.

“Oo! Syempre, ang bilis niya. I wasn’t even on fire, Suki. He only assumed! If he wants to kiss me more, he needs to turn me on,” ani Lilienne.

Seriously? Nagkatinginan kami. Hinawakan niya ang bibig niya at tumigil siya sa pagsasalita. Halos magtago siya sa likod ni Suki.

Matalim ko lamang siyang tinitigan.

I want to shut her mouth and punch the wall behind her. Ang bata pa ng isang ito para maglandi pero nagpapatuloy sa paglalandi. Palibhasa mayaman. Kung mabuntis, ayos lang. Kung ako ang makabuntis, ayos lang pananagutan ko siya kahit na magkanda kuba ako sa trabaho! Paano kung iba ang makabuntis? Lalayasan lang ‘yan! Attitude pa lang…

“Nag cacutting kayo?” mariin kong tanong kay Lilienne.

“Hindi. Library period namin…” sagot ni Suki.

Nanatiling nakatago si Lilienne sa gilid ni Suki. Diretso ang tingin niya sa corridor at namumula ang mukha. Hindi man lang makatingin sa akin.

Bumaling ako sa paldang uniporme ni Lilienne at nakita kong masyado iyong maiksi. Kahit uniporme ginagawan pa ng paraan para makapang akit, huh? To pull your panties off easier? And you challenge your boys to make you on fire so you can allow them to kiss you more? How dirty can that be for a young miss!

Sumulyap siya sa akin ngunit nang nakitang nakatitig parin ako sa kanya ay nag-iwas ulit siya ng mga mata. She was very flushed.

Kairita. Nag-iwas ako ng tingin sa kanya at nilagpasan na lang ang dalawa.

I was attracted, alright. I should be attracted with older girls or brainy once but it’s weird. I kind of like this little naughty girl.

Ngunit matagal nang inamin ko iyon sa sarili ko. Inabutan pa noong gabing umuulan at iniwan ko siya sa waiting shed. Kunwari wala akong pakealam.

Ngunit nang palapit na kami sa bahay ay hindi ko na napigilan. I went back to school to get her only to see her being picked up by their car. I realize, we have a very different world. She can easily ask a driver to pick her up while I'm here all wet because of the rain… because I went back for her… I tried to get her…

Pero kung sasama siya sa akin, wala rin akong payong. Mababasa lang siya. Magtatricycle lang kami. Their car is better.

Gusto niya ba talaga ako? Usap-usapan na talaga na nababaliw na siya sa akin dahil hinihintay na ako lagi.

If we start a relationship now for sure she'll make it all fast for me. Marupok ako pagdating sa kanya kaya pipigilan ko muna ang lahat. As long as I keep her challenged and happy, she'll stick for sure.

"Ano ang gusto mong pag-usapan natin?" tanong ko sa Lilienne na kaharap ko ngayon.

"Uh… You're the new owner of the house?" I can sense she's nervous.

Tinagilid ko ang ulo niya. Hindi siya makatingin ng diretso sa akin. Interesting. Do you still like me, Lilienne? Is my naughty baby girl still inside your strong facade?

"I paid the half. That's what my broker and your Dad talked about. I'll give the half if the title is transfered to my name."

"Gusto ko sanang… itigil ang deal," aniya.

Wow. Really, now? What right does she have, anyway?

"Bakit?"

"Ayaw kong ibenta ito. Nagipit lamang kami kaya namin ito ibinenta. I'm gonna pay the half back after around six months."

Kung marami na kayong pera, bakit mo pa ito hahabulin?

“I’m gonna talk to my Dad’s lawyer. Ang sabi ni Tito ay nasa lawyer daw ang kopya ng Deed of Sale so I’ll know how much I’m going to pay you back.”

“What if I don’t want that?” mariin kong sinabi.

“I will talk to my lawyer. I’m sure he can do something about that. After all, it’s not yet on your name…”

“Why don’t you talk to me instead? I’m a lawyer.”

Ngumisi ako.

“Hindi lang ito ang gusto kong bawiin. Pati na rin ang plantation.”

“I’m gonna triple the price of the plantation if you want to buy it…”

Hanggang saan ka Lilienne? Nasa akin ang pangalan ng plantation kaya anong magagawa mo kung ayaw kong ibenta iyon?

“Why are you doing this?” malamig niyang tanong. “This is our land, Riguel.”

“It was your land. You left it here to rot alone!”

Humakbang ako palapit sa kanya. A faint of my innocent Lilienne flashed on her face. It almost shook my faith.

“I saved it!”

“Kaya nga babawiin ko ito ngayon. Bakit mo sinasabing titriplehin mo ang singil nito?”

“Dahil ako ang naghirap para rito habang wala kayo! And it is not for sale, mind you. I’m only giving you a chance because we know each other before…”

Nakita ko ang sakit na biglang dumapo sa mata niya. Nawala rin agad iyon.

“Then? Dapat ba akong mag thank you? Sa pagtriple mo sa tamang presyo nito?”

“Dapat nga hindi triple. Dapat higit pa! Nakita mo ba ang kalagayan ng lupain n’yo nang nirentahan ko ito sa Daddy mo? Walang tanim. Hindi mataba. Ginawa ko ang lahat para maiahon iyan tapos ngayon babawiin mo na lang dahil maayos na?”

“Well, I’m sorry. It was your duty to make the lands better again because you rented it. Hindi ka naman namin pinilit na gawin iyan. Ikaw ang gumawa niyan!”

Tumawa ako sa sinabi niya. Seriously? Where’s your logic, Lilienne?

“Look at you. Your looks have changed a lot. But hell, you’re the same spoiled girl I know. Ikaw na nga itong lumapit para mambawi, ikaw pa itong may terms. Remember, Lilienne. The plantation is now under my name. If I don’t want to sell it, you can’t have it. And this house? Your dad signed the contract. You have no right to it now. Kaya huwag mo masyadong itaas ang sarili mo.”

Kitang kita ko ang poot sa kanyang mga mata. Marami pa akong gustong sabihin ngunit tumawag pa ang aking sekretarya. I turned to my phone.

“Yes, Zarah, what is it?”

“Attorney, I’d like to remind you about your schedule next week. You told me that you want extension for your leave. Nailagay ko pa naman doon ang schedule ni Miss Isabella Thomas iyong para sa kompanya niya.”

“Yup. I know. I remember.”

“Paano po iyon? Shall I tell her to go to your office there? Or should we move the schedule? Baka kasi magalit na naman sa akin si Miss Thomas.”

“Kasalanan ko iyon. Gumagawa ako ng paraan-”

“She called kasi, Attorney… She said she’ll call again after five.”

“Sige. Connect me to Isabella. Thanks,” sabi ko.

“Babalik na lang ako. I need to talk to my lawyer. I need to see the Deed of Sale and the contracts,” Lilienne interrupted.

Nilingon ko siya. Wait there. You want me. You need me. You wait!

“Isabella, yes…”

“‘Yong schedule ko, Riguel. May revisions akong gustong gawin mo. Paano iyon kung nasa Alegria ka pa? Baka uuwi ako bukas kaya pwede bang diyan na lang natin gawin?”

“Ako na ang bahala na maghanap ng paraan. Don’t worry about it… Okay. I need to go. I have a meeting. See you soon…”

Hindi ko na hinintay ang sasabihin ni Isabella. Pinutol ko na agad ang linya para maharap na si Lilienne.

“I have a copy of the Deed of Sale. Yes, you can go to your lawyer if you don’t trust me. Pero… ano ang gagawin mo kung hindi ako papayag na ipagbili sa’yo ang lupang ito?”

Nanliit ang mga mata ko. Kitang kita ko ang luha sa gilid ng kanyang mga mata. You want the land so bad, huh? You want it, Lili?

“Why are you doing this to me? Is this an asset to you para balewalain ang sentimental value nito sa akin?”

“Any real property, Lilienne, is an asset. Hindi man ito kumikita tulad ng plantation, in the end, it still is an asset.”

“You have a house somewhere near here. Bakit ‘di ka roon tumira at bakit hindi mo kayang bitiwan ito?”

“It’s near my plantation. You know. Kapag harvest, kailangan nandito ako para tingnan kung maayos ba. I’m sure you know that.”

“Why are you doing this? Huh, Riguel?” nabasag ang boses ni Lilienne.

Kumunot ang noo ko. She’s so desperate. Well, Lilienne. I am very, very desperate, too.

Thank God you made it happen for us. You came here! Hindi mo na hinayaang hanapin kita dahil sa totoo lang, dapat ikaw ang maghanap dahil ikaw naman ang umalis! Kahit hindi naman talaga ako ang hinahanap mo, sisiguraduhin kong ako ang makukuha mo.

“If you’re doing this for revenge, sana maging masaya ka!”

Tumawa ako sa sinabi niya. She assumed that I am still so heart broken about it?

“Why would I do that, Lilienne? Anong revenge ang sinasabi mo? Come on… Hindi na tayo mga bata rito. Alam kong nagmature ka rin kahit paano.”

I flashed an evil smile.

“Hindi ko alam kung bakit ka pa narito gayong tingin ko naman ay maayos na ang kalagayan mo sa ibang bansa. If you want this land, why did you sell it in the first place. Now that I don’t want to sell it, you come here and ask me to sell it to you? After all those years? Na pinaghirapan kong iahon ang plantation para lang mabili ko iyon ng buo? Where’s revenge in that? Huh?”

Humakbang ako palapit sa kanya. Her expression hardened. I can see anger an hatred inside her gloomy eyes.

“Simpleng business lang ito, Lilienne. Bakit mo naisip na kaya kong itagilid ang sarili ko para lang sa’yo? Sa’yo na ngayon lang ulit nagpakita at para pa bawiin ang akin na ngayon?”

“Fuck you…” mariin niyang sinabi.

Isang metro na lang ang layo naming dalawa.

“I don’t know why you feel so entitled. Na tingin mo after all those years, after what I did with this land, you think I’d bow and give it back to you that easily? No…”

Umiling ako.

You cannot come here and take back the lands without going through me, Lilienne.

“Is it your spoiled attitude?”

“Kung ayaw mong ibigay sa akin ito, e ‘di ibabalik ko sa’yo ang kalahati ng perang binayad mo kay Dad para sa mansyon!”

“Paano kung ‘di ko tanggapin. The tax declaration is on my name now. We are only waiting for the Title, Lili.”

Kitang kita ko ang pagkawala ng pag-asa niya. Not so fast, naughty girl.

“I have a proposition, actually. But that’s if you want this mansion so bad… Do you want this so bad?”

Humakbang pa ako palapit. Hindi na siya natinag ngayon. Tumapang siya nang binigyan ko siya ng pag-asa. Oh hope, what can you do to people. What did you do to Lilienne? And what did you do to me? You’re giving me all the stupidest idea just so I can have hope. I don’t fucking care if she’s married or engaged or what… I want her to choose me because she needs me so bad!

“Lilienne, do you want this so bad?” mariin kong tanong.

“What’s your proposition?”

“Sagutin mo ang tanong ko.”

“Yes. I want this mansion back.”

“Are you willing to do anything just to get this back, then?”

“Yes, I’m willing.”

“Good.”

Inangat ko ang baba niya. Her lips pursed like it wants to be kissed. Hindi ko alam kung sinasadya niya ba talagang mang akit o talagang ganito na siya noon pa man.

“Marry me, then.”

Namilog ang mga mata ni Lilienne.

“Bakit? Kung bayaran na lang kita. Give me six months to produce the money, Riguel…”

Hinawi niya ang kamay kong nakahawak sa kanyang baba.

“This isn’t for sale,” I said.

“And you being married to me is okay?”

“A friend of mine who is a judge invited me to his place. He’s only impressed to lawyers who are good at marriage and family. I need him as my adviser and I want to be a judge someday, too. Hindi niya ako magugustuhan kung pupunta ako roong bachelor. Hindi niya ako tutulungan at ayaw kong magaya sa ibang lawyer na minsang pinangarap na maging adviser siya.”

“You’re disgusting…” mariin niyang sinabi.

Ngumisi ako. This is my only chance. If I lose it, she’ll drift again. I can’t let that happen.

“Do you want this land or not?” tanong ko.

“Am I going to just pretend to be your wife?”

“Yes. And we need to marry, too. Sa papel, Lilienne. I can’t risk it. Paano kung paimbestigahan niya ako at malaman na wala sa dokumento ang kasal natin? That would be useless plus he’d hate me for lying. People hate liars, you know.”

“I can file a divorce after everything,” she casually said. “Paano ako makakasigurong mapapasa akin ang mansyong ito pagkatapos ng lahat, Riguel?”

So she isn’t married. Or engaged at that!

“I’ll make a contract. I’m gonna let a friend sign in between us. And I’ll give you my copy of the Deed of Sale. Ilalakad ko rin ang Tax Declaration pabalik sa’yo…”

“What about the plantation, Riguel?”

Humagalpak ako sa tawa. Aba’t hindi nakukuntento! Sa’yo ang plantation basta sa akin ka buong buhay mo, Lilienne. Kung malaman mo ‘to ngayon ay baka mabaliw ka lang sa gusto kong mangyari. Aanakan kita ng marami. You are going to be the mother of my children and I’m going home to you everyday. That’s my condition.

“Easy, baby. Mansyon lamang ang pinag-uusapan natin dito. Bakit ko ibibigay sa’yo ang isa sa dahilan kung bakit nakakabili ako ng mga properties ngayon?”

Matalim ang tingin niya sa akin.

“Eventually, we’ll talk about that. For now, this is going to be my offer to you.”

I thought it was that easy but then when I saw her crying on our wedding day para isang malaking suntok iyon sa akin. Lilienne Altamirano Alleje, my wife, is crying because she’s marrying me?

Do I really want this? Ang pahirapan siya?

Pinahirapan niya ako noon kaya bakit hindi pwedeng ganito ngayon?

Ngunit ang makitang umiiyak siya, nakakawala ng galit na inalagaan ko ng ilang taon sa aking puso. Sa mga mata niya lang, gusto ko nang sumuko at ibigay na lang lahat ng gusto niya. At magdasal na lamang na sana isa ako

sa mga bagay na gusto niya. Dahil kahit hindi niya sabihin ay ibibigay ko ang sarili ko sa kanya. Ng buong buo at walang pag aalinlangan.

I am going to be your man, Lilienne. That with your land and mansion, you want also to take me with you. I promise that.

Indeed, today… it came true.

Pinapanood ko si Lilienne na naglalakad sa red carpet na nilatag sa gitna ng plantasyon ng mag bulaklak. Sa gilid ng mga ito ay ang mga upuang kulay puti kung nasaan ang mga panauhin namin sa event na ito.

The moment she pushed me away a month ago, I felt like dying.

Pakiramdam ko iyon na talaga. Ngunit sa isipan ko, may huli pa akong alas. Tatawagan ko ang Daddy niya at sasabihin ko sa kanilang kasal na kami para patagalin pa ang pagsasama namin kahit paano.

My original plan was to say sorry to his family for doing that to Lilienne. And then I will tell them how much I love their daughter and I am willing to pay for what I did basta lang ay bigyan muli ako ng pagkakataon ni Lilienne.

I will transfer the name of the titles on her name para sa puntong iyon wala na akong panlaban sa kanya. That the deal is over and I'm giving her the land… but I want to try again.

I am going to court her everyday. I'm going to stay in our house near theirs. I will stay on my condo if she's in Manila. I will offer her to stay there but if she refuse, I'll wait everyday on her workplace so I can pick her up and drive her home safely.

Kinagat ko ang pang-ibabang labi ko habang nakikita siyang umiiyak na nakangiti.

Why is she fucking crying again?

Parang sinasaksak ang puso ko habang nakikita siyang umiiyak palapit sa akin. I know she's happy. Knowing that she's happy made it more painful

for me. Para bang talagang ‘di ako makapaniwala kaya masakit.

“Baby, stop crying…” sabi ko nang nakalapit na siya at agad ko siyang niyakap.

Ang belo sa gitna namin ay nakakairita. I want to kiss her right now but I couldn’t because of the veil.

“I’m happy because I’m finally marrying you, Riguel.”

“I married you for real that day. We just want to inform Him…” I chuckled.

Tumawa rin siya. Nagtawanan ang lahat at nagpalakpakan. Tumikhim ang pari dahilan kung bakit kami humarap na.

I couldn’t stop smiling while the mass was going on. Lahat ng guest ay natatawa habang ginagawa ang mga seremonyas. Pambawi sa atmosphere noong kasal namin opisina ng mayor.

“You may now kiss the bride…” sabi ng pari nang papalubog na ang kalahati ng araw.

Nilingon agad namin ni Lilienne ang mga guest. Nagpalakpakan sila. Flower petals exploded and bubbles were floating around us.

Hinawi ko ang belo niya. Tanging ang flower crown ang natitira.

I kissed her thoroughly in front of everyone. It was a long and sensual kiss and I don’t care at all. Lilienne seemed to enjoy it too.

Naalala ko tuloy iyong pinagmamasdan ko siyang nakikipag inuman isang araw sa eskwelahan noong highschool pa lang kami.

Ang pang ibabang labi niya ay may konting hati sa gitna na pakiramdam ko’y masarap halikan. No wonder the boys love kissing her so much. It probably feels so soft. Tinabunan niya ang labi niya pagkatapos ang isang shot. Pumikit siya ng mariin.

Kung hindi masarap, Lienne, bakit mo iniinom? Kung ako lang ang naging kaibigan mo… hindi rin… baka wala tayong ginawa kundi ang maghalikan sa library kaya mabuti na ring hindi mo ako kaibigan.

“Nag iinuman ba iyang nakikita ko?” malamig kong tanong kay Basty sabay turo sa kanila.

“Oo. Kapag magkasama na ang mga iyan, nag iinuman na iyan. Tingnan mo si Suki, pulang pula na ang mukha.”

“Hulihin natin…” ani Mateo.

Si Lilienne ang huhulihin ko…

Pagkatapos ng halik ay ipinakita ni Lilienne sa akin ang relo.

“You are now successful, Attorney Riguel Jameson Alleje!” sigaw niya.

Tumango ako at nilahad ang kamao ko.

Nanginginig ang kamay niyang sinuot ang relo sa aking pulso. Pagkatapos ng ginawa niya ay hinalikan ko siyang muli.

That naught girl in high school I used to hate so much? I married her today. My Lilienne Ylena A. Alleje, I love only you ever since.

I am only successful when I have you.

I am only successful because I have you.

*OceanofPDF.com*